RESBAK
II

THIS COPY BELONGS TO: Kristoffer Edilbert G. Liwanag

RESBAK

THE GRAND ALLIANCE

Jonathan Paul Diaz

2012

THIS COPY IS NOT TO BE RESOLD OR DISTRIBUTED

Contents

Contents 4
Prologue 6
Chapter 1: Tantrum 17
Chapter 2: Summon Magic 27
Chapter 3: Dragon Charged 37
Chapter 4: Defense Magic 47
Chapter 5: Dragon Defense 58
Chapter 6: Grade Two Magic 68
Chapter 7: Elemental Control 78
Chapter 8: Nature Magic 88
Chapter 9: Master Plan 99
Chapter 10: Grand Welcome 109
Chapter 11: Synchonization 119
Chapter 12: Grand Event 129
Chapter 13: Apprentices 139
Chapter 14: Pasiklaban 149
Chapter 15: Alliance 160
Chapter 16: Champions Arise 170
Chapter 17: Motibo 181
Chapter 18: Return to Mount Dragoro 193
Chapter 19: Unbreakable Bond 203
Chapter 20: Battle of Champions 213
Chapter 21: Duel in the Mist 224
Chapter 22: Torture Test 234
Chapter 23: Rise of the Underdogs 244
Chapter 24: Grand Finals 254
Chapter 25: Young Dragons 266
Chapter 26: Paghahanda 275
Chapter 27: Team Dragon 286
Chapter 28: Intentions 296
Chapter 29: Dragon Training 306

Chapter 30: Dark Magic 316
Chapter 31: Teodoro 326
Chapter 32: Hidden Temple 336
Chapter 33: Ang Pagtatagpo 348
Chapter 34: Agression 359
Chapter 35: Panic 370
Chapter 36: Pangamba 381
Chapter 37: Journey to the North 392
Chapter 38: Tensyon 401
Chapter 39: Huling Paghahanda 411
Chapter 40: Grand Opening 421
Chapter 41: Ang Paramdam 431
Chapter 42: The Turtoise Champs 442
Chapter 43: Bangis ng mga Tigre 453
Chapter 44: Nature Battle 464
Chapter 45: The Great Duel 474
Chapter 46: Dragon Fury 486
Chapter 47: Revenge 497
Chapter 48: Tears for the Fallen 508
Chapter 49: Dirty Tactics 521
Chapter 50: Wrath of the Cursed Dragon 531
Chapter 51: Third Generation Being 541
Chapter 52: Kiss of the Cursed Dragon 551
Chapter 53: Resbak 561
Chapter 54: Grand Alliance 571
Epilogue 583
WARNING!!! 597
Intellectual Property Office of the Philippines 597

Prologue

Sa isang village sa lungsod ng Maynila may mga nakabarikadang mga gamit, barbed wires at mga basag na bote. Nagkakagulo ang hanay ng mga illegal settlers at mga pulis at nagtatakbuhan palayo ang mga media pagkat nagkakahagisan na ng mga bato.

Mga isang daan na pulis ang mga sumugod, full body armor sila at may mga shields. Mga tao sa lugar nilalabanan ang magaganap na demolition sa kanilang mga bahay kaya lalo lang sila nagpapalipad at nagpapasabog ng mga motov bombs papunta sa hanay ng mga pulis.

Madami na ang nasugatan sa magkabilang kampo, mga taga media walang tigil parin sa pagcover ng kaganapan. Dalawang araw na itong pakikipaglaban at matatag ang mga illegal settlers kaya mga pulis sobrang nahirapan makalapit para masimulan na ang demolition.

Sa di kalayuan may isang itim na SUV ang dumating. “Congressman! Please wag na po! Hindi pa po kayo magaling!” sigaw ni Catherine. “Kailangan ko gawin ito, please let me” sabi ni Santiago. Nagkagulo ang media nang makita yung congressman, ang dalagang chief of staff niya napahaplos sa ulo kaya muli siya nagmakaawa sa boss niya.

“Sir please naman o, hayaan niyo na sila. Di niyo na kailangan gawin ito at hindi niyo naman po lugar ito e” sabi ng dalaga. “Public servant ako, kahit hindi ko lugar ito kung makakatulong naman ako e di mas maganda na yon. Catherine please let me” sabi ng congressman at bigla siya dinumog ng mga taga media.

“Magandang umaga, pakiusap lang sana sa taga media ay wag niyo na po sana ako kunan. Sige na please, nandito ako para subukan sila kausapin at di niyo na kailangan kunan itong gagawin ko” sabi ni Santiago ngunit walang tigil

sila kumuha ng litrato at video. Mga reporter pilit lumalapit para kunan siya ng pahayag.

"Congressman delikado po dito, kami nalang po bahala" sabi ng isang matangkad at matandang pulis. "General, pasensya na kayo di ko na kaya yung nakikita ko sa telebisyon kaya siguro pwede ko naman sila subukan kausapin. Nais ko lang makatulong kaya kung pwede paatrasin mo na muna ang mga tauhan mo" pakiusap ni Santiago.

Nag usap yung dalawa sa isang tabi ng limang minuto, napakamot yung heneral sabay kinuha niya ang kanyang radyo. "Pull back men" utos niya at ilang saglit umatras na ang mga pulis at biglang nagkasayahan ang mga illegal settlers.

Nagkagulo ang mga media pagkat habang paatras ang mga pulis mag isang naglalakad si Santiago palapit sa barikada ng mga illegal settlers. Lumingon si Santiago at tinawag si Catherine. "Halika iha at kailangan ko mag take down ka ng notes" sabi niya.

Kinabahan ang dalaga, takot na takot siya ngunit bumalik si Santiago para sunduin siya. "May tiwala ka sa akin diba? Hindi kita hahayaan masaktan. Sige na kailangan ko tulong mo" pakiusap ng congressman kaya sumama naman ang dalaga sa kanya.

Todo kapit si Catherine sa congressman, nakarating sila sa barikada na nakataas ang mga kamay. "Nandito ako para makiusap sa inyo. Wag niyo po kami sasaktan. Kilala niyo naman po siguro ako" sigaw ni Santiago at yung mga nanggagaliting mga illegal settlers biglang napangiti nang makilala yung sikat at mayaman na congressman.

Medyo kinakabahan yung mga pinuno ng mga illegal settlers, lumingon si Santiago at sumenyas na lalo pang lumayo ang mga pulis. "Ibaba niyo ang

armas niyo! Umatras pa kayo! Sige na pakiusap naman po" sigaw niya at inutos ng heneral na lalo pang umatras ang mga tauhan niya ngunit yung mga taga media lalong lumapit para makunan ang kaganapan.

Pinapasok yung dalawa sa barikada, napahaplos si Santiago sa dibdib niya at medyo nahilo. "Tsk sabi kasi sa inyo hindi pa kayo magaling e" sabi ni Catherine. Nagkagulo sa hanay ng mga illegal settlers, may nagdala ng tubig, upuan at isang lamesa. "Maraming salamat" sabi ni Santiago at naupo siya at agad uminom ng tubig habang si Catherine panay ang haplos sa kanyang dibdib.

Sa malayo panay ang paglapit ng media ngunit tuwing lilingon si Santiago tatayo si Catherine para palayuin sila. Nagtuloy ang usapan at ilang minuto ang lumipas napansin ng mga taga media at ng mga pulis na nagkatawanan na ang mga illegal settlers kasama ng congressman.

May mga ngiti na sa mukha ng mga residente doon at nung tumayo ang congressman bigla sila nagpalakpakan at ang dami dumumog sa kanya para makipagkamayan. Binuwag na nila yung barikada, naglakad na sina Catherine at Santiago pabalik. Sumugod ang media ngunit pinatigil sila ng congressman.

"Ayos na ang lahat, nakikiusap lang ako sa mga demolition team na bigyan sila ng sapat na oras para maka impake. Sila narin ang tutulong sa inyo buwagin ang mga bahay nila. Pakiusap sa mga pulis na kung maari tumulong narin kayo at nais ko sana maging maayos itong demolition pagkatapos nila makaalis"

"Magpapadala ako ng mga sasakyan mamaya upang sunduin sila para dalhin sila sa kanilang mga bagong tirahan" sabi ni Santiago. "Sir sir pano niyo po sila nakumbinsi na lisanin na tong lugar na ito?" tanong ng isang reporter.

“Well alam naman nila mali itong ginawa nila. Gusto din nila lumisan kaya lang ilang taon narin sila dito, nasa malapit ang mga trabaho nila, paaralan ng kanilang mga anak. Kinakatukan nila ay yung adjustment kaya pinaliwanag ko sa kanila na lahat pwede magsimula ulit”

“Sinabi ko sa kanila mas maganda na magsimula sila sa bago, kung saan tiyak na sila sa kanila na tunay ang kanilang tirahan. Marami sila maiiwan na mga kaibigan ngunit madami naman sila makikilala na bago. Trabaho walang problema pagkat yung lilipatan nila madaming pagtratrabahuan doon”

“Tutulungan ko sila lahat makakuha ng trabaho. Summer naman kaya yung mga bata walang klase, sa pasukan sa bagong paaralan na sila malapit sa kanila at sagot ko na yung unang taon nila doon para maka ipon sila at maka adjust din sa kanilang bagong lilipatan”

“At wag kayo mag alala, di sila lilipat sa distrito ko. Baka sabihin niyo may bahid na pulitika itong ginawa ko. Dito din lang sila sa distritong ito. Tumulong lang ako, wala ako hinihinging kapalit…meron pala. Mapayapang paglisan sa lugar, yun lang po” sagot ni Santiago.

Humaplos ang congressman sa dibdib niya, “Kung may tanong pa kayo si Catherine nalang sasagot. Medyo sumasama ang pakiramdam ko pasensya na po” pahabol niya kaya si Catherine ang humarap sa media habang ang congressman inalalayan makabalik sa kanyang kotse.

Pagpasok niya agad niya sinara ang kanyang pintuan at nilabas ang kanyang cellphone. “Cardo, ayos na. Marami rami itong nakuha ko. Lilipat sila lahat ngayong hapon. Ayusin mo ang mga bahay sa lugar na napag usapan natin. Ipadala mo yung susundo sa kanila dito” sabi niya.

“Boss naka ready na yung lugar. Sisimulan ko na ba yung conversion nila pagdating nila?” tanong ni Cardo. “Huwag!” sigaw ng congressman. “Hindi ko

kayo maintindihan. Akala ko ba kumukuha kayo ng suporta? Ang dami niyo nang nilipat sa mga kontrolado nating mga lugar. Bakit ayaw mo pa sila iconvert?" tanong ni Cardo. "Basta sundin mo utos ko. Idadaan natin ito sa tama, wag na wag mo gagalawin ang mga taong nilipat natin"

"Gusto ko kusa sila mapamahal sa akin. Cardo wag tayo umasa sa mahika sa bagay na ito. Ginawa na natin dati yon noon at tignan mo nasan tayo ngayon. Gusto ko ngayon kusa sila magkagusto sa akin, wag natin sila linlangin" sabi ni Santiago. "Sige boss, siya nga pala may narinig akong balita" sabi ni Cardo.

"Anong balita yon?" tanong ni Santiago. "Magkakaroon ng big event yung schools of magic. Mukhang binalik nila yung dating tradition ng inter school battle this year" sabi ng kaibigan niya. "I see, magkakasama sama na ulit yung tatlo" bulong ni Santiago. "Boss apat, mukhang binuhay nila yung the fourth school" sabi ni Cardo at natawa ang congressman.

"I see, hayaan mo na sila Cardo. Saka na natin sila problemahin. Just make sure di nila mabuking plano natin. It does not matter kung magsama sama silang apat. Kapag nagtagumpay tayo wala na sila magagawa" sabi ni Santiago. "Are you sure boss?" tanong ni Cardo.

"Of course my friend, basta wag nila mabuking plano natin, idaan natin ito sa legal na pamamaraan. Everything will be ours soon. There is no need to rush things. Learn from the past my friend, we should learn from our mistakes. This time magtatagumapay na tayo pangako ko sa iyo" sagot ng congressman.

Samantala sa opinisan ni Hilda nagtipon tipon sina Felipe, Pedro at mga ibang propesor. "How is Raffy doing sa catch up classes niya sa elementary?" tanong ni Hilda. "Madam ayaw niya mag advance lessons. Kaya panay refinement ng grade one lessons lang ginagawa nila ni Abbey" sabi ni Romina.

“At bakit ayaw niya mag advance?” tanong ng principal. “Ayaw daw niya mapag iwanan yung grade one classmates niya. Gusto niya daw sila maging classmates parin sa grade two” sagot ng guro. “He is wasting time” sabi ni Prudencio. “Not exactly kasi si Raffy namamaster na niya yung mga grade one skills niya” sabi ni Romina.

“And how about Abbey?” tanong ni Pedro. “Well she too has mastered the grade one skills pero basta nalang sila nawawala e” sabi ng guro at lahat napatingin sa kanya. “What do you mean bigla sila nawawala?” tanong ni Pedro. “After their classes basta nalang sila nawawala. Pagbalik nila parang pagod na pagod sila sobra” kwento ni Romina.

“Magkakaapo na ata tayo pare” biro ni Felipe at bigla sila nagsakalan. “Tumigil nga kayong dalawa! Eric school scan! Hanapin mo mga magic signatures nila” utos ni Hilda at napakamot si Eric. “Madam di ko sila mahanap, actually I monitor their magic signatures everyday at meron po talaga span of hours na nawawala sila bigla sa magic grid” sabi ng propesor.

“Sa gym nagkakamilagro” landi ni Felipe at bigla siya binatukan ni Pedro. “Maski sa gym wala sila. Remember we do have CCTV cameras there at may mga students din doon na nagpapalakas ng katawan” paliwanag ni Eric. “So where are they going? How about out of the school?” tanong ni Hilda.

“Hay naku nakalimutan niyo na ata na sila yung napiling apprentice ng dragon lord. So natural tinuturuan niya sila” sabi ni Prudencio. Napatigil ang lahat at napangiti. “Bueno kung ganon ayusin nalang natin ang mga schedules nung dalawa. Felipe and Joerel kayo yung dalawang new instructors dito, kayo na bahala kay Raphael”

“The rest lahat magfocus kay Abbey” sabi ni Hilda. “Hind ba overkill na yon? Kasi dragon lord na mismo nagtuturo sa kanila tapos ano pa maituturo natin na hihigit doon?” tanong ni Ernie. “I am sure hindi naman niya kaya ituro ang

lahat, siguro sa dragon magic lang siya magtuturo. The rest tayo na bahala para maging kumpleto yung dalawa" sabi ni Hilda.

Sa likod ng bundok may isang patag doon na napalibutan ng malalaking puno at isang malaking waterfalls. "Walanghiya ka maligo ka din naman kasi!" sigaw ni Raffy at tawa ng tawa si Abbey na nasa isang tabi pinapanood partner niya paliguan si Dragoro.

"Supahgramps naman e! Turuan mo naman kasi maligo tong si Dragoro. Ilang araw ko na siya pinapaliguan at di parin ako nakakaabot sa ulo niya" reklamo ni Raffy. Umungol si Dragoro at lalong natawa si Abbey pagkat nag eenjoy yung dragon sa pagscrub ni Raffy sa kanyang likod.

"Dalawang araw palang nagrereklamo ka na iho" sabi ni Ysmael. "Oooh at ikaw ang tagal niyo na dito sa bundok at di mo man lang napaliguan tong si Dragoro" landi ni Raffy. "Because we were busy watching over you two" sabi ng matanda at natulala yung mag partner.

"Binabatanyan mo kami lolo?" tanong ni Abbey. "Of course iha, from the moment that you were born Abbey binabantayan na kita. Then months later Raphael was born kaya dalawa na binabantayan ko. I knew from the moment lumabas kayong dalawa sa mundo kayo na talaga magiging apprentice ko"

"That is why tignan niyo naman mansion ko may kwarto kayo. Lahat ng gusto niyo at ayaw niyo alam ko. And after a long time its only now I can sleep well. Di niyo ba napansin sumisigla kami ni Dragoro? Dahil sa inyong dalawa yon. We can sleep well now knowing kayong dalawa ay safe at kaya niyo na ipagtanggol sarili niyo at being with you makes us happy" paliwanag ni Ysmael.

"Tapos di kayo pwede magpakita sa iba kasi pag nalaman ng iba buhay pa kayo magsisimula nanaman yung mga pagduda at paglalaban" bulong ni Raffy at napabuntong hininga yung matanda. Nalungkot si Abbey at tinabihan si

Ysmael, “Supahgramps wag na kayo sad, dito naman kami lagi ni Raffy e. Kaya gamitan mo na ng magic para paliguan si Dragoro para ituloy mo na pagturo sa amin” lambing ni Abbey at natawa yung matanda.

“Di niyo ba naintindihan itong ginagawa natin for the past two days?” tanong ni Ysmael at napatigil si Raffy sa pagscrub kay Dragoro. “Siguro Abbey para lumakas yung arms ko, parang Karate Kid siguro yan. Wax on, wax off, baka gusto ni gramps lalo pa lumakas arms ko o kaya may super magic technique din kakalabasan nito” banat ng binata.

Natawa ng todo si Ysmael at Abbey, maski si Dragoro umungol at parang tumatawa din. Napahiyaw sa tawa ang dalaga at pinagtuturo ang mukha ni Dragoro. “Dragon scrub!” sigaw ni Raffy sabay nag imbento siya ng mala kuskos na galawa kaya halos mamatay sa tawa sina Abbey at Ysmael.

Napangiti ang matanda, ang di nakikita nung dalawa ay yung kanilang cursed dragon na nakikisaya din at nakikipagbonding kay Dragoro.

Sa loob ng isang mental hospital nilalabas ang isang binata sa kanyang kwarto. “May magic suppressor kayo dito ano? Kaya siguro hindi ko magamit kapangyarihan ko” sabi ni Froilan. Natatawa lang yung dalawang staff habang inalalayan siya lumabas sa grouds.

“Ayaw niyo maniwala, sige antayin iyo ako makalabas dito at babalikan ko kayo” hirit ng binata pero tinulak na siya palabas para makisama sa kapwa niyang nakakulong sa mental. Naglakad lakad si Froilan at agad lumapit sa isang grupo ng mga pasyente.

“Pati ba dito may magic suppressor?” tanong ng binata at lahat napatingin sa kanya. “Wag kayo matakot, magsalita lang kayo. Ako bahala sa inyo pag bumalik kapangyarihan ko” sabi ni Froilan at lumapit ang isang babaeng

palangiti at bigla siya dinilaan. “Poison curse! Get away!” hiyaw ni Froilan pero niyakap siya ng babae at lalo pang pinagdidilaan ang kanyang mukha.

“Bitawan mo ako!” hiyaw ng binata at natulak ng malakas yung babae. Sinugod siya ng ibang mga pasyente at pinagsusuntok. Hinarap ni Froilan ang kanyang dalawang kamay at nagsisigaw. “Ilama paja rojo! Veneno de carga!” bigkas niya pero panay suntok at sipa lang natanggap niya.

“Gaganti ako pagbalik ng kapangyarihan ko” banta niya at lumapit yung isang matanda at tinitigan siya. “Yeah right” sabi ng matanda kaya tumakbo na palayo si Froilan hanggang sa nakitabi siya sa isang grupo ng mga pasyente.

“Hoy wag kang magbabanggit banggit ng powers dito” bulong ng isang babae kaya tila nabuhayan ang binata. “Bakit pinaparusahan ba?” tanong niya. “Shhh..lay low lang tayo” sagot ng isang lalake. “Ayos, sa inyo nalang ako sasama. Ako pala si Froilan” bulong niya pero walang pumansin sa kanya.

Lumipas ang isang minuto di nakatiis yung binata, “Malakas ako, pag balik ng kapangyarihan natin kahit ako na bahala sa lahat ng gwardya” bulong niya at tinawana siya ng mga kasama niya. “Sabi nang wag kang maingay e” bulong nung babae. “Bakit may plano ba kayo? Isama niyo naman ako, malakas ako” sabi ng binata.

“Basta sumabit ka nalanag sa amin at kami bahala sa iyo, inaantay natin yung hudyat ni Nick” bulong nung isang lalake. “Sinong Nick?” tanong ni Froilan. “Shit sabi wag ka maingay e” sabi ng babae. “Okay okay, pero maniwala kayo malakas ako” sabi ni Froilan pero tinawanan siya.

“Pare wag ka na mag ilusyon, wala kaming kilalang Froilan na malakas” bulong nung isang lalake. “Kasi patago kami, makikita niyo papatunayan ko malakas ako. Sino ba kayo? Pwede ko ba kayo makilala?” bulong ng binata at

inabot nung isang lalake ang kamay niya. “Ako si Steve” sabi niya at nagkamayan sila.

“Natasha” sabi ng babae, “Bruce pare” sabi nung isang lalake. “Ako si Tony” sabi nung isa at biglang tumayo yung pang huli. “Thor, at kami ang Avengers” sabi niya kaya napanganga si Froilan at tinapik niya ng malakas ang kanyang noo. “Ina yan” bigkas niya.

Samantala sa loob ng isang kweba sa pinamalapit na maliit na isla sa Pilipinas nakaluhod ang isang lalake. Kinalat niya yung mga abo sa lupa sabay pinatungan ng mga kahoy na may baga. Pinaapoy niya yung mga kahoy at nagdasal siya ng isang orasyon.

Lumipas ang isang minuto kumuha siya ng patalim at sinugatan ang kanyang palad sabay tinuluan ang apoy. Pinikit niya ang kanyang mga mata at tinuloy ang orasyon. Lumakas bigla ang apoy kaya napaatras ang lalake.

Tumayo ang lalake at lalo tinuluan ng dugo ang lumakas na apoy. Nagkaroon ng orange flames bigla kaya agad siya napangiti at tinigil na ang pagpapapatak ng dugo niya.

May nilabas siya mula sa kanyang bulsa, papel na naka fold. Binuklat niya ito at may kinuha na mga piraso ng buhok at nilaglag din sa apoy. Binasa niya yung nakasulat sa papel sabay binigkas ang kakaibang orasyon.

Tumindi ang apoy kaya kinailangan na nung lalake lumabas ng kweba. Huminga siya ng malalim at sinimulan takpan ang entrance sa kweba. Nung sigurado nang nakatago yung kweba naglakad na siya palayo at huminga ng malalim.

Nakarinig siya ng malakas na sigaw sa loob ng kweba, umatras siya konti at napangiti. “Tiisin mo kaibigan, babalikan kita dito” bulong niya. Mas malakas na sigaw at iyak narinig niya. Parang taong pinapahirapan at namimilipit sa napakatinding sakit.

“Gustavo magtiis ka…”

Chapter 1: Tantrum

Dalawang lingo bago simula ng regular classes nagtungo nanaman sina Raffy at Abbey sa kanilang paaralan. Nagtatantrum si Abbey sa school grounds pagkat gusto sila paghiwalayin ng ibang guro.

"Abbey please understand anak, Raphael has to go with Joerel pagkat ibang training gagawin nila" sabi ni Pedro. "No! Gusto ko pareho kami ng lessons. Team Dragon kami kaya dapat kung ano aaralin niya aaralin ko din. At kung ano aaralin ko gusto ko pati siya" sagot ng dalaga.

"Pero magkaiba kayo ng kapangyahiran iha" sabi ni Hilda. "Ah basta kung di kami pwede magsama walang private tutoring. Magbabakla nalang siya at magpapakatomboy ako" sabi ni Abbey at napahaplos sa mukha si Pedro habang si Joerel napakamot at tinignan si Raphael na nasa isang tabi at nananahimik at nilalaro laro ang buhok niya na parang bading.

"We already fixed your schedules, iba talaga dapat lessons niyo e" sabi ni Hilda. "Then ayusin niyo ulit" sabi ni Abbey. "Don't be hard headed iha, look at Raffy I think he understands" pakiusap ni Pedro. "Kung di ko kasama si Abbey ayaw ko din magpaturo" bulong binata sabay pakendeng kendeng siyang nagdadabog.

"Will you two listen to us!!" sigaw ni Hilda at nangilabot yung dalawa sa tindi ng galit ng kanilang principal. "Raphael you go with Joerel now! Abbey you go with Ernie and your father. This is an order" utos ni Hilda. Tumayo yung dalawang estudyante at sabay nagsimangot. "Bahala kayo" bulong ni Abbey.

Sa loob ng gym pumasok sina Joerel at Raphael. "Alam mo naman di pwede gumamit ng mahika dito ano?" tanong ng guro. Di sumagot si Raphael at pinagmasdan lang ang paligid. Nag alis ng robe si Joerel at bigla siyang nag inat. "Fighting stance" sabi niya at medyo nagulat ang binata.

“Sir what do you mean?” tanong ni Raffy. “Bago kita turuan gusto ko makita ano kaya mo” sabi ng guro. “Wag na po sir, tratuhin mo nalang ako na walang alam. Teach me from the basics nalang at wag niyo na alamin ano kaya ko. Mas gusto ko po ma…” bigkas niya ngunit biglang umatake si Joerel.

Nasapol ng suntok sa dibdib si Raphael, umatras siya at hinaplos ang kanyang dibdib. Sumugod ulit si Joerel at nakailag si Raphael sa isang sipa. “Sige na iho gusto ko makita ano kaya mo” sabi ng guro. “Sir sige na po start sa basics nalang po tayo. Wag niyo na po sukatin yung kaya ko” pakiusap ng binata.

“Lumaban ka!” sigaw ni Joerel at tumakbo si Raffy na parang bading at nagpapahabol sa guro. “Raphael di ako nakikipagbiruan sa iyo” sigaw ng guro. “Kaya nga, habulin mo ako kung gusto mo ako tamaan” landi ng binata sabay nag sudden stop, pumorma na susuntok kaya si Joerel napatigil at dumepensa.

Tumawa ng malakas si Raffy sabay ngumisi, “Testing lang” banat niya sabay muling tumakbo at tawa siya ng tawa. Dumiretso siya sa entrance ng gym, biglang may humarang na mga nilalang na nakasuot ng itim na robes at mga itim na masks. Napatigil si Raffy at di na siya makalabas.

Samantala sa may batis nakaupo sa lupa si Abbey habang pinagmamasdan sina Ernie at tatay niya. “Sige na anak, tuturuan ka namin” lambing ni Pedro. “O kaya nga start talking, nakikinig naman ako e” sagot ng dalaga sabay nagsimangot. “Tumayo ka na para masimulan na natin kasi” sabi ni Ernie.

Tumayo ang dalaga sabay simangot. “Now since fire user ka at mahina ang depensa mo, naisip namin ni Ernie na ituro sa iyo ang kakaibang depensa using your flames” paliwanag ni Pedro. “Pareho lang yon iha sa tinuro ko sa iyo, but since malakas ang flames mo then why not use them to defend diba?”

“We all know ang apoy mo sobrang lakas at kaya sunugin ang kahit ano so I am sure kahit anong elemental magic kaya mo din lusawin using your flames. So imbes na pang atake mo siya, this time gagamitin mo narin siyang pang depensa” paliwanag ni Ernie.

“Nakakalito na! Minamaster ko gamitin magic force to defend tapos ngayon bago nanaman? Malilito na ako” sabi ng dalaga. “Kasi anak mahina ang depensa mo, e yung apoy mo inborn na with you yon. Sabi nga ni sir Ernie mo na it’s the same thing naman e” sabi ni Pedro. “Fine fine fine, sige game testing” sabi ng dalaga.

“Pedro defend yourself” sabi ni Ernie at umatras ang tatay ng dalaga. Naghulma si Ernie ng bolang dilaw na apoy sabay tinira papunta sa dibdib ni Pedro. Bago pa makalapit yung bola ng apoy sa katawan ni Pedro napansin ng dalaga na nalulusaw na ito at may naiiwan na malaapoy na ilaw.

“Isa pa! Mas malaki naman!” sigaw ni Ernie at humulma siya ng mas malaking bola at tinira papunta kay Pedro. Napangiti si Abbey nang makita na cool na cool lang tatay niya na nakatayo at hinahayaan lumapit yung tira.

Ngayon mas matindi yung pag aapoy habang nalulusaw yung tira. Nung tuluyan nalamon yung tira napapalakpak konti ang dalaga. “You see iha, ganon lang kadali yon. Pero syempre daddy mo namaster na niya kapangyarihan niya kaya di mo na nakikita yung apoy. Tanging makikita mo nalang nalulusaw yung tira ko but as you saw nakikita mo parin yung konting flames niya”

“Sa unang tira mahina na flames kasi mahina din tira ko. Pero yung next mas malakas tira ko kaya mas malakas din na apoy ginamit ng daddy mo. Do you understand now?” tanong ni Ernie at nag nod si Abbey ngunit agad siya napatingin sa gym. “What are they doing to Raffy?” tanong ng dalaga at biglang nag apoy ang kanyang mga mata.

“Will you calm down, he is training inside the gym” sabi ni Pedro at humupa ang galit ni Abbey pero panay ang lingon parin niya sa gym. “Sige na iha its your turn, sa una di mo magagawa ito kaya it takes practice, but since fire user ka madadalian ka dito I promise” sabi ni Ernie.

Huminga ng malalim ang dalaga sabay hinarap yung dalawa. “Wait, don’t tell me si daddy titira tapos magdedefend ako sa fire ko” sabi niya. “Mamaya pa yon iha, sa una gagamit muna kami ng weaker forces para masanay mo sarili mo sa pag gamit ng fire defense magic mo” paliwanag ng guro.

Lumayo si Ernie at naglabas siya ng mini power ball kaya tumawa si Abbey at bigla siya natamaan sa dibdib. “Sabi ko defend e!” sigaw ng guro. “Pano ako magdedefend e parang kulangot lang yun e at wala naman epekto sa pagtama sa akin, nakiliti lang ako” pacute ng dalaga at napakamot yung dalawang guro. “Please Abbey focus naman o” pakiusap ng tatay niya kaya nagseryoso na ang dalaga.

Umulit si Ernie at naglabas ng mini power ball, si Abbey gumamit na ng fire defense at sobrang laki ito kaya agad nalamon yung tira ng guro. Napakamot si Pedro, “Di pa niya kasi kontrolado yung kapangyarihan niya kaya ang laki nung apoy at nakikita” sabi niya. “Abbey focus iha, masyado ka nagsayang nung kapangyarihan mo don sa big fire defense flame” sabi ni Ernie.

“Well at least sure ball na di ako matatamaan nung kulangot” pacute ng dalaga. “Oo nga naman” sabi ni Pedro kaya napahaplos si Ernie sa kanyang bumbunan. “Fine, then lets do a bigger one then since nakuha mo na ata yung basics, this time iha try to control your flames, kung pwede nga wala sana nakikita” sabi ng guro.

Sa loob ng gym napilitan si Raffy pumunta sa gitna at harapin si Joerel. “Sir ayaw ko talaga sana pero kayo bahala” sabi niya. Naglaban yung dalawa at nabilib si Joerel sa galing nung binata. Lumipas ang isang minuto biglang

nakapasok ang isang suntok niya. Napabagsak si Raffy pero agad siya tumayo at tumakbo papunta sa entrance.

"Where are you going?" tanong ni Joerel. "Si Abbey nasaktan! Kailangan ko siya puntahan" sigaw ng binata pero ayaw siya paalisin nung mga kasama ni Joerel. "Will you relax, she too is training. Don't worry nandito tayo sa school at kasama naman niya si Ernie at tatay niya" sabi ng guro.

"Kahit na gusto ko makita kung okay siya" sabi ni Raffy. "And how did you know nasaktan siya?" tanong ni Joerel. "I can feel it! Let me out kasi kailangan niya ako!" sigaw ng binata pero tinulak siya nung mga nakaharang. "Di niyo ako papalabasin dito ano?" tanong ni Raffy.

"Will you come back here at kailangan ko pa malaman ano kaya mo" sabi ni Joerel. "Di ka ba nakikinig sa akin? Sabi ko pupuntahan ko lang siya para icheck. Babalik naman ako e" sabi ni Raffy sa galit na boses. "No! Come here and fight me!" sumbat ni Joerel at nanalisik ang mga mata ng binata at bigla siya ngumisi. "Bahala ka" bulong niya.

Bumangis si Raffy kaya napangiti si Joerel. "Nice! Sige pa pakita mo sa akin ano kaya mo. Lelevel up ako ha, gusto ko lang talaga makita hanggang saan ka" sabi niya. Di sumagot si Raffy, panay ang sangga nila sa kanilang mga tira. Paiba iba ang atake nila kaya yung mga nanonood nabighani sa mahusay na depensa nung dalawa.

Limang minuto ang lumipas, pareho hingal yung dalawa at nagkalayo. "Bilib ako sa depensa mo iho, youre good in defending kahit sa combat skills" sabi ni Joerel. "O baka naman sir mahina ka lang talaga umatake" bulong ni Raffy at natawa yung guro. "Ows talaga ha, yan ang gusto ko sa iyo iho confidence. O siya level up tayo! Eto na ako Raphael" sigaw ni Joerel sabay sumugod.

Limang minuto sila nagpakiramdaman, nakasuntok si Joerel kaya siya napangisi. Di nagtagal ngiti niya pagkat naka suntok si Raffy ng malakas na nasundan ng sobrang lakas na side kick na nagpatapis talaga sa guro. Napaupo sa sahig si Joerel at hinaplos tiyan niya.

Nagtitigan yung dalawa, si Raffy pinunasan lang ang kanyang noo ng pawis sabay inaantay tumayo yung guro. “Nagpatama ka on purpose” sabi ni Joerel. “Of course sir, it’s the only way magbubukas depensa mo. Kanina pa tayo nagpapakiramdaman, the only way makakatama ako sa iyo ay pag nagpatama ako”

“Doon lang mag oopen yung depensa mo pag naglanding suntok mo. Inasahan ko reaksyon mo na masaya ka dahil nakatama ka. Don’t worry sir ganyan din ako pag nakakatama ako, may feeling na masaya kasi pumasok tira mo. Then I took advantage of that moment” paliwanag ni Raffy at nabilib ang lahat sa kanya.

“I see, matalino kang manlalaban. Don’t worry di na mauulit yon” sabi ni Joerel. “Di na kailangan maulit yon…” bulong ni Raffy. “What did you say?” tanong ng guro at biglang sumugod ang binata at lalo siya bumangis. Tatlong minuto lumipas at muling napatumba si Joerel.

Si Raphael nagtungo sa entrance pero humarang parin ang mga kasama ng kanyang guro. “Please naman o, titignan ko lang si Abbey at babalik din ako dito” makaawa niya. “Di pa tayo tapos iho” sabi ni Joerel. “Anong di pa tapos? I already knocked you down twice” sabi ni Raffy.

“Wag ka masyado over confident! Di ko pa pinapakita ang buong husay ko” sumbat ng guro. “Sisilip lang po ako sa labas. Babalik din lang ako” sigaw ni Raffy. “I said no! Come back here at di pa tapos ang pagpapakiramdam ko sa iyo. Pano kita tuturuan ng maigi kung di ko makita ng husto ang buong kaya mo” sagot ni Joerel.

“Hindi niyo talaga ako papalabasin dito ano?” tanong ni Raffy. “Hindi, may sariling training si Abbey. Mamaya na kayo magsama after training” sabi ni Joerel at niyuko ng binata ulo niya at biglang pumorma ang lahat ng kasama ni Joerel. Maski ang guro may kakaibang naramdaman, may hangin bigla sa loob ng gym at di maipaliwanag na malagim na aura.

Sa may batis nasapol ulit si Abbey sa dibdib ng isang malaking power ball. “Why did you not defend?!” sigaw ni Pedro na umalalay sa anak niya para bumangon. “Si Raffy…something is wrong with him” bulong ng dalaga. “Tsk hayaan mo na si Raffy kasi may sarili siyang training” sabi ni Ernie.

“Pupuntahan ko siya daddy” sabi ni Abbey at bago pa siya makatakbo ay hinawakan siya ng kanyang ama. “Mamaya na Abbey, lets finish this session first” sabi ni Pedro pero biglang humarap ang dalaga at may kakaibang baga ang kanyang mga mata. Napabitaw si Pedro pagat nag init ang buong katawan ng kanyang anak.

Si Ernie lumapit at binalot ang mga kamay niya ng magic defense para lang mahawakan ang dalaga. “Sinabi ko pupuntahan ko siya!” hiyaw ng dalaga at nagpasabog siya ng sobrang lakas na apoy para ipatapon sa malayo ang dalawang guro. “Abbey!” sigaw ni Pedro pero di magpaawat ang dalaga at lalo sila tinira hanggang sa nashoot sila sa lawa.

Isang oras ang lumipas rumonda sina Erwin at Hilda kasama ang ibang guro para bisitahin ang dalawang estudyante. Nagulat sila pagkat nakita nila sina Abbey at Raffy sa ilalim ng shade at nagtatawanan. “Oh break time niyo ba?” tanong ni Hilda. “Yes grandmama, oh is that meryenda for us?” sagot ni Raffy.

“Yes pero nasan sila?” tanong ni Erwin at biglang kinalbit ni Prudencio si Hilda sabay tinuro yung gym. “Diyos mio! Anong nangyari sa gym natin?” tanong ng matanda. Yung gym butas butas at parang bibigay na, napatingin

ang lahat kay Raffy, ang binata naman kumagat sa sandwich at nagbungisngisan sila ni Abbey.

Napasugod sina Hilda sa gym at natutulala sila lahat sa kanilang nakita. Nakahandusay sina Joerel at kanyang mga kasama sa sahig. Si Erwin nagpanic at nagpatulong sa ibang mga guro upang dalhin ang buong squad sa kanyang clinic.

“Diyos ko what did Raffy do to them?” tanong ni Hilda. Si Joerel nakayanan pang tumayo ngunit kumikirot ang kanyang buong katawan. “Depektib po ata yung magic barrier niyo dito sa gym” bigkas niya sabay napaluhod sa sahig. “Nasan sina Ernie at Pedro?” tanong ni Hilda.

“Di po namin sila kasama, hiniwalay po namin si Abbey at Raffy…nagalit si Raffy nung ayaw namin siya payagan puntahan si Abbey…ramdam daw niya may nangyari sa dalaga” bulong ni Joerel. “Nasa lawa sila..ramdam ko nandon sila” sabi ni Felipe pero bago siya umalis tinitigan niya si Joerel sabay nginisian. “Sa susunod kasi kung ano gusto ng anak ko sundin niyo” bulong niya sabay tawa.

Nagtungo si Hilda at Felipe sa may lawa at bigla sila nagtawanan. Sina Ernie at Pedro nakakulong sa flaming cage at di sila makalabas. “Anong nangayari dito? Bakit kayo nakakulong?” tanong ni Hilda. “Kinulong kami ni Abbey” sabi ni Ernie. “Pedro apoy lang yan, bakit di mo pa pugsain para makalabas kayo?” tanong ni Felipe.

“Kung kaya ko kanina ko pa ginawa. Kakaibang apoy ito at pag hinahawakan ko nasusunog ako” sigaw ni Pedro na hiyang hiya sa sarili. “At ikaw Ernie ano naman rason mo?” tanong ni Hilda. “Madam, kahit balutin ko mga kamay namin ng defense magic e nasusunog parin kami, kakaibang apoy ni Abbey ito” sabi ng guro.

“O ayan, tinutukso niyo na wala siyang control ha, tignan niyo nakagawa siya ng kulungan niyo. Mahiya naman kasi kayong dalawa, ilang beses ko sasabihin sa inyo di porke malakas na kayong dalawa mag aral parin kayo” sermon ni Felipe. “How did this happen?” tanong ni Hilda. “Sabi niya ramdam niya may nangyari kay Raffy at gusto niya tignan. Di kami pumayag kaya bigla siya nagwala at eto kinulong niya kami bago pa namin siya mahuli ng tuluyan” paliwanag ni Ernie.

“Same reason na binigay ni Raphael” sabi ni Hilda. “Bakit po madam ano nangyari kay Raphael?” tanong ni Pedro. “Ay di mo ba alam? Nagtanan na sila” biro ni Felipe at nabatukan siya ni Hilda. “Tumigil ka nga diyan, this is bad. Mukhang di natin sila mapaghihiwalay na. Gusto nila lagi sila magkasama and if we don’t give them what they want this happens” sabi ng matanda.

“Ano ba nangyari sa training ni Raffy?” tanong ni Pedro. “Pare bagsak lahat ng kasama ni Joerel, pati siya kasama. Sinira pa niya yung gym” pasikat ni Felipe. “Totoo ka? Tinumba sila ni Raffy lahat?” tanong ni Pedro. “Oo pare, sina Joerel pa at grupo niya yon ha. Ni tayo nga wala tayo laban sa kanila nung tayo yung sumubok sa gym noon e” sabi ni Felipe.

“Nasan na yung dalawa?” tanong ni Ernie. “Nandon nagmemeryenda” sabi ni Hilda. “Pakawalan niyo na kami dito” sabi ni Pedro. “Sorry wala kami magagawa, tanging si Raffy at Abbey lang siguro makakasira ng kulungan na yan” landi ni Felipe sabay ngisi.

Sumapit ang lunch at nagtipon tipon ang lahat ng guro sa may clinic ni Erwin. Nakaupo si Joerel at hiyang hiya sa kanyang kapwa guro. “Di niyo sinabi sa amin na he can use magic inside the gym” sabi niya. “He cant” sabi ni Eric. “E ano tawag mo sa nangyari sa amin?” sumbat ni Joerel. “Pare he cant trust me kaya lang umaapaw yung magic niya at gusto makalabas sa katawan niya”

“Kaya bawat tira niya kargado everytime galit siya. Pasalamat kayo at nagalit siya sa gym kung saan gumagana pa talaga yung magic suppressor. Imagine niyo nalang ano nangyari sa inyo pag sa labas kayo pinag initan ni Raffy” sabi ni Eric. “Outside siguro naman naka depensa yung magic bodies nila” sabi ni Erwin. “Tama at sa labas malaya kami nakakagamit din ng kapangyarihan kaya sigurado ko napigilan namin siya” sabi ni Joerel.

“Hayaan niyo na, nangyari na yon. It seems that we do have a big problem. Ayaw nila maghiwalay sa isat isa” sabi ni Hilda. “Don’t tell me we are going to train Abbey too?” tanong ni Joerel. “Ganon na nga ata ang mangyayari, sana maunawaan niyo, mukhang nakapag bond na yung body sa wing at this time ayaw na nung body mawalay sa kanyang wing”

“Raffy and Abbey do understand na may sarili silang training pero their dragon powers are influencing their minds now. Nasanay na yung dragon body kasama yung dragon wing niya so pag nawalay yung wing e hahanap hanapin niya ito”

“We have no choice but to train them together” sabi ni Hilda. “Ramdam nila pareho pag nasa panganib sila. They can sense each other now so that means they are really becoming one” sabi ni Prudencio. “Never pa tayo naka encounter ng ganito, yes nangyari na kina Pedro at Felipe ito pero mukhang makulit at di natin kaya incontrol ang cursed dragon” sabi ni Hilda.

“Pare alam mo may binebentang bahay sa tabi ng bahay namin” sabi ni Felipe bigla. Napahaplos si Pedro sa noo niya, “Di naman siguro aabot sa ganon” bulong niya. “Sinasabi ko lang naman pare, just in case umabot na sa ganon” sabi ng bestfriend niya.

“Oh well lets just fix their schedules. Kung ganito lang ang paraan then so be it” sabi ni Hilda. “Whatever he is teaching them its working” bulong ni Prudencio. “I know” bulong ng matanda at pinagmasdan nila sina Abbey at Raffy na naglilinis sa school grounds bilang punishment nila.

Chapter 2: Summon Magic

Kinabukasan sa lungga ng dragon lord maagang nakatambay sina Abbey at Raffy. “Ang aga aga pa baka magalit si supahgramps” bulong ni Raffy. “E di na ako makatulog e kaya pumunta na ako dito” pacute ng dalaga. “How did you teleport me pala here?” tanong ng binata.

“Hmmm di ko alam, sinubukan ko lang isummon kita” sabi ni Abbey. “Saan mo nabasa yon? Pabasa nga din. Ang damot mo talaga sabi natin mag share tayo pag may matutunan tayo e. Bakit alam mo tong summon magic tapos ako hindi” tampo ni Raffy. “Hindi ko nabasa, basta nung malungkot ako kanina dito naisip kita. Tatawagan nga dapat kita pero naisip ko lang magtry” sabi ni Abbey.

“Uy did you use the…you know” bulong ni Raffy. “Oo e” sagot ng dalaga. “Hala sabi ni supahgramps wag natin gagamitin yon e” bulong ng binata. “E pag sa normal power wala e, pero nung nagtry ako using that ayun nandito ka na” pacute ng dalaga. “Turuan mo nga ako” sabi ni Raffy at nagbungisngisan yung dalawa.

“Sige dun ako sa labas tapos summon mo ako papunta dito” sabi ni Abbey. “Teka wait, ituro mo muna sa akin yung ginawa mo para alam ko. Alam mo naman slow learner ako e” sabi ng binata kaya naiwan muna si Abbey at pinaliwanag niya yung kanyang ginawa kanina.

Lumabas na si Abbey at nagsimula magsubok si Raffy. Lumipas ang dalawang minuto bumalik ang dalaga at natawa nang makita ang partner niya na parang natatae. “Ano na?” tanong niya kaya tumawa si Raffy at napailing. “Mas malakas ka talaga sa akin e” sabi niya. “Sira gamitin mo yung…” sabi ng dalaga. “Ay oo pala, sige sige try ko ulit” sabi ng binata.

Naupo ang binata at pinikit ang kanyang mga mata, “Abbey” bulong niya at nagliyab konti mga kamay niya at sa isang iglap sumulpot ang dalaga sa tabi

niya. “You did it” sabi ni Abbey at napatayo si Raffy at sisigaw na sana siya sa tuwa pero agad tinakpan ng dalaga ang kanyang bibig.

“Natutulog pa si lolo” bulong niya. Naupo si Raffy at panay bomba sa kanyang mga kamay sa ere. Si Abbey aliw na aliw sa kanya, laging ganito ang partner niya tuwing may nagagawang bago. “Let’s try it again” bulong ni Raffy kaya tumayo si Abbey pero bigla siya nahila.

“Ikaw lalabas?” tanong ng dalaga. “Hindi, si supahgramps ang summon natin” bulong ni Raffy at nagbungisngisan yung dalawa. “Just for fun naman e, diba?” landi ni Abbey at nagtungo sila sa dining area. Grabe yung bungisngisan nung dalawa pagkat balak nila isummon yung matanda sa lamesa.

“Game ikaw na kasi mas malakas ka” bulong ni Raffy. “Uy pero pag nagalit siya” lambing ni Abbey. “Oo naman aamin din ako, it was my idea naman e, pero mas malakas ka so inutusan kita” sabi ng binata. Nagtry si Abbey pero di niya mapasummon ang dragon lord. “Ayaw e” sabi niya. “Kung di mo kaya e di mas lalo ako…but what if dalawa tayo?” tanong ni Raffy at napangiti yung dalawa.

Pinagdikit nila ang kanilang mga kamao at lumabas ang kanilang dragon tattoos. Nagliyab ang mga mata nila at binigkas nila ang pangalan ng dragon lord. “Ysmael come” sabi ni Raffy at nakaramdam sila ng kakaibang init ngunit hindi ito tumalab. “Kulang pa pero nafeel mo naman diba?” tanong ni Abbey.

“Oo nga e, we need to use more power, come on try natin ulit” sabi ni Raffy at muli sila sumubok at tumindi yung naramdaman nilang init. Napangiti yung dalawa ngunit sabay sila napasigaw pagkat sila yung nateleport papasok sa kwarto ng matanda.

Nakabitin yung dalawa ng patiwarik, sigaw ng sigaw si Abbey habang si Ysmael nakaupo sa kama at tumatawa. “Supahgramps sorry na ibaba mo na kami” lambing ni Raphael. “What did I tell you?” tanong ng matanda. “Only use the cursed dragon power in emergency situations” bulong ng binata.

“Emergency situation ba yung paglalaro niyo?” tanong ni Ysmael at napasimangot yung mag partner. “Pero gramps just for fun naman e, we can summon now” pacute ni Abbey. “We were just trying” dagdag ni Raffy at tumawa yung matanda. “Kung kayong dalawa lang its easy because you two are one pero pag ibang tao na sadyang mahirap pag di niyo pa talaga gabay ang kapangyarihan niyo” paliwanag ng dragon lord.

“So sinasabi niyo bang imposible pag ibang tao na. Pero pag kami na parehong dragon user pwede?” tanong ni Raffy. “You two are both one, you know what I mean kaya madali lang sa inyong dalawa ipasummon ang isat isa. Pero let me tell you this summon magic is one of the illegal or forbidden ones. It is possible to do it but you have to be really powerful”

“And you are trying to summon me? The dragon lord?” banat ni Ysmael sabay tumawa ng sobrang lakas. “Wait lolo, so you knew we were trying to summon you?” tanong ng dalaga. “Of course I could feel it, pati naman kayo diba? Ramdam niyo din na pinapatawag kayo” sabi ng matanda.

“Yes, pero lolo you felt it so that means muntik na nangyari” pacute ni Abbey at natuwa yung mag partner. “Hmmm I give you credit for that, yes it did almost work but I know how to counter it and look at you two now” landi ng matanda at muling nagsimangot yung dalawa.

“Lolo nahihilo na ako” bulong ni Abbey kaya pinababa sila ng matanda sa sahig. “Galit si supahgramps” bulong ni Raffy. “Yes, pero mga apo since you already know how I will teach you how to use it properly. Pero sa inyong dalawa lang, you should promise me to never summon anyone else. Tandaan niyo this is forbidden” sermon ni Ysmael.

“We promise lolo” lambing ni Abbey. “But not today, may mga advance training kayo today sa campus. So Abbey since nakaligo ka na come let us cook breakfast, Raphael go to your room and take a bath” utos ng matanda.

Naupo si Abbey sa tabi ni Ysmael sa dining table pagkat mahika ang ginamit ng matanda para magluto. “Alam ko po papagalitan niyo ako” bulong ng dalaga. “Of course not iha, actually masaya ako at curious kayong dalawa about your powers. That summoning magic can be useful for you two pero wag niyo naman abusuhin” sabi ng matanda sabay kindat.

Natawa si Abbey, “Like this lolo?” pacute niya at biglang sumulpot si Raffy sa tapat nila, ang binata papaupo palang at hinihila pababa ang kanyang shorts para maupo sana sa trono ng kubeta. “Abbey!!!” sigaw ng binata at naghalakhakan ang dalaga at yung dragon lord.

“Testing lang” pacute ni Abbey. “Anong testing e lalabas na e, ah bahala ka dito ako mag eebs. Its your fault” banat ni Raffy at pinitik ni Ysmael daliri niya at biglang nawala si Raffy. Tawanan parin yung dalawa pero si Ysmael tinignan ang dalaga. “You see that iha? Di mo basta basta pwede gamitin yung summon spell” sabi niya.

“I know lolo, and I am sorry. Di lang ako makatulog kanina, maaga ako nagising at naligo. Nagteleport ako papunta dito then nalungkot ako kaya sinummon ko si Raffy para may kasama ako” kwento ng dalaga. “I see, its okay iha. It takes really great magic power to use it and do you want to know why it is forbidden?” tanong ng matanda.

“I think I know why lolo. Kasi pwede gamitin ng mga killers” sabi ng dalaga. “Exactly iha, imagine kung may kaaway ka pwede mo basta nalang isummon at patayin mo siya. Pero may safe guard naman siya, sabi ko nga it takes much power to do that so once na summon mo yung tao o bagay you are powerless for a few seconds” sabi ng matanda.

“Powerless? So you mean to say lolo nung sinummon ko si Raffy kanina pala I was powerless for a few seconds?” tanong ni Abbey. “No, kasi tulad ng sinabi ko you two are one. But if you try to summon another person then there mawawalan ka ng power for a few seconds”

“That is why only the really powerful are daring to even try to use this one. Kasi makasummon nga sila, powerless sila for a few seconds, what if maunahan sila nung nasummon nila?” sabi ng matanda. “Pero lolo pwede naman may mga kasama yung nag summon diba? Tapos sila yung aatake sa nasummon?” tanong ng dalaga.

“And what if marunong din pala yung nasummon at siya din nagsummon ng kakampi niya. Iha you know that you are powerless while travelling sa magic stream right? Pero sa summon stream it is different. If a person knows he is being summoned, first kaya niya itry iblock yon, pero if malakas talaga yung nagpapasummon sa kanya he could easily prepare a kill curse para pagsulpot niya ready to kill narin siya”

“Or while in the summon stream he could summon allies. Kaya iha summoning is risky din” sabi ni Ysmael. “Ah kaya pala, pero lolo kami ni Raffy nung nasummon mo…nawalan ka din ng power?” tanong ng dalaga. “Hindi, its easy pag kapwa dragon magic user and nakalimutan mo ata dragon lord ako. I can summon dragon magic users sa gusto ko. Lord nga e” pasikat ng matanda.

“So pati pala sina daddy namin kaya mo ipatawag…or kaya din namin sila ipatawag?” tanong ng dalaga. “Pag ako madali lang yon. Pero tulad ng sabi ko iha you and Raffy are one so madali lang sa inyo. Mga daddy niyo dragon user din kaya lang they are not one with you two. Ibang dragon sila e. Kung sila magsummon sa isat isa madali lang…kaya lang di nila alam itong summon magic” sabi ni Ysmael at biglang natuwa ang dalaga.

“Sure ka lolo di nila alam?” tanong ni Abbey. “Iha of course, pinapanood ko din sila noon e” sabi ng matanda sabay pumitik siya at biglag sumulpot ang naliligong Raphael. Natili si Abbey kahit nakatalikod naman ang binata. “Abbey!” sigaw ni Raffy pero tawa ng tawa si Ysmael.

“Abbey!” sigaw ni Raffy. “Hindi ako! Si lolo yon promise” sagot ng dalaga. “Testing lang” banat ng matanda sabay pumitik ulit at nawala si Raphael kaya lang nakarinig sila ng sobrang lakas ng sigaw na parang babae. “Oops my bad” at halakhakan yung dalawa pagkat sa may waterfalls nagteleport si Raffy kung saan sobrang ginaw yung tubig.

Pagkatapos magbihis ng binata giniginaw parin siya na humarap sa dining table. “Promise si lolo lahat yon” pacute ni Abbey. “Oh come on, just for fun nga sabi niyo diba?” landi ni Ysmael at natawa narin si Abbey. “Supahgramps gaganti ako tandaan mo yan” banta ni Raffy. “Oh really? You have to suprass me to be able to do that iho” sabi ng matanda.

“Huh, just wait lolo. Nakita mo naman pano kami lumaban kina Gustavo” landi ng binata at tumawa ng malakas yung matanda. “Yung laban na yon parang training lang namin noon” sabi ni Ysmael at muntik nabilaukan yung magpartner. “May mas malalakas pa sa kanya lolo?” tanong ni Abbey. “Of course, pero wag niyo na problemahin yan sa ngayon. Come on eat and you still have to attend your special classes” sabi ng matanda.

Pagkaalis nung magpartner nagtungo si Ysmael sa likod ng bundok at tinuloy ang pagpapaligo niya kay Dragoro. “Sorry Dragoro ha, bigla ako nawala kanina. Malakas yung dalawa talaga” bulong niya kaya umungol yung dragon at tumawa ang matanda. “Akalain mo yon nasummon ako. Pero hanggang kwarto ko lang kasi akala nila nandon ako. Soon they will suprass me Dragoro” sabi ni Ysmael sabay napangiti.

Sa campus grounds naglakad lakad sina Abbey at Raphael habang inaantay ang kanilang mga guro. “Bakit ka malungkot Abbey?” tanong ng binata. “Yung

sinabi ni lolo" bulong ng dalaga. "Na may mas malakas pa kay Gustavo?" tanong ng binata at nagkatitigan sila. "Wala lang parang nakakatakot isipin na may mas malakas pa sa kanya" sabi ni Abbey.

"Well ako matagal ko na inisip na meron" sabi ni Raffy. "Ha? Bakit di mo sinabi sa akin?" tanong ni Abbey. "E kasi ayaw kita kabahan e. Kasi tignan mo, kung sana wala nang threat di sana umalis na yung mga grupo ni sir Joerel. Diba? Pero tignan mo lagi sila nandito at nagbabantay sa school"

"At isa pa tuwing umuuwi tayo may nakasunod sa atin" bulong ng binata. "Oo nga napansin ko din yon pero since taga dito hinahayaan ko lang" sabi ni Abbey. "O tapos kung wala nang theat sana bakit pati mga teachers natin nag eensayo din? Diba? Kaya nga nagfofocus ako mag aral kasi alam ko may threat pa pero di ko lang alam ano o sino"

"Di ko alam kung sa atin, o sa ibang tao pero kung sa atin gusto ko ready ako" sabi ni Raffy. "Dapat sabihin mo tayo kasi mag partner tayo e. Kaya lang yung sinabi ni lolo na yung laban natin with Gustavo is only training to them. Parang nakakatakot naman, nahirapan na tayo don masyado and if not for our special powers siguro wala narin tayo ngayon" drama ng dalaga.

"Don't say that Abbey. Training din natin yon si Gustavo" banat ni Raffy at nagkatitigan sila. "Oo nga, training lang natin siya. Kaya siguro lalo nila tayo tinuturuan ano? Sa tingin mo ba gagamitin nila tayo as weapons?" tanong ng dalaga. "I don't know, pero kung para protektahan family natin at school okay lang ako. Lalo na pag ikaw proprotektahan ko okay lang" sabi ng binata.

"Yeah me too, gusto ko paglabas ng kapatid ko wala nang gera gera" drama ni Abbey at nagulat si Raphael. "What did you say?" tanong niya. "Ay di ko pa ba nakwento sa iyo? Ay oo yun pala yung isang sasabihin ko dapat sa iyo kaninang umaga. Yup my mom is pregnant, kahapon nalaman" pacute ng dalaga.

“Wow congratulations. Alam na ba kung boy or girl?” tanong ng binata. “Hindi pa ano, basta she is pregnant. Magiging ate narin ako soon” sabi ni Abbey. “Kaya kailangan natin magtraining ng maigi Abbey para paglabas ng kapatid mo wala nang gera gera talaga”

“Sa tingin mo in nine months wala na kaya gera gera?” tanong ng binata. “Ewan ko, sana wala na. Pero kung meron pa I know my baby brother or sister will be safe kasi you will help me protect him or her” pacute ni Abbey. “Oo naman…pero Abbey dragon din kaya yung kapatid mo?” tanong ng binata.

“Ewan ko, si daddy dragon, ako dragon, siguro dragon din” sabi ng dalaga. “E kung tayo kaya magkaanak dragon din kaya?” banat ni Raffy at bigla siya binatukan ng dalaga. “Sabi ko na nga ba doon pupunta yung usapan e” sabi ng dalaga at nagtawanan yung dalawa.

“Ito naman nagtatanong lang e. Hypothetical question lang. Dragon user tayo, ikaw body ako daw wing. So if ever magkatuluyan tayo tapos magkakaroon tayo ng anak, dragon din kaya?” landi ni Raffy at kinurot siya ni Abbey. “Kahit ano basta boy siya” bulong niya.

“Bakit boy?” tanong ni Raffy. “Para siya yung kuya at siya magproprotect sa younger sister niya” paliwanag ni Abbey. “So gusto mo dalawa anak natin?” tanong ni Raffy. “Oo dalawa lang” sagot ng dalaga. “Sige dalawa lang anak natin” banat ng binata at bigla siya kinurot ni Abbey.

“Aray! Hypothetical lang naman e! Aray Abbey!’ hiyaw ng binata at biglang dumating ang mga guro. “Umagang umaga ano bang nangyayari sa inyo?” tanong ni Pedro. “Dalawa lang ang apo mo!” sigaw ni Abbey at bigla siya lumayo. “One boy and one girl, mauuna yung boy” sabi ni Raffy at umalis din siya.

Natulala si Pedro habang nagbungisngisan yung ibang propesor. “Tawag don family planning pare” banat ni Felipe at biglang nagsakalan yung dalawa. “Pano family planning e hindi pa sila mag boyfriend at girlfriend” hiyaw ni Pedro. “Uso na ang live in!” sumbat ni Felipe at lalo nagtawanan ang mga kasama nila.

“Diyos miyo! Ang tatanda niyo na ganyan parin kayo?” sigaw ni Hilda na kararating. “He started it, tila tila ano pinagsasabi tungkol sa mga anak namin” sumbong ni Pedro. “Anong ako? Sinabi ng anak mo sa iyo mismo na dalawa lang magiging apo mo” sumbat ni Felipe.

“Tumigil nga kayong dalawa. They did not mean anything about that. Those two were just talking about the future, mga what ifs. Kasi she told Raffy about your wife being pregnant. And they both wished na sana paglabas ng kapatid niya e wala nang gera gera” kwento ni Hilda.

“Buntis si Abigail?” tanong ni Ernie. Napangiti si Pedro at napakamot, “Yun sana ang good news na sasabihin ko sa inyo today e. Yes Abigail is pregnant” sabi niya. “And I also have good news, hindi ako yung ama” banat ni Felipe at nagsakalan ulit magbestfriend.

“Why cant you two be like them?” tanong bigla ni Hilda kaya napatigil sila. Napatingin sila sa malayo kung saan naka formation na sina Raffy at Abbey kasama ang squad ni Joerel. Tinuturuan na sila ng squad at kita ng lahat ng desidido matutuo yung magpartner.

“Tignan niyo sila, they are training para one day mapatigil na nila ang mga laban. Hindi sila tulad niyo na gusto lang magpalakas. Sila may goal silang dalawa at kahit malakas na sila look at them. Kapag di mo sila kilala at makikita mo sila ganyan iisipin mo willing to learn sila talaga”

“Pero we all know them, alam natin ano meron sila pero tignan niyo parin sila” sabi ni Hilda. “They really said that kanina?” tanong ni Pedro. “Oo lalo na si Abbey. Sana paglabas daw ng kapatid niya sana wala nang gera” bulong ng matanda.

“Then of couse they asked if that baby would be a dragon too. Then nawala usapan nila hanggang naging tungkol na sa mga baby nila in the future” dagdag ni Hilda. “The essence is they are looking forward to a nice future, kasi kung ibang tao yan pag ganito ang sitwasyon di mo na iisipin magkaanak sa future kung di mo rin alam ano meron doon”

“What I mean is gugustuhin mo pa ba magkaanak knowing lalabas siya to a world that is in war? Diba hindi na?” sabi ni Prudencio. “Pero kanina they were so happy thinking about it, yung bang parang maliwanag ang future para sa kanila. Mahiya naman tayong matatanda at tulungan naman natin sila abutin yung pangarap nila” sabi ni Hilda.

“Simulan mo madam ikaw ang pinakamatanda dito” bulong ni Felipe. “Apocalypta!” hiyaw ni Hilda at lahat ng tumawa nilamon ng lupa. “Don’t worry madam next in line si Prudencio” banat ni Pedro at lalo nagtawanan ang mga guro. “Madam nagbibiro lang naman e, sige na pakawalan niyo na kami dito” makaawa ni Erwin.

“Hindi! Panoorin niyo silang dalawa. Matuto kayo sa kanila” sermon ng principal sabay tumawa ng sobrang lakas na parang bruha. Napatigil tuloy ang training, lahat napatingin sa kanya. “Oh don’t mind me, sige na go on and train” pacute ng matanda sabay tinuloy niya ang kanyang tawa.

Chapter 3: Dragon Charged

Kinabuksan sa may campus grounds naka formation ulit sina Raffy at Abbey kasama ang squad ni Joerel. “Yesterday sinanay namin kayo sa proper combat skills. Basic kicks and punches, kahit na alam ni Raffy na mga yon” sabi ng guro. “Tsk sabi ko sa iyo wag mo isipin alam ko na mga yon kasi si Abbey hindi pa. Sir naman” reklamo ni Raffy.

“Okay sorry, fast learner kayo since tinuturuan mo na pala si Abbey noon” hirit ni Joerel. Napahaplos si Raffy sa mukha habang si Abbey natawa. “So now we shall start teaching you something different. Okay so alam niyo na ang basic fighting skills. Pero pagdating sa real combat di sapat yung physical power. We are magic beings so you charge your hits with magical power” sabi ni Joerel.

“Sir we know dito sa school pwede po yan, bakit sa outside world, I mean sa real wizard battles pwede parin po ba itong physical attacks? Nung kinalaban namin si Gustavo e panay spells na ginagamit niya sa amin e” sabi ni Abbey. “That is true iha, I think Raffy knows that answer to that” sabi ni Joerel kaya napatinging ang dalaga sa partner niya.

“Abbey totoo sinasabi mo pero isipin mo if we know how to counter those spells e di parang palitan lang kayo ng spells. Antayan system nalang sa sino unang makakapagpalabas or unang magkakamali. Kaya may physical attacks kasi what if evenly matched kayo sa spells, so pano na laban niyo?” paliwanag ng binata.

“Partly true, unahan lang yan Abbey. Kami marunong din naman kami ng spells. If needed we use it too but our group we attack quick using physical attacks. You disable your opponent para di na siya makapag spells. Did you see us fight? What did you notice?” tanong ni Joerel.

“Hmmm sabay sabay kayo tapos mabibilis kayo sa physical attacks sir…oo nga wala nagawa yung kalaban” bulong ni Abbey. “See that, and they were not ordinary physical attacks. Kung may makakaintindi ng grupo namin it is you two. Ano tawag niyo don? First Strike ba? Nabilib kami lahat sa atake niyo na yon”

“You two were so quick, very precise. Ano ba kasi goal niyo kaya inisip niyo gawin yon?” tanong ni Joerel. “Sir para makauna sa kalaban para tapos agad ang laban” sabi ni Raffy. “Exactly, avoid those accidents or those spells. Mahirap na pag nagkamali kayo at nasapol kayo ng mga killing spells or hurting spells”

“Kaya bilib kami sa first strike niyo. Kaya lang kulang e. If only you two had your physical attacks magically charged then solid yung first strike niyo. Tapos agad ang laban kaya lang you two were not aware of magically charged physical attacks. Maski kayo during your normal duels here di kayo aware you were already using magically charged physical attacks lalo na ikaw Raphael” sabi ni Joerel.

“Me? Oh come on sir” sabi ng binata. “We all watched your tapes and yes iho di ka aware kargado ang mga bawat suntok at sipa mo” sabi ng guro. “Bakit ang daya mo? Sabi natin turuan tayo diba?” tampo ni Abbey. “Hala di ko alam, ang alam ko lang nung ginawa kong bato din mga kamay ko tulad ni boy bato, ganon ba yon sir?” tanong ni Raffy.

“Ayun tulad nun, magically enhanced physical attack yon. Si Adolph lightning charged punches. Ikaw Raphael you have been doing it pero di ka lang aware. So don’t worry Abbey he didn’t know but now we are going to teach you. Isang advantage nito, when you magically enhance your physical attacks, mas konting magic power aaksayahin niyo kumpara sa gagamit kayo ng spells. Did you notice yourselves feeling weak everytime gagamit kayo ng spells?” tanong ni Joerel.

“Yes sir lalo na yung mga killing…sorry” bulong ni Raffy. “Its okay iho, ganon talaga mga yon. Kasi it takes much magic power to use those spells. Pero pag nachannel niyo magic power niyo to enhance your physical attacks then the longer you will last and kung mahusay talaga kayo then you can easily disable your opponent quickly” paliwanag ng guro.

“Sir sir is it the same din sa using it for defense?” tanong ni Abbey. “Why yes iha it is the same” sabi ni Joerel. “Bakit marunong ka non?” tanong ni Raffy. “Yun ang tinuturo sa akin nina daddy at sir Ernie nung isang araw e” sabi ng dalaga. “Madaya! Bakit ako hindi ako tinuturuan ng ganon?” sigaw ni Raphael.

“E kasi marunong ka na e” sabi ni Joerel. “Ha? Ano ba ito? Alam ko pero di ko alam? Ano ba pinagsasabi niyo? Baka mamaya sasabihin niyo din marunong ako magpedicure at magmanicure tapos in denial lang ako?” banat ni Raffy at grabe yung tawanan nung grupo. Napatigil yung magpartner pagkat first time nila narinig mga boses ng mga alagad ni Joerel.

“Ay marunong din pala sila tumawa” pacute ng dalawa. “Hush come on let us start training. Abbey since marunong ka na pala then it will be easy for you” sabi ni Joerel. “Wow, tulad ko marunong narin ako pero di ko alam” hirit ni Raffy. “Relax partner tuturuan kita pag di mo magets” sabi ng dalaga at nagngtitian sila.

May sumulpot na dalawang alagad sa harapan ni Abbey. May hawak silang punching bag. “Okay Abbey normal punch” sabi ni Joerel at sumuntok ang dalaga. “Good, now enhance or charge your punch. Halos pareho sa depensa iha pero focus and feel your magic body inside of you. Let if flow through you at gamitin mo yung extra power to enhance your physical power” sabi ni Joerel.

Sumuntok ang dalaga ngunit same normal punch ang nangyari. “Wait! Teka lang kasi” reklamo ni Abbey at muli siya nagfocus at sumunod na suntok niya napa wow si Raffy pagkat may nakita siyang fire trail. “Abbey wow! Parang may fire talaga” sabi ng binata. “Talaga? Did I do it right?” tanong ng dalaga.

“Sorry pero hindi pa, yes nagamit mo magic mo kaya lang lumabas lang siya. Malalaman mo pag tama when nasira mo tong bag. But its okay first try naman yon e. Sanayan lang talaga yan” sabi ng guro. Umulit ang dalaga at mas nabilib ang lahat pagkat yung punching bag nagkaroon ng konting sunog sa korte ng kamao ng dalaga.

“Iha konting payo lang, wag mo lang kargahan yung kamao mo, alam ko ginagawa mo narin to dati diba? Pero let your magic energy flow, di sapat yung kakargahan mo yung kamao o. Let it flow and let your magic body be one with your physical body” payo ng guro.

Umilit si Abbey, todo focus siya at pagsuntok niya tumapis yung punching bag kasama na yung dalawang alagad na nakahawak dito. Napanganga si Abbey sa lakas ng nagawa niya. Si Raffy natulala at di makapaniwala sa lakas ng kanyang partner. “Nice! Look at nasunog pa yung puching bag o” sabi ni Joerel at pagtayo ng mga alagad niya nakita nila may butas yung punching bag na through and through.

“Wow Abbey we cant use that sa duels, makakapatay tayo” sabi ni Raffy. “That is why there is training so you can control it. Abbey learned how to charge her physical attack pero mukhang todo buhos ang pagbitaw niya. Mauubusan ka din ng lakas pag ganyan, mga atake na ganyan e finishing blows na yan” sabi ni Joerel.

Napangiti si Abbey at pinagmasdan ang kanyang mga kamao. “E pano ako? Alangan na iilaw lang bawat suntok ko” sabi ni Raffy at nagkatawanan ulit sila lahat. Sumubok si Raffy at aliw na aliw lahat pagkat malakas talaga physical attack niya pero ngayon may kasamang ilaw. Laugh trip si Abbey at ibang guro na nanonood mula sa malayo.

“Ano ba? Alangan na para akong lumang comics na bawat suntok may ilaw talaga. Ano sense ng icharge pa suntok ko kung iilaw lang naman?” tanong ng

binata. “Pero di mo ba napansin unang subok mo palang nagawa mo na?” tanong ni Joerel at napatalon sa tuwa si Raffy. “Weh pero yun na yon? Iilaw lang suntok ko e siya may super power tapos may flame pa?” tanong ng binata.

“Sinabi ko nagawa mo, di ko naman sinabi na tama” sermon ng guro. “Abbey pano ba?” bulong ng binata at dumikit si Abbey sa kanya at nagpaliwanag. Lumayo yung dalawa at sumenyas si Hilda na hayaan muna sila. Pagbalik nung magpartner nakangiti na si Raffy at muling sumubok. “If you cant do it Raphael, yung ginawa mo sa amin sa gym di mo kaya ulitin yon dito sa labas”

“Nakachamba ka lang sa gym” sabi ni Joerel. Sumuntok si Raffy sa punching bag at tumapis din yung mga alagad. Tumawa ng malakas si Raffy at nagtalunan silang magpartner. “Wrong!” sigaw ni Joerel at nagulat yung dalawa. “Anong wrong?” tanong ni Raffy at pagtayo ng mga alagad tinuro ni Joerel yung punching bag.

Buo parin ito at di man lang nasira. “Mali kasi kung talagang full potential ka dapat nasira mo din yung bag. Oo nagawa mo siya at lumakas suntok mo pero look at the bag. What you accomplished was to enhance your physical attack power. Si Abbey she did the same pero may added magical fire charge kaya nakita mo naman nasira niya yung bag. E ikaw buo parin yung bag at hindi yan yung tunay mong kapangyarihan, we know because we watched the tapes” sabi ni Joerel.

“Sorry I cant use that, nagpromise ako kay Lord Ysmael” sabi ng binata. “Boss” bulong nung isang alagad na nakahawak sa punching bag. Paglingon nila unti unti nawawasak yung punching bag na parang pira pirasong mga yelo. “Oh look nasira Abbey” landi ni Raffy at tumalon sa tuwa yung magpartner. Si Joerel napakamot at di maintindihan bakit kapangyarihan ni Raffy ay ice magic. Napatingin siya kay Hilda at sumenyas lang yung guro na magpatuloy sila.

Nagtuloy ang training nila, yung magpartner tuwang tuwa pagkat pati na sipa nila kaya nila kargahan. Inggit na inggit si Raffy pagkat mga spinning kicks ni Abbey nakikita pa talaga yung fire trail. Nagsimangot ang binata pero may naisip siya. Nung turn na niya para sumipa sa punching bag buwelo siya at tumalon sa ere.

Sumigaw siya ng sobrang lakas, isang super spin kick ang ginawa niya, nabulag konti ang manonood pagkat kinargahan ni Raffy ng ilaw ang sipa niya. Paglanding niya tumapis ang mga alagad at durog agad yung punching bag sa pira pirasong mga yelo.

Talunan nanaman sa tuwa ang magpartner, “E kasi gusto ko din may buntot epek tulad ng kay Abbey e. Ang cool ng sipa mo partner kasi may parang comet trail. Kaya inisip ko lagyan ko din ng light trail sa akin kasi yung ice magic naman di nakikita e” paliwanag ng binata at sumenyas si Hilda na bigyan muna sila ng break.

Nagtipon tipon ang mga guro kasama yung mga alagad habang nagmemeryenda sa malayo yung magpartner. “Why is he using ice magic?” tanong ni Joerel. “Because that is what he knows, yan palang natutunan niya kasama na yung ilaw. He knows how to produce flames pero mahina lang. Mas gabay niya yung ice magic” paliwanag ni Prudencio.

“Alam niyo yung linya ng tanong ko, napanood namin yung videos pati na yung ginawa niya sa amin sa gym. Bakit di niya ginagamit yon? Kailangan matuto siya gamitin yon” sabi ni Joerel. “Narinig mo naman sinabi niya diba? Pinagbabawalan sila ng dragon lord. I think the only time pwede nila gamitin yon is when they really need too” sabi ni Hilda.

“Then how are we going to train him then? Si Abbey she is using her normal fire magic pero madali nalang sa kanya gamitin dragon flames niya when needed. Pero si Raffy he is using something different. Kailangan gamitin niya yung innate power niya para mas macontrol niya yon” sabi ni Joerel.

“Then you tell him that. Goodluck sa iyo. Tandaan mo ang susuwayin niyo utos ni Lord Ysmael” singit ni Felipe. “Tsk as early as now kailangan niya gamitin yon para masanay na siya. Its part of control and getting to know what you are really capable of” sabi ni Joerel at napatigil sila lahat pagkat biglang lumitaw si Ysmael at nakimeryenda sa magpartner.

Sa malayo hinaplos ng matanda ang ulo ng kanyang mga apprentice. “You saw that lolo? Kaya na namin icharge attacks namin” sabi ni Abbey. “Yes I am so proud of you two. Pero Raffy seems to be sad” sabi ni Ysmael. “Lolo they are forcing me to use it” bulong ng binata.

“Then use it, its part of training iho. I don’t mind. May tiwala naman ako sa inyong dalawa e. Maybe sir Joerel is right, ikaw ayaw mo ba macontrol din yung power na yon?” tanong ng matanda. “Gusto po pero nakikinig lang ako sa utos niyo po” sabi ng binata. “Okay fine, kung dito sa training go ahead, kung emergency situations sige lang. Pero out of those two situations if you two use that power malalagot kayong dalawa sa akin” banta ni Ysmael.

“Lolo medyo gumamit ako pero sa ice ko binaling” bulong ni Raffy at nagulat si Abbey. “E mahina kasi ako e, yun lang alam ko gamitin para lumakas” hirit ng binata pero tumawa si Ysmael. “I know iho, but now you have permission to use it. Both of you. Show them what you two can do para lalo nila kayo magabayan sa tamang pag gamit ng kapangyarihan niyo” sabi ng matanda.

“Remember I don’t know everything. Maybe they can teach you something I don’t know. But for sure the ones I know itututuro ko lahat sa inyo. Sige na finish eating and go back to training. Tutuloy ko pa pagpaligo kay Dragoro” sabi ng matanda at agad siya nawala.

“Raffy…wag mo sasabihin ha, pero pati ako gumamit konti” bulong ng dalaga at nagtawanan silang dalawa. “Sinasabi mo lang yan kasi guilty ako e” sabi ni Raffy. “Hindi gumamit ako talaga promise. Pero konti lang naman”

pacute ng dalaga. “E ngayon pwede na daw” sabi ni Raffy. “Gagamitin mo ba?” tanong ng dalaga. “Hmmm…kung hiniling nila” sabi ng binata sabay ngisi.

Nakabalik sila sa training session, “Sir I want to try something” pacute ni Abbey kaya naghanda yung mga alagad at pinaharap nila yung punching bag sa dalaga. Sa malayo nakaupo lang sina Hilda at ibang mga guro, napatayo si Pedro at agad hinila si Erwin. “Abbey! Wag!” sigaw niya.

Sumuntok ang dalaga at kakaibang trail flames ang lumabas sa kanyang suntok. Sobrang nagbabagang pula na may itim na usok. Tumapis yung mga alagad at habang nasa ere ay nasunog ang kanilang mga robes sabay yung punching bag agad naabo. Napanganga si Joerel at ibang mga guro na lumapit.

Si Abbey naman hinipan ang kamao niya sabay nagpacute. “I need more control” sabi niya. “My turn” landi ni Raffy at ibang mga alagad ang tumayo sa harapan niya hawak ang isang bagong punching bag. “You wanted me to use it, then I will use it” bulong ni Raphael.

“Raffy! I am warning you” banta ni Hilda. “Relax lola, Lord Ysmael told us we can use it for training” sabi ni Abbey at di pa nagbwelo ng suntok ang binata ramdam na nila ang kakaibang hanging sa paligid. Pagbwelo ni Raffy at nakita nila saglit umitim ang mga mata niya.

Pagsuntok niya di pa umabot yung kamao niya sa punching bag agad tumapis yung mga alagad. Nalaslas sa pira piraso ang punching bag at yung mga robes nung nakahawak. Sobrang layo ng tapis nila at bumagsak sila sa misming pintuan ng clinic. “Ooops…my bad” landi ni Raffy at napalunok si Joerel at tinignan yung magpartner.

“Now you have seen what we can do, please teach us” sabi ni Raffy at napakamot ang mga guro. “Raffy nakalimutan mo lagyan ng trail yung suntok mo” sabi ni Abbey. “Ay oo nga no, wala bang nakita?” tanong ng binata. “Wala

e, lagyan mo ulit yung ilaw pero gawin mo siyang red para kunwari pareho tayo. Kaya mo ba yon red?" tanong ng dalaga. "Hmmm try ko manipulate yung ilaw pero mahirap ata yon kasi gagamitin din…ah sige sige try ko masterin yon para pareho tayo" sabi ng binata.

Lalong namangha yung mga guro pagkat napaka casual lang nung mag partner at walang inggitan sa kanila kung sino ang mas malakas. Siniko ni Hilda yung mga ama nila, "O ano e kung ganyan sana kayo noon, they encourage each other to do better at di nagsasapawan" bulong ng matanda.

"Past is past" banat ni Pedro. "I know that is why we are looking at the future of this school. Joerel turuan mo sila maigi. Teach them how to control their powers, Erwin sumama ka na and be on standy. Ikaw narin Pedro at Felipe, Ernie sumama ka just in case something happens" utos nung matanda.

Nagtuloy ang training hanggang hapon. Uwian na dapat pero nakita nila yung magpartner nagtungo pa sa batis at doon tinuloy ang pagtraining nila. Lumapit ang mga guro at pinaood yung dalawa. Nakita nila si Raffy tinuturuan si Abbey ng mga steps, puches at kicks pero sa paraan na komportable lang ang dalaga.

Napangiti si Hilda habang si Joerel naman napakamot. "Sana nagtanong nalang siya kanina. Tinuro ko naman sa kanya mga yan e" bulong niya. "You don't get it, mas matututo sila pag silang dalawa lang. Kanina sino nagturo ng pag charge? Si Abbey diba at ang bilis nakuha ni Raffy. This time Raffy teaches her what you taught them and look mas nakukuha ni Abbey pag si Raffy nagtuturo" paliwanag ni Hilda.

"Ibig sabihin useless ka" biro ni Ernie at nagtawanan silang lahat. "Mas madali ka matuto kung pinagkakatiwalaan mo talaga yung tao. Di ko sinasabi na they don't trust us. They do pero silang dalawa isang unit na, they have one goal, they know they wont let each other down. Wag kayo magtatampo pag ganyan sila"

“If that is the way they can learn faster so be it” sabi ni Prudencio. “Bukas Joerel I want your squad to attack them hard” sabi ni Hilda. “Pero madam kahit malakas sila di pa nila kaya squad ko” sabi ni Joerel. “Oh I know, bigyan mo sila ng leksyon bukas. Para mamulat sila kung ano talaga ang totoong laban sa labas”

“We will be ready to support your squad if ever something happens. Para ma engganyo sila matuto ng depensa din after. Then we attack them again until kaya na talaga nila” sabi ni Hilda. “Bakit mamita may lakad ka ba at pinamamadali mo pagturo sa kanila?” biro ni Felipe.

“Di naman sa ganon, naninugurado lang ako. Baka maging mafeeling na sila tulad niyo. Gusto ko lang siguraduhin nakaapak parin sila sa lupa. Keep them grounded hanggang kaya niyo” sabi ng matanda.

“Naiintindihan kita Hilda, gusto mo ipakita sa kanilang dalawa ang tunay na estado ng gera sa labas” sabi ni Prudencio. “Exactly, I am sure they know about it but its best if maramdaman nila ano talaga ang totoong laban. Di tulad nung mga kilala ko na nabulaga sila” banat ni Hilda at sabay napakamot sina Pedro at Felipe.

“Don’t feel hurt, I am just preparing them. Di natin masasabi at baka maulit nanaman yung nangyari noon. This time I don’t want to lose anyone. Tandaan niyo yan, ni isa ayaw ko mawala and I am not just talking about those two kids. I mean everyone” sabi ni Hilda at tila naengganyo ang lahat at nagkaroon ng kakaibang sigla.

Chapter 4: Defense Magic

Kinabukasan sa lungga ng dragon lord maaga nagluto ng almusal ang mag partner. Nagising si Ysmael at nagustuhan ang amoy ng niluluto nung dalawa. “I smell suhol” biro ng matanda at agad nagsimangot yung dalawa. “Lolo naman porke nilutuan ka namin ng masarap na pagkain suhol na agad?” pacute ni Abbey.

Naupo ang dragon lord at inayos na nung dalawa ang dining area. Pagkaupo nung dalawa tinitigan sila ni Ysmael. “What do you need?” tanong niya. “Wala tayo maitatago sa kanya Abbey kasi nga siya yung dragon lord e. Nababasa niya ang utak natin” sabi ni Raffy at tumawa yung matanda.

“Di ko binabasa ang utak at isipan niyo, nahahalata lang talaga sa mga kilos niyo at kahit matanda ako naririnig ko usapan niyo kanina” paliwanag ng matanda. “Alam mo naman pala lolo ano kailangan namin e” bulong ni Abbey. “Pano ko nga ba nakontrol ng tuluyan powers ko? Well it took so much of training, di ba yan naman ginagawa sa inyo nung mga professor niyo?” sabi ni Ysmael.

“Pero supahgramps, natatakot kami gamitin yun e. Kahapon na nga lang nasaktan namin yung apat na alagad. If we use that power…we will keep hurting a lot of them” sabi ni Raffy. “Ayan na nga sagot e, alam niyo naman na pala e” sabi ni Ysmael. “Na wag na gagamitin?” tanong ni Abbey. “I didn’t say that, gamitin niyo parin” sabi ng matanda.

“E madami masasaktan po lolo e” sagot ni Raffy. “O kaya nga, kung ayaw niyo sila masaktan learn to control it” sabi ni Ysmael at nagtawanan yung dalawa. “Si lolo hinihilo kami e, pano nga po nila kami matuturuan magcontrol if masasaktan din namin sila?” tanong ng dalaga. “You are missing the point iha” bulong ng matanda at tinitigan siya nung dalawa.

“They are all willing to get hurt para lang makontrol niyo powers niyo” sabi ni Ysmael at nanlaki ang mga mata nung dalawa. “Bakit po ganon?” tanong ni Raffy. “Iho at iha, kayong dalawa ay rare dragon magic users, kung normal dragon kayo then they could easily help you two. Nandyan naman mga tatay niyo”

“What you have is new to them, the only way they can help you is to get hurt for you and rely on you two to learn on how to control your own powers. Yes they know the basics and high level controls, but what you two have is beyond that. To be honest maski ako nagugulat sa kapangyarihan niyo”

“Sinabi ko sa inyo gagawin ko kayong apprentice, mula summer nandito kayo at tinuturuan ko naman kayo on how to be dragon users. Alam ko magtatanong kayo, bakit wala naman siya tinuturo, pero isipin niyo maigi what I have been teaching you this past summer. I was trying to get you two to be responsible”

“Tinuturo ko sa inyo ang mga kailangan niyo malaman tungkol sa pagiging dragon magic user. I can see its working kasi nagkakaganyan kayo, may concern kayo, it just means aware kayo sa lakas niyo at ayaw niyo makasakit. At the same time I am still trying to tame your dragon. The cursed dragon is not easy to tame mga apo”

“But we are getting there. Pagdating ng araw na yon then I will teach you everything I know. Do not rely on us, start with yourselves. Mas kilala niyo sarili niyo. Kami binabase lang namin pagtulong namin sa inyo ayon sa nakikita namin o alam namin tungkol sa inyo. Maaring magkulang kami sa maitututuro sa inyo, do not blame us kasi di rin namin alam kung ano meron kayo”

“Pero pag nadiscover niyo ano kaya niyo we can adapt and guide you. Do you understand?” paliwanag ni Ysmael at napangiti nalang yung dalawa. “Sabagay medyo di na nagtotal take over yung power ko sa akin” bulong ni

Raffy. “Oo nga di ka na si zombie Raffy” banat ni Abbey. “Weh pati ikaw naman ha nung laban natin kay Gustavo” kantyaw ni Raffy at tawang tawa yung matanda.

“Yun ang ayaw natin mangyari, the moment you two lose total control baka di niyo din alam sino na kakampi at kaaway niyo. Remember that, safe kayong dalawa kasi you two are one pero the people around you, di sila kikilalanin ng cursed dragon niyo” sabi ni Ysmael.

“At least we still have each other” banat ni Raffy. “Oo nga, tayo matitira” lambing ni Abbey at nanlaki ang mga mata ni Ysmael. Sumabog sa tawa yung magpartner, “Joke lang lolo, to naman o” kabig ni Abbey at tumawa narin yung matanda. “Loko loko kayo, if ever that happens I will be forced to kill you two” sabi niya at natakot yung magpartner. “Joke lang din” pacute nung matanda sabay tumawa ng sobrang lakas habang sina Abbey at Raffy kinikilabutan parin.

Nagtungo na sa grounds yung magpartner, busog na busog sila ngunit bigla sila napalibutan ng mga alagad ni Joerel. Di nila alam sino sa kanila ang kanilang guro pagkat pareho ang suot nilang black robes at black masks. “Sir five minutes pa please kasi busog kami ni Abbey” pakiusap ni Raffy ngunit pumorma na yung mga alagad.

“Totoo po we just ate po” sabi ni Abbey pero sabay sabay umatake yung mga alagad. Walo sila lahat at kumaripas ng takbo yung mag partner. “Hoy grandmama o! Gumaganti ata sila sa nagawa ko sa gym” sigaw ni Raffy. “Ikaw kasi ano ba kasi ginawa mo sa kanila?” tanong ng dalaga. “I just wanted to see you, kasi I felt sinasaktan ka” paliwanag ng binata.

Sabay sumubsob sa lupa yung dalawa. Napaghiwalay sila at ang bibilis ng mga atake ng mga alagad. “Abbey defend!” sigaw ni Raffy habang todo depensa siya sa mabibilis na atake nung apat na alagad na umaatake sa kanya. Si Abbey natatamaan pagkat mabagal ang depensa niya at mahina. “Aray!” sigaw

niya at gumaganti siya ng atake. Bago pa siya makahulma ng mga bolang apoy nahawakan ang mga kamay niya at nasipa sa tiyan.

“Abbey!!!” hiyaw ni Raffy at nagsimula nang magbaga ng itim ang kanyang mga mata. Natigil ang paglabas niya ng kapangyarihan sa tindi ng neck kick, double knee sa likod at isang malakas na sipa sa tiyan na nagpasubsob muli sa kanya sa lupa. Sigaw ng sigaw si Abbey sa tindi ng mga sakit.

“Wag niyo siya sasaktan!” hiyaw ni Raffy at ang bilis niya tumayo at nakipaglaban sa mga umaatake kay Abbey. Ang dalaga nakahiga nalang sa lupa habang si Raffy nakikipaglaban sa walong alagad. Di na siya maka depensa sa bilis ng mga atake ng squad ni Joerel. Nakakabawi naman siya ng mga suntok at sipa ngunit mas madami tira natatanggap niya.

Sa malayo namimilipit si Felipe habang pinapanood anak niya lumalaban. Si Pedro hiyang hiya pagkat dinedepensahan ni Raffy ang kanyang anak. Humawak siya sa balikat ng kanyang bestfriend, “Tiis lang pare, its for their own good” bulong ni Pedro. “Kahit na, di parin kaya ng isang ama makita ginaganyan anak niya” bulong ni Felipe at nanlilisik narin ang kanyang mga mata.

“Felipe calm down. Mahina pa talaga sa depensa si Abbey, but look at Raffy he is moving in a circle to protect Abbey. Sa ngayon medyo disabled magic body ni Abbey sa mga tira ng mga alagad sa kanyang magic pressure points. Raffy is already weak but still he is fighting them off. Joerel and his squad cannot stop attacking him or else lalabas ang cursed dragon power niya to retaliate” paliwanag ni Prudencio.

“Oh my God” bigkas ni Eric pagkat yung magic scanner niya biglang umusok. “Everyone spread out! Now!” hiyaw ni Hilda at sumugod ang mga propesor. Si Raffy biglang sumigaw ng sobrang lakas, tumalon siya sa ere at nagbira ng isang super turning flash kick. Dalawang ikot nagawa niya sabay paglanding nakatayo siya at sobrang galit.

Umuusok ang buong katawan niya at mga mata niya nagliliyab na ng itim. “Tama na!!” hiyaw niya at napatapis palayo ang lahat ng mga alagad. Maski ang mga pasugod na mga propesor napalipad. Nagulat ang lahat nang makita nila lumabas bigla ang isang galit na dragon mula sa katawan nung dalawa. Palaban ito at bigla siya pumasok sa katawan ni Raphael at Abbey.

Nakatayo narin ang dalaga, magkatabi sila at handang lumaban. Sumulpot bigla sa harapan nung dalawa si Ysmael at agad siya humawak sa mga noo nung magpartner. “Raphael and Abbey!! Calm down!” sigaw niya sa sobrang lakas na boses. Ramdam ng lahat sa paligid ang kapangyarihan ng dragon lord. “Sinaktan nila si Abbey!” sigaw ni Raphael at lumalaban talaga yung magpartner kaya muling sumigaw ang dragon lord at dinig ng lahat ang sobrang lakas ng hiyaw ng dragon.

Napaluhod yung magpartner at lumabas ang dragon nila at umamo sa dragon lord. “Accept defeat…you both lost today…tomorrow will be yours” sabi ni Ysmael at bumitaw siya sa mga ulo nung dalawa. Si Raffy agad niyakap si Abbey at tuluyan nang nawala ang dragon lord.

Dahan dahan lumapit ang mga propesor, tumayo na yung mag partner at tila walang nangyari sa kanila. Pareho sila masigla dahil sa paghilom ng kanilang mga tama gamit ang kanilang dragon powers. Nagbungisngisan nalang sila, “Talo tayo” sabi ni Raffy. “Kaya nga e, ganon pala pag totoong laban” sagot ni Abbey at basta nalang sila naglakad palayo.

Napakamot si Hilda, tinignan niya ang mga alagad ni Joerel paika ika na nagtipon sa isang sulok. “Kailangan natin talaga sanayin din yung defense natin. Lalo na ikaw” sabi ni Raffy. “Yeah I know, sabihin natin magfocus tayo sa defense muna kaya?” lambing ng dalaga. “Dapat lang, grabe di man lang ako nakapag illumina” sabi ng binata at nagtawanan sila.

“Are you okay?” tanong ni Hilda. “Yes grandmama” sagot ni Raffy at naupo yung dalawa sa malayo. “E kayo?” tanong ng matanda sa grupo ni Joerel at nag nod naman sila lahat ngunit sabay sabay nabiyak ang kanilang mga maskara. “Hindi tumama ang sipa ni Raffy pero tignan niyo nangyari” bulong ni Joerel.

“Erwin please check on them, for now narinig niyo naman depensa ang gusto nila. Pedro, Felipe and Ernie, sumama ka na Prudencio at turuan sila. Erwin attend to the squad” utos ni Hilda. “Subukan mo lang” bulong ni Romina kaya napakamot si Erwin at nag inarte. “Kaya niyo yan, mag gamot nalang kayo, may botika sa malapit” banat niya. “Oo nga” sabay na sagot nina Felipe at Pedro kaya napakamot nalang si Joerel at napailing.

Sa batis tinuruan ang magpartner ng depensa. Hinayaan muna nila si Abbey ituro ang basics kay Raffy para mas mabilis matuto ang binata. “Abbey why don’t you attack him so that masubukan niya” sabi ni Prudencio. “No way, kayo nalang” sagot ng dalaga.

Lumapit si Ernie sabay ngumisi, “Are you ready Raphael?” tanong niya. “Yes sir” sagot ng binata. Tumira si Ernie ng maliit na power ball at bago tumama ito sa katawan ng binata ay may yelo na agad bumalot sa bola at unti unti ito nayurak. Pumalakpak si Abbey at nagtalunan yung magpartner. “Yes! Kuha agad” sigaw ni Abbey.

“Magaling ha, may artistic effect pa” sabi ni Prudencio at lalo natuwa ang magpartner. “Pano mo ginawa yon, turo mo nga” sabi ni Abbey at nagusap yung dalawa. Sa inggit gusto din ni Abbey subukan kaya inatake siya ni Ernie. Bago makalapit yung power ball nabalot na ito ng apoy, parang apoy na kandila ito nalusaw kaya talunan nanaman sa tuwa ang magpartner.

Pumapalakpak si Hilda habang yung ibang guro napailing. “Sa totoong laban hindi naman kasama ang artistry e” sabi ni Ernie. “Hayaan mo na sila, ganyan nga sila natututo e. Let them be at least nakikita niyo naeengganyo

sila" bulong ng principal. Ilang minuto naglaro yung magpartner at nung nahibang sila hinamon na nila ang mga guro nila palakasin narin ang kanilang mga atake.

Lumipas ang isang oras tig isa na sila sinubukan. "Now what if madami kayo kalaban at sabay sabay sila umatake. Sabihin na natin wala kayo pagtatakasan" sabi ni Hilda. Sabay tumira sina Ernie at Prudencio, nagpanic si Raffy at isang tira lang nadepensahan niya habang isang tira pumasok at natamaan siya. "I am okay Abbey don't worry" sabi niya agad sabay haplos sa kanyang bayawang kung saan lumusot ang tira.

"So you mean to say lola we need total body magic defense?" tanong ni Raffy. "Yes but if you do that iho maaubos naman lakas mo. Protektado ka nga pero hanggang kailan? So kung saan tatama yung tira doon ka din dedepensa, tandaan mo aatake ka din sa lagay na yon diba?" paliwanag ng matanda.

"Abbey mahirap to, ikaw nga muna" lambing ng binata at siya yung sumalang. "Sige aralin ko muna tapos turo ko sa iyo" sagot ni Abbey at napangiti ang mga guro sa kanilang dalawa. "Ahem, sample" banat ni Pedro at siya yung inatake nina Ernie at Prudencio.

Isang power ball titira sa ulo niya at isa naman sa tiyan. Tinaas niya kaliwang kamay niya at kanan na kamay sa tiyan. Parang sinalo niya yung mga tira at pinaikot ang mga kamay at siya naman umatake ng dual fire balls na nadepensahan din nina Ernie at Prudencio.

Parang naglalaro yung tatlo, para lang sila nagpapasahan ng tira. Namangha yung magpartner, "Wow, ang dami pa pala natin di alam" bulong ni Raffy. "Kaya nga e, tignan mo o. Tsk gusto ko ganyan din tayo. Parang ang dali lang sa kanila o" sagot ni Abbey. Nung natapos yung tatlo tinignan nila yung dalawa na tila lalo pang naengganyo matuto.

“Daddy how did you do that? Return magic ba yon?” tanong ni Abbey. “No iha, pinaganda ko din lang naman, focus ko defense ko sa mga kamay ko, nakita niyo naman sinalo ko mga tira using my hands, habang nagfade yung powers nila sakto nagfoform narin ako ng attack ko. We did it slow para makita niyo maigi pero sa totoong laban mabilis na talaga mga yon” paliwanag ni Pedro.

“So pwede pala yon, kunwari isa lang kalaban, isang kamay sasalo sa tira tapos isang kamay natin pwede na pang attack” sabi ni Raffy. “Yes anak, at alam mo ba ako nagturo sa kanya non” pasikat ni Felipe. “Oo na oo na” sagot ni Pedro at nagtawanan ang mga bata.

Sumubok si Abbey, “Do not attack yet, saluhin mo lang mga tira namin iha” sabi nina Ernie at Prudencio. Bawat tira nung dalawa sinasalo ni Abbey gamit mga kamay niya. Tuwang tuwa si Raffy habang nanonood, “Abbey madali ba?” tanong niya. “Oo pag nasanay ka, teka lang ha” sagot ng dalaga.

Tumabi si Pedro at tatlo na sila umatake. “Wait! Dalawa lang kamay ko!” sigaw ng dalaga. “Sino ba kasi nagsabi kamay lang gamitin mo, this is the true test iha” sabi ng ama niya. “Subukan niyo lang siya saktan…huh. Sinasabi ko sa inyo” banta ni Raffy. “Don’t be like that Raphael” sermon ni Hilda. “Huh, sige lang subukan niyo lang” bulong ng binata.

Nasalo ng dalaga yung dalawang tira at natili siya ngunit nadepensahan din niya yung fire ball na maliit na tatama sa kanyang paa. “Yes!” sigaw niya sa tuwa. “See that, basta aware ka sa atake doon ka magfocus. But if masyado na madami talaga then you use total body defense” sabi ni Hilda.

“Assess the situation, pag masyado madami kalaban wag magpaka hero” sabi ni Raffy. “Correct iho, di lahat ng laban pwede niyo panalunin. Pahalagaan niyo din buhay niyo. If you can run away do it. There is no point in trying if you end up dead” sabi ni Prudencio. “But if you are protecting someone, you still try” bulong ni Raffy at lahat napatingin sa kanya.

“Like what you did kay Froilan sa beach” bulong ni Abbey at nilapitan niya partner niya at niyakap. “Di na mauulit yon Raffy” sabi niya. “I know pero if ever maulit wag ka na makulit” sagot ng binata. “Tsk di na mauulit yon, kaya nga we are training para di na mangyayari ang mga ganon e, tayo na at ikaw naman” sermon ng dalaga.

Si Raffy ang sumalang at agad siya nasermonan ni Hilda. “Raphael! Defend! Inaabsorb mo e” sigaw ng matanda. “Pano niyo alam?” landi ng binata. “Gusto mo ba matuto o hindi?” sermon ni Abbey at napangiti ang mga guro nang nagseryoso ang binata. “Ginagawa mo dati full body defense, iba ito, sabi ko sa iyo diba” hirit ni Abbey.

“Okay okay I get it now” sabi ni Raffy at ginagamit narin niya mga kamay niya. Natutuwa si Abbey pagkat nakukuha na ni Raffy. Sumama na si Pedro, tapos si Felipe. “Hoy! Hinay hinay lang!” sigaw ng binata pagkat bumibilis yung mga tira ng mga guro. “Body bind!” sigaw ni Hilda at biglang hindi makagalaw si Abbey na nakapwesto sa likuran ng binata.

“Kung di mo madepensahan tira namin si Abbey ang tatamaan” banta ni Ernie. “Ah ganon! As if naman hahayaan ko matamaan si Abbey…bring it!” sigaw ni Raffy. Sobrang napangiti si Abbey pagkat ang bilis dumepensa ni Raffy. Lahat ng tira nasasalo niya gamit mga kamay niya kaya feeling sobrang safe siya.

Isang oras lumipas napagod silang lahat, si Raffy napaupo sa lupa at hingal na hingal. “Nakapapagod din pala siya” bigkas niya. “At least you defended me” pacute ni Abbey na tumabi sa binata at pansin ng mga guro na sumisigla ang binata. “Just imagine iho if di tumigil ang mga kalaban” sabi ni Hilda.

“You cant just keep defending and defending. And what if mas malakas pang mga tira ginawa nila? Up to when can you defend Abbey?” tanong ni Ernie. “Kaya kanina nung inatake kayo ng squad ni Joerel kawawa kayong dalawa.

Siguro by tomorrow lumakas na depensa niyo pero still makakawawa kayong dalawa kasi hanggang depensa nalang kayo" sabi ni Pedro.

"At least hindi masasaktan" sabi ni Raffy. "Pero hanggang kailan? Pano kung wala ka nang lakas?" tanong ni Felipe. "Kanina nag ka opening ka kaya nagamit mo yung ibang power mo pero what if Joerel and his squad were on kill mode orders? Do you think magkaka chance pa kayo magka opening ng ganon?" tanong ni Romina.

Sumigaw si Felipe pagkat sinugod siya nina Ernie, Prudencio at Pedro. "Hoy bakit ako?" hiyaw niya. "Para sa mga bata" landi ni Pedro at pinagtitira nila siya, todo ilag si Felipe pero si Raffy kinakabahan para sa kanyang ama. "Relax iho, your dad is the best battle defender here" bulong ni Hilda.

"Then why is he not teaching us lola? At akala ko ba si sir Ernie ang magaling sa magic defense?" tanong ni Abbey. "Oo si Ernie nga pero si Felipe ang mas mahusay sa battles. Ernie knows how to defend any magic attack but in the field and battle it is Felipe who knows how to use them. Kung baga si Ernie technical, practical usage si Felipe" sabi ng matanda.

Pinanood nila ama ni Raffy umiwas, dumepensa at bigla siya umatake. Binira niya kamay ni Ernie at sinalo tama ni Prudencio. Isang paikot at tinira niya si Pedro sa kamay at yung fireball tumama tuloy kay Ernie. Nakadepensa yung guro pero napuruhan naman siya ng isang sipa sa muha, sumerko sa ere si Felipe at sinalo mga tira nina Prudencio at Pedro. Paglanding niya muli siya tumalon papunta kay Prudencio at ang bilis niya umiwas kaya si Prudencio at tinamaan naman ng fire ball ni Pedro.

Lumipas ang isang minuto tanging nakatayo si Felipe at pinapagpag ang damit niya. Sina Abbey at Raffy tulala at parang sinamba agad si Felipe. "Diskarte lang mga anak, kahit nakadepensa ka humanap ka parin ng butas. Tulad ng sinabi nila, its either humanap ka butas to attack, or run away. But still kahit umaatake ka kailangan mo parin magdepensa" paliwanag niya.

“Wow…as in wow” bigkas ni Abbey. “Hoy wag ka masyado pasikat at hindi kami naka killer mode” sabi ni Pedro at tumawa si Felipe. “Kahit mag killer mode pa kayo at isama niyo pa si mamita” pasikat ni Felipe at bigla siya sumigaw pagkat hinabol talaga siya ng lahat ng mga guro.

“Hoy nagbibiro lang ako!” hiyaw ni Felipe. Tawanan sina Abbey at Raffy pagkat nagmistulang mga bata ang kanilang mga guro. “Pero grabe…ngayon ko lang narealize talaga na ang dami pa natin di alam” sabi ni Abbey. “Oo nga e, akala natin magaling na tayo umatake, akala natin kaya naging magdefend pero today para wala na akong alam bigla” sabi ni Raffy.

“Raffy pag namaster natin tong defense…sa mga laban depensahan mo narin sarili mo at wag lang ako” bulong ni Abbey. “You know I cant do that…uunahin parin kita” sagot ng binata. “Kaya nga aaralin ko talaga ito e…ha Raffy promise mo ha” lambing ng dalaga at sumandal sila sa isat isa.

Chapter 5: Dragon Defense

Lunes ng huling linggo ng bakasyon nagulat ang mga propesor pagkat naka ready na sina Abbey at Raffy sa grounds para sa kanilang training. “Tignan mo sila masaya parin sila kahit ilang araw na sila natatalo” sabi ni Hilda. “That is what you call determination” bulong ni Prudencio.

“Joerel status report” sabi ni Hilda at lumapit ang binata. “Kung ano man tinuturo niyo sa depensa it is working. Tumatagal na sila sa laban. Nung Sabado we went all out on them at nakayanan nila pero still natalo namin sila” sabi niya. “Good, pero still di parin nila kaya makisabayan sa laban” sabi ng principal. “They will get there, wag niyo sila madalihin” sabi ni Pedro.

“Kaya nga. It took us four years to reach our status. Bata pa sila kaya wag niyo naman sila madalihin” sabi ni Felipe. “At ano gusto niyo mabulaga nalang tayo lahat if ever may kalaban? Fast learner sila, at habang willing sila matuto we teach them everything there is to know to get them ready” sabi ni Hilda.

Sa grounds nagtatawanan sina Raffy at Abbey, napatigil silang dalawa at napatingin sa entrance ng main building. Lumalabas na ang squad ni Joerel kasama ang mga guro. Lahat sila naka robe at masks kaya napailing yung mag partner. “Raffy ayaw ko na matalo” bulong ni Abbey. “Ako nga din e…kaya mo na ba talaga Abbey?” tanong ng binata.

“Kaya ko…Raffy I don’t want to lose anymore. Masakit sa loob na” lambing ng dalaga. Tumayo ang binata at inabot ang kamay niya at humawak si Abbey. Nung makatayo sila sabay sila huminga ng malalim. “Tulad ng practice natin kahapon” bulong ng binata at naglakad na sila papunta sa gitna.

Back to back ang magpartner at agad sila pumorma. Sinugod na sila agad ng lahat at cool na cool lang yung magpartner na dumedepensa. Medyo gulat din ang mga guro pagkat never naghiwalay likod nung dalawa. Lahat ng tira

nagawan nila depensahan, kahit physical attacks o magic attacks nasusuway nila ang mga ito.

Hindi makaatake ng maigi ang squad ni Joerel sa higpit ng depensa nung dalawa. Sa malayo si Eric pinapanood ang laban gamit ang magic screen at namangha siya sa kanyang nakita. Nakalabas yung dragon nung dalawa at tumutulong sa pagdepensa. Tumawa siya ng malakas at tinawag niya sina Erwin at yung ibang guro na di sumama sa atake.

Mga open spots nung mag partner yung dragon nila ang dumedepensa. “Ah brod sabihin mo kay madam magbabakasyon ako. Diyos ko madami akong customer pagkatapos ng laban na to” bulong ni Erwin at nagtawanan sila. “Wag nalang natin sabihin muna, hayaan natin sila” landi ni Eric. “I agree, para makita narin kung hanggang saan ang kaya nung dalawa with their dragon” sabi ni Romina.

Isang oras ang lumipas napagod ang mga guro at yung hit squad. Sina Raffy at Abbey naka depensa parin pagkat iniisip nila na baka isang tactic lang yon mga guro para maisahan sila. “You can rest now, we need a break” sabi ni Hilda na hingal na hingal. “Break daw tapos pagtalikod namin aatake kayo” sabi ni Raffy.

“Seryoso to, sige na have a break” sabi ni Ernie kaya nakahinga ng maluwag yung mag partner at pinagmasdan nila ang lahat sa paligid. Imbes na matuwa sila naglakad lang sila palayo at naupo sa isang tabi kung saan naka ready parin sila.

“What the hell was that?” tanong ni Joerel. “Ewan ko, isang araw lang lumipas tapos ganyan na sila?” tanong ni Ernie. “Saan ba sila kahapon?” tanong ni Pedro. “Akala ko ba nasa inyo?” sagot ni Felipe. “Wala sa amin” sabi ng bestfriend niya. “Malamang tinuruan sila ni Lord Ysmael” sabi ni Hilda.

“I did not, I just let them use my grounds in the mountain” sagot ng isang matanda kaya nagulat sila nang sumulpot sa likuran nila yung dragon lord. “So nandon sila kahapon?” tanong ni Hilda. “Yes, they were training, sila lang dalawa. They did not ask for my help so I just let them train by themselves” sagot nung dragon lord.

“Ano yun ginawa nila just now?” tanong ni Felipe. “Ah, they call it their dragon defense” sabi ng matanda. “Dragon defense? E ang dami namin umatake how did they manage to do that?” tanong ni Hilda. “I don’t know, ask them. Sila naka imbento non” sabi ni Ysmael na tuwang tuwa sa mag partner.

“Sila nag imbento non? Oh come on” sabi ni Pedro. “Wag kang malungkot Pedro pag nilalampasan ka ng anak mo. Ikaw din Felipe. Sa kanila niyo makikita ang kakaibhan niyo, at diyan niyo narin makikita kung bakit sila yung napili ko at hindi kayo. Nice defense no? Now imagine if they know how to attack…for now that is enough”

“The need to survive is their top priority and they have managed to produce wonderful magic using their dragon power. Dragon defense…sige at maghahanda pa ako ng masarap na lunch nila. I am so proud of my students” landi ni Ysmael sabay nawala na siya.

Sa malayo masaya yung mag partner, “Alam mo we should practice that technique kahit magkalayo tayo” sabi ni Abbey. “Kaya nga e, pero for now okay na ang ganyan muna. Medyo di pa ako sanay not fighting with you near me” lambing ng binata at siniko siya ng dalaga. Nagulat si Raffy nang makaramdam siya ng kiss sa pisngi.

Tinignan niya bigla si Abbey sabay haplos sa pisngi niya. “You kissed me?” tanong ng binata. “Ha? Bakit naman kita hahalikan?” tanong ng dalaga. “Weh, hinalikan mo ako e” pacute ni Raffy at tumawa ang dalaga. “Wala lang masaya lang ako, o wag kang gaganti or else bubuntalin talaga kita” banta ng dalaga.

“Abbey mabigat na tong isang pisngi ko, kailangan mo ipantay or else madedeform face ko” banat ni Raffy at naghalakhakan yung dalawa. “Sa next round they are going to try to separate us” bulong ng dalaga. “Kaya nga e, siguarado yon…kung magawa nila” landi ng binata at muli sila nagtawanan.

“Try kaya natin one step away? Part of learning naman diba? Then if we fail we can adjust” sabi ni Abbey. “Sige, pero pag di kaya back to back ulit ha” sagot ni Raffy. “Yup, pero pag kaya natin let us try another step, basta hanggang saan kaya lang. Kasi pag magkadikit tayo medyo di din tayo makagalaw masyado e” sabi ng dalaga.

Sumubok ulit ang mga propesor, nakita nila hindi na magkadikit ang mga likod nung magpartner. Umatake na sila ngunit matindi parin ang depensa nung dalawa. Di alam ng mga guro habang lumalaban yung dalawa nag uusap sila gamit ang kanilang mga isipan.

“Raffy si lola sa left mo aatake” sabi ni Abbey. “Got it, salamat” sagot ng binata at humarap siya konti kay Hilda at hinanda ang sarili sa isang malaking power ball. “Jump Abbey” hiyaw ni Raffy at sabay tumalon yung dalawa pagkat apat na squad members nag leg sweep.

“Abbey may idea ako just now…we attack” sabi ng binata. “Ha? Pano?” tanong ng dalaga. “Basta you get ready…pag atake ko dito ako dedepensa diyan at ikaw titira dito” sabi ng binata. “Sige sige…” sagot ng dalaga. Nagdikit ang mga likod nila, si Raffy nagpasabog ng illumina sa harapan niya, nagpigil ng depensa si Abbey, ang bilis nila nagtrade places.

Habang gumagalaw naghuhulma si Abbey ng giant fire ball, si Raffy inaapply ang full body magic defense at yung blind spots nila yung kanilang dragon ang dumedepensa. Pagka steady nila yung mga nabulag ang tinira ni Abbey ng fire ball. Nasapol sila lahat, yung atake galing sa kabila inabsorb ni Raffy. “It worked” sigaw ng dalaga sa tuwa at sabay nila inatake yung mga kaharap ni Raffy.

Napatumba nila ang lahat ng kalaban kaya yung magpartner sobrang masaya nang bulagta ang lahat ng kalaban nila sa lupa. Napailing si Hilda at nagtawanan ang mga guro. “Akala namin panay depensa lang kayo e” sabi ni Prudencio at ngumiti lang yung mag partner.

“Kulang pa Abbey, pero this is a huge step already” sabi ni Raffy. “Kaya nga e, after we master our defense siguro we can try to add our attacks. Tapos yung paglipat pwesto kailangan mamaster din natin kasi while moving open tayo e” sabi ng dalaga. “Tama, pero nasapol ka ano?” tanong ng binata at nagsimangot ang dalaga.

“Abbey umamin ka” sabi ng binata. “Konti lang naman e, akala ko di mo mapapansin” bulong ng dalaga. “Anong di pansin, ramdam ko kaya. Halika ayusin natin, mahina defense mo sa legs mo e. Tara na bago sila makaisip ng way para atakehin ka” sabi ni Raffy at naglakad palayo yung dalawa.

“Ganon nalang yon? Iiwan nalang nila tayo basta basta?” tanong ni Ernie at nagtawanan ang mga guro at nanatili silang nakahiga sa lupa. “What do you expect? Natalo tayo e pero di nila dinikdik sa mukha natin di tulad nung mga kilala ko” banat ni Hilda. “Kami nanaman nakita niyo e” reklamo ni Pedro at lalo sila nagtawanan.

“You hate losing pare pero masaya ka ngayon na talo ka” sabi ni Felipe. “Nakakahawa sila e, di sila nagkikimkim ng talo. Imbes magkimkim tignan mo binalikan nila tayo” sabi ni Pedro at laugh trip silang lahat. “That means kailangan natin gumaya sa kanila, di lang sila ang kailangan magpalakas” sabi ni Ernie.

“Tama ka, or else there will come a time sila na magtuturo sa atin” sabi ni Hilda at nanahimik ang lahat. “But still madami pa silang hindi alam” bulong ni Prudencio. “But look at them, ibang ibang sila talaga. Kung may konting problema inaayos nila agad…if ever magkatuluyan sila happy marriage yan”

banat ni Felipe at naghahanda na siya para sa batok ni Pedro pero walang kibo ito.

"Pare…we need to ask them how…" bulong ni Pedro. "Kaya nga e…dragon defense…kailangan din natin yon" sagot ni Felipe. "Joerel change of plans, start teaching them attacks again, sa tinging ko solid na depensa nila. Kung ano man kulang sa depensa nila sila nalang nakapagtuturo sa sarili nila" sabi ni Hilda.

"Are you saying that I am going to train them to be members of our squad?" tanong ni Joerel. "Oo, sa tingin ko kailangan nila yon. They are one, so whatever your squad does, they need it para maging one solid unit sila. Ikaw na bahala don, sa individual attacks sina Pedro at Felipe na bahala. Prudencio at Ernie, unti unti niyo ipasok yung depensa sa forbidden spells…they need that too" sabi ng matanda.

Nananghalian yung magpartner sa lungga ni Ysmael. Naparami kain nila kaya aliw na aliw yung matanda. "Dragon Defense…amazing" bulong ng matanda at napangiti yung mag partner. "Maari niyo ba ipaliwanag pano niyo ginawa yon?" tanong ni Ysmael.

"Kasi po lolo napansin namin lately parang yung powers namin gusto makisama e. Diba talo kami lagi? E usually tuwing galit lang kami lumalabas powers namin but lolo you taught us how to control them diba?" pacute ni Abbey. "I did? Kailan?" tanong ni Ysmael.

"Sa takot, yung ang ginamit mo para mag control kami. Kasi pag ginamit namin papatayin mo kami e kaya kahit ramdam namin gusto niya lumabas nilalabanan namin yon" sagot ni Raffy at napatawa nila ng malakas yung matanda. "Pero lolo nung Thursday nag usap kami, pareho pala kami nararamdaman e. Parang gusto kami tulungan ng powers namin kaya ayun sabi namin we let it pero konti lang" paliwanag ni Abbey.

“Kaya we tried po Thursday, kita niyo naman nakatagal kami pero talo parin. Then Friday, medyo gabay namin, then Saturday ayun nakatagal talaga kami at nakita talaga namin na tumutulong talaga yung powers namin. Para bang ayaw niya din masaktan. Kasi parang tuwing nasasaktan kami ni Abbey nasasaktan din siya kaya siguro galit siya sa amin” banat ni Raffy at nagtawanan silang tatlo.

“Lolo nung lumalaban kami kay Gustavo at yung ibang battles namin po we already felt it na tumutulong naman siya kaya lang di kami aware pa noon. So yesterday po we understood your lessons, bonding with our dragon. Kaya po tumambay kami sa grounds dito with Dragoro then since ayaw namin…”

“Saktan isa’t isa…we asked Dragoro to attack us…” kwento ni Raffy at ngumiti yung matanda. “I know, I was watching iho. I am impressed at natuklasan niyo narin value ng dragon niyo. You two are correct, iisa kayo with your dragon. Kung malungkot kayo, malungkot din siya, kung masaya kayo masaya din siya”

“Kung galit kayo…galit din siya. Finally I can teach you two since now you have totally become one with your dragon” sabi ni Ysmael. “Really? You were just waiting for this to happen?” tanong ni Abbey. “Of course, di ko naman kayo matuturuan maigi kung ayaw din lang ng dragon niyo matuto. Now it seems may control na kayo sa dragon niyo so we can start our formal lessons soon” sabi ng matanda.

“Pero lolo do you think our dragon defense is good enough?” tanong ni Abbey. “It is impressive iha…for beginners” sabi ni Ysmael. “So may room pa po for improvement yon?” tanong ni Raffy. “Of course” sagot ng matanda. “Pero pag kay lolo di pwede yon kasi may daya yan e” banat ni Raffy at tawa ng tawa yung matanda.

“Kakausapin niya lang dragon natin tapos wala na” sabi ni Abbey. “What do you expect? I am a dragon lord, all dragons bow down to me” pasikat nung

matanda. “Supahgramps, kung di kayo mandadaya tapos magsparring tayong tatlo may kaya ba kami?” tanong ni Raffy at napangiti yung matanda. “Sinabi ko na nga ba yan iisipin niyo e. Are you scared dun sa sinabi ko there are other stronger people out there?” tanong niya.

“Opo, parang gusto namin bigyan niyo kami patikim ng kung ano meron talaga sa labas. Kasi our teachers have been trying to teach us that we know. We understand already pero since alam po namin Lord kayo…baka gusto niyo din ipakita sa amin kahit konti lang ano ba talaga meron pa” pacute ni Abbey.

“Di niyo pa talaga gabay yung gusto ko ituro sa inyo pero sige later after eating let us try. I promise not to hurt you two and you trust me diba?” lambing ng matanda. “Of course lolo, pero wag kang mandadaya ha. Baka mamaya icharm mo nanaman dragon namin e” reklamo ni Raffy at tumawa yung matanda.

Bandang alas dos ng hapon sa likod ng bundok nangangatog tuhod nung magpartner. “Are you two ready?” tanong ni Ysmael at nagwala si Raffy at tinuro si Dragoro. “Madaya! Bakit kasama si Dragoro? Lolo naman e” sabi niya at tumawa yung matanda. “Para patas yung laban, two against two” sabi ni Ysmael.

“Lolo naman e” pacute ni Abbey. “Dragoro wag kang makikisama kay supahgramps” utos ni Raffy at umungol yung dragon at bigla ito lumayo. Napangiti si Ysmael at nabilib sa binata, tinignan niya si Dragoro sabay di niya maipaliwanag ang saya niya.

Sumugod ang magpartner, umilag si Ysmael sa dragon punch nila. “Ang bilis niya Raffy” sabi ni Abbey. Nahawakan ng matanda ang mga kamay nila at tinaas sa ere. Isang malakas na buga ng hangin at tumapis yung dalawa habang hawak ang kanilang mga tiyan. Pagbagsak nila iniinda nila yung sakit sa tiyan nila.

“Ouch…ano yon?” ungol ni Raffy at agad niya pinuntahan si Abbey. Dahan dahan sila tumayo at tinignan yung matanda, “Lolo what was that?” tanong ng dalaga. “Dragon breath if you like to give it a name” landi ni Ysmael at tumayo ng tuwid yung magpartner, “Nice one lolo, grabe pati bibig may magic” bulong ng binata.

Nagulat si Ysmael nang mag dragon dance yung mag partner, umatake si Raffy sa left at nauna ang pasabog niya ng illumina. Gulat si Ysmael pagkat umepekto yung liwanag kaya muntik na siya nasapol ni Abbey sa kanan ng isang matinding flaming punch.

Nailagan niya yung suntok pero kita niya si Raffy sa ere bibira ng axe kick. Binugaan niya ng apoy si Raffy at nagsisigaw ang binata nang masapol siya ng apoy sa ari. Natawa si Abbey kaya tuloy nabira siya ng force punch sa tiyan na nagpatapis sa kanya ng malayo.

Bagsak sa lupa ang mag partner, “Lolo did you hurt her?!” sigaw ni Raffy. “Of course not, naka depensa siya, she saw it coming” sabi ni Ysmael at tumayo si Abbey himas ang tiyan niya pero tumawa parin nung makita si Raffy na pinapagpag ang apoy sa bandang ari niya.

“Abbey totoo ba?” tanong ni Raffy. “Oo nakadepensa ako, pero lolo is too strong…e ikaw?” landi ng dalaga at nagsimangot si Raffy at tinuro ang dragon lord. “Foul yon! Bakit mo tinosta birdy ko?” sigaw niya at napahiyaw sa tawa ang dalaga. “Iho sa totoong laban di mo na iisipin saan mo titirahin kalaban niyo. Ahem…kindly explain the dragon balls?” banat ng matanda at lalo natawa si Abbey.

“Lolo naman I had to do that e” pacute niya. “Ah yung sinipa mo sa balls…pero lolo friendly match ito dapat naman di mo tinosta birdy ko. Pano na kami magkaka dragon baby ni Abbey?” banat ni Raffy. “Don’t worry damit lang yung tinamaan ko, I controlled my powers. Kung hindi e di ko alam kung buhay ka pa ngayon” sabi ng matanda.

“Oo nga malakas flames ni lolo pero bakit mo ako tinira sa balls? Abbey kung negro anak natin kasalanan ni lolo. Black dragon” banat ni Raffy at sumakit tuloy tiyan ng dalaga sa katatawa.

Sumubok parin yung dalawa at lumipas ang dalawang oras pagod na pagod sila at sobrang tamlay ng katawan. Tumayo si Ysmael sa paanan nila at tinignan silang dalawa. “Give up?” tanong niya. “Yes lolo…next time ulit…kailangan pa namin magpractice” bulong ni Abbey.

“Grabe ang galing nung galaw ni lolo, cool na cool siya kahit dalawa na tayo umaatake” sabi ni Raffy. “Oo pero gusto ko yung ginawa niyang flaming darts, Raffy madami pa tayo di alam. Pati dragon natin pagod” sabi ng dalaga. “Kaya nga e…well at least alam natin malayo pa talaga tayo…” sagot ng binata.

Si Ysmael tumabi kay Dragoro at sumandal dito. “So he can speak to you now” bulong niya at nagulat siya nung banggain siya ni Dragoro kaya napatapis siya konti. Tumawa ang matanda nang nakihiga ang dragon niya sa dalawa niyang estudyante.

“Hay naku…di ko naman sila sinaktan ha” sabi ni Ysmael at umungol lang si Dragoro at inirapan siya kaya lalo natawa yung matanda.

Chapter 6: Grade Two Magic

First day of classes kasama nina Abbey at Raffy si Ivy, ang kanilang junior level adviser. Hinantid ng guro yung dalawa sa kanilang classroom at doon sa pinto may bagong guro na sumalubong sa kanila. “Ivy let go, they are mine now” sabi niya.

“Raphael and Abbey this is your Senior level section adviser, Emily Perez but you can still come to me anytime if you need anything” sabi ni Ivy. “Wag kang greedy, seniors na sila. Kung sana binagsak mo sila e di sa iyo parin sila” banat ni Emily at natawa si Raffy. “Teacher I like you na” sabi niya.

“I was just saying, if ever you need anything do not hesitate to come to me” sabi ni Ivy. “Diyos ko Ivy let them go, ako na adviser nila so if they have problems they should come to me” sagot ni Emily at naaliw yung mga magpartner pagkat tuloy ang bangayan ng dalawang guro.

“Hoy Emily turuan mo sila ng maigi at gabayan mo sila lagi. Be patient with Raphael, he is a very curious person” sabi ni Ivy. “Oo sis ano ba? I will give you visitation hours” sabi ni Emily at naghalakhakan ang dalawang estudyante. Niyakap ni Ivy ang kanyang dating mga estudyante, “You two promise me to grow well. Like I said, anything talaga come to me” sabi niya.

Pagkaalis ni Ivy, humarap sina Raffy at Abbey sa kanilang bagong adviser. “Si teacher Ivy tinuruan niya ako ng ice magic, ang bait niya” banat ni Raffy. “Oh? Yun lang?” sagot ni Emily. “Why teacher what can you teach Raffy?” tanong ni Abbey at lumingon sa paligid ang guro at lumapit sa dalawa. “Refinement magic” bulong niya.

“Ay boring” banat ni Raffy at tumawa yung guro. “Hmmm iho you will thank me later when I teach you two. Lalo na ikaw Abbey, I have been waiting for you two. I watched all your duels and I think I can make you two even better with what you already have” pasikat ni Emily. “Totoo ba teacher?” tanong ni Abbey.

“Come inside, saka na natin pag usapan yan. This will be a wonderful year I promise you” sabi ng guro.

Pagsapit ng hapon dumiretso si Raffy sa elemtary school at nagulat siya pagkat pareho parin ang kanyang mga kaklase ngunit nadagdagan sila ng sobrang dami. “Grandmama bakit ganito?” bulong ni Abbey pagkat nagsisisksikan ang mga grade two students na sobrang dami sa isang classroom.

“Lahat ng grade two gusto kaklase si Raffy. Alam niyo ba nagkaroon ng away kanina. This is the only solution para walang gulo, lahat ng grade two kaklase ni Raffy sa magic class” sabi ng matanda at natawa si Abbey. May lumapit na guro na dalaga, inabot niya kamay niya kay Raffy. “Hello I am Grace” pakilala niya.

“Teacher Grace what will be our lesson?” tanong ng binata. “Basic elements iho, I would like to call it nature magic” sagot ng guro. “Abbey may I talk to you outside?” sabi ni Hilda. Paglabas nung dalawa agad nagsimangot ang dalaga. “Bakit parang may bad news kayo sa akin?” tanong ng dalaga.

“I am so sorry iha, pero I cannot allow you to join Raphael in elementary classes” sabi ni Hilda. “Eesh, si lola naman e. Usapan na natin lahat ng classes ng magic dapat magkasama kami e” reklamo ng dalaga. “Abbey, you need to attend your senior magic class. Trust me you need to” sabi ng principal.

“Ayaw ko, gusto ko dito ako with Raffy” sabi ni Abbey. “I will be the professor in that class” sabi ni Hilda at nanlaki ang mga mata ng dalaga. “Really? Binibiro niyo ako e” sabi ng dalaga. “Its up to you, madami pa naman ako itututuro sa inyo pero if you want to stay here then baka mapag iwanan ka” landi ni Hilda.

“Hmp, daya naman lola e. Pano si Raffy mapag iiwanan na siya. E gusto ko sabay kami e” tampo ng dalaga. “Well di naman, since napansin namin na you two do teach each other, madam Lani will help out Grace to teach grade two magic. So whatever matutunan nila itututuro naman ni Raffy sa iyo”

“Whatever I teach you alam ko itututuro mo naman kay Raffy. Ganon naman kayo diba? Imagine mas madami kayo matututunan that way pero kung ayaw mo okay lang” sabi ni Hilda. Biglang bumukas yung pinto at lumapit si Raffy, “Pumayag ka na Abbey, para mas madami tayo matututunan. Sabay pa naman tayo sa special classes natin e” sabi ng binata.

“Were you listening? How did you do that?” tanong ni Hilda at maski si Abbey gulat. “Ha? I don’t know basta parang naririnig ko lang kayo. Abbey sige na umoo ka na. High level si lola, o mas malakas ka sa akin so pwede mo ituro later. E dito basic, ito kailangan ko kasi wala ako alam. Nadaanan mo na to diba? So pwede mo parin ako turuan, pero pag namaster ko pwede din kita irefresh later” lambing ng binata.

“O sige, basta alam mo naman yung mga kailangan natin ayusin diba? Focus ka don ha, tapos kung may maganda din ako matutunan na pwede sa atin itututuro ko agad sa iyo” pacute ng dalaga. “Sige sige, oy Grandmama, turuan mo ng maayos si Abbey ha, at wag mo siya hahayaan masaktan, huh sige ka sinasabi ko sa iyo” banta ni Raffy at pumasok na siya.

“Grandmama! We need a bigger classroom!” sigaw ni Raffy sa loob at nagtawanan sina Abbey at Hilda. Naglakad na pabalik sa highschool building yung dalawa, ang dalaga lingon ng lingon kaya siniko siya ni Hilda. “Kayo na ba?” bulong niya at nagulat si Abbey.

“Hala si lola, the Buzz o” banat niya at natawa yung matanda. “Iha its okay I can keep a secret. You can tell me. Lagi kayo magkasama so is there something beyond your partnership?” hirit ng matanda at tumawa si Abbey at namumula ang kanyang mukha. “Lola wag kang ganyan” sabi niya.

“Di mo pa ba siya sinagot?” tanong ni Hilda. “Hala talaga si lola, wala pang time para diyan. Studies first po dapat” sagot ni Abbey. “Aysus, palusot ka pa, alam mo iha its okay. I can see naman that you like him and vice versa” sabi ng matanda. “What is there not to like about him?” bulong ni Abbey at kinilig yung matanda kaya sobrang natawa ang dalaga.

“So kayo na ba?” tanong ni Hilda. “Lola hindi pa, we are just enjoying being with each other. May goal po kaming dalawa ni Raffy, gusto namin maabot yon kaya siguro busy kami masyado to think about that as of now” sagot ni Abbey. “I see, I can accept that answer pero iha sasabihin mo sa akin pag kayo na ha” landi ni Hilda at todo halakhak si Abbey.

Kinabukasan sa grade two magic class nasa labas ang lahat ng estudyante sa may batis. Pinapaliwanag ni Grace yung tungkol sa nature magic habang ang grade school prinicipal nandon para manood at umalalay. Nakikinig ang lahat at namangha sila nang magpakitang gilas si Grace.

Kumuha siya ng isang seed at nilapag sa lupa, sa isang pitik niya napanood ng lahat na nilalamon ng lupa yung seed at ilang saglit nagliwanag konti yung lupa, may umuukit na daanan at yung tubig mula sa batis dumadaloy konti papunta doon. Isang pitik pa at dahan dahan tumutubo yung seed sa isang halaman, tumigil si Grace at umentrada si Lani.

Pinitik niya kamay niya at yung munting halaman dahan dahan nagiging puno. Palakpakan ang mga bata lalo na si Raffy. Yung seed naging isang maliit na puno hanggang lumaki ito at nagbunga ng mga apples. Tumayo si Raffy at pumitas ng isa sabay kumagat agad, “Ang sarap!” sigaw niya.

Nagtayuan ang mga bata kaya naging abala si Raffy na pumitas ng mga bunga. “Teachers! Kulang, more apples” sigaw ni Raffy na umakyat na sa puno at nagtulong sina Grace at Lani para magbunga pa yung puno. Naaliw sila

pagkat tuwang tuwa ang mga bata habang si Raffy naman nagbaging baging sa puno kaya grabe yung tawanan.

"Teachers kayo siguro yung nag aalaga sa buong campus ano?" tanong ni Raffy. "Why yes iho, all elementary teachers maintain the beauty of our campus" sagot ni Lani. "This is magic, sana lang teachers ipadala kayo sa mga kinakalbong bundok at mga gubat natin" sabi ng binata.

"Iho kahit gusto namin gawin yon, how can you explain to the people na biglang tumubo ang mga puno sa isang araw? At kung lumago man ang mga puno ulit sa tingin mo ba di babalik ang mga suwail at gahaman para putulin ulit sila? There are too many greedy people out there" paliwanag ni Lani.

"Ang nakakatakot iho, if they learn we can do magic and raise trees, baka kunin nila tayo and force us to make trees for their pleasure. Until people become responsible then we cannot help. Habang may gahaman it would be very risky. Do you understand?" tanong ni Grace.

"Yeah, pero sayang no? Maybe one day it can happen" bulong ni Raffy. "Will you make it happen?" tanong ni Lani at napatingin sa paligid ang binata at napangiti. "Sasabihin ko kay Abbey, gagawin namin isa pang goal yan. Third on the list ko yan" bulong ni Raffy.

"And what is your first goal iho?" tanong ni Lani. "Stop all this fighting" sabi ni Raffy. "So what is your second goal?" tanong ni Grace at napangiti ang binata at parang kinikilig. "Ah basta, sige na teach us na para pag natupad yung una, makakatulong din kami sa third goal. Kung sasali si Abbey sa miss Universe sasabihin niya, stop Global warming, siyempre tatawanan siya pero huh di nila alam gagawin namin yon no" bigkas ng binata.

Napangiti nalang yung dalawang guro pero nagpanic sila pagkat ang daming mga estudyante sumusubok narin umakyat sa puno. "Raphael get down!

Tignan mo ginagaya ka na nila" sigaw ni Lani. "No! Kimmy get down!" sigaw ni Raffy at ngumisi yung bata at binira siya ng illumina. Bumagsak sa lupa si Raffy at tumawa ng malakas, napuno ang mga sanga ng puno ng kids na kumakain ng apple. "Yeah…one day I promise this will happen" bulong niya.

Nagsimula ang lessons, unang tinuro yung pagcontrol sa lupa. Nagpractice sila lahat sa mga pebbles, kinailangan nila ipalamon sa lupa yung pebble. "Kids, alam ko mahirap ito konti kaya mas maganda if you plant your hands sa ground. Then focus kids, try to control the earth to eat your pebbles. Parang hinuhukay niyo lang siya" paliwanag ni Grace.

"Mwihihihihihi!" sigaw ni Raffy sa tuwa pagkat napabaon niya sa lupa ang kanyang pebble. Naiinggit ang kanyang mga kaklase, bago pa makalapit ang mga guro tinipon ni Raphael ang kanyang mga kaklase. "Ganito lang yan o" sabi niya at siya na ang nagturo kaya napangiti yung dalawang guro.

"Very good Kimmy!" sigaw ni Raffy pagkat nagawa nung bata. Sunod sunod na ang mga kids kaya tumayo si Raffy at lumapit sa mga guro. "Teachers, yung Apocalypta ni grandmama ganito din yon no?" bulong niya. "Yes, this is the basic foundation of that spell. Pero high level magic na yon as you saw it was very powerful" bulong ni Lani.

"Mwihihihi…excuse me teachers may gusto ako subukan" paalam ng binata at lumayo siya konti. Nagatago si Raffy at kumuha ng maliit na bato. Nagawa niya malamon yung bato kaya tuwang tuwa ang binata. Sina Lani at Grace pasimpleng nagtatwanan din. "Madam is it really okay na hinahayaan natin siya magpractice ng ganyan?" bulong ni Grace.

"Its okay, let him be. Maganda din yung curious student. Ilan ba ang ganyan? Pero at least we know may maganda siyang intention kaya lang siguro gusto niya din malaman yung foundations nung mga strong spells na nakita na niya" paliwanag ni Lani. Muling natawa yung dalawa nang kumuha si Raffy ng mas malalaking bato.

Nagawa niya lahat kaya bigla siya nawala. Pagbalik niya halakhakan sina Lani at Grace pagkat may dalang super laking bato si Raffy. Lumuhod ang binata sa harapan ng bato. Nanginginig na siya at natatae pagkat hindi niya magawa ipalamon sa lupa yung malaking bato.

"Goodluck Raphael" bulong ni Lani at pasimple sila nagtawanan ni Grace. Galit na galit yung binata kaya nagsimula ulit siya sa maliit na bato. Nakabalik siya sa malaking bato, todo concentrate siya at biglang may naisip. "Ah baka gusto mo bigyan kita ng codename…Apocalypta kay grandmama yon…Kainous Lupatous" bigkas niya pero walang nangyari at lalo lang natawanan ang mga guro.

Lumingon si Raffy at nagpacute. "Wag niyo naman ako tatawanan" sabi niya. Humarap ulit siya sa bato at nakipagtitigan dito. "Please wag mo naman ako ipapahiya kina teachers, kailangan maganda ang first impression nila sa akin" bulong niya. "Kainous Lupatous" bigkas niya at wala talaga nangyari.

"Kainous Lupatous!" hiyaw niya at dinabog niya mga kamay niya sa lupa at natuwa siya sobra pagkat nagkaroon ng butas at nashoot yung malaking bato sa loob ng lupa. "Yes!!!" sigaw niya sa tuwa pero nakarinig siya ng malalakas na sigawan. Paglingon niya wala na siyang makitang tao at ang daming mga butas sa lupa.

Lumapit si Raffy at nagulat siya sa lalim ng mga butas, nakarinig na siya ng mga iyakan kaya isa isa niya binisita ang mga butas at pinailawan. "Kids! Don't cry! Use illumina! Part ito ng lesson nila sa atin. Sige na illumina na dali" sigaw niya at yung mga butas nagkaroon ng ilaw at yung mga iyak napalitan ng mga tawa. "See that kids, surprise attack nila teacher yan sa atin, o diba ready tayo pagkat ganyan illumina agad at wag matakot sa dilim" sabi niya.

Lumapit siya sa butas nina Lani at Grace, yung dalawa galit nag galit pagkat sobrang lalim ng butas. "Go ask for help" sabi ni Lani at nakapamot yung

binata at agad tumakbo. Sa highschool grounds tumakbo ang binata at nagsisigaw. “Help! Help! Grandmama! Daddy!” hiyaw niya at sumulpot sa harapan niya sina Hilda at Pedro. “What is wrong?” tanong nila. “Ah..kasi nashoot sila sa butas…ang lalim po at di ko sila maabot” paliwanag niya.

Bumalik sila sa batis at nakita nila si Lani at Grace nakalabas na at gumagamit ng levitate magic para isa isa palabasin sa mga butas ang kids. “What happened here?” tanong ni Hilda. “Raphael happened” sabi ni Lani at tumulong na yung dalawa sa paglabas sa mga bata.

“I can help” sabi ni Raffy. “You have not learned this high level spell” sabi ni Pedro. Nagsimangot ang binata, “Napanood ko naman sa Harry Potter, ahem…wing guardian leviosa” banat niya with British accent pero walang nangyari. “Raphael bumalik ka nalang doon at tumawag ng ibang professors” sabi ni Hilda.

“Grandmama naman, I can help if you just teach me the spell” tampo ng binata. “Hay naku, just say levitate, but you should know too what it does” sabi ni Pedro. “Ah alam ko, gagamit ako ng wind kasi di ko pa alam yan gravity control. Huh akala niyo ha, I can improvise, I can control wind” bulong ng binata at tumapat siya sa isang butas at nakita niya si Kimmy.

“Relax Kimmy, kuya Raffy is here. Ahmmm…levitate” bulong niya at tumawa yung bata. “Wala naman nangyari” sabi ni Kimmy. “Sandali lang voice lessons ko lang yon..eto na” sabi ni Raffy. “Levivate!” sigaw niya at umangat sa ere ang mga guro. “Raphael!!! Go call the others now!” sigaw ni Hilda kaya tumawa ang binata at tumakbo nalang para humingi ng tulong.

Pagkatapos ng magic lessons pingot ni Hilda ang tenga ni Raffy habang pabalik sila sa high school campus. “Sorry na grandmama, di ko naman sinasadya e” sabi ng binata. “Lola! Bakit mo siya sinasaktan?” tanong ni Abbey at agad bumitaw si Hilda pagkat may kakaibang init siyang naramdaman.

“Kasi ito nilibing niya ang kanyang classmates at teachers” sabi ng matanda at tumawa si Abbey. Kinuwento ni Raff yang kanyang nagawa at super laugh trip yung mag partner. “Ano ba kasi ginagawa mo iho?” tanong ni Hilda. “Grandmama gusto ko lang malaman yung basics nung spell niyo na malakas. E earth magic yon kaya nagtry lang naman ako e. Nung sinubukan ko na yung malaking bato di ko naman alam sila yung lalamunin e” paliwanag ni Raffy.

“Wait as in nilamon? Like the power of lola?” tanong ni Abbey. “Huh, of course not. Pero ang lalim na butas, parang butas ng balon” sabi ni Hilda. “Wow, nagawa mo yon?” tanong ni Abbey. “Oo pero di ko alam pano, gusto ko lang malamon yung bato e, pero grandmama I kept them calm, pinagamit ko sila illumina. O ha, at least nagamit nila powers nila sa dark” pasikat ni Raffy.

“Raffy stick to what they are teaching you please. Baka kung ano nanaman magawa mo. Don’t try that magic again. You can try it when you mastered basic earth magic already” sabi ni Hilda. “Okay grandmama, sorry po, curious lang po ako” sabi ng binata. “Good, sige na you two may go home” sabi ng matanda.

Habang naglalakad yung dalawa lumingon si Raffy. “Abbey pwede natin gamitin yung two new moves” bulong niya. “Two new moves?” tanong ng dalaga. “Oo kasi kaya ko din magpa levitate…pero mali pa e pero pag ikaw I am sure makukuha mo” sabi ng binata. “What? Pati levitate?” tanong ng dalaga.

“E yun ang ginamit nila sa paglabas sa kids. Ginaya ko pero ayaw nila ako turuan kaya ginamit ko yung wind ko. Pero mali e sina grandmama at daddy mo yung nalevitate” sabi ni Raffy at tawang tawa ang dalaga. “Sige practice natin yon sa Sabado sa bundok” sabi ni Abbey.

Palabas na sila ng magic wall nang humarang yung hit squad ni Joerel. “Excuse me po uuwi na kami” sabi ni Raffy. “You two should be ready always, eto tinatawag na surprise attack” sabi ni Joerel. “Sir pwede next time kasi pagod na kami sa klase e” makaawa ni Raffy.

“At sa tingin niyo may awa ang mga kalaban niyo?” tanong ng guro. “Fine, Levitate!” sigaw ni Raffy at lumutang sa ere ang mga alagad kaya nagulat si Joerel. “Ibaba mo kami! Lumaban kayo ng patas!” sigaw ni Joerel pagkat naka ready na magpaapoy si Abbey. “At sa tingin niyo lalaban ng patas ang mga kalaban?” landi ni Raffy.

“Raphael put them down! Joerel bukas na yan at pagod ang mga bata” sabi ni Hilda mula sa malayo. “Opo madam, sige na ibaba mo na kami” sabi ni Joerel at bumitaw na si Raffy. “Ang galing mo, dapat ituro mo sa akin yan sa Sabado” sabi ni Abbey. “Sabado you will be busy with us” sabi ni Joerel.

Lumingon si Raffy at nakita wala na si Hilda, “Kainous Lupatous” bigkas niya at nagsigawan ang mga alagad pagkat nalaglag sila sa mga butas. “Raphael!!!” sigaw ni Joerel at tumakbo na palabas yung magpartner at nagtawanan. May kakaibang ngiti si Abbey habang nakatitig siya sa kanyang partner.

“Bakit Abbey?” tanong ni Raffy. “Wala lang…” bulong ng dalaga at dahan dahan niya niyakap ang braso ng binata. “Pagod ka?” tanong ng binata. “Oo e, okay lang?” tanong ng dalaga. “Yup” sagot ni Raffy at sobrang laki narin ang ngiti niya sa kanyang mukha.

“Kainous Lupatous” bulong ni Abbey at umariba ulit sila sa tawa.

Chapter 7: Elemental Control

Kinabukasan sa recess kumakain ang magpartner kasama sina Yvonne, Cessa at Felicia. “Uy alam niyo ba si Teddy daw nakakuha ng scholarship sa magic school abroad” kwento ni Cessa at nagulat yung magpartner. “Ows? Buti pa siya” sabi ni Abbey at nagkakatitigan sila ni Raffy pagkat alam naman nila yung totoong kwento na na expel si Teddy at natanggalan ng magic powers.

“Di niya deserve yun, kung meron dapat deserving kayong dalawa yon” sabi ni Felicia. “Uy di naman, Teddy is really good naman din. Well at least doon nalang siya magyabang” sabi ni Raffy. May humawak sa balikat ng binata kaya sabay sabay sila napalingon.

Isang college student ang nakatayo sa likuran ni Raphael, “Hinahamon kita sa isang duelo” sigaw niya bigla at nateleport yung dalawa sa main grounds. Tumakbo si Abbey at mga kasama palabas para manood. Si Raphael napakamot habang dumadami na ang mga estudyante sa grounds para panoorin ang pinaka unang duelo ng new school year.

“Sorry Raphael, gusto ko lang malaman kung ano kaya ko” sabi nung college student. “Okay lang pare, tara na” sigaw ng binata at nagkasuguran sila, umapoy kamao nung college student, sumigaw si Abbey pagkat hindi lumihis si Raffy at parang hinahayaan niya umabot yung suntok sa kanyang mukha.

“Raffy!” sigaw ng dalaga pero ngumiti lang partner niya at nagulat ang lahat nang parang may ice shield layer na namuo sa mukha ni Raffy. Tumama yung suntok ngunit nagslide yung kamao palahis, umangat kamay ng kalaban at doon bumira si Raffy ng isang simple ngunit kargadong suntok sa tiyan.

Tumalsik yung college student at agad namilipit sa sakit sa tindi ng tama niya sa tiyan. Tumalikod na si Raffy, yung college student naupo at bibira pa sana ng fire ball papunta sa binata. Tumayo ng tuwid si Raffy at humarap at

inantay yung fireball makalapit sa kanyang katawan sabay tulad ng tinuro sa kanila hinarap niya kamay niya at hinuli niya yung fireball.

Tinitigan niya yung fireball sabay hinipan ito hanggang sa namatay. Nahiga yung kalaban at tinaas ang kanyang kamay. “I surrender” bigkas niya at nagpalakpakan ang lahat lalo na nung lumapit si Raffy at tinulungan ang college student na bumangon.

“Layo ko pa talaga” sabi niya. “Dude, practice lang. Di kita nakita last year ha” sabi ni Raffy. “Di ako masyado fan ng duels pare pero since graduating na ako why not. Pero grabe ka, halimaw ka talaga. Salamat sa pagsubok ha” sabi niya. “Raphael pare” sabi ni Raffy. “Rainier, nice to meet you pare” sabi nung college student at nagkamayan yung dalawa.

Dumating si Erwin at kinuha si Rainier, “Sir I am fine” sabi niya. “No youre not, come on iho trust me” sabi ng guro. “Pasikat” pacute ni Abbey at napakamot si Raffy. “Sorry, alam mo maganda din pala ang duelo kasi pwede natin practice yung mga inaaral natin e” sabi ng binata.

“Pero Raffy we cant use it, schoolmates natin sila” bulong ng dalaga. “Oo alam ko yon kaya nga yung basics lang e. Tapos yung defense, nagawa ko narin sa wakas yung ginawa ng daddy mo. Alam mo sa tingin mo ba kunwari yung attack nila no, can we use it to attack them?” tanong ng binata.

“What do you mean?” tanong ng dalaga. “Imbes na palusawin sa defense, what if matuto tayo icontrol sila para maintain sila hanggang sa kaya natin sila ibalik?” tanong ng binata. “Pwede ba yon?” tanong ng dalaga. “Ewan ko, tulad kanina hinawakan ko yung apoy, pero unti unti siya nalulusaw kasi naka defense tayo e. What if hawakan lang natin siya o kaya saluhin para pwede natin itira pabalik?” tanong ng binata.

“Its possible only if you know what that power is” sabi ni Hilda na biglang sumulpot. “What do you mean lola?” tanong ni Abbey. “For example Pedro attacks you iha with a fireball, you can catch it, then return it since you too know how to use flames. So instead of defending you catch it and you can maintin its form or power since alam mo naman gumamit ng same magic” paliwanag ng matanda.

“O see pwede e, tapos grandmama diba di ka pa mababawasan ng magic power kasi meron na e, ang gagawin mo nalang ibalik siya” sabi ni Raffy. “Hmmm yes pero gagamit ka konting konti lang para mamaintain yung tira na yon at maibalik to attack” sabi ni Hilda. “O Abbey aralin mo kasi mas malakas ka” sabi ng binata.

“Pero kapag di niyo alam yung tinira sa inyo, then you get hurt kasi di kayo prepared at di niyo alam ano yon. Yang iniisip mo Raffy is indeed good, a lot can do it kaya lang if it was that easy then ano pasahan nalang ng tira? Sa totoong laban iho the wizards already know that kaya kargado din ang mga tira nila”

“Alam nila pwede mangyari yon, but they are afraid to use it kasi what if kargado pala tira nila ng ibang elements na di nila alam. In the end they end up hurt. Do you understand?” tanong ng matanda. “Ah I see, so dapat pala kilala mo talaga kalaban mo no?” tanong ni Raffy. “Exactly iho, pero dito sa duels, if you can why not? Since all of you are just using basic magic, if you can do it then do it but we wont teach you” sabi ng matanda.

“Ay grandmama youre unfair” sabi ni Raffy. “You two listen, if we teach you that the others will ask to be taught too. Pano kung kayo kaharap nila. You both know that Abbey’s flames are not normal, they might think it is normal so they would try. They will end up hurt” bulong ni Hilda. “Ah okay lola, pero lola wait, if may aatake sa akin na flames, imbes na magdefend ako I can just take it right? Tapos since alam naman nila fire user ako pwede ko nalang ibalik” bulong ni Abbey.

“Yes pero wag mo naman ipapahalata na binalik mo lang” bulong ni Hilda. “Ay kailangan ko talaga mag aral sa elementary pa. Gusto ko din yan. Para di tayo maubusan ng power Abbey, dagdag natin sa listahan natin yan” sabi ni Raffy at sabay sila umalis.

Nakangiti si Hilda at tumabi sa kanya sina Felipe at Pedro. “Araw araw may natututunan sila. “Ikaw kasi pare pasikat ka masyado nung nagtuturo ka e. Nakita nila nilaro mo lang mga tira nina Ernie at Prudencio” sabi ni Felipe. “Excuse me, kaya ko nga hinocus pocus kunwari mga kamay ko para di halata na binabalik ko lang e, tapos hinaluan ko pa ng flames” sabi ni Pedro.

“Tumigil nga kayong dalawa, just be proud of them. Their curiousity is so welcome. Madami sila matututunan” sabi ng matanda. “Huh pati yung Apocalypta mo sinubukan ni Raphael” bulong ni Felipe. “Pero palpak” banat ni Pedro. “But he got the basics already. My Apocalypta spell is like that when I started, kaya lang syempre kontrolado ko na”

“I open the earth, take the opponents in, I quickly squeeze them in. Yung added elements doon ay under the earth pinipiga maigi ng lupa ang mga katawan. Now imagine if Raffy can master the earth element…ang lalim nung butas…pag namaster niya yon patay agad ang kalaban pag piniga buong katawan nila” sabi ni Hilda at nangilabot sina Pedro at Felipe.

“Pero di ganon si Raffy” sabi ni Felipe. “I know, he knows that too. Pero just imagine if they get mad or if someone hurts Abbey. Konting sakit lang maramdaman ni Abbey magrereact na siya, vice versa yan. Kaya si Abbey she is trying to show Raffy that kaya niya kasi she knows Raffy can be so destructive and over protective. She knows if she gets hurt Raffy will really hurt those who hurt her” paliwanag ng principal.

“Kunwari pa kayo diyan. Ganyan din naman kayong dalawa noon. Sabi ko nga kung isa sa inyo naging babae noon…la la la la” landi ni Hilda at napakamot nalang ang mga ama ng mga bata.

Sa grade two magic class napakamot si Raffy pagkat todo bantay si Lani sa kanya. Nandon din yung mga hit squad ni Joerel sa paligid para umalalay. “Why are they here?” bulong ni Raffy. “Baka kung ano nanaman magawa mo, mabuti nang maingat. Come on listen to your teacher” sabi ni Lani.

“Kids, today’s lesson is to make a path for the water to run sa land. May tubig tayo sa batis, yesterday you learned how to control the earth. So pano dadaloy ang tubig papunta sa plant niyo if walang water? So you make a path para makadaloy yung tubig. Like this” sabi ni Grace at pinakita niya may nauukit na daanan sa lupa at ilang saglit dumadaloy na ang tubig doon.

“Wag kayo impatient ha, just try and try” sabi ng guro. Lumuhod na si Raffy pero todo bantay talaga si Lani sa kanya. Nagfocus si Raffy at naaliw siya nang naaukit talaga yung lupa. “Very good Raffy” sabi ni Lani sabay haplos sa ulo ng binata. Lumingon yung kids at inggit nanaman sila kaya nagturo ulit si Raphael.

Pinalinya ni Raffy ang lahat paharap sa batis. Sabay sabay sila umukit sa lupa at nagtalunan sila sa tuwa nung napadaloy nila yung tubig mula sa batis sa nagawa nilang daanan. “Oh practice makes perfect! Come on tabunan ulit natin yung nagawa natin tapos ulitin natin. Tapos mamaya gawin natin paikot ikot tapos paeikis ekis naman” sabi ng binata.

“Madam is this okay he is taking over?” tanong ni Grace. “Hayaan mo na, kita mo naman naaliw yung mga bata at gusto nila matuto pa” bulong ni Lani. “Kids come on keep practicing, tama si kuya Raffy niyo kasi siyempre pag magtatanim kayo di naman pwede lagi diretso yung dadaanan ng water natin e. Sige na keep practicing” sabi ni Grace.

Aliw na aliw sina Lani at Grace sa paiba ibang design ng mga bata. Lumipas ang ilang minuto sabay sila lumingon, “Nasan si Raffy?” tanong ni Lani at nagulat sila nang makita nila sa malayo ang binata naghuhubad ng uniform.

“Raphael! What are you doing?!” sigaw ni Grace. “Mwihihihihi…lookey lookey…” landi ng binata at sumugod ang kids at nagsibuharan narin.

Nakagawa si Raffy ng isang swimming pool sa tabi ng batis. “Hoy! Di na ako kasya! Wait…uy!” sigaw ng binata pagkat naunahan siya ng kids at ang bilis napuno nung maliit na swimming pool na nagawa niya. Lumapit ang mga guro, tawang tawa sila pagkat siksikan ang mga kids sa pool.

“Sorry po” bulong ng binata. “Anong sorry, ayusin mo yan para magkasya kayo lahat” sabi ni Lani. “Hala madam you are encouraging him” sabi ni Grace. “Oh come on, look at the kids, they are happy. Raphael do it” sabi ni Lani at pinanood nila si Raphael gumawa ng hukay sabay mga walls nito pinalibutan niya ng yelo. Pinadaloy niya yung tubig mula sa batis at may second pool na agad.

Dismissed na si Abbey kaya pinuntahan nila ni Hilda si Raphael. “He should be there making sundo me na bakit late sila?” tanong ng dalaga at napangiti si Hilda nang makita yung tatlong swimming pool sa tabi ng batis. Sa isang pool nakababad yung mga elementary teachers habang si Raffy kasama ang ibang kids sa isang pool.

“Di pa kasi sagutin e, tignan mo nanaman nagawa niya” bulong ni Hilda at napangiti si Abbey. “Hey Grandmama, lookey lookey” landi ni Raffy. “Ikaw gumawa nito Raffy?” pacute ng partner niya. “Yup, turo ko sa iyo grabe ang dali lang pala e” sabi ng binata.

Umahon si Raffy at sa isang pitik ni Abbey nadamitan na ito agad. “Sorry ha, kasi nagkatuwaan kami di kita tuloy nasundo. At mukhang late pa ako makakauwi kasi paparusahan ako ni grandmama” sabi ni Raffy. “No iho you two can go” sabi ni Hilda. “You are not mad lola?” tanong ng dalaga.

“Why should I get mad? Ganito naman talaga ang magic. Pero mukhang malamig yung pool” sabi ni Hilda. “E kasi lola di naman ako marunong ng stone magic. Gusto ko sana stone walls pero ice lang alam ko. Pero mainit naman yung water sa batis, kinapalan ko yung ice para yung hot water naman siguro mag stabilize sa cold ice. Pero try niyo po siya di siya maginaw” sabi ng binata.

“Good job iho” sabi ni Hilda at masaya yung dalawa umalis. “O akala ko ba uuwi na tayo?” tanong ng dalaga pero pumasok sila sa secret entrance at nagtungo sa bundok. Nagulat si Abbey nang makita may ginawa pala siyang napakagandang iced pool sa paanan ng waterfalls. “Eto naman yung para sa iyo, di pasiya tapos kasi kanina patakas takas ako nung ginagawa ko ito e” sabi ni Raffy.

“Wow…hala may dragon ice sculptures pa” sabi ni Abbey at nayakap niya bigla ang partner niya. “Sorry ha di pa tapos, pero may mali e. Tama si Grandmama kasi malamig nga yung ice, kaya papatulong ako kay supahgramps para bato yung flooring at walling niya tapos pwede mo gamitin yung power mo tulad nung bakasyon natin papainitin mo yung water” sabi ng binata.

“We can relax here after practices” sabi ng dalaga. “Hmm baka naman maligo dito si Dragoro e. Pero dibale kausapin ko siya at gagawan ko nalang siya ng sarili niyang pool sa likod” sabi ni Raffy. “Kailan mo siya tatapusin?” pacute ng dalaga. “Pet project ko ito, pag bukas makatakas ulit ako tutuloy ko siya. Basta tatapusin ko ito at sana wag magalit si supahgramps” sabi ng binata.

Umalis na yung dalawa at biglang sumulpot si Ysmael. Tinaas niya kamay niya at may mga bato galing sa bundok at nagbagsakan sa pool. Konting ayos pa at gawa na bato sa ang walling ng waterfalls pool na ginawa ni Raffy. “Oo nga naman, sana gumawa na ako nito noon pa…Raphael talaga kakakiba ka” bigkas niya sabay iniwan na yung pool area.

Samantala sa mga gawang pool ni Raffy sa campus nagtipon tipon ang mga guro at nagbabad. “Kahapon alam niyo naman yung incident, today look at what he did” sabi ni Hilda. “Yesterday Grace taught them how to plant seeds, of course they practiced with pebbles. Pero si Raffy kakaiba at gusto malaking bato at tuloy kami yung nalaglag sa mga butas” kwento niya at tawanan ang lahat.

“Today tinuro ko yung water pathway, and eto and resulta ng kanyang imahinasyon. He combined what he learned yesterday and today plus his ice magic skills” dagdag ni Grace. “Just imagine if you teach him all the basics, grabe he is using them in a good way” sabi ni Lani.

“Tayo ang tagal na natin dito di man lang natin naisip ang ganito” sabi ni Prudencio. “Yesterday he was able to levitate us” sabi ni Pedro at nagulat yung iba. “Tinuro mo ba?” tanong ni Felipe. “Hindi, siya mismo gumawa pero kakaibang levitation, not using gravity but he used wind” paliwanag ni Pedro.

“Do not teach him the gravity magic yet” sabi ni Hilda. “Or else magulat nalang kayo floating na ang schools natin” banat ni Felipe at tawanan ulit sila. “Pero yung ginawa niya kahapon kakaiba, first try palang niya napalutang niya kami sa ere” sabi ni Pedro.

“And we could not move” sabi ni Hilda at nangilabot sila lahat. “Parang may humahawak sa katawan namin. As in literally kami tinaas mula sa lupa” sabi ni Pedro. “Naramdaman niyo din pala yon, yes its true, parang big hands na gawa sa hanging umangat sa amin mula sa lupa. Ganon din nireport ni Joerel sa akin kasi when they tried to surprise attack the two lahat sila umangat sa ere” kwento ni Hilda.

“Oh my God, juts imagine if he is aware of it. He can easily crush his opponent” sabi ni Romina. “Oo nga e, pero Raffy wont do that. He was just worried about the kids yesterday at guilty siya at nashoot sila sa mga butas.

He wanted to help pero I would not teach him how kaya gumawa siya ng paraan" kwento ni Pedro.

"Dati dati ang tagal niya maturuan, now that he has his magic body back, gutom yung magic body niya para matuto. Yung pagkatao lang ni Raffy talaga ang nagcocontrol sa sarili niya to use those magic in good ways. If he loses himself then he is really scary so mag ingat kayo sa pagturo, do not let Abbey get hurt or else he will go mad" banta ni Hilda.

"Ang nakakatakot pa e he wants to know the basics of the deadly spells. Yung Apocalypta ko inaaral niya. Natatakot ako sobra baka gusto niya alamin pa yung ibang nakita niyang nagamit na" sabi niya. "Do not worry about the killing curses, they are not elemental in nature" sabi ni Prudencio.

"Kahit na pero napatunayan nila that they are really curious. Kung di nila malaman pano they might try it using a different technique. Tignan mo nalang yung levitation" sabi ni Hilda.

Samantala sa loob ng isang kuweba bumalik si Gaspar. Pagbukas niya nung pasukan ng kweba agad siya napatapon palayo. Lumabas ang isang binata at tumawa ito ng malakas bago ito napadapa sa lupa. "Gustavo?" tanong ni Gaspar at huminga ng malalim yung binata at sinubukan tumayo.

"Pagkain…nanghihina ako" bigkas niya. "Pero anong nangyari? Bakit ka bumata?" tanong ni Gaspar. "Bobo! Ganito talaga pag ginamit mo yung Pheonix resurrection power…I feel young again…but all my powers are intact. Pagkain! But there are certain things I cannot remember…ayos lang its worth it" sigaw ni Gustavo kaya kumaripas ng takbo si Gaspar para kunin yung baon niyang pagkain.

Pagkatapos kumain ni Gustavo ramdam niya bumabalik ang kanyang sigla. Tumayo siya ng tuwid at tumawa ng malakas. "Thirty years younger…so

Gaspar ano balita sa mga sleeper students natin?" tanong niya. "Intact din isipan mo?" tanong ng alagad niya. "Bobo ka talaga, sumagot ka na! Natural intact pero sabi ko nga may memory gaps ako. Ganyan talaga ito" sigaw ni Gustavo.

"Well as predicted, malambot ang puso nila. Tinatayo nila yung new school for the Pheonix users at they plan to announce it sa inter school grand duels event" kwento ni Gaspar. "Oh really? Good, kumusta na si Froilan?" tanong ni Gustavo.

"Nasa mental na siya, naalis ang kanyang magic body" sabi ni Gaspar. "Inalis nila?" tanong ni Gustavo. "Hindi, basta nung nakabalik ako sa school to get your ashes nakita ko siya doon, they healed him pero wala na siyang magic body. Hinayaan nila siya makawala pero intact utak niya"

"Sinasabi niya magic user siya kaya as expected kinulong siya sa mental hospital" sabi ni Gaspar. "Sayang…pero meron pang isa…ano nangyari sa kanya?" tanong ni Gustavo. "Nandon nakakulong sa institute…si Teddy" bulong ni Gaspar at tumawa si Gustavo.

"Very good…very good…I want those two! Raphael and Abbey! I want them so badly" sabi ni Gustavo. "Mahina ka pa" sabi ni Gaspar. "Alam ko, hayaan mo muna sila. Inter school duel event ha…hmmm" bigkas niya sabay tumawa ng sobrang lakas.

Chapter 8: Nature Magic

Biyernes ng umaga sa regular classes napansin ni Abbey na malayo ang tingin ng kanyang partner. “Raffy di ka nakikinig sa prof” bulong niya. “Ha? Ay oo nga sorry kasi may iniisip ako e” sagot ng binata. “Ano naman iniisip mo?” tanong ng dalaga. “Hindi ano, sino dapat” sabi ni Raffy.

“O sige sino naman iniisip mo?” tanong ni Abbey. “E di ikaw” pacute ni Raffy at natawa ang dalaga bigla siya kinurot. Medyo uminit sa loob ng classroom kaya nag behave na agad ang dalaga. “Sige na what are you thinking of? Alam ko naman may iniisip ka nanaman e” lambing ng dalaga.

“Yung tinuturo sa amin sa grade school. Kasi kung doon nagstart ang lahat ng pagtuturo ng magic e pano naging ganito ang sitwasyon? Diba? Parang gusto ko malaman lang pano ba talaga nagstart yung paglalaban laban. I know pasikatan for sure pero diba sabi nila yung super power beings ilang beses umilit”

“Then they stopped nung nakita nila peaceful na. Iniisip ko lang what the hell happened again kung bakit nagkagera gera nanaman” sabi ng binata. “Hay naku Raffy, ang layo ng iniisip mo masyado. Focus ka nalang sa lesson natin okay?” pacute ng dalaga. “Okay” bulong ni Raffy sabay huminga siya ng malalim at napatingin sa labas ng bintana.

Pagsapit ng recess magkasama yung magpartner papunta sa canteen. May humarang na magandang grade nine student at nanginginig ito. “Raffy ano ibig sabihin nito?” tanong ni Abbey sabay agad siya nagtaas ng kilay. “Ha? Hala di ko yan kilala” sabi ng binata sabay tinaas niya ang kanyang mga kamay.

“Ah ate…ah…please” bulong ng dalaga at humawak siya sa balikat ni Abbey. Nagkatinginan yung magpartner, naantig sila sa natatakot na dalaga. “Sige na kaya mo yan” udyok ni Raffy. “Its okay sige lang go ahead” lambing ni Abbey at takot na takot talaga yung dalaga. “Sige na alam mo wag ka matakot, the mere

fact na lumapit ka at nagtry panalo ka na e. Tignan mo nakuha mo atensyon ng lahat o, sige na tuloy mo na kasi pinakita mo na brave ka na" bulong ni Raffy at ngumiti si Abbey.

"Sige na sigaw mo na, don't be shy" sabi ni Abbey. "Hinahamon kita ate sa isang duelo!" sigaw ng dalaga at nagulat ang lahat pero yung magpartner napangiti. Teleport yung dalawa sa gitna, "Abbey let her hit you naman once para magka confidence siya" sabi ni Raffy gamit ang kanyang isipan. "Yup yun ang balak ko" sagot ng dalaga.

"Abbey..dont kill her" banat ni Raffy at nagpigil ng tawa si Abbey para di mainsulto ang kanyang kalaban. Ang daming nanood ng first duel ni Abbey, yung grade nine student sumugod, lumihis si Abbey at sadyang minintis ang tama ng kanyang fireball. Sumigaw yung grade niner sabay tumalon, pumikit at biglang nagpakawala ng wind blades.

"Oh shit youre so cool" sigaw ni Raffy at maski yung iba nabilib sa kakaibang wind blades na tinira ng dalaga. Ngumisi si Abbey, nakailag siya sa wind blades at nagpaikot siya sa ere at pagharap niya nagpawala siya ng twin fireballs pero tumalon sa tuwa si Raffy pagkat ang ganda ng mga hugis ng tira ni Abbey.

Mintis yung twin fireballs, nilampasan lang nila yung kalaban. Yung grade niner sumugod habang si Abbey kunwari iika ika sa maling landing. "Hoy Abbey! Defend!" sigaw ni Raffy pero tinignan lang siya ng partner niya sabay ngumisi. "Return!" bigkas ng dalaga at yung twin fireballs na lumampas biglang bumalik. Tatama na sana yung suntok nung grade niner sa mukha ni Abbey pero nauna tumama yung twin fireballs sa kanyang likod kaya bagsak siya sa lupa.

Napabilib ni Abbey ang lahat ng manonood, si Raffy parang nanigas at nanlaki ng todo ang kanyang mga mata. Nagbow si Abbey sabay tinulungan bumangon ang kanyang kalaban. "Are you okay?" tanong niya. "Opo ate,

malayo pa ako talaga. Pero salamat ate ha" sabi ng kalaban. "Here let me get you changed at sunog damit mo" sabi ni Abbey at sa isang pitik bago na yung uniform nung grade niner.

Sabay sila lumapit kay Raffy, ang binata biglang tinuro ang partner niya at nagtatalon. "Madaya ka! Whooo! Tinatago mo yon sa akin! Return? Whoo Abbey madaya ka!" sigaw ng binata at natawa yung dalawang dalaga pagkat nagtatantrum talaga yung binata.

"Pasensya ka na, ganyan talaga yan" sabi ni Abbey. "We just heard stories about you two. Kasi we couldn't watch last year diba? E ako yung slow learner sa batch ko, ayaw ko na kasi nabubully kaya sorry ate ha" bulong ng dalaga. "Bully? Raffy halika may nagbubully daw sa kanya" sumbong ni Abbey.

"Hala si ate, uy ate wag na po" sabi ng dalaga. "Bully? Sino? Saan? Ituro mo!" sigaw ni Raffy. "Uy kuya wag na po. Para lang po tumigil sila kaya po ako sumubok lumaban" bulong ng dalaga. "Alam mo magaling ka, imbes na tumiklop ka sa bullies gumawa ka paraan para di ka na nila ibubully. Yung iba kasi tinitiis nalang nila e, at least ikaw you are doing something about it in a positive way pa"

"Imbes na you confront them face on, you are trying to sway them by looking at you differently which is good" sabi ni Abbey. "Wala na bubully sa iyo, dumikit ka lang kay Abbey, tuturuan ka niya" sabi ni Raffy. "E kuya sabi nila ikaw daw yung dapat magturo kasi galing ka daw Norte e" sabi ng dalaga.

"Ah..ha? Well…di naman sa nagdadamot ako ha pero mas sanay si Abbey kasi nga ako nag aadjust parin ako dito e. Si Abbey dito na lumaki kaya mas matuturuan ka niya sa tama, the way of the school. E pag ako naman kasi baka maturo ko yung Norte style. Baka magkaproblema ka pa" palusot ni Raffy at nagpipigil ng tawa si Abbey.

“Come on formalities, I am Abbey and this is Raphael” sabi ni Abbey. “Charlene po pero you can call me Charlie” bulong ng dalaga. “Alisin mo na yung po, basta bff na kayo ni Abbey” sabi ni Raffy. “Tama, makitambay ka with us, papakilala kita kina Yvonne, Cessa at Felicia, magagaling din sila” sabi ni Abbey.

“Uy pero Charlie…” sabi ni Raffy at nahihiya ang binata kaya natawa si Abbey. “Sige na sabihin mo na” udyok niya. “Ano yon kuya?” tanong ni Charlie. “Ah…wala wala” sagot ng binata. “Tsk sus nahiya pa, he wants to know about your wind blades” sabi ni Abbey. “Ah yun? Kasi nga slow learner ako, e mula grade school parang yung lang namaster ko kaya nirefine ko lang siya” sabi ng dalaga.

Tumunog yung bell, napakamot si Raffy kasi kailangan na nila maghiwalay. Umalis na si Charlie habang si Abbey hinila na partner niya. “Gusto mo talaga yung wind blades niya no?” lambing ng dalaga. “Oo grabe pero…madaya ka!” sigaw ng binata tumawa si Abbey. “Blame lola” sabi ng dalaga at sakto paparating si Hilda.

“Grandmama! Madaya ka! Bakit yung fireballs niya ang ganda na ng hugis tapos may return return pa. You are so unfair” sabi ni Raffy. “At ano gusto mo mangyari? Bumalik sa iyo yung illumina mo at ikaw ang mabulag?” tanong ng matanda at natawa sobra si Abbey.

“E grandmama I can also do flames” sabi ng binata. “Tambay ka sa store sa kanto at ikaw ang free lighter” banat ni Hilda at super laugh trip sila ni Abbey. “Aha siguro sa lessons niya pinag uusapan niyo ako tapos nilalait niyo ako no?” tanong ni Raffy. “Uy di naman, to naman nagtatampo agad” lambing ni Abbey.

“Basta may kadayaan ka” tampo ni Raffy. “I am teaching them to get accustomed to the innate power that they have. Yes they can also do other magic pero tinuturo ko sa kanila sanayin at lalo maintindihan yung

kapangyarihan na sanay na sanay sila. E alam mo naman si Abbey flames so look at her improvement, she can now manipulate her flames. You see iho once you have mastered and understood your power you can do a lot with it" sabi ni Hilda.

"Kadayaan…pano naman ako?" bulong ni Raffy kaya hinaplos ni Abbey likod niya. "Tumigil ka nga diyan human flashlight with built in lighter" banat ni Hilda. "Aha! Pinag uusapan niyo talaga ako no?" sabi ng binata. "Raphael, in due time. For now learn the basics, madami ka pa matututunan, you still don't know what is your true innate power" paliwanag ng matanda.

"Last year you learned light magic, then you asked to be taught ice magic dahil sa plano mo sa grand event. They taught you fire pero di mo siya gabay masyado. This year you are learning nature magic, so madami ka pa matututunan at doon mo makikita ano ba talaga yung nararapat para sa iyo. Ikaw lang makakapagsabi non. When that time comes then we shall teach you" dagdag ni Hilda.

Naglakad na papunta sa classroom yung magpartner. "Wag ka na malungkot" bulong ni Abbey. "Di naman, nagets ko naman sinabi ni grandmama, naglalambing lang ako sa kanya kasi she looks worried about us being curious" sabi ng binata. "Alam mo ano nag inspire sa akin matuto maigi kay lola kahit wala ka don?" pacute ni Abbey.

"Is it me?" landi ni Raffy. "Yep, kasi last year you really put up a good show. Nainggit nga ako e, mas nauna ka pa nga matuto magform ng magic, remember the spheres, yung ice balls mo tapos may light sa loob. Lola said that is high level magic na…wag mo sasabihin na sinabi ko" bulong ng dalaga.

"Really? High level magic?" tanong ni Raffy. "Oo daw, nagawa mo magcombine, magform, tapos you did it on your own. Trial and error ka, pero yung motivation mo to learn kakaiba e. Kaya nagpursige din ako, sa klase nga

namin ako yung una naka master e kasi iniisip kita lagi. If Raffy could do it then I too could do it" sabi ng dalaga.

"E ikaw din naman inspiration ko last year e. Up to now naman" sagot ni Raffy at nagngitian sila. "Then tuloy lang natin, kasi whatever naman matutunan natin were going to teach other diba?" lambing ng dalaga. "Hoy tama na yan, pasok sa klase" sabi ni Pedro na rumuronda pala. Bungisngis yung magpartner, sabay sila pumasok at nagkiskisan konti mga kamay nila.

Pagsara ng pinto napahaplos sa noo si Pedro, "Acceptance pare ko. Aw they inspire each other tulad natin noon" landi ni Felipe. "Shut up di tayo ganon. Competitive tayo noon at di ganyan" sagot ng bestfriend niya. "Pero umaamin ka na at tanggap mo may namamagitan na sa kanila?" tanong ni Felipe. "Magklase ka na nga! Tandaan mo boss mo ako dito" banat ni Pedro sabay ngisi.

Sa grade school magic class desidido si Raffy matuto. Nakikinig siya kay Grace habang pinapaliwanag ang kanilang first practicum para magpatubo ng bulaklak. "O diba natuto na kayo pano magplant ng seed. Tapos tinuro narin yung water pathway, then you all know how to use illumina. So today kids we are going to try to raise a flower" sabi niya.

Nagdemo siya at pinanood ng lahat yung pagkain ng lupa sa seed, gumawa si Grace ng daanan papunta sa tanim, sinilayan niya ito ng konting liwanag at hangin at namangha ang mga estudyante nung dahan dahan nang tumutubo yung halaman. Ilang saglit lumabas na bulaklak kaya palakpakan ang lahat.

"Now kids, listen ha. Di basta basta ginagamitan ng magic ito. Dapat alamin niyo yung tamang timpla din. Para din kayo nag aalaga talaga. For now hahayaan ko kayo para makita niyo na mahirap din siya. This way you will appreciate how nature really works. O sige na you all try, you can get the seeds from the desk over there" sabi ni Grace.

Lahat ng estudyante pumalpak, yung iba hindi man lang napalabas yung halaman, yung iba nakalabas pero agad tumamlay. Imbes na malungkot ang mga kids tinignan nila si Raffy. “Kuya” bulong ni Kimmy kaya napakamot ang binata. “Subok ulit” sabi niya kaya lahat sila kumuha ng seeds at muling sumubok.

Tumabi si Lani kay Grace, “They really look up to him” bulong niya. “Kaya nga po e, di man lang sila nalungkot nung nakita nila palpak din si Raffy. Sana mauna siya makagawa para lalo mainspire yung kids to try harder” sagot ni Grace. “Alam mo I have a good feeling about this batch. Sila ata magdadala ng pagbabago na kailangan natin” sabi ni Grace.

“What the plant?! Ang hirap” sigaw ni Raffy at nagtawanan sila ng mga kids. “Listen, wag niyo kasi mamadaliin, I told you kailangan alagaan yan. The plant will now grow just because you want it to. It will grow if you are doing it right just like what nature is doing” paliwanag ni Grace.

Sumubok ulit sila pero si Raffy nakatanga lang at pinapanood ang kanyang mga kaklase. “Is there something wrong Raphael?” tanong ni Grace. “Wala po” sagot ng binata. “Then why are you not doing anything?” tanong ng guro. “Actually I am, I am learing from their mistakes” banat niya at napangiti ang binata nang makita pumalpak ulit ang kanyang mga kaklase.

“Iho, alam mo hindi maganda yan. Kailangan mo din subukan para malaman mo saan ka nagkamali” lambing ng guro. “Alam ko po yon, kaya lang nasanay na ako working with Abbey. Siya nakakakita ng mali ko at ako din nakakakita ng mali niya. Then we work on our mistakes. Alam ko po we learn from our mistakes, pero namimiss ko lang po siya at…sorry po sige I will try again” sagot ng binata.

Kumuha ng seed ang binata, nilapag sa lupa at lumuhod. “Let the earth swallow the seed” bigkas niya kaya lahat ng kids napatingin sa kanya. “Then make the waterway…pero kanina masyado malaki kaya nalulunod yung

seed…dapat sakto lang…saktong sakto lang kasi maliit pa siya" sabi niya at napangiti si Lani pagkat namimilipit ang binata sa paghulma ng maliit na danaan ng tubig.

"Okay…now be like nature…kailangan may hangin din…araw" bigkas niya at namimilipit ulit siya sa pagsakto lang nung hangin at paliwanag sa kanyang tanim. "Kuya!" sigaw ni Kimmy pagkat dahan dahan lumalabas na yung halaman. "Shhhh…focus…syempre magkakaulap…gagabi din kaya wag masyado light…control water flow kasi maliit pa siya at ayaw natin siya malunod" sabi ni Raffy.

Napatayo na yung kids pagkat dahan dahan lumalabas yung halaman. Pinagpapawisan na si Raffy, yung mga kids nakangiti na pagkat dahan dahan nang lumalabas yung bulaklak. "Ang galing ni kuya" bulong ni Kimmy sabay sumandal siya kay Lani. "Mwihihihihi a flower! A flower!" sigaw ni Raffy at nagkasayahan ang lahat ngunit lumipas ang ilang segundo bigla ito tumamlay at namatay na.

"Naman! What did I do wrong?" tanong ng binata sabay tinapik niya ang kanyang noo. Lumuhod sa tabi niya si Grace at hinaplos ang likod niya. "Kasi naging excited ka e, sa tuwa mo nakalimutan mo na alagaan yung halaman. This is a lesson kids, na di porke nagawa niyo na e magiging confident na kayo"

"Nature does not stop nurturing, continues yan. Sa tingin niyo ba pag napalabas na ng nature yung flower titigil na siya? Of course not. Yes mamatay din yung flower pero after it has lived its life already. Sometimes bumabagyo ng matagal, pansin niyo namamatay din yung mga flowers dahil nalulunod"

"Minsan tag tuyot at namamatay din yung halaman. Pero pag maganda yung weather, tumatagal din yung buhay ng halaman. You see the lesson here is responsibility, balance and control. Pag sumobra kayo sa isang element, makikita niyo patay yung halaman. Pag kulang naman di rin siya tutubo ng

maayos. Once nakuha niyo yung tamang balance then the flower will live for a long time" sabi ng guro.

"Kuya try natin ulit" sabi ni Kimmy at napangiti si Raffy. Umulit yung kids kaya lumayo konti sina Lani at Grace. Lahat ng estudyante nakapagpalabas na ng mga bulaklak kaya tuwang tuwa ang lahat. Bago matapos ang klase nila tumigil si Raffy at tinabihan ang grade school principal.

"Teacher, what if walang batis?" tanong niya. "Then you have to find another water source…under the ground of course" sagot ng guro. "Pero teacher, seed palang yan, wala pa siyang roots, pano siya kukuha ng tubig sa ilalim? No magic involved teacher ha, pano yon sa totoong buhay?" tanong ni Raffy.

"Well aasa nalang yung plant na yon sa ulan, moist, iho nature is mystical. Madaming elements. Maaring yung water rain, the soil, or pag gabi gumiginaw diba? Nababasa yung lupa kahit papano. Once the plant grows, magkakaroots yan, then sila na maghahanap ng nutrition niya. Galing no? Gusto din naman nung halaman mabuhay iho" paliwanag ng guro.

"So teacher, magically speaking. Kung wala yung batis pano ko malalaman kung may tubig sa soil? Or tubig under the earth?" tanong ni Raffy. "Why are you asking that iho? What we are teaching you here is balance and mastery of the basic elements" sabi ni Lani.

"I know teacher pero curious lang ako, kunwari gusto ko magtanim ng flower pero wala ako water source. Or pano ko malalaman na yung pagtataniman ko may water source sa ilalim. Kasi may lugar na tabon lang pala diba?" tanong ng binata. "Then you sense it" sabi ni Lani.

"How?" tanong ni Raffy at napakamot si Lani. Lumuhod ang guro at humawak sa lupa. "You know what water feels like so sense it if there is water underneath…sige try mo iho" sabi ng guro. "I feel soil" banat ni Raffy at

tinaasan siya ng kilay ng guro. “Sorry po…okay water water…pano po ba?” tanong ng binata. “Raphael, if you cant sense it try and call for it. If nothing comes to your hand e di wala” sabi ni Lani.

“Teacher I sense it…oo nafeel ko meron…pero di sa balat ko…” sabi ni Raffy. “Yes iho…your magic body feels it…tignan mo ito I will call for it” sabi ng guro at pag angat niya ng kamay niya namangha si Raffy pagkat basa ito. “Teach me” sabi ng binata.

“Iho, step by step muna. Its good nasense mo meron. Sanayin mo muna yon. Listen hindi ito tinuturo dapat pero since ikaw yan, sige try to master the feeling of water first. Then I will teach you how to call for it” bulong ng guro. Tumayo si Lani at tumalikod, “Teacher I did it!” sabi ng binata.

Paglingon ng guro nakita niya basa yung palad ng binata. Binatukan niya si Raffy kaya tumawa ang binata. “Pinunasan mo lang pawis mo” sabi ni Lani. “You can tell na pawis to?” tanong ni Raffy. “Of course, loko loko ka talaga ha” sabi ng guro. “Aha…so water magic user ka teacher ha” bulong ni Raffy at napangiti si Lani.

“Last question teacher, let us say wala talaga water sa ilalim or anywhere nearby” sabi ni Raffy. “Then you produce it” sabi ng guro. “Whoa produce water? Aha water is hydrogen and oxygen, pero saan naman ako kukuha ng hydrogen? Oxygen madali lang kasi nasa hangin yon at hinihinga natin siya” sabi ng binata.

“High level magic already Raphael, I am sorry. Pero the elements are all around us. Its in nature. So if you know how to use them then you can produce water. Just like fire, there are elements involved. Kung hindi ka inborn fire user, you can produce fire by manipulating the elements. Pero I am sorry iho that is really high level magic already” sabi ni Lani.

“Okay lang po, dadating din po ako doon” sabi ni Raffy. “Akala ko alam mo…” bulong ng guro at nagtitigan sila. “What do you mean teacher?” tanong ng binata. “Ice spheres? During duels pa yon. So tell me iho how were you able to produce those. Ice needs water, lowered in temperature, that takes skills iho”

“Producing water then manipulating heat to go below zero degrees for ice to form. Hmmm ask yourself how did you that?” sabi ng guro at natulala si Raffy. “Ewan ko po…teacher Ivy taught me sa batis…pero water and wind…kasi yung wind pinapalamig ng todo kaya nagyeyelo yung tubig…pero sa duels…wala batis..” bigkas ng binata kaya napaluhod siya at tinitigan ang kanyang mga kamay.

“Tapos na ang klase iho, see you on Monday” sabi ni Lani. Naiwan si Raffy sa batis at nag iisip ito. “Lani bakit mo sinabi yon sa kanya?” tanong ni Hilda. “Bakit mo pa itatago sa kanya kung eventually malalaman din niya. Its best to point him at the right direction as early as now”

“There are so many things he can do pero di siya aware or di niya alam pano niya ginagawa. Mas maganda na malaman niya pano niya ginagawa mga yon, para lalo niya mapahusay ang kanyang mga kaya. Mas maganda na alam ng bata potential niya kesa masayang lang ito” sabi ni Lani.

“You guide him then” sabi ni Hilda. “Kaya nga nakikibonding na ako lagi sa kanya e. Just so you know those seeds are the hardest to grow, he did it then the kids did it. Itong batch na ito kakaiba, Raffy will lead them in the right direction” sabi ni Lani.

Chapter 9: Master Plan

Tumayo ang lahat ng mga congressman sa session hall nang pumasok na si Santiago. Madami ang lumapit sa kanya para kamayan kaya medyo nagkagulo sa session floor. Nung umayos na ang lahat nagsimula na ang kanilang sesyon.

“Mister speaker may I be allowed to speak” sabi ni Santiago na nakatayo sa maliit na podium. “The national hero has the floor” sagot nung matandang congressman. Inayos ni Santiago ang saril niya, nginitian niya ang lahat sabay huminga ng malalim.

“Magandang araw po sa inyong lahat. Magsasalita po ako sa sariling wika natin. Maraming salamat po sa inyong pag aalala sa akin. Ako po ay nasa maayos na pong kalagayan. Alam ko madami nagsasabi na akoy magbakasyon pa muna ngunit hindi ko po kaya talikuran ang aking mga tuntunin bilang isang mambabatas. Utang na loob ko ito sa mga bumoto sa akin”

“Hindi po ako namumulitika dito. Galing po sa puso itong sinasabi ko at labis akong natutuwa sa dami ng bumisita sa akin sa ospital. Sa dami ng nagpadala ng magagandang mensahe habang akoy nagpapagaling. Eto po yung resulta ng pag aalala niyo at pagdadasal para sa akin”

“Ako po ay nasa maayos nang kondisyon kaya maraming maraming salamat po sa inyong lahat. Ngayon, naririnig ko yung mga bulungan na nagbabalak kayo bigyan ako karangalan sa aking nagawa. Papaunahan ko na po kayo. Hindi ko tatanggapin kung ano man ang igawad niyo sa akin” sabi ni Santiago at umugong ang bulungan sa session hall.

“Pagbigyan niyo po ako magpaliwanag. Maganda sa tenga yung narinig kong mga bulong. Ngunit kailangan ko pa ba yon? Nung araw na yon katatapos namin makipagpulong sa pangulo. Alam niyo naman lahat na kaalyado ako sa minorya. Para sa iba magkaaway daw ang mayorya at minorya. Ang minorya daw ay kalaban ng pangulo”

“Kalaban nga ba talaga o may ibang pananaw lang sa ibang mga bagay? Good politics po ang magkaroon ng dalawang panig, di lahat pwede sa iisang panig lang. Kailangan may balanse, para di umabuso yung nasa tuktok. Di ko naman po sinasabi na umaabuso ang pangulo” sabi niya at nagtawanan ang marami.

“Pero alam ko naiintindihan niyo sinasabi ko. Di naman tayo permanente nasa minorya. Nung dating pangulo ako po ay nasa mayorya. Nagkataon lang yung pangulo e nakasama sa ibang partido na di ako kabilang. Sana po mabura na itong stigma na porke nasa kabilang partido o kaya minorya e kalaban na agad”

“Mataas respeto ko sa ating pangulo. Bakit nga ba nangyari ang pagtitipon na yon? Dahil gusto po niya pulungin ang mga nasa minorya upang malaman niya mismo saan ang kanyang mga mali. Aminin na natin, kapag kaalyado e kung ano gusto niya umoo nalang ang iba. Kaya nga meron minorya para maging safe guard e”

“Pero ang taas ng respeto ko sa pangulo natin. Tinipon niya kami, unang tanong niya sa amin nung araw na yon, ano ang ginagawa kong mali?” sabi ni Santiago at sobrang nagpalakpakan ang lahat.

“Nagkaroon kami ng open forum, nailabas namin ang aming mga hinanaing at nakinig po siya at nangako iwawasto ang mga maling nakita namin. Ngayon alam ko madami nagtatanong sa inyo bakit ko nga ba sinalba ang buhay niya? Kung ganon po ang tanong niyo, ang sama naman po ninyo” sabi niya at ang daming nagulat.

“Sa mga sandaling yon, nagkakatuwaan kami habang palabas ng palayso. Mga sandaling yon hindi siya yung pangulo, hindi ako congressman, lahat kami normal na tao lang na nagkakasayahan sa isang joke ng pangulo sa amin. Ang bilis ng mga pangyayari, nakita ko yung pasugod na mga gun men”

“Sa tingin niyo maaisip ko pa na ay di ko siya kaalyado. Ah ganito, ganyan, o kahit ano na gusto niyo isipin. Sa mga sandaling yon di ako nag isip ng kung ano man basta nalang nag react katawan ko at una kong inisip nung itulak siya tulad nung nakikita natin sa mga sine” sabi niya at napatawa niya ang lahat.

“Minalas, nasapol parin pero alam niyo masakit siya” banat niya at lalong naghalakhakan ang lahat pero tumayo sila para palakpakan siya. “Kahit naman po sino siguro gagawin yon, para sa makasarili tatakbo nalang sila. Pero kung kaya mo iligtas sarili at may mailigtas ka pang iba diba tayong mga Pinoy ganon?”

“Kakaiba ang puso nating mga Pinoy. Di natin matiis ang hindi tumulong sa kapwa natin. Di ko siya nakita bilang pangulo, basta nalang alam ko kailangan ko lumigtas at basta sinama ko siya. Di ako bayani sa aking nagawa, isa po akong Pilipino” sabi ni Santiago at isang napakatinding standing ovation ang natanggap niya.

Paghupa ng palapakan nagsalita na muli si Santiago at may pina play siyang video sa isang malaking screen. “Eto po ba yung napanood niyo?” tanong niya at napanood ulit ng lahat ang isang video coverage ng isang TV station sa naganap na shooting. Pagkatapos nung video at pinaulit ni Santiago yon at pina play ng dahan dahan.

“Pansinin niyo yung cabinet secretary ng pangulo, ano una niyang reaksyon? Sinubukan niya isalba si congressman Reyes. Ang cabinet secretary kaalyado ng pangulo, si congressman Reyes ay kaalyado namin. Isa pa po, si congressman Vente, sinubukan niya din iligtas ang pangulo kaya lang naunahan ko siya, sorry pare” banat ni Santiago at nagtawanan ang lahat.

“Bakit ako lang po nakita niyo? Dahil ba ang pangulo ang naligtas ko? Pano po si cabinet secretary? Di ba mahalaga ang buhay ni congressman Reyes?

Porke ba naligtas ko ang pangulo e bayani na ako agad? Eto nalang po isipin niyo”

“Araw araw madami tayong kapwa Pilipino ang lumiligtas sa kapwa Pilipino. Kaya lang di sila nakukuhanan ng media, o kaya di sila yung pangulo. May isa niligtas yung isa, yung naligtas pala na yon yung gumagawa ng kalsada na dadaanan namin papunta sa palasyo. Imagine if that person was not saved, imagine if the road to the palace was faulty and we had an accident”

“Imagine if we were not there, who would have saved the president? Meron parin po susubok kasi ganito tayong mga Pilipino. E nangyari na at nagkataon ako yung nandon. Ang nais ko po sabihin kung papansinin niyo yung nagawa ko, pansninin niyo narin yung mga di natin nalalaman na mga bayani sa araw araw natin”

“Mauubusan kayo ng mga medalya at parangal. Araw araw nalang mapupuno ang Palasyo pagkat panay ang bigay ng pangulo ng award. Pero kailangan pa ba natin gawin yon? Pilipino tayo e. Nasa dugo na natin yon. Nakuha ko na yung award ko nung bumagsak ako sa lupa nung araw na yon”

“Ang pangulo pa mismo ang nagcheck sa akin bago siya tinangay ng mga PSG para ilayo. Hinawakan niya kamay ko, tinanong niya ako kung ayos lang ako. Siya pa yung sumigaw para lumapit yung mga medics. Siya pa yung unang bumisita sa akin sa ospital, oo para malaman niyo hindi po siya nagtago sa safe house”

“Nalaman ko nalang kailan lang na yung pangulo nagbantay habang nasa operating room ako. Kasama pa siya naghatid sa aking sa ICU para magrecover. Araw araw po siya doon hanggang nakabanong na ako ulit. Sapat na po yon. Nakakataba na ng puso yung ginawa niyang pagbabantay sa atin”

“Hindi ba ganon naman talaga tayo mga Pilipino? Kung may niligtas tayo na di kakilala, pag uwi natin iisipin parin natin sila. Kapag ikaw naman ang nailigtas una mong iisipin din yung kalagayan nung lumigtas sa iyo. Kaya maraming salamat po sa kung ano man binabalak niyo, wag nalang po. Di ko na kailangan yon”

“I am fine, and I know if ever I did not react quickly baka yung pangulo pa ang naunang lumigtas sa buhay ko. Baka pinaparangalan na niya sarili niya ngayon” banat ni Santiago at napatawa ulit niya ang lahat. “The bottomline here ladies and gentlemen, Pilipino tayo. Wag na wag niyo kalimutan yon, lalo na tayong mga mambabatas. Nandito tayo para sa ating mga kapwa Pilipino, wag natin sila papabayaan at bibiguin. Maraming salamat po” sabi niya.

Isa nanaman standing ovation ang naganap ngunit lalo tumindi ang hiyawanan at palakpakan nang dumating bigla yung pangulo ng bansa na mag isa. Nilapitan niya si Santiago at nagkamayan sila. Nung nagkayakapan sila lalo tumindi ang palakpakan at naging emosyonal ang lahat. Ang mga magkaaway biglang nagkabati, ang minorya at mayorya biglang naging isa.

Sumabog bigla yung telebisyon kaya nagulat si Gaspar. “Kalokohan! Ano nanaman binabalak mo Santiago? Kagaguhan! Drama!” sigaw ni Gustavo. “Pangatlong telebisyon na ito na sinira mo! Kung sisirain mo din lang wag ka nalang manonood!” sigaw ni Gaspar.

“Tinataasan mo ako ng boses?” tanong Gustavo at nagtitigan yung dalawa. “Sorry, pero sinaabi ko lang kung ayaw mo yung napapanood mo e di wag kang manood. Para ka naman mga troll sa internet” banat ni Gaspar. “Ano? Anong troll?” tanong ni Gustavo.

“Wala, hayaan mo na. Stop watching pag ayaw mo pinapanood mo” sabi niya. “Pero kailangan ko malaman ang bawat ginagawa ni Santiago. Pasalamat nga ako at todo tutok sa kanya ang media. Well ganon naman talaga sila pag

may hot person. Kung sino ang sikat doon sila tutok kasi sigurado madami manonood"

"Aside from that the rest is focus on bad news, kakatawa talaga media no? Anyway ano kaya binabalak ni Santiago. Parang nagbabago siya. Di ko maintidihan talaga bakit niya niligtas ang buhay ng pangulo. Ngayon eto siya nagbibigay drama at ewan ko na. Nakakalimutan niya na ata yung goal natin" sabi ni Gustavo.

"Malay niyo may different approach siya" sabi ni Gaspar. "Siguro palpak si Cardo at di nila kaya pasukin yung pangulo. Kaya siguro kinakaibigan nila. Di ko alam ano binabalak niya, maari din naapektuhan siya ng pagkabaril sa kanya kaya nayanig utak niya" sabi ni Gustavo at natawa ang kanyang kasama.

"Si Santiago tatablan ng bala? Tatablan siya kung gusto niya pero alam mo naman yon wala nakakagalaw don kahit surprise attack" sabi ni Gaspar. "Kaya nga di ko maintindihan itong binabalak niya. Ang usapan ay mag take over sa pangulo. Pero itong ginagawa niya wala na sa plano" sabi ni Gustavo.

"Sabagay they had the chance to take over the president nung shooting" sabi ni Gaspar. "Oo nga no…baka naman nagawa na nila? Hmmm pero what the hell is he doing? Kung nag take over na sila sa pangulo alam ko nangangati narin si Santiago magpakilala e. Bakit ang daming drama pa?" tanong niya.

"Well boss di ko alam. Siguro may master plan siya. Tutal election na next year. For re-election si Santiago. Maaring set up po ito, siguro yung totoong Santiago nasa loob na ng pangulo, tapos si Cardo yung nasa loob nung Santiago. Mananalo ulit si Santiago next year, tapos si Cardo maghahasik ng lagim sa congress at ibrain wash ang lahat don. Tapos ewan ko na" sabi ni Gaspar.

Huminga ng malalim si Gustavo at nag isip. “Santiago ano ba binabalak mo? Bakit hindi ko mabasa ang balak mo? Kung napasok na niya yung pangulo…maaring tama ka. Eleksyon next year…mananalo siya at tama ka ata brain wash yung iba. Kasi kung nagpakilala na magic user yung pangulo…maaring magkaproblema…maaring may oposisyon dahil sa takot”

“You might be right…hawak nila yung congress kaya maari sila gumawa ng batas na matatanggap isang magic user na pangulo. I see, para pag batas na talaga solido na ito at di na kailangan idaan sa dahas ang mga tao. Ganon ata e para legal” sabi ni Gustavo sabay tumawa.

“Mukhang may binabalak ka ata sir?” tanong ni Gaspar. “Well sa totoo wala, magbebenepisyo naman tayo kung magtagumpay siya. But I too want to rule the country so I shall make my strong army. Malakas si Santiago, di madali patumbahin yan pero pag malakas ang army natin may tsansa tayo. Tuloy ating plano, I want Raphael and Abbey and all those strong wizards from the different schools!” sigaw ni Gustavo.

Samantala sa loob ng isang hotel nagpahinga si Santiago. “Binago mo naman itong plano” sabi ni Cardo. “Kailangan e, iniisip ko kasi mga mali natin nung nakaraan. Dinaan natin sa dahas kaya this time aasa tayo sa puso ng Pilipino. Kailangan ko mapamahal muna sa kanila at unang testing niyan ay yung eleksyon next year” sabi ni Santiago.

“Let me guess, tatakbo kang Senador” sabi ni Cardo at tumawa ng sobrang lakas si Santiago. “Of course, that is the only way para malaman natin kung madami nagmamahal sa akin. Ang bayani na lumigtas sa pangulo, ang taga bigay ng trabaho, bahay at pera blah blah blah”

“Kung nanalo tayo at top spot nakuha hindi parin sapat yon. Kailangan makita talaga yung number of votes. Kailangan natin record talaga para makita natin kung sumasang ayon at nagmamahal nga ang mga tao sa akin. Do you understand Cardo?” tanong ni Santiago.

“Oo para sa next Election tatakbo kang pangulo. Sure win ka tapos doon ka magpapakilala na magic user. Mamahalin ka parin nila, mahusay yang plano mo” sabi niya. “Parang ganon, kasi dati panay dahas tayo kaya nabubulaga tayo lagi sa lakas ng oposisyon”

“Iba ang nagagawa ng takot, kaya ayaw ko na idaan don ang plano. This time idaan natin sa puso. Kailangan mahalin muna nila ako, kailangan ko makuha ang tiwala nila. Yung eleksyon next year magsasabi kung tagumpay tayo. Step by step tayo Cardo. Wag tayo maatat tulad ng nakaraan”

“Tayo ang magiging unang bansa sa mundo na tumanggap ng mahika. Tayo pa ang unang bansa na magic user ang pangulo” sabi ni Santiago at nagtawanan yung dalawa. “Then tatanggapin ng tao ang mahika, the conversion can start. We shall make them all magic users. We shall grow our huge army and start taking over the whole world”

“Why stop with one country when we can take the whole world. The others will not even see it coming. When they do it will be too late for them” sabi ni Santiago at lalo sila nagsaya.

Samantala sa taas ng mount Dragoro mag isa ni Raphael nag eensayo. “Bakit wala si Abbey?” tanong ni Ysmael. “Lumabas po sila, kasama niya yung mga barkada niyang mga babae. Of course we need a social life too lolo. Nagpaparlor ata sila” sabi ng binata.

“At ikaw nasan ang social life mo?” tanong ng matanda. “Saka na po yon kasi may sinusubukan ako gawin” sabi ni Raffy. “Ows? Ano naman sinusubukan mo gawin? Minamaster mo ba yung nature magic? I have been watching you” sabi ng matanda. “Something like that lolo pero basta I am trying to understand how each element works. Kaya nga po may books ako dito”

“Tulad ng water, kailangan ng hydrogen at oxygen. So sinusubukan ko aralin ano ba yung hydrogen at pano ko siya madedetect sa nature. Oxygen madali lang kasi its everywhere yon. Pero fire also needs air, kasi pag walang air walang fire. Basta its complicated lolo” sabi ni Raffy at natawa yung matanda.

“Tapos ano gagawin mo pag natutunan mo yung elements?” tanong ng matanda. “E di syempre lolo kung alam ko ano basic elements ng magic then alam ko pano depensahan mga yon. Like fire, kung inatake ako ng fire, alam ko all I need to do is suppress the air around that fire so it would die” sabi ni Raffy.

“Impressive thinking apo, well kung ano man binabalak mo goodluck to you at pasyal muna ako sa mall” sabi ni Ysmael at tumawa ang binata. “Uy shopping si lolo” landi ni Raffy. “Oo kasi may nakita ako mas magandang TV, sige iho iwanan muna kita” sabi ng matanda.

“Lolo Abbey can take care of herself” bulong ni Raffy at napatigil si Ysmael. “Alam ko iho naninigurado lang ako” sabi ng matanda. “Sa totoo gusto ko sumama sa kanya pero masasaktan siya knowing wala ako tiwala so hinayaan ko siya” sabi ni Raffy.

“Pero pinasundan mo siya sa alagad ni Joerel?” landi ng matanda at napangiti si Raffy. “I just want to make sure lolo na safe siya” sabi ng binata. “Well ganon din gusto ko apo. I know you are safe here so luluwas muna ako” sabi ni Ysmael.

Nung mag isa na ni Raffy huminga siya ng malalim at nahiga sa lupa. Tinaas niya isang kamay niya at nagsindi ng apoy sa dulo ng daliri. Tinitigan niya yung apoy at dahan dahan naglabasan ang maliliit na apoy sa bawat daliri niya.

May maliit na ulap namuo sa ibabaw ng niya at dahan dahan umulan para patayin ang mga apoy sa bawat daliri. Ngumiti si Raffy at pinikit niya daliri niya at nawala narin yung maliit na ulap.

Sa malayo nakangiti si Ysmael, napanood niya yung buong pangyayari kaya napailing siya. “Ano nanaman binabalak mo iho…” bulong niya sabay tuluyan nang umalis.

Chapter 10: Grand Welcome

May big event sa school para iwelcome yung mga incoming grade one students. Kakaiba ang itsura ng campus, nagkalat ang mga flag kung saan may dragon logo. Napuno yung enhanced school gymnasium, lahat nagugustuhan ang kanilang mga bagong robes pagkat meron na itong dragon design. Hindi mahanap sina Raffy at Abbey, nagkakaroon tuloy ng bulong bulungan pagkat baka may binabalak nanaman yung dalawa.

Maski yung mga guro hinahanap sila kaya medyo delayed yung pagsimula ng event. Tumayo na sa podium si Lani para masimulan na yung pag welcome sa mga first years. “Ladies and gentlemen, I present to you our grade one students!” bigkas niya. Lahat napangiti pagkat ang cute nung mga bata, suot nila royal robes din, napatayo ang lahat at nagpalakpakan kaya yung mga grade one students tuwang tuwa at nagbubungisngisan.

Pagkaupo ng mga grade one students tumayo na si Ricardo at dinala ng ibang staff yung grand duel event trophy sa stage. “Good morning everyone. Before we proceed mukhang alam niyo na ang sasabihin ko” bigkas niya pagkat parang excited na ang lahat.

“Let me present to you…the grand duel champions of last year…Raphael and Abbey!” sigaw niya at lumingon ang lahat sa paligid. Hindi nila makita yung dalawa kaya napatingin si Ricardo kay Hilda. “Wag mo ako titignan, di ko alam nasan sila” sagot niya.

Namatay ang lahat ng ilaw sa gym, nagsigawan ang mga estudyante pero yung iba nagpalakpakan pagkat alam nila may kakaiba ulit silang makikita. Umilaw yung center aisle at naaliw ang lahat nang makita yung mga grade two students nakahilera.

Medyo gulat ang lahat pagkat may walong naka robes and hood na nilalang ang naglalakad papunta sa stage. Nauna si Gerard, sinundan ni Steve. Si

Armina, Elena, Adolph at Homer. Sa hulian yung dalawang nilalang na nakasuot ng kakaibang dragon robe at golden masks kaya sigawan nanaman ang lahat at palakpakan.

Tumayo sa stage yung walo at sa gitna yung dalawang naka golden masks. Sumindi ulit yung ilaw at inalis na nina Raffy at Abbey ang kanilang mga maskara. Standing ovation ang lahat lalo na nung tinaas nung mag partner ang kanilang tropeo. Naantig ang puso ng lahat nung tawagin nila yung iba para makihawak din sa kanilang trophy.

Napatayo ang lahat ng guro, nabilib sila kina Raffy at Abbey sa kanilang pinakita sa buong school. Paghupa ng palakpakan at sigawan inabot ni Ricardo yung microphone sa magpartner. “Ikaw na kasi mas magaling ka magsalita” bulong ni Abbey. “Ikaw na, kaya mo yan” udyok ni Raffy.

Huminga ng malalim si Abbey at tinignan saglit ang kanyang partner. “From the heart” bulong ni Raffy kaya ngumiti ang dalaga at tinignan ang crowd. “Magandang araw po sa inyong lahat. Oo kami yung nanalo” banat ni Abbey at halakhakan yung crowd pagkat super pacute si Abbey at pinaghahalikan yung trophy.

“Ang sarap manalo, sobrang sarap. Tignan niyo o, yung mukha namin ni Raffy yung nandito sa golden statue sa taas ng trophy. Sorry ha kasi di ako magaling na speaker tulad ng partner ko pero he encourages me to try. That is why I am talking now kahit nangangatog tuhod ko at hiyang hiya ako sobra” sabi ng dalaga.

“If he didn’t encourage me, siguro tahimik lang ako dito pero nakita niyo naman nagsasalita ako. Ganon din po kami sa grand duels. Inengganyo namin ang isat isa to do better. We had one goal at ahem…eto siya o…kita niyo naman to diba?” pacute niya sabay haplos sa trophy kaya tawanan ulit ang lahat.

“Pareho kami ng goal, gusto namin talaga manalo at makakuha ng ganito. Sa tulungan at tiwala sa isat isa nakamit namin ang aming pangarap. Naalala niyo last year nagkasagutan partner ko at si Teddy? Alam niyo tama siya, pag nasa taas ka mas masarap talaga pag may kasama kang nagsasaya”

“Natalo kami last year, tama ulit siya, mas madali tanggapin yung talo pagkat may karamay ka. At mas madali bumangon ulit pag may kasama ka. Di kami bumitaw sa aming pangarap, lalo kami nagpursige kaya eto o mukha namin yung nakaukit sa trophy”

“Pero nais din namin magpasalamat sa aming nakalaban. Gerard, Steve, Armina, Elena, Adolph, Homer, at kina Teddy at Stanley narin kung nasan man kayo sa sandaling ito” bigkas ni Abbey at biglang nagbow si Raffy at kunwari nag iiyak kaya halakhakan ang lahat ng tao. “Kung wala sila winning this wont be worth it. Mas masarap manalo pag pinaghirapan mo talaga”

“Please wag niyo naman sila idown masyado. Nahirapan kami sa kanila. Kaming sampo pareho ang pangarap last year. Yun ang manalo, we all did everything we could. In the end sa diskarte lang nagbigay difference, I will not say we wanted it more kasi that would be unfair to them”

“They too wanted it badly, kaya nga nahirapan kami sobra e. Tulad ng tinuro ng partner ko, there is no shame in losing. The mere fact you tried you already won. Lahat naman kami dito year level champions, that already says a lot. This year there will be another trophy, gusto din namin kunin yon pero sigurado ako pati sila gusto nila yon”

“At alam ko madami din sa inyo may gusto non. Di porke nanalo kami last year ibig sabihin kami ulit. Di natin masasabi yon kasi baka meron diyan magiging mas mahusay, kaya nga kami ni Raffy nag eensayo na e. Wala lang just saying, para lang alam niyo na gusto namin talaga manalo ulit. Sana pati kayo, promise ko ang sarap manalo, as in kakaiba yung feeling. Wag kayo matakot sa aming walo dito sa stage, we are just students like you too”

“Nahihirapan din kami, we bleed, we run out of breath, we too are scared but never lose sight of your goal. You will never reach your dream unless you try. Work hard for it just like what we did. Malay niyo next year ibang students ang nakatayo dito din at iba din ang nakahawak ng trophy”

“So everyone, kaming walo dito sa harapan niyo…we want it badly. So come take it from us or else kami ulit makikita niyo dito next year. Tiwala sa sarili at tiwala sa partner lang, magugulat kayo pagkat ang dami niyo pala magagawa pag magkasama. So if you want it…” bigkas ni Abbey at tinignan niya yung kanyang mga kasama sa stage.

Ngitian sila at gets nila ang gustong mangyari, sabay sinuot nina Abbey at Raffy maskara nila, yung walo nagpasiklab ng kaniya kanyang mahika sabay pumorma. “If you want it…come get it” sabay sabay nila sinigaw bilang hamon sa kanilang kapwa mag aaral.

Tumayo ang lahat at tila tinatanggap nila yung hamon nung walo. Lahat ng tao sa crowd maliban sa grade one students nagpasiklab din ng kani kanilang mahika. Ang mga guro sobrang naantig at tila nagkakaisa ang lahat ng estudyante. Palakpakan ang lahat at yung walo na estudante sa stage nagkamayan lahat at nagyakapan.

Lalo tumindi yung palakpakan, isang matinding standing ovation ulit naganap pagkat pinakita nung walo na naging magkalaban nga sila last year pero ngayon tila magkakaibigan na sila. Humarap ulit sila sa lahat at sabay nagbow.

Bumalik sa podium si Ricardo nang makaalis yung mga esudyante sa stage. “This year there will be something grander aside from winning the grand duel events” sabi niya at lahat naintriga. “This year, the two finalists for the grand duels shall represent our school…to the Inter School Grand Duel Championships!” bigkas niya.

Super palakpakan ang lahat, sina Raffy at Abbey nagtalunan sa tuwa kasama yung ibang year level champions. “Yes, nagkausap usap kami nung ibang schools. Since binabalik namin lahat yung traditions, naisip namin ibalik narin yung Inter School Grand Duel events”

“This year the school of the North will be the host, so the finalists of the grand duels here will represent our school” sabi ni Ricardo at napansin niya parang inggit na inggit yung ibang estudyante. “Oh did I forget to say that everyone is going to watch it live?” hirit niya at grabe yung ingay na naganap.

“Settle down…come on. So sa summer magaganap itong Inter School Grand Duels, and yes…we are all going to the North to support our representatives. All of us, we are going to have our own island, that is where we shall be staying” sabi niya. “Matagal natigil itong inter school events, so it would be really nice to win. Diba? Hihiling ako ngayon lang, sa lahat ng sasali, I want you to win it! Iuwi niyo yung inter school grand champion trophy!” sigaw niya at sigawan talaga ang lahat ng estudyante.

“Oh my God, naexcite siya masyado” bulong ni Hilda. “Kaya nga e, wala na yung surpise. Para na siyang bata” sabi ni Lani. “Don’t blame him, naengganyo ang lahat sa speech ni Abbey. Carried away lang siguro siya” sabi ni Prudencio. “Oh well, mukhang problemado ulit tayo kasi mukhang mas madami pa sasali this year” sabi ni Pedro.

Samantala sa isang tabi kinakabahan si Raffy. “What is wrong?” lambing ni Abbey. “Bestfriend!!! Wow sa Norte tayo pupunta. Grabe ipasyal mo kami doon ha” sabi ni Giovani at napangiti nalang at napakamot si Raffy. Natauhan si Abbey, mabubuking na ata si Raffy sa kanyang tinatagong sikreto. “Sure pare, oo ba…excuse ha” paalam ni Raffy at mabilis siya tumakbo palabas ng gym.

Hinabol siya ni Abbey at yung dalawa nagtungo sa batis. “Oh my God, mabubuking na ako Abbey. Pano na to?” tanong niya. “Oo nga no,

nakalimutan ko na galing ka pala don" pacute ng dalaga. "Naman e, grabe mabubuking ako kasi wala naman ako kilala don. Well except dun kay lolo na isa"

"Ano gagawin ko Abbey? Siyempre lalaban tayo don, tapos manonood sila. Tapos narinig mo sinabi ni Giovani na ipapasyal ko daw sila. Hala pano na to talaga? What if mabuking ako na di talaga ako galing don?" tanong ng binata. "Tayo lalaban don?" tanong ng dalaga at nagtitigan sila.

"Oo naman, ayaw ko magsound na mayabang pero Abbey I want to win again this year. So automatic tayo mapapadala don. Di ko lang alam sino yung second place. Pero Abbey we are going to win again this year, pero yun nga may problem tayo pagdating sa Norte" sabi ng binata.

"Raphael relax, step by step tayo. Pero at the same time let us do some research about that school. Alam mo naman di kita pababayaan e. So let us train for them" sabi ni Abbey at nagulat ang binata. "Abbey nalilito ako sa sinasabi mo" sagot niya at nagtawanan sila.

"Oo nga no, kasi naman naeexcite ako e" pacute ng dalaga. "You don't have to worry about anything. I will talk to Ernesto and we shall fix this" sabi bigla ni Ricardo na sumulpot sa tabi nila. "Sir, di ba masyado maaga? Di pa naman sigurado kami ang mananalo dito e" sabi ni Raffy at tumawa yung matanda.

"Kakausapin ko si Ernesto ngayon na. Wag niyo sasayangin yung pakikipag usap ko sa kanya" sabi ng dean ng college sabay nawala. Nagtitigan yung mag partner, ngitian sila at bungisngisan. "Wag sasayangin daw, so dapat manalo talaga tayo" bulong ni Raffy. Sumulpot si Hilda at inabot ang dalawang libro sa kanila, "Everything you need to know about the North and the South, wag niyo din sasayangin yung pagtakas ko sa mga librong yan sa library" sabi ng matanda sabay umalis.

“Hala…lola are you trying to say gusto niyo kami manalo?” tanong ni Abbey. “Di ko alam ano sinasabi niyo. Sige at hahanapin ko pa yung dalawang libro na hiniram ko sa library na nawawala. Tsk baka old age na talaga to” sabi ni Hilda at nagtawanan yung magpartner.

“They are preparing us for the inter school battle already pero di pa naman tayo nananalo dito” bulong ni Abbey. “Oh Raffy, if you lose the grand duel events here, I will expel you” banat ni Hilda mula sa malayo. “Grandmama! Sobra na yon!” sigaw ng binata at tumawa lang yung matanda. “Just kidding, no pressure kids” sabi niya.

“Raffy sino nakikita mong magiging problema sa atin this year dito?” tanong ni Abbey. “Mga nakalaban natin last year pero di ko masabi kasi baka may sleeper students diyan. I mean baka may nagpalakas last summer at di sila full blast last year. So di ko talaga masabi sino pa aside from the ones we fought last year” sabi ng binata.

“Mukhang grade nine may problema tayo” sabi ng dalaga. “Kaya nga e, si Charlie sabi niya siya yung slow learner pero tignan mo yung wind magic niya super galing. I am sure madami din malakas sa batch niya. Yan ang magiging problema natin kasi we don’t know sino sino malakas sa kanila”

“May mga duels pero usually mga batch natin e. Mostly batch natin at upper years. Kailangan natin mag ingat sa batch nina Charlie kasi we have not seen them fight yet. Wag natin sabihin na first time duelists sila, ayaw ko mabulaga tayo. Alam ko magpapalakas si Adolph at yung iba, expected na yon kasi yon din ginagawa natin” sabi ni Raffy.

“Kahit ano na Raffy. Basta kaya natin yan. Tara bisitahin natin si lolo at tanong natin tungkol sa ibang school” lambing ng dalaga kaya pumasok sila sa secret entrance at nagtungo sa bahay ni Ysmael. “Sit down, I cooked lunch” sabi ng dragon lord.

Habang kumakain napangiti yung matanda. “Ah the Tortoise, they are good at defending. Kaya matindi ang training nila don, sinasabi ng marami na brutal kasi nga pinapatibay nila ang kanilang depensa. Remember nung sinugod niyo yung the fourth?” sabi ni Ysmael.

“Opo lolo sila yung humarap nung may umatake sa grupo at sila yung nagdepensa para sa lahat” sabi ni Abbey. “Yes iha, ganon nga sila. Alam niyo ba dati magkakasama naman ang lahat e. The first time we all attacked the fourth school very big role sila kasi without them nalamog sigurado kami”

“Sila talaga ang pinapaharap kasi very solid ang depensa nila. Majority of them are water users. At wag niyo sila maliitin pagkat kung gano kalakas depensa nila malakas din ang kanilang offense. Nobody survives with defense alone, kahit nga sa basketball, sabi nila diba defense is the key. Yes it may be true but how would you win if all you do is defend? Kailangan mo din opensa” sabi ni Ysmael.

“Supahgramps, how about the south?” tanong ni Raffy. “The White Tigers, mabangis sila. Sobrang bangis sa opensa. Very brutal physical attacks enhanced by magic. They are very agile, mabibilis, they may be weaker in terms of defense pero sa opensa wala sila patawad”

“Just like a tiger, they stalk their prey. Once they attack wala nang tigil yan” sabi ni Ysmael. “Tinatakot mo na kami masyado lolo” pacute ni Abbey at natawa yung matanda. “The fourth, the true south is really strong when it comes to magic. Pagdating sa mahika sila ang elite, pero magaling din sila opensa although mas mahina sa depensa but maliksi din naman sila” kwento ng matanda.

“Why are you telling us about them, wala naman na sila diba?” tanong ni Raffy at nanahimik lang yung matanda at ngumiti. “So how about our school lolo? The Dragons” sabi ni Abbey. “Iha, very destructive ang dragon as you know. Is it the most feared dahil malaki ang dragon? I don’t think so”

“Four mystical creatures, each and everyone can kill each one. Each has their owns strengths and weaknesses. Di mo pwede sabihin yung isa ang maghahari sa iba. All I can say is that the mortal enemies and Dragon at Phoenix” sabi ng dragon lord.

“Lolo if ever buhay din pala yung mga ibang Lords, Turtle King, Tiger King at Phoenix Lord, then for sure may mga apprentice din sila tulad namin diba?” tanong ni Raffy. “Why yes of course” sagot ni Ysmael at parang natakot bigla yung mag partner.

“So if ever buhay pa sila maaring sila yung makalaban namin talaga don?” tanong ni Abbey. “Di ko masasabi iha. It is possible because each school has their own secrets. Expected na yan to protect tradition and to keep an ace up their sleeves”

“Sabi nila patay na yung iba pero I did not verify that. If ever it is true then there must be someone out there that is very strong. So di ko masasabi kung buhay sila o patay na talaga” sabi ng matanda. “So it is possible na meron nga talaga” sabi ni Raffy.

“Does it bother you? Takot ka ba kung meron man?” tanong ni Ysmael. “Hindi po” sagot ng binata. “So why keep asking iho?” tanong ng matanda. “Wala lang lolo, curiousity lang po. Anyway lolo me and Abbey will bring home that trophy here, so ihanda niyo na yung trophy namin ha” banat ni Raffy at tumawa ng malakas yung matanda.

“Iho, kung sino yung host sila yung magbibigay nung trophy. Just to tell you our school has never won one yet” sabi ng dragon lord at nagulat yung dalawa at nabalot ng takot. “Weh! Imposible ka naman lolo, ni isa wala tayo napanalunan na inter school grand duel?” tanong ni Abbey.

“Eversince lagi yung the Phoenix school ang nanalo. That is why this year expect everyone to be hungry. No pressure mga apo pero nais ko lang ipaalam sa inyo yan. If you don’t believe me then bisitahin niyo yung bodega. Ni isa inter school trophy wala tayo” sabi ng matanda.

Nanahimik yung magpartner at nagtitigaN sila. “Narinig mo yon Abbey” bulong ni Raffy. “Then we shall give this school its first inter school trophy” sagot ng dalaga. “Oh really?” tanong ni Ysmael.

“Kung ano sinabi ni Abbey yun ang mangyayari. Tandaan mo yan supahgramps. Grand duels trophy then inter school Grand Duels trophy. Right Abbey?” sabi ni Raffy.

“Well labis akong matutuwa pag nangyari yon. Make it happen then” hamon ni Ysmael.

“Tapos next year Asian inter school, tapos International, tapos intergalactic, tapos hmmm sa tingin mo may aliens talaga?” pacute ni Abbey. “Siguro” sagot ni Raffy. “Okay add that to the list” sabi ng dalaga at natawa nalang ang matanda at napakamot ng todo.

Chapter 11: Synchonization

Sabado ng umaga sa campus dumating sina Raffy at Abbey. Kanina pa sila inaantay ng grupo ni Joerel. “Sir ano lesson natin today?” tanong ng binata. “Magugustuhan niyo ito I promise. Pinanood namin yung tapes ng mga laban niyo at bilib kami sa inyong sabayan na pag galaw” sabi ng guro.

“Pero sir medyo off parin kami e” sabi ni Abbey. “That is why we decided to teach you one of our secret techniques” sabi ni Joerel at natuwa yung mag partner. “Secret technique sir? Hala forbidden ba yan? Kasi pag forbidden hindi yan pwede sa amin” bulong ni Raffy.

“It is not forbidden, it is high level magic that is really hard to do” sabi ng isang alagad at nagulat yung dalawa pagkat nagsasalita narin sila. “Wag kayo magulat, may tiwala na kami kasi sa inyong dalawa. Guys…” sabi ni Joerel at nagtanggalan sila ng mga maskara.

“As a sign of our trust we are now showing you two who we all are” sabi ng guro at nagulat yung dalawa sobra. “Ikaw yung security guard…tapos ikaw yung maintenance…wow” bigkas ni Raffy. “Hala pati ikaw sir yung taga library ka diba?” bigkas ni Abbey at gulat na gulat talaga yung dalawa.

“Gulat ata kayo” sabi ni Joerel. “Sobra sir, di namin inexpect na nakikita lang namin kayo araw araw pero di kami aware member pala kayo ng squad” sabi ni Raffy. “Wow, as in wow…parang mas safe na ako dito sa school seeing you all around us everyday” sabi ni Abbey sabay napangiti siya.

“Tulad niyo din, nakakagulat din kayo. Sa unang tingin para lang kayo mag syota” banat ni Joerel. Pero sa totoo pala you two are very strong student wizards at saludo kami sa inyong dalawa” sabi nung librarian. “Mahirap nga lang turuan” sabi nung security guard at nagtawanan sila.

“So para masimulan na agad itututuro namin sa inyo yung synchronization” sabi ni Joerel. “Whoa, yung sabay sabay talaga nag pag galaw sir?” tanong ni Raffy. “Yes iho, nakita niyo naman yung kaya namin. Hindi madali ito, sa totoo it takes so much training pero sa tingin ko kayong dalawa kakaiba at makukuha niyo agad ito” sabi ng guro.

“Sir kasi naman yung galaw namin we train for it. I mean nagprapractice kami sa bun…basta don. Pinag uusapan talaga namin. May mga what ifs kami, nag uusap talaga kami na ganito ang gagawin pag ganito mangyayari, tapos basta sir madami kaming plano kaya sa totoo ang dami namin memorized moves” paliwanag ni Abbey.

“Impressive, so you mean to say nasa ulo niyo lang yung mga moves?” tanong ni Joerel. “Yes sir, for example if groggy yung kalaban, tapos open yung head niya, may move kami don na sabay na sipa sa ulo. Basta sir for all situations meron kaming planned moves. Since there is trust here, ang weakness po namin e minsan po nalilito kami”

“Kaya nagkaka opening din kami. Minsan nareremedyo namin naman po at pakiramdaman nalang” paliwanag ng binata. “You don’t have to worry anymore, this time it will be easier once in sync na kayong dalawa” sabi ni Joerel. “Talaga sir? So kayo sir wala na din isip isip?” tanong ni Abbey. “Meron parin pero trust me iha, once in sync kayo madali nalang ang lahat” sabi ng guro.

Naupo yung dalawa sa lupa at nakinig sa pagturo ng mga alagad. “Napansin niyo naman may mga formations kami for every battle or attack situations. Most of the time formation namin ay mix of attack and defense stance. Sinisigurado namin na blind spots namin meron nakatayo don and at the same time well spaced kami lahat para malayo kami umatake” sabi nung isa.

“Last time nakita niyo lima kalaban, sa una kalat sila pero di niyo napansin inatake namin sila getting them all in a good position for our formation. Di sila

aware nagawa namin yon kaya sabay sabay namin sila naatake all at the same time. We can go spread out pero mas maganda yung in formation kasi malilito din sila. Bawat saan sila lumingon may nakikita sila sa amin. If they focus at the person attacking them, kawawa sila pagkat they can get attacked by another one"

"Magugulo talaga utak nila, key element here is speed, kasi tadtadin mo ng atake, di na nila alam kung dedepensa sila o aatake. Usually dedepensa nalang sila, pero hanggang kailan? Naranasan niyo na yung atake namin, pero if we were not in sync then maaring magkabanggaan kami. Maaring sabay kami susuntok sa isang spot at kami din lang magkakasakitan"

"Pero kita niyo naman not one attack namin pareho. We force the opponent to go full body defense. Thus mabilis maubos magic power nila. By that time maubos power nila then what do you expect will happen?" sabi ni Joerel. "I see, pero sir pano kung magaling talaga yung kalaban at nakayanan niya umatake, one of you will be forced to defend or make iwas" sabi ni Abbey.

"Correct, that is why alam din namin kung may isa sa amin na iilag, lahat kami iilag pero kahit umiilag kami ready kami umatake. Step by step muna iha, synchronization lesson muna tayo bago namin ituro yung defense-attack moves. Defense-attack meaning umiilag ka at the same time attacking" paliwanag ng guro at natuwa talaga yung mag partner.

"Let us begin, I know you two are dragons, so this will be easy for you. Last time Raffy knew Abbey was hurt, so I promise this lesson will be very easy" sabi ni Joerel. Sit down, relax, ramdamin niyo ang isat isa" sabi niya. "Do you feel each other?" tanong nung isang alagad.

"I think so" bulong ni Raffy. Kumalabit yung isang alagad kay Abbey. "So tell me saan ko siya kinalabit?" tanong niya. "Di ko alam pero pag private parts yan lagot ka talaga sa akin" banta ni Raffy at bigla siya binatukan ni Joerel.

“Focus! Sige na” udyok niya at kumalabit ulit yung isang alagad pero di ito mahulaan ni Raffy.

“Di pa kayo in sync. Come on this is supposed to be easy for you two kasi iisa kayo e” sabi ni Joerel at nagfocus yung dalawa, may kakaibang naramdaman ang mga alagad na init at hangin. Nung sumubok ulit sila sumigaw si Raffy, “Right shoulder” sabi niya. “Very good” sabi ni Joerel.

“Left ear!” sigaw ni Abbey. “Very Good!” sigaw ni Joerel at pumikit na yung dalawa ulit at nagbungisngisan. Sampung minuto sila sinubukan, sabay pinaglayo konti. Kuhang kuha parin nung dalawa at ramdam na ramdam na talaga nila ang nararamdaman ng bawat isa.

“See it was easy right? Now level up tayo since kaya niyo naman. This time you really need to feel each other. Kailangan mapanatili niyo yung link sa isat isa. I will ask you to move at dapat magawa din ng partner mo. Haharangan namin kayo so that di niyo makikita ang ginagawa ng bawat isa…oh by the way I heard that kaya niyo mag usap sa isipan…please don’t cheat” sabi ni Joerel.

Humarang ang mga alagad, nakatayo yung magpartner. “Okay Abbey you move, kahit ano gusto mo gawin pero dahan dahan lang. Raffy you have to feel it, do not worry mahirap talaga sa umipisa” sabi ng guro. Tinaas ni Abbey left hand niya dahan dahan, “Ah..bakit parang gusto ko itaas kamay ko?” tanong ni Raffy.

“Focus! Feel it. She was raising her left hand” sabi ni Joerel. “Abbey tinaas mo talaga kamay mo?” tanong ng binata. “Oo yung left” sabi ng dalaga at tumawa si Raffy. “Ah kaya pala, akala ko kung ano na” banat niya. “Please Raphael focus, let it happen. Wag mo kontrahin, remember you are one” sabi ni Joerel.

Limang minuto ang lumipas at nakuha na talaga nung dalawa yung kanilang synchronization. Pinag blind fold yung dalawa at pinaghiwalay konti. “Raffy I kow that you know how to do the Tae Chi exercises, so you do it and Abbey will follow” sabi ni Joerel.

Lumayo yung mga alagad, naglabasan na yung mga propesor para panoorin yung synchronization nung magpartner. “Ang bilis naman nila matuto” bulong ni Hilda. “Kaya nga po e, it just proves they are really one. Pero Erwin please get ready, after this exercise tutumba sila. Dapat nga kanina pa sila tumumba e pero bilib ako” sabi ni Joerel.

Lumipas ang sampung minuto palapakpakan ang mga guro. Sabay pang nagbow sina Raffy at Abbey pero yung binata biglang nangulangot at napagaya tuloy si Abbey. “Raffy bwisit ka!” sigaw ng dalaga pero bigla nalang sila natumba at nahimatay. Lumapit si Erwin at tinignan yung dalawa, “Help me carry them to the clinic” sabi niya.

“No need, they will recover basta magkatabi sila. Dalhin niyo nalang sila sa shade. Sakto pag meryendahin niyo na sila pag gising nila” utos ni Hilda. “Pag namaster nila yan they will be flawless” sabi ni Prudencio. “Sir matagal pa yon, mahirap yung pinagdaanan namin to achieve battle synchronization. Pero bilib ako sa dalawang ito, they are really willing to learn at di sila atat. Madami lang sila tanong lalo na itong si Raffy” sabi ni Joerel.

“Para ka naman di nasanay sa akin pare” sabi ni Felipe. “Kaya nga e pero itong anak mo mas makulit. Ang dami niya tanong lately” sabi ni Ernie. “Questions like what?” tanong ni Hilda. “Mga simpleng bagay lang naman, pero after one question meron ulit follow up, kaya nga sabi ko magbabad nalang sa library e” sagot ng guro.

Nung magising yung magpartner nagmeryenda na sila. Pagkatapos nila kumain ay nagtuloy ang kanilang training. Si Raffy naka blind fold habang si Abbey inaatake ni Joerel ng mabagal. Umiilag ang dalaga at pati si Raffy

gumagaya sa mga ilag niya. Bawat galaw ni Abbey nagagaya ni Raffy, maski talon, dapa at mga side step kuhang kuha niya.

Si Raffy naman ang naka blindfold, lalo tumibay ang synchronization nung mag partner kaya pagsapit ng lunch ay pagod na pagod sila. Tumambay sila sa batis habang kumakain ng packed lunch. “Raffy may tanong ako, nung naka blind fold ka ba nakikita mo din yung nakikita ko?” tanong ng dalaga.

“Oo e, ikaw ba?” tanong ng binata. “Oo din, ganon ba talaga pag in synch?” tanong ng dalaga. “Ewan ko, siguro, pero alam mo iniisip ko parin pano magagamit sa duels e. Kasi kung in synch tayo tapos sabay tayo iilag kahit na ikaw lang dapat iilag e di pano na yon?” tanong ni Raffy.

“Oo nga e, iniisip ko din yun e. Kasi for example ikaw yung susuntukin tapos iilag ka. E ako may opening that time so di ako aatake?” tanong ni Abbey. “Siguro start palang ito, baka ituturo din sa atin ito. Pero alam ko mas advantageous ito sa attacks natin lalo na pag si Godzilla ang kalaban” banat ng binata at laugh trip ulit sila.

“Is it true may nakikita kayo pag naka blind fold yung isa?” tanong ni Hilda sa loob ng opisina niya. “Hala ka, nag iispy ka nanaman mamita ha” sabi ni Felipe. “Hindi po, bakit may nakikita sila?” tanong ni Joerel. “Oo daw e, ang alam ko pag in sync kayo you just feel and follow what the other is doing, am I right?” tanong ng matanda.

“Exactly, pero totoo may nakikita daw sila?” tanong ni Joerel. “Baka mali lang narinig ko” sabi ni Hilda. “Perhaps since wala makita si Raffy he was trying to visualize why he was moving along, haka haka ko lang” sabi ni Erwin. “Kailangan mamaster nila yan kasi importante yan sa makakaharap nilang Tiger students” sabi ni Prudencio.

“At sigurado ka na talaga sila yung papasok ha” sabi ni Hilda. “Tulad mo, lahat naman tayo inaasahan sila yung papasok e. Wag na tayo maglokohan, nangangati din kayo makuha yung trophy na yon at sila yung greatest chance natin to finally get one” sabi ni Prudencio.

Nagstart ang afternoon lessons at nagulat sina Raffy at Abbey nang nagformation yung squad sa likuran nila. “Want to see something amazing?” tanong ni Joerel na hindi sumama sa formation. “Relax lang kayo at susubukan nila mag sync sa inyo” sabi ng guro.

Ilang saglit bawat galaw ni Abbey nagagaya na ng squad kaya tawang tawa si Raffy. “Hala sir bakit ako?” bigkas ni Abbey pero lalo naaliw si Raffy pagkat pati pagsalita ng dalaga ginagaya nila. Nag sync si Raffy kaya si Abbey tumatawa narin. Naglakad lakad ang dalaga at lahat talaga ginagaya siya.

Nagpapasexy siya kaya si Joerel naman at ibang guro ang sumabog sa tawa. “This is not training anymore” sabi ni Pedro. “Yan ang hirap sa iyo e, learn to have some fun” sabi ni Felipe. “At gusto narin namin masanay to be in sync with them, just in case” bulong ni Joerel.

Lumapit si Eric at may dala siyang video camera. Nakita ni Abbey yon kaya super galaw babae siya at pilit ang squad at si Raffy gumawa talaga sa kanya. Posing si Abbey ng medyo sexy at halakhakan ang mga guro pagkat ang laswa tignan ng mga alagad sa kanilang sexy poses.

May naisip si Abbey at bigla siya nag paapoy ng kamao niya. Nagulat siya pagkat lahat ng alagad nagpaapoy din ng kamao nila maliban kay Raffy na maliit lang na apoy sa dulo ng kanyang daliri. Tawang tawa ang dalaga kaya pakendeng kendeng siyang naglakad habang winawagayway niya ang kanyang nag aapoy na kamay.

“Madaya ka, ako naman gayahin niyo” sabi ni Raffy at tumigil si Abbey at ang binata naman ang ginaya nila. “Patay tayo diyan” bulong ni Pedro. “Kunan mo yan tapos upload mo sa Youtube” sabi ni Felipe.

Nagduck walk si Raffy at laugh trip talaga ang mga guro pagkat lahat sila nag duck walk. Lahat ng kilos ni Raphael gayang gaya ng lahat hanggang sa tumawa siya ng malakas at nagsindi siya ng ilaw sa dulo ng kanyang daliri. Pinasok niya ito sa ilong niya, paglingon niya nagsisigaw siya pagkat wala gumaya sa kanya.

“Ang daya niyo naman e! Bakit di kayo gumagaya?” tanong niya. “Alam na nila ang gagawin mo Raffy, sorry about that” sabi ni Joerel. “You are so unfair!” sigaw ni Raffy at bigla nalang nahimatay ang lahat ng alagad. “Hala, what did you do?” tanong ni Abbey. “Ha? Wala ako ginawa. Promise wala ako ginawa talaga” sabi ni Raphael.

“E bakit sila nahimatay?” tanong ni Abbey. “Its okay iha, mukhang malakas yung dragon niyo at di nila nakayanan yung pag sync ng matagal sa inyo. You see di ganon kadali mag sycn kung ayaw nung isang member. Willing kayong dalawa kaya lang mukhang lumaban from the start yung dragon niyo. Kung kayong dalawa lang wala siguro problema pero others syncing with you mukhang ayaw ng dragon niyo talaga” paliwanag ni Joerel.

“Will they be okay?” tanong ni Raffy. “Yes they will be okay, tulad niyo din kanina napagod lang sila” sabi ng guro. “Huh, kayo kasi ayaw niyo ako gayahin, very good dragon, ayan sa susunod kasi sundan niyo ako” biro ni Raffy at tawang tawa si Abbey.

“I want to try something” sabi ni Hilda at nagulat yung magpartner nang bigla sila nagkaroon ng blindfold sa mga mata. “Bakit ako naka blindfold?” tanong ni Abbey. “Pati ikaw? Dapat isa lang sa amin ha” sabi ni Raffy. “Joerel attack them” sabi ni Hilda.

“Madam are you sure?” tanong ng binata. “Attack sabi e” sagot nung matanda. “Can yo see?” bulong ni Raffy. “Yeah…ayan na siya” sagot ng dalaga at sabay sila umila at nabilib ang lahat ng guro. Atake ng atake ng physical attacks si Joerel, ilag ng ilag yung magpartner kaya nalilito na yung guro.

“Nakakakita sila?” tanong niya. “Basta umatake ka!” sigaw ni Hilda at nag leg sweep si Joerel ng mabilis pero sabay tumalon yung mag partner. Bumilis atake ni Joerel at bilib na bilib na siya sa sabayan pagkilos nung mag partner. “Let us see if you can defend this one” bulong niya.

Sumugod si Joerel, naghanda yung magpartner ngunit ramdam nila may aatake pero too late sila maka react. Si Ernie papalo na gamit staff niya ngunit bigla ito tumapis kaya si Joerel nagulat, yung magpartner napangiti at sumugod din sila papunta sa guro

Tumalon sa ere si Joerel at naiwasan niya yung dragon punch nung magpartner. “Alam ko na yung atake niyo” pasikat niya pero nagulat siya nang may nakita siyang fireball nag aabang sa kanya. Yung bola ng apoy lumulutang lang, paglanding ni Joerel pumikit nalang siya pagkat sumapol agad yung apoy sa kanya.

Bagsak yung guro at palakpakan ang mga ibang guro. Inalis nung magpartner blindfold nila sabay humarap sila kay Joerel. “Alam po namin you studied all our moves, you saw pinagdikit namin mga kamao namin kaya alam namin you would be expecting our dragon punch” sabi ni Raffy.

“Habang magkadikit kami di niyo nakita nag iwan ako ng fireball, we expected you to jump and avoid our attack so pinaiwan talaga namin siya para makaiwas man kayo sa dragon punch may nag aabang naman sa inyong ibang atake” paliwanag ni Abbey.

“O saan kayo pupunta?” tanong ni Joerel. “Bukas nalang ulit sir, pag gising na sila ulit. Salamat sa lessons sir” pacute ng dalaga at tumakbo sila ni Raffy papunta sa batis.

“I told you they could see” sabi ni Hilda. “But how?” tanong ni Joerel. “Their dragon of course” sabi ni Ernie na hinahaplos parin tiyan niya. “Nakapiring man sila pero yung dragon nila nakakakita at yun ang kanilang mga mata. Ernie attacked and their dragon defended their blind spot” sabi ni Prudencio.

“Nakita mo yon? Iniwan ni Abbey yung fireball niya. Grabe sila mag isip” sabi ni Eric. “And she can control her magic now. Akalain mo iniwan niya nakalutang, very well calculated pa” sabi ni Pedro. “Sorry di ako naka react agad, naiwasan ko dapat yon” sabi ni Joerel.

“I don’t think you could, if ever naiwasan mo mahahabol ka nung apoy. Didn’t you know she has total control of her flames now. Remember when she fought Charlene? Nabilib ako sa tinatawag niyang return magic, pero sa totoo she was controlling it. I think she knew, pinapalusot lang niya na return magic. Sa totoo she was calling it back”

“Ayaw niya lang sabihin kay Raffy yon kasi she was not sure yet pero now I think she will teach him kaya nagtungo ulit sila sa training ground nila” sabi ni Hilda. “What training ground?” tanong ni Joerel. “E di saan pa dun sa bundok” sabi ni Pedro.

“Keep teaching them, sagutin niyo lahat ng tanong nila kung magtatanong sila. Aayusin ko na yung bagong espasyo para sa inter school trophy natin” sabi ni Hilda at nagtawanan ang lahat ng guro.

Chapter 12: Grand Event

Mas madami nang alumni ang dumalo sa Grand Event. Punong puno na muli ang campus ng tao at nagkakatuwaan. Namayagpag ang mga bandera ng dragon school kaya ang mga matatanda bumabalik sila sa nakaraan.

Naiinip na sila at di maantay ang pagsapit ng dilim. Walang tigil ang spekulasyon tungkol sa palabas na magaganap, ang alam lang nila ay si Raphael nanaman ang mamahala nito. Pinag uusapan parin yung naganap nung nakaraang taon, yung mga di nakadalo last year inggit na inggit kaya inaasahan nila ang mas magandang palabas ngayong taon.

Naglalakad sina Abbey kasama ang kanyang mga barkada, hinarang sila ni Hilda at ibang mga guro. “Any news? Do you know what he will be doing this year?” tanong ng principal. “Wala po, masyado siya malihim when it comes to this” sagot ng dalaga. “Naiinip na ang lahat, malapit na dumilim e” sabi ni Ricardo.

“Oh Charlene iha, mukhang you have found friends” sabi ni Greta, isa sa mga guidance councilors. Ang dalaga napangiti at nagtago sa likuran nina Abbey at Felicia. “She is our apprentice” pasikat ni Abbey at nagtawanan ang mga guro. “Lagi pumupunta sa office yan, iyak ng iyak dati” kwento ni Greta. “Teacher naman wag niyo na po ikwento” bulong ni Charlie.

“So is your apprentice going to join the duel events?” tanong ni Hilda. “Sana po pero wala naman po gusto makipag partner sa kanya” sabi ni Cessa. “Inisip po namin hamunin niya si Raffy tapos magpapatalo si Raffy pero baka wala naman maniwala” kwento ni Yvonne. “At hindi naman po basta basta pwede kumuha ng partner e, kailangan cohesive unit kayo at di yung pilit lang”

“Meron mga boys may gusto kasi maganda siya, pero huh no way. Hahanapan namin siya ng partner na gusto talaga manalo” sabi ni Abbey. “I am sure you will find one” sabi ni Hilda.

Lumapit si Kimmy at nakisiksik sa mga dalaga, “Mga ate it is time na daw” sabi niya. Napatingin ang mga propesor sa grupo nina Abbey, gulat ang mga dalaga ngunit may sulat na inabot si Kimmy sa kanila. “Wag niyo daw ipapabasa sa iba kayo lang daw” nagalit si Kimmy nang nakibasa yung ibang guro.

“Excuse me” sabi ni Abbey at naintriga yung mga guro. “This says for Abbey, Felicia and Charlie” basa ni Abbey. “Me? Bakit ako?” tanong ni Charlene. “Ako din? Ano yan?” tanong ni Felicia. “Ewan ko basta tara basahin natin, wait Yvonne and Cessa kasama pa kayo dito pala” sabi ni Abbey.

Limang minuto ang lumipas may namuong madilim na ulap sa langit na nagtakip sa buwan. Namatay bigla ang lahat ng ilaw kaya nagsigawan ang mga tao sa sobrang dilim. Ni isa walang makita ngunit may narinig silang malalim at matandang boses na nagpakalma sa kanilang lahat.

“Wag kayo matatakot” sabi ng boses kaya humupa ang ingay. Muli natakot ang lahat nang marinig nila yung sigaw ng dragon. Sa dilim lingon ng lingon ang lahat at pilit hinahanap saan galing yung ingay. “Ayun!” sigaw ni Eric at nakita ng lahat yung madilim na ulap nabubutas konti, napanganga ang lahat nang makita yung pigura ng isang dragon at may nakasakay na dalawang tao sa likod niya.

Saktong satko lang pagbukas ng ulap para makita ng lahat yung lumilipad na dragon. Nagpaikot ikot ito sa kalangitan sabay nagdive ito pababa at nagpapaapoy. Sigawan sa tuwa ang lahat nang lumapit talaga sa lupa yung dragon. Pinaapuyan niya yung palibot ng campus.

Lumipad ulit pataas yung dragon sabay nagdive ito pababa sa gitna ng campus, sa takot nagtakbuhan palayo ang mga tao pero di sila sumisigaw sa takot, lahat sila sumisigaw sa tuwa. Bago makalapit sa lupa ang dragon lumipad ulit ito patungong langit sabay umulit sa kanyang pagdive pababa.

Nagpaapoy talaga ito ng sobrang lakas sa center grounds kung saan walang nang tao. Sobrang lakas ng apoy ngunit palakpakan ang lahat nang sa gitna ng apoy may naaninag silang nilalang na nakatayo. Paglipad paakyat ng dragon naiwan ang isang malaking fireball kung saan nakikita ng lahat na may tao sa loob nito.

Humupa yung apoy sobrang palakpakan ang lahat nang makita nila si Abbey pala yon. Tumingala ang dalaga at nakipagtitigan sa dragon at mga sakay nito. Humiyaw yung dragon at nagpaapoy patungo kay Abbey. Sigawan ulit ang lahat pero yung dalaga sinalo yung apoy gamit mga kamay niya, nagpaikot siya sabay binalandra yung mga apoy at tinira papunta sa isang gilid.

Nagsidapaan ang mga tao, diretso yung apoy ni Abbey at tumama sa isang torch at sumindi ito. Isang paikot ulit niya at isang torch nanaman tinamaan niya para isindi. Para siyang sumasayaw sa gitna ng campus, yung apoy mula sa dragon tinatanggap niya at yung ang ginagamit niya pangsindi sa mga torch na nagkalat sa buong campus.

Palakapakan ang mga tao nung napasindi niya yung lahat ng torches. Tumingala si Abbey kaya lahat ng tao napatingala din. Lumipad sobrang taas na yung dragon sakay parin yung dalawang tao sa likuran niya. Lumusot siya sa madilim na ulap, nagsara ito at muling natakpan yung buwan.

Nakaramdam ang lahat ng sobrang lakas na hangin, namatay ang lahat ng torches kaya sigawan ulit ang lahat nang dumilim muli sobra sa paligid. Ilang saglit lang biglang sumindi muli ang mga torches, naakit ang lahat nang makita nang wala na si Abbey sa gitna ngunit panay kids na ang nandon.

“Ganito tayo noon” sabi ng malalim na boses sa buong paligid. Pinanood ng lahat ang mga batang naglalaro, pinapailaw nila daliri nila at parang mga luses lang tuwing Christmas at New Year. Tuwang tuwa ang mga bata na

winagawayway nila mga kamay nila. Sobrang naantig ang lahat sa pagkainosete ng mga bata, yung mga matatanda medyo naluluha na pagkat tandang tanda nila na ganon nga talaga noon.

"Simpleng mahika nagbibigay na ng ngiti sa lahat" sabi nung boses na malalim. Dumilim muli at pagsindi ng mga torches nandon na sa gitna sina Gerard at Steve. Humulma ng bolang liwanag si Gerard at lumayo si Steve, nagpasahan sila ng bola ng liwanag.

Nakita ng lahat gano kasaya yung dalawa na naglalaro lang ng saluhan ng bola ng liwanag. Ilang saglit napangiti sila nang dumating sina Armina at at Elena at nakisali sa paglalaro nung dalawa. "Ngunit anong nangyari sa atin?" sabi ng malalim na boses.

Umentrada sina Adolph at Homer, sumali sila sa paglalaro ngunit naging brutal na ito. Kinargahan ni Adolph ng kureyente yung bola ng liwanag at tumama ito kay Homer. Gumanti si Homer at kinargahan din ng tubig yung tira niya at nabasa mukha ni Adolph.

"Ang simpleng katuwaan, naging sakitan, nagkakabawian, pagalingan sa pananakit hanggang sa nagkampi kampihan" sabi ng boses at biglang dumilim at pagsindi muli ng torches nasa gitna na sina Pedro at Felipe at totoong naglalaban. Mabangis yung dalawa at talagang pinapakita nila kung ano na talaga ang estado ng mahika sa ngayon.

Pasiklaban ng tira yung dalawa hanggang sa dumilim muli sa buong paligid. "Ano na nangyari sa atin? Bakit nagkakaganito na tayo ngayon? Kaya natin ibalik yung dati. Kung saan walang away away…lahat masaya" sabi ng boses ngunit hindi na ito boses ng matanda ngunit boses na ito ni Raphael.

"Maniwala kayo pwede pa natin maibalik yung dati…sa kanila magsisimula ang lahat" sabi ni Raffy at pagsindi ng mga torches ay nakita muli nila yung

kids na naglalaro kasama si Abbey. Lumuhod ang dalaga at nagpapasikat yung mga bata at nagpalabas sila ng mga damo sa lupa.

Napangiti ang lahat nang nagpalabas ang mga bata ng mga munting bulaklak sa paligid. Tumayo si Kimmy at nagpasindi muli ng ilaw sa kamay niya, tumakbo siya at hinabol siya ng ibang bata hanggang sa tanging naiwan sa gitna ng damuhan si Abbey.

“Oh my God!” bigkas nung isang tao at lahat napatingala nang makita si Raphael nagpapababa mula sa kalangitan. Lahat sbrang namangha, nagtilian ang mga babae nang tumayo si Abbey at paglanding ni Raffy at magkaharap sila at sobrang titigan.

Ang dalaga nakangiti at nahihiya, si Raffy naman biglang lumuhod sa isang tuhod, isang kamay humawak sa damuhan at tumindi ang tilian at mangha ng lahat nang may tumubo na isang bulaklak mula sa lupa. Di pa namulaklak ngunit pinitas na ito ni Raphael at dahan dahan siyang tumayo at nilapit ito kay Abbey. “Dati gawa lang sa yelo…ngayon totoo na” bigkas niya at dahan dahan namulaklak yung hawak niya at naging napakagandang pulang rosas.

Tinanggap ni Abbey yung rosas, grabe na yung tilian ng mga girls sa paligid. Nang amuyin ng dalaga yung rosas nagulat ang lahat nang napalibutan yung dalawa ng sobrang daming pulang at puti na rosas. Lumaki ng lumaki yung mga rosas, ilang saglit nagdikit yung magpartner tuluyan sila kinain ng sobrang daming mga rosas.

May ipo ipo na namuo sa paligid at kinakain ang mga rosas, nalinis ang center grounds at nawala pa sina Raffy at Abbey. Tumaas sa ere ang ipo ipo hanggang umabot ito sa madilim na ulap. May sumabog na sobrang lakas na liwanag na pumuksa sa madilim na kaulapan.

Sigawan at palakpakan ang lahat nang umula ng rose petals sa buong paligid. Di na nila makita yung magpartner kaya lalo sila namangha. Ang lahat pinapanood yung pinakahuling rose petal na pababa na sa lupa. Pag bagsak nito dahan dahan nagdim yung mga torches hanggang tuluyan sila namatay at muling dumilim sa paligid.

“Mas madami magandang pag gagamitan ang ating mahika” sabi ng boses. May isang fireball na sumindi sa gitna ng grounds, nagulat ang lahat nang makita si Abbey hawak yung bolang apoy. Kasama niya sina Gerard, Steve, Armina, Elena, Adolph, Homer, Raffy, Charlie, Yvonne, Cessa, Felicia at mga bata na pinamumunuhan ni Kimmy.

“Kaya nila ibalik sa dati ang lahat, sa kanila magsisimula kaya suportahan natin sila” sabi ng matandang boses. Yung bolang apoy ni Abbey naging isang maliit na fire dragon at pinalipad niya ito palibot sa campus upang sindihan muli ang mga torches.

Si Raffy tumadyak sa lupa at biglang nagkaroon ng malalim na butas. Lumapit si Homer at mula sa butas nagpalabas siya ng tubig at pinaangat sa ere kung saan si Felicia naman ang humulma sa tubig at ginawang yelo. Si Charlie inayos yung hulma ng namumuong giant ice sphere gamit ang kanang wind magic. Naging perpektong sphere ito, tinignan ni Raffy yung mga bata at lumapit sila at tinuro yung ice sphere at isa isa sila nagpasok ng kanilang mga munting liwanag.

Nanamangha muli ang lahat nang yung simpleng ice sphere magic disco ball at ang daming mga kulay. Si Adolph tinuro yung sphere at nagpasok ng kuryente kaya lalo gumanda effects sa loob nito. Hinawakan ni Raffy yung ice sphere at dahan dahan pinalutang sa ere.

Palakpakan ang mga tao, yung simpleng center grounds naging napakalaking disco dance floor. “Basta sama sama, madami tayo magagawang maganda. Suportahan natin sila” sabi ng matandang boses.

Sobrang sigawan at palakpakan ang lahat ng manonood, yung mga matatanda naluluha, ang mga mas bata atat nang makipagsayawan sa gitna. “Ahem! Excuse me…di pa tapos…may I have the center stage please” sabi ni Raffy at iniwanan siya ng kanyang mga kasama.

Natatawa si Raffy pero tinaas niya kamay niya at pagpitik nagsulputan bigla ang mga alagad ni Joerel. Naka formation sila sa likuran ni Raffy suot ang kanilang black robes at black masks pero ngayon yung robes nila may flaming red design. “Sir Eric hit it!” sigaw ni Raffy at sumabog sa tawa, tuwa at aliw ang lahat nang biglang sumayaw ang grupo nila ng “Oppa Gangnam Style”

“Oh my God…Raffy!” sigaw ni Abbey sa tuwa. Halos mamatay sa tawa at aliw ang lahat ng manonood. Tumigil si Raffy at tinaas niya mga kamay niya sabay tinuro bigla ang mga matatandang propesor. “Raphael wag!” sigaw ni Hilda pero too late siya pagkat nagliparan ang mga alagad ni Joerel at sinundo sila lahat.

Lahat ng estudyante nagwawala na sa tuwa, umaayaw pa yung mga propesor pero pumitik si Joerel at mga alagad niya, nag total in sync ang lahat kaya sinimulan ni Raffy yung sayaw at sumabog talaga sa tindi ng hiyawan at palakpakan ang lahat.

Di na kinailangan ng sync magic, lahat ng tao sa campus sumama na sa sayaw. Ang bilis nila natuto at si Eric kinuhanan talaga ng video ang lahat. “Sige iho sumamaka ka sa kasiyahan at ako na kukuha ng video” sabi ni Ysmael at natulala si Eric. “Sige po sir” bigkas niya at sumama sa lahat at nakisayaw narin.

Si Raffy ang nasa unahan, lahat ginagaya yung sayaw niya. Napangiti si Ysmael nang makita ang lahat sinusundan talaga siya. Sa tuwa ni Ysmael siya yung nagpasabog ng mga kakaibang fireworks sa langit. Umabot nang hating gabi ang kasiyahan sa buong campus.

Ang dragon lord sobrang saya pagkat ramdam niya na nagkakaisa ang lahat at buhay na buhay ang diwa ng kanilang paaralan. Nakauwi na ang lahat maliban sa mga guro na nagmeeting pa sa gitna ng campus para pag usapan yung nangyari.

Pinanood nila yung video at muli sila naaliw. “Naiintindihan ko na bakit ngayon lang siya nakapili ng mga apprentice niya” sabi ni Hilda. “He finally found a person who will lead us all” sabi ni Prudencio. “Look at this one, siya yung nasa harapan, next row behind him sina Abbey, Felicia, Charlie, Homer, Adolph and the rest. Bakit may iba akong nararamdaman sa grupong ito?” tanong ni Ricardo.

“Ako nga din e, I felt something different a while ago nung magkakasama sila. Di ko maipaliwanag pero at that moment nung magkakasama sila para kalmado ako masyado. Something I never felt for a very long time” sabi ni Franco. “I felt that too at di ko nga din alam bakit pero yang grupo na yan, kakaiba talaga”

“Yes they were opponents last year, Adolph and Homer even cheated but they repented pero tignan mo Raffy and Abbey don’t even mind at all. Meron ako kakaibang nararamdaman talaga sa kanila pero di ko masabi ano yon” sabi ni Ernie.

“Do you think Raffy is assembling his army?” tanong ni Prudencio at nagtawanan ang lahat. “Grabe ka naman mag isip, army agad?” tanong ni Lani. “Ewan ko lang pero parang ganon din naisip ko, pero parang imposible din e. Di naman ata ganon si Raphael” sabi ni Ricardo.

“And they are still too young, yes they may be the strongest here in school pero madami pa sila pagdadaanan. Siguro gusto niya lang ipakita na friendship is important. Diba? Sabi nga bumalik sa nakaraan e, they were

opponents last year, at lesson niya siguro e di naman kailangan manatiling opponents, they still can be friends" sabi ni Hilda.

"Siguro nga ganon pero di natin masasabi. Pero he showed himself to everyone, pati na yung dragon niya" sabi ni Franco. "Kaya nga e nagulat talaga ako, kaya lang di nakita yung mukha niya. Tayo alam natin siya yon at totoong dragon yon"

"Yung iba akala parin nila gimmick lang nina Raffy at Abbey ulit yon" sabi ni Franco. "Gusto na niya magpakita talaga pero dinadahan dahan lang niya. Sa tinging ko soon he will really reveal himself to everyone already. That says a lot, may tiwala siya sa grupo nina Raffy" sabi ni Lani.

"Maybe he is the one gathering his own army, oh just so you all know siya yung kumuha nung video. Oh yes nakausap ko siya at hinding hindi ko makakalimutan ang sandaling yon. Pero nautal ako at nag yes sir lang ako" kwento ni Eric at nagtawanan sila.

"Tignan niyo yung video, nakafocus lang lagi sa front rows. He is trying to tell us something" sabi ni Hilda. "So we have to protect and teach that group then at hindi lang sina Raffy at Abbey?" tanong ni Ernie.

"Parang ganon na ata gusto niya sabihin e. Pero kung titignan niyo yung line up, Adolph, Homer, Felicia, Abbey, Charlie and the rest, lahat sila different elements. In fairness it is a good line up" sabi ni Lani.

"Yes in terms of school duels. Pero sa outside world alam naman natin it goes beyond the elements already" sabi ni Ernie. "Lately si Raphael masyado busy learning the elements, di ko alam bakit pero gusto lang niya aralin ng maigi ang lahat" kwento ni Grace. "And whatever you teach him he comes to me to learn how to refine it" sabi ni Emily at nagulat ang lahat.

“What have you taught him lately?” tanong ni Hilda. “Relax, nothing disastrous, yung pagcontrol lang sa water, earth, wind at light para secret showing daw niya, pero alam niyo naman yung yung mga bulaklak” sabi ni Emily at napangiti ang lahat.

“Kung dati nangyari yan malamang nasunog ni Abbey yung school” banat ni Erwin at tawanan ulit sila lahat. “Well it seems she has full control of her powers now” sabi ni Hilda. “Whatever it is, army or no army, bantayan niyo yung grupo na yan. May nararamdaman akong maganda para sa kanila” sabi ni Franco.

Chapter 13: Apprentices

Napansin ni Raffy malungkot ang partner niya sa kanilang klase. “Abbey bakit?” tanong niya. “Nalulungkot ako kasi wala parin mahanap na partner si Charlie at depressed na siya masyado” sabi ng dalaga. “Hala e magsisimula na yung grand duels ah. Pano na yan?” tanong ng binata.

“Kaya nga e, if ever makahanap siya too late na kasi wala na sila practice” sabi ni Abbey. “Sayang naman, naghirap kayo para ihanda siya tapos wala din lang siya partner. Baka naman meron sa mga suitors niya” sabi ni Raffy. “Hay naku, wala ako tiwala sa mga yon. Gusto lang nila siya maging partner kasi maganda siya” sabi ng dalaga.

“Malay mo meron hindi ganon” sabi ni Raffy. “I don’t want her to get hurt even more” sabi ni Abbey. “Yeah I know, parang nararamdaman ko yung pinagdadaanan niya. Pero buti nalang I have you” banat ni Raffy at natawa si Abbey at pinalo partner niya.

“Siguro kasalanan natin no? Parang we set a high standard kasi. Tuloy since slow learner siya kaya walang gusto makipag partner sa kanya” sabi ni Abbey. “May bad effect din pala yung nagawa natin. Akala ko we encouraged the others to level up pero kawawa din pala yung mga mahihina” bulong ni Raffy.

“Mamaya recess hahanapan namin siya ng partner niya” sabi ni Abbey. “Let her fight me” bulong ni Raffy. “What? Lalo siya mapapahiya” sabi ng dalaga. “Hindi yan, medyo bumango siya for challenging you diba?” sabi ni Raffy. “Actually hindi e, lalo siya pinagtawanan at tinawag na mafeeling” kwento ng dalaga at nagsimangot si Raffy.

“What more kung ikaw, bidang bida ka sa buong campus. Di lalo siya tatawaging mafeeling. Kung magpatalo ka naman alam na ng lahat yon. Nakakainis talaga, I really want her to join the duels” sabi ni Abbey. “Bakit masyado ka concerned sa kanya?” tanong ni Raffy. “Ewan ko, basta magaan

loob ko sa kanya. Di ko maexplain pero basta gusto ko siya sumali sa duels" sabi ng dalaga.

"Meron yan, samahan kita mamaya maghanap" sabi ni Raffy. "Pero alam mo meron akong isang alam kaya lang masyadong over protective lola niya. I can sense she wants to join the duels pero di ata siya pinapayagan" kwento ni Abbey. "Sino naman?" tanong ni Raffy. "Basta mamaya I think you can convince her lola" pacute ng dalaga.

Sumapit ang recess, nagtungo yung magpartner sa grade school campus. "Ano ginagawa natin dito?" tanong ni Raffy. "Basta sumama ka lang sa akin, back me up" sabi ni Abbey. "Don't tell me elementary ang partner niya, bawal yon" sabi ng binata at natawa ang dalaga.

Sa office ni Lani sila pumasok, "Good morning teacher may I ask a favor?" pacute ni Raffy. "Sure iho, what is it?" tanong ng matanda. "Let Venus join the duels" sabi ni Abbey at nagulat yung matanda. "How did you know about Venus?" tanong ni Lani sa gulat.

"Sino ba yung Venus?" bulong ni Raffy. "Teacher I can sense magic power…she has the same magic aura like yours. I know you two are related, you are too old to be her mom so alam ko apo niyo siya" sabi ni Abbey. "Yung Venus apo ni teacher Lani?" tanong ni Raffy.

"I am sorry I wont allow it, mahina ang apo ko. She is very fragile. I don't want to see her get hurt" sabi ni Lani. "I can feel that she wants to duel, nakikita ko sa mata niya. Tuwing nasa library kami nakikita ko siya lagi doon" kwento ni Abbey. "Siya ba yung lonely girl na nandon lagi? Yung apat ang mata?" tanong ni Raffy at nasapol siya bigla ng water ball sa mukha.

"Porke naka glasses apo ko four eyes na?" sermon ni Lani at tumawa ang binata. "Please let her, ipapartner namin siya sa malakas. Promise po if you let

her join then may time pa sila mag practice at tuturuan po namin sila. Pangako po yon, kami mismo ni Raffy magtuturo sa kanila" makaawa ni Abbey.

"Iha I am sorry but di ko kaya payagan sumali apo ko. I already get hurt watching Raffy fighting, what more if apo ko na talaga yon? Sorry iha" sabi ni Lani. "Hayaan mo na Abbey, at least may future yung Venus, siya papalit sa librarian" banat ni Raffy at nasapol ulit siya ng water ball sa mukha.

"Please" makaawa ni Abbey. "Sorry iha" sagot ni Lani. "Magic rank, mapapako siya sa mababa and Venus will really get bullied. Magiging laughing stock siya. By that time you will be forced to reveal her connection with you para matigil yung bullying…pero lalo lang siya tutuksuin kasi nagtatago siya sa kapangyarihan niyo" bulong ni Raffy at medyo napailing si Lani.

"We have a goal, to stop all this fighting. If we fail you pray that Venus can defend herself" bulong ng binata at nagtitigan sila nung guro. "You promise to teach her?" tanong ni Lani. "Opo promise talaga, ipapartner namin siya kay Charlie" sabi ni Abbey.

"Wala bang mas malakas?" tanong ng guro sabay nagtawanan sila. "Teacher alam mo naman yung origin ko…sumandal lang ako sa lakas ni Abbey last year. Nagpursige ako kahit wala ako mahika. Well meron pero wala, basta ganon. Pumayag ka na ngayon para magmeet na sila at mahanda namin sila"

"Me and Abbey got hurt, pero di namin ininda yon kasi yun lang ang paraan para lalo gumaling. Masasaktan din si Venus, pero its part of learning. We still have time to prepare them" sabi ni Raffy. "You only have a few days before the actual duels start" sabi ni Lani.

"It is enough, the rest of their training will be the actual duels" sabi ni Abbey at nagulat si Lani at napahaplos sa mukha niya. "Kung makapag cheer ka sa

akin sobra sobra tuwing nanalo ako o kami ni Abbey. What more pa kaya kung si Venus na ang nanalo" bulong ni Raffy.

"Fine, pero kung masaktan talaga ang apo ko Raffy ikaw yung paparusahan ko" banta ni Lani. "No you wont" landi ng binata at natawa si Abbey. "So can we go to her now and tell her?" tanong ng dalaga. "Yes, pero please take care of my grand daughter. Her parents were great fighters and…she lost them…ako na nagpalaki sa kanya…kaya please take care of her" makaawa nung guro.

Gulat sina Raffy at Abbey sa nasabi ni Lani. Umalis sila sa opsina at sinundo si Charlene sa canteen. Nagtungo yung tatlo sa library at hinanap si Venus. Nahanap nila yung dalaga sa isang sulok at nagbabasa ito ng book of magic. "Hala bawal yan" sabi ni Raffy.

Nagpanic yung dalaga at agad tinago yung libro. "Hi, ikaw si Venus diba?" tanong ni Abbey at parang star struck yung dalaga sa magpartner. "Ah opo" bulong niya. "Sus opo, e two years lang agwat natin" sabi ni Raffy. "Excuse me three years kaya" sabi ni Abbey. "Ate ikaw yon mas matanda ka sa akin diba?" landi ng binata at pinagkukurot siya ng kanyang partner.

Napatawa nila si Charlie at Venus, nagkatitigan yung dalawa. "May partner ka na sa duels? Ako pala si Charlene, call me Charlie" sabi ng dalaga at nagkamayan sila. "Ha? Duels? E di pwede e" sagot ni Venus. "Pwede daw, kinausap namin lola mo…ay shhh wag daw ipagsabi lola mo siya" banat ni Raffy at nagulat yung dalaga.

"Nakausap niyo siya? Pero pano niyo alam?" tanong ni Venus. "Sabi ng lola mo napansin niya gusto mo lumaban. Kaya tinawag niya kami para turuan ka. So kayo ni Charlie ang magpartner at kami ni Raffy magtuturo sa inyo" sabi ni Abbey at medyo napakamot si Raffy pero sumakay nalang sa sinabi ng dalaga.

“Sinabi ng lola ko yon?” tanong ni Venus. “Oo, so ano payag ka? Oo na kasi wala din partner si Charlie e. Magkakilala naman kayo by face diba? Magkabatch kayo e” sabi ni Abbey. “Sige na, umoo ka na, tignan mo naman magtuturo sa atin o yung grand champions” udyok ni Charlie at nagliwanag ang mukha ni Venus.

Tumunog yung bell kaya nadismaya sila lahat, “Mamaya lunch sumama ka sa amin. Wag ka tatambay dito sa library lagi. Starting later sasama ka na sa amin lagi” sabi ni Abbey. Napangiti si Venus at tinignan niya si Charlie, “Kaya ba natin?” tanong niya. “Kaya natin yan” sagot ni Charlie.

Sumapit ang lunch at nahihiya pa talaga pumasok si Venus sa canteen. Nakayuko siya at dahan dahan pumasok. Yung ibang batchmates nila nagsimula mangantyaw ngunit nang naupo siya sa lamesa nina Abbey lahat sila nagulat at nanahimik.

“Feels good ano?” bulong ni Charlie at super ngiti si Venus at nagawa na niya iharap ang kanyang mukha. “O eto yung notes tungkol sa batchmates niyo” sabi ni Cessa at nagulat yung dalawa. “Resident nerd natin yan, so now may alas na kayo kasi alam niyo what to expect sa makakalaban niyo” sabi ni Abbey.

“Is this legal?” tanong ni Venus at tumawa si Raffy. “Of course it is, look here” sabi niya sabay pinakita niya yung notebook nila ni Abbey. “They taught us na maganda talaga paghandaan ang makakalaban niyo. Pati tuloy kami may notebook din, so I compiled that for you, you are welcome” sabi ni Cessa.

“Hala nakakahiya” bulong ni Venus. “Don’t be, multi purpose naman yan e, nag iiscout narin kami ng possible strong opponents coming from your batch. Remember maghaharap ang champions sa grand duel. O may lamang na kayo kasi they don’t know what you two can do. Mabubulaga nalang sila sa duels”

“Doon palang nila kayo makikilala” sabi ni Raffy. “So when do we start?” tanong ni Charlie. “Mamaya dismissal, kami na bahala so magpaalam kayo to stay a bit late. Kami na ni Raffy bahala sa inyong dalawa” sabi ni Abbey.

Sumapit ang dismissal nagkita kita yung apat sa may batis. “Charlie is an air user, how about you Venus?” tanong ni Abbey. “Water siguro yan tulad ng lola niya” sabi ni Raffy. “Hmmm…earth” bulong ni Venus at biglang lumutang ang maliliit na bato sa ere.

Bumulong si Raffy sa tenga ni Charlie, ang dalaga kinumpas ang kamay niya at yung mga maliliit na bato biglang sumugod sa isang puno at bumaon ang maliliit na bato doon. “Wow…deadly combo” sabi ni Abbey. Natuwa yung dalawang grade niners at nagtitigan.

“So Venus, mukhang pasikreto ka din nagprapracice no?” tanong ni Raffy at napangiti ang dalaga at sa papaanan nila naipon ang mga alikabok at dahan dahan may nahulmang maliit na manika at naglakad pa ito. Gulat sina Raffy at Abbey sa husay ni Venus kontrolin ang lupa.

Biglang lumutang yung naglalakad na manika kaya nanlaki ang mga mata ni Venus. “Don’t worry this is me” bulong ni Charlie at lalo nabilib sina Raffy at Abbey sa kanila. “I told you masikreto ang mga loner, ganyan daw daddy ko noon e” sabi ni Raffy.

“At pati ikaw ngayon kaya, lagi ka nag iisa tapos pagdating mo may bago ka nanaman na alam” reklamo ni Abbey. “Ows at ikaw nahahawa ka din sa akin kasi ganon ka din lately” bawi ni Raffy at nagngitian yung dalawa. “Ganyan ba kayo lagi nag aaway kayo?” tanong ni Venus.

“Hala di kami nag aaway, ganito lang talaga kami no” sabi ni Abbey. “Actually ang sweet nila sa isat isa” pacute ni Charlie. “So enough of that, for today kailangan niyo dalawa mag bonding. Kailangan niyo kilalanin ang isat

isa maigi. Talk about what you can do, kung pwede idemo niyo sa isat isa para makita niyo talaga" sabi ni Abbey.

"Tama, lahat ng kaya niyo dapat. Then once alam niyo na you two can formulate attacks already. Tomorrow agahan niyo sa school at mag jogging kayo para makondisyon body niyo. Don't worry aagahan namin kasi pati kami kailangan maghanda sa duels e" sabi ni Raffy.

"Pero kuya I don't know how to fight using my hands and legs" sabi ni Venus. "Ako konti lang…been training to learn a little" bulong ni Charlie. "Ako din dati di ako marunong pero Raffy taught me how to kick and punch, so don't worry about that tuturo niya yung basics, we know di sapat yung oras at di kami pwede mag milagro tulad sa movies"

"So since we know that we can help you formulate attacks using your powers since mukhang magaling na kayo controlling your own powers" sabi ni Abbey. "Do not be afraid kasi itututuro din namin yung defense, trust me madali lang ito para sa inyo. Basta kontrolado niyo powers niyo it will be easy" sabi ni Raffy.

"Kuya nakapanood ako ng tapes niyo…pinapanood ni lola…will you teach us your super moves din?" tanong ni Venus. "Ah yon? Well sorry ha pero di namin pwede ituro yon kasi alam niyo depende yung moves sa kung ano kaya niyo gawin. So yung moves na ganon kayo na mismo makakagawa"

"Since you two don't know how to fight hand to hand combat then you will have to rely on long range attacks. Tapos pag lumapit kalaban, depensa at force them to move away para long range attacks ulit" sabi ni Raffy.

"Uy pero tulad ng sabi ko di ito tulad ng movies ha. Baka iisipin niyo magtuturo kami bukas tapos next day ang galing niyo na. Trust me hindi ganon, kami ni Raffy it took us a long time perfecting our moves. Madami kami

mali pero every afternoon we stay here in school to practice some more. Pero patience lang kayo, gipit tayo sa oras pero maniwala kayo once natikman niyo first win niyo it gets addicting" sabi ni Abbey.

"Its okay to lose, maganda position niyo kasi underdog kayo. No pressure on your shoulders which is really good. Pero once you win, siguro di pa sila maniniwala. So okay lang yon, pero trust me mapapansin kayo at kakatakutan narin. Advantage niyo yang being underdogs and unknown"

"Not like us na kilala na at feeling namin laging may malaking target sa ulo namin. Mabigat yung dala naming pressure lagi. Parang no one expects us to lose anymore after last year kaya sobrang hirap tong dinadala namin kaya we keep training" kwento ni Raffy.

"Sige na for now you two get to know each other. Agahan niyo bukas ha, promise maaga kami ni Raffy" sabi ni Abbey. Umalis na yung magpartner at iniwan yung dalawang grade nine sa may batis. Si Abbey nakangiti at agad napayakap sa braso ng binata.

"I feel good about those two" sabi niya. "Ako nga din e, bilib ako sa mastery nila sa powers nila. Talo tayo" sabi ni Raffy at nagtawanan sila. "At least it will be easy nalang for them. At feeling ko may magtuturo din sa kanila" bulong ni Abbey. "Si madam Lani" sabi ni Raffy at nagbungisngisan sila.

Sa loob ng isang hotel naglakad lakad si Gustavo at nag inat. "Saan ka galing? Bakit ka lumalabas ng di nagpaapaalam? Kinabahan tuloy ako" sabi ni Gaspar. "Nag gym ako ungas, I really like my new body. Kailangan ko maghanda din at di umasa sa kapangyarihan" sabi ni Gustavo.

"Nahanap ko na si Teddy" sabi ni Gaspar at napatingin sa kanya si Gustavo. "Nasan siya?" tanong niya. "Sa Institute, nakaulong parin at di pa sila decided kung buburahin isipin niya at tatanggalan siya ng kapangyarihan" sabi ni

Gaspar. “Moralidad nanaman ang nanaig” sabi niya sabay tumawa ng malakas.

“Ano nanaman binabalak mo?” tanong ni Gaspar. “That boy has potential, greedy siya kaya gusto ko siya makuha. May natitira pa ba tayong mga tauhan sa loob?” tanong ni Gustavo.

“Of course, sila nga yung nagsabi sa akin e. At parang ayaw ko yang binabalak mo. Hindi magtatagumpay yan” sabi ni Gaspar. “Masyado kang nerbyoso, alam mo ang maganda dito we can sacrifice them. Alam nila patay na ako so sino pag paghihinalaan nila?”

“I want that boy, make it happen” sabi ni Gustavo. “Pero sinasabi ko sa iyo mahihirapan tayo. Maaring mahuli sila at pag nangyari yon wala na tayo koneksyon sa loob” sabi ni Gaspar.

“Bobo! Sabi ko we can sacrifice them. Kokonti na nga lang tayo at kung tatanga tanga lang tayo walang mangyayari. Let us take this risk! Pag nahuli di so what? Sila lang yon at di naman nila alam buhay ako e. At kahit sabihin nila Gaspar, sino ka ba? They don’t know you” sabi ni Gustavo.

“Pero if nakuha natin siya then it will be worth it. Then we get ready and activate the sleeper cells when the time is right. Gaspar tandaan mo to, pag may pangarap ka gawin mo lahat para maabot mo yon. Kung yayakap ka sa takot malaki tsansa na di mo maabot yung pinapangarap mo”

“Kaya kung may paraan kahit na delikado gawin mo parin. At may tinatago pa tayong alas” sabi ni Gustavo. “Tarantado ka! Wag mo sasabihin gagamitin mo yon? Papatayin tayo ni Santiago pag ginamit natin yon. Siraulo ka talaga” sabi ni Gaspar at tumawa ang kasama niya.

“Siraulo ka Gustavo, hindi na biro yang sinasabi mo at binabalak” sabi ni Gaspar. “Bakit sino ba nagsabi na nagbibiro ako? Alam ko kung saan tinatago ni Santiago ang libro na yon” sabi ni Gustavo.

“Baliw ka!” sigaw ni Gaspar. “Pag nagawa ko at nagtagumpay ako tatawagin mo pa ba akong baliw o luluhod ka sa paanan ko at hahalik sa aking mga kamay?” tanong niya.

“Tulad ng sinabi ko, gagawin ko lahat para makamit ko ang aking pangarap…walang bawal bawal…I will do whatever it takes”

Chapter 14: Pasiklaban

Lunes ng umaga masaya ang mga guro pagkat ang daming alumni sa campus. “Business is blooming” biro ni Felipe at natawa si Hilda pagkat tumatabo ang kanilang mga food stands. “Isang linggo yan, tutal wala klase at madaming may gusto manood ng grand duels” sabi niya.

“Pero after this week back to normal classes right?” tanong ni Romina. “Yes, kailangan natin ito kasi sobrang dami ang sumali. Madami tayo matatapos this week na duels para mas maaga yung championship so we have time to help our representatives prepare for the inter school duels” sabi ni Ricardo.

“Excited din ako makita yung apprentice nung dalawa” bulong ni Ernie. “Sino don?” tanong ni Hilda. “Anong sino don? Of course sina Venus at Charlie” sabi ni Prudencio. “Teka teka, mamita parang may alam ka ata ha” sabi ni Felipe. “What do you mean?” tanong ng matanda. “You asked sino don, so does that mean may ibang tinuturuan pa sina Raffy at Abbey?” tanong ni Pedro.

“Tinanong ko sino don, ibig sabihin sino kina Venus at Charlie” nilinaw ni Hilda. “You are lying, I know when you are lying. Meron pa ano?” sabi ni Ricardo at tumawa nalang yung matandang babae. “Let us just enjoy the duels” sabi ni Hilda.

Tumayo si Ricardo sa podium at lahat nanahimik na. “Oo alam namin atat na kayo. I know everyone wants to see the champions first but sorry to disappoint you all, the grand champions decided to fight later. We start with a duel from grade nine, then last year’s grade nine champions Gerard and Steve for grade ten, Armina and Elena for the juniors, then skip to college, Adolph and Homer, and finally the grand champions” sabi ng matanda at nag boo yung crowd.

“I understand but that is how its going to be for the first few duels. So everyone I hope you all enjoy. To all the participants goodluck. I now declare the start the grand duels open!” sigaw ni Ricardo at nagsigawan ang lahat ng tao at nagpalakpakan.

Pumasok na yung isang team mula grade nine, “I present to you Evan and Roy!” sigaw ni Ricardo at palakpakan ang mga batchmates nila. “And their opponents…Venus and Charlene!” hirit ng matanda at biglang nagtawanan ang mga grade nine. Nanggalaiti sa galit si Lani, “Kalma lang po madam” sabi ni Grace. Lalo nagtawanan ang mga tao pagkat hindi pa nagpapakita yung dalawang dalaga.

“Natakot!” sigaw nung isang estudyante pero biglang dumating yung dalawang dalaga kasama sina Raffy at Abbey. Minamasahe nung magpartner ang likod nung dalawang dalaga na halatang nangangatog sa takot. “Kaya niyo yan, tignan niyo sila, tinatawanan nila kayo. May choice kayo, its either you two get scared or make them shut up” sabi ni Abbey.

“Here wear this” sabi ni Abbey at sinuot nila ang isang battle goggles sa mata ni Venus. “Kasi we know malabo mata mo, so me and Abbey asked someone to make special goggles for you. Don’t worry you wont even feel it there as mas comfortable ka wearing this kesa sa glasses mo” sabi ni Raffy at hiyang hiya na si Venus. “Then a little touch of magic…oha invisible na” sabi ni Abbey at yayakap sana si Venus pero hinarap nung magparter ang kanilang mga kamao. Napatahimik nila ang crowd nang nag fist bump yung apat.

“Oh my God, Lord please” makaawa ni Lani at pinagtatawanan siya ng mga guro. “Will you relax, they are in good hands” sabi ni Hilda. Pagkaalis nung magpartner nagsimula nanaman ang tawanan. Sina Evan at Roy tumatawa narin pagkat yung dalawang dalaga nangangatog parin sa takot.

Natapos ang formal bowing, si Lani di na mapakali at lakad ng lakad. “Kumalma ka nga Lani” sermon ni Ricardo kaya naupo ang guro at tinuloy ang

pagdadasal. “We promise not to hurt you two” banat ni Roy. Sumugod yung dalawang binata at sabay napalunok yung dalawang dalaga.

“Game” bulong ni Charlie at ngumiti si Venus at pinitik niya kamay niya at yung dalawang binata natisod bigla dahil sa lumitaw na mga umusling lupa. Face first sila sa lupa kaya super laugh trip ang mga tao. Sabay tumayo yung dalawa, “Tsamba!” sigaw ni Roy pero nagulat ang lahat nang may dalawang nahuhulmang earth balls sa harapan ng dalawang dalaga.

Sumugod ulit yung mga binata, “Ikaw na” sabi ni Venus. “Thanks sis” bulong ni Charlie at pinalutang niya yung dalawang earth balls, dalawang kamay ng dalaga kinabig niya sabay pwersahan pinaabante. Lumipad yung mga earth balls palusob sa dalawang kalaban.

Sapol sila sa tiyan at tumapis pa sila ng sobrang layo. Bagsak sina Roy at Evan, napatayo talaga ang lahat ng tao sa gulat. Si Lani nagtatalon sa tuwa habang ang mga guro nagpalakpakan. Babangong pa sana sina Roy at Evan ngunit pinalutang ni Charlie yung mga earth balls at muling binagsak sa kanilang mga dibdib kaya bagsak ulit yung dalawang binata.

Standing ovation ang mga estudyante maliban sa mga grade nine pagkat hindi sila makapaniwala sa nagawa ng dalawang dalaga. Sina Venue at Charlie naluluha pagkat sobrang saya nila. Lumingon sila at nagbow kina Raffy at Abbey bilang pagbigay pugay pero yung magpartner sabay nag thumb up sign sa kanila at pumalakpak din.

“Ni hindi man lang nakalapit ang kalaban. Long range fighters” bulong ni Ricardo. “Too early to tell” sabi ni Prudencio. “Roy and Evan are good duelists, kaya lang minaliit nila yung dalawa. Tuloy di sila nakapagpalabas ng powers nila” sabi ni Ernie. “What do you expect? Yung nagturo sa kanila may first strike tactic, kulang lang sa bangis sina Venus at Charlie”

“Nag antay pa sila pero they will get there” sabi ni Hilda. “Did you see that, ang galing ng apo ko” sabi ni Lani sabay tawa at palakpak. “Eto na eto na, sina Gerard at Steve” sabi ni Erwin. “Everyone you all watch this one” sabi ni Hilda. “May alam ka nanaman mamita ano? Sina Gerard at Steve ba yung tinuturuan din nina Raffy at Abbey?” tanong ni Pedro. “Just watch” sabi ng matanda.

Pakaway kaway sina Gerard at Steve na nagtungo sa duel grounds. “Last year’s grade nine champions Gerard and Steve” sigaw ni Ricardo at palakpakan ang mga grade ten students. “And their challengers, Dominick and Jeffrey!” sabi ng guro at mahina lang na palakpakan ang natanggap nila. “Mabilis lang na laban to for sure” sabi ni Ernie. “Oo nga, Gerard and Steve have been practicing hard too” sabi ni Prudencio at lagi nila tinitignan si Hilda.

Natapos ang formal bowing, sigawan na ang mga tao ngunit si Abbey biglang natulala. Naka crouching stance sina Dominick at Jeffrey, naghiwalay sila at iniistalk nila ang kanilang mga kalaban. Sumugod na sina Gerard at Steve, di natinag yung dalawang challengers at iniwasan lang nila ang mga power attacks nung champions.

Walang ginawa sina Dominick at Jeff kundi dumepensa at umilag. Excited ang mga manonood pagkat naging mabangis sina Gerard at Steve, level up sila sa attacks pero hindi talaga sila makalanding ng kahit anong tira sa kanilang mga kalaban. Suntok ni Gerard papunta sa mukha ni Dominick, umilag ang challenger pero nabira ng suntok sa tiyan si Gerard.

Yumuko konti si Gerard, nabigyan siya ng isang knee sa baba. Tutumba na siya paatas pero binira siya ng sipa sa tiyan na nagpatapis sa kanya palayo. Lahat yon nangyari sobrang bilis, si Steve nanood pa kasi kaya nagkaopening si Jeff at nabigyan niya kalaban niya ng isang napakatinding turning high kick sa baba. Basta nalang nagcollapse si Steve sa tindi ng hilo.

Naiwan nakatayo sina Dominick at Jeffrey, knock out si Steve habang si Gerard namimilipit sa tindi ng sakit at tinaas na niya kamay niya para

sumuko. Nagbow yung mga nalalo at ang mga grade ten students karamihan tulala pero yung ibang mga nanonood grabe ang palakpakan nila. Sina Dominick at Jeff haharap sana kay Raffy pero ang binata sumenyas at ngumiti nalang. “Raffy…who are they?” bulong ni Abbey. “We need them trust me” sagot ng binata kaya ngumiti nalang ang dalaga.

“Sila?” tanong ni Pedro at tumawa si Hilda. “Hand to hand combat specialists pero they are strong. I must say ang lakas ng suntok at sipa nila” sabi ni Felipe sabay siniko ang matanda. “He met them sa gym one morning, after that araw araw na sila sabay nag eensayo” sabi ni Hilda. “Sila ba?” tanong ni Erwin. “Oo sila, I feel sorry for Gerard and Steve, I think Raffy sensed that too na lumalaki ulo nung dalawa. Those two used to be humble pero umiba sila sobra after winning last year” sabi ni Hilda.

“They have Raphael’s moves but they are really strong” sabi ni Felipe. “Oo nga e, physically strong. Imagine knock out dahil sa physical attacks lang” sabi ni Pedro. “Not exactly, magically charged physical attacks yon and they were still holding back” sabi ni Eric at dinumog siya para tignan ang kanyang magic status gadget.

Sina Armina at Elena ang sumalang at kanilang mga challengers ay parehong lalake. Mga guro tinitignan nanaman si Hilda, “Two guys, maskulado, nakikita ko din sila sa gym” bulong ni Erwin. “Siguro pati sila” sabi ni Eric pero tumawa si Hilda at humaplos sa kanyang ulo. “Will you just watch” sabi niya.

Sumugod ang boys at napaghiwalay nila ang mga dalaga. Sabay tumira ang boys ng mga bolang apoy, nasapol sina Armina at Elena sa tiyan at sabay sila yumuko. “Sabi ko na nga e” bigkas ni Pedro pero tinuro ni Hilda ang mga dalaga. Pasugod ang boys pero nagulat sila nung sabay tumayo ang mga dalaga at nakangiti.

Tumira ulit ang mga boys ng mga bolang apoy. Sumugod ang girls at tumama ang mga apoy sa katawan nila pero walang nangyari. Nakatama ang mga girls ng suntok sa mga mukha ng boys pero di nila sila nasaktan. Mga boys nagpaapoy sa mga kamao nila at sumuntok sa tiyan ng mga dalaga.

Parang walang ininda ang girls at nakabawi sila ng mga suntok at sipa. Sa isang iglap nawala yung dalawa at sumulpot sa likuran ng boys at sabay nila sumipa sa kanilang mga ulo. Bagsak ang boys sa hilo pero mabilis sila nakatayo. Nagsimangot sina Armina at Elena, paglingon ng boys nawala ulit ang mga dalaga at inulit ang tira nila kaya bagsak ulit ang mga binata at ngayon hindi na sila bumangon.

Palakapakan ang lahat ng manonood, ang mga guro napakamot pagkat nalilito sila. Nakita nila sina Armina at Elena lumapit kina Raffy at Abbey. “Uy wag naman sa likod” sabi ni Abbey. “Sorry nagpanic kami e, at mahina pa suntok namin no” sagot ni Armina.

“Panay paganda kasi inaatupag” banat ni Raffy. “Ah tumigil ka, magugulat kayo sa battle of champions, may tinatago din kaming alas no. Pag di kailangan gamitin wag gamitin, pero for sure pag tayo nagharap makikita niyo” sabi ni Elena. “Ah bring it” hamon ni Abbey at nagkabangayan yung dalawang grupo.

“So hindi sila kasi nag aaway away sila” sabi ni Prudencio. “Sila ata, defense specialists sina Armina at Elena” sabi ni Ernie. “Exactly, long range, close range, now they have defense” sabi ni Hilda. “Madaya ka mamita may scoop ka sa kanila for sure, pero how about Adolph and Homer? Imposible naman kakampi sila kasi may bad blood from the beginning sina Raffy at Homer” sabi ni Pedro. “Ewan ko, just watch and enjoy the duels” sabi ng matanda.

Tumabi si Adolph at Homer kina Raffy at Abbey bago sila tumunton sa duel area. “Wag kayo kukurap” bulong ni Homer. “Oh sir Ernie bumata ka bigla”

banat ni Raffy at humalakhak si Abbey kaya galit na galit si Adolph pagkat pati si Homer natawa. “Basta wag kayo kukurap” sabi ni Adolph.

“Pano namin gagawin yon e ang kintab ng ulo mo?” sagot ni Raffy at tumalikod na sina Homer at Abbey pagkat di na sila makapigil sa pagtawa. Napatayo ang lahat at pinanood ang sumbatan nina Raffy at Adolph. “This year will be different” sabi ni Adolph. “I know right, kasi last year long hair kulot ka, bulbulin ka at this year ulo mo parang pen…” bigkas ni Raffy pero tinakpan na ni Abbey ang bibig ng kanyang partner.

“Tara na Adolph” sabi ni Homer sabay hinila ang partner niya. Nagtungo na yung dalawa sa gitna, nakipag formal bowing at pagkalayo nila sina Homer at Adolph cool na cool na nakatayo habang mga kalaban nila nagsimulang sumugod. Basta nalang nangisay at nakuryente yung dalawang kalaban nila at nagcollapse. Namangha ang lahat sa bilis ng laban, si Raffy nakita yung bilis ni Homer gumawa ng waterway sa lupa papunta sa kalaban.

Doon niya mabilis pinaagos yung tubig hanggang sa kinatatayuan ng kalaban at pinadaan ni Adolph yung kuryente niya. Di namalayan ng kalaban yung nangyari kaya super bilis na surprise attack yon.

Bumalik sina Adolph at Homer sa harapan nina Raffy at Abbey. “Oh look it’s a duel record” landi ni Adolph. “Ahem ten seconds” sabi ni Homer at ngumiti lang si Raffy at tinignan ang kanyang partner. “nis head” bulong ni Raffy at humalakhak nanaman ang partner niya kaya si Adolph napailing nalang at naglakad na sila palayo.

“And now your grand champions!” sigaw ni Ricardo. “Abbey ten seconds” bulong ni Raffy. “I hate them” sagot ng dalaga. “Eight?” tanong ni Raffy. “Sige let us try” sagot ng dalaga at dumating na kalaban nila. Nagformal bowing na ang dalawang grupo at habang naglalakad pabalik pansin ng lahat na problemado yung magpartner.

Pagharap nila, “Dragon Charge!” sigaw ni Abbey at sobrang bilis nagdikit yung dalawa. Tatakbo sana palayo yung mga kalaban pero ang bilis nung mga apoy kumalat sa paligid kaya distracted sila. Mula sa sides nila papalapit yung mga apoy, mula sa harapan nila super bilis sumugod yung magpartner.

Nauna nakarating yung mga apoy mula sa magkabilang gilid, tumalon ang kalaban at sakto nakarating sina Raffy at Abbey upang birahin sila ng twin power charged upper cuts. Bagsak ang kalaban, sina Raffy at Abbey napatingala agad at tinignan yung timer.

Tumalon sa tuwa ang dalaga pagkat nine seconds lang ang kanilang laban. “Bwisit kayo!” narinig nilang sigaw ni Adolph kaya humalakhak yung magpartner at nag bow sila sa crowd. Medyo dismayado yung mga nanood pagkat ang bilis masyado nung dalawang nahuling laban.

Ang mga guro palakpakan at nagustuhan ang napanood nila. “Impressive, ginulo isipan ng kalaban nila. She controlled her flames to attack from both sides, then they both attacked from the front kaya lang bakit hindi man lang nagtry umatras yung dalawa?” tanong ni Prudencio.

“Sir, sa training namin may kakaiba kaming naramdaman. It is as if hindi ka pwede tumakas or something is holding you in place” bulong ni Joerel. “What do you mean?” tanong ni Ernie. “Tulad nila, ang dali sana umatras para lumayo pero nakita niyo naman di nila ginawa. Parang may barrier, tuwing nakikipagsparring kami kina Raffy at Abbey…pag galit sila may nararamdaman kaming barrier keeping us in place”

“Kaya nasasapol kami at di nakakailag kasi we cant move back” sabi ni Joerel. “Magaling, kung ikaw lalaban at gusto mo tumakas paatras, then you feel may harang, you panic, then coming from both sides may mga apoy papalapit, then sa harapan sina Raffy at Abbey”

“Maski ako siguro magugulo isipan ko, pero di ba ganon yung mga dragon. Icocorner nila kalaban nila at totostahin…wala man harang sila na mismo gumawa ng harang nila. Air barrier” bulong ni Franco. “So don’t get them mad” sabi ni Hilda at nagtawanan sila.

“Nachallenge kasi sila kina Adolph e” sabi ni Felipe. “At napipikon sila siguro sa inyo Joerel kasi mahuhusay kayo” sabi ni Pedro. “Oh well this year’s battle of the champions will be really good” sabi ni Ricardo. “Pero sa tingin ko Raffy and Abbey wont use that, gusto lang nila ibalik sa lupa sina Adolph at Homer” sabi ni Hilda.

“Competition is good for those two teams. They encourage each other to do better kaya lang medyo di parin ako mapakali kay Adolph” sabi ni Franco. “Raffy will not be talking to him if he feels something wrong. Raffy is trying to befriend him, kita niyo naman sumama si Adolph sa grand event natin”

“Kaya lang pagdating sa duels iba nangyayari. Out of duels I think Adolph is showing that tao din naman siya. Give him time, they started off with the wrong foot so you wont see them being friendly always” sabi ni Hilda sabay tinignan sina Pedro at Felipe.

“O kami nanaman nakita niyo e” sabi ni Pedro. “Kasi ganyan din kayo nagsimula e. Lagi kayo nag aaway pero in the end you became best of friends” sabi ni Ricardo. “Pinaamo ka lang yan kasi ilang beses ko siya tinalo” banat ni Felipe. “Shut up” sabi ni Pedro.

“This time it is different kasi you beat Pedro many times habang walang nanonood. Si Raffy, tinalo niya si Adolph in the open kaya mas nakakahiya yon. Kung sana patago din pagkatalo ni Adolph siguro magkaibigan na sila ngayon kaya mahihirapan sila konti”

“Yes they are friends I can see but may hadlang parin, tawag ata diyan ay pride at ego” sabi ni Hilda. “Tapos nakatingin ka nanaman sa akin?” tanong ni Pedro at nagtawanan ang mga guro.

“Nabuwag na yung golden boys, so Raffy is forming his own group” sabi ni Erwin. “Dragon eggs” banat ni Eric at laugh trip ulit sila. Umapoy bigla sa stage at nagulat ang mga guro. Pagtingin nila nakasimangot sina Raffy at Abbey kaya nagbehave sila lahat.

“Narinig ka ata nila, goodluck to you. Naramdaman ko na galit nila. Markado ka na Eric” bulong ni Ernie at nangilabot sa takot yung guro at kinawayan yung magpartner. “Ilabas na ang mga kandila!” sigaw ni Pedro. “Mamita bumili ka ng kape at cookies, simulan na ang lamay ni Eric!” sigaw ni Felipe at nakita nila nagtatawanan yung magpartner.

“They can really hear us?” tanong ni Franco. “Ang layo natin ha” sabi ni Hilda at napalunok. “Raphael and Abbey return my book” bigkas niya at tumakbo bigla yung magpartner at sila naman ngayon ang natatakot.

Lahat napatingin kay Hilda, “Tsk nabasa nila yung libro ko, nandon yung hearing spell” sabi ng matanda. “Aha! Ikaw kasi mamita chismosa ka masyado at laging nag eavesdrop sa kanila” sabi ni Pedro.

“Hilda what else is in that book of yours?” tanong ni Franco. “Its not a book, parang notebook ko siya, collection of my spells” sabi ni Hilda at nangilabot ang mga kapwa guro niya.

“Kaya nga is there a spell that we should be worried about?” tanong ni Franco at napailing si Hilda at muling napalunok. “No, nothing to be worried about” sagot niya at naalala na niya yung pagbigay niya ng libro sa dalawa noon sa batis, baka nakasingit sa dalawang libro ang kanyang book of spells.

“Are you sure?” tanong ni Ricardo. “Yes I am sure, its okay kakausapin ko sila” palusot ni Hilda.

Chapter 15: Alliance

Sa isang resort malayo sa Maynila may naganap na pagtitipon. Nagkalat ang grupo ni Joerel sa buong paligid upang magbantay habang sa loob nagpupulong ang mga propesor at pinuno ng mga magic schools.

“Nagpapasalamat ako sa inyong lahat for giving the Phoenix school another chance. Do not worry wala nang makakapasok na bad blood dito” sabi ni Redentor. “It was an easy decision, kaya lang di ko sigurado kung matatanggap ng magic community natin itong decision” sabi ni Franco.

“Napanood niyo naman yung grand event namin at alam ko naintindihan niyo yung mensahe na gusto iparating ni Raphael sa ating lahat. Yes he was speaking to us in that school pero I am sure hindi magtatagumpay yung pangarap niya kung kami lang” sabi ni Ricardo.

“Gusto din namin yung pinapangarap ng batang yan” sabi ni Ernesto. “Para bumalik sa dati ang lahat kailangan lahat tayo involved” dagdag ni Janina. “Medyo concerned lang ako, how will we explain to everyone that the fourth school is alive again? Don’t tell me mababulaga nalang sila sa inter school events” sabi ni Prudencio.

“Well that is the right venue to announce it, nandon tayo lahat at siguro naman kakapante sila knowing that the elders are watching over the new fourth school. Tradition narin e, we cannot just get rid of the fourth school. Buburahin nalang ba natin siya from history?” tanong ni Franco.

“Alam natin madami sa community coming from the Phoenix family. Yung iba nag migrate na sa ibang schools. There are some hindi na pinag enrol mga anak nila dahil sa takot. This time we can show them that everything is okay now so they can send their children back to school”

“Natatakot kasi sila na pag malaman ng iba Phoenix users sila baka pag initan sila. Kaya madami diyan di na pinag enroll mga anak nila. Yung iba pinag enroll mga anak nila pero they have to keep the secret about their origins. How are we all going to move forward pag may ganyan?” paliwanag ni Rizal.

“So anong status ng fourth?” tanong ni Ricardo. “Well everything is going well. Kokonti lang palang sila pero sigurado ko pag nalaman nila buhay ulit ang school babalik narin sila. I just want to ask if pwede sila sumali sa inter school duels?” tanong ni Redentor.

“The good news is that we have discovered sleeper spells. We already got rid of those spells on the students. So wag na kayo matakot na baka makontrol ulit sila in the future. With the help of Eric we have made a magic scanner doing checks on the students everytime they enter or exit the school. Then we do random magic checks during the days” dagdag niya.

“Wala naman problema don, it is part of tradition. Nagstart na ba kayo ng grand duels niyo?” tanong ni Janina. “Not yet, gusto ko muna magpaalam sa inyo. Pag pumayag kayo madali nalang yon kasi nga kokonti lang sila so it will be easy” sagot ni Redentor.

“Now let us go to the real issue” sabi ni Franco. “It is time we take action. Wag na tayo mag antay” sabi ni Rizal. “Pasensya na kayo, base sa experience ko ay kaya masyado kayo nabubulaga sa amin noon kasi inaantay niyo kami gumalaw” sabi ni Victor na nakataas ang mga kamay niya.

“Its okay Victor, speak freely. Tanggap ka na ng lahat bilang elder” sabi ni Franco. “Salamat, tulad ng sinabi ko kaya kami nagtatagumpay dati dahil inaantay niyo kami magpakita or umatake. Oo lagi kami natatalo in the end kaya lang the urge to keep getting stronger is there in every lose we have”

“We formulate new plans on how to attack, kaya when we do nabubulaga kayo at nalalagasan kayo ng alagad kasi di kayo handa. Sana this time you take initiative to attack and go after them” sabi ni Victor.

“Sang ayon ako sa kanya, kailangan natin umatake na. Iparamdam naman natin sa kanila na we mean business. Wag lang natin ipakita na naka ready tayo if ever they attack. Guluhin narin natin utak nila. If they know we are hunting them down for sure magbabago din sila ng diskarte. Magpapanic sila at sure ako magugulo ang plano nila”

“They will get desperate, at alam niyo naman what happens when people are desperate. They commit mistakes” sabi ni Prospero. “Wag na tayo mag maangmaangan, we all know meron at meron pang nagkalat diyan na masasama. Tignan niyo yung nangyari last time, Gustavo showed up sa championships and you were all caught off guard” sabi ni Victor.

“Nasa kabilang kampo ako dati kaya alam ko din pano mag isip ang mga yon. So let me lead the charge, tulad ng kasabihan it takes one to know one. Let me prove myself to you all. Alam ko naman madami pa sa inyo kinakabahan sa akin. Let me prove that nagbago na ako” sabi ni Victor.

Sumang ayon ang lahat kaya natuwa si Victor. “So tell me kung ikaw sila ano ang maari mong balakin?” tanong ni Franco. “Well di natin alam sino sila at ilan sila. Alam natin meron at meron so our first objective it to force them to show themselves. Para naman alam natin sino at ano an gating kakaharapin”

“Mahirap magplano para sa kalaban na di mo alam. We must know sino sila. Gustavo’s intention was clear, nagbalak siya kumuha ng mga malalakas na estudyante. Pinatumba niyo yung secret school nila, he was forming an army pero pinataob niyo sila”

“Naging desperado sila pero nakita nila yung apo ko so natural para makabawi tinarget niya apo ko at yung malalakas sa kanyang school. The question is how about the other schools?” tanong ni Victor at lahat napatingin sa mga pinuno ng Norte at Sur. “Wala naman umatake sa amin” sabi ni Janina.

“How can you be sure?” tanong ni Victor. “Relax patay na si Gustavo” sabi ni Ernesto. “Are you sure? Phoenix user yan, one of the old ones” sabi ni Redentor. “Yes we know that but his ashes were cleaned out” sabi ni Ricardo. “Kung sure kayo diyan then we don’t have to worry about him coming back to life then” sabi ni Redentor.

“Sorry pero kailangan ko ibahagi ito. May time noon nagsanib pwersa kami ng mga rebelde ng fourth at kaming taga dark magic school. Pasalamat kayo nagkaroon kami ng falling out” sabi ni Victor at nagulat ang lahat. “Nagsanib pwersa kayo?” tanong ni Franco.

“Sorry…pero alam niyo naman ano pinaglalaban namin noon. Kaming taga dark school gusto lang namin tanggapin niyo din kami. All we wanted for you all was to accept that there is dark magic, well everyone knows meron kaya lang masyado kayo natakot”

“Gusto lang naman namin ma enhance din yung dark magic, that was all. Kaya lang sa takot niyo lahat inisip niyo na gagamitin namin sa masama…panay restrictions pinataw niyo sa amin. Bawal ito, bawal yon, nawala na tuloy landas namin at nagtanim kami ng galit. All we wanted was to make everyone aware that there is dark magic and it could be used to do good too. Pero I admit it goes beyond the law of life already”

“If only you gave us a chance to show you pero it never happened. Kaya imbes na magamit yung dark magic into good…sorry nagamit namin ito for fighting. So moving on, there was a time nagtagpo landas namin ng mga rebelde ng the fourth”

“Akala namin pareho lang kami ng goals. Kasi we all know the Phoenix users are the strongest magic users, gusto nila sila bida at gusto nila magpakilala sa mga tao. You all know the story, di sila kuntento by being the best among the four magic communities”

“Nagkaroon kami ng falling out, akala namin they just wanted to be accepted again. Mali kami, nalaman namin na they wanted to make themselves known to the normal people and they wanted more than that”

“Alam niyo ba inisip ko noon kalabanin sila, patumbahin para yon ang magiging ticket namin para matanggap niyo kami. So naglaban kami, we beat them at sabi ko ito na talaga ang daan para matanggap niyo kami. Nagulat nalang kami nung gumanti sila, nabuhay sila lahat at tinalo kami”

“I was so sure we got them all nung nanalo kami pero they all came back. As in all of them came back plus may tumulong na sa kanila na mas malalakas pa. Natalo kami at napilitan umatras. Di namin sila kaya kasi di kami handa pero they were strong”

“Chain reaction na yan. If you lose you want to get stronger that is why nagpalakas kami lalo. Then the big war happened, naubos kami at kokonti nalang kami natira. Doon ako nagbago, alam niyo na ang rason. I was fighting for the wrong reasons….sorry” sabi ni Victor.

“So kaya pala laging sa fourth nagsisimula ang gulo. We beat them so many times. Even history tells us they got beaten many times pero they just keep coming back” sabi ni Franco. “Yes because there are beings stronger helping them out. Sorry di ko alam sino sila pero malakas sila sobra”

“Tulad ng sabi ko, how are you going to fight someone you don’t know? Trust me they were strong that is why gusto ko tayo ang aatake to force them out”

sabi ni Victor. “Tama siya, how will we know sino sila unless we force them to show themselves?” sabi ni Prospero.

“If they are that strong why don’t they just attack all of us?” tanong ni Ricardo. “The lords and kings” bulong ni Victor at nanahimik ang lahat. Walang gusto magsalita, titigan lang at lahat may tinatagong mga sikreto. Tumawa si Victor at napakamot, “So hanggang ngayon walang gusto umamin” sabi niya.

Wala parin kumikibo kaya muling natawa ang matanda. “Last time they came out, and targeted the kings and lords. Sabi nila patay na yung iba, at yung dragon lord ang sumalba sa lahat. That is why pinag iinitan ang school niyo for everyone knows he is still alive” sabi ni Victor.

“If ever he is it is good para may takot yang mga yan” sabi ni Ricardo. “So Victor and Prospero will go look for them. How many people will you need?” tanong ni Franco. “Kay Prospero niyo ibigay” sabi ni Victor at napailing ang lahat.

“Victor, ano yang binabalak mo?” tanong ni Rizal. “Do you trust me?” tanong ni Victor. “Not really” sagot ni Redentor at tumawa yung matanda. “Hindi ko ipapahiya sarili ko sa aking apo! Alam niyo past ko at nahihiya ako doon, I want to clear my name, gusto ko ipakita sa apo ko na nagbago na talaga ako”

“I told you this tme I am fighting for good intentions, I am doing this for my grandson. I wont let him be a weapon! Kung pwede ako nalang, I want him to enjoy his life and not take this life that we are used to. So trust me, and yes may natitira pa akong mga alagad at wag kayo mag alala sa kanila”

“Makikinig sila sa akin at kami na ang tutugis sa mga yon. Pero sinasabi ko na ngayon na hindi namin sila kaya. So pag napalabas namin sila dapat handa

kayo lahat to support us. We are going dark, alam namin ang pasikot sikot sa mga di niyo pa alam na mga grupo”

“Prospero can chase them in the open, siya ang bigyan niyo ng mga alagad. They wont see this coming, they may hear about Prospero’s army pero they will never know there are two armies chasing them. Do you understand what we are trying to do?” tanong ni Victor.

“He is right, since nasa kabila siya dati” sabi ni Franco. “Pero they all know Elder na siya ulit” sabi ni Rizal. “Papalabasin ko traydor ako if ever mahuli kami. Yung pagtipon ko ng mga alagad ko sapat nang magpaugong ugong sa kabilang kampo”

“Tiyak ko iisipin nila balak ko magtraydor…pakiusap ko lang explain everything to Raphael. Tell him everything, I don’t want him to hate me” sabi ni Victor. “Ako na bahala doon, pero how sure are you gagana tong plano mo?” tanong ni Franco.

“Di ko sigurado pero I will take this risk” sabi ni Victor. “I need the best hunters and fighter para magparamdam. Ibroadcast ito sa institute lamang, sigurado ako kalalat ito pagkat may natitirang espiya pa sa loob. Kaya di natin sinama ang institute dito pagkat alam din ni Diosdado may mga espiya pa doon”

“Kung kumalat ito then we are sure there are still spies there. Nahihirapan si Diosdado puksain sila pero pag kumalat itong tsismis na ito then we are sure they are also still there. Problema na ni Diosdado yung mga espiya don. Kakalat ang balita sa mga kalaban tungkol sa army ko”

“Lalo sila magtatago for sure kaya ikalat din sa institute ang false rumors tungkol sa di pagtiwala ng lubos kay Victor para mas madali sila magtiwala sa

kanya if ever magtagpo sila" sabi ni Prospero. "Well said and I will be ready for them" sagot ni Victor.

"On a lighter note, inter school duels" sabi ni Franco at tumawa si Redentor. "Well sayang at kokonti kami, sige sa inyo na this year pero next year I am sure babalik sa amin yung tropeo" sabi niya. "Huh, I have a good feeling na sa amin yan" sabi ni Ricardo.

"Wag kang magpapakasiguro kaibigan, we are ready for Raffy and Abbey" sabi ni Ernesto sabay tumawa sila ng kapwa niyang mga guro galing sa Norte. "Same to you Ernesto, we too are ready for your students" sagot ni Janina.

"Aba aba, Raffy and Abbey are getting better" pasikat ni Hilda. "Like what I said Hilda, we are ready for them. Advantage namin nakita na namin sila lumaban. Dragons will be dragons talaga, confident kayo masyado" sabi ni Ernesto. "O baka naman ito nanaman pagsisimulan ng ayaw" sabi ni Franco.

"Of course not, friendly competition ito at lahat tayo gusto manalo sa inter school" sabi ni Janina. "La la la la, sabi ko nga this year its all yours. Sira ang history pero ayos lang one year lang naman e, for sure dadami students ang babalik sa fourth kaya sige lang, this year is yours, good luck sa inyong tatlo" sabi ni Redentor.

"So are you saying you have students stronger than Raffy and Abbey?" tanong ni Lani. "Ah, kinakabahan na kayo bigla" banat ni Ernesto sabay nagtawanan ulit sila. "Let us just say this inter school duels will be one for history" sabi ni Janina.

"Yes, our history" sabi ni Hilda. Nagbangayan na parang bata ang mga guro kaya tawanan ang lahat. Nung matapos ang pulong kinakabahan si Hilda. "You both asked for it" sabi ni Pedro. "Kaya nga nagpasikat kayo agad kasi" dagdag ni Felipe.

Biglang nagtawanan sina Hilda, Lani at Ricardo kaya napakamot yung dalawa. “We had to para makita namin reaction nila. At least now we know they have strong students too” sabi ni Hilda. “Ha? Umaakting lang kayo?” tanong ni Pedro.

“Of course iho, matagal na kami magkakakilala ng mga yan. Lagi kami nagpapasikat para madulas sila. Ayan nasabi nila handa sila so we now know that they have strong students” paliwanag ni Ricardo.

“They look confident so totoo sinasabi nila” sabi ni Lani. “O bakit parang hindi kayo bothered?” tanong ni Hilda. “Kasi may tiwala kami sa mga anak namin. Di tulad niyo na kinailangan niyo pa sila pilitin magsabi kung may pang tapat sila kina Raffy at Abbey” paliwanag ni Felipe.

“Ang di lang maganda wala kami maipapayo sa kanila kasi di namin naexperience yon. Wala na kasing inter school nung kami. Kaya this year mage enjoy kami watching them fight, thinking it was us” sabi ni Pedro.

“Second year palang si Raffy pero tignan niyo big changes are happening already. Inter school and the proper return of the fourth” sabi ni Hilda. “It may be coincidence pero this is his dream, he started it last year sa grand event natin at this year nilinaw niya maigi yung pangarap niya” sabi ni Ricardo.

“Of course that dream wont happen if not for my daughter” banat ni Pedro. “Sige na sabihin mo na sa kanila” bulong ni Lani. “Ano yon?” tanong ni Felipe. “Madrama kayong dalawa, pero may special duels sa event na yon…professors that were grand champions will fight against each other pero just for exhibition” sabi ni Ricardo.

“Ows? Nagbibiro kayo no?” tanong ni Pedro. “Its true” sabi ni Hilda at nagliwanag ang mga mukha nina Pedro at Felipe. “Umayos ka Felipe at medyo

rusty ka" banat ni Pedro. "Ikaw ang rusty, nawala lang ako ng matagal hindi ka nag level up. Kung ano ka nung umalis ako ganon ka parin" sabat ni Felipe at napahaplos sa noo si Hilda.

"Sinabi mo pa kasi, di nanaman tiigil mga yan" sabi niya. "At exhibition lang yon" sabi ni Pedro. "Ulol! Alam ko gusto mo manalo para mainspire anak natin" sagot ni Felipe. "Sino ba ang may gusto matalo? Anak mo lang ang may gusto matalo, okay lang daw matalo, pero sorry hinawaan niya anak ko. Kung ako tatanungin, it is all about winning" sagot ni Pedro.

"O talaga? At sa tingin mo gagaling ka pag di kita tinalo noon?" landi ni Felipe. "Noon yon, iba na ngayon" sagot ni Pedro. "Tumigil na nga kayo, maghanda nalang kayo para sa exhibition matches" sabi ni Ricardo.

Naglakad palayo sina Pedro at Felipe ngunit tuloy ang bangayan nila. "Hoy aralin mo yung dragon charge nila, maganda yon" sabi ni Pedro. "Huh we can do better, umayos ka Pedro ha, wag matigas ulo mo" sagot ni Felipe.

"Hay naku eto nanaman sila" bulong ni Hilda. "Di pa nila naranasan ang inter school duels, they don't know wands and staffs are legal" sabi ni Ricardo. "Kahit naman alam nila they don't know how to use them" sabi ni Lani. "Hayaan mo yang dalawa mabulaga, para naman umayos sila" sabi ni Hilda.

"Ows? Mahal mo sila, para mo na silang mga anak" landi ni Ricardo at tumawa si Hilda. "They don't need wands and staffs, I taught them before pero ayaw nila" sabi niya. "Exhibition lang naman e" sabi ni Lani. "Pero a win is a win for Pedro and Felipe feels the same way. Let them be, its high time din mag evolve yang dalawa"

"Kaya lang its so funny na they will evolve following the footsteps of their children this time" sabi ni Hilda sabay napangiti.

Chapter 16: Champions Arise

“Go Venus! Go Charlie!” hiyaw nina Raffy at Abbey. Ang dalawang dalaga magkatabi sa center grounds at inaantay ang pagdating ng kanilang kalaban. Dati nahihiya sila, ngayon pareho sila nakatayo ng tuwid, taas ang noo at ang laki ng mga ngiti sa mukha.

Napamahal na sila sa kanilang schoolmates sa husay nila. Sabay sila lumingon at tinuro yung magpartner. “Para sa inyo to ate at kuya” sabay nila sinigaw. Sa stage walang tigil sa palakpak si Lani, “Never ko naimagine aabot sa finals ang apo ko” bigkas niya. “Kung di ka nila pinilit hindi mangyayari ito. You will never know what your apo is capable of” sabi ni Hilda.

“Patawad, I was just protecting Venus. Siya nalang ang natitira sa akin” bulong ni Lani. “Wag kang ganyan, we are one big family here. Pero those two, they really brought out the best out of Venus and Charlie. Tinatawanan lang sila dati pero look at them now. Everyone loves them” sabi ni Prudencio.

Nakarating na yung mga kalaban, yung top two duelists ng grade nine pero di natinag sina Venus at Charlie. Nang matapos ang formal bowing nagulat sina Abbey at Raffy pagkat sumugod yung dalawang dalaga. Maski ang mga manood gulat na gulat sa kakaibang bangis sa mukha nina Venus at Charlie.

“What are they doing?! Stop! Fight from far far away!” hiyaw ni Lani at nagpapanic na siya. Yung dalawang binata na kalaban medyo gulat din pagkat first time nauna sa atake ang dalawang dalaga. Tumakbo narin pasugod ang dalawang binata, si Charlie hinarap dalawang kamay niya at natulak ng malakas na hanging ang mga kalaban paatras.

Isang pitik ng kamay ni Venus at may tumayong earth wall sa likuran at doon tumama yung mga natulak na binata. Palakpakan ang mga tao, pero hiyawan sila nung sabay tumalon sa ere yung dalawang dalaga para magbigay ng flying high kick at tumama sa dibdib ng kalaban. Napaluhod yung mga

binata, lumingon sina Venus at Charlie para magbigay pugay kina Raffy at Abbey.

"Hoy! Focus!" sigaw ni Raffy pero nagpacute lang yung dalawa at nanlaki ang mga mata ni Raffy pagkat mula sa magkabilang dulo may nabuong mga earth boulders at sumugod sa dalawang binata. Napisa yung mga kalaban at napahiga sila. Nagliyab mga mata ni Charlie at pinaangat niya sa ere yung dalawang earth boulders. "Give up or else" banta niya at titig na titig yung dalawang binata sa lumulutang na mga boulders kaya sabay sila lumuhod at sumuko.

Hiyawan at palakpakan ang mga grade nine students, si Lani nagwala sa stage at pinag uuga niya si Prudencio. "Champion ang apo ko! Champion ang apo ko!" sigaw niya. Sina Venus at Charlie tumayo sa gitna ng grounds, kumayaw sila sa mga tao at grabe ang standing ovation para sa kanila.

"Oh my God they are very scary" bulong ni Raffy at bungisngis si Abbey. "O ha, surprise attack ha. Akala ng kalaban they will take their time again and stalk pero di nila inexpect gagawa sila ng first strike" pacute ng dalaga. "Wow, tinuro mo ba yung isang technique natin?" tanong ng binata. "Uy hindi ha, di mo ba napapansin everytime we fight they watch and take notes" sabi ni Abbey.

Pagkalma ng pagsasaya lumabas na yung mga finalists ng grade ten. Medyo hati ang crowd pagkat magaling din yung makakalaban nina Dominick at Jeffrey. Natapos ang formal bowing, ang mga kalaban handa pagkat agad sila nagpalabas ng matitinding depensa.

Nabilib ang lahat pagkat nagpakalat ang mga kalaban ng mga ice walls sa buong paligid para mahirapan lumapit yung dalawang physical attack duo. Mga katawan nung kalaban nabalot din ng yelo at sabay sila ngumisi at inudyok sina Jeffrey at Dominick na lumapit.

Ngumisi lang yung mga boys ni Raffy, si Dominick naghulma ng malaking bolang apoy habang si Jeffrey tig isang earth balls sa kanyang mga kamay. Tinira ni Jeff yung mga ice walls at nabasag ang mga ito. Tira siya ng tira habang ang mga kalaban nagulat pagkat marunong din pala sa long range attacks yung dalawa.

Nung naalis na yung mga ice walls nagkaroon ng daanan papunta sa kalaban. Binira ni Dominick ang kanyang giant fire ball Lumapit ito sa mga kalaban kaya yung dalawa inalis yung ice shields nila para makatakas. Di nila nakita sinundan pala nina Dominick at Jeff yung fireball, pagka iwas palang ng kalaban sa tama ng fireball nabira sila agad ng mga sipa sa dibdib.

Narapido sila ng mga suntok sa mukha kaya hiyawan ang mga tao pagkat bilib na bilib sila sa bangis nina Dominick at Jeff. “Ice locks!” sigaw nung isa at mga kamay nina Dominick at Jeff biglang nabalot ng makapal na yelo kaya bumigat sila at di na sila makasuntok.

Naging confident na yung mga kalaban, sila naman ang umatake ngunit nabilib ang mga tao pagkat kahit di ginagamit ang mga kamay nakadepensa parin sina Dominick at Jeff gamit lang ang kanilang mga paa. Sabay sila nakasipa sa tiyan ng kalaban para mapalayo sila.

Winasiwas nila ang kanilang mga kamay, mala swimming mode sila tumira sa kalaban at nasaktan ang kalaban sa kargadong mga kamay na balot ng yelo. Ginamit nina Dominick at Jeff yung mga yelo sa kamay nila bilang advantage, pinaghahampas nila ang mga kalaban gamit mga yon at labis sila nasaktan sa bawat hampas. “Release” sigaw nung isa kaya nalusaw yung mga yelo pero big mistake nila yon.

Nakaatake sina Dominick at Jeff ng super bilis na physical attacks, “What are they doing?” tanong ni Raffy. “O bakit?” tanong ni Abbey. “They are not really hurting them e, I mean they can easily finish them already pero hinihilo lang nila sila” paliwanag ng binata. Umatras sa malayo sina Dominic at Jeff.

Groggy na sobra ang kalaban nila pero yung mag partner nagharap at sabay sila naghulma ng kakaibang magic ball. Nauna si Jeff at naghulma ng earth ball, binalot ni Dominick yung earth ball ng fire ball.

Sabay nila hinawakan yung nahulma sabay kinasa at tinira papunta sa dalawang kalaban. “Comet strike!” sigaw nila ng sabay at napatayo talaga ang lahat sa mala kometa na tira nung dalawa. Ang bilis nung comet strike at sumapol agad sa kalaban na tumapis na sobrang layo. Napanganga sina Raffy at Abbey, “Wow so cool” bigkas ni Abbey.

Palakpakan ang mga guro sa pinakita nung dalawa. “Amazing, pinakita nila na kahit kilala sila for physical attacks like Raffy, they showed everyone na wag sila maliitin kasi kaya din nila sumabay sa long range fighting” sabi ni Ernie. “Impressive ha, so this is the army that Raffy is forming, bilib ako” sabi ni Prudencio.

Sina Armina at Elena na ang sasabak para sa kanilang championship battle. Matapos ang formal bowing may puti na usok mula sa lupa ang lumabas. Naghiwalay sina Armina at Elena, naglalakad lang sila at iniilagan ang long range attacks ng kanilang mga kalaban habang yung usok na puti kumakapal sa buong paligid.

Tanging ulo nalang ang nakikita sa apat na manlalaban. Ilang saglit wala nang makita ang lahat. Umiilaw yung mga atake nung kalaban. Nakarinig ang lahat ng malakas na sigaw ng babae. “Armina okay ka lang?” tanong ni Elena. “Dito pare! Dito atake dito!” sigaw nung isang binata at nakita ng lahat ang mga liwanag papunta sa isang direksyon.

Sigaw ng mga dalaga dinig na dinig, “We should stop this” sabi ni Hilda. “Ayan kasi palpak ang pasiklab nila, pati sila walang makita” sabi ni Pedro. “I don’t think so, kung napatingin dito sina Raffy at Abbey then we stop it pero look at them, they are smiling…so just watch” sabi ni Felipe.

Atake ng atake yung mga binata at unti unti humuhupa yung usok. Sigawan ang mga tao pagkat nakita nila yung mga dalaga nakatayo pala sa likuran ng mga binata na umaatake sa iisang direksyon. “Aray ko!” sigaw ni Armina at nagulat ang mga binata at sabay sila tumalikod.

Too late na sila pagkat doon umatake na sina Armina at Elena gamit ang pure physical attacks. Napaatras ng napaatras ang mga binata ngunit nakasangga sila at nakabawi din kaya umusok ulit sa paligid. Paiba ibang direktson na ang tira nila, wala sila makita kaya kahit saan nalang sila tumitira ng kanilang power balls.

Narinig ng lahat ang mga sigaw ng binata, humupa ang usok at sa malayo nakatayo sina Armina at Elena habang mga kalaban nila bulagta sa lupa at nagsisisihan. “Bakit mo ako tinira?!” sigaw nung isa. “Alam ko bang ikaw yon e wala ako makita at tinira mo din ako ha” sagot nung isa.

Sumugod sina Armina at Elena, kababangon palang nung mga binata nang natamaan sila ng super lakas na fliying kicks sa mga baba at bumagsak ulit sila. Palakpakan ang mga tao, standing ovation ang naganap para sa dalawang dalaga na nagpasiklab ng kakaibang technique sa duelo.

“Now that is scary” bulong ni Raffy. “Alam mo madami tayo natututunan sa kanila ha. That smoke screen move nila very effective pala” sabi ni Abbey. “Now how do we make something like that?” tanong ni Raffy at nagtitigan sila. “If we ask them malamang di nila itututuro pero alam ko aaralin mo yon diba?” pacute ni Abbey. “Of course, pero how do we defend against that will come first kasi makakaharap natin sila sa battle of champions” sabi ng binata.

“Mahusay…magaling yung smoke screen, it will make the opponent panic talaga. Fear will make you do everything to protect yourself” sabi ni Ernie. “Actually nakakatawa sila” sabi ni Eric na inalis ang kanyang special glasses. “Madaya ka talaga, may ganyan ka so nakita mo lahat?” tanong ni Prudencio. “Of course, wala din sila makita konti kaya pareho sila nagcrawl at sinundan

lang saan galing yung mga tira. Then ayun nung alam nila nakatayo na sila sa likuran pinahupa nila yung usok”

“Kung nakakakita sana sila e di they could have attacked. I think hindi pa nila namaster tong technique nila. You see they attacked physically at nung nafeel nila lumalaban pa yung dalawa nagpausok ulit sila. Since nakatikim na yung kalaban ng takot, they were afraid na baka sumulpot ulit yung dalawa sa likuran nila kaya nagwild sila ng tira”

“In the end they hit each other, pagbulagta nakita niyo naman humupa ang usok at doon na sila nabigyan ng finishing blows” paliwanag ni Eric. “You preprare glasses for us too para sa battle of champions. Mukhang ito ang gagamitin nilang alas. Ayusin mo yung filter ng arena para makita din ng tao pala para lahat makita yung nangyayari” utos ni Ricardo.

College championship ang nauna at kahit di pa natawag nandon na agad sa gitna sina Adolph at Homer. “Hoy Raphael manood ka” sigaw ni Adolph. “Patayin mo muna yung ilaw sa bumbunan mo! Nakasilaw!” sagot ni Raffy at laugh trip ang lahat ng manonood. “Raffy don’t be like that” lambing ni Abbey. “Hayaan mo yan, the more magalit siya the more ipapakita niya kapangyarihan niya. I am still scared of him” bulong ng binata.

“You are?” tanong ni Abbey. “Yeah, he kept getting better during all the duels. Dati he was like you, malakas lang pero this time may control na siya sa kapangyarihan niya like you which makes you two really scary” landi ni Raffy at nagpacute ang dalaga. “You are scared of me?” tanong ni Abbey. “Yup, in a boyfriend-girlfriend way” banat ng binata at tumawa ng malakas si Abbey. Akala ni Adolph siya yung tinatawanan kaya lalo siya nagalit. “Hala ka” bulong ni Raffy. “Pabayaan mo siya, I can protect you” sabi ng dalaga at nagngitian yung dalawa.

Natapos ang formal bowing, lumuhod agad si Homer at humawak sa lupa. “Ayan na!” sigaw ng kalaban pagkat nagpalabas na si Homer ng tubig papunta

sa kanila. Spread out na yung dalawa, nagtaka sila pagkat diretso lang ang pagpaagos ni Homer ng tubig.

Tumira na yung kalaban ng long range attacks, si Adolph nagpasiklab ng kakaibang electric charged defense at nilulisaw ang mga power balls ng kalaban. Tuloy tuloy ang pagpaagos ni Homer ng tubig, si Adolph na ang lumuhod, “Talon talon!” sigaw ng kalaban at talon sila ng talon habang tumitira ng power balls.

Tumayo si Homer at tinaas ang dalawang kamay niya, mula sa likuran ng kalaban tumaas ang isang malaking alon. Humampas yung alon sa likod nila kaya napaagos sila patungo kina Adolph at Homer. “Game na!” sigaw ni Adolph kaya may isa pang alon mula sa harapan na sumalubong sa kalaban.

Ipit na yung dalawa sa dalawang alon mula harapan at likuran. Nilamon sila nung tubig at unti unti itong naging water sphere. Nakulong yung kalaban sa loob ng water sphere, lumapit si Adolph at pinakuryente ang kanyang mga kamay. Nagbanta siya na hahawak sa water sphere, “Give up now” sigaw niya kaya kita ng lahat sa loob ng sphere sumusuko ang mga kalaban.

Pinakawalan ni Homer yung dalawa at palakpakan ang mga tao. “Wow pero bakit si Homer lang ang nagpakitang gilas?” tanong ni Pedro. “Because they knew Raffy and Abbey were watching, natuto na sila kaya nagpigil si Adolph” paliwanag ni Felipe.

Humarap si Adolph kay Raffy at tinuro ito. “Patikim palang yon” sabi niya. “Masarap siya in fairness” landi ni Raffy kaya natawa si Abbey. “We just wanted to show you two kaya din namin ginagawa niyo” sabi ni Homer. “ Kaya nga partner duels e, slow talaga kayo. Dapat last year niyo pa ginawa yan. Pero Adolph, manood ka din” sagot ni Raffy.

Umingay na ng todo sa buong arena pagkat di nagsayang ng oras sina Raffy at Abbey na nagtungo sa gitna. Dismayado ang karamihan pagkat umaasa sila makakita ng kakaibang entrance. “Walang pasabog? Basta nalang laban agad?” tanong ni Lani. “Well nachallenge sila e, may mga bago pinakita ang ibang champions so they mean business too” sabi ni Hilda.

Ang mga champions magkakasama sa isang tabi para panoorin sina Raffy at Abbey. Lumabas na si Henry at ang bagong partner niya, nanlilsik ang mga mata nung mga kalaban pero si Abbey ngumiti at biglang hinalikan si Raffy sa pisngi. Grabe yung tilian sa buong arena, si Raffy humaplos sa pisngi niya at tinignan si Abbey.

“What was that for?” tanong niya. “To piss him off” pacute ni Abbey at pansin nila lalong nagalit si Henry. “Isa pa para lalo siya magalit” bulong ni Raffy at nagtawanan sila. Naganap ang formal bowing, “This time I am serious” bulong ni Henry. “So you say” sagot ni Raffy at lalo nanggigil ang mga kalaban sa kanila.

Naglakad pabalik sina Raffy at Abbey at sakto nakita nila ang mga nakahilerang champions. Gulat sila pagkat nagcheer ang mga champions para sa kanila. “Abbey pinakitaan nila tayo” bulong ni Raffy. “I know…ano balak mo?” sagot ng dalaga. “Patikim lang konti” sabi ng binata sabay ngisi.

Humarap na yung dalawa di sila gumalaw at hinayaan sumugod sina Henry at Kirk. Umatake yung kalaban gamit ang kanilang bersyon ng dragon dance, paekis ekis sila ngunit di natinag yung magpartner at nakatayo lang sila at nagaantay. Nainis si Henry, mga kamao nila kargado, sabay sila umatake gamit physical attacks pero nabilib ang mga tao pagkat kahit anong itira nila nakakailag ang magpartner.

Walang tigil sa palakpak si Joerel pagkat ginagamit nung dalawa ang in sync defense nila. “Dragon Dance level two” sigaw ni Abbey at nabilib ang lahat sa malasayaw na depensa nila. Sina Henry at Kirk walang tigil sa mga atake. Lalo

nila kinargahan ang mga tira nila ngunit bawat iwas at ikot nung magpartner nag iiwan sila ng fire and light trails.

Nagpapatama na sina Raffy at Abbey kaya todo talon at palakpak si Ernie. “Marverlous defense” sigaw niya na halos maluha pa. Lahat lalo napabilib pagkat mga tira nina Henry at Kirk tumatama ngunit di naapektuhan ang magpartner. Bawat tama umaapoy lang at umiilaw hanggang sa bumabagal ng bumabagal sina Henry at Kirk.

Hingal na hingal na sila pagkatapos ulit nila sumubok. Kinakabahan na yung ibang champions sa solid na depensa nung magpartner. Umatras sina Henry at Kirk at nagulat ang lahat nang may namuong dark cloud sa taas nila. Pagtingala nila biglang sumugod ng sobrang bilis yung magpartner.

Ang crowd nagtayuan na pagkat alam nila eto na ang inaatany nilang pasabog mula sa grand champions. “Defend!” sigaw ni Henry at nabalot sila ni Kirk ng kakaibang power defense sphere. Yung pasugod na pagpartner biglang nabalot ng apoy, tumama yung apoy sa defense sphere at bigla ito nalusaw.

Nagulat ang mga tao pagkat nawala na yung magpartner. Lingon ng lingon sina Henry at Kirk sa buong paligid. Nakarinig sila ng malakas na sigaw mula sa dark cloud sa ibabaw nila. Hiyaw ni Raffy ang narinig at sigawan talaga yung crowd nang lumabas mula sa ulap ang binata at palipad ito pababa.

Lumusot si Raffy sa defense sphere, nakaluhod siya pero nakataas ang mga kamay at nagpasabog ng matinding illumina sa mga mukha nina Henry at Kirk. Sa tindi ng pagwawala nila nalusaw yung sphere pagkat naka focus yung dalawa sa pag gamit ng soothing spell sa kanilang mga mata.

Si Raffy lumuhod at nag curl up, si Abbey biglang lumitaw na may hawak na giant fireball. Nung nakakita na sina Henry at Kirk, “Bye bye” pacute ng dalaga at agad tinira yung fireball sa mga kalaban. Akala ng lahat mahahagip si Raffy

ngunit sina Henry at Kirk lang ang tumapis at nilamon nung apoy. Tumayo si Raffy at lumapit si Abbey para pagpagin ang damit ng binata.

Yung crowd nabaliw sa kakaibang nagawa nung magpartner, nag bow sila at kumayaw pero walang tigil na palakpakan at hiyawan ang naganap. “Let me explain” sabi ni Hilda at kita ng lahat siya yung nakasuot nung special glasses, si Eric napakamot nalang sa isang tabi at nagsimangot.

“They showed everyone that they are a force to be reckoned with. They showed the others that solid depensa nila. Then after that they attacked but habang nagtatago sa apoy naging invisible sila. Tumalon si Raffy sa ere at doon nag antay, as you know this boy learned how to levitate already so hid there sa cloud na ginawa nila”

“He gave Abbey time to form that giant fireball, nung ready na he materialized, came down and entered the defense sphere and nakita niyo naman yung nangyari na” sabi niya. “Sinagot nila yung hamon nung ibang champions” sabi ni Ernie.

“Pero how did he enter that defense sphere?” tanong ni Pedro. “By attacking its weakest point, natural sa ibabaw. Defense nina Henry at Kirk oo all around pero mas malakas sa harapan kung saan pasugod sina Raffy at Abbey. He knew it was weakest sa taas kaya doon siya umatake” paliwanag ni Ernie.

“Kaya nga paano nga e? The defense sphere will eat you alive” sabi ni Erwin. “Well weakest nga e sa taas, di ko alam ano ginamit niya pero once nakapasok body niya he went on defense mode too kasi totoo nga kakainin siyang buhay nung defense sphere so it was defense versus defense hanggang sa nakapasok siya. Now that takes a lot of energy kaya pansin niya bagsak siya sa loob pero just enough to hit the two with illumina”

“Then as you all know yung illumina ni Raffy will make your brain stop, kaya nalusaw yung depensa, lumitaw si Abbey at ayon kill shot” pasikat ni Ernie na tuwang tuwa sa kanyang mga estudyante. “Demet, how did they even think of that so fast?” tanong ni Pedro.

“Pare I think they planned ahead. It does not have to be Henry and Kirk. Siguro they have plans for all kinds of situations tapos meron silang mga counter. Kunwari ka pa ganyan din tayo e” sabi ni Felipe at tumawa si Pedro. “Bwisit ka, sinasabi ko lang yon para lalo sila mabilib. Slow ka talaga” sumbat niya.

Nagsibabaan na ang mga guro, awarding ceremonies na ng chamions. Yung five teams may kanya kanyang podium at super yakap talaga ni Abbey ang kanilang second trophy. “At least lolo got it right this time” pacute niya habang pinagmamasdan nung dalawa ang kanilang golden statues.

Sina Venus at Charlie ang umiiyak pagkat di nila inakala maabot nila ang estado na ito. Si Adolph nakasimangot konti pagkat kinilabutan siya sa pinakita nina Raffy at Abbey. “Hey cheer up, there is room for improvement, alam ko naman may tinatago ka pang alas e” sabi ni Raffy. “For sure pare, pero congrats” sabi ni Adolph at nagulat ang lahat ng nagkamayan yung dalawa.

Naluha si Hilda at nabilib sa dalawa. “Now I really know everything will change” bulong niya.

Chapter 17: Motibo

Sabado ng umaga maagang dumalaw si Abbey sa bahay nina Raffy. Pinapasok ni Violeta ang dalaga sa kwarto ng binata kaya agad ito natawa pagkat nag thumb suck ang binata habang tulog. “Ganyan po ba talaga yan?” bulong niya. “Eversince bata siya di na niya naalis” sagot ng nanay ng binata.

“Let me leave you two here at lulutuan ko pa ng favorite breakfast niya” sabi ni Violeta kaya naglakad lakad ang dalaga sa kwarto at pinagmasdan si Raffy habang natutulog. Naupo siya sa kama at hinaplos ang mukha ng partner niya. Naalimpungatan si Raffy at nagulat nang makita si Abbey.

“Happy birthday Raphael” bulong ng dalaga sabay humalik ito sa pinsgi ni Raffy. Labis na napangiti ang binata at humaplos sa kanyang pisngi. “Bumigat cheek ko” bulong niya kaya humalik si Abbey sa kabila din. Napaupo si Raffy at nag inat sabay niyakap ang kanyang partner.

“Best birthday gift ever” bigkas niya at nagtawanan sila. “Ang aga mo naman ata” sabi ni Raffy. “Oo naman kasi birthday mo, at di ko alam ano gusto mo so inisip ko na labas tayo para bilhan kita ng gift na gusto mo” sabi ng dalaga. “E nabigay mo na e” landi ni Raffy.

“To naman e, sige na gusto din kita bilhan ng gift mo” sabi ng dalaga. “Wag na no, di na ako bata pero pag makulit ka may hihilingin ako” sabi ni Raffy at medyo kinabahan si Abbey. “Ah..eh..sige” bulong niya. “Spend the day with me here, tinatamad ako sobra at parang gusto ko dito lang tayo” sabi ng binata.

“Oo ba, sure sige pero wala ka bang party mamaya?” tanong ni Abbey. “Never been a big fan of parties. Wala lang gusto ko simple lang, spending time with the ones you love okay na sa akin” banat ni Raffy pagkat titig na titig siya sa dalaga. Kinilig ang dalaga at agad napatingin sa bintana.

“Let me help you clean your room then” sabi niya at una niyang ginawa ay buksan yung bintana para magkahanging sa kwarto pagkat medyo umiinit na doon. “Alam mo I like my room the way it is” sabi ni Raffy. “Tamad” sumbat ng dalaga at natawa ang binata.

“Organized ka sa thoughts mo pero grabe ka ang gulo ng kwarto mo. Parang dumaan ang malakas na tsunami” sabi ng dalaga pagkat nagsimula na siya magsinop. “Uy wag na, grabe ka naman I will clean when I want to clean” sabi ni Raffy. “Shut up ka nga, if you want you help me” sabi ni Abbey kaya bumangon si Raffy at tumulong sa paglinis sa kwarto niya.

Bumaba si Abbey at tumulong sa pagluto ng almusal habang si Raffy naligo na. “Congratulations pala ha, champion ulit kayo” sabi ni Violeta. “Salamat po tita, pero madami pa kami trabaho gagawin kasi balak namin maging grand champions ulit tapos paghahandaan pa namin yung inter school” sabi ni Abbey.

“Hinay hinay lang iha, step by step lang baka mag lose focus kayo” sabi ni Felipe. “E sir si Raffy kasi e, nakakahawa siya. Di naman siya nagmamayabang na mananalo kami sa grand championships, pero naka ready na yung what if we do kaya we are also getting ready for the inter school duels” paliwanag ng dalaga.

“So wala kayong tiwala sa sarili niyo na magiging grand champion kayo this year sa school natin?” tanong ni Felipe. “Raffy taught me na masama ang over confidence. Lagi niya sinasabi na kahit sure kaya meron parin butas na pwede matalo. One mistake lang at mawawala ang lahat ng pinaghirapan”

“Then ganon din daw in a losing situation, kahit natatalo ka na, keep fighting hanggang mag open yung little chance that can turn everything around. So ganon po yung style namin sa winning and losing. He taught me how to be grounded” sabi ni Abbey.

“Buti di ka nagmana sa tatay mo” banat ni Felipe at binatukan siya ng kanyang asawa. “Don’t say that” sabi niya. “Okay lang po yon, lagi naman sinasabi ni lola na ganon si daddy e. Kaya thank God meron si tito noon na umayos sa kanya” sabi ng dalaga.

“Pero iha madami ka din naturo kay Raffy. Dati he was like a kid, sobrang kulit pero lately parang nagmature agad siya” sabi ni Felipe. “Are you talking about me down there?” tanong ni Raffy bigla. “Dalian mo para makakain na tayo” sabi ni Abbey.

Pagbaba ni Raffy kumain na sila ng almusal. “So I heard that you two have the book of mamita” sabi ni Felipe at napalunok ang mag partner. “You mean the books about the north and the south?” tanong ni Abbey. “No the other book, her book of spells” sabi ni Felipe.

“Yes, by accident lang po. Isosoli po sana namin pero nalaglag bigla tapos naka open. E si Abbey super fast reader kaya ayun natutunan niya yung hearing aid spell para sa matatanda” kwento ni Raffy at nagtawanan silang lahat. “Isusumbong ko kayo kay mamita, hearing aid spell? Wag nalang ata at gagamitin ko sa kanya yung joke na yon” sabi ni Felipe.

“Pero ano pa inaral niyo don?” tanong niya bigla at napayuko yung magpartner. “Daddy do you trust us?” tanong ni Raffy. “Yes, pero be honest with me. Mamita is very powerful, she made up her own spells so baka mali yung pag gamit niyo sa mga yon” sagot ng ama niya.

“Tito don’t get mad pero we just browsed over them. Wala po kami balak gamitin mga yon. Well except for the hearing aide spell na we tried pero tito promise wala na po talaga” sabi ni Abbey. “So bakit di niyo pa sinoli sa kanya?” tanong ni Violeta.

“Daddy, like what you said she made her own spells. Binabasa lang namin how to make our own ones. Don’t worry yung ibang magic don di pa namin kaya ni Abbey. Gusto ko lang malaman kung pano nga ba gumawa ng sariling spells. Para bang inaaral ko lang yung mga concept” sabi ni Raffy.

“Will you two promise that you wont use any of her spells?” sabi ni Felipe. “We promise” sabi ni Raffy. “Alam ko lahat ng powers ni mamita, if I see you two using kahit isa doon lagot kayo sa akin” banta ni Felipe. “Promise po talaga tito. Napag usapan na namin ni Raffy yan ilang beses”

“Trust us tito wala po kami talaga balak gamitin mga yon” sabi ni Abbey. “Oh okay, akala ko kasi gagamitin niyo yung Exodus spell niya” sabi ni Felipe sabay tinitigan yung dalawa. “Ano yon? Malakas ba yon?” tanong ni Violeta.

“Super lakas at minsan lang niya nagamit yon pero if she uses that mamita goes into a coma for several days since ubos talaga ang magic power niya” sabi ni Felipe at napalunok muli yung mag partner. “Daddy you don’t have to make takot to us, di talaga namin binabalak gamitin mga yon” sabi ni Raffy. “Just making sure anak” sagot ng ama niya.

Katatapos palang nila kumain ay may kumatok sa pinto. Si Raffy at Abbey ang nagbukas at nagulat sila pagkat si Pedro at Abigail yon kasama ang mga guro ng school. “Happy birthday!” sigaw nila ng sabay sabay. Nagulat si Raffy habang si Abbey biglang nag uutos.

“Palakihin din yung garden, mommy and daddy you two take charge of cooking outside” sabi ng dalaga at gulat talaga si Raffy pagkat planado pala ito ng partner niya. Nung matapos mag utos si Abbey hinila niya si Raffy sa salas at naupo sila para manood ng TV. “What the hell is going on?” tanong ni Raffy pagkat nakita niya din parents niya lumabas para tumulong.

“Relax, today is your birthday. Ako bahala sa lahat kaya dito lang tayo and let them work” pacute ng dalaga. “Pero Abbey this is too much” sabi ng binata. “Shut up birthday boy, last year I almost lost you. Kaya gusto ko magcelebrate ng one year being with you. I grew stronger for you, natuto ako dumepensa, I promise you di na mauulit yung last year”

“I can feel may takot ka pa dahil last year pero Raffy I am getting stronger for you. It will never happen again. Kaya today gusto ko mag celebrate ng birthday mo kasi I really almost lost you last year” sabi ni Abbey at halos maluha na si Raphael. “I am stronger now Raffy because of you, I don’t want to lose you” bulong ng dalaga at naglapit ang mga mukha nila at biglang nagsigawan ang mga tao sa labas.

“What are you two doing in there?!” sigaw ni Pedro. “Itigil niyo! Nasusunog yung garden!” sigaw ni Felipe kaya grabe yung bungisngisan nung magpartner. “Yung mga karne nilipad! Hoy itigil niyo yan!” hiyaw ni Felipe. “Maybe next time” bulong ni Abbey at napangiti nalang si Raffy at bigla sila nagkahiyaan.

Titig sila sa TV at pinapanood nila ang live telecast mula sa COMELEC. “Wow, alam mo he deserves to run. Mabait siya sobra at sana talaga manalo siya” sabi ni Abbey. “Ewan ko di ako mahilig manood ng TV na masyado pero yeah he is a good guy” sabi ni Raffy.

Sa isang hotel tulala sina Gaspar at Gustavo. “Palakasin mo ang volume” utos ni Gustavo. “O wag mo nanaman sisirain to ha” sabi ni Gaspar at pinalakasan ang TV

“Nandito tayo ngayon sa COMELEC kung saan nagfile na po ng kandidatura si congressman Santiago Arkuela para sa pagka senador. Makikita natin na kasama niya ang mga kanyang mga kaalayado at nakakagulat din kasama din niya ang mga kaalyado ng pangulo. Susubukan natin lumapit para tanungin sila” sabi ng reporter.

“Sir sir over here sir” sabi ng reporter at lumapit ang grupo ni Santiago. “Sir, you are running for the Senate?” tanong ng reporter. “Well, ilang araw narin ako kinukulit nga mga kasama ko at mga kasama ng pangulo. Ilang beses po ako tumanggi talaga pero di nila ako tinantanan”

“Sabi ko sa kanila okay na ako sa aking dirstito pero makulit talaga sila at sabi nila mas makakatulong ako sa bayan bilang senador. Matagal kong pinag isipan ito at kahapon nagpasya na ako tumakbo” sagot ni Santiago.

“Sir what does this mean? Magkaalayado na kayo lahat?” tanong ng isang reporter. “Of course not, we are just showing everyone that we can be united. Naniniwala sila na mas maganda tumakbo siya bilang senador, at pati kami ganon din paniniwala namin”

“This goes beyond boundaries, I think our groups agree on congressman Santiago Arkuela running for the senate” sagot nung isang mambabatas na kaalyado ng pangulo. “Tama siya, sino ba naman kokontra sa pagtakbo niya. We all believe that he is capable. So we are all here to support him, gusto namin ipakita sa lahat na kahit anong grupo o alyado man kami may iisa kaming paniniwala na malaking asset sa bayan si congressman Arkuela” sagot ng isang kaalyado ni Santiago.

Humarang si Gaspar sa TV pagkat babatuin ulit ito ni Gutsavo ng remote. “Ano ang nangyayari sa iyo Santiago?” hiyaw niya. “Kalma lang!” sigaw ni Gaspar. “Hindi ko maintindihan ano binabalak niya?” sigaw ni Gustavo. “Bakit ano ba problema?” tanong ni Gaspar.

“Bakit siya tatakbo na senador? Para saan pa? Sinasayang niya lang oras natin lahat. Ano ba yan nagbago na ba siya? Sira ulo ba yan at uunti untihin niya ang pag taas?” tanong ni Gustavo. “Well pag iisipin mo mukhang magandang plano naman yon”

“Congressman na siya, tatakbo siyang senador at sigurado ako mananalo yan. Kasi tignan mo ang mga ginagawa niya. Tumutulong siya sa kahit sino may kailangan ng tulong. Baka yun ang master plan niya or plan B since palpak siguro yung plano nila ni Cardo”

“O diba? Napamahal na sa kanya ang mga tao sa pagtulong niya at lalo pa siya napamahal ng lahat sa pagsagip niya sa buhay ng pangulo. Sure win siya sa pagkasenador. Pagsapit ng 2016 siguro naman tatakbo siya bilang bise presidente? O kung mabangong mabango talaga siya e baka don na tatakbo bilang pangulo” sabi ni Gaspar.

“Alam mo tama ka pero nagsasayang siya ng oras!” sigaw ni Gustavo. “Isipin mo maigi, dinadaan niya sa tama ang pag angat niya. Nagpapakita siya maganda ang itensyon niya at siguro sa 2016 talaga pangulo na ang tatakbuhan nya. Pag nakaupo siya sa tuktok doon na siguro siya magpapakilala” sabi ni Gaspar.

“Well ibig sabihin palpak si Cardo at kailangan niya ng oras pa. Tama ang inisip mo. Yang ginawa niya para bigyan oras si Cardo ayusin ang plano. Kasi for sure pag nagpakilala na siya sa publiko bilang magic user aalma sila. Parang nababasa ko na ang plano niya”

“May apat na taon si Cardo para ayusin yung pagkontrol sa tao. Tiyak ko unang kokontrolin nila ay yung mga sundalo at mga pulis. Of course they need total control to take over pero it will be easy if Santiago wins as president in 2016. Then maaring matatanggap siya ng mga nagmamahal sa kanya”

“Yung mga kontra doon na papasok yung mga kontroladong mga pulis at sundalo. Aba mahusay din na plano yan…alam natin malakas si Santiago so we too have that amount of time to prepare our army”

“Once nakapagpakilala na siya we strike him down and take over. Shit! Ang tagal pa non. Is there some other way we can speed things up?” tanong ni Gustavo. “Well may ugong ugong sa paligid na yung isang elder may binabalak” bulong ni Gaspar.

“Sinong elder?” tanong ni Gustavo. “Si Victor, may kumakalat na balita underground na may binubuo siyang army” sagot niya at napangiti si Gustavo. “Wow, si Victor, malakas din yon” sabi niya. “Pero may ugong ugong din na isang elder may army sa ngayon na tumitugis sa mga rebelde. Actually sabi sa balita ay dalawa sila tumutugis pero mukhang ibang ginagawa ni Victor” landi ni Gaspar.

“Natural, si Victor pa. Matinik kang ahas ka. Pano mo sila napaniwala at nagawa ka pa nilang elder. So he is forming his army again huh. So what if his army and my army will combine forces?” tanong ni Gustavo. “Last time na nag away away kayo kinailangan tayo tulungan nina Santiago” sabi ni Gaspar.

“Bobo alam ko yon, pero what if nga magsama kami ni Victor…sa tingin mo may laban pa ba si Santiago?” tanong niya. “Di ko masasabi kasi medyo close fight din naman nung tumulong sila. May tsansa siguro basta malakas tayo” sabi ni Gaspar.

“Very interesting news, its good news. Tapos uunahan natin si Santiago sa plano niya. Ang gusto lang naman ni Victor makilala school niya so ibigay na natin sa kanya ang institute tutal last time ayaw niya yung balak natin na mag take over sa bansa” sabi ni Gustavo.

“At sir tandaan niyo elder siya. Malaya siya makakagalaw. Pumayag ka na sa terms niya. Pwede tayo magtago sa taglay niyang kapangyarihan. Mas malaya tayo makakadalo sa inter school para maghakot ng fighers. Change of plans ito pero we can use the Phoenix take over magic, we can refine it para the fighters will remain as is pero after a few days sila na mismo pupunta sa atin” sabi ni Gaspar.

“Mautak ka din pala no. Pag ganon ang gagawin natin no bloodshed. Di pa tayo mabubuking at tama ka, kusa nalang sila pupunta sa atin after the inter school. Once they come to us we can mask their presence at parang nawala nalang sila sa lupa”

“By the time malaman nila ano talaga yung nangyari naconvert na natin sila at na brainwash then pwede na tayo magparamdam. The more makita nila malakas army ko mas madaming rebelde ang maglalabasan at sasanib sa atin. By that time Victor will want to join us at sa tingin ko magkakagera pero we take it to the streets”

“Sapat nang pagpapakilala sa mga tao yon. Kahit mag unite pa ang mga schools we hold the people hostage. Santiago will be forced to show himself and will try to stop us too. We need to take risks, all out war ito pero in the end maganda pakiramdam ko magtatagumpay tayo”

“So now we need to scout the strong fighters. Gaspar magparamdam ka din kay Victor na gusto natin makipag usap sa kanya. Wag mo muna sasabihin na ako pero magparamdam ka lang sa kanya na may isang grupo willing sumanib sa kanya” sabi ni Gustavo.

Sumapit ang gabi at natuloy ang party sa bahay nina Raffy. Habang nagsasaya ang lahat napatigil sila pagkat dumating si Ysmael. “Akala mo siguro makakalimutan ko na birthday mo no?” tanong ng matanda at agad niya niyakap si Raphael.

“Lolo ano regalo mo sa kanya?” tanong ni Abbey at tumawa yung matanda. “Kailangan pa ba?” tanong ni Ysmael at nagsimangot si Abbey. “Kahit wala lolo basta nandito kayo. Tara po samahan namin kayo kumain” sabi ni Raffy. Pagdaan nilang tatlo tulala parin yung iba at hindi makagalaw.

“Inggit na inggit ako sa kanila” bulong ni Hilda. “Kaya nga e, sana makihalubilo naman siya sa atin” bulong ni Prudencio. “Sige mamaya” biglang sabi ni Ysmael at nginitian sila. “Oh my God narinig niya tayo” bulong ni Lani at parang mga bata ang mga guro pagkat pinansin sila ng dragon lord.

Sinamahan ng magparter kumain ang dragon lord, “Lolo yung trophy namin ihanda niyo na” sabi ni Abbey. “Malalakas yung mga kapwa champions niyo” landi ng matanda. “Pero lolo kami yung mananalo, promise ko yon” sabi ng dalaga. “I know what youre trying to do iha, sorry no comment” sabi ng matanda at nagatawanan sila.

“Pero tell me, why did you choose them?” tanong ni Ysmael. “What do you mean lolo?” tanong ni Abbey. “You know what I mean” sabi ng matanda. “Well wala lang, parang may magandang feeling lang kami about them” sabi ni Raffy. “Anong feeling yon?” tanong ni Ysmael.

“We cant explain it, basta nalang si Abbey gusto turuan si Charlie kasi daw may ibang nararamdaman siya. Sakto naman we found her a good partner. Tapos sina Dominick at Jeff nakasama ko sa ensayo isang araw tapos parang nakita ko determination nila so I felt good about them too” paliwanag ni Raffy.

“And how about the others?” tanong ng matanda. “Wala lang, parang masarap lang sila kasama at makalaban. We feel that they will give us the best challenge, di naman po sa pagmamayabang pero they challenge us to get better” sabi ni Raffy. “Tinalo niyo na sila last year, yung iba nandaya pa” sabi ng matanda.

“We know that lolo pero they were determined to win kasi yon. We can look beyond that and forgive them. Pero sabi ni Raffy he feels something different about them too kaya ayun we really like to face them sa grand duels” sabi ni Abbey. “But you missed one” bulong ni Ysmael at nagulat si Raffy. “I know lolo…batchmates kasi e” sagot ng binata.

“What are you talking about?” tanong ni Abbey. “Wala iha, oh regalo ba? Sorry pero I got you two gifts. Naiwan ata sa labas paki tignan nalang” sabi ni Ysmael at nagmadali yung magpartner lumabas.

Lumingon yung matanda at tinignan ang mga guro na nagmamasid. “Now does that answer your questions? Anong army ang pinagsasabi niyo? Stop thinking such foolishness” sabi niya at natulala nalang ang mga guro habang tumawa ang dragon lord.

Sumunod si Ysmael sa harapan ng bahay kung saan binubuksan nina Raffy at Abbey yung sobrang laking kahon. Pagbukas nila may mas maliit na kahon, at sa loob isa pang kahon hanggang may sobrang liit na kahon ang natira. Walang tigil sa pagtawa ang matanda kaya napakamot ang magpartner. “Ayos nanood nanaman si lolo ng practical jokes video” sabi ni Abbey.

“No, open it” sabi ni Ysmael kaya binuksan ni Raffy yung maliit na box at may isang sobrang lumang susi na gawa sa ginto. “Susi? Sigurado naman ako hindi para sa kotse ito” biro ni Raffy. “Pwede pero super ancient car” banat ni Abbey at tumawa yung matanda.

“Since parati kayong curious, let me just tell you that key will open a door. Inside that door the answers to your questions might be found” sabi ng matanda. “What questions?” tanong ni Raffy. “Ewan ko sa inyo, basta hold on to that key and once you found the door open it” sabi ng dragon lord.

Pinagmasdan nung dalawa ang susi at nag isip sila ng matagal. “Aha Abbey there must be a secret door sa ilalim ng school” sabi ni Raffy. “Good luck” sabi ni Ysmael sabay pumasok siya sa loob. Sinamahan niya yung ibang guro at agad niya hinaplos ang likod ni Hilda. “Nakinig ka nanaman” sabi niya at hiyang hiya yung guro.

“Don’t worry that key does not open anything. Gusto ko lang ibalin isipan nila because they are too focused on the inter schools. I just gave them something else to think about to keep them busy or else…” bulong ng dragon lord.

“Or else what?” tanong ni Hilda at nagtitigan sila. Napalunok ang matanda at humarap nalang sa ibang guro niya. “You didn’t have to do that Hilda, I understand you want to win badly pero not that way. Let them grow on their own. Do not worry I changed the spells on your book” bulong ni Ysmael kaya lalo nang nahiya ang matandang guro.

Chapter 18: Return to Mount Dragoro

Complete attendance ang school para sa send off party ng mga champions. This year mautak na sina Armina, Elena, Adolph, Homer, Raffy at Abbey kaya nakikigaya nalang yung mga new champions sa pag karga ng gamit sa mga bag nila.

"Yung mga tumbler damihan niyo, importante ang tubig" sabi ni Raffy. "Food! Grabe mahirap yung food sa taas, okay lang one tent, share nalang para less burden, damihan yung food" sabi ni Abbey. Tumatawa ang mga guro habang busy yung mga champions pinupuno ng pagkain ang bag nila.

"Akala ko ba bawal ang pagkain, pati mga posporo at diyaryo" bulong ni Prudencio. "I don't know, di naman tayo naghanda ng mga gamit na yan. Basta kaninang umaga nandyan na mga yan" bulong ni Hilda. "Oh so he prepared it" bulong ni Franco.

Nauna si Raffy at Abbey pero tumigil ang binata. "Last year nagpigil lang ako, pero this time kapag uulitin niyo yung ginawa niyo sa amin it will be really different now" bulong niya at napayuko sina Adolph, Homer, Armina at Elena. Sigawan na ang mga ibang estudyante, lumingon ang mga champions at kumaway.

Medyo kinabahan si Abbey nang tabihan ni Adolph si Raffy. "Sorry about last year. Sinusunod lang namin si Teddy" sabi niya. "Oo nga, sorry talaga" sabi ni Armina. "Wala na yon, sana this time sama sama tayo lahat" sabi ni Raffy at gulat talaga si Abbey. "We are going to follow you this time" sabi ni Homer.

"Oo para masaya tayo lahat, aabutin natin yung tuktok all together" sabi ni Raffy. "Hey don't make promises you cant keep" bulong ni Abbey. "I know pero I want everyone to reach the top this time" sabi ng binata. "Do you think he will

let them?" tanong ni Abbey. "Ewan ko, pero mas masaya pag magkakasama tayo lahat. I know deep inside you feel that way too" sabi ng binata.

Dalawang oras ang lumipas at napalingon si Raffy at nakita niya nahuhuli sina Charlie at Venus. "Let us take a break, you girls okay?" tanong niya. "Yeah, di lang sanay" sagot ni Venus. "Sanayin niyo, alam niyo ba mysterious tong gubat na ito. Pwede niya tayo pahirapan kaya maaring matagal tayo talaga dito" sabi ni Abbey.

Naupo sila lahat at nagmeryenda, "Hey ano ba meron sa taas?" tanong ni Homer. "Makikita niyo when we get there" sabi ni Raffy. "Sige na sabihin niyo na" pilit ni Armina. "Trust me, mas maganda pag nakita niyo ano meron don. Its not power that like everyone thinks. Basta big deal siya talaga" sabi ni Abbey.

Matapos ang pahinga nagtuloy sila sa paghike. Naninibago yung mga nakadaan na last year sa pagbabago ng anyo ng gubat. "Parang iba" sabi ni Adolph. "Kaya nga e, are you sure ito yung pinuntahan natin last year?" tanong ni Armina. "Gumanda siya" sabi ni Abbey. "Parang sumigla yung gubat, mas green ang mga green at mas blue ang mga blue" banat ni Raffy at laugh trip sila lahat.

"Bakit tahimik ang mga baguhan?" tanong ni Elena. Tumigil si Raffy at tinignan yung apat na baguhan. "Dito nga kayo sa unahan, you four lead para alam namin yung pace niyo. Kaming anim naranasan na namin ito kaya sige na dito kayo sa unahan at trail nalang ako para walang maiwan" sabi ni Raffy.

"Hindi kita malilimutan" kanta ni Raffy at tawanan ulit sila pagkat ang bagal maglakad nung mga baguhan. "Patawa ka ng patawa nakakapagod tumawa" sabi ni Abbey. "Enjoy naman" sabi ni Homer na sumabay sa kanta ni Raffy kaya halos patigil tigil ang paghike nila sa tindi ng kanilang tawanan.

Sumapit ang lunch break kaya naghanap sila ng magandang pwesto na may view. “Uhmmm…pano pala kung…” bulong ni Venus at tumawa si Abbey. “Don’t worry about that gagawan tayo ni Raffy ng special banyo” sabi niya. “Takpan mo lang ng dahon o kaya magtago pa ganon lang yon” sabi ni Adolph.

“Hukayin mo naman, sayang na fertilizer din” sabi ni Raffy. “Kaya siguro gumdanda yung gubat Raffy dahil sa paghukay natin” biro ni Abbey at halakhakan ulit sila. Sa tuktok ng bundok nakikitawa si Ysmael at Dragoro. “For the first time a happy group will try to come up here” bulong niya at hinimas niya ang ulo ng kanyang dragon. “But let us test them” bulong niya.

Sumapit ang hapon, tumigil sila sa isang magandang spot. “Dito na tayo, itututuro ko pano mag set up ng camp ng maayos. Then we build a big campfire” sabi ni Raffy. “Ah konti nalang water” bulong ni Charlie. “Don’t worry, makakahanap tayo bukas. We have food pa naman pero tara mga girls habang may liwanag pa try natin maghanap. Last year nakahanap kami ng bananas” sabi ni Abbey.

Sinet up ng boys ang mga tent at yung mga bakod sa paligid. Nakabalik ang mga girls at may dalang mga saging at kamote. “So reserba natin ito, may lutuan naman tayong dala this time, iluto na natin yung meat so ano gusto niyong luto?” tanong ni Elena. “You know how to cook?” tanong ni Homer.

“Duh, I am a girl” sagot ni Elena. “Sinigang basta yung may sabaw. Makakahanap naman tayo water bukas so pwede natin sacrifice yung water natin for rice cooking and sinigang” sabi ni Adolph. “Good idea, sige I will help you” sabi ni Abbey. “Pati na kami” sabi ng mga baguhan. “Boys tayo ang gagawa ng apoy at gagawa ng hukay” sabi ni Raffy.

Pagsapit ng dilim masaya sila kumakain. Sa campus grounds nanonood ang mga guro sa magical screen na gawa ni Eric. “Wow sama sama sila and they all look happy” sabi ni Hilda. “Ano yang kinain nila? Is that rice and ano yan?” tanong ni Pedro. “Mukhang nilaga or sinigang ata” bulong ni Felipe. “Kakaiba

this year, I don't know why" sabi ni Franco. "Di naman kami ganyan noon, kanya kanya kami" dagdag niya.

"Oo nga pati kami, kahit alam ng iba nakarating kami sa taas e di parin sila sumasama sa amin sa next na pag akyat" sabi ni Pedro. "Kasi mayabang ka, ayaw mo sila makarating sa taas. Sabi ko sa iyo magsama tayo e" banat ni Felipe. "Nagsama naman tayo ha, pero sumuko sila o kaya biglang nawala. Kasalanan ko ba yon?" sumbat ng bestfriend niya. "Will you two stop fighting, binago na lahat ni Raffy and Abbey yung rules, gusto nila sila isama sa taas at yung iba gusto naman sumama sa kanila"

"So the rest are looking up to them" sabi ni Hilda. "Pero only one pair can reach the top" sabi ni Ricardo. "Kaya nga e, parang sayang itong bonding nila kung isa lang makakaakyat. Pagbaba nila sigurado ako away nanaman yan at sasabihin madamot yung mga nakarating sa taas" sabi ni Prudencio.

Kinaumagahan nagising ang lahat dahil nagsisigaw sina Venus at Charlie. Ang mga boys agad nagpanic at naglabasan. "Ano yon?" tanong ni Raffy. "Something was here…hayop siya at kinain niya yung mga saging at kamote pati na yung natirang food natin kagabi" sabi ni Venus. Napalingon sila sa paligid at nakita nila sira yung bakod na ginawa ng mga boys.

"Anong klaseng hayop?" tanong ni Raffy. "Di namin alam, its still too dark to see pero dalawa sila at nung sumigaw kami tumakbo na sila palayo" sabi ni Charlie. "Wala naman ganon last year" sabi ni Raffy. "They ate all our food!" sigaw ni Homer. "Relax lang, don't panic okay" sabi ni Raffy.

"Pano na to?" tanong ni Dominick. "Relax nga lang kayo, ganito kami last year. Diba Armina? We survived naman ha. So back to basics tayo, relax lang kayo we can go back to get bananas again" sabi ni Abbey. "Kinuha na natin lahat kahapon" sabi ni Elena. "Come on let us start early, konting tiis lang please. Bale wala to, buhay pa tayo at makakahanap din tayo ng pagkain" sabi ni Raffy.

Tatlong oras sila naglakad pero biglang natumba si Venus. Napaupo narin sa lupa si Charlie at yung ibang girls. Si Abbey napaluhod at kinabahan na si Raffy pagkat gutom na ang lahat at mukhang sobrang pagod. “Nasan na yung sinasabi mo?” tanong ni Adolph. “We have to keep hiking, meron at meron yan diba? Last year ganito din nangyari naman e” sagot niya.

“That was last year, we are not that lucky siguro” sabi ni Armina. “Uy wag naman kayo ganyan” sabi ni Abbey. “E yang boyfriend mo sabi niya makakahanap tayo. Wala na ang layo na natin, yung pagod natin sana ginamit natin pabalik nalang” sumbat ni Elena. “Don’t blame kuya” bulong ni Charlie. “E sino pa sisisihin natin?” tanong ni Homer.

“Porke nagkaroon tayo ng paghihirap gusto niyo agad maghanap ng pagsisihan imbes na tulong tulong tayo maghanap ng paraan para makalusot sa problema. Ano gusto niyo easy way out? Walang ganon! Konting pahirap lose hope agad. Parang di ikaw yon Adolph ha. What the hell are you doing training and getting better for? To beat us? Ganon din dito!”

“Kayo Armina at Elena, pati narin ikaw Homer. Nag eensayo kayo para matalo kami diba? O bakit sa sitwasyon na ito sumusuko kayo? Pero sa duelo okay lang magpursige? Get the hell up and let us continue! Dami niyo reklamo masyado. We can do this!” sermon ni Raffy at binuhat niya bag ni Abbey at yung mga bag nina Charlie at Venus.

“If you want to give up then go back, the forest will guide you back out. If you want to reach the top then follow me, me and Abbey will take you there” sabi ni Raffy at nagsimula na siya maglakad. “Kaya mo ba?” tanong ni Abbey. “Sige lang kaya ko, irelax niyo body niyo muna at ako magbubuhat ng mga bag niyo pero mamaya kung kaya niyo na kunin niyo sa akin” sabi ng binata.

Sumunod si Abbey, sumama sina Venus, Charlie, Dominick at Jeff. Ilang saglit lumingon si Raffy at sumama narin yung ibang duelists. Ilang oras na

sila naglalakad, hinang hina na talaga ang lahat. “I cant” bulong ni Venus at nagtumbahan na ang lahat sa lupa. Si Raffy napaluhod narin at pinikit niya ang kanyang mga mata.

Pinanood ng lahat siya bumangon para itayo ang mga tent. “Kami na” sabi ni Dominick at Jeff kaya si Raffy biglang naglakad palayo. “Saan ka pupunta?” tanong ni Abbey. “Maghahanap ng pagkain, Adolph and Homer man up, bakuran niyo ng husto yung campsite. Please start fire already and I will do my best to go find food for us” sabi ng binata at kinuha din ang mga empty tumblers ng lahat.

Habang naglalakad si Raffy nakakramdam narin siya ng panghihina. “Its easy to give up” sabi ni Ysmael na sumulpot sa tabi ng binata. “Alam ko po” sagot ng binata. “So bakit ka pa nagpupursige?” tanong ng matanda. “For Abbey…and them” bulong ni Raffy at may nakita siyang malaking halaman na may malalaking dahon. Napangiti si Ysmael nang nakahanap si Raffy ng tubig at agad kinargahan ang mga tumbler.

“You can all die here” sabi ni Ysmael. “I know but that wont happen” sabi ni Raffy. “So you think I am going to help you?” tanong ng matanda. “No” sagot ng binata. “So you think you can survive without my help?” tanong ng dragon lord. Huminga ng malalim si Raffy at tinuloy lang nag pagpupuno ng tubig na galing sa halaman sa mga tumbler.

“Just say it and I will help you” landi ni Ysmael pero tumayo ang binata at naglakad na pabalik. “Pagod ka na, gutom, I can feel deep inside you want to ask for my help already” bulong ng matanda. “Supahgramps, I am going to take them up there. Sabi nila dalawa lang pwede umabot don pero I can try. I know this is you telling us that di pwede isama yung iba pero I think I can take them up there” sabi ni Raffy.

“Ows? Kung successful ka man, sa tingin mo ano reaksyon nila pag nakita wala naman makukuha sa taas?” tanong ng matanda at tumawa si Raffy.

“There is something up there, me and Abbey felt it and I want them to feel it too. Oh by the way supahgramps di ikaw yon, bonus ka lang. Papaabutin ko sila sa taas” sabi ng binata at tumawa yung matanda. “Go ahead and try iho” sabi ni Ysmael at nagtitigan yung dalawa. “I will so watch me” sagot ni Raffy.

Nakabalik si Raffy sa campsite at natuwa ang lahat sa tubig na dala niya. “San ka nakahanap?” tanong ni Abbey. “Sa mga halaman, sorry ito lang meron so sana magtiis muna tayo lahat sa tubig lang. There is always tomorrow to look forward to” sabi ni Raffy.

Sa campus awang awa at kinakabahan ang mga propesor. “Will they survive?” tanong ni Lani. “Wag ka nga ganyan, magtiwala ka naman. They have water so they will be able to survive” sabi ni Hilda. “Kulang yung tubig” sabi ni Romina. “We know pero yun lang talaga meron, mukhang pinapahirapan sila ng husto ng bundok” sabi ni Ricardo. “Ang importante they are still hanging on to each other, yun ang mahalaga” sabi ni Hilda.

Pagsapit ng umaga walang nagpapansinan habang nagliligpit sila ng tulugan. Naubos na nila yung tubig na nahanap ni Raffy. Nanghihina na ang lahat pero kinailangan nila magtuloy sa kanilang paghike. Ramdam na ni Raphael ang galit nung iba sa kanya, lagi niya tinitignan si Abbey at kita niya hinang hina na talaga ang kanyang partner.

“Hey please konti pa, we cant give up. If we show signs of weakness pati sila susuko na” bulong niya. “Pero I am tired and hungry na. Ilang beses na ako nagwish pero walang nangyayari na. Di na tulad last year” sagot ng dalaga. “This time its different pero we cant give up Abbey” lambing ng binata.

Dalawang oras ang lumipas at para na silang zombie na naglalakad. “Shhh…” bigkas ni Raffy at lahat napatingin sa kanya. “Do you hear that?” tanong ng binata at lahat nakinig pero bigla siyang umutot. Halakhakan sila at mga babae sinugod si Raffy para kurutin. “Bwisit ka! Akala ko may pagkain na” sigaw ni Abbey at tawa sila ng tawa.

“Hindi tama siya…listen” sabi ni Adolph at siya naman ang tinignan, umutot siya pero bigla siyang napamura. Super hiyaw si Raffy at agad hinila si Adolph sa malayo. “Ilabas mo na yan” kantyaw niya. “Shit! Nakakahiya!” sigaw ni Adolph at grabe yung laugh trip ng lahat. “You can all rest at hahanapan ko ng magandang spot si Adolph, dapat kasi umebs ka na sa campsite e” sabi ni Raffy. “E nahihiya nga pwet ko e” sagot ni Adolph. “So last year hindi ka umebs?” tanong ni Raffy. “Sa campus” bulong niya at halakhakan nanaman ang lahat.

Habang naghahanap ng magandang spot yung dalawa nanlaki ang mga mata nila nang makakita sila ng giant water basin. “Oh shit…water!” sigaw ni Adolph. “Where?!” sigaw ni Abbey at sumama ang iba at nakita nila yung malaking water basin. “Oh my God water!!!” hiyaw ni Homer at nagtakbuhan sila lahat at nagsipag dive sa tubig.

“Hoy don ka sa malayo maghasik ng lagim! Doon dali! Baka ipollute mo tong water source natin” sabi ni Raffy na nagdive narin sa tubig. “Oh men! Huy samahan niyo ako” sabi ni Adolph at tawanan ang lahat. “Ikaw pinakamatanda dito kaya mo yan, dalian mo na ang sarap ng tubig pare” sabi ni Homer.

Nang nakabalik si Adolph nanlaki ulit ang mga mata niya. “Isda! Hoy! May isda!” sigaw niya at tinuro niya yung isang gilid ng basin. Nagtayuan ang mga kasama niya at sobrang natuwa sila nang makita nila yung mga isdang lumalangoy sa malayo. “Edible kaya yan?” tanong ni Abbey. “Mukhang edible…” bulong ni Raffy.

“Pano natin huhuliin mga yan?” tanong ni Armina at nagtanggal ng shirt si Raffy. “Maliit ito, Adolph yung isang tent dalian mo! Everyone keep still, lumayo muna kayo doon sa isang gilid. Then dahan dahan kayo sumugod para isa lang tatakasan nila papunta sa amin ni Adolph” sabi ni Raffy.

Inispread nila yung isang tent para maging fishing net. “O ready? Game!” sigaw ni Raffy at sumugod yung iba at tinakot ang mga isda. Tulad ng sinabi ni Raffy nagsilanguyan yung mga isda papunta sa net, hinuli nina Adolph at Raffy yung mga isda sabay tinaas yung tent.

“Madami!” sigaw ni Adolph at nagtalunan sila sa sobran tuwa. Tinabi muna nila yung mga isda, mga girls ang naunang naligo habang ang mga boys nag set up ng camp site. “Masyado maaga ata” sabi ni Homer. “Oo pero pagod tayo lahat at kailangan natin kumain para mabawi yung nawala sa atin. Sige na set up na tayo at pwede tayo mag fish food trip” sabi ni Raffy.

Nung natapos maligo ang girls ang mga boys naman ang naligo. Mga girls ang naglinis sa mga isda at lumipas ang isang oras sabay sabay nila niluto ang kanilang mga pagkain. “Hey Raphael…sorry” bulong ni Adolph. “Okay lang yon pare, di naman sa nagmamarunong ako ha, pero its so easy to give up”

“Kaya lang look, we have food. We can try again tomorrow. Di ko masasabi na easy way to the top na pero hey sama sama naman tayo e. Kung may paghihirap ulit harapin natin lahat yon. Aabot tayo lahat don” sabi ng binata at sumandal si Abbey sa kanya at naglambing.

Kumain sila ng kumain, nagkwentuhan, kantahan at biruan silang lahat. Bago matulog kumuha ng dahon si Raffy at binalot yung mga di naubos na mga lutong isda. “Pwede natin ibaon bukas, inom lang kayo ng inom kasi may water source tayo. Pwede siguro tayo mag early morning swim before we leave tomorrow” sabi niya.

“As far as I can remember we took the same path naman” sabi ni Armina. “Pero ibang iba na itong dinadaanan natin” sagot ni Elena. “Kaya nga e, pero sabi nga nila diba this is a magical mountain” dagdag ni Charlie. “Last year talaga akala ko may mga monsters dito, pero nung nalaman ko powerless tayo I admit nakaramdam narin ako ng takot” sabi ni Adolph.

“We are not powerless here, oo wala tayo magic dito pero we are not powerless. Powerless ka lang pag sumuko ka, pero we are still trying so we are not powerless. Magic is not our life, take magic away at eto talaga tayo”

“This is who we are, we are not powerless” sabi ni Raffy. “Kaya nga, this is me Abbey, siya si Raphael. Kayo ay kayo din, with or without magic this is us” sabi ni Abbey at napangiti ang lahat.

“I get it, this journey is about reminding us of who we really are” sabi ni Venus. “Yeah, dati natatakot din ako sa araw when I lose my magic pero okay naman pala e” sabi ni Adolph. “Naiisip ko din yon, parang feeling useless na ako sabi ko pero hindi naman pala” bulong ni Homer.

“Now you get it my friends…makakaabot talaga tayo sa taas” sabi ni Raffy sabay niyakap niya partner niya. Napatingin sa langit si Raffy at napangisi.

Chapter 19: Unbreakable Bond

Nasubukan ulit sila lahat pagkat wala ulit sila makain. Walang gusto sumuko kaya kahit uhaw na sila tuloy ang kanilang paghike. “Di na nagcocomplain ako ha, pero wala tayo tubig ulit” sabi ni Homer. “Kung may power ka lang di ikaw na ininom namin” banat ni Adolph at nagtawanan sila. “Ilang araw na ba tayo dito?” tanong ni Jeff. “Five days na ata” sabi ni Dominick.

“Five days, bukas six so we have two days left to reach the top” bulong ni Elena. “Losing hope again? Wag kayo ganyan, makakarating din tayo sa taas” sabi ni Abbey. “Kaya nga…at alam niyo…” bigkas ni Raffy pero biglang nagtitili sina Venus at Charlie pagkat may nakita silang piglet. Napatayo si Abbey at agad nanlaki ang mga mata niya.

“Piggy!” sigaw niya at bigla niya hinabol yung biik. Tawanan ang mga girls pagkat sama sama sila humabol sa maliit na baboy. “We should help them” sabi ni Adolph. “Nah, kaya nila yan and look they are having fun” sabi ni Raffy at biglang nasubsob si Abbey face first. “Fun ba?” banat ni Homer pero tumawa si Abbey pagkat pati si Armina at Charlie sumubsob.

“Kaya nila yan, tayo naman we set up camp and start the fire. Share nalang natin yan kasi maliit at least may food” sabi ni Adolph at napangiti si Raffy. “Now that is the spirit pare” sabi niya pero mula sa gubat patakbo pabalik sina Venus at Elena. “Baboy!!” sigaw ni Venus. “Giant Baboy!” hiyaw ni Elena.

“Oh shit” bigkas ni Adolph at nagtakbuhan sila lahat palayo pagkat super laki nung baboy na humabol sa kanila. “Baka mommy niya yan” sabi ni Abbey. “Pero malaki siya” sabi ni Raffy. “Oo nga and why are we running away e tayo na hinahabol ng pagkain” sabi ni Adolph.

Tumigil sila at humarap pero nagtakbuhan ulit sila pagkat galit na galit yung itsura nung malaking baboy. “Kurba kurba! Kailangan natin bumalik sa

camp!" sigaw ni Raffy at nagpahabol sila pabalik sa kampo nila. "O tapos?" tanong ni Abbey. "Gutom ako! You are mine!" sigaw ni Adolph kaya sinugod niya yung baboy, pumulot ng bato si Dominick at tinira yung baboy. "Oh crap!" sigaw niya at siya yung hinabol ng baboy.

"Sige pare takbo lang at hahabulin namin siya" sabi ni Raffy. "Dalian niyo ang bilis pala ng galit na baboy!" sigaw ni Dominick at laugh trip ang mga girls. "Pano niyo ba hinuli yung last year?" tanong ni Adolph. "Basta nalang namatay, inatake sa puso!" sigaw ni Raffy.

"Hoy baka ako pa yung mauna maatake, dalian niyo naman!" sigaw ni Dominick. "Come on let us set up the fire, grabe nalalasahan ko na yung baboy" sabi ni Abbey at tawanan ang mga girls. Nakasindi na yung apoy pero wala pa yung mga boys.

Ilang saglit dumating sila pakanta kanta at buhat yung malaking baboy. Putikan ang mga boys at punit punit ang kanilang mga damit. "So how did you catch it?" tanong ni Elena. "Oh it took a lot of team work" sabi ni Homer at nagtawanan ang mga boys. "Buti nalang malakas resistensya ni Dom" banat ni Jeff at natawa ang mga dalaga pagkat nakita nila si Dominick na halos gumagapang na sa lupa.

"They told me to stop running, bwisit! Pinatungan ako nung baboy!" sigaw niya. "E di siya titigil e, it was the only way to gang up on it" sabi ni Adolph. "Oo pero nag dive kayo habang nakapatong siya sa akin" reklamo ni Dominick. "And you screamed like a girl" sabi ni Jeff at laugh trip ulit ang lahat.

Nilitson nila yung baboy at lahat sila sobrang saya. Nakahanap ulit si Raffy ng tubig mula sa mga halaman kaya napasarap ang kanilang pagkain. "Wow pare this is the life" sabi ni Adolph at tumawa si Homer. "Alam mo wala na ako pakialam kung mawala man powers ko isang araw" sabi niya.

“Don’t say that, basta isipin niyo kahit meron tayo we can still be this way. We only use magic if we need to. Wag tayo umasa lagi doon” sabi ni Raffy. “Kaya naman palagi kang physical attacks e” sabi ni Adolph. “Parang ganon, pero in real life pare”

“Siguro yun ang gusto din ituro ng institute sa ating lahat kaya bawal gumamit ng magic sa normal life” sabi ni Raffy. “Pero yung ginawa nating play nung grand event totoo daw yon sabi nila” sabi ni Homer. “Oo daw e, magic was just used for pasiklaban at paglalaro” sabi ni Armina.

“At bakit naman ako yung naging bad guy sa play natin?” tanong ni Adolph. “Kasi bagay mo pare e at sanay na yung school seeing you that way” sabi ni Raffy. “Ha? They see me that way?” tanong ni Adolph at tinignan niya yung iba. “Yeah, lahat takot sa iyo kasi may ere ka” sabi ni Abbey.

Sumandal si Adolph at napangiti, “Well kung ganon tingin niyo sa akin then sorry” bulong niya. “Don’t worry pre alam naman namin okay ka pala e. Siguro kinakailangan mo lang maintain yung siga epek kasi ganon ka na nakilala” sabi ni Raffy. “Yeah pero you can tone down, the more people will like you” sabi ni Armina. “Like girls” banat ni Homer at tumawa si Adolph.

“Ah basta kain lang ng kain, tapos yung di natin mauubos pwede natin ibalot at ibaon for tomorrow. Problema nalang natin ay water supply. Sa pagkain we are good. Bukas subukan natin abutin yung tuktok, pero water is important” sabi ni Raffy. “At umebs ka na bukas ng umaga” banat ni Homer at tawanan ulit sila.

Kinaumagahan maaga sila naghike. Nakahanap sila ng maliit na bukal para sa water supply nila. Naghilamos sila konti at tinuloy ang paglakbay. Habang naglalakad may napansin si Raffy. “Do you remember this place?” tanong ng binata. “This is the place where we all gave up” sabi ni Armina.

“Kasi paikot ikot lang tayo” sabi ni Adolph. “Actually kanina ko pa napapansin yon pero baka mali ako kaya di ko sinabi” sabi ni Charlie. “Di tayo umiikot trust me and I am not mistake meron nakaukit dito somewhere” landi ni Raffy at biglang sumigaw si Abbey at hinila siya.

“I will lead the hike, Raffy doon ka sa likod” sabi ng dalaga. “Bakit ba? Gusto ko mabasa e” sabi ni Raffy. “Ah basta sige na para wala maiwan. Remember we are close to the top na” pacute ni Abbey. “Sige pero tandaan mo madadaanan ko din yon” landi ni Raffy. “Kaya nga nasa unahan ako para pag nakita ko siya buburahin ko agad” banat ni Abbey.

“Madaya ka, gusto ko mabasa yung sinulat mo” sabi ni Raffy. “Please Raffy wag na” lambing ng dalaga. “Sige na nga” bulong ni Raffy at nagtungo na siya sa likuran. Isang oras na paghike at napaupo si Abbey sa paanan ng puno at sumandal sa trunk nito. “Rest lang ako, you can all go ahead” sabi niya. “Oo nga no, malapit na tayo sa taas” sabi ni Raffy at sa tuwa nagtakbuhan yung iba konti.

“Akala ko ba buburahin mo?” tanong ni Raffy. Tumayo si Abbey at pinabasa na sa wakas yung kanyang inukit last year. “Its still here” bulong niya at napangiti yung binata. “Wanna do it again?” bulong niya at sobrang napangiti si Abbey at muling sumakay sa likod ng binata.

Naabutan nila yung iba at tumawa si Armina. “Wow parang last year lang ha” kantyaw niya. “Nah, today is way better” sabi ni Raffy. “Kaya ko naman maglakad” bulong ni Abbey. “Pero ayon sa nabasa ko you like this” sagot ni Raffy. “I do” pacute ng dalaga. “Then we reach the top this way” sabi ni Raffy. “Kaya mo ba?” tanong ni Abbey. “Basta ikaw kaya ko lahat” sagot ng binata.

“Oh my God” bigkas ni Adolph at napatigil ang lahat. “Bakit pare?” tanong ni Raffy. “Look! Maulap na! Malapit na talaga tayo sa taas” sabi niya. “Oo nga no, yung top part lang ang covered by clouds so oh my God malapit na tayo!” sigaw ni Armina at nagkatuwaan na yung iba.

Kumakapal na yung fog kaya nahihirapan sila makakita. “Ibaba mo na ako” bulong ni Abbey. “Hanggang sa taas” sabi ni Raffy. “Dali ibaba mo ako” sabi ng dalaga at pagbaba niya nagharapan sila. “You know why I wanted us to be alone sana?” bulong ni Abbey.

“Masama ang maging madamot Abbey” bulong ng binata. “Di yon, dito wala tayo powers” sabi ni Abbey at nagkatitigan sila. Napangiti sila at naglapit bigla ang kanilang mga mukha. “Pero Abbey…is it right for me to kiss you kapag hindi pa tayo?” tanong ni Raffy.

“Do we really need confirmation?” bulong ng dalaga. “So you mean to say matagal nang…” bigkas ni Raffy pero nagkiskisan na ang kanilang mga labi. Pareho sila nanigas, halos maduling sila sa titigan. Pumikit na sila at unti unti nagdidikit na ang kanilang mga labi.

“Ate? Kuya? Nasan kayo?” narinig nila boses ni Venus. “Oh man” bigkas ni Raffy at humalakhak si Abbey. “Yes Venus?” tanong ni Raffy. “Wala ako makita, natatakot ako” sabi ng dalaga. “Dito kami, don’t be afraid” sabi ni Raffy.

Bungisngis si Abbey at pinagkukurot si Raffy na nagtatantrum habang naglalakad. “Alam ko kasalanan mo ito e, apprentice mo ito kaya siya sumira ng magandang moment” bulong ng binata. “Sorry na, may other chances pa naman e” lambing ni Abbey.

“Pero nandon na e, sayang, oh I so love your apprentice” landi ni Raffy at walang tigil sa tawa si Abbey. “Kuya galit ka ba? Parang galit ka” tanong ni Venus. “Ako galit? Bakit naman ako magagalit?” tanong ni Raffy at lalong natawa si Abbey. “Hala si ate kanina pa tawa ng tawa” sabi ni Charlie.

“Uy nandyan pala kayo, bakit kayo tumigil?” tanong ni Raffy. “Di kami tumigil, wala makita talaga kaya ingat na ingat kami sa bawat step” sabi ni Adolph. “Malay mo bangin” sabi ni Homer kaya nagkapitan sila lahat.

“Sana nga bangin” biro ni Raffy si Abbey sumakit na tiyan niya sa tindi ng pagtawa. “Ano ba Abbey bakit tawa ka ng tawa?” tanong ni Armina. “Wala, sige lang tuloy ang lakad…may chance pa” biglang banat ni Abbey pero kumapit sina Charlie at Venus kay Raffy.

“O talaga? Nasan yung chance? Nasan?” sigaw niya kaya si Abbey yumakap mula sa likod at muling nag piggy back sa binata. “May ibang chance pala” sabi niya. “What are you two talking about?” tanong ni Venus. “Wala, I am so happy being with you all, totoo promise masayang masaya ako” landi ni Raffy at umariba ulit sa tawa ang partner niya.

Dumilim na at paglingon ni Adolph nakita niya pagliliyab ng mga mata ni Raffy. “Pare your eyes are glowing?” sabi niya. “Really? Akala ko nag aapoy” banat ni Raffy. “Oo nga Raffy umiilaw mga mata mo” sabi ni Armina.

Bumaba si Abbey at bigla siya nagpaapoy. “Nasa tuktok na tayo!” sigaw niya at nagsigawan sila lahat. “Are you sure? Oh my God oo nga no! May powers na tayo!” sigaw ni Elena. “Look unti unti humuhupa yung fog…and the school is there look pero its so small!” sigaw ni Homer.

Talunan sa tuwa ang lahat pero sa campus grounds nag aalala na ang mga guro at mga estudyante na nag camp out para malaman nila sino yung nakaabot sa tuktok. “Nandon na sila!” sigaw ni Eric at pagtingin ng lahat muli nila nakita yung sobrang lakas na liwanag.

“As expected its Raffy and Abbey” sabi ni Hilda. “At kailan pa natuto magkuryente anak ko?” tanong ni Felipe at nagulat sila nang makita nila yung mga kidlat tumatama papuntang langit “Si Adolph?” tanong ni Ricardo.

“Eric yung video!” sigaw ni Hilda at kahit wala pang video ay namangha ang lahat sa paiba ibang pasiklab ng kapangyarihan. May matinding ilaw, malakas na apoy, puting usok, malakas na hanging na nagmukhang ipo ipo na may mga maliliit na bato.

“They are all there?” tanong ni Hilda at paglitaw ng screen at nagulat ang lahat nang makita ang lahat ng finalists nagsasaya at nagpapasiklab ng kanilang mahika. Sigawan at palakpakan ang lahat ng estudyante. Para sumagot sila din nagpasiklab ng kanilang kapangyarihan.

“There it is! They already know we are here” sabi ni Raffy at pansin niya yung kakaibang saya sa mukha ng kapwa nilang mga finalists. “Wow men, ang saya nito” bigkas ni Adolph. “Pare nandito tayo lahat sa tuktok! Oh my God we made history!” sigaw ni Homer.

“Eto ang hiwaga ng nasa tuktok, can you all feel it?” tanong ni Abbey. “Yeah, happiness” sabi ni Elena. “Exactly, it is something we all aim for. Mahirap man ang daan para makamit yon pero pag nakamtan mo yung feeling di mo maexplain at limot mo na agad ang lahat ng paghihirap” sabi ni Raffy at agad siya niyakap ng kanyang partner.

“So this is what you get being here…” sabi ni Adolph. “Frustrated?” tanong ni Raffy. “Hindi pare, masaya ako sobra. We are here, they are there. It does not mean we are already the best but it is us who really worked hard the most. That is why we are here pero I get it now” sabi niya.

“Next year mas madami gagaling dahil sa nagawa natin. Gusto din nila makaabot dito since lahat tayo nakaabot dito. Now the question is does this mean we are all going to win?” tanong ni Homer.

“Wala kinalaman ito sa winning, nagkakataon lang na yung mga umabot dito nananalo. We all have the chance to win, tayo tayo maghaharap. Pagbaba natin sigurado ako paghahandaan nanaman natin ang isat isa”

“Pero whatever happens, kahit sino man ang manalo at matalo sa duels we already have this bond. Naglakbay tayo sama sama paakyat dito. Sama sama tayo nakarating. We already have this bond that cannot be forgotten and cannot be broken by a win or a lose”

“The moment we started to hike up to this moment we are all here we are one. Kahit magkakaharap tayo sa duels later, isang tingin lang sa bundok na ito at maalala natin na we are all friends. We are not really enemies, we are just dueling and in the end win or lose we are still friends” sabi ni Raffy.

“Yes, friends that we can rely on. I get it now. I truly understand the essence of this journey” sabi ni Adolph. “No one is alone, we need others” sabi ni Homer. “Sabi ko naman sa inyo mas masaya pag may kasama sa taas. Ilang beses kayo sumuko this tme but we pushed each other to reach the top” sabi ni Raffy.

“Last year was different, we easily gave up. Salamat Raffy at Abbey for bringing us here” sabi ni Armina. “Wag ganon, we all helped each other. Basta think about it, tulong tulong tayo umakyat dito, siguro we just encouraged you all to trust us. Siguro akala niyo iwawala namin kayo ni Abbey”

“Pero di kami ganon. Nakilala niyo kami, nakilala namin kayo. We are all friends and we are all here. Kahit anong mangyari pagbaba natin di na natin maalis ito” sabi ni Raffy.

Nagsaya sila at nakipagpalitan ng pasiklaban sa kanilang mga kapwa mag aaral. Nung napagod sila kinain na nila yung natitira nilang baon at muli sila nagsaya sa pag gamit ng kanilang mga kapangyarihan.

Sa isang tabi sina Raffy at Abbey nagtago. “So pano na to?” tanong ng dalaga. “I think he just let them reach the top pero ayaw niya magpakita sa kanila” bulong ng binata. “How did you know?” tanong ng dalaga.

“Kanina nung nagpailaw ako, wala yung bridge, as in wala siya” sabi ni Raffy. “I see, sa tinging mo galit kaya siya sa atin for bringing them here?” tanong ni Abbey. “Ewan ko nga e, mali kaya tong ginawa natin? Pero I see nothing wrong naman in bringing them here diba?” tanong ni Raffy.

“Kaya nga, hala kinakabahan ako baka galit si lolo sa atin” sabi ni Abbey. “I am not mad at you two” sabi ng boses at napalingon silang dalawa pero wala sila makita. “Kayo lang nakakarinig sa akin at alam ko alam niyo din gamitin ang paraan ng pag uusap na ito” sabi ni Ysmael.

Naupo yung mag partner at nakipag usap sa dragon lord. “Are you mad?” tanong ni Raffy. “No iho, I am proud of you two. You lead them here, no one said di pwede madami makaabot dito. Ewan ko ba bakit sinulat nila sa history books na isang group lang pwede umabot”

“Siguro kasi laging ganon kaya inisip na ng lahat ganon siguro pero you two changed everything again” sabi ni Ysmael. “So you are not mad at us lolo?” tanong ni Abbey. “Of course not, like I said I am very happy. You two were the brave ones to try, it just shows you two are not greedy”

“Kahit na magaling kayong dalawa iniisip niyo parin yung iba. You two keep making me happy but forgive me if I cannot show myself to them” sabi ng matanda. “Okay lang yon supahgramps” sabi ni Raffy. “Pero lolo sila yung makakaharap namin sa championships” sabi ni Abbey.

“Alam ko, bakit may problema ba?” tanong ng matanda. “Hmmm..parang ang hirap na tuloy makalaban sila. Parang mahirap nang kalabanin ang mga kaibigan” sabi ni Abbey.

“Well like what Raffy said a while ago, the duels are just duels. You have already made an unbreakable bond with them. You all have the same dream of winning, but I think nothing will change if ever one emerges the winner and the rest loses”

“I can feel that whatever happens and whoever wins, nothing will change” sabi ni Ysmael. “So lolo sino sa amin ang mananalo?” tanong ni Abbey. “Ah yes, okay let me tell you. Ang grand champion this year ay galing sa mga nakaakyat dito” banat ng matanda sabay tumawa ng malakas.

“Wow lakas ng trip ni lolo” sabi ni Raffy pero bigla sila niyakap nung dragon lord. “Yung pagbabago na pinapangarap niyo nasimulan niyo na. It is my dream now too so I will help you whenever I can. I am so proud of you two” bulong niya at wala nang magawa ang magpartner kundi mapangiti at yumakap din sa matanda.

Chapter 20: Battle of Champions

Punong puno muli ang campus. May bagong super arena ang pinatayo ng mga guro at high tech na ito pagkat inaasahan ng lahat ang napakatinding mga duels. “Wow Eric napabilib mo kami dito, bakit hindi ganito ang mga arena noon?” tanong ni Pedro. “Hello magkaklase lang tayo noon, panay old school ang propesor natin noon e” sagot ni Eric.

“Excuse me may nacontribute din ako diyan. Yung mga upuan ergonomic mga yan dahil sa akin” singit ni Erwin. “Ahem ahem, pinatibay ko ang defense ng arena para di makalabas ang kapangyarihan nila at sure safe ang manonood” dagdag ni Ernie. “Oo na oo na lahat na tayo pero si Eric ang grand master” sabi ni Felipe.

“Di naman, inspired lang ako. Inaral ko yung mga maaring powers ng duelists kaya para ready tayo sa ilaw ni Raffy meron tayong automatic shielded glass, you can look directly at the sunlight. Then pag nagpausok sina Armina automatic may naka ready na infrared at thermal screens para makita natin sila. Oh so much more trust me, this arena is intelligent and will adapt to whatever situation” paliwanag ng guro.

Samanatala sa locker room magkasama sina Raffy at Abbey. “Sino kaya makakaharap natin una?” tanong ng dalaga. “Di ko alam e, draw lots daw pero kahit sino na. May malakas akong kaba” sabi ng binata. “Ako nga din e, pero sabi mo this is good diba? Di ko sila mabasa parang may tinatago silang mga alas like us” sabi ni Abbey at nagtawanan sila.

“Come on Abbey, nagset tayo ng standard kasi e. Paa sa lupa parin tayo pero diba magandang feeling tong kaba kasi di natin alam yung tinatago nilang mga alas. Pati siguro sila iniisip din nila ano pa kaya natin gawin. So its just fair or normal, I bet pati sila ganito nararamdaman e” sabi ni Raffy.

“Hey Raffy” bulong ng dalaga. “I know, I don’t want to lose too. Tara na bihis na tayo at nakita ko may uniform narin sina Adolph. Gaya gaya talaga mga yan” tampo ng binata at tumawa ang partner niya. “Lahat may uniform na, pati entrance meron” sabi ni Abbey at napangiti nalang sila.

Tumunog ang duel bell at boses ng announcer narinig ng lahat. “First match! Seniors champion versus the Grade Ten Champions!” sabi ng announcer at nagwild agad yung crowd. Nagtitigan sina Raffy at Abbey, “Raffy alam ko close ka din kina Dominick at Jeffrey pero if you go easy on them they will never learn” pacute ni Abbey. “Alam ko, yun din ang sinabi ko sa kanila kaninang umaga at nagpromise sila na lalabanan talaga tayo” sagot ng binata.

Nakatayo ang lahat ng tao sa super arena, inaantay na nila yung mga entrance nung dalawang grupo. Nagsigawan ang lahat nang may nakitang gumagapang na lupa sa arena. Naiipon ito sa gitna at may nabubuong mala bulkan na pigura. Nagbuga ng apoy ang bulkan at isang sobrang lakas na pagsabog ng apoy at lumabas sina Dominick at Jeffrey.

Nakasuot yung dalawa ng sleeveless dark brown top kaya tilian ang mga girls sa mga muscles nung boys. Dark brown pants din at may mga black gloves silang suot. Sa dibdib nila may logo ng isang light brown dragon na nagbubuga ng apoy. Nakatayo sila at mukhang nakahanda, tuloy ang pagbubuga ng apoy ang bulksan sa harapan kaya lahat napatingin sa kabilang corner kung saan manggagaling sina Raffy at Abbey.

Buga na apoy ng bulkan biglang lumakas. Lahat nakatinging sa bulkan nang nagpasabog talaga ito ng kakaibang apoy. Yung apoy gumapang sa lupa at mabilis na umikot sa dalawang binata at nakulong sila sa circle of fire. Yung bulkan unti unting nagugunaw, yung apoy nagtungo sa corner nina Raffy at Abbey at dalawang pigura ang nahulma.

Lalo lumakas ang apoy ngunit nung humuhupa na ito palakpakan na at sigawan ang lahat nung naaninag na nila ang mga golden masks nung mag

partner. Paghupa nung apoy nakatayo nang palaban sina Raffy at Abbey suot muli ang kanilang sikat na dragon robes. Sabay nila tinapon sa ere ang robes at masks nila at naging apoy ang mga ito at nahulmang maliliit na dragon na lumipad pataas hanggang tuluyan sila nawala.

Doon palang sobrang nagwild na ang crowd, sina Dominick at Jeffrey napakamot pagkat pinasikatan sila nung grand champions. Nagharap sa gitna ang dalawang grupo para sa formal bowing. Paglayo nila tinignan ni Abbey ang partner niya. “I can handle it” bulong niya. “Are you sure?” tanong ni Raffy at nagpacute ang dalaga. “Remember what I said nung birthday mo, always remember that” sagot niya kaya nagngitian sila.

Last bow at nagsigawan yung apat at nagkasuguran. Walang gusto umatras at lumihis, talagang head on collision yung apat, naunang lumipad sa ere sina Dominick at Jeffrey para magbigay ng twin flying kicks. Sina Raffy at Abbey sabay nag slide down kaya nakaiwas sila, nagtwist sila at dumapa sa lupa.

Nagpreno at mabilis tumayo, sina Dom at Jeff naglanding at pagharap nila nasapol sila ng twin flying kicks na nagpalipad sa kanila palayo. Grabe yung sigawan nung mga tao nang naka first blood ang grand champions. Pinagbigyan nila tsansa tumayo ang kalaban, sina Dominick at Jeffrey napangiti nalang habang himas ang kanilang dibdib. “Over confidence” sabi ni Raffy. “Yeah sorry, never again” sagot ni Dominick.

Nagkasuguran muli at nagpasiklab yung dalawang grupo ng pure physical battle. Mabilis at mabangis sina Dominick at Jeffrey kaya todo depensa ang grand champions. Binira ni Jeff si Abbey ng super strong stomach punch, ang dalaga napayuko pero nagulat ang lahat nung humawak siya sa lupa, nag head stand at binira ng back kick sa ulo ang kalaban.

Bagsak si Jeff sa lupa, “Focus” sigaw ni Dom at binigyan niya si Raffy ng matinding uppercut. Lumipad sa ere si Raffy pero sumerko siya at naghand stand sabay ginaya yung atake ni Abbey kaya bumagsak din sa lupa si Dom.

Lumayo ang grand champions, “Natamaan ka?” tanong ni Raffy. “Nagpatama, I was ready for it kaya nga naka return attack ako diba?” pacute niya. “Sabi ko nga kaya ginaya ko” banat ni Raffy at nagtawanan sila.

Pinatayo nila ulit yung mga kalaban, nag inat sila at may kakaibang bangis na sa kanilang mga mukha. Kargado na ang mga kamao at paa nina Dominick at Jeffrey. Sobrang bilis nila umatake kaya nabigla yung grand champions.

Napapaatras sila at tuwing gusto nila tumakas mabilis sila nahaharangan nina Dominick at Jeffrey. Alam ni Raffy kung tatagal ito maaring matalo sila pagkat mas malakas ang resistensya nung dalawa kay Abbey. Si Ernie nabilib sa depensa nung mag partner, “Ah yes the magically charged defense” sabi niya.

“Pero di pa nila alam mag counter attack, tsk, di ko pa naturo” sabi ni Joerel. “Ihanda na kandila para kay Joerel, pag natalo ang anak ko alam niyo na” sabi ni Pedro. “Sukatan na yan, di naturo ha, dapat tinuro mo tignan mo panay depensa nalang sila” sermon ni Felipe. “This is dangerous, remember last time nung tayo umatake they were forced to use it” sabi ni Prudencio.

“They wont use it, pinagbawalan sila. Never on duels and on schoolmates, that is his rule” sabi ni Hilda. “Ah excuse me check ko lang security ng school” sabi ni Joerel pero inakbayan siya nina Pedro at Felipe. “Dito ka lang, manood ka” sabi ni Felipe kaya nagtawanan ang mga guro.

Ramdam din ni Abbey ang kalagayan nila, walang tigil talaga mga atake ng mga kalaban. Tuwing dedepensa sila sa ulo, mabilis naman sila maatake sa katawan. Nakakalusot na mga atake nung kalaban kaya kinakabahan na si Raffy. “Get behind me” sabi ni Raffy gamit isipan niya. “Okay gets ko” sabi ni Abbey kaya umatras ang dalaga at tumayo sa likuran ng binata.

Si Raffy dumepensa ng maigi laban sa dalawang kalaban. “Now Abbey” sabi niya at pumikit ang dalaga at nagbaga ang kanyang mga mata. Nag sync magic sila at nagtaka ang mga tao pagkat si Raffy naman ang umiilag pero pati si Abbey gumagaya sa bawat kilos ng kanyang partner.

“Look for it Abbey, look for the opening” sabi ni Raffy. “Sandali lang ang bilis nila…wait please” sagot ng dalaga at ilang beses sumubok umabante si Dominick para atakehin si Abbey pero panay ang block ni Raffy sa danaan niya. “I see it now” sabi ni Abbey at nung bumira ng twin punches yung kalaban, mala Matrix na sumandal si Raffy para umilag. Di sumunod si Abbey at nahawakan niya ang mga kamay ng kalaban. Lumuhod si Raffy at binira ng twin upper cuts sina Dominick at Jeffrey.

Nahilo sila konti pero sumugod parin at si Raffy ulit ang humarap sa kanila. Bumira si Dom sa kanan, nagspin move si Abbey at gumaya si Raffy para bigyan ng siko sa likod si Dom. Inatake ni Jeff si Abbey pero nahila ni Raffy damit niya kaya si Abbey bumira ng side kick sa tiyan ng kalaban.

Nagleg sweep si Dom, sabay tumalon yung grand champions, nakita nila nakatalikod si Abbey kaya siya yung sisipain nila sa likod sana ngunit nagulat sila nang dumapa bigla ang dalaga, pati s Raffy dumapa kaya nalito sila. Basta nalang sila natumba nung nag twin leg sweep yung magparnter.

Pagkahiga nila sa lupa nabira sila ng twin axe kicks sa tiyan. Inatake ulit nila si Abbey, ngayon handa sila kaya nag fake attack sila at humarap agad kay Raffy at siya yung binira ng twin power charged puch sa tiyan. “Raffy!” sigaw ni Abbey pagkat tumapis talaga ang kanyang partner. Kinabahan ang mga guro, si Joerel nangilabot na pagkat sumisikip na pagsakal nung mga ama nung champions sa kanyang katawan.

Habang wala si Raffy walang tigil nila inatake si Abbey. Ilang beses napuruhan ang dalaga, tumayo agad partner niya at galit talaga itong sumugod. Sina Jeff at Dominick, tinignan ang pasugod na Raffy, sabay sila

nagpalabas ng fire at earth balls na tinira papunta sa kanya. Pagbitaw hinarap ulit nila si Abbey para tadtarin ng atake.

Yung mga tao nagtayuan pagkat si Raffy sinugod lang yung papalapit na power balls. Hinarap niya mga kamay niya at hinuli yung mga bola na kinagulat ng lahat. Ramdam nung mga kalaban pagdating niya, humarap sila para tumira ulit ng mga power balls.

Si Abbey nagliyab mga mata niya at pagtira ni Dominick ng fireball papunta kay Raffy bigla ito lumihis at bumalik at tumama kay Jeff na tumapis paatras. Nagulat si Dominick, nagpanic na siya pagkat si Raffy sumigaw at tumalon, tinapakan niya lang yung tinira na earth ball ni Jeff at lalo pa siya lumipad pataas hawak parin yung dalawang power balls sa mga kamay niya.

Tatakbo sana si Dom pero si Abbey lumuhod sa likuran niya at humawak sa kanyang damit at buhok. Di na naka react ang binata, palanding na si Raffy at binira na yung earth ball sa dibdib ni Dominick. Yung fireball tinira niya sa papatayong Jeff. “Oh men” bigkas ng binata pagkat tumapis ulit siya palayo sa tindi ng pagsapol sa kanyang dibdib.

Lumayo sina Raffy at Abbey, ang binata tinignan partner niya. “Are you okay?” tanong niya. “Yup, part of the game, eto na sila tatayo ulit” sabi ng dalaga. “No more games” bulong ni Raffy at tumayo lang sila sa gitna, nagkasuguran ulit sila at pasiklab ulit sila ng physical battle pero kakaiba na ngayon pagkat kargado na ang mga atake nina Raffy at Abbey.

Nakakadepensa parin sina Dominick at Jeff kaya lang labis sila nasasaktan at tuwing iniinda nila yung sakit doon sila nagkaka opening at nirarapido ng mga atake nung grand champions. Nilayo ni Raffy si Dominick, ganon din ginawa ni Abbey kay Jeffrey.

“Dance of the cursed dragon!” sigaw nung magpartner at lahat nakatayo nalang, naaeexcite sa bagong binigkas na move nung grand champions. Hindi makagalaw sina Dominick at Jeffrey, tila may humahawak sa mga katawan nila na hangin. Sabay na sabay sina Raffy at Abbey sa kanilang mga galaw.

Sabay sila sumuntok sa tiyan, quick spin move habang payuko yung mga kalaban para birahin sila ng siko sa likod. Tayong tuwid sina Dominick at Jeff pero sumisigaw sila, sabay na tira sa kanilang tagiliran, sabay sila naglean sa left pero nagspin ulit yung champions para banatan ng siko ang right sides ng kalaban.

Ang bilis nung dalawa kumilos, mga rapidong suntok sa dibdib at tiyan, tapos tumakbo sila palayo at nagkatitigan. Groggy na sina Dominick at Jeff sa dami at bilis ng natamo nilang mga atake. Pumikit nalang sila pagkat pasugod na sina Raffy at Abbey, twin flying kicks at tumapis yung kalaban papunta sa gitna. Salpukan mga likod nila at nung tutumba na dapat sila ang bilis sumulpot ng champions.

Sabay sila binira ng uppercuts, lumipad sila paakyat sa ere at yung champions sabay tumalon pero may mga fire at light trails sila di makita mga katawan nila, parang apoy at ilaw na nagpapaikot lang sa katawan nina Dominick at Jeffrey. Mga kalaban sigawan sa tindi ng sakit habang tuloy ang pagpapaikot nung apoy at liwanag sa kanilang mga katawan.

Pagbagsak nila sa lupa, yung apoy at liwanag nagtungo sa malayo at doon lumitaw sina Raffy at Abbey na hingal na hingal. Sabay sila lumingon at knock out na sina Dominick at Jeffrey kaya ang lahat ng tao nag wild. Grabe yung palakpakan ng lahat, maski ang mga guro nagtatalunan sa tuwa.

Napabilib nanaman nila ang lahat pero yung magpartner agad nilapitan ang kanilang mga nakalaban at tinulungan sila makatayo. “Kuya malayo pa talaga kami sa inyo” bulong ni Dom. “Wag mo sasabihin yan, nag lose focus lang kayo e. Muntikan na kami sa inyo, nice job guys” sabi ni Raffy. “Ate sorry ha”

bulong ni Jeff. “Wala yon, part of the game, now come on heads up high” sabi ng dalaga at pinapalakpakan silang apat.

Pag exit nilang apat nakahinga ng maluwag si Joerel. “Impressive showing” sabi ni Prudencio. “Pero muntikan na sila, Dominick at Jeff knew kailangan paghiwalayin yung dalawa. They know Abbey is still the weakest link” sabi ni Hilda. “If she does not hold back, kung all out ito si Raffy ang weakest link kasi up to now inaalagaan niya si Abbey sa laban”

“He almost lost it again nung nakita niya nakawawa si Abbey. She showed him na kaya niya kaya medyo kumalma si Raffy” paliwanag ni Franco. “Still their weakness pag magkahiwalay sila. Dominick at Jeff new it and mahusay yung fake move nila to attack Abbey, alam nila Raffy would come to defend kaya he fell for it and got hit” sabi ni Erwin.

“Pero be proud pagkat nakaka depensa sila ng maayos. They know how to conserve magic. Sa unang depensa they were not using their magic, tiwala lang sila sa training nila. Kaya wala sila counter attacks kasi they were using pure physical. Tignan niyo nung magically charged defense na iba na ang laban kasi nasasaktan sina Dominick at Jeff” sabi ni Ernie.

“Modified defense attack, sorry po di ko talaga naituro yung maayos. Gipit sa oras na kasi. Pero nag modify naman sila, Raffy being the strongest defender siya yung humarap habang si Abbey got in sync and watched from behind. She was looking for the opening and when she saw it nag combine na ang defense and attack. I think di pa nila ito napractice maigi at naniniwala ako you will be seeing more of this soon” sabi ni Joerel.

“Naghuhugas kamay ka ba? Ha?” banat ni Pedro at tawanan ang lahat. “Well that was a good battle kahit na more sa physical” sabi ni Hilda. “He now can hold the power balls, fire and earth” sabi ni Prudencio. Tumawa si Felipe at lahat napatingin sa kanya.

“Di niyo ba pansin nagpapatira talaga si Raffy sa una? Tinitikman niya yung power nung dalawa. Nung naramdaman niya naglakas loob siya hawakan yung power balls. Kasi alam niya kaya niya mga yon hawakan” sabi niya. “And you saw how surprised everyone was kasi that is high level magic training already” sabi ni Lani.

“Pero si Abbey nagparamdam din, she controlled the fireball of Dominick at ginamit yon para tirahin si Jeff” bulong ni Pedro. “Uy proud father o” landi ni Felipe at tawanan ang lahat. “Siraulo ka, natural ang tagal nang tinuturo sa kanya na matutuo magcontrol ng powers e ngayon niya lang nagagawa” sabi ni Pedro.

“Because she is inspired. “Oh anyway let us just enjoy the other duels. Kailangan ulit sina Raffy?” tanong ni Hilda. “Bukas pa po madam” sabi ni Eric. “Ah okay, Erwin please go check on Jeff and Dom, I know hindi nila ginamit yung cursed power pero just to be sure” sabi ng matanda.

Samantala sa loob ng isang restaurant kumakain si Victor at may isa siyang kasamang matanda. May isang lalake ang nakiupo kaya medyo nag iba ang ihip ng hangin sa buong restaurant. “I come in peace Victor” bulong ni Gaspar. “Umalis ka dito or else you leave in pieces” sabi ng elder.

“So nasesene mo parin ako kahit iba yung anyo ko” sabi ni Gaspar. “Umalis ka na dito” sabi ni Victor. “You are an elder now, you cannot touch me. If you hurt me baka tanggalan ka ng status” landi ni Gaspar. “Ano gusto mo?” tanong ni Victor.

“May narinig lang kaming mga bulong bulong” sabi ni Gaspar. “Anong bulong bulong?” tanong ni Victor. “Wag ka na mag maang maangan, alam mo na yung tinutukoy ko at yung di mo paghuli sa akin nagpapatunay na tama ang bulong bulong. Kung di sana totoo kanina mo pa ako hinuli at dinala sa institute” landi ni Gaspar.

Napailing si Victor at tinignan ang kasama niya. Kinabahan bigla si Gaspar pagkat may kakaiba siyang nararamdamang pagsakal sa leeg niya at buong katawan niya hindi makagalaw. “You would not dare attack me here” sabi niya.

“Really? Nakalimutan mo na ata sino ako. Do not underestimate the power of darkness at sabi mo nga elder ako so if ever I kill you ang dali sabihin rebelde ka. Do you think they will prosecute me for killing you? Kaya nga elder e, I have the authority to kill anyone I want and I can easily say rebelde siya” bulong ni Victor at nararamdaman ni Gaspar na parang kumukulo ang dugo niya ay nahihirapan na talaga siya huminga. “Teka lang…may iaalok ako” sabi niya.

“You have ten seconds…Placido ano ba maganda? Heart attack o stroke?” landi ni Victor at napalunok si Gaspar. “Aalyado kami sa iyo. Di na tulad nung dati, this time ikaw mamumuno, aalyado kami sa iyo” sabi ni Gaspar at tinignan siya ni Victor.

“Ikaw? Di namin kailangan ang mahina na tulad mo” sabi ni Placido. “Di lang ako, kami, madami kami at malalakas” sabi ni Gaspar. “Di ako interesado, traydor kayo at may iba kayong hangarin” sabi ni Victor. “Hindi na namin pakay yon. Sumuko na kami doon, nahihirapan na kami nagtatago at pinaghahabol ng Institute” sabi ni Gaspar.

“Tulad ng sabi niya ayaw namin na mahina” sabi ni Victor. “We are not weak, trust me. Gusto mo kami maging mga alagad” sabi ni Gaspar. “At ano naman ang gusto niyo kapalit?” tanong ni Victor. “Wala pa sa ngayon, tutulong kami sa hangarin mo then pag tagumpay na all we ask is you help us” sabi ni Gaspar.

“Help you do what?” tanong ni Placido. “Remember last time, yung tumulong sa amin? Gusto namin sila ipatumba” bulong ni Gaspar at tumawa si Victor. “Nonsense e di niyo nga alam nasan sila” sabi niya. “Alam namin, kaya lang

mahina kami at di namin sila kaya. Pag nagtagumpay kayo, I am sure kaya natin sila”

“I am sure gusto mo makabawi sa kanila. It was a close fight remember. Kilala na kita Victor, alam ko pag nagtanim ka ng sama ng loob malalim yon at never mo kinakalimutan. Kaya kahit na elder ka ganyan parin binabalak mo”

“Admit it, gusto mo din sila bawian…we know who they are but we don’t know where. We can help you force them out. So we need your help. And I know you want to kill them too” bulong ni Gaspar at dahan dahan napangiti si Victor at tinignan si Placido.

“Wag tayo dito mag usap. Iwanan mo number mo kay Placido. Pag nagbigay ako ng oras at panahon sa pagkikita magpakita kayo” bulong ng matanda at tumayo si Gaspar at napangiti. “Di ka magsisisi Victor” sabi niya.

Chapter 21: Duel in the Mist

Second day ng championship duels at pinag uusapan parin ang mga laban na naganap kahapon. Di lang sina Raffy at Abbey ang pinag uusapan ngunit pati sina Charlie at Venus na tumalo kina Armina at Elena.

“Aba Lani you look so confident” banat ni Hilda. “Did you see my apo win yesterday? Tinalo nila sina Armina at Elena. Ngayon sikat na sila sa buong campus pagkat higher year tinalo nila” sabi ng matanda. “Nakakagulat nga talaga yung dalawang yon, no one expected them to win yesterday pero they really pulled an upset” sabi ni Prudencio. “Today sina Jeff at Dominick lang kalaban nila, I think they can win again today” sabi ni Lani.

“Interesting din yung laban mamaya, I am sure galit sina Armina at Elena kaya ibubuhos na nila lahat laban kina Raffy at Abbey. Napahiya sila kapahon e” sabi ni Hilda. “For sure it will be a really good duel pero pati itong laban nina Venus at Charlie, the boys will want to win badly at parang pressured sila kasi the youngest one beat a higher year duo” sabi ni Ricardo.

Nakapag entrance na sina Dominick at Jeffrey. Halatang gigil sila manalo pagkat seryoso na silang dalawa at inaantay nalang ang pagpasok nina Venus at Charlie. Umihip ang malakas na hangin sa arena, nagkaroon ng ipo ipo sa corner ng challengers at unti unti may nahulma na dalawang pigura na gawa sa lupa.

Niyurak nung ipo ipo yung mga pigura at palakpakan ang mga tao nang sa loob nung mga earth figures lumabas sina Venus at Charlie. Mas nagulat pa ang mga tao nang makita sa lower bleachers ang ibang mga champions at nagpapalakpakan para sa dalawang grupo kaya ang mga guro nabilib nanaman sa kanilang lahat.

Natapos ang formal bowing, mabilis sumugod sina Dominick at Jeffrey pagkat alam nila panay long range fighters yung kanilang mga kalaban.

Nabigla ang lahat nang sumugod din yung dalawang dalaga at nagsigawan. Napatayo si Abbey, “What are you doing?” tanong niya.

Ngumiti yung mga binata pagkat alam nila advantage nila ang close fighting. Nung magsasalpukan na silang apat may isang earth wall biglang tumayo at doon bumangga yung dalawang binata. Inakyat nina Venus at Charlie yung wall, ang cute nilang dalawa tumalon mula sa wall at naglanding sa ulo nung mga hilong kalaban.

Palakpakan ang mga tao sa nagawa nung dalawa, nagbagsakan yung mga binata pero agad sila bumangon. Ang mga dalaga agad sila tumakbo palayo na nagtitilian pagkat nagpasabog ng mga power balls sina Dominick at Jeff. Naulit yung suguran, ngayon handa na ang mga binata kaya pagtayo ng earth wall sabay sila tumalon sa ere, handa na sila ibato yung mga power balls nila kaya lang nagulat sila nang makita si Charlie naka ready na pala tumira.

“Dragon breath” sigaw ng dalaga at super lakas na hangin nagpatapis sa mga kalaban. Tayuan sina Raffy at Abbey sa mangha, may mas malaking earth wall tumayo at doon tumama yung mga boys. “Wind darts!” sigaw ni Charlie at nagpalabas siya ng mga darts na gawa sa ere at tumama yon sa mga damit ng binata at nag pin sa kanila sa earth wall.

“Earth Dragon Punch” sigaw ni Venus at may isang malaking kamao ang lumabas sa lupa at sinuntok yung katawan nung dalawang nakaipit na binata. Knock out sina Dominick at Jeffrey, sina Raffy, Abbey, Adolph at Homer napatayo at sobrang gulat habang sina Armina at Elena tumawa. “Now you know why we lost, those two are really scary” sabi ni Armina. “No shit” bigkas ni Adolph.

“Abbey…nagsisisi ka na ba?” bulong ni Raffy. “Sobra” sagot ng dalaga at lalo nagtawanan yung anim. Si Lani di mapakali at nagwawala sa tuwa sa stage. “Wow as in wow” bigkas ni Hilda. “Everyone should learn from them, grabe

yung mastery nila sa kanilang mga powers. Mahirap maghulma ng wind darts at ang bilis ni Venus maglabas nung walls at yung big fist" sabi ni Prudencio.

"So now pinatunayan nila na hindi tsamba yung panalo nila kahapon" sabi ni Pedro. "Look at Abbey and Raffy, they look shaken" sabi ni Felipe. "Not really, they feel challenged, pati sina Adolph at Homer. Venus and Charlie has set the bar and now its up to those two teams to stand up to the challenge" sabi ni Ernie.

Nagsama sama ang mga champions, sina Venus at Charlie todo alalay sa mga nakalaban nila. "We didn't see that coming" sabi ni Jeff. "There is no shame in losing" sabi ni Raffy. "Yup, there is only room to get better" sabi ni Dominick. "Sige na kami na magdadala sa kanila sa clinic, get ready for your match" sabi ni Venus.

Trenta minutos ang lumipas ay umingay muli ang buong arena. May gumapang na maputi na usok sa lupa at nagtungo sa isang sulok kung saan dahan dahan lumitaw sina Armina at Elena na mala diyosang naka posing. Hiyawan ang mga boys habang yung dalawang dalaga feeling confident at gusto talaga nila makaganti sa pagpapahiya sa kanila kahapon.

Sa kabilang dako may maliit na ice ball ang gumulong sa lupa. Lahat napatingin doon at medyo naghahanda na pagkat alam nila sasabog ng liwanag yon. Nagsimula magbaga yung ice ball, lahat naghahanda na takpan ang kanilang mga mata nungit nakarinig sila ng ungol ng dragon mula sa langit.

Napatingala ang lahat at may nakita silang fire dragon pasugod sa lupa at kinain yung ice ball sabay lumipad ito paikot sa buong arena. Lumipad ulit ito patungo sa langit at nung mag dive ulit ito niluwa niya yung ice ball na at doon palang ito sumabog ng liwanag.

Lahat nabulag pero nung makakita na sila nandon na sa gitna sina Raffy at Abbey. Formal bowing agad, walang gusto mag aksaya ng oras. Final bow at agad nabalot ng puti na usok ang mga katawan nina Armina at Elena. “Wow this is new” sabi ni Abbey pagkat lumutang yung puti na usok paikot sa duel floor. Nagback to back agad yung mag partner pagkat di nila makita yung katawan ng mga kalaban sa loob nung usok.

Lumapit na yung usok, nagpakawala si Abbey ng fire balls at lumulusot lang ito sa kakaibang usok na lumalapit sa kanila. Humiwalay si Raffy at inatake ng physical attacks yung usok. Bawat suntok at sipa walang natatamamaan, naririnig lang nila yung malalanding tawa nina Armina at Elena.

Back to back ulit yung magpartner nang nagpaikot ikot sa kanila yung puti na usok. Sabay nila inatake yung usok, bawat suntok lumulusot lang pero basta nalang lumalabas ang mga kamay ng kalaban at sila ang nakakatama sa mag partner.

Dual attacks sina Raffy at Abbey, nagsuper leg sweep ng mabilis si Raffy habang si Abbey nagpaapoy sa upper body pero pareho sila walang natamaan. Sinubukan nila maghiwalay, nahati din yung usok at ngayon may kanya kanya na silang kalaban. Kinakabahan ang mag partner pagkat nahihirapan sila sa kalaban na di nila nakikita.

Ilang beses sila lumingon sa paligid, tuwing gagawin nila yon nasasapol sila ng matitinding atake at nagpapatapis sa kanila. Sinugod nung dalawang usok si Raffy at nagsisigaw ang binata pagkat hindi niya alam ano dedepsahan niya. Nalasog lasog ang damit ni Raffy, nag total body defense siya at sinubukan magsususntok at magsisipa pero wala talaga siya natatamaan.

Sumugod si Abbey at mula sa usok may lumitaw na power ball na tumama sa kanya at nagpatapis. Naatake nanaman si Raffy at habang nakayuko siya pansin niya yung footsteps sa lupa kaya paulit ulit siyang nagleg sweep, natumba si Armina at nakalabas sa usok. “Ayon!” sigaw ni Abbey at ang bilis

niya nagpaapoy pero nahila agad ni Elena ang partner niya papasok sa usok at hindi na ulit sila nakita.

“I have an idea…dikit tayo” sabi ni Raffy gamit isipan niya. Nagdikit ulit sila at sabay ngumisi. Nagulat ang lahat pagkat nagpapatama si Raffy habang si Abbey nagtatago sa likuran niya. Ilang saglit umapoy yung buong arena flooring. Narinig nila sigawan nina Armina at Elena at yung dalawang dalaga lumabas sa usok at nagtatalon.

“Finally” sabi ni Raffy at ang bilis nilang magpartner sumugod, napuruan nila ang kalaban ng straight punch sa mga baba. Kargado yung mga suntok, tumapis sina Armina at Elena ngunit bago sila matumba sobrang bilis ng kilos ng grand champs. Muling nakita ng lahat ang first strike move nung magpartner.

Double upper cut, lipad sa ere sina Armina at Elena, Tumalon si Abbey para sa twin flaming upper cuts na lalong nagpatis sa dalawang dalaga. Bagsak sa lupa yung dalawa, nung babangon sila sumugod si Raffy para gumawa ng malakas na tackle.

Nahuli niya yung dalawang kalaban pero ang bilis nila nagpausok at agad sila nagtago ulit. Tumalon si Raffy at tumira si Abbey ng giant fireball pero yung usok naghiwalay at mabilis na umikot sa battle arena. Back to back yung magpartner pagkat nawala na nila yung tsansa umatake, yung mga kalaban muling nagtago sa usok kaya wala ulit sila makita.

“Total Mist” narinig nilang sigaw at napuno ng sobrang makapal na puti na mist yung arena. Umepek na yung special screen ni Eric kaya kita ng manonood nalang ang heat signatures nung mga manlalaban. Nakikita nila sina Raffy at Abbey back to back parin at sa wakas kita na ng lahat yung mga katawan nina Armina at Elena na nagpapaikot at umaatake.

Kita ng lahat na sumasapol ang bawat tira, hindi makita nina Raffy at Abbey saan galing ang mga atake kaya total body defense sila. Sinusubukan nila huliin yung mga kamay ng kalaban pero sina Armina at Elena laging umiikot at palit ng palit ng pwesto.

“Mahihirapan sila talaga dito, namaster na nina Armina at Elena yung technique nila. They can see now in their mist and they can be deadly. Raffy and Abbey are in total body defense, eventually manghihina na sila” sabi ni Ernie. “Sukatan narin ito” sabi ni Pedro. “Magtiwala ka sa mga anak namin, I am sure makakisip sila” sabi ni Felipe.

Sinubukan ni Abbey paapuyin ulit yung lupa ngunit tuwing susubok siya nasasapol siya ng malalakas na tira. “Stop it, if you stop defending makakatira sila sa iyo” sabi ni Raffy. “Titiisin ko” sabi ni Abbey at humiyaw siya, nasapol siya ilang beses sa mukha pero di niya ininda ito hanggang napalakas niya yung apoy sa buong paligid.

Dinig na yung sigawan nina Armina at Elena. “Enough I already know where they are” sabi ni Raffy kaya umatake siya at natamaan niya sina Armina at Elena habang sumisigaw sila sa tindi ng sakit mula sa mga apoy. Sinusundan niya lang yung mga boses nina Armina at Elena. Sumama na si Abbey at dual attacks na sila gamit ang kanilang in sync ability.

Wala sila nakikita pero gabay lang nila yung tinig nung mga dalaga. Bilib na bilib ang lahat pagkat yung magpartner non stop umaatake, tila alam nila saan tutumba ang kalaban kaya tuwing mangyayari yon naka ready na sila at doon sila aatake. Si Raffy lang ang taga set up at sumasangga sa counter nung mga dalaga. Ayaw niya talaga atakehin sina Armina at Elena kaya si Abbey ang bahala sa physical attacks para sa mga kalaban.

Napasigaw ang mga tao nang makita ang heat signatures nina Raffy at Abbey tumapis pagkatapos magpapalabas ng power shot sina Armina at Elena. “Shit I forgot they also can do that” sabi ni Raffy. “Okay lang at least we hurt

them…pero shit wala ako makita…nakikita nila tayo” sabi ni Abbey gamit isipan niya.

“Pano sila nakakakita?” tanong ni Raffy at sakto nasapol siya ng isang matidinding sipa sa baba na napasundan ng power shot. “Raffy!” sigaw ni Abbey pero siya din natamaan kaya nag aalala na ang kanilang mga magulang. “Figure it out Raffy” sabi ni Felipe. “At ikaw alam mo na pano nakakakita sina Armina at Elena?” tanong ni Hilda. “Hindi pa pero kaya ng anak ko yan” sabi niya.

“Lapit ka dito” sabi ni Raffy pero nung sinundan ni Abbey tinig ng partner niya nasapol siya non stop. Pumikit si Raffy at nagulat ang mga guro nang biglang nawala sa pwesto heat signature ng dalaga at sumulpot sa tabi ng heat signature ni Raffy.

Yung mga heat signatures nina Armina at Elena umaatake sa wala kaya bigla sila tumigil at nagtaka. Nahanap nila saan yung mag partner, “They cant see us…I get it now…nakikita nila heat signatures natin” sabi ni Raffy. “Sure ka?” tanong ng dalaga. “One more test” sabi ng binata at natamaan siya ulit ng mga physical at power combo. “Sorry Abbey but Run” sigaw ni Raffy at tinulak niya partner niya palayo.

Nagfocos sina Elena at Armina kay Raffy, “Do what I did” sigaw ni Raffy bigla at nagsummon si Abbey at nawala ang binata at sumulpot sa tabi niya. Napatigil ulit sina Armina at Elena, lumingon sila at nakita yung magpartner. “Sigurado ako” sigaw ni Raffy at pinakiramdam niya yung hangin.

“Here they come” bulong niya at paglapit nina Armina agad sila tumalon at nakaiwas. Gulat na sina Armina at Elena, si Abbey di parin gets ang nangyayari. “Sync with me” bulong ni Raffy at tumayo sila sa gitna, ramdam na ni Abbey yung hangin, alam nila papalapit na sina Armina at Elena at nabilib ang lahat pagkat nakakadepensa na yung mag partner.

Nabigla talaga sina Armina at Elena, lahat ng suntok nila at sipa nakakailag na yung grand champs. Sabay umiilag yung mag partner, “Abbey close your eyes” sabi ni Raffy at humiyaw ang binata at may umihip na malakas na hangin. Nagsigawan sila Armina at Elena pagkat taglay ng hanging ang maliliit na lupa. Napulingan sila at wala narin silang makita.

“I will draw them out, I will let them follow me and attack me, paghandaan mo sila” sabi ng binata. “Pero makikita parin nila ako” sabi ng dalaga. “No they wont” sabi ni Raffy at naramdaman ni Abbey na may ginagawang ice wall si Raffy na makapal kung saan pwede magtago ang dalaga.

“Sige na makakakita na sila soon, alam mo na ito” sabi ni Raffy at tumakbo siya at sakto nakakita na yung mga kalaban. Nahabol siya nina Armina at Elena. Si Raffy nagpatira sa mga kalaban kaya kinabahan ang mga guro. “What the hell are you doing Raphael? Use total magic defense”s sigaw ni Ernie.

“Shhh look” sabi ni Pedro at kitang kita ng lahat na may namumuong super laking fire ball. “Bakit di nila napapansin?” tanong ni Hilda. “Kasi may ice wall, di nakikita sa screen yung heat signature ng ice wall kaya nagtatago si Abbey doon. This proves my theory that this girls can see the heat signatures of their opponents” sabi ni Eric.

Too late na sina Armina at Elena, nung umaamapaw na yung liwanag at init nung giant fireball saka lang sila napalingon. “Abbey come here” bulong ni Raffy at ginamit niya yung natitirang magic power niya para isummon ang kanyang partner.

Sumulpot si Abbey sa harapan ni Raffy, tinira niya yung giant fireball, sina Armina at Elena hindi na naka react. Sapol na sapol sila nung bolang apoy at tanging mga sigaw nalang nila ang naririnig.

Pagbagsak ng mga dalaga unti unti narin nalusaw yung mist sa buong paligid. Kita ng lahat na knock out sina Armina at Elena, si Abbey nakatayo at nag aapoy sa galit ang kanyang mga mata, nakaluhod sa likuran niya si Raffy at hingal na hingal ito. Palakpakan ang lahat ng tao, pati ang mga guro nagkakatwuaan sa magaling na technique nung magpartner.

“Are you okay?” tanong ni Abbey. “Yeah I will be fine, hindi ako nag magic defense kasi alam ko summoning you and that big fire ball will consume my magic” bulong ng binata at agad lumuhod si Abbey at niyakap partner niya.

“We did it” bulong niya at pareho sila ngumiti. “Wow pero that was close” sabi ni Raffy. Binangon ni Abbey ang partner niya at pinalakpakan sila ng lahat ng tao. Pinuntahan nila sina Armina at Elena at unconscious parin. “Will they be okay?” tanong ni Abbey. “Yes of course, ako na bahala sa kanila” sabi ni Erwin.

“Huh summon magic” bulong ni Hilda. “At least they know how to use it. At usually you don’t summon someone who has a big fireball like that, maaubos talaga power mo” sabi ni Prudencio. “They know the risks, kaya naman pala he didn’t use magic defense kasi iniipon niya yung magic power niya for that one final move” sabi ni Hilda.

“They are evolving and evolving, mabilis sila mag isip sa bawat sitwasyon. They almost lost today” sabi ni Franco. “They know that, they will regroup trust me” sabi ni Pedro. “Akala ko talaga wala na” sabi ni Ernie at binatukan siya ni Felipe.

“Anak ko yan, anong wala na? Basta may oras at buhay pa may tsansa pa” dagdag niya.

Samatantala sa lunnga ni Ysmael pumasok yung mag partner at pareho sila nakayuko. “Sorry po lolo alam namin galit kayo” sabi ni Abbey. “I am not mad, you two impressed me again today” sabi ng matanda.

“Pero we used summon magic” sabi ni Raffy “Well you needed to, it was the only way” sabi ni Ysmael. “Pero lolo sabi mo wag gagamitin e” sabi ni Abbey. “Oo sinabi ko yon pero since you needed to use it then its okay. Again I am amazed” sabi ng dragon lord.

“Lolo we didn’t use our dragon magic” bulong ni Abbey at tumawa yung matanda. “So you think if you used it makakakita kayo sa mist?” tanong ni Ysmael. “Siguro po, pero we didn’t use it” sabi ni Raffy.

“Even if you used it wala kayo makikita” sabi ng matanda at nagulat yung dalawa. “You see that mist is special, yun lang masasabi ko for now” sabi ni Ysmael. “Lolo what are you trying to say?” tanong ni Abbey at tumawa lang ng malakas yung matanda.

“You will find out soon iha, for now enjoy your win” sabi niya.

Chapter 22: Torture Test

Padami ng padami ang mga gustong manood ng battle of champions pagkat sunod sunod ang mga di inaasahang pangyayari. Maski ang mga guro di narin alam ano ang nangyayari pagkat sa current standings mukhang di pa malinaw kung sino ang maglalaban para sa grand championships.

“I cant believe this anymore, akala ko Armina and Elena won’t win pero they beat Adolph and Homer” sabi ni Ernie. “I am sure magwawala mamaya sina Adolph at Homer so Raffy and Abbey must prepare for them” sabi ni Prudencio. “Day off nila kahapon pero bakit naman ganito dalawa laban nila today?” tanong ni Pedro. “Well lahat naman sila may two matches in a day e, its part of the test” sabi ni Hilda.

“Kalaban nila this morning sina Venus at Charlie, those two have proved na di sila push over. Then sa hapon sina Adolph. Parang hindi maganda ito” sabi ni Felipe. “Wrong, sina Adolph at Homer muna then sa hapon yung youngest team” nilinaw ni Eric. “Kahit na, mukhang may big upset tayo makikita today” sabi ni Ricardo.

Maingay na sobra sa arena pagkat iniisip ng lahat eto na yung preview ng finals duel. Kumulimlim sa arena ground at nagsimulang umambon. Mga guro napangiti pagkat nagsimulang kumidlat sa buong paligid. Tumama ang kidlat sa basang lupa at dumaloy ang kuryente kaya naaliw ang lahat.

Isang malakas na kidlat tumama sa gitna at palakpakan ang mga tao nang sumulpot sina Adolph at Homer. Suot nila midnight blue na uniform, may mga dragon logo sa dibdib. Kay homer dragon na napapalibutan ng kuryente habang yung kay Homer parang water dragon ang logo niya.

Sa taas nila nanatili ang isang dark cloud na nagpapaulan at nagpapakidlat sa kinatatayuan nila. Lumingon na ang lahat pagkat may narinig silang hiyaw ng dragon. Yung ulap nila biglang nagliwanag at napatigil yung ulan.

Mula sa ulap nina Homer at Adolph lumabas ang isang fire dragon na maliit at lumipad sa buong arena. Palakpakan at hiyawan ang lahat ng tao habang yung dalawang college students nagsimangot. Lumaki ng lumaki yung fire dragon, super bilis itong nagpaikot ikot sa buong arena.

Dahan dahan nalulusaw yung apoy at nakikita ng lahat sina Raffy at Abbey tumatakbo nalang at kinakawayan ang lahat. Bumilis takbo nila at nabalot ulit sila ng mga apoy at naging dragon ulit ang pigura nila. Lumipad papunta sa langit yung dragon at pagdive nito bumuga ito ng malakas na apoy at niluwa sina Raffy at Abbey sa kanilang pwesto.

Nagkaharap ang dalawang grupo, napapalibutan ng kuryente sina Adolph at Homer habang apoy naman ang nagpapalibot kina Raffy at Abbey. Ramdam ng lahat ang tensyon, grabe yung titigan nung dalawang grupo. Lahat nakatayo nang magformal bowing na sila.

Final bow at nabigla ang lahat nang humiyaw sina Raffy at Abbey. Ang bilis nila sumugod gamit ang kanilang tanyag na dragon dance attack. Medyo nasira ang plano nina Adolph at Homer, isang pikit lang nakaramdam sila ng sakal sa leeg, si Raffy sumulpot sa harapan nila at talagang sakal ang leeg nila.

Di naka react ang kalaban, humiyaw si Raffy at inangat yung dalawa, si Abbey tinira yung tatlo ng super tinding fire ball. Gulat ang lahat pagkat pati si Raffy tinamaan pero tila siya lang ang walang ininda na sakit. Binaba ni Raffy yung dalawa, iniinda pa nila yung sakit at groggy silang nakatayo.

Si Raffy lumuhod at hiyawan ang lahat nang lumipad si Abbey at binigay ng double drop kick yung kalaban sa dibdib, papatapis palang sila pero si Raffy ginulat ang lahat nang may twin fireballs siyang hawak, binira niya mga ito sa tiyan ng kalaban at sumbsob yung dalawa sa arena wall at tuluyan nangisay. Sumigaw yung magpartner at sumugod ulit pero bago sila makalapit may water wall na tumaas at doon sila tumama.

Tinira ni Adolph yung water wall ng kuryente at sina Abbey at Raffy naman ang nahuli sa loob ng water wall at nangisay sa tindi ng sakit. Tumayo si Homer at hinuhulma na yung water sphere kaya lang mabilis na nakatakas yung mag partner. “Shit” bigkas ni Adolph kaya sila naman ni Homer ang sumugod.

Hinarap ni Homer si Raffy pero naunahan siya, nakatikim siya ng magically charged punch sa mukha. Napatayo muli ang lahat pagkat ramdam nila yung lakas nung suntok. Si Abbey nabigyan ng flaming turning kick si Homer sa panga pero yung mga kalaban di umatras at nakipag physical battle sa gitna.

College students na sina Homer at Adolph kaya marunong na sila sa magically charged attacks and defenses kaya lang di nila nakayanan yung in sync attacks ng team ni Raffy. Palakpakan ang lahat sa mala sayaw na atake. Sabay sila nag twisting kick sa ulo, sabay naglanding at power puch sa tiyan sabay matinding side kick na nagpatapis muli sa mga kalaban.

Pasugod sina Raffy at Abbey, sa isang iglap nahampas sila ng isang water wave at habang dinadala sila ng wave sa malayo tumayo si Adolph at kinuryente yung water wave. Napaatras muli ang grand champions, sabay sila tumalon at titira sana si Abbey ng fire balls.

May isa nanaman water wave humampas sa kanila mula sa likuran, dinadala sila papunta sa mga kalaban. Si Adolph nakangisi at muling kinuryente yung wave. Nag fist bump sila ni Homer, tumayo sila ng tuwid at inantay pang makatayo din ang grand champions. “Nice” bigkas ni Raffy at nagtitigan sila ni Adolph. “Di pa kami tapos” sagot niya.

“Kami din!” sigaw ni Abbey sa galit at nagpaapoy siya sobrang lakas, hinarang lang ni Homer yung kanyang giant water wall at silang dalawa ang nagpasiklaban ng kapangyarihan. Kahit anong palakas ang gawin ni Abbey napapatay ni Homer ang mga apoy gamit ang kanyang water wall.

“This is bad, contra pelo mga kapangyarihan nila” sabi ni Pedro. “They seem to be evenly matched” sabi ni Ernie. “Kung sino unang magkamali matatalo” sabi ni Hilda. “Ang di nila nakikita naka set up na yung paligid sa pabor nina Adolph at Homer” sabi ni Felipe at pansin ng lahat na basang basa na yung buong arena floor.

Tumigil yung dalawa, “Tara Adolph” sigaw ni Raffy at sumugod siya, hindi umatras ang college student at nagsapakan silang dalawa sa gitna. Si Abbey sumugod narin at nakipagsapakan kay Homer. Balik physical ang labanan, tumatabla talaga ang laban nina Abbey at Homer habang patindi ng patindi ang bugbugan nina Raffy at Adolph.

Pansin ng lahat walang ginagamit na mahika yung dalawang binata. Si Adolph di nakayanan ang bangis at bilis ni Raffy sa kanyang mga sipa. “You don’t stand a chance against my son” bulong ni Felipe at kita talaga ng lahat na pinatapis ni Raffy si Adolph at binira naman niya si Homer at pinatapis din.

Natuwa si Abbey ngunit tumawa lang ang kanilang mga kalaban. “Madami kami natutunan sa inyo…keep the mind of your opponents busy” sabi ni Adolph at bago pa makalingon sa paligid yung mag partner nakuryente na sila. Walang tigil nangingisay sina Raffy at Abbey. Kita nila mga kamay ni Adolph nakabaon sa basang lupa at nagpapasiklab ng kanyang kapangyarihan.

Si Homer nakangiti pagkat nakahiga siya sa tuyo na lupa, sinusubukan tumakas ng grand champions ngunit kahit saan sila tumapak ay basa ang lupa kaya tuloy ang pagdaloy ng kuryente sa kanilang mga katawan. “Ano pa tinatanga tanga mo diyan” sabi ni Adolph at tumayo si Homer at naghulma ng mga water balls.

Parang target shooting niya tinira ang mga katawan nina Raffy at Abbey. Pinatindi pa ni Adolph yung kuryente kaya walang tigil nabugbog ng water balls ang mga katawan nung grand champions. Lumalaban si Abbey at tinitira

yung water balls ng kanyang fire balls. Nakakalusot parin yung mga water balls na iba pagkat di tuloy tuloy ang pagtira niya ng fire balls sa tindi ng sakit ng kuryente ni Adolph.

"We can do this the whole day..just give up" sabi ni Adolph. Lumuhod siya at lalong pinalakasan ang pagkukuryente sa mga kalaban nila. Si Homer walang tigil sa pagtira ng kanyang water balls kaya bugbog sarado na sina Abbey at Raffy, ang dalaga hindi na nakakatira ng kanyang fireballs.

Sigawan sa sakit ang grand champions, tahimik yung gym at tila nakikiramay sila sa iniinda nung dalawa. Tawanan sina Adolph at Homer pero nakita nila nakangiti sina Raffy at Abbey. "Nakakayanan niyo pa tumawa ha!" sigaw niya. "Bobo! We saw this coming" sigaw ni Raffy at doon lang napansin ng lahat na nakalutang pala yung magpartner konti.

Hindi sila nakaapak sa lupa, sinalo ni Raffy yung mga paparating na water balls at binalik mga yon kay Homer at Adolph. Lahat ng itira ni Homer binabalik lang ni Raffy papunta sa dalawa. "Bobo ka as if may epekto yung pagbalik mo nito sa amin" sigaw ni Adolph.

"E pano kung ito ibalik ko?" hiyaw ni Raffy at huminga siyang malalim at hinarap niya dalawang kamay niya. Nagulat ang lahat nang nagpalabas ng kidlat ang binata at tinira sina Adolph at Homer. Labis na naapektuhan si Homer, tumawa si Adolph, "Kapangyarihan ko to bobo ka talaga...shit!" sigaw niya. "May sinasabi ka ba?" tanong ni Raffy at nagsisigaw sina Adolph at Homer sa kakaibang kuryente na binabalik ni Raffy papunta sa kanila.

"Why is Abbey just standing there?" tanong ni Lani. "She is not, look at the ground, tinitipon ni Homer yung tubig papunta sa kanila pero Abbey is drying them up by heating the ground around them. Raffy cannot levitate them both for long, he did that a while ago just enough for Abbey to dry the ground beneath them. Now tuyo tinatayuan nila, Raffy kanina inabsorb yung mga

kuryente at alam niyo naman pag siya nagbalik ng tira kargado na ito or lets say its amplified" paliwanag ni Prudencio.

Naubos yung pakuryente ni Raffy, "Oops" bulong niya pagkat nakayanan pang tumayo ng kanilang mga kalaban. "Bwisit ka!" sigaw ni Homer at tumira siya ng malaking water ball, humarap si Raffy at sinalo ulit yon pero tumalsik sila ni Abbey palayo at nakuryente. "Sabi kasi we learned from you e" banat ni Adolph.

Yung nahuling water ball ni Raffy kargado pala ng kuryente sa loob. Di niya inasahan ito kaya pagtapis niya nahagip niya si Abbey. Pumutok yung water ball, nabasa sila at yung electric ball sa loob naman ang nagpakuryente sa kanila. "There is the mistake, tsk, he was so confident he could hold the water ball but he didn't know kargado pala yon. I told him that already, tsk" bulong ni Ernie sabay napahaplos sa kanynang noo.

Magkadikit pala sina Homer at Adolph, pasimple kinakarga ni Adolph electric ball niya sa loob ng water ball ni Homer at yon ang ginagamit nila itira sa mga kalaban. Nakahiga na sina Raffy at Abbey, natatamaan sila nung water ball, pagkabasa nila yung electric ball sa loob naman ang babalot sa katawan nila kaya walang tigil ang kanilang pangingisay.

Lumuhod si Raffy at humarap para itago si Abbey sa likuran niya. Tinatanggap ng binata ang lahat ng tira, si Abbey nagpahinga konti at nagsimula na siya magpainit ng buong paligid. Change strategy sina Adolph at Homer, sabay nalang nila tinira si Raffy ng water strike at electrick strikes.

"Abbey make it fast…di ko kaya na" bulong niya. "Wait just a little bit more…" bulong ng dalaga at nagliyab na mga mata niya. Pansin ng lahat na humihina na yung kuryente ni Adolph pero yung mga water balls ni Homer tuloy parin sa pagtama kay Raffy. Ilang saglit wala nang mapalabas na kuryente si Adolph, "What is happening to me?" sigaw niya.

Ilang beses sinubukan ni Adolph maglabas ng kuryente, galit na galit siya at tinignan ang kanyang mga kamay. “What did you do to me?” sigaw niya at sumugod sila ni Homer, lumuhod sa tindi ng pagod si Raffy, tumayo si Abbey at humulma ng sobrang laking apoy sa kanyang mga kamay.

“Dragon Hole!” sigaw ni Raffy at gamit ang kanyang natitirang lakas nashoot sina Adolph at Homer sa dalawang butas na sobrang lalim. Tumakbo si Abbey at tumalon sa ere, habang nasa ere tinira niya yung dalawang sobrang lakas na fire balls sa mga butas. “Dragon Hell!” hiyaw niya at walang takas na sina Adolph at Homer, dinig ng lahat yung nakakaawang sigaw ng mga kalaban.

Napaupo sa lupa si Abbey at niyakap ang kanyang partner, “We give up!” sigaw ni Adolph kaya napangiti yung magpartner at pinatay na ni Abbey yung kanyang mga apoy sa mga butas. Grabe yung hiyawan at palakpakan ng mga manonood. Ang mga guro napasugod sa arena para palabasin sina Adolph at Homer sa sobrang lalim na mga butas.

“Unahim mo mga anak namin” sabi ni Pedro kay Erwin. “They will be fine, basta magkasama sila. Sige na dalhin na yung dalawa sa clinic at biglang tumawa ang lahat ng tao pagkat sunog ang mga damit nina Adolph at Homer at pareho na silang kalbo at walang mga kilay. “Pare no hard feelings” sigaw ni Raffy at lumingon si Adolph at tumawa. “All good pare, at least dalawa na kaming kalbo” sagot niya at lalong nagtawanan ang mga tao.

Mas nabilib sila nung lumapit sina Raffy at Abbey, nakipagfist bumps sila sa mga kalaban at nakipagyakapan. “Kami na magdadala sa kanila sa clinic” sabi ni Raffy at todo alalay sila sa kanilang mga nakalaban. “Sir Ernie yung mga anak mo o” banat ni Abbey at grabe yung tawanan nung mga guro.

“Kinabahan ako kanina” sabi ni Hilda. “I know, akala mo bersyon niya ng Apocalypta no?” sabi ni Prudencio. “Raffy knows its illegal to use that in duels, pero bilib ako they gave that hole a name. Dragon hole” sabi ni Felipe.

“Sobrang lalim, he knows they can levitate out pero he made sure malalim yon para makakaatake si Abbey para sa Dragon Hell” sabi ni Pedro.

“Pero that move is deadly, kung di ka maliksi you can really die. Iba pa apoy ni Abbey at sobrang lakas and if she really wanted to kill them she could have done it easily” sabi ni Ernie. “Di naman nila balak yon e, they just wanted their opponents to give up and they did. Dragon hell, totoong impyerno yon if you don’t know what how to get out”

“Naunahan ng kaba yung dalawa, sa panic di na sila nakaisip ng mabuti” sabi ni Eric. “Kahit na alam mo gagawin mo its too deep, kahit water user si Homer he will just drown himself. Levitate out before the flames go in or else kahit anong gawin mo na wala ka na talagang takas” sabi ni Franco.

“Naubusan ba ng lakas si Adolph?” tanong ni Lani. “No, Abbey made the arena so hot. Pinainit niya yung lupa at hangin” sabi ni Eric at pinakita yung video kung saan kita ng lahat yung tuyong lupa at mataas na temperatura. “Of course, lightning need hot and cold particles, pero kung hot lang then walang kidlat” sabi ni Pedro. “Exactly, pero sakto lang yung init para di makaform ng lightning, not enough to evaporate the water strikes of Homer” sabi ni Eric.

“Now you know why Raffy has been curious learning about the elements. He knows how but he is not capable of controlling all of them. At for sure nag uusap sila ni Abbey. They came prepared, the levitation, the acting pero they made a mistake, Raffy made a mistake, over confidence” sabi ni Prudencio.

“Dali na pakainin sila kasi after lunch laban na nila ulit” sabi ni Hilda kaya umalis sina Pedro at Felipe para tignan ang kanilang mga anak. Nasa may batis sina Raffy at Abbey, pareho sila pagod at nakahiga sa lupa. “Come inside” narinig nila sabi ng boses kaya pumasok sila sa secret entrance at nagtungo sa bahay ng dragon lord.

Pagkaupo nung dalawa sa dining area agad sila kumain. “You two almost lost” sabi ni Ysmael. “Oo nga po e, I am sorry” bulong ni Raffy at tumawa yung matanda. “You became over confident” sabi ni Ysmael. “Yes lolo, sorry talaga pati na sa iyo Abbey” sabi ng binata.

“Okay lang yon, pati naman ako I would not have expected them to do that. I didn’t know they would hide the electric ball inside the water ball” sabi ng dalaga. “Tsk mali ako, muntik na tayo natalo dahil sa akin” sabi ni Raffy. “Wag kang ganyan, maganda nga yung plano natin e, we acted hurt, bilib nga ako kasi you knew they would wet the ground e kaya you levitated us” sabi ni Abbey.

“Curious ako bakit niyo ginawa yon?” tanong ng matanda. “Para po malaman namin yung mga alas nila. Kasi pansin namin they were confident, kaya napalabas namin yung ibang alas nila pero yung nga…” bulong ni Raffy.

“They are learning from you two, ikaw naman may gawa nung ganon diba? It was you who introduced the hidden illumina inside that cute ice ball” sabi ni Ysmael. “Kaya nga po dapat nakita ko yon e” sabi ni Raffy. “Stop blaming yourself, we won, at pag di mo sinabi na painitin ko yung ere di ko naman alam gagawin ko dapat yon to stop Adolph” lambing ng dalaga.

“Raphael you made a mistake kaya lang that is okay. Galit ako kasi when you made that mistake para kang nawalan ng buhay. Natamaan kayo ng matagal hanggang nabuhayan ka ulit seeing Abbey hurt already. I thought you wanted to protect her? You showed a sign of weakness iho” sabi ni Ysmael.

“Lolo stop it, its okay we won” sabi ni Abbey. “Tama siya Abbey, nung nagkamali ako hiyang hiya ako at parang tumigil utak ko” sabi ng binata. “Tumigil ka nga, nakabawi ka naman e. It happens and we are okay” lambing ng dalaga.

“It will never happen again” sabi ni Raffy at bigla siya hinalikan ni Abbey sa pisngi. “Will you stop” lambing niya at napangiti si Ysmael. “Come on you two eat and you shall be tested again” sabi ng matanda.

“Lolo at least sa finals alam na namin pano talunin sina Adolph at Homer” sabi ni Raffy at tumawa ng sobrang lakas yung matanda. “O bakit lolo? Di ka ba naniniwala na kaya namin sila?” tanong ni Abbey. “Wala ako sinabi, sige na just eat iha” sabi ni Ysmael.

Chapter 23: Rise of the Underdogs

Sa isang liblib na gubat naglalakad sina Gustavo at Gaspar. “Sigurado ka ba dito?” tanong ni Gustavo. “Dito daw e” sagot ni Gaspar at may nakita na silang dalawang tao papalapit. “Ikaw!” sigaw ni Victor at bigla siya sumugod. Nasakal niya si Gustavo sa leeg at hinampas sa isang puno.

Aatake sana si Gaspar ngunit na may mga anino na humawak sa kanya. Kinontrol ni Placido ang mga anino at pinaluhod si Gaspar sa lupa. Walang tigil na ginulpi ni Victor si Gustavo, patago ang galit niya sa tinamong sakit na nagawa nila kay Raphael noon.

“Huminahon ka Victor ako ito!” sigaw ni Gustavo. “Tarantado! Alam ko ikaw yan Gustavo! Traydor ka!” hiyaw ni Victor at may binigkas siyang dasal at naglabasan ang dugo sa mga ilong at tenga ni Gustavo. “Hindi ako lalaban sa iyo!” sigaw ni Gustavo.

“Tumayo ka at lumaban ka hayop ka! Tayo!” sigaw ni Victor at bigla nalang tumayo si Gustavo, hindi niya makontrol ang katawan niya at nakakaramdam siya ng pagkulo ng dugo niya sa loob ng kanyang katawan. “Lumaban ka!” sigwa ni Victor at napilitan magpasiklab narin si Gustavo.

Hinugot niya mula sa lupa ang kanyang pula na staff, si Victor naman winasiwas ang kamay niya at hinugot ang kanyang dark staff mula sa dilim. “Phoenix Flame” sigaw ni Gustavo at tumalon sa ere si Victor at naiwasan niya yung matingkad na kulay na apoy. Isang puno ang natamaan at agad ito naabo.

“Maliksi ka parin kahit matanda ka na” sabi ni Gustavo pero bigla siya niyakap ng mga anino at nasapol siya ng itim na bolang apoy sa dibdib. Nagsisigaw siya at unti unti nababalatan ang kanyang mukha. Isang dasal muli binigkas ni Victor sabay tinutok niya yung dulo ng staff niya sa ulo ni Gustavo.

Lalo siya nagsisigaw, nangingisay buong katawan niya, napupunit talaga ang kanyang mga balat at walang tigil na dumadaloy ang dugo sa kanyang mukha. “Ano ang binabalak mo?” tanong ni Victor.

“Nag iipon ako ng army ko! Kailangan kita para makapunta ako sa mga schools para magrecruit” bigkas ni Gustavo. “Tapos ano?” tanong ng matandang elder at nabali ang lahat ng daliri ni Gustavo kaya umiiyak na siya sa tindi ng sakit. “Gusto ko pataubin si Santiago!” sigaw niya.

Napatigil si Victor at umatras, “Sino yon?” tanong niya at napaluhod sa lupa si Gustavo at hingal na hingal. “Sila yung tumulong sa amin noon…sila yung malakas na namumuno sa amin pero ang alam nila patay na ako” bulong niya.

“So tama ang sinabi ni Gaspar?” tanong ni Victor. “Oo, at alam ko gusto mo din makabawi sa kanya. Magtulungan tayo…” bulong ni Gustavo at muli siya napatayo at napasandal sa isang puno. “Aanhin mo ang army?” tanong ni Victor.

“Masyado sila malakas, pero pag madami tayo kaalyadong malakas kaya natin sila” sabi ni Gustavo. “Sila? Sino sila?” tanong ni Victor at tinutok ulit yung staff niya sa noo ng kalaban. “Di ko sila kilala pero may mga kasama pa yung Santiago na yon. Natikman mo naman yung lakas nila…but before that we can help you too” sabi ni Gustavo.

“You can help me?” tanong ni Victor. “Oo alam namin yung balak mo, naririnig namin yung mga balita. We will help you first kaya sasama kami sa iyo. Luluhod ako sa iyo kung gusto mo, susundin ko lahat ng utos mo. Kaya lang we need strong wizards” sabi ni Gustavo.

“Akala ko ba madami kayo?” tanong ni Victor. “Madami nga pero combined not enough to topple Santiago. Pero enough to help you sa goals mo. Isipin mo

din ang long term nito Victor. Sa tinging mo you can totally gain control with just one win? Mananalo ka nga siguro sa isang laban pero paghahandaan ka na nila"

"It's the cycle Victor and you know that. Pero what if sa unang atake palang natin aayaw na sila? We succeeded many times doing that pero lagi kami nababalikan. Alam mo yon at together we can stop that cycle and remain on top" sabi ni Gustavo at tumawa si Victor.

"And after that?" tanong niya. "May kanya kanya tayong mga ambisyon Victor, di nagbabago ambisyon ko. I will help you, you help me, together we rule" sabi ni Gustavo. "Di ako naniniwala sa iyo, traydor ka e" sabi ng matanda. "Blood pact" bulong ni Gustavo at nagulat sina Placido at Gaspar.

"Ang mag tratraydor o balak magtraydor agad mamatay. I know you can do that spell" landi ni Gustavo at nagulat siya nang lislisin ng matanda ang robe niya at agad nilaslas ang kanyang braso. Natulala si Gaspar at biglang nalaslas ang kanyang damit at may sugat na nabuo sa kanyang dibdib.

Tumulo ang dugo niya sa lupa at naghalo sa dugo ni Victor. Nagdasal ang matanda at yung nagsamang dugo dahan dahan naging itim at gumapang pabalik sa dibdib ni Gustavo at braso ni Victor.

"So be it, ipapatawag kita soon" sabi ni Victor at isang pitik ng kamay niya bigla sila nawala ni Placido. "Sira ulo ka!" sigaw ni Gaspar at agad hinilom ang mga sugat ng kanyang kaibigan. "Wala na ako magagawa, kailangan mangyari yon" sabi ni Gustavo.

"Do you know what that means? Wala ka na maitatago na sikereto sa kanya" sabi ni Gaspar. "Alam ko tanga! It was the only way at wala din siyang maitatago na sikreto sa akin. Sacrifices Gaspar" sabi ni Gustavo. "Pero lumakas siya" bulong ni Gaspar. "Kaya nga e, pero nagpipigil ako, kayang kaya

ko siya kung gugustuhin ko at alam ko naramdaman niya yon kaya siya pumayag sa blood pact" sabi ni Gustavo sabay tumawa ng malakas.

Sa malayo sumulpot sina Victor at Placido. "Bakit ka pumayag sa blood pact?" tanong ng alagad at tumawa yung matanda at bigla inalis ang kanyang pekeng braso. Nagulat si Placido nang lumitaw ang totoong braso ni Victor. "Walanghiya, you planned it?" tanong ni Placido.

"Of course, wala tayo laban kanina sa kanila. Kakaibang Gustavo yon at alam ko pinatay siya ng apo ko. He used Phoenix resurrection magic, bumata siya at lumakas lalo having a younger body. This was the only way to prove may binabalak akong masama. Madami tayo impormasyon na nakuha at since alam niyang blood pact yon wala din siya itatago sa atin"

"Advantage natin we can move freely and tell the others kaya lang wag sasabihin si Gustavo ang kausap natin. If that happens I am sure magwawala ang sentro at gugustuhin nila habulin si Gustavo agad, masisira yung pagtugis natin sa sinasabi niyang mas malalakas. We must not tell them it is Gustavo yet" sabi ni Victor.

"Pero yung balak niyang mag recruit ng students?" tanong ni Placido. "We can tell them that, pero never tell them it is Gustavo again. Placido bumalik ka at sabihin sa ibang elders itong balita para mabantayan na nila yung best fighters sa ibang schools" sabi ni Victor. "Pano ikaw?" tanong ng alagad. "I will be fine, hahanapin ko pa yung mga ibang alagad natin…kapag napalabas natin yung mga malalakas na yon we need all the help we can get" sabi ng elder.

Kinabukasan sa school campus excited ang lahat sa magaganap na knock out match para malaman sino ang makakaharap nina Raffy at Abbey sa finals. Napanalo lahat ng grand champions ang laban nila, parehong one win and three loses ang grupo ng grade ten at juniors. Pareho naman two wins each ang grade nine at college.

Nagbangayan ang mga guro, “Automatic sina Adolph at Homer papasok kasi they already beat the team of Venus and Charlie” sabi ni Ernie. “Excuse me, yung tumalo kina Adolph ay tinalo ng apo ko” sabi ni Lani. “Stop it! Oo na kaya nga may knock out battle e. Let them fight for it” sabi ni Prudencio.

“It has been decided, the elders even agreed that it is best to have a knock out match. Kaya nga naka set na e” sabi ni Ricardo. “What is the use e parang naulit lang tong laban” sabi ni Eric. “If that is true them mabilis lang to para kina Adolph since tinalo na nila dati sina Venus at Charlie” sabi ni Pedro.

“Oh shut up all of you, even the students want this to happen. Look at them all cheering for Venus and Charlie. We spoke to both teams at payag naman sila e. So let it be and let us all just watch” sabi ni Hilda.

Punong puno ang arena ng tao at lahat sila binibigkas ang pangalan ng underdogs. Sina Adolph at Homer basta nalang pumasok at nag inat, “Hayaan mo sila, napanood naman nila yung huling laban e, mauulit lang yon and this will be quick” pasikat niya at nagtawanan sila ni Homer.

Walang pasiklab din yung mga kalaban, pumasok lang sina Charlie at Venus at pinakita nila na handa na sila lumaban. Sa bleachers nakaupo sina Raffy at Abbey, nagulat sila nang may tumabi na matandang lalake at inaalok sila ng junk food. “Lolo is that you?” tanong ni Abbey. “Shhhh…I came to watch” sabi ni Ysmael at nagtawanan yung magpartner pagkat iba ang itsura nung matanda.

Nagformal bowing na, umingay na ng todo sa buong arena pagkat excited na sila sa laban. Final bow at agad umatake sina Adolph at Homer. Dalawang electric charged water balls ang lumipad papunta kina Venus at Charlie. Nakailag yung dalawang dalaga pero nagtalunan sila pagkat si Adolph nagwala at nagpasabog ng mga kidlat sa buong paligid.

Bumira narin ng mga water wall waves si Homer. Umiiwas sa kildat ang dalawang dalaga pero nahahagip sila nung sobrang laking mga alon. “Perfect” sabi ni Adolph pagkat nabasa na nila yung buong arena flooring.

Lumuhod siya at isasaksak niya sana mga kamay niya sa lupa nang may kamao na lumabas at binigyan siya ng isang solid uppercut sa panga. Palakpakan ang mga tao nang walang tigil ginulpi nung earth fist yung katawan ni Adolph. Hidi na tuloy siya makapagpakuryente ng basang lupa. Si Homer nagpasiklab ng giant water wall para matigil yung dalawang dalaga kaya lang yung water wave biglang bumalik at sila ni Adolph ang nabasa.

Ginamit ni Charlie yung pagcontrol ng hangin, sobrang lakas na hangin ang nagpabago ng takbo ng water wave. Mga tira ni Homer na water balls lahat lumilihis sa malabagyong pahangin ni Charlie.

Tumayo yung dalawang binata pero hindi sila makagalaw ng maayos sa lakas ng hangin na galing sa ibat ibang direksyon. Napapaluhod sila pero tuwing gagawin nila yon sasalubunging sila ng uppercuts ng mga earth fists na nagsusulputan sa lupa.

Napatayo sina Raffy at Abbey, kitang kita nila nakatayo lang sina Charlie at Venus, mga mata ng dalaga nagliliyab ng kakaibang ilaw kaya tinignan nila si Ysmael. “Can you feel them?” tanong ng matanda. “Pero lolo this is impossible” sabi ni Abbey kaya tumawa lang yung matanda. “Madami pa kayong hindi alam, now just watch as they show everyone who they really are” sabi ni Ysmael.

Maiiwasan nung mga binata yung mga kamao na lupa pero di sila makaligtas sa mababangis na air strikes galing sa madaming direksyon. “Oh my God…what is happening?” tanong ni Ernie. “Wala na silang ligtas” sabi ni Eric pero napailing si Lani at tinuro yung lupa. “Careless parin sila” sabi niya at kita ng lahat naiipon yung tubig palapit sa dalawang dalaga.

Sa isang iglap napatigil yung dalawang dalaga at nagsigawan nang lamunin sila ng isang water sphere. Tumakbo ang bugbog saradong Adolph at sumigaw ng sobrang lakas at sinaksak mga kamay niya sa water sphere kung saan nakakulong yung dalawang dalaga.

Pinakuyente na ni Adolph yung water sphere na hinulma ng partner niya. Grabe yung gigil ni Adolph, di pa nakuntento sa pagkuryente nagpakidlat pa siya galing sa langit at sapol yung water sphere.

Tahimik yung buong arena, naawa sila sa dalawang dalaga na nakakulong sa sphere. “Stop it! Mamatay sila” sigaw ni Hilda. “No!” sigaw ni Lani at nagulat ang lahat. “Give them some more time…sige na apo ko kaya niyo yan think of something” sabi ni Lani.

“Pare tama na” sabi ni Homer pero si Adolph binuhos talaga ang kanyang galit. Sigawan ang mga tao pero pansin nung dalawang binata sigaw ng kasiyahan yon. Yung tubig sa loob ng water sphere nag iiba ang kulay. Ang dati malinaw nagiging brown kaya nagalit narin si Homer at sinaksak din mga kamay niya sa sphere.

Sabay sila umatake sa sphere, si Homer lalo pinatibay yung sphere habang si Adolph todo buhos ng kanyang kuryente at pakidlat. Nanahimik yung arena, lahat nagpipigil pagkat mula sa likuran ng mga binata lumalabas sa lupa sina Venus at Charlie. Putikan ang mga dalaga na tumayo at ginamit ni Charlie ang kanyang wind fists para sakalin mula sa likuran ang dalawang binata.

Nagulat sina Adolph at Homer, umangat sila sa ere at may super laking kamao lumabas sa lupa at sinapol sila ng sobrang solid. Tumapis yung dalawang binata, talunan sa tuwa ang lahat ng tao nang nakabawi na ang dalawang putikan na dalaga. Ginamit ni Charlie ang kanyang wind darts at napin ang dalawang binata sa arena wall.

Lumabas ang dalawang super giant na kamao at tinamaan sa katawan ang dalawang binata. Careless ulit sila kaya bigla sila nakuryente. Yung bumagsak na Adolph nakayanan magpakuryente sa basang lupa kaya yung dalawang dalaga napaluhod.

Nagpalabas si Venus ng mud wall kaya yung mga dalaga nakaatras. Ang galit na galit na Adolph at Homer sumugod at sinira yung mud wall pero isa nanaman mud wall nilabas ni Venus. Madami siya pinalabas para maaktras sila ng kanyang partner at magpahinga saglit sa tindi ng kuryente na natamo nila.

Sigawan yung dalawang dalaga pagkat yung last mud wall may super laking alon ang gumiba dito at nahagip sila paagos. Bumira si Adolph ng kuryente sa makapal na putik sa lupa ng arena. Nakikita pa nila yung mga katawan ng mga dalaga na nangingisay. Walang tigil si Adolph nagpakuryente at pagkatapos ng isang minuto tumigil siya pagkat hindi na gumagalaw ang mga katawan.

Lahat tahimik, mga guro nakatayo at nagsibabaan na. “Uy are you okay?” tanong ni Homer at sabay sila lumuhod ni Adolph para icheck ang mga dalaga. Sina Raffy at Abbey kinakabahan narin pero nakita nila si Ysmael nakangiti. Tinuro ng matanda yung isang sulok ng arena kung saan lumalabas ulit yung dalawang dalaga.

Lahat ng tao nakita sila pero tahimik ulit sila, pagpisil ni Homer sa isang katawan biglang lumusot kamay niya. “Oh shit” bigkas ni Adolph at pumikit na siya. “Talo na tayo pare” bulong ni Homer pagkat may kakaibang pwersa na silang nararamdaman papalapit.

Humarap sila at last effort nagpaalon ng malakas si Homer. Yung alon sumugod pero bigla ito nawala pagkat pumapasok ito sa biyak sa lupa. Nagpakuryente si Adolph at sinapol ang mga dalaga ngunit bago pa tumama yung kuryente ay nabalot na ng makapal na earth shields yung katawan ng

magpartner. Si Venus kumuha ng lupa mula sa ilalim kung saan tuyo ito, yun ang ginamit niyang pambalot sa katawan nila ng kanyang partner para hindi dumaloy ang kuryente.

Mga tira ni Homer na water balls lahat lumilihis sa muling paghasik ng malakas na hanging sa paligid. Bumangga ang katawan ng dalawang binata pagkat may tumama sa kanilang mga hanging mula sa magkabilang dulo. Tawanan ang mga tao pagkat face to face sila at nagdikit ang kanilang mga mukha.

Yung putik sa lupa unti unti bumalot sa kanilang mga katawan. Hindi na sila makagalaw, “Give up now” sigaw ni Venus pero ayaw sumuko ng kanilang mga kalaban. Kumapal ng kumapal yung putik na sumasakal sa katawan nina Homer at Adolph.

Hanggang dibdib lang naman pero sumisikip yung putik kaya hirap nang huminga yung dalawa. “Give up now please” sabi ni Charlie pero wala silang naririnig na sagot, kakaibang hangin ang umihip, matatalim ang tunog nito at kita ng lahat nalalaslas ang mukha nung dalawang binata.

“Last chance” sabi ni Venus at yung putik umaabot na sa leeg nung dalawang kalaban. Nakita nila nag nod na yung dalawang binata kaya agad tumigil yung dalawang dalaga. Sumabog sa sobrang saya ang buong arena. Sina Venus at Charlie sinugod ng ibang mag aaral at bidang bida talaga sila.

Sina Raffy at Abbey pumapalakpak at nagbibigay pugay sa dalawang dalaga. Sina Charlie at Venus tumakbo at niyakap ang kanilang mga idol. “Oy oy” sabi ni Abbey pagat super lagkit ng yakap ni Charlie kay Raffy. Ang binata naman nakataas ang mga kamay niya kaya sobrang natawa si Ysmael.

“Hello, congratulations you two” sabi ni Ysmael at nakipagkamayan sa dalawang dalaga. “Grabe ate tayo yung maghaharap sa finals, grabe na ito

sobra na" sabi ni Venus. "Well sabi naman sa inyo practice and hard work" sabi ni Raffy.

"Are you two okay? Come come sa clinic, Hoy Erwin unahim mo mga to hayaan mo na sina Adolph at Homer at matatanda na sila" sabi ni Lani at kinaladkad yung dalawang dalaga.

Sina Raffy at Abbey napangiti at pinanood ang sobrang sayang dalawang dalaga. "Manonood talaga ako sa championships" sabi ni Ysmael. "Kaya pala tinawanan mo lang kami last time" sabi ni Abbey. "Nung sinabi namin handa na kami para kina Adolph sa finals" dagdag ni Raffy.

Tumawa lang si Ysmael at tinignan yung dalawa. "You knew they would win" sabi ni Abbey. "Of course, surprise" banat ng matanda at nagtawanan silang tatlo. "I still cant believe it" sabi ni Raffy. "Your mind may not believe it but I know you two can feel it"

"That is why you were attracted to them…to all of them"

Chapter 24: Grand Finals

Puyat ang mga guro sa pagpapalaki ng duel arena. Madami ang gustong manood ng grand finals lalo na isang di inaasahang team ang nakapasok. Pagbukas palang ng campus agad napuno ang arena kahit dalawang oras pa bago magsimula ang grand finals.

Final testing ang ginagawa ni Eric para sa pagpapatibay at pag aayos ng mga magic glass barriers. “Ano okay na ba?” tanong ni Hilda. “Madam iniisip ko pa ano ipapasiklab ng finalists. Naka ready na tayo sa pailaw ni Raffy, ready na din tayo sa super flames ni Abbey. Di ko lang alam ano pa gagawin nila” sabi ni Eric.

“Prepare for everything” sabi ni Felipe. “Tama si Felipe, mukhang exciting tong laban na to” dagdag ni Pedro. “Isama mo na lahat ng ginamit natin sa past duels, alam naman natin si Raffy nag aabsorb yan at baka may inipon na bala yan mula sa ibang nakalaban nila” sabi ni Ernie. “Good idea, basta idagdag mo na ang pwede idagdag, mahirap na nabulaga mamaya at baka pag di nakita ng crowd yung nangyari e sasabihin nila luto” banat ni Felipe.

Sa isang sulok walang tigil na inaasar nina Armina, Elena, Dominick at Jeff sina Adolph at Homer. “Nakakahiya grabe, tinalo ng grade nine” banat ni Jeff. “Aray naman” sabi ni Armina kaya nagtawanan silang anim. “Naging over confident kami masyado, pero grabe yung level up nila” sabi ni Adolph.

“Wow pare ikaw ba yan? Alam ginugulat mo talaga ako e. Ibang iba ka na” biro ni Homer. “Mas maganda na umamin kesa mag deny, we lost and let us accept that. Ginawa naman natin ang lahat kaya lang naging over confident tayo. Sila pinaghandaan nila tayo, oo tinalo natin sila pero binalikan tayo”

“Tayo naman nanalo tayo at inakala na natin kayang kaya na natin sila” paliwanag ni Adolph. “Alam mo Adolph if you keep up that change lalo maiinlove sa iyo si Elena” landi ni Armina. Sumigaw si Elena at sinabunutan

ang kanyang partner, “Tumigil ka walang ganon” sabi niya. “Umamin ka na kasi” hirit ni Armina at nagtawanan ang mga boys at pinagtuturo si Adolph. “Are you blushing?” tanong ni Dominick at biglang bumulagta sa lupa ang ibang lalake pagkat binanatan sila ng kuryente ni Adolph.

Isang oras nalang ang natitira at wala pang nakakita sa dalawang teams. Nagsisimula na ang ingay sa arena, siksikan na ang mga tao habang sa stage ang mga guro di mapakali. “Nasan na sila?” tanong ni Ricardo. “Nandito yung apo ko, sabay kami dumating pero sumama siya agad kay Charlie” sabi ni Lani.

“Just so you all know Raphael did not sleep in the house, ahem” landi ni Felipe at binatukan siya ni Pedro. “He slept in our home pero sa salas. Nag planning session sila kagabi” sabi niya. “Family planning?” banat ni Ernie at nagtawananan ang mga guro. “Do not worry about them, they will arrive on time” sabi ng isang boses at paglingon nila nanlaki ang mga mata nila pagkat nandon na si Ysmael.

“Makikinood ako dito, naubusan ako ng upuan sa bleachers. I hope you don’t mind” sabi ng matanda at nagpanic ang mga guro at nagsikuha ng magagandang upuan para sa dragon lord. “Sir refreshments?” alok ni Erwin. “Massage?” landi ni Felipe at tumawa yung matanda. “I am fine, I am just here to watch…pero sabi ni Raffy masarap daw yung footlong” banat ni Ysmael.

“Footlong! Chop chop” sigaw ni Hilda. Tumakbo sina Felipe at Pedro para kumuha ng pagkain habang yung iba star struck parin sa tabi ng dragon lord. Sampung minuto nalang ang natitira, sobrang ingay na sa arena at pinaghahandaan na ang pagdating ng mga finalists.

Hati ang crowd, may supporters sina Raffy at Abbey, lahat sila nakasuot ng gintong maskara. Sa isang bahagi ang mga supporters nina Charlie at Venus, sila naman ang nakasuot ng silver masks. Aliw na aliw yung dragon lord sa bangayan ng mga crowd, palakasan sila ng cheer at meron pang iba may

dalang mga placards. “I don’t remember this event being this lively” sabi niya at sobra siyang napangiti.

Tumunog na yung grand duel bell, sigawan na ang lahat ng tao at napatingin sa duel floor. “Representing the grade nine level…Charlene and Venus!!” sigaw ni Ricardo at mula sa isang entrance lumabas ang mga grade nine professors, suot nila royal robes nila at silver masks. Humilera sila at nagkunwaring may binigkas na dasal, biglang umihip ang hanging at at kitang kita ng lahat ang malakas na hangin gumagapang sa lupa.

Palakas ng palakas ito at sa isang iglap may nahulmang wind dragon figure kaya agad nagwild ang mga tao. Sa isang tabi mula sa lupa nahulma naman ang isang earth dragon figure, yung dalawang dragon biglang nagtagpo at sabay sila lumipad paikot sa buong arena.

Napatayo si Ysmael at sobrang pumalakpak kaya sumabay na yung ibang guro sa kanya. “And now…the defending champions…representing the Seniors…Abbey and Raphael!” sigaw ni Ricardo. Dumilim ang buong arena at sa kabilang entrance malakas na buga ng apoy nakita ng lahat.

Niluwa ng apoy yung mga senior professors, suot nila kakaibang flaming red robes at golden masks. Lahat sila naka pormang palaban, nakahilera din sila at sabay sabay lumuhod sa isang tuhod at tinuro yung dalawang dragon sa kabilang dako.

Mula sa katawan nila nagpaapoy sila at nagsama sama ang apoy nila at doon nabuo ang isang fire dragon. Humarap yung fire dragon sa dalawang kalaban na dragon at tila nagpalitan sila ng mga sigaw. Kitang kita ng lahat sa loob ng mga dragons nandon sina Abbey, Charlie at Venus kaya nagtataka sila kung nasan si Raffy.

“Kawawa naman anak ko, wing lang siya” bulong ni Felipe at tumawa si Ysmael at inakbayan siya sabay tinuro yung langit. Nakarinig ang lahat ng malakas na ungol ng totoong dragon. Yung tatlong dragon sa lupa napatingala at nakita yung totoong dragon na nag dive pababa.

Sigawan ang lahat ng tao nang makita si Raffy nakasakay sa totoong dragon, lumutang siya sa ibaba nung tatlong dragon, si Dragoro lumipad paikot sa arena, agad ito sinundan ng fire dragon, ilang saglit sumunod narin yung wind at earth dragon.

Palakpakan at sigawan ang lahat ng tao nang magpaikot ikot yung apat na dragon buong arena. “This cant be happening” bulong ni Hilda. “But it is” bulong ni Ysmael at yung apat na dragon humarap sa stage para magbigay pugay sa dragon lord. Tumayo si Ysmael at nginitian yung apat sabay yung apat na dragon lumipad papunta sa langit.

Ilang saglit apat na nilalang nalaglag at paglanding nila nakaporma na sila lahat at handa nang lumaban. “Everyone watch, the battle of the young dragons” sabi ni Ysmael.

Natapos ang formal bowing, nagtanggalan na sila ng robes at masks. Final bow at bago pa makasugod sina Raffy at Abbey nagpalabas na agad si Venus ng mga earth mini walls para hindi maka takbo pasugod yung kalaban. Si Charlie bumira agad ng mga wind darts sa sobrang dami kaya napilitan dumepensa agad yung mga grand champions.

Sumugod parin yung magpartner, magkahiwalay sila at galing sa dalawang direksyon. Lahat ng mini walls ni Venus tinalunan nila habang iniiwasan yung mga wind darts ni Charlie. Nakakalapit na sina Raffy at Abbey, nagpanic na yung kalaban nila at pinalibutan nila sarili nila ng earth barrier.

Sumigaw sina Raffy at Abbey at binira nila yung land barrier ng double magically charged flying kicks. Basag yung barrier, sigawan ang mga tao pero wala na sa loob sina Venus at Charlie. Sa malayo lumabas yung dalawang nakangiti pero yung magpartner nakangisi. “Attack” sigaw ni Abbey at nakatago pala sa likod ng isang mini wall yung iniwan niyang fireball.

Di napansin ng lahat yon pagkat lahat ng atensyon nila sa magpartner na sumusugod kanina. Nasapol sina Venus at Charlie, nabigla sila kaya nakatikim sila ng surprise attack ng grand champions.

Nagpalabas ng mas malalaking earth walls si Venus. Nagdikit sina Raffy at Abbey, “Dragon Charge” sigaw nila at sinugod nila yung mga wall at isa isa silang binasag gamit ang kanilang twin magically charged dragon punch.

Sumigaw si Charlie pagkat habang pasugod yung dalawa palapit sa kanila, may mga apoy gumagapang sa lupa galing sa magkabilang dulo at palapit sa kanila. Nagpalabas si Charlie ng wind walls para sugpuin yung umaatakeng mga apoy. Pinakapalan ni Venus yung huling earth wall sa harpan nila at tinaas pa ito. “They know wala silang laban sa physical attacks, Abbey and Raffy know that. Natalo sina Charlie at Venus sa physical attacks last time” sabi ni Ysmael.

Kinagulat nung lahat nung sabay tumalon yung dalawang teams. Alam nina Venus at Charlie tatalunin nung grand champs yung final wall kaya sumabay sila. Bago pa itira ni Abbey yung kanyang giant fireball, “Dragon breath” bigkas ni Charlie at kakaibang hanging ang kanyang binuga at napatapis yung grand champs palayo.

Nakatayo sina Venus at Charlie sa tuktok nung earth wall, lumuhod si Venus at nagpalabas ng isa pang wall kung saan babagsak sina Raffy at Abbey. Nagpalabas agad si Charlie ng wind darts, sumalpok sina Raffy at Abbey sa earth wall at napin sila sa doon pagkat tumama ang wind darts sa kanilang mga damit.

Tumalon sa ere sina Venus at Charlie, yung tinatayuan nilang earth wall biniyak ni Venus at ginawang maliliit na piraso. “Wind dragon roar” sigaw ni Charlie at yung maliliit na piraso na pinatigas na lupa umatake kina Raffy at Abbey. Sobrang bilis yung mga tama, sumigaw si Abbey pagkat kahit nakadepensa sila lumusuot yung ibang tira sa katawan nila.

“Total magic body defense!” sigaw ni Ernie at galit na galit siya. “Hinahon Ernie, they know that but they are conserving energy. Alam nila hindi madaling laban ito at pinaghandaan sila nung dalawa. Just watch” sabi ni Ysmael.

Sumugod na sina Venus at Charlie, sinusundan nila yung last batch ng mga flying earth pieces. “Return” bigkas ni Raffy at nagulat si Abbey at napatingin sa kanyang partner. Yung mga flying earth pieces nagreverse at nasigawan sina Venus at Charlie pagkat sila yung tinamaan ng kanilang special attack.

“Wind dragon breath” bigkas ni Raffy sabay siya naman ang gumamit sa inabsorb niyang wind magic ni Charlie. Lalo nila pinatapis yung mga kalaban. Nalusaw yung wind darts at nakawala na yung mag partner. Lahat ng balakid sa duel floor nabura ng kakaibang pahangin ni Raffy.

Bagsak sa lupa sina Venus at Charlie, dahan dahan sila bumangon pero nakita na nila yung bilis na pagsugod nung grand champions. Too late na yung pagbalot ni Venus ng earth shields sa katawan nila ng kanyang partner. Sabay na sila nasapol ng twin uppercuts ni Abbey. Tayuan ang lahat ng tao pagkat makikita na muli ang mabangis na first strike ng grand champions.

Habang nasa ere yung dalawang kalaban tumalon si Raffy at hinuli ang mga leeg nila. Pumikit si Lani pagkat nag dive si Raffy at tinama ang mga likod ng kalaban sa lupa. Mabilis siya lumihis pagkat nakalipad sa ere si Abbey at may hawak na twin fire balls na malalaki. Sumigaw si Abbey at bibitawan na mga

apoy niya pero sumigaw siya pagkat may super giant kamao mula sa lupa na sumuntok sa kanya pataas.

Sasaluhin sana ni Raffy ang pabagsak niyang partner ngunit may humawak sa kanyang wind fist at binangga sa isang arena wall. Tumayo sina Venus at Charlie, “Dragon hole!” sigaw ni Raffy at sigawan ang mga dalaga pagkat nashoot sila sa malalim na butas. “Oh my God” bigkas ni Lani at napahawak sa kanyang puso.

Ang galit na Abbey tumalon sa ere at handa nang tirahin ng apoy ang mga butas. “Dragon Hell!” sigaw niya. Binitawan niya yung mga apoy niya, lahat ng tao nakatayo na pagkat nakita na nila itong technique nung kinalaban nung dalawa sina Adolph at Homer. Lumapit yung grand champs para tignan yung dalawang nag aapoy na butas.

Grabe yung sigawan ng tao pagkat mula sa likuran lumabas sa lupa sina Charlie at Venus at tinulak sa butas yung grand champions. Nagbabaga parin ng apoy yung mga butas at naririnig yung sigawan nina Raffy at Abbey. Lumapit sina Charlie at Venus para tignan yung mga butas.

“Big mistake” bulong ni Felipe at napangiti si Ysmael. Mas grabe yung pagsisigaw ni Raffy kaya sina Venus at Charlie naawa at sumilip sa butas ng binata. “Illumina” narinig nila at sigawan ang dalawang dalaga pagkat mula sa butas sobrang lakas na liwanag ang lumiyab.

Nagsisigawan sina Venus at Charlie habang hinahaplos ang kanilang mga mata. “Mwihihihihihihi” narining nilang tawa at sigawan at tawanan ang lahat pagkat si Raffy lumutang palabas ng butas na naka Buddha pose pa. “You can come out now Abbey” sabi niya at sa kabilang butas lumutang si Abbey palabas, may flames sa mga paa niya ang nagcting bilang boosters.

“Mine!” sigaw ni Abbey at naghulma siya ng sobrang laking bolang apoy at tinira sa dalawang dalaga na wala pang makita. Sumapol yung malakas na apoy, dalawang nasusunog na katawan talon ng talon at bumagsak sa lupa.

Pinatay na ni Abbey mga apoy niya at paglapit nila sigawan yung mga tao pagkat mula sa dalawang butas lumutang palabas ang dalawang kalaban. Sunod sunog konti ang damit nila at sobrang mainitim ang kanilang mukha. Pagpindot ni Raffy sa isang katawan bigla iyo nabasag. “Oh shit” bigkas niya.

Paglingon nila si Venus galit nag galit at balot ang mga kamao niya ng lupa. Inatake niya si Raffy ng walang tigil na suntok. Ang binata nabigla kaya panay sapol ang tama sa kanyang katawan. Si Charlie naman kargado din mga kamao niya ng wind magic. Paatras ng paatras si Abbey sa tindi ng tira.

Nagkaopening si Venus, susuntok na si Raffy pero biglang nashoot paa niya sa isang butas. Nasubsob siya face first sa lupa, pinagdikit ni Venus ang dalawang kamao niya at binira sa likod ang binata. Si Abbey nagawang maghulma ng bolang apoy sa isang kamay niya. Itatama niya na ito sa mukha ni Charlie pero sinalubong ng dalaga ang isang kamay niya na may wind ball na pumatay sa sunog ni Abbey.

Sapol si Abbey sa mukha, si Charlie naglabas ng wind arnis na dalawa at walang tigil inatake si Abbey. Atras ng atras ang dalaga, may sugat na siya sa pisngi kaya may nilabas siya sa kanyang bulsa at agad tinapat sa mukha ni Charlie. Hawak ni Abbey ang isang iced ball, tumingin siya sa malayo at sumigaw. “Explode!”

Sumabog yung ice ball ng isang matinding illumina. Pumalapakpak si Ysmael at tinignan ang ibang guro. “Now that is what I call prepared…well done Raphael” bigkas ng dragon lord.

Napatigil ang kapangyarihan ni Charlie habang wala siyang makita, nadistract si Venus, akala ni Raffy makakaisa na siya pero nagalit ang dalaga at binalot ang sarili sa sobrang kapal na lupa at tinuloy ang pagtitira sa kanya.

Nakita ni Venus na nagwild na si Abbey at walang tigil na inaatake ang kanyang partner. Defenseless si Charlie habang nayanig pa utak niya kaya si Abbey sobrang bangis at nagpasiklab ng mga combo ng kicks at punches na tinuro ni Raffy at Joerel. Lahat napahanga kay Abbey, sumigaw si Venus at kinulong lower body ni Raffy sa lupa at inipit ito para di makawala.

Sinugod ni Venus si Abbey habang si Charlie unconscious na at bagsak sa lupa sa tindi ng mga tira na natamo sa nagwalang Abbey. Nabalot ng apoy si Abbey at nakipagsapakan kay Venus. Lahat ng tao nakatayo na pagkat ang bangis talaga nung bugbugan nung dalawang dalaga.

Si Raffy hindi makatakas sa pagkulong ng lower body niya. Isang solid punch sumapol sa baba ni Abbey at nagpatumba dito. Lahat ng guro handa na sumugod pababa pagkat nakita nila yung kakaibang apoy sa mga ng galit na Raphael. Tumayo si Ysmael at pinakalma ang lahat, “Let it him be” sabi niya. “But sir he might kill them all” sabi ni Hilda. “Let him be!” sigaw ng dragon lord kaya natakot ang mga guro at umatras.

Pinuntahan ni Venus si Charlie at nagising ang kanyang partner. Si Abbey ang knocked out kaya yung dalawang dalaga hinarap ang nakakulong na Raphael sa lupa. May kakaibang hangin ang bumalot sa katawan ni Charlie, dahan dahan sila lumapit kay Raffy, ang binata nanggagaliti sa galit at nakatingin parin sa kanyang partner.

Inatake na siya nina Venus at Charlie pero di niya iniinda mga yon. “Abbey…get up” bigkas ni Raffy yung boses niya dumagundong sa buong arena. Kinilabutan ang lahat ng tao, sina Adolph, Homer, Armina, Elena, Jeff at Dominick napahawak sa kanilang mga ulo pagkat may kakaibang kirot silang nararamdaman.

Walang tigil umatake ng sipa sina Charlie at Venus, tinignan sila ni Raffy at hinarap lang ang isang kamay at yung dalawang dalaga biglang napatapis sobrang layo. Yumanig ang lupa at nakalabas si Raffy sa butas at nilapitan ang kanyang partner.

“Abbey wake up…stand up” bigkas ni Raffy at sumugod ulit yung dalawang dalaga pero hinarap lang ni Raffy ang kamay niya at muling napatapis sa malayo ang dalawa. Nagising si Abbey, lumuhod si Raffy at hinaplos ang mukha ng kanyang partner Yung laslas agad naghilom, naupo si Abbey at napangiti. “Did we lose?” tanong niya. “Its not over yet…come let us finish this” sabi ng binata at sabay sila tumayo at humarap kina Venus at Charlie.

“Stay behind me..” bulong ni Raffy at nagtago si Abbey sa likod ng binata at yumakap. Lumalakas si Abbey pero may kakaiba siyang nararamdaman sa kanyang partner. Tumira ng wind darts si Charlie at bago ito tumama sa katawan ni Raphael parang may light barrier sa katawan ng binata kaya palakpakan ang mga tao pagkat nalulusaw yung mga darts.

Si Venus tumira ng earth balls pero may kakaibang wind barrier sa katawan ni Raffy na nagpapalusaw sa earth balls bago pa ito tumama sa katawan niya. Umatake ulit yung mga dalaga pero ngayon sinasalo ni Raffy yung mga tira at binabalik sa kanila. Tumawa ang mga dalaga pagkat walang epekto ang pagbabalik ni Raffy sa mga tira nila.

Nakahuli si Raffy ng isang earth ball at isang wind ball, pinagsama niya ito , hinati sa dalawa at yung ang tinira niya sa kanilang mga kalaban. Isang mala komentang earth ball na may sharp wind orbits na bumabalot dito ang tumama kina Venus at Charlie.

Confident ang mga dalaga pero si Charlie unang nasapol, walang epekto yung wind orbits pero yung earth ball tumama sa katawan niya at nagpatipis. Si Venus nagsisigaw pagkat nilaslas ng wind orbit yung earth shield niya sa

katawan, nabutas yung shield niya at tumama na yung sobrang lakas at bilis na earth ball sa kanyang dibdib kaya pati siya tumapis sa malayo.

“Are you ready Abbey?” bulong ni Raffy at bumitaw na yung dalaga at tumabi sa kanyang partner. Hinayaan nila makatayo ang kanilang kalaban. May namuong dark cloud sa buong duel area, sabay nagliyab ng apoy mga katawan nina Raffy at Abbey.

“Dragon Rain” bigkas nila at mula sa dark clouds biglang umulan ng mga patak ng apoy. Di alam ng manonood kung mabibilib sila o matatakot, sina Venus at Charlie naging abala sa pagtatago, wala na maisip yung dalawa kundi gumawa ng earth shed sabay pinalubutan ni Charlie yon ng sharp wind orbit para di makalapit yung mga kalaban.

Lalong nagbaga ng apoy yung katawan nina Raffy at Abbey, takot na takot na sina Venus at Charlie pagkat lalong tumindi yung pag uulan ng apoy. Yung earth shed nila nalulusaw, kahit gumawa ulit si Venus ay walang nang epekto ito pagkat tinitibag talaga siya nung malakas na ulan ng apoy.

Pinatindi ni Charlie yung wind barrier, nagpapanic na yung dalawang dalaga kaya tinitira nila yung nag aapoy na katawan nila Raffy at Abbey ng kung ano ano nang mga tira. Nung napagod sila at tila naubusan na ng magic power tumigil yung ulan at yung nag aapoy na mga katawan biglang nalusaw.

Napalingon sa paligid yung dalawang dalaga, lahat tahimik pagkat di nila alam saan nagtatago yung grand champs. Mula sa ulap bumaba sina Raffy at Abbey at sapol sa likod yung mga kalaban ng landing kicks. Naset up na ni Raffy yung dalawa, sinakal niya sila at tinapon sa ere kung saan tumakbo si Abbey at tumapak sa likod ng partner niya para habulin yung lumipad na mga kalaban.

“Dragon Dive” sigaw ni Abbey at parang kometa sila pabagsak sa lupa, ang lakas ng kalabog ng pagtama ng likod nina Venus at Charlie sa lupa. Lumayo si Abbey at tumabi sa partner niya. Knocked out na yung dalawang kalaban kaya napatingin ang lahat ng manonood sa mga guro at pinatigil na nila yung laban.

Tinaas ni Raffy yung kamay ng kanyang partner, standing ovation ang lahat ng tao at pinalakpakan sila. “He is going to collapse” sabi ni Ysmael at pagtingin ng lahat kay Raphael at sakto na bigla ito bumagsak sa lupa.

Chapter 25: Young Dragons

Nagising si Raffy sa pag gamot ni Abbey at Erwin sa kanya. Sakto awarding ceremonies na at nauna nabigyan parangal yung magiting na underdogs. Nakatanggap ng special medals sina Venus at Charlie, standing ovation ang lahat ng tao para sa kanila kaya yung dalawang dalaga halos mapaluha.

“Taas noo, you gave us a good fight” sabi ni Raffy. “Are you okay kuya?” tanong ni Charlie at sumingit si Abbey at inakbayan ang partner niya. “Of course he is, pero grabe kayo ha, ang bilis niyo gumaling” sabi ni Abbey.

“And now…our grand champions for two consecutive years!!! Raphael and Abbey!” sigaw ni Ricardo at mas malakas na sigawan at palakpakan ang naganap. Tumayo yung dalawa sa podium at nagulat sila pagkat kakaibang tropeo na gawa sa solid gold at buhat ng kanilang mga ama.

Sinubukan buhatin nung magparter yung tropeo nila pero sobrang bigat nito. “Pure gold” bulong ni Ysmael mula sa malayo kaya nanlaki ang mga mata nung magpartner, tinitigan nila yung mga statue sa dulo ng tropeo nila at lalo sila namangha pagkat gawa sa diamond ang mga pigura nila doon.

Nagkaroon ng celebration sa buong campus pagkatapos ng awarding cemermonies. Nagsama sama ang mga year level champions sa isang tabi at nagkakatuwaan sila. “Wow kayo yung lalaban sa inter school” sabi ni Adolph. “Uy inggit” landi ni Armina at nagtawanan sila.

“Guys we are going to need your help, as in since kayo yung strongest we need you to help us train” sabi ni Raffy. “Kaya nga e, pero kuya teach us to be wise din naman. Galing ng mga tactic niyo ni ate e” pacute ni Charlie at sumingit ulit si Abbey at inakbayan ang partner niya.

“Oh dear it takes a lot of practice. Pero since sabay naman tayo magtraining e isasama namin kayo lahat sa isang special training” bulong ni Abbey. “Anong special training?” tanong ni Adolph. “Nakikita niyo sila? Ayon o” bulong ng dalaga sabay tinuro yung isang alagad.

“No way, makikipagtraining tayo sa elite?” tanong ni Homer. “Shhhh…kami na bahala, ano gusto niyo?” tanong ni Abbey. “Oo ba, pero wow totoo ka sa elite tayo makikipagtraining?” tanong ni Armina. “Oo basta kami bahala, sige na party party muna tayo” sabi ni Raffy.

Tinipon ni Ricardo ang lahat ng guro sa conference room sa ilalim ng school. Lahat sila masaya pagkat maganda yung laban nung dalawang grupo. “Now before we discuss the inter school alam ko nanggigil kayo magtanong” sabi niya at nagulat ang lahat nang pumasok yung dragon lord.

“Sit down, let me answer your questions” sabi niya. “Did you teach Abbey and Raffy?” tanong ni Hilda at tumawa yung matanda. “Of course not, lahat ng nakita niyong moves nila at tactics it is all them” sabi ni Ysmael.

“Sir, how did you know he would collapse?” tanong ni Erwin. “Ogag dragon lord nga e. syempre ramdam niya yung dragon power ng anak ko naubos” sabi ni Felipe. “No, pero yung mga huling sandali ng laban nila if you noticed Raphael almost went into the cursed dragon state” sabi ng dragon lord.

“Alam ko napansin niyo yon, but you see hindi nagtuloy. He took control of himself. Kung hindi siya nag control then…you know what happens” sabi ng matanda. “So he controlled it pero may kakaiba parin na nangyari e” sabi ni Eric at pinalabas niya yung mga magic screens.

“Meron isang time nung nagwawala siya, look at Armina, Elena, Adolph, Homer, Jeff and Dominick…look at them” sabi ni Eric at kita ng lahat na sabay sabay sila humawak sa kanilang mga ulo at mga mata nila nagliliyab. Tumawa

lang si Ysmael at isang pitik ng kamay niya nagbago yung screen at pinapakita si Felicia na nakahawak din sa ulo niya at nagliliyab ang kanyang mga mata.

“Nakalimutan niyo siya at sila” sabi ni Ysmael sabay isang pitik ulit ng screen at pinakita yung stage kung saan sina Pedro at Felipe nakahawak din sa kanilang ulo at mga mata nila nagliliyab. “Pati kayo?” tanong ni Hilda. “ha? Wala ako maalala” sabi ni Pedro. “Ako din” sagot ni Felipe kaya lahat napatingin sa dragon lord.

“Madami kayo tanong at sige sasagutin ko na sila. All of them they are the young dragons except Felipe and Pedro” sabi ng matanda at natulala ang lahat. “Akala ko ba there can only be one set of dragon users?” tanong ni Prudencio. “Ows?” landi ng matanda.

“Yes, sa libro yun ang sinabi, there can only be one set of dragons except when the cursed dragon emerges and that is Raffy and Abbey” dagdag ni Ricardo at tumawa yung matanda. “Maski ako gulat nga e pero as the dragon lord I am surprised in the emergence of the young dragons”

“I don’t know if this has ever happened before, pero it is happening now. Armina and Elena the dragons of the mist. Adolph the sky dragon, Homer the water dragon, Dominick and Jeff the brute force dragons, Charlene the wind dragon, Venus the earth dragon and of course Felicia the ice dragon” sabi ni Ysmael.

“Pedro and Felipe the older fire dragons, then there is Abbey the cursed dragon” sabi ng matanda. “How about Raffy?” tanong ni Hilda. “Oh of course nakalimutan ko lang siya banggitin, Raffy and Abbey pala” sabi ng matanda sabay ngiti.

“The two have found them all and called out their dragon abilities. They still do not know it but soon Raffy and Abbey will show them the way. So ladies and

gentlemen, behold the young dragons" sabi ni Ysmael at sa screen naka litaw ang lahat ng litrato ng mga estudyanteng dragon users. "Oh my God, I cant believe this" sabi ni Hilda.

"Alam mo may nabasa ako na totoo nga na may fire, earth, wind, basta madaming klaseng dragon pero nangibabaw yung fire at cursed dragons which are the strongest kaya natabunan na yung tungkol sa iba. But I myself cannot believe this is happening having them all present" sabi ni Prudencio.

"Maybe this is a sign" sabi ni Ysmael at napalunok ang lahat. "Pero you still have not answered one question, bakit alam mo mahihimatay si Raphael?" tanong ni Felipe. "Iho, Raffy and Abbey never meant to hurt their opponents. You see Raffy saw the fear in the eyes of Venus and Charlie"

"Di tulad sa ibang kalaban nila itong dalawa ang youngest at kahit sabihin na natin they won amazing duels they are still scared for what they do not know. Raffy felt that and took advantage. Nagparamdam lang siya sa kanila to scare them and look what happened"

"Nagpanic yung dalawa at nagbersek mode. He used all his power to put on a show to install fear in the two to make them focus on him and not on Abbey who was already knocked out. It is normal for us to attack who we think is the strongest, Raffy put on a show making them feel that para lahat ng atensyon sa kanya"

"He used his power to defend using magic kaya lalo natakot sina Venus at Charlie nung nakita nila walang talab ang mga atake nila sa galit na Raffy. So what happens when you see that?" tanong ni Ysmael.

"The more magpapalakas ka at the more ka aatake" sabi ni Ernie. "Correct, dahil sa takot nagpanic yung dalawa at hindi na sila nakaisip ng maigi. Raffy went to Abbey and cured her, while she was recovering he used all his energy

to repel the attacks of Venus and Charlie. Grabe yung takot nila, did you see that?"

"Pero if you calm down and think all Raffy was doing was defending and attacking using wind. Yes lalo natakot yung dalawa nung hinuli niya mga atake nila, pero as we know that is easy, he already did that last time pero dahil sa takot nga yung dalawang dalaga forgot that"

"Sa isipan nila eto na si Raffy, diamond rank Raffy, yung Raffy na taga Norte showing his super secret powers" sabi ni Ysmael sabay tumawa ng malakas. "He did that to make Abbey recover, tapos you say they did not mean to hurt their opponent pero last attack nila…Dragon Rain" sabi ni Pedro.

"Oh that one, I have seen them practicing that, trust me pakitang gilas lang yon. You should see the whole version, yung pinakita nila was just to scare Venus and Charlie, like I said they did not mean to hurt them" sabi ni Ysmael.

"Wow, so pano yung complete version non?" tanong ni Eric. "Sorry I cannot tell you and Raffy was too weak too. Abbey was recovering, pero siya dapat lalakas din since magkatabi sila pero binubuhos niya lahat ng power niya to put on that show to really get the two scared"

"Charlie and Venus were desperate and so inubos din nila powers nila attacking randomly. Raffy knew that would happen, how did he make it rain? At first it was small flames if you noticed, that was all him then when Abbey recovered sya naman ang nagpaulan"

"Nagtago sila sa flames, they went invisible and hid in the clouds and let Venus and Charlie use up all their powers. Nung napansin nila wala na saka lang sila bumaba and finish the duel with their combined physical and theatrical attack" paliwanag ng dragon lord.

“Wow, so they never meant to hurt them. Tama kasi yung dragon hole at dragon hell…di masyadong solid” sabi ni Hilda. “Oh it was, but it was easy for Venus and Charlie to escape that since Venus is the earth dragon and she can easily move under the earth” sabi ng dragon lord.

“Sir, how come Venus and Charlie were able to knock out Abbey? And even hurt Raffy?” tanong ni Erwin at tumawa and dragon lord. “If you will notice this year mas hirap mag heal sina Raffy and Abbey, yes they still heal faster than normal thanks to their dragon power but kaharap nila kapwa dragons nila what do you expect?” sabi ng matanda. “I see, kaya pala kanina ang tagal magrecharge ni Abbey” sabi ni Erwin.

“Dragon Rain…is that really deadly?” tanong ni Hilda. “Almost similar to their dragon temple. Nakita ko na yung full version nung Dragon Rain pero di pa nila namaster maigi. You see Raphael is curious, he does not know how powerful he is and I want it to remain that way”

“He learned the elements, now he is formulating their new techniques using those basic elements. He feels he is weak so he chose the basic elements to formulate really good techniques, siya gagawa ng plano at inaasahan niya si Abbey magpalakas dito. Sagot niya yung basic then Abbey adds the killing instinct to it. He does not know that it takes really great power to do those techniques he is doing, pero sa isip niya akala niya simple sila” sabi ni Ysmael.

“So sir are you going to teach the other dragons?” tanong ni Prudencio. “Soon, sabihin na natin sina ang tiwala ko kina Raffy at Abbey palang, for now I think may binabalak silang training. I am sure Hilda narinig mo nanaman yung balak nila” sabi ng matanda at nagtawanan ang lahat. “Pero I cannot allow that, lahat sila sasama sa elite squad?” tanong ni Hilda.

“Let them” sumbat ng dragon lord. “Good luck Joerel” landi ni Pedro at muli sila nagtawanan. “Yung kulit ni Raffy di mo na nga kaya ngayon kasama na niya si Adolph, oh boy you are so dead” banat ni Felipe.

“Pero how about Felicia?” tanong ni Romina. “Ah yes Felicia, do not worry about her. Like I said Raffy and Abbey found the others, they will find a way to make her join them soon. So kung wala na kayong tanong akoy aalis na muna at ihahanda ko pa yung favorite food nung dalawa sa bahay ko” sabi ni Ysmael.

“Is there something you are still hiding from us?” tanong ni Prudencio at nagatitigan sila ng dragon lord. “Kung ano man nasa isip mo Prudencio keep it to yourself first. Kung kumalat ang balitang yan ikaw ang una kong totostahin” banta ni Ysmael at nanginig ang lahat ng guro at tinignan si Prudencio.

Umalis ang dragon lord, lahat nakatingin parin kay Prudencio. “Hush do not ask him anymore. Prudencio kung ano man nalalaman mo itago mo na muna” sabi ni Hilda

“He said it must be a sign” bulong ni Ricardo. “Last time narinig ko meron mga nagsama samang mga dragon users, pero ito nakwento lang to ng lolo ko noon pa. That was a really big war of magic users. Pero of course kwento lang yon at yung lolo ko nasa mental hospital” sabi ni Prudencio.

“So baka totoo yon?” tanong ni Erwin. “Siguro kasi look we are all surprised to even see so many of them. E nagpaniwala na tayo sa mga libro saying there can only be one dragon except when the cursed dragon appears” sabi ni Pedro.

“E yun naman talaga ang nasa history books. All books coincide to that same story” sabi ni Hilda. “Diyos ko po, Raphael at Abbey na nga lang naubos na ang natitirang buhok ko, pano pa kung tuturuan ko yung iba?” tanong ni Ernie at halakhakan ang lahat.

“Look at them, sino mag aakala na dragon users sila” sabi ni Hilda habang nakatitig ang lahat sa screen. “And we thought Raffy and Abbey were forming their army. Kaya pala naattract sila sa kapwa dragon users nila” sabi ni Felipe.

“Pero he said that hindi pa nagmanifest masyado yung powers nung iba. I think only Venus and Charlie are aware they have something different inside them” sabi ni Romina. “Well let us all get ready then, now let us discuss the inter school duels” sabi ni Ricardo.

“So its going to be Venus and Charlie that goes with Raphael and Abbey. We have to train them” sabi ni Felipe. “Ahem, ayon sa narinig ko naunahan na nila tayo. Tulad ng sinabi ni dragon lord they all decided to train under the elite squad pero I think we should still train them all” sabi ni Hilda.

“All of them? E dalawang teams lang yung isasali natin” sabi ni Ernie. “All of them, narinig niyo yung dargon lord at sabi niya all of them” sabi ni Hilda. “Right all of them, okay pero this is going to take up a lot of our time” sabi ni Ernie.

“Novemeber palang, maaga tayo natapos this year. As we wanted para maensayo natin sila para sa inter school duels. Alam ko sa Mayo pa magaganap yon so we have six months to really get them ready” sabi ni Ricardo.

“Hindi na larong bata yung inter school duels, dito sa atin we have strict rules on our duels pero doon sa inter school…anything goes” sabi ni Prudencio. “Totoong bakbakan?” tanong ni Pedro. “Yes, as in real duels and not like our duels here in our school” sabi ni Lani.

“Sino ba sa tingin niyo ang kailangan natin paghandaan? Yung norte o sur?” tanong ni Ernie. “Both of them” sabi ni Hilda.

Samantala sa batis nakaupo si Felicia mag isa nang may tumabing matandang lalake sa kanya. “Why the sad look on your face iha?” tanong ni Ysmael. “Wala po lolo, naiinggit lang ako sa mga nanalo” bulong ng dalaga.

“Maybe next year” sabi ni Ysmael at tumawa ang dalaga at tinignan ang tubig. “Yeah right, how are we supposed to win against Raffy and Abbey?” tanong niya. “They almost got beaten diba? Malay mo next year kayo yung makakaabot sa year level finals” sabi ng matanda.

“Di ko na inaasahan yon lolo, masyado sila malakas ramdam ko yon” sabi ng dalaga. “Malay mo isang araw ikaw ang partner ni Raphael” sabi ni Ysmael at lalong natawa si Felicia. “Imposible na yon lolo, as if papayag naman si Abbey” sabi niya.

Tumayo si Ysmael at tumawa ng malakas, “Nothing is impossible iha” sabi niya at bigla siya nawala. Napalingon si Felicia at hindi na makita yung matanda. “Me and Raffy partners? Impossible…” bulong niya at tinignan niya reflection niya sa tubig, may nabuong ice doon at mukha ni Raffy ang nahulma.

“Sana”

Chapter 26: Paghahanda

Isang Sabado ng umaga habang nag aalmusal sina Felipe at Violeta biglang dumating si Franco. “Come join us daddy” alok ni Violeta. “Oh dad bakit ang aga niyo? Nakaalis na si Raffy, maaga siya pumunta sa school kasi may training sila” sabi ni Felipe.

“Ikaw ang pinunta ko dito, heto mga video ng training ng mga makakalaban niyo sa exhibition matches” sabi ng matanda. “Dad parang wala kayong tiwala sa amin ni Pedro” sabi ni Felipe. “Hindi sa walang tiwala, nag aalala lang kami masyado kasi baka pag natalo kayo ni Pedro ay…baka hindi maganda ang epekto kina Raffy at Abbey” sabi ni Franco.

“Ganon parin yon, nag eensayo kami ni Pedro ng maigi. We are worried about that too so relax” sabi ni Felipe. “Bago ka magsalita panoorin niyo muna yang video. Oh by the way may natanggap akong sulat galing kay Raffy” sabi ng matanda at may nilabas siyang envelope. “Pati ako pero di ko pa binuksan” sabi ni Felipe at si Violeta ang kinabahan.

“Open it! Now! Baka naglayas na siya, oh my God open it!” sigaw niya kaya natakot yung dalawa at paspas nila binuksan yung sulat nila. Sabay napataas kilay nung mag ama, sumilip si Violeta at biglang natawa. Pareho sila nakatanggap ng post card kung saan litrato ni Abbey at Raffy yakap ang kanilang sobrang gara na tropeo.

Yung kay Franco may nakasulat sa baba na, “Tabla na po tayo, we both have two” kaya sobrang natawa yung matanda. Kay Felipe naman, “Daddy, two down, pero ganda ng trophy no? Ganda no?” nakasulat don kaya tawanan yung tatlo. “Loko loko talagang bata yan, anyway aalis na ako so if you have time you watch the videos” sabi ni Franco.

Samantala sa magic wall kapapasok nina Pedro at Abbey. Ang dalaga hawak ang phone niya sabay binabangga ang tatay niya para tignan nito ang kanyang

wallpaper. “Daddy…ang ganda no?” landi ni Abbey. “Will you stop, ilan beses mo na pinakita sa akin yan” sabi ni Pedro. “Pero daddy tignan mo pa para mamemorize mo itsura nung trophy namin” banat ng dalaga.

“Memorize ko na, Diyos ko ang laki ng pinagawa mong poster niyo. Pinaskil mo pa sa living room natin” sabi ni Pedro at tumawa si Abbey. “Meron pa isa sa room ko, gusto niyo ba lagyan natin room niyo?” pacute ng dalaga. “Alam mo Abbey walang maganda nadudulot ang kayabangan” sabi ni Pedro. “May pinagmanahan siguro ako” hirit ni Abbey kaya napakamot nalang ang kanyang ama.

Sa library nakatambay si Venus at busy siya nagbabasa ng magic books. “Venus come on its time for training” sabi ni Raffy na sumundo sa dalaga. Niligpit ng dalaga ang mga libro, sakto kararating nina Cessa at Felicia. “Uy Raffy tapos niyo na ba ni Abbey yung report niyo?” tanong ni Cessa.

“Ay oo tapos na, akala ko tapos niyo na rin?” sagot ng binata. “Hay naku alam mo naman itong si Cessa si miss paranoid when it comes to studies. Feeling niya pwede pa pagandahin yung report” sabi ni Felicia. “Oo na oo na, tara nalang sa mall then” sabi ni Cessa.

“You know what kung wala kayo mapuntahan why don’t you join us?” alok ng binata at nagulat yung dalawang dalaga. “Para lang sa champions yung training no, di para sa losers” sabi ni Felicia. “Don’t say that, actually I might need your help. Kasi may videos daw nakuha si sir Eric, I might need you Cessa to help me analyze the techniques of the opponents”

“Ikaw Felicia we need your help kasi you are a strong ice user. Gusto namin ready kami so baka may maituro kang mga technique sa amin. Sige na sama kayo, ako bahala sa iba” sabi ni Raffy. “Oo ba” sagot agad ni Felicia sabay napangiti. “Oo ba? Para kang sira, nakakahiya sobra no baka sabihin nila mafeeling kami at sumasabit sa inyong champions” sabi ni Cessa.

“Don’t you ever say that, tara na ngayon lang ako hihiling naman e” lambing ng binata. “Sige na ate, please” sabi ni Venus. “Wag ka na maarte Cessa lets go” sabi ni Felicia. “Pero nakakahiya kasi e” sabi ni Cessa. “Ako bahala, kung may tutukso sa inyo iharap natin si Adolph” banat ni Raffy at nagtawanan yung apat.

Habang naglalakad nakangiti si Felicia kaya siniko siya ni Cessa. “Kung makangiti wagas” bulong niya. “Che, wag kang makikialam” sagot ni Felicia. “Hoy Felicia” bulong ni Cessa at muli sila nagtitigan. “We are just going to help them, at training yon so we can get better din naman” sagot niya. “Yeah right” landi ni Cessa at nagkurutan yung dalawa.

Sa school grounds sila nagtipon tipon, dumating si Eric at may nilabas siyang magic screen kung saan may napanood silang laban. Isang matanda humataw ng super giant fire ball sa dalawang estudyante na naka berde. Napailing ang lahat pero agad natulala nang lumabas sa apoy yung dalawang estudyante at mabilis na intake yung guro at natumba ito.

May sumulpot na isa pang guro at hinataw ng magical iron bat yung dalawang estudyante sa likod ngunit tila walang nangyari. Humarap lang yung dalawang estudyante at binira ng magically charged punch yung guro at tumapis ito. Pinatay ni Eric yung video sabay tinignan sina Raffy, Abbey, Venus at Charlie. “Wait there is more” landi niya.

Isa nanamang video nagpapakita ng sobrang bangis na estudyante. Super bilis ng atake nila, wala pang isang iglap lasog lasog agad ang damit ng guro at bugbog sarado ito. Pinatay ni Eric yung screen at nakita na tulala lang yung mga estudyante kaya tumawa siya. “And one more team” sabi niya. “Ha? One more team? Tanong ni Abbey.

Sa screen dalawang estudyante na naka orange, maliksi din sila at mabangis pero di tulad nung mga nauna para lang silang normal duelists.

Pinatay ulit ni Eric yung screen at dumating si Prudencio. “Yes, the institute has reinstated the fourth school, do not worry binabantayan sila maigi.

“Now that you have seen what you are up against, sad to say yung mga nakita niyo hindi pa sila yung mga champions nila” sabi ni Hilda at nabalot na ng takot yung mga estudyante. “If you are trying to scare us it is working” bulong ni Raffy. “No iho, we are telling the truth” sabi ni Hilda.

“Sus Raffy kunwari pa o, e galing ka don e” sabi ni Adolph kaya napalunok si Raffy, tinignan mga kasama niya at tumawa. “Raffy talaga o, nakikiramay ka pa sa amin. Wag ka na humble at ilabas mo na ang mga natutunan mo doon” sabi ni Armina. “Patay” bulong ni Abbey at nagtitigan yung mag partner.

“Kaya nga si Raffy nakaisip nito” sabi ni Joerel na biglang sumulpot. Namangha ang lahat nang napalibutan na pala sila nung mga elite squad members. “I know you are worried, alam ko kinakabahan ka makarating sa Norte, pero we have it under control. Sige lang magpanggap ka muna dito” bulong ni Hilda.

“Now tama na satsat, nagtataka siguro kayo bakit lahat kayo nandito e two teams lang magrerepresent sa school natin. Raffy has requested to train you all, kasi the rest will help them train later. Kailangan nasa tip top shape kayo at kailangan ilabas ang full potential niyo para mas maganda yung pag train niyo sa kanila”

“Alangan na sila lang itrain namin tapos pag nag practice duel kayo wala na kayo ibubuga. Sila aabante sa traning, tapos kayo ulit kakaharapin? Parang kalokohan na yon diba? So while they level up, lahat kayo maglelevel up. Kung tinalo nila kayo sa training, you practice harder para sa next sparring session niyo hindi na kayo matatalo” sabi ni Joerel.

“Isa pa, hindi natin masasabi kung ano pwede mangyari, maaring maaksidente ang isang team, di ko naman dinadasal yon pero what if lang naman. So may extra team tayo to take their place. Tinatanong niyo siguro bakit hindi nalang yung mga professor ang makipagsparring?”

“That question shall be answered later when you get to watch the exhibition matches. Makikita niyo pano talaga lumaban ang mga wizards and professors. We professors fear that kung kami ang makikipagsparring baka may bad effects ito, isa baka may maituro kaming forbidden, then baka madismaya lang kayo” sabi ni Hilda.

“Yes we shall spar with you on a limited basis. May limitasyon kami, nakita niyo naman sa video yung mga guro doon pigil sila. Oh trust me kung gusto lumaban ng mga guro nila iba makikita niyo. This event is for students so its best if kayo kayo magsparring, pero syempre aalalay kami” sabi ni Ricardo.

“We have six months to get them ready, your training will be both physical and magical in nature. The other schools are more on physical attacks that is why we are here to help. But that does not mean your opponents are not magically capable, they are trust me so that is why the professors are here too to help” sabi ni Joerel.

“All your early mornings belong to us now, we exercise early in the morning before your classes. You stay late in the afternoon for special lessons. Saturdays and Sundays we spar and more training” sabi ni Hilda. “That is why you all have special quarters in the campus, you shall stay here, your parents have been notified about this. You don’t have to worry about anything” sabi ni Ricardo.

“In six months we shall be known as the Avengers” banat ni Raffy at nagtawanan ang lahat. “Teka bakit kasama sina Felicia at Cessa?” tanong ni Hilda. “Kasama sila” sumbat ni Raffy at nagkatitigan sila. Sina Felicia at Cessa

biglang napayuko, “Kasama namin sila lola” sabi ni Abbey. “Okay then, goodluck” sabi ng matanda.

Samantala sa isang conference room sa paaralan sa Norte tinipon ni Ernesto ang kanilang mga champions. Pinanood nila yung video ni Raffy at Abbey habang nakikipaglaban. Nandon si Dan Torres at kanyang partner na si Melvin Roque, yung dalawang binata bungisngis habang pinapanood yung video.

Ang mag pinsan na Olivia Chu at Ryan Tan naman naka focus lang kaya yung ibang guro nakangiti. “So what can you say about them?” tanong ni Ernesto. “Yun lang?” tanong ni Dan at nagtawanan sila ni Melvin. “Kahit kami ni Dan nalang iharap niyo sa mga yan e” pasikat ni Melvin.

“They are good but I am not impressed” sabi ni Olivia. “Tapos yan ang kinakatukan niyo na makakaharap namin? Mas challenging ata yung mga taga Sur” sabi ni Ryan. “Hoy wag kayo magyayabang, baka mabulaga kayo ng mga yan” sabi ng isang magandang dalaga na nanonood mula sa likuran. “Hoy Samantha bakit ka nandito? Loser ka naman diba?” banat ni Dan.

“You four may go out now and continue with your training, Samantha may I have a word with you” sabi ni Ernesto. Naiwan nalang yung dalawa sa conference room, ang dalaga pinapanood pa yung video nina Raffy at Abbey. “Can you keep a secret?” tanong ni Ernesto.

“Of course sir” sagot ni Samantha. Kinuwento ni Ernesto ang sitwasyon ni Raffy pati yung pagpapanggap niyang taga Norte siya. Nang matapos yung kwento nakangiti ang dalaga at parang kinikilig. “Aw, he did that?” tanong niya. “Yes iha, he did not know he was a magic user. Chain of events yung nangyari pero love at first sight yung nagsimula sa lahat” sabi ni Ernesto.

“So cute naman the story sir, pero I must say he is good” sabi ni Samantha. “So my request is that you be their tour guide when they arrive, the problem is

his schoolmates will expect that he is from here. So do you have any ideas on how we tackle this problem?" tanong ng matanda. "Sir di ba mas madali kung buong school natin kasama sa gimmick na ito?" tanong ni Samantha.

"Pride iha, mabubuking at mabubuking yung sikreto ni Raffy. Inaasahan kita kasi you are the most loved here in our school. So maybe you can pretend that you and Raffy are long time friends" sabi ni Ernesto. "Walang problema sir, ako na bahala sa lahat. May plano na ako" sabi ng dalaga.

"Pero iha yung kwento mo dapat mag coincide sa kwento naming mga guro" sabi ni Ernesto. "Sir relax, madami naman dito students na di napapansin diba? Lalo na the weak ones, yan ang problema sa school natin at sa lahat ng schools narin ata. So let us just say he is a weak one from here at yung group ko lang nakapansin sa kanya nung nandito siya"

"Relax sir as early as now ikalalat ko na balita that I know him. Then sasabihin ko na he was from here. Of course magtataka yung iba, so that is where you come in, get ready with documents and pictures or whatever" pacute ng dalaga. "Okay iha, let us help this boy out" sabi ni Ernesto. Bago lumabas si Samantha napatigil siya at tinignan muli yung video ni Raffy at Abbey.

"Sir, why are we helping him out nga pala?" tanong niya. "Because this boy is special" sabi ni Ernesto. "Okay sir" bulong ni Samantha at matagal niya tinitigan ang mukha ni Raffy sa screen sabay napangiti siya. "Classmate" sabi niya at tumakbo na siya palabas.

Sa mga sandaling yon sa isang conference room sa paaralan ng Sur nagtipon tipon din ang mga guro kasama ang kanilang champions. Makakatabi sina Vera Chavez, Wendy Belen, Michael Torres at John Aquino sa isang tabi at pinapanood ang video nina Raffy at Abbey.

Di sila kumikibo habang pinapanood yung video, ang mga guro panay titig sa kanila ngunit ni isa sa mga champions walang reaksyon. Nung matapos yung video tumayo si Janina, ang dean ng colleges ng paaralan.

"So what do you think about them?" tanong niya at patay malisya lang yung apat na estudyante. "No reaction at all?" tanong ni Janina. "Ano pong reaksyon gusto niyo?" tanong ni Wendy. "Tell me if they are a threat to you" sabi ng matanda. "Well five minutes" sabi ni John at napangiti ang mga guro. "Yeah five minutes" sabi ni Michael.

"Okay then you may go" sabi ni Janina at pag alis ng mga estudyante lahat ng gusto masaya. "You heard it, five minutes lang daw itatagal nina Raffy at Abbey" sabi ni Janina. "I don't see why you are too wary about those two" sabi ni Yves and principal ng elementary.

"You all saw what this boy was capable of" sabi ni Janina. "That does not count, this are duels and he will not be able to use his ability. Five minutes and it will be all over" sabi ni Ismael, ang high school principal. "You know that our students are more dangerous" banat ng isang guro.

"Yung ginawa ni Raffy non sa pagsugod sa the fourth, it was impressive, pero our students do that everyday" sabi pa ng isa. "Todo acting lang tayo non looking amazed but hey we all have to keep our secrets" dagdag ng isang guro.

"So dito na magkakaalam talaga sa inter school duels. This is where we get to see how our schools have all evolved" sabi ni Janina. "Bilib na bilib naman na sila porke nagpakitang gilas yang Raffy na yan noon. Di ba nila alam all these years we have been getting ready for them" sabi ng isang guro.

"Stop it! Magkakasama na tayong lahat. Yung bangayan noon was all a misunderstanding" sabi ni Janina. "We know, pero it seems taas noo parin sila. Let us show them that our school is not the same school like before. Kung dati

Phoenix and Dragon nalang lagi, this time let us show them what we Tigers are capable of" sabi ni Yves.

"Wag kayong ganyan, do you want to start a war again?" tanong ni Ismael. "Hindi naman, all we want is respect. Pakita naman natin na if they want to bring back tradition, dapat kasama narin yung respect for all schools. Dati naman kasi aminin natin panay Dragon school at Phoenix school ang bumibida"

"Respetuhin naman nila tayo ngayon. Ganon naman noon diba? Patas patas yung apat na schools. So if they speak of tradition, then this is the way we can help them, we gain their respect" sabi ni Yves. "Okay I get your point, so help our students prepare then" sabi ni Janina.

Naiwan yung tatlong school heads, "Sorry madam pero nag voice out lang ako ng mga nakatagong hinaing ng ibang mga guro" sabi ni Yves. "Its okay, totoo naman e. So magandang paraan itong inter school duels to gain the respect needed for us. Tama ka, dapat walang school ang mas mataas, pantay pantay lang dapat" sabi ni Janina.

"Nakakapikon lang kasi pinadala nila yang mga video ng top students nila sa atin. Parang minamaliit tayo masyado" sabi ni Yves. "Di naman sa ganon siguro" sabi ni Janina. "Well to most of us ganon ang epekto so forgive us if we feel offended" sabi ni Yves. "Then do not harbor ill feelings, let our students show them that they are wrong" sabi ni Ismael.

Samantala sa bagong fourth school busy sina Rizal at Redentor sa construction ng mga bagong building. "Good news sir" sabi ng isang guro. "Pumayag na yung institute na sumali ang champions natin" dagdag niya at tumawa yung dalawang matanda.

“Nakalimutan mo ata elders kami” sabi ni Rizal at napakamot yung guro. “Ay oo nga po pala, sorry po sige po sasabihin ko yung good news sa ibang guro” sabi ng binata.

Sumulpot si Franco at tumulong sa dalawa, ilang saglit sumulpot si Prospero at Victor. “Gustavo is alive” sabi ni Victor at nanlisik ang mga mata ni Franco. “Nasan siya?” tanong niya agad.

“Huminahon ka, we cannot touch him right now. Kasi intensyon niya palabasin yung tunay na leader ng mga rebelde” sabi ni Victor. “So its true may mas malakas pa” bulong ni Rizal. “Yes, tulad ng kwento ko sila yung tumalo sa amin noon”

“I got his trust, sasanib daw siya sa amin at tutulong sa balak ko. Pero naghahakot siya ng mga strong students. There is still something he is not telling me. Balak niya pasukin yung ibat ibang schools para manguha ng fighers” kwento ni Victor.

“He cannot do that, pinalakas na natin lahat ng defenses ng schools” sabi ni Franco. “Pero lately lang yon, what if noon pa siya nakakuha sa ibang schools? Then he wants to target the inter school duels” sabi ni Victor.

“We shall be ready for him, pero mas maganda kung hindi siya makatapak doon. Delikado na kasi all the students in all the magic schools will be there. Victor gumawa ka ng paraan upang di siya makatapak doon” sabi ni Prospero.

“I am worried about this school” bulong ni Victor. “Kami din, pero wala pa naman kahinahinala nagaganap dito. Do you think may sleeper cells pa siya dito?” tanong ni Redentor. “Kung meron man matindi talaga kapangyarihan ginamit upang itago sila. Magbantay kayo maigi” sabi ni Victor.

“Once tinuro niya lokasyon o kung sino yung mga leader…Victor ipangako mo sa akin ibalato mo sa akin yang Gustavo na yan” sabi ni Franco at tumawa ang matanda. “Nakakalimutan mo ata apo ko din si Raphael” sagot ni Victor at nagtitigan yung dalawa.

“Let him suffer then” sabi ni Franco. “Oh trust me he will” sagot ni Victor.

Chapter 27: Team Dragon

Nakabulagta ang lahat ng estudyante sa grounds, lahat sila pagod at bugbod sarado. “Are we dead?” tanong ni Venus at nagtawanan sila habang yung mga elite squad napakamot. “Nakakayanan niyo pa tumawa ha” sabi ni Joerel.

“What the hell was that? Ni hindi ko nakita saan galing yung mga tama e” sabi ni Adolph. “Sorry pare natamaan ata kita” sabi ni Homer. “Sorry din Elena” sabi ni Armina at muli sila nagtawanan. “Sige tumawa pa kayo, this is no joke” sabi ni Joerel.

“Give them a break, come on may meryenda kayo don” sabi ni Hilda. “Ikaw masyado kang brutal, gusto mo ba sila patayin?” sermon ni Lani at sinabunutan si Joerel kaya yung ibang guro tawa ng tawa. “Pinapractice namin sila, we were simulating the attack skills of the Tigers” sabi ni Joerel.

“Hinay hinay lang muna, grabe first time palang nila no” sabi ni Lani. “Lani it is for their own good, para alam nila ano makakaharap nila sa inter school duels” sabi ni Ricardo. “Well para sa ikakaligaya niyo December na at malaki na improvement nila” sabi ni Joerel.

“Improvement? Siraulo ka ba halos mamatay na sila improvement ba yon?” tanong ni Lani. “Mas madali na sila makakarating sa langit” banat ni Ernie at siya naman ang pinag initan ni Lani kaya tawanan ulit ang mga guro.

Sa may batis kumakain ang mga estudyante, “Cessa game plan” bulong ni Raffy at ang dalaga lumuhod sa lupa at pinalibutan siya ng kanyang mga kasama. “Okay so as expected gumana yung tactic natin, we saw our weak spots. Kayo Venus at Charlie takutin parin kayo, magtiwala kasi kayo sa defense na tinuro ni sir Ernie”

“Pumipikit kasi kayo e at nagpapanic kaya yung magic defense niyo nanghihina din” sabi ni Cessa. Tumawa sina Adolph at Homer pero binatukan sila ni Felicia. “Kayo din, pareho kayo nag berserk mode, as expected sa inyong dalawa” sabi ni Felicia.

“Kaya nga pare, alam niyo ang lakas niyo sobra pero pag nakatikim kayo ng konting sakit o kaya nanganib kayo nagpapanic din kayo at beserk mode kayo e. Steady lang pare, kaya tuloy Homer tinamaan mo si Adolph” sabi ni Raffy.

“Team itong exercise na ito is crucial kasi tinuturuan tayo to help defend our team mates. Alam ko ang dami natin pero pag nagawa natin ito e di mas madali na kung dalawa nalang kayo diba?” pacute ni Abbey. “Pero may drawback din ito, aasa din tayo sa atake ng team mate natin” sabi ni Armina.

“Hindi, wag kayo magfocus sa attacks. Importante dito yung defense as a unit. Kami nga ni Abbey may butas parin depensa namin e. Kaya gusto namin yung ganito na training kasi pag mas madami kang kasama na proprotektahan parang nasasanay narin skills mo sa defense”

“Look, I help out to defend you all pero at the same time kailangan ko din depensahan sarili ko. Sa duel kami nalang ni Abbey, so siya nalang tutulungan ko mas madali nalang yon. This will build your confidence sa mga laban. Alam niyo sa Norte numero uno ang defense skill”

“Meron at meron opening yung kalaban, just wait for it. Important ito lalo na pag tagilid kayo sa laban at lamang sila sa power. Defend lang at pag may opening ayun, act quickly” sabi ni Raffy. “Now may isa pa tayong session with the elite squad, tapos mamayang hapon defense lessons again with sir Ernie at sir Prudencio” sabi ni Abbey.

“Okay let us give ourselves a break naman, sige, we attack” sabi ni Raffy at napangiti ang lahat. “Hindi madali ito tandaan niyo, elite squad yan” sabi ni

Abbey. “But with team work we can do it, so I have some ideas so listen to me” sabi ni Cessa.

Matapos ang break painat inat yung mga estudyante pabalik sa campus grounds. Yung elite squad ni Joerel nakahanda at yung ibang guro nasa isang tabi habang ineenjoy ang kanilang meryenda. Si Lani kinakabahan nanaman kaya mga kamay niya sobrang nanginginig.

Naka formation na yung mga estudyante, si Joerel sinuot na niya maskara niya at tinaas ang kanyang kamay. “Are you ready?” tanong niya. “The question is are you ready?” sagot ni Raffy at nagulat yung mga guro. “I like this confidence, oooh lahat sila palaban ang itsura” landi ni Joerel at sinenyas na niya kamay niya at umatake na ang elite squad.

“Flame wall” sigaw ni Abbey at nagpalabas ang dalaga ng sobrang laking apoy. “You never learn” sabi ni Joerel at lahat sila ng elite squad nag ice barrier sa katawan nila at sinugod yung apoy. Bagsakan sila lahat kaya napatayo ang mga guro sa isang tabi.

Napahaplos sa ulo ni Joerel pagkat sa likod ng flame wall may nakatayo din na earth wall. Sa galit sinuntok nung elite squad yung earth wall at nagiba ito pero wala na yung mga estudyante sa kabila. Paglingon nila nandon na sila lahat sa kabila, unang lumabas mula sa lupa ay si Homer, nagpaagos siya agad ng matinding tubig.

Nagpahangin si Charlie kaya walang makita yung mga elite squad members pagkat taglay ng hangin yung alikabok mula sa lupa. Si Felicia pinatigas yung tubig at kinulong ang lower bodies ng elite squad ng yelo. “Attack!” sigaw ni Raffy at sumugod silang tatlo ni Dominick at Jeff.

Binugbog nila ng husto ang lahat ng elite squad members, nabasag yung mga yelo at nakawala sila. Bago pa sila makaporma nagpaapoy si Abbey ng

sobrang lakas pero tumawa lang ang elite squad at sumugod pagkat naka ready sila ng ice body barriers. “My turn” sabi ni Adolph at humawak siya sa lupa at kinuryente ang lahat ng elite squad members.

Walang magawa ang grupo ni Joerel pagkat yung kaninang ice na kumulong sa kanila pinatunaw lang pala ni Abbey, walang tigil sila kinuryente ni Adolph. Sabay sabay nang umatake ng power balls yung mga estudyante, taking advantage na sila pagkat hindi makadepensa ang elite squad sa tindi ng pakuryente ni Adolph.

“Enough!” sigaw ni Hilda kaya tumigil ang mga estudyante pero si Raffy nasa ere, “I am sory I cant stop” sigaw niya at sumapol yung flying kick niya sa tatlong elite squad members. “Okay enough!” sigaw ni Hilda ulit pero si Venus nagpacute at may sobrang laking kamao at humampas sa elite squad members palayo.

Napahaplos sa ulo si Hilda, yung ibang mga guro nagpalakpakan. Si Joerel hingal na hingal na lumapit at hiyang hiya sa nangyari. “Tulad ng tinuro niyo sir, attack with quickness and precision” sabi ni Abbey. “Very good, may natutunan pala kayo” palusot ni Joerel.

“Sige na have another break, mamayang hapon nalang ang next training” sabi ni Hilda at nagtipon tipon ang mga guro at nagtawanan. “So that is how they attack pag magkakasama sila” sabi ni Ernie. “May napahiya ata” bulong ni Lani sabay humalakhak.

“I admit talo kami at kami ang mali. Umasa kami sa same attack style and they were prepared for us. Big deal yung hidden earth wall behind that firewall” sabi ni Joerel. “Nakakahiya sa elite squad” hirit ni Lani sabay super ngisi. “Pero it was different” bulong ni Joerel.

“What do you mean different?” tanong ni Hilda. “They are more powerful now lalo na yung apat. Usually kayang kaya namin apoy ni Abbey, naglevel up siya at kahit naka ice barrier kami masakit yung apoy. Tagos sa ice barrier. At kahit na nakalusot kami sa fire wall sure ako nanghina kami at kahit ano inatake nila masasapol kami” sabi ni Joerel.

“That earth wall was so hard, parang bato siya. Venus leveled up, kaya hilong hilo kami sa pagtama doon. Yung hangin ni Charlie ang sakit at tignan niyo” sabi ni Joerel at tinaas niya damit niya at kita ng lahat ang mga laslas sa kanyang balat. “Tagos din sa damit yung hangin” sabi niya.

“All our masks were cracked, lumakas din sina Dom and Jeff, lalo na si Raffy” sabi ni Joerel at nilabas niya ang isang durog na maskara. “Tinago ko ito kanina at pinalitan ko maskara ko, his punch didn’t even reach my face” kwento niya.

“Yung tubig ni Homer, kakaiba, mabigat at sumasakal, yung pagyelo ni Felicia masakit, sobrang lamig at binaba agad ang temperature namin. Then yung pakuryente ni Adolph, we were all paralyzed a little, parang epekto ng illumina ni Raffy pero mas mild. Still we could not use magic habang nakukuryente kami” sabi ni Joerel.

“Oh my God, their dragon powers are manifesting” sabi ni Hilda. “If they can attack they are awesome, pero if yon. Naunahan lang kayo pero di naman ganon sa totoong duels lagi. If nakauna sila then they are deadly pero if yon” sabi ni Prudencio.

“If nakauna kami then mahina parin sila” sabi ni Joerel. “So our goal is really on defense and will someone teach them how to attack while defending. Hirap parin sina Raffy at Abbey sa ganon e kahit na ang tagal na natin sila tinuturuan” sabi ni Hilda.

“Madam it took us years to master that skill, do not expect miracles” sabi ni Joerel. “Make it happen! Kailangan nila yon. They cannot just wait and defend, kailangan nila kahit dumedepensa nakikipagsabayan para magkaroon talaga ng opening” sabi ng matanda.

After lunch nagulat si Ernie at Prudencio pagkat nagsimula nang mag practice yung mga estudyante kahit wala pa sila. Nagtago muna sila at pinanood sina Raffy at Abbey nagtuturo kung pano yung magic defense. Naka focus sila kina Charlie at Venus habang yung iba nakikipag practice sa kanila.

Sampung minuto ang lumipas at nagpakita na ang mga guro. “Oh it seems everyone is ready” sabi ni Ernie. Tinesting nila yung mga estudyante, surprise attack ni Prudencio ng mga magic power balls. Tumawa si Adolph pagkat nilusaw ng kuryente niya yung isang power ball.

Tumama power ball sa water defense ni Homer at nagslide down ito sa lupa at nalusaw. Tumama yung isang powerball sa earth defense ni Venus, wind defense ni Charlie lumusaw sa isang powerball. Nilamon ng apoy ni Abbey yung tinira sa kanya habang yung tira papunta kina Armina at Elena nilamon ng white mist at basta nawala ito. Tanging si Cessa yung nahirapan ngunit nagawa niyang depensahan sarili niya.

Si Raffy hinuli yung powerball, nilaro konti ito sa mga kamay niya sabay binalik ito papunta kay Ernie na tumapis ng sobrang layo. Tumawa si Prudencio, ilang saglit lahat nagtawanan na pagkat galit na galit si Ernie sumugod pabalik.

“Sir sandali! Tinuturo mo sa amin dapat ready kami lagi e” sabi ni Raffy na nagtago sa likod ni Abbey. “Kaya naman, I remember you telling them that” sabi ni Prudencio. “Kinakampihan mo siya?” tanong ni Ernie. “Di naman pero you told them be ready always, so you do what you teach. Anyway let us begin” sabi ni Prudencio.

“Sir yung ginawa ni Raffy, defense din ba yon?” tanong ni Venus. “Yes iha, pero you must know what type of attack that is at make sure kaya mo magproduce ng ganon din or else you will not be able to hold it. Saka na yon, focus muna tayo sa pagpapalakas ng defense niyo” sabi ng guro.

Luminya ang mga estudyante at humarap ang dalawang guro sa kanila. “Remember our last lesson? Uulitin natin today, we are going to attack you very fast, remember no using total body magic defense, kung saan titira doon dedepensa” sabi ni Ernie.

“But this time you will see why bakit ganon pinapagawa namin, today while defending…you find a way to attack. Yes kahit simple na attack lang. It does not matter kung sobrang hina basta show us kaya niyo umatake while you are defending” sabi ni Prudencio.

“That is why we do not want you to use total body defense magic, kasi mauubos power niyo. Focus your defense on the part of your body that will be hit, then at the same time mold your attack. We give you one minute each, the other professors will be helping us out” sabi ni Ernie.

Nag demo muna sina Ernie at Prudencio, nabilib yung mga estudyante sa palitan ng atake nung dalawang guro. Parang simpleng palitan ng power balls pero kita ng lahat yung pagdepensa at pagtira din ng atake.

Isa isa sila sinubukan, si Adolph medyo mayabang nadepensahan niya yung isang tira, humulma siya ng electric ball pero nasapol siya bigla sa dibdib. Tumba ang binata at agad nagsimangot, “Iho sabi namin you mold while defending, e nung naka depensa ka, nag stop ka para mag mold tuloy natamaan ka” sabi ni Ernie.

Ganon din nangyari sa iba maliban kay Raffy na sinasalo lang yung mga tira ng mga guro. “Raphael! Defend and attack!” sigaw ni Ernie kaya ngumisi ang

binata. “Oh no you don’t” sabi ni Hilda at sabay sabay siya inatake nung mga guro. Walang magawa ang binata kundi dumepensa hanggang sa napagod siya at napaupo sa lupa.

“Bakit pinagtulungan niyo ako?” tanong niya. “E kasi naglalaro ka e. Sinasalo mo tapos binabalik mo lang. O ayan pag madami kang kalaban sige nga saluhin mo nga” sabi ni Ernie at biglang bumitaw ang binata at sinapol ang guro sa dibdib. “O yan” sabi niya at nagtawanan nanaman ang mga estudyante habang yung ibang guro inaawat si Ernie na gusto gantihan si Raffy.

“Sorry sir, late yung naform kong attack” pacute ni Raffy. “Sir ang hirap e” sabi ni Abbey. “Kaya nga practice iha e, sige na come on let us try again” sabi ni Prudencio. “Sir sorry po pero may I be the first one, mukhang gets ko na” sabi ni Raffy.

“Tapos ano lolokohin mo ulit?” tanong ni Ernie. “No sir, promise, naisip ko yung tinuro mo sa akin dati at gusto ko subukan” sabi ng binata. “Okay, let us try, Ernie atras ka muna” sabi ni Hilda. “Please not all of you, gusto ko talaga subukan” sabi ni Raffy kaya sina Hilda ang umatake sa kanya. “Remember iho, I am going to use something different and if you try to catch my magic you know that happens” sabi ng matanda.

Humarap si Raffy at umatake si Hilda ng kakaibang powerball. Nagfocus ang binata at dumepensa lang sa una. “Please one more time” sabi ni Raffy. Paulit ulit umatake si Hilda, ngunit sa pang sampo napanood ng lahat na habang papalapit yung atake ni Hilda may hinuhulma si Raffy sa isang kamay niya.

Nalusaw yung tira ni Hilda ngunit natawa ang lahat sa sobrang liit na ice ball na nalabas ni Raffy. Laglag ito sa lupa kaya lalong nagtawanan ang lahat. “Bwahahaha anong klaseng atake to?” tanong ni Ernie na pumulot sa sobrang liit na ice ball pero bigla ito nabasag at sumabog ang sobrang tinding liwanag.

Sigawan ang lahat ng tao sa batis, bulagta silang lahat maliban kay Raffy. Naunang nakakita si Hilda at Prudencio, sina Erwin at Romina tumulong na para makakita narin yung ibang estudyante. “Ayan nilait lait mo yung maliit na tira niya” sabi ni Prudencio at hinahaplos parin ang kanyang mga mata.

“How did you do it? Teach us” sabi ni Abbey. “Raphael, kinargahan mo ng illumina yung ice ball?” tanong ni Hilda. “Opo, sorry sir, kasi yun lang po kaya ko. I tried pero mahirap talaga e at yun lang alam ko na long shot” sabi ni Raffy.

“Iho will you try just forming an ice ball, wag mo na kargahan” sabi ni Hilda kaya sumubok ulit sila at malaking ice ball na nagawa ni Raffy. “Very good!” sigaw ni Ernie at hinaplos ang likod ni Raffy. “Sabi sa iyo sir inaalala ko yung tinuro mo sa akin noon e, pero this is no use if I can just form this” sabi ng binata.

“Practice iho, we can work on that at least nagagawa mo na” sabi ni Ernie. “Uy Raffy teach me” sabi ni Abbey at umatras yung mga guro, si Raffy tinuruan partner niya habang yung ibang estudyante nakinig.

Tawanan ang mga estudyante pagkat nung totoong practice na ang liliit ng nahuhulma nilang mga atake. “Chain reaction, Raffy has to learn it first then the rest will follow. Look even the weakest Cessa can do it now” sabi ni Hilda habang nanonood sila mula sa malayo.

“Ahem, narinig niyo naman sinabi ng pamangkin ko, ginawa niya yung tinuro ko” pasikat ni Ernie. “Wow ninong is so proud” landi ni Felipe. “O san kayo galing?” tanong ni Hilda at pansin niya hingal na hingal sila ni Pedro. “Nagtraining din, so they can do defense and attack now huh” sabi ni Felipe.

“Beginning to, grabe can you imagine how powerful they will be after five more months?” tanong ni Hilda at pinanood nila yung mga estduyante nagtatawanan parin.

“Pero will it be enough?” tanong ni Pedro. “Kung hindi makakahanap sila ng paraan” sabi ni Felipe.

Chapter 28: Intentions

Sa loob ng condo unit bumangon si Santiago at pinagmasdan ang magandang mukha ng natutulog na Catherine. Hinaplos niya mukha ng dalaga sabay hinalikan sa labi. “Umaga na ba?” bulong ng dalaga.

“Hindi pa, go back to sleep” bulong ni Santiago sabay dahan dahan siya tumayo at lumabas ng kwarto. Sinara niya yung pinto, nagbulong ng dasal at nagbaga ito. Lumingon siya sa paligid at nagtungo siya sa salas at tumayo sa gitna.

Nagbulong ulit siya ng isang dasal at nagkaroon ng kakaibang barrier ang buong condo unit. Ilang saglit may apat na nilalang ang pumalibot sa kanya. Lahat sila nakasuot ng itim na balabad, nakahood at di nakikita ang mga mukha.

“Matigas talaga ulo mo Santiago, ilang beses na namin sinabi na wag ka masyado lalapit sa normal na tao” sabi ng isang babae. “Oraya ayaw ko yang tabas ng dila mo. Hindi naman siya nakakasira sa mga plano, nakakatulong siya sa akin. Importante siya sa akin” sagot ni Santiago.

Tumawa yung isang nilalang at biglang naglakad yung apat paikot sa congressman. “Mukhang matagal pa itong plano mo” sabi ng isang lalake. “Masyado kang atat Fermin, kung nagmamadali kayo e di kayo nalang kaya ang gumawa ng hakbang. Bakit niyo kasi inaasa sa akin?” sumbat ni Santiago.

“Sumasagot ka na, baka gusto mo ilagay ka namin sa kinalalagyan mo” banta ng isang boses. “Hindi naman sa ganon Icario, pero sinisigurado ko lang na hindi na tayo magkakamali pa. Ilang beses kayo sumubok noon, dinaan niyo sa dahas ngunit lagi kayo palpak”

“Ngayon idaan natin sa tama. Ang normal na tao ay madaling matakot sa hindi nila alam. At kung lantaran tayo lalabas at idadaan sa dahas sigurado ako kakampi sila sa kabilang kampo” paliwanag ng congressman.

“Santiago iho, baka masyado kang naka focus sa plano mo at di mo namamalayan yung pagkilos ng kabila. May nararamaman kaming kakaiba sa magic plane” sabi ng isang matanda. “Grego wag kang mag aalala, alam ko buhay ulit si Gaspar. Alam ko din nagbabalak ulit siya ngunit hayaan niyo lang siya”

“Tulad niyo hindi na siya natuto” banat ni Santiago at biglang napaluhod yung congressman at humawak sa kanyang leeg. “Iniinsulto mo pa kami, lumalaki na ata talaga ulo mo iho. Alam mo naman sa isang iglap kaya ka namin tanggalan ng kapangyarihan o kaya patayin” sabi ni Oraya.

“Patawad” bulong ng congressman at nagtawanan yung apat na nilalang. “Patawad? You are showing signs of weakness already” sabi ni Grego. “Magtiwala lang kayo sa akin, alam ko matagal ito pero tiyak ko magtatagumpay naman tayo”

“Once na nagtagumpay ako, sunod sunod na plano natin. Total take over, then I can find where they hid your true bodies” sabi ni Santiago. “Masyado nang matagal ang pag aantay namin” sabi ni Icario. “Ako nalang ang natitira! Wag niyo ako madaliin! Gusto niyo ba magkamali ako at biglang lalabas yung dragon lord?”

“You all know only the kings and lords can kill us, at habang meron pang isang natitira sa kanila hindi ako pwede magkamali. If I die then you four remain that way. Kaya alam ko tuwing tinatakot niyo ako na papatayin ako nagbibiro lang ako. Ako lang pag asa niyo tandaan niyo yan” banta ni Santiago at nanahimik yung apat.

“Bakit mo pa kasi pinalampas noon yung dragon lord?” tanong ni Oraya. “Alam ko ba na napasa na niya yung kapangyarihan niya sa iba?! Walo kami noon, tagumapay kami sa pagpatay dun sa tatlo, napatay din namin yung dragon lord kaya lang napasa na pala niya kapangyarihan niya”

“The new dragon lord came out and killed seven of my companions. Ngayon nagtatago siya, hindi pa siya nagpaparamdam. Sumubok ako last time ngunit lumalakas narin sila! Kung idadaan natin sa pwersa maaring magtagumpay tayo pero malaking tsansa na magkamali din tayo ulit”

“If I die in the hands of a normal magic user ayos lang I can resurrect pero pag isang king or lord ang pumatay sa akin then sad to say kayong apat mananatiling ganyan. Kaya habang buhay ang dragon lord ayaw ko na magkamali” sabi ni Santiago.

“At sa tingin mo itong plano mo magtatagumpay?” tanong ni Grego. “Kung napamahal na ang mga tao sa akin I can do whatever I want. They cannot stop me, if they do the people will defend me. At alam niyo naman they cannot hurt normal people. Kaya hayaan niyo ako akitin pa ang mas madaming tao, the more people that love me the more powerful my army will be”

“Soon I will be untouchable. Kung nais nila ako saktan o tumbahin dadaanan muna nila yung mga taong naniniwala at nagmamahal sa akin. Now do you understand?” sabi ni Santiago at nagtawanan yung apat. “At sa tingin mo hindi nila kaya manakit ng normal na tao?” tanong ni Icario.

“Of course they can pero they wont, ganon na sila pinalaki. Yung ang batas na tinuro sa kanila. Magic users can exist as long as they don’t use that magic to hurt normal people. Kaya nga may institute silang tinayo para parusahan ang mga lalabag. Kaya kayong apat mag antay kayo. I am your only hope so stop pestering me” sigaw ni Santiago.

“So tell me bakit mo kami pinatawag?” tanong ni Oraya. “Ah yes, kailangan ko tulong niyo upang hanapin yung lungga ni Pelaez” sabi ng congressman at nagulat yung apat. “At bakit mo kailangan hanapin yon?” tanong ni Oraya.

“Natatakot ako baka sirain ni Gustavo ang mga plano ko. Kapag nahanap niya yung lungga ni Pelaez maaring lumakas siya at maging malaking balakid para sa atin” sabi ni Santiago. “He will not speak to us even if we try” sabi ni Grego.

“Make a deal with him, sabihin niyo isosoli niyo katawan niya pag nagtagumpay ako. Tell him I need to borrow his books in order to succeed” sabi ni Santiago. “Sira ulo ka! Sa tingin mo makikinig siya sa amin? He knows kami nagpakawala sa inyong walo upang patayin siya…or should I say detach his magic body from his normal body” sabi ni Fermin.

“Akitin niyo siya! Alam ko gusto niya ulit mabuhay, so in order for me to succeed I need his books! Gusto niyo ba mauna si Gustavo mahanap mga yon? I know him, yun ang target niya para mapatumba ako. If he learns those books then hindi na kayo makakabalik. Yun ba ang gusto niyo?” tanong ni Santiago.

“Susubukan namin, pero kung alam mo yan ang plano ni Gustavo why not go kill him now?” tanong ni Oraya. “Alam niyo naman third generation siya, tanging makakapatay sa kanya ng tuluyan ay generations before him, and it so happens ako nalang natitira sa second generation. And yes a king or a lord can kill him too. Oh meron pa pala kayong apat na first generation pero detached kayo” banat ni Santiago sabay tumawa.

“Di na namin nagugustuhan talaga ugali mo” sabi ni Fermin. “Deal with it! I am your only hope, so if you want to roam this earth again do what I say” sabi ni Santiago. “No promises, pero susubukan namin siya kausapin” sabi ni Grego at biglang nawala yung apat.

Samantala sa gubat kung saan nakatayo dati yung Pheonix school lumitaw si Gustavo. “Sino ka?!” sigaw ng isang gwardya at tinutok agad ang kanyang staff sa sumulpot na binata. “Boss, hinahon lang boss, alagad ako ni elder Victor” sabi ni Gustavo sabay pinakita niya ang kanyang magic badge.

Binaba ng gwardya yung staff niya sabay napakamot. “Pasensya na brod, naiwan ako mag isa kasi. Bakit ka nandito? Ikaw ba yung kapalit nung kasama ko?” tanong nung gwardya. “Hind boss, bale pinapacheck lang nila sa akin kung may natitirang magic traces sa ilalim. Nakalimutan daw nila icheck yung ilalim e”

“Kaya pinapunta ako dito para tignan kung may natira pang mga dokumento o kaya mga armas na magagamit ng mga rebelde” sabi ni Gustavo. “O sige brod, di na kita masasamahan ha, mag isa kasi ako” sabi ni nung gwardya. “Walang problema, sige boss tuloy na ako sa baba” sabi ni Gustavo.

Humarap sa malaking bato si Gustavo, tinutok niya yung wand niya at hindi ito nabasag. Tumawa yung gwardya at lumapit. “Kayo kasi mga palaaral mag ensayo din kayo lagi. Eto tulungan kita” sabi nung gwardya at sinuntok yung malaking bato at bigla ito nayurak. “Sensya na boss, researcher lang talaga ako sa institute e” palusot ni Gustavo.

Tinignan ni Gustvo yung gumuhong palasyo niya, nakakaramdam siya ng kirot sa puso, gusto niya saktan yung gwardya ngunit ayaw niya masira ang kanyang plano. May hagdanan na gawa sa bato kaya dumiretso siya sa baba. “O brod madilim diyan, baka di mo din alam magpailaw” banat nung guard pero sinindi ni Gustavo ang wand niya.

“Boss naman, kaya ko naman” sabi niya. Nagtuloy siya at nanggagalaiti siya talaga sa galit. “Tarantado ka kung gusto kita patayin sana kanina pa…bweno…nasan na yon?” bulong niya at tuloy ang lakad niya pababa sa ilalim ng kanyang lumang palasyo.

Nakarating siya sa isang altar, lumingon siya at gumawa siya ng harang na bato para walang makasunod sa kanya. Isang pitik ng daliri at sumindi ang lahat ng torches. Lumuhod siya sa altar, may nilabas siyang lumang damit sa bulsa niya. Nilapag niya ito sa sahig sabay nilaslas konti ang palad niya at pinatakan yung lumang damit.

Bumigkas siya ng isang dasal at limang minuto ang lumipas may isang nilalang ang tumayo sa harapan niya. “Bakit mo ako pinatawag?” tanong ng malalim na boses. “Pelaez, hindi mo ako kilala ngunit magugustuhan mo itong alok ko sa iyo” sabi ni Gustavo.

“Wala kang mabibigay sa akin na gusto ko” sagot ng magic body ni Pelaez. “Ayaw mo bumalik sa katawan mo? Alam ko kung saan nila tinago katawan mo” landi ni Gustavo. Tumawa si Pelaez at naglakad lakad sa paligid. “And in return you want my books” sabi niya at nagulat si Gustavo.

“Matalino ka talaga Pelaez” bulong niya. “Yun lang naman ang gusto ng lahat sa akin. Nung hindi ko binigay sa kanila pinatay nila ako or should I say detached my magic body from my normal body. Di naman ako immortal, pero they preserved my body for something like this. Alam mo ba kahit sa magic plane di nila ako mapilit sabihin kung saan ko tinago ang mga libro ko?” sabi ng matanda.

“Bakit hindi ka lumaban? You have all the books and you could have been so powerful” sabi ni Gustavo at lalong tumawa yung matanda. “I do not need power, aanhim ko yan?” tanong ni Pelaez. “Bakit ka gumawa ng mga libro kung di mo pala gusto maging makapangyarihan?” tanong ni Gustavo.

“Iho, all my life all I wanted was to appreciate magic. I wanted to gain all the knowledge to understand all kinds of magic. Yes I did learn them but aanhin ko yan? Nakikita ko sila away ng away, I do not like that. Simple lang ako, gusto ko lang sana ibahagi ang lahat ng natutunan ko sa mga bata ngunit tinago ko yung mga di nila kailangan malaman pa”

“Pero ang mga gahaman ibang klase mag isip. May duda sila kaya nalaman nila meron akong tinagong mga libro. Ang mga gahaman na yan pinalitan nila yung mga nilalaman ng ibang libro ko. Binabaluktot nila ang katotohanan para sa kanilang pabor”

“Ngayon sa tingin mo tutulungan kita?” landi ni Pelaez. “So hindi ka interesado makaganti sa isa sa mga pumatay sa iyo?” tanong ni Gustavo at napatingin sa kanya yung matanda. “His name is Santiago and he is very powerful” sabi ng binata.

“Santiago, second generation Phoenix user. At ikaw third generation that is why you need my help” sabi ni Pelaez. “How did you know third generation ako?” tanong ni Gustavo at tumawa yung matanda. “I told you knowledge is power. Alam mo kinukulit din ako ng mga immortal” bulong ni Pelaez.

“Ha? Anong immortal?” tanong ni Gustavo. “Hindi importante yon, alam mo kahit ituro ko sa iyo saan sila nakatago wala ka naman susi. You see there are four magical keys. Nakatago sa magic vaults yung bawat libro, Dragon, Phoenix, Tortoise and the Tiger”

“Sad to say binigay ko yung mga susi na yon sa mga lords and kings para itago” sabi ni Pelaez at napangiti si Gustavo at may nilabas siyang isang lumang gintong susi. “So the Phoenix lord has fallen” bulong ng matanda. “Only the dragon lord remains pero matagal na siyang di nagpapakita. You are in the magic plane di mo alam ano nangyayari sa paligid?” sabi ni Gustavo.

“You do not know the magic plane iho, di porke nandon ako alam ko na lahat ng nangyayari? I am at peace in my own place at the magic plane. Kung ano nangyayari dito sa mundo wala na ako pakialam. Not like before when I was alive, mahina ako kaya I kept writing books to guide the younger ones”

“I wanted to write our history, kasi alam ko isang araw magkakaubusan kayong lahat dahil sa walang tigil na gulo. Goal ko noon ay magsulat ng magsulat para isang araw may makabasa ng history nating mga magic user. At ibang mga libro para gabayan sa tamang landas ang mga kabataan na magic user”

“Pero nung namatay ako sinira nila ang mga gawa ko. Mga gahaman! Binaluktot ang katotohanan at nilason na isipan ng mga bata! Dati pagpasok ko sa magic plane silip ako ng silip dito sa labas, umaasa na may pagbabago pero nakita ko yung mga ginawa nila kaya nawalan na ako ng gana umasa pa” kwento ng matanda.

“I need your help. Santiago is planning something really bad. Di na maganda yung gusto niyang gawin kaya kailangan ko tulong mo” sabi ni Gustavo. “And what? Para ikaw yung maging makapangyarihan?” tanong ni Pelaez. “Hindi, alagad ako ni Santiago dati, ngayon tignan mo kaalyado na ako ng institute. Alagad na ako ni Elder Victor” sabi ni Gustavo.

“Iho kahit magsabi ka ng mga pangalan hindi ko na kilala mga yan. So kaalyado ka na ng institute? Ano ang institute?” tanong Pelaez. Pinaliwanag ni Gustavo ang tungkol sa institute at nabilib ang matanda. “Oo, nagsama sama na lahat ng schools. Gusto na ibalik ang lahat sa dati. Gusto na matigil yung gulo at si Santiago nalang ang malaking balakid. Hindi namin siya kaya at ikaw nalang ang pag asa namin” sabi ni Gustavo.

“Santiago is a second generation Phoenix user, you have to be a first generation to kill him” sabi ni Pelaez. “I know pero we can try. All of us, sama sama kami, siguro kaya namin basta tulungan mo kami. I have the Phoenix key, will it be enough?” tanong ni Gustavo.

“Hmmm…there are strong spells there, pero natatakot ako at nagdududa parin ako sa iyo” sabi ni Pelaez. “Naiintindihan ko, patawad kung mali ang aking inakala” sabi ni Gustavo. “Pero gusto niyo ibalik sa dati ang lahat? Show

me proof that yun ang totoong hangarin ng lahat at sige tutulungan ko kayo" sabi ng matanda.

"Yes sir, babalik ako para ipakita sa inyo ang ebidensya" sabi ni Gustavo. "Kung totoo yang sinasabi mo it is still not enough, but if you say magkakasama kayong lahat then there might be a chance" sabi ng matanda.

"I promise babalik ako dito at magpapakita ng katibayan" sabi ni Gustavo sabay ngumiti. Nawala si Pelaez, naglakad na yung binata palabas ng palasyo. Napalingon siya saglit pagkat parang may kakaiba siyang naramdaman sa paligid.

Natawa siya at pinatay yung mga torches sabay tuluyan nang lumabas. Di niya alam may nakasabayan siyang anino na lumabas at gumapang ito ng mabilis palayo sa kanya. Dalawang kilometro nilakbay ng anino at pumasok ito sa katawan ni Victor.

"So yan pala ang binabalak mo ahas ka" bulong ng matanda. "Umalis na tayo dito bago niya tayo mapansin" sabi ni Placido. "Wag kang mag aalala, di niya tayo mapapansin. Kung napasakanya yung libro ng Phoenix delikado tayo lahat" sabi ni Victor.

"Pero sir di natin siya pwede saktan o pigilan sa ngayon kasi tulad ng sabi niyo kailangan mapalabas yung mas malakas sa kanya" sabi ni Placido. "Alam ko kaya lang kailangan natin maghanda, narinig ko na yang mga libro ni Pelaez, alam mo ba binalak ko din hanapin mga yan"

"Ilang taon ko din sila hinanap ngunit hindi ko sila makita" sabi ni Victor. "Sir" bulong ni Placido at tumawa yung matanda. "Do not worry nagbago na ako. Pangarap ng apo ko pangarap ko narin. We have to stop him" sabi niya.

“Sa tingin mo ba sir tutulungan siya ni Pelaez?” tanong ni Placido. “Ewan ko pero alam ko anong ebidensya ipapakita niya. He will ask for my help to get it and I will give it. Kaya lang delikado ito masyado kailangan natin makipagpulong sa ibang elders”

“Nag iba bigla ang ihip ng hangin at nag iba narin ang ating stratehiya” sabi ni Victor.

Chapter 29: Dragon Training

Sa safe haven ni Victor nagtipon tipon ang mga elder at pinag usapan nila yung bagong balita tungkol kay Gustavo. “Lolo! Bakit nawala yung batis?” sigaw ni Raffy. “Oh I am sorry iho, o sige bumalik na kayo don at nandon na ulit siya” sabi ni Victor.

Tahihik yung mga elder habang naglalakad palayo sina Raffy at Abbey. Sumenyas si Franco na wag muna magsasalita kaya nung sobrang layo na nung dalawa saka sila nag usap usap. “They know the hearing spell” bulong ni Franco.

“Bakit ba sila nandito?” tanong ni Rizal. “Its Christmas break, they are safe here. At gustong gusto nila dito” sabi ni Victor. “Anyway ano gagawin natin tungkol kay Gustavo?” tanong ni Prospero. “Malaking desisyon to mga kaibigan, choice niyo na. If he gets hold of that book then lalo siya lalakas” sabi ni Victor.

“Tsk, if we stop him now then di na natin malalaman sino yung ibang mga kasama niya” sabi ni Redentor. “Big decision, if we stop him now then for sure tuloy lang ang gera dahil meron pa yung mga pinuno ng mga rebelde. If we wait then Gustavo will really become powerful” sabi ni Franco.

“We have time to decide, hindi pa siya lumalapit sa akin para hingiin ang mga videos ni Raffy” sabi ni Victor. “Aanhin niya mga yon?” tanong ni Franco. “Well Pelaez is wise, sigurista siya. Sinusubukan niya si Gustavo at gusto niya patunay na yung intensyon na pagbabago ay totoo”

“So as we all know Raffy has made his intentions clear, two years in a row sa grand events nagpasiklab siya taking us all back to the older days. I am sure he wants those videos para ipakita kay Pelaez. Sino bang hindi maniniwala pag napanood mga yon?” tanong ni Victor.

“So ibibigay mo?” tanong ni Prospero. “Hindi ko alam, kaya nga nandito tayo para pag usapan ang plano. If I give them to him, then for sure lalakas siya. But we can follow him and stop him before taking the book. Kayo magdesisyon, may gigil pa ako diyan sa Gustavo na yan matapos niya ipatira ang apo ko” sabi ni Victor.

“So the decision is yours, ako din clouded judgement ko” sabi ni Franco at nagtitigan yung tatlong natitirang elders.

Samantala sa batis sabay nagdive sina Raffy at Abbey. Bago sila makaabot sa tubig naging yelo ito kaya kumalabog ang mga katawan nila. “Aray ko Raffy!” sigaw ni Abbey. “It was not me” sabi ng binata at nakarinig sila ng malakas na tawa. “Supahgramps!” sigaw ni Raffy at agad nagpakita ang dragon lord.

“Lolo masakit yon ha” sabi ni Abbey. “Oh sorry iha, that was just a test” sabi ng matanda. “Test? Grabe eenjoyin namin tong tubig tapos gagawin mong ice? Ano test yan? Gusto mo malaman kung lulusot kami sa yelo?” banat ni Raffy at lalong tumawa yung matanda.

“To see your reactions and how fast you can react pero it seems weak pa kayo” sabi ng matanda. “Wow lolo ha, yung mga vocabulary mo in na in” pacute ni Abbey. “Supahgramps, para saan naman yang test na yan talaga?” tanong ni Raffy. “Para alam ko ano itututuro ko sa inyo. You see if you two were really alert then you could have stopped yourself” sabi ng matanda.

“You are going to teach us now? Lolo naman Christmas break” sabi ni Abbey. “Oh so ayaw niyo?” landi ng matanda. “Pero supahgramps bakasyon e” sabi ni Raffy. “I know pero di naman intese training, siguro half day so the rest of the day you can still enjoy healing your wounds” sabi ni Ysmael at kinabahan yung dalawa pero tumawa yung matanda.

“Lakas mantrip, anyway lolo so how are we supposed to prepare for something like that?” tanong ni Raffy. “Good question apo, pero diba ganon din yung ginawa niyo sa elite squad? Remember that fire wall tapos may tinago kayong earth wall?”

“Sa totoong laban it’s the same, you don’t know always what you are going to face. Sometimes yung inaakala niyong kaya niyo hindi pala. Ang tanong bakit niyo ginawa yun? Kasi alam niyo sanay na sila seeing Abbey put up a fire wall diba? So even them nagtiwala sa gagawin niyo, they never expected the earth wall”

“So yung sinasabi ko lang think hard before you act” sabi ni Ysmael. Naupo yung dalawa sa gilid habang si Ysmael tumayo sa harapan nila. “There is no definite way to be really ready for everything but you two have something special. You know what I mean” sabi niya.

Naglalakad lakad ang matanda, pasimple si Raffy gumawa ng butas at nakita ng kanyang partner. Si Ysmael cool na cool na naglakad, tumapak na paa niya sa butas, yung magpartner inaantay siyang matisod pero nakatapak ng normal yung matanda at sina Abbey at Raff yang nashoot sa inuupuan nila.

“Our dragon” sabi ni Abbey habang pasimple sila lumalabas sa butas. “Correct, so now I shall teach you how to use your dragon powers in the right way. Stand up” sabi ng matanda at tumayo yung dalawa, yumuko agad yung matanda kaya sina Raffy at Abbey ang natamaan ng sarili nilang surprise attack na wind ball at fire ball.

Tinaas ni Ysmael kilay niya kaya nagsimangot yung magpartner at nagtawanan. “Di pa natin siya kaya” sabi ni Raffy at tumawa yung dragon lord agad bumira ng wind punch si Ysmael, humarang si Raffy pero tumapis parin si Abbey.

“Nanaman?! Lolo naman e sabi ko wag mo siya sasaktan” reklamo ni Raffy. “I am fine, I saw it coming” pacute ni Abbey at dahan dahan siya tumayo. “How did you do that?” tanong ni Raffy. “Iho sa laban you always attack the strong one first isn’t it not? For example si Abbey was molding something really strong, goal mo is to stop her right?” tanong ni Ysmael.

“So my attack was for her alone, pero tulad ng sabi ko you cannot expect what can happen. Tulad nung ginawa mo, humarang ka, ikaw sana yung nasapol, then Abbey could have continued molding that big attack then I would be hit. Pero look what happened” sabi ng matanda.

“So you used your dragon power to attack her?” tanong ni Raffy. “Exactly, just tell your dragon na siya lang dapat, iiwasan niya yung harang at titirahin talaga target mo. Mahirap matuto niyan pero I know you two will get it” sabi ni Ysmael.

“Pero lolo explain naman, how will we know ano kaya iatake ng dragon namin?” tanong ng dalaga. “You don’t have to, kung ano yung atake mo yun ang dadalhin niya sa target mo. I used wind punch, my dragon used the same on you but avoiding Raffy kasi nga ikaw target ko” sabi ng matanda.

“So teach us” lambing ni Raffy. Tinayo ni Ysmael ang binata sa tapat ng isang puno. “Now Abbey attack the tree” sabi ng matanda. “I cant, nakaharang si Raffy” sabi ng dalaga. “I know ayaw niyo saktan ang isat isa pero this is the fastest way for you to learn it. So goodluck” landi ng matanda.

“Wait! Lolo naman e, wag naman si Raffy ang harang” lambing ng dalaga. “Hey Abbey tama siya, ayaw din kita saktan kaya pag ikaw yung haharang gagawin ko talaga lahat para di ka tamaan” sabi ng binata. “Oh by the way you already did it before sa isang duel” sabi ni Ysmael.

“I did? How?” tanong ni Raffy at tumawa lang yung matanda. “That is the problem, you don’t know you did but you did. So try to remember habang di mo maalala si Abbey muna at ikaw ang haharang diyan. Abbey try not to burn him” banat ni Ysmael sabay umalis.

“Pano na to?” tanong ng dalaga. “Sige na, subukan mo na, hey look I can absorb naman your fire” sabi ng binata. “Pero diba sabi mo lately masakit din” lambing ni Abbey. “Yeah pero kung ganitong paraan tayo matuto then its okay, I can absorb it and let it out later. Pero Abbey please focus on the tree” banat ni Raffy at nagtawanan sila.

Tumayo ng tuwid si Raffy habang si Abbey tumira lang ng maliit na fireball. Sapol ang binata sa tiyan kaya nagtawanan sila. “Okay at least maliit, nakiliti lang ako. Ganyan nalang muna tapos pag kaya mo na saka mo na lakihan” sabi ng binata. “Okay, sorry ha slow learner ako” pacute ng dalaga.

Matapos ang isang oras nanghihina na si Raffy, si Abbey naman frustrated pagkat panay ang sapol niya sa kanyang partner. “Uy look!’ sigaw ng binata at pagtingin nila sa puno sunog sunog ang gilid nito. “Lumusot Abbey pero di solid” sabi ni Raffy.

Nagtalunan sa tuwa ang dalaga, sumulpot ang mga magulang nila at nagtataka. “At bakit kayo nagsasaya?” tanong ni Violeta. “She hit the tree!” sabi ni Raffy. “At bakit sunog sunog damit mo at ang itim ng mukha mo?” tanong ni Felipe.

“Kasi pati ako natamaan” banat ni Raffy at halakhakan sila ni Abbey. “Pare sadista ata tong dalawang to” bulong ni Pedro. “Kaya nga e, brutal ang training nila” sabi ni Felipe. “And you said you wanted to train with them?” tanong ni Abigail. “Not anymore” landi nung mag bestfriend at nagtawanan ang mga asawa nila.

Naupo yung dalawa, si Abbey pinunasan ng panyo ang mukha ng binata. “Pag defense he helps us, pero pag offense bakit ayaw niya?” tanong ni Raffy. “Nung una hindi naman siya tumutulong e, kaya siguro ganon din. Sabi naman ni lolo mahirap to so let us keep trying” lambing ni Abbey.

Si Raffy naman sumubok, bawat tira niya pumipikit siya kahit isang mini fireball lang kaya niya ipalabas. Si Abbey tawa ng tawa pero panay ang sapol ng mini fireball sa kanya. “Focus ka naman kasi” sabi niya. “E ayaw nga kita matamaan e” sabi ni Raffy.

“Grabe ikaw yung nagsabi kanina na this is the way we learn tapos now ganyan ka” sabi ni Abbey. “E what if I hurt you?” tanong ng binata. “Raphael this is training, I don’t care if we get hurt here, I don’t care if you make my whole body ache wag lang puso ko” banat ni Abbey.

Napatahimik yung dalawa, may kakaibang init at ihip ng hangin ang pumalibot sa buong safe haven. “As if sasaktan ko naman puso mo” bulong ni Raffy. “I know, I wont do the same to you so sige na focus” lambing ni Abbey.

“Hoy ano nanaman ang ginagawa niyo diyan?!” narinig nila sigaw ni Pedro kaya naghalakhakan nanaman yung dalawa. Mini ice ball tinira ni Raffy, sapol ulit si Abbey pero ngumiti lang siya. “Sige na kasi focus” sabi niya. “Makisama ka naman dragon, kahit one time lang” bulong ng binata.

Tumira ulit siya ng ice ball, tumawa si Abbey pagkat walang lumabas sa kamay ng binata. “Ano yon?” tanong niya pero may narinig silang nagcrack kaya lumingon ang dalaga at nanlaki ang mga mata niya pagkat may ice pieces na dumikit sa puno. “I think you did it” sabi niya.

Lumapit si Raffy at nanlaki din mga mata niya. “E wala naman ako nilabas” sabi niya. “Remember what lolo said, sabi niya yung dragon natin ang titira so

siguro lumihis siya sa akin at nung nakalihis na siya then doon niya tinira yung ice ball" sabi ng dalaga.

"Oh my God, so I did it?" tanong ni Raffy at nagtalunan ulit yung dalawa sa tuwa. Sa malayo nakangiti si Ysmael at hinaplos ang ulo ni Dragoro. "He did it, akalain mo yan, wala pang isang araw. Nung ako isang buwan" bulong ng matanda at umungol ang dragon niya. "Now he will teach her, Dragoro you want to stay here or go home?" tanong ni Ysmael at nahiga yung dragon at nagtamadtamaran kaya tumawa yung matanda.

Umulit si Raffy at tuwang tuwa talaga sila pagkat nagagawa na niya yung dragon attack. Tinuruan na niya si Abbey ngunit isang oras ang lumipas at di parin makuha ng dalaga yon.

"Pero look Abbey, konti nalang yung tira sa akin, at yung puno malapit na sa gitna yung mga tama" sabi ng binata. "Slow learner talaga ako e, alam mo naman yon e" pacute ng dalaga. "Ayos nga e para matagal pa tayo magsama dito. "Hoy!! Ano ba?!" sigaw ni Pedro at bungisngisan yung dalawa.

Sumapit ang gabi at bumalik na yung dalawa sa bahay. Nakita nila parents nila sa tapat ng bahay at magsisindi sana ng bonfire. "Hindi ganyan! Mali yan!" sigaw ni Raffy at inayos niya yung mga kahoy. Nung napatong niya na ng maaayos ang mga kahoy nanatili siyang nakaluhod.

"Abbey fire please" sabi niya at napatingin ang lahat kay Abbey na sobrang layo. Tinuro ng dalaga ang kamay niya at biglang lumiyab yung bonfire. "How did you do that?" tanong ni Pedro at nakangisi lang yung magpartner. "How did you do that e ang layo mo at nakaharang si Raffy?" tanong ni Pedro at tumawa lang yung dalawa.

"Daddy training lang yan" pacute ng dalaga. "Sige na pano mo ginawa yon?" tanong ni Pedro. "Practice lang dad, kaya niyo din yan" landi ni Raffy at tinuro

niya kamay niya kay Pedro at natuwa naman si Felipe sa malayo pagkat may nashoot na ice cube sa kanyang baso ng beer.

“Mayabang tong dalawang to, pano niyo ginagawa yan? Pano kayo nakakapag magic na may nakaharang?” tanong ni Pedro. “Sorry dad we cant tell you. We have to ask permission first” sabi ni Abbey. “Wow naman, pero alam niyo magandang atake yan” sabi ni Pedro.

“Oo nga, panlaban sa mga traydor yan. O kaya panlaban sa mga Turtle users” sabi ni Felipe at nagtitigan sina Raffy at Abbey. “Oh wow, so yun pala yon” sabi ni Raffy. “Oo nga no, malakas sila sa defense, so lolo was preparing us for that” sabi ng dalaga. “Mwihihihihi tomorrow we practice some more and add special touches to it” sabi ni Raffy.

“Ahem baka naman pwede ituro sa amin later, kasi nanganganib din buhay namin sa exhibition matches” lambing ni Pedro. “We will ask lolo pero no promises” pacute ni Abbey.

Kinabuksan maagang nag ensayo ang mag partner, dumalaw si Ysmael at tuwang tuwa sa dalawa pagkat kahit malayo kaya na nila. “Impressive, I knew you two could it” sabi ng matanda.

“Oh lolo we have something even better” landi ni Abbey. “Oh really?” tanong ng matanda at naupo siya sa isang tabi at nag exhibition yung dalawa. Tumayo si Raffy sa tapat ng isang puno, umatake si Abbey at yung puno ang tinamaan, nagulat si Ysmael nang pati yung puno sa likod ni Abbey natamaan ng maliit na ice ball.

“Kasi lolo, sabi mo nga we have to prepare, so kunwari magkahiwalay kami, nababantayan ko blind spot niya at ganon din ginagawa niya sa akin. Kunwari yung mga puno ang kalaban, we can hit them both without hitting each other” paliwanag ng dalaga at pumalakpak yung matanda.

“And I was supposed to teach you that today” sabi ni Ysmael sabay tumawa at napakamot sa ulo. “Aha! Siguro ipapademo mo tapos balak mo atakehin yung susubok from behind no?” tanong ni Raffy at nagulat sila nang makita nila may nakaready apoy na lumulutang sa likuran ni Abbey.

“More practice” sabi ni Ysmael at napakamot yung dalawa. “Pero lolo surprise attack na yan” sabi ni Abbey. “So? Come attack me” alok ng matanda at tumayo siya sa gitna at sabay umatake yung magpartner, nasangga ng matanda yung fireball ni Abbey at yung ice ball galing sa likuran niya.

“Dragon defense…and now dragon attack” sabi ni Ysmael at tinira niya si Abbey ng wind punch pero pati si Raffy tumapis. Bagsak sa lupa yung mag partner at todo kamot sila sa ulo. “Bakit dalawa?” tanong ni Abbey at tumawa yung matanda.

“I attacked you straight but behind me I told my dragon to attack Raffy” paliwanag ni Ysmael. “Mwihihihihi I know this lesson, this is for the Tigers” landi ni Raffy. “Hmmm you are correct so practice” sabi ni Ysmael.

“Oo nga no, kasi mabibilis sila umatake, at wild pa. So dapat mabilis tayo umatake at since dalawa din sila kailangan talaga sabay sila maatake natin” sabi ni Abbey. “Pero lolo mas madali ata kung ikaw mismo magturo” sabi ni Raffy.

“Iho, you two are special. All I need to show you is what you two are capable of. The rest you two can learn because like I said you two are very special. So come on, dadalaw ulit ako bukas at tignan natin kung handa na kayo sa next lesson” sabi ng matanda at agad siya nawala.

“Mahirap na yung ginawa niya” sabi ni Raffy. “Pano ka aatake ng hati isipan mo. E yung one attack mahirap na magfocus” sabi ng dalaga. “Kaya nga e, pero

kaya natin yan. Ang nagtataka lang ako siguro super bilis ng dragon natin no? Kasi tignan mo ikaw aatake tapos pati ako, that means super duper fast siya" sabi ng binata.

"Oo nga, pero Raffy pano yun? Sige na aralin mo na para matuto narin ako" lambing ng dalaga. "Okay so I attack sa harapan tapos may kalaban ako sa likod so dragon ko aatake don, wow teka mahirap to" sabi ng binata.

Sa malayo nakangiti si Ysmael, "Dragoro, he has started to get more curious" bulong ng matanda at umungol si Dragoro. "As expected but its too soon Raphael. You are maturing too soon" bulong ng matanda.

Chapter 30: Dark Magic

Christmas morning nagising si Abbey dahil sa maginhawang hangin na dumampi sa kanyang pisngi. Napangiti ang dalaga at dahan dahan hinaplos ang kanyang pisngi pagkat yung pagdampi ng hangin ay parang isang halik.

Dahan dahan niya minulat ang kanyang mga mata, naupo siya at napangiti pagkat pagdungaw niya sa bintana nakita niyang nag iisnow sa labas. “Raffy naman e” bulong niya kaya paspas siyang tumayo at nakita niya may winter clothes siyang nakahanda sa kanyang closet.

Yung safe haven ni Victor naging isang winter wonderland kaya paglabas ng dalaga sobrang saya niya. “Good morning Abbey” bati ni Raffy at agad yumakap ang dalaga sa kanya. “You did this?” tanong ng dalaga. “Yup, Christmas gift ko sa iyo. Sorry ha, di pa natutuloy yung ating trip to Japan. Pano naman ayaw tayo payagan kaya eto like I promised” sabi ng binata.

“Wow pero Raffy sobrang galing, namaster mo na ata e” lambing ng dalaga. “Well I have been planning this for a long time, eto yung mga inaaral ko tuwing nag iisa ako. Kaya lang may bad news” sabi ni Raffy. “Anong bad news?” tanong ni Abbey. “Well siyempre dapat maliligo muna tayo, come with me and let me show you” sabi ni Raffy at nagtungo sila sa batis, lalong namangha ang dalaga pagkat yung buong batis naging yelo.

May dragon carved iced shower cubicles na apat sa bawat gilid pero may mga tao sa loob. “Ayan inunahan nila tayo” sabi ng binata pero niyakap parin siya ng dalaga. “Grabe sobrang ganda” sabi ni Abbey. “I must admit I asked for help from supahgramps kasi naubusan ako ng power” bulong ng binata.

“Kahit na ang ganda parin, this is the best Christmas gift ever…kaya lang sana meron yung slope para mag snow slide tayo” sabi ni Abbey. “Ahem, di ko nakalimutan yon” sabi ni Raffy at tinuro ang isang malayong lugar. Halos

mapatalon sa tuwa ang dalaga nang makita ang isang bundok ng yelo. “Oh my God! Am I dreaming?” tanong ni Abbey.

“No, basta lahat ng sinulat mo sa diary mo, the one you showed me last time. I made it all. Well don’t expect it to be perfect kasi yung mga kaya ko lang ginawa ko but I promise next time lahat ng nakasulat don gagawin ko na” sabi ni Raffy.

Inantay nila turn nila sa showers, pagkatapos maligo sama sama silang lahat para sa indoor breakfast pagkat masyadong maginaw sa labas. Habang kumakain nagtatawanan sila pagkat lahat sila nakasuot ng makakapal na jacket at lahat sila giniginaw talaga.

“Kung sana ganito mo din ako niligawan non” banat ni Abigail at natawa tuloy si Abbey. “Wala naman tayo safe haven noon e, kung meron di gumawa din sana ako ng ganito” sagot ni Pedro. “Imposible, ni di mo pa makontrol powers mo non e, maniwala pa ako kung impyerno magawa mo” banat ni Felipe. “Stop it, its Christmas” sabi ni Raffy at napatigil niya yung mag bestfriend kaya sobrang natawa si Ysmael.

“Grabe di parin ako sanay being with the dragon lord” bulong ni Violeta. “Ma, relax lang, okay si supahgramps. Kung wala ako sa bahay nandon lang ako kina supahgramps. May kwarto kami…” sabi ni Raffy at bigla siya napatigil pagkat siniko siya ni Abbey.

“Its okay, you can tell them. Yes they are at my home, they have their own rooms there and that is where they train. Masikreto kasi tong dalawang ito” sabi ni Ysmael. “Pinanood ko kayong lahat lumaki, naalala ko pa si Franco noon, sobrang palaaral at mahal na mahal ang school. Talagang dinibdib ang pagiging dragon” sabi ng matanda.

“Pero hindi siya dragon” bulong ni Raffy at tumawa ulit ang dragon lord. “Yes pero he learned how to use dragon magic. Palaaral kasi tong si Franco, nagmana si Felipe at it seems napasa nila yon sa iyo Raffy. “Si Pedro naman saksakan ng yabang” banat ng matanda at nagtawanan ang lahat. “Wow pati ba naman ang dragon lord” bulong ni Pedro. “Pero nasa lugar naman pagyayabang niya…Felipe came to his life and grounded him”

“Now siguro tinatanong niyo bakit hindi kayo ang napili bilang mga apprentice, I was supposed to choose you two after the second time nakaakyat kayo sa bundok pero deep inside may naramdaman akong iba telling me to wait and I was right”

“If ever I chose you two then sad to say di na natin alam ano nangyari na. Imagine if I chose you two at nung sinugod yung school they found out kayo yung dragon lord apprentice then you two might have been killed already. Mabuti nalang nag antay ako, Pedro and Felipe do not feel bad, you two played a vital part in history”

“You both started the path towards peace. Alam niyo there must be sacrifices in order to achieve something. Di ko sinasabi na nakita ko it will happen, wala ako kapangyarihan para doon. I just felt that it was not the right time to choose you two and here we are”

“Kung kayo nagsimula ng daan para sa kapayapaan, etong mga anak niyo ang magpapatuloy ng daan na yon” sabi ng matanda. “What do you mean kami?” tanong ni Raffy. “Wala lang feel ko lang” sabi ni Ysmael at nagtawanan ang lahat. “Kung makapagsalita ang dragon lord akala mo kung teenager lang e” bulong ni Abigail at tumawa yung matanda.

“E kasi lagi kong kausap si Abbey at Raffy, nahahawa na ako sa pananalita nila. Anyway let us enjoy this day, oh by the way tatagal ito hanggang new year so sanayin niyo na yung ginaw” sabi ni Ysmael at napakamot si Raffy.

“Salamat talaga supahgramps ha, weak pa kasi talaga ako. Pero isang araw pag malakas na ako I will do it on my own” sabi niya.

After breakfast diretso sila lahat sa snow mountain at lahat sila nag skiing. “Sana lahat ng mga kaibigan natin nandito din” sabi ni Abbey. “Actually dadating sila in two days” sabi ni Raffy. “Really?” tanong ng dalaga. “Yeah, pero for now tayo muna” sabi ni Raffy at sumakay sila sa sled ni Abbey, “Game” sigaw ng dalaga at nagpbaba sila ng bundok.

Nagpicture taking sila sabay pinadala nila sa lahat ng kanilang mga kaibigan. Todo post pa sila sa Facebook at napaniwala nila mga kaibigan nila na nasa Japan talaga sila.

Sa isang tabi nakatayo si Ysmael, lumingon siya at binati si Victor. “Bakit mo sinabi tinulungan mo siya?” tanong ni Victor. “Di ko sinabing tinulungan ko siya, hiningi niya tulong ko pero wala naman ako ginawa. Akala niya tinutulungan ko siya pero sa totoo siya lang gumawa nitong lahat” sabi ng dragon lord.

“You could have told him it was all him” sabi ni Victor. “I know but not yet. Mas maganda kung di niya alam muna ang tunay na lakas niya” sabi ng dragon lord. “Naiintindihan ko, baka pag nalaman niya maaring malihis ang landas niya” sabi ni Victor. “Tulad mo” sabi ni Ysmael at napahiya ang baguhang elder.

“He is just like you, Franco, and Felipe, this boy will keep learning and learning things he does not know. He fears the unknown, nagmana sa iyo” sabi ni Ysmael. “Yan ang kinakatukan ko, the fear of the unknown brought me to what I am now” sabi ni Victor.

“Pero nagbago ka, natuto ka, Raffy will be like you so you better start guiding him” sabi ni Ysmael. “Sinasabi mo ba tuturuan ko siya?” tanong ni

Victor. “In the right way” sabi ng dragon lord. “Ayaw ko, I don’t want him to turn into me one day” sabi ni Victor. “Tulad ng sinabi ko he is learning on his own, just like you. Gusto mo ba matuto siya ng walang direksyon?”

“Let me tell you, yung takot ni Raffy sa di niya alam lalo nagpupursige sa kanya matuto. Kung hindi niya makuha yung gusto niya naghahanap siya ng ibang paraan upang makamit ang gusto niya. Ikaw na ikaw, at alam mo naman saan ka humantong” sabi ng dragon lord”

“Let me tell you he has already started taking your path” sabi ni Ysmael at nagulat si Victor. “What do you mean?” tanong niya. “He is learning something that I don’t know of. Kahit sabihin mo dragon lord ako pero madami parin ako di alam”

“Everytime pinapanood ko siya may times na di ko maintindihan anong klaseng mahika ang kanyang ginagamit. Although it produces the same effect as normal users would do” sabi ni Ysmael at napangiti si Victor. “So he is just like me” bulong niya.

“Yes, like when you started, you learned the very basics of everything. From there you started to learn a different path using those basic ones, dissecting them to form the same magic, to many we know it as the dark magic” sabi ni Ysmael. Tumawa si Victor at napakamot, “Dati yan ang pinaglalaban ko, gusto ko maaccept ng lahat na pwede yon”

“Na pwede ang dark magic basta gamitin sa tama. Pero ayaw nila kaya nagalit ako. Nagamit ko tuloy yung dark magic sa masama. From dark magic I learned the really deadly spells” kwento ni Victor. “If you don’t guide him now then Raffy will end up like you” sabi ni Ysmael at nagtitigan sila.

“Ayaw ko mangyari yan sa apo ko” sabi ni Victor. “So teach him now, di ko sinasabi na ituro mo lahat ng alam mo. Guide him, pinaglaban mo yung dark

magic at sabi mo pwede gamitin sa tama, so doon mo siya dalhin. Kung hindi siya magagabayan Victor, everyone will turn against him one day”

“He will lose everything, lalo na si Abbey. When that happens he will be the second you but this time this boy will be the worst nightmare of everyone” sabi ni Ysmael.

Pagsapit ng gabi nung tulog na ang lahat, si Raffy mag isa sa may batis at inaayos ang mga dragon sculptures. Napatigil ang binata at agad may kakaibang hangin nagpalibot sa buong katawan niya.

“Its me apo” bulong ni Victor. “Lolo naman wag ganon. Gusto mo ba ako maatake sa puso?” tanong ng binata at tumawa ang matanda pero pansin ni Victor na panay laslas konti ang kanyang suot na balabad. “You should be resting apo” sabi ni Victor.

“Mamaya po lolo, inaayos ko pa tong mga sculptures para bukas pag gising ni Abbey maganda ulit sila” sabi ng binata. “Alam mo iho, matagal na kitang gusto kausapin e” sabi ni Victor. “Lolo if you are worried about your past, bale wala yon sa akin. I know you did what you had to do kasi may gusto kang ipaglaban na akala mo tama”

“I would have done the same” sabi ni Raffy. “Pero I was wrong iho” sabi ni Victor. “Oh I know, pero everything is okay now. Kaya lang…ayon nawala si lola” bulong ni Raffy. “Be honest apo, kinakahiya mo ba ako?” tanong ni Victor.

“Hindi po, promise. Lolo kahit malaman ng tao na lolo kita hindi ako mahihiya. Past is past, everyone has the chance to change and you took it and I am so happy for you. They should see that and not judge you for what you have done before. Tapos na yon, tignan naman nila yung effort mo magbago and I know lolo you are still hard up trying to prove yourself to them”

“Lolo taas noo ka, ramdam kita at wala ka dapat ikahiya sa akin. I can see you are changing, you have changed, leave your past behind and keep embracing that change. Wag kang babalik sa dati or else lolo sinasabi ko na I will stop you” sabi ni Raffy tumawa yung matanda at biglang niyakap ang apo niya.

“Apo narinig ko na you have been using a different approach to magic” sabi ng matanda. “Opo, hirap ako matuto sa normal way kaya I am using the way that is easy for me. Pero I don’t tell them kasi baka mapagalitan ako e. Pero lolo inaaral ko parin naman yung tinuturo nila kaya lang nahihirapan talaga ako e” sabi ng binata.

“Halata naman iho, ginagamit mo yung tamang daan sa duels, pero sa mga ganito ginagamit mo yung daan na alam mong mas madali” sabi ni Victor. “Shhh lolo naman baka may makarinig, alam mo ba tsismosa si grandmama, baka nandyan yan umaaligid at nakikinig” bulong ni Raffy at tumawa yung matanda.

“Don’t lie to me, you know tayo lang ang nandito, I know you sensed me a while ago and you were well guarded” sabi ni Victor. “Ah yes, may problema pa ako doon, I can sense but I don’t know kung kalaban or kaibigan” sabi ni Raffy. “Let me guess, nag aral ka ng medical book, you learned that part of our brain has the ability to sense danger” sabi ni Victor at nagulat yung binata.

“How did you know? Aha you were spying on me! Pano mo alam yon lolo? Oo nalaman ko na part of our brain has the ability to sense danger. Sabi ko importante ito para lalo ko maprotektahan lagi si Abbey” kwento ng binata at tumawa ang matanda.

“Pareho tayo iho, I was weak before. Sobrang hina, lagi ako nabubully ng mas malalakas kaya isang araw nalaman ko din yan. Inaral ko talaga palakasin yung part ng brain ko na yan para lagi ako handa. You are doing it for a good purpose, to protect Abbey, ako naman noon for survival”

“Doon nagsimula ang curiousity ko kasi there is no normal magic that would be able to enhance that part of our brain” sabi ni Victor. “Pero lolo meron” bulong ni Raffy at napapikit si Victor pagkat tama yung sinabi ni Ysmael sa kanya. “I know iho, meron pero alam mo ba bawal yon, it is called dark magic” sabi ng matanda.

“May bawal pa ba kung gusto mo lang protektahan yung minamahal mo?” tanong ni Raffy. “Kahit sabihin mo yan iho bawal parin yan” sagot ni Victor. “I know that is why di ko sinasabi kasi mapapagalitan talaga ako pero basta gagamitin ko siya kasi I want to protect Abbey” sabi ni Raffy.

“Iho, once you start learning dark magic you cant stop already” sabi ni Victor. “Alam ko po, ramdam ko yung greed to keep learning pero lolo promise hanggang doon lang ako sa mga mahika na pwede tumulong sa akin. Iniiwasan ko na po yung nakakasakit” sabi ng binata.

“How do you know which is which? How do you know titigil ka? What if something happens to Abbey? Yung galit mo mag uudyok sa iyo matuto ng matuto pa. Do you like to end up like me?” tanong ni Victor. “I will not end up like you lolo, promise talaga I just want to protect Abbey” sabi ni Raffy.

“Let me teach you then” sabi ng matanda at nagulat ang binata. “Hala lolo bawal yan” sabi ni Raffy. “May bawal pa ba pag gusto mo protektahan ang mga mahal mo?” bawi ni Victor at nagtitigan ang mag lolo at nagtawanan.

“Aha! Ginagamitan mo ako ng reverse tactic. Very wise of you lolo” sabi ni Raffy. Naupo yung matanda kaya naupo narin ang binata. “You promise you wont go beyond?” tanong ni Victor. “I promise lolo” sabi ni Raffy. “Okay then let me teach you the basics of dark magic” sabi ng matanda at nanlaki ang mga mata ni Raffy.

Samantala sa malayo nakatayo si Ysmael at Franco. “Are you sure ito ang tamang landas para kay Raphael?” tanong ni Franco. “Oo, kailangan may gagabay sa kanya. Dapat may tatakbuhan siya pag may hindi siya alam. Kung hindi papasok sa buhay niya si Victor then walang tatakbuhan si Raffy”

“He is learning and learning, the basics he runs to Ivy, Emily, and Grace, those who were willing to teach him and answer all his questions. For the dragon powers he comes to me. For the rest of the magic that he learns wala siya tinatakbuhan kaya mas maganda na pumasok si Victor”

“Kasi pag wala siya mapagtatanungan he will just keep learning and he will think it is right. Mas maigi nang ganito” paliwanag ni Ysmael. “Natatakot lang ako na baka magamit niya sa inter school duels, magkakaproblema talaga tayo pag nangyari yon” sabi ni Franco.

“Yang si Raffy mabait at responsableng tao. That is why I chose him, do not be afraid kasi hindi niya gagamitin mga yan sa duels. If ever masamang tao ang apo mo pinatay na niya lahat ng mga naka duel nila sa school. Trust me he has total control and he knows what is right and what is wrong”

“Pero pag nilaban mo yan sa totoong laban he might surprise us all” sabi ni Ysmael. “What do you mean?” tanong ni Franco. “You will find out soon, better pray Abbey does not get hurt. If ever she does really get hurt kahit sa duels lang you all prepare to stop him”

“Last time I accidentally hurt Abbey he almost killed me the other day” sabi ni Ysmael at nagulat si Franco nang makita yung malaking laslas sa dibdib ng dragon lord. “He did that?” tanong ni Franco.

“I was teaching them, nakipag sparring ako sa kanila to test them. Sobrang gumaling sila kaya di ko naexpect yung new move nila. First time after a long time nagpanic ako, I lost control of my attack and hit Abbey really hard. He got

so mad…pero he didn't attack me, he just pushed me away with a strong wind tapos pinuntahan niya si Abbey"

"Eto yung resulta, trust me its healing pero nung araw na yon first time ko masugatan sa buong buhay ko" kwento ni Ysmael. "Oh my God, if that happens to any student then they could die instantly" sabi ni Franco.

"Kaya nga tomorrow Raffy will go with Victor, I shall take Abbey and help her grow stronger. Si Abbey lang makakapag control kay Raffy when it comes to that point, pero if Abbey is unconscious…last time sa duels sa school Raffy almost lost it….he controlled himself"

"Yung sinasabi kong pakitang gilas lang….i lied, he was really going out of control pero nilalabanan niya sarili niya. Sinabi ko lang na nagpapalabas siya ng show to scare their opponents pero sa totoo Raffy was battling himself, his dark side almost won pero he took control…Venus and Charlie could have been dead by now" sabi ni Ysmael.

Chapter 31: Teodoro

Dalawang araw bago New Year nag eensayo sina Victor at Raffy sa liblib na gubat ng safe haven. May sumulpot na nilalang, may kakaibang liyab yung mga mata ni Raffy at agad sinugod ang nilalang na yon.

“Raffy don’t!” sigaw ni Victor at naglabasan ang mga anino sa lupa at hinawakan si Raffy at dinikit sa isang puno. “Kakampi siya apo” sabi ng matanda. “Oops” sabi ng binata at bigla nalang bumagsak sa lupa si Placido. Hinaplos ni Placido dibdib niya, “Nagapos mo na siya pero natamaan parin niya ako?” bulong niya.

“What do you expect? Apo ko yan, bakit ka nandito?” tanong ni Victor at lumapit si Raffy at hinaplos ang likod ni Placido. “Sir sorry po ha, mahina parin kasi yung senses ko. Sorry talaga” sabi ng binata. “Anong atake yon iho?” tanong ni Placido.

“Hindi atake yon, anyway Raffy that is all for today, may pag uusapan lang kami” sabi ni Victor kaya umalis yung binata. “Tumawag si Gustavo as expected at humihingi siya ng tulong” bulong ni Placido.

“Ano sinabi mo?” tanong ni Victor. “Sinabi ko kakausapin muna kita” sagot ni Placido. “Good, tara na at kunin natin yung video at ibigay sa kanya. Tapos buntunan ulit natin siya” sabi ni Victor. “Hindi, gusto daw niya sumama sa pagkuha sa videos” sabi ni Placido.

“Sinabi mo bang nasa institute yung videos?” tanong ni Victor. “Oo sinabi ko yon pero gusto parin niya sumama” sagot ng alagad niya. “Tara kausapin muna natin yung ibang elder” sabi ni Victor at agad sila nawala. Sa malayo nanggagalaiti sa galit si Raphael. Narinig niya yung usapan ng lolo niya at ng kanyang alagad.

“Bakit buhay ka pa?” bulong niya at pilit niya kinokontrol sarili niya. Umaapaw siya sa galit kaya ramdam ng buong safe heaven yung kanyang kakaibang hangin. Biglang sumulpot si Abbey, “Raffy bakit? I can feel you na galit ka” lambing ng dalaga.

Napangiti si Raffy at humupa na ang kanyang galit. “Hey Abbey, yeah I was mad kasi meron akong di makuha na tinuturo ni lolo sa akin. Pero okay lang yon” sabi ng binata. “Wag ka na malungkot, tara meryenda tayo tapos pagkatapos dalhin natin yung iba sa bundok para mag sled ride ulit tayo” lambing ng dalaga.

“Dumating na sila? Lahat sila nandito?” tanong ni Raffy. “Yup they just arrived kaya nga natigil training namin ni lolo e. He has to hide you know. Tara na” sabi ni Abbey. “Bakit daw sila delayed?” tanong ni Raffy. “Ewan ko, basta nandito na sila lahat, oh Raffy I don’t want you getting too close with Felicia” biglang banat ni Abbey. “Ha? Di naman ako dumidikit don ha” sabi ng binata.

“Kaya nga, sinasabi ko lang, at si Charlie din” pacute ni Abbey at tumawa ng malakas si Raffy. “Kahit dumikit sila sa akin alam mo naman tibok ng puso ko para lang sa iyo” bulong ni Raffy at napasigaw sa malayo si Pedro. “What the hell are you two trying to do again?” hiyaw niya kaya nagtawanan nalang yung dalawa.

Samatala sa institute nagpulong ang mga elder kasama ang institute head. “Is this room safe?” tanong ni Franco. “Yes it is” sagot ni Diosdado. “So gusto sumama ni Gustavo dito para kunin yung videos. I know this is a test. He is trying to test me. Ano sa tingin niyo?” tanong ni Victor.

“Gusto niya ata mag suicide e” sabi ni Rizal. “He is right, he must be testing you. Gusto niya makita kung sinsero ka talaga” sabi ni Prospero. “May naiisip pa ba kayo na pwede niya makuha dito aside from the videos?” tanong ni Victor. “The database of students, bago palang yon pero how did he know?” sabi ni Diosdado.

“Natural may mga espiya parin dito. So he wants to make recruiting easier. Gusto niya makita yung database of students” sabi ni Redentor. “It makes sense, kasi alam niya mahihirapan siya pumasok sa mga schools now that we have fortified the guards around them” sabi ni Diosdado.

“Are we going to let him?” tanong ni Victor. “Let him, database lang naman yon e” sabi ni Rizal. “Pero pano yung ibang data? Home address, information about parents. Alam niyo naman he can do many things with that kind of information” sabi ni Franco.

“Ibang database yon, kaya lang you should know that they have videos of the duels those students have gotten into” sabi ni Diosdado. “At bakit may ganon kayong files?” tanong ni Rizal. “Well dahil sa nangyari last time sa sentro, nag iingat na kami at baka napasok na ang mga students”

“Gusto narin namin malaman if some students have been acting strange. You know what happened sa duels sa sentro. Gustavo was helping them. So we wanted to see if that is also happening or still happening sa lahat ng schools” paliwanag ni Diosdado.

“Do we have time to take down the videos?” tanong ni Rizal. “Wala na tayo oras, magkikita na kami in one hour tapos dadalhin ko siya dito” sabi ni Victor. “Lalo mapapadali ang pag recruit niya, using those videos mas madali niya makikita sino ang kanyang mga prospects” sabi ni Redentor.

“Ayos lang, bubuntutan ko naman siya. Wala siyang kawala sa akin kasi we made a blood pact. I will explain later and don’t worry I didn’t use my blood. So Are we ready for him?” tanong ni Victor. “You know what, this is a good thing since wala tayong magic trace ni Gustavo”

“If you lure him here, the moment he steps inside makikita na ang magic trace niya at pwede na natin irecord yon. So everytime he uses his magic we shall know where he is” sabi ni Diosdado. “Huh, akalain mo nga naman, that is really good. Malalaman na natin saan yung mga kuta ng ibang alagad niya”

“We can strike them down all at the same time” sabi ni Prospero at nagngitian silang lahat.

Isang oras ang lumipas nakipagkita sina Victor at Placido kina Gustavo at Gaspar sa isang restaurant. “Eto isuot niyo ito, ibang magic ID ang ginagamit sa institute. Do not act strangely” sabi ni Victor. “I can do that, they wont know its me” sabi ni Gustavo at tumawa si Victor.

“Walanghiya ka may maniniwala kaya na may alagad ako na bata?” tanong ni Victor. “Well pwede mo naman sabihin na genius ako pero out of school” landi ni Gustavo. “Pero teka, alam mo naman gwardyado parin ako sa loob. So I need you to do something for me too” sabi ni Victor.

“Yes what do you want me to do?” tanong ni Gustavo. “You see may database daw sila about the students. Since we are forming an army, nakita ko narin yung ganda ng plano mo so I too want some students, the strong ones” sabi ni Victor at parang natuwa si Gustavo.

“You know what, I am starting to like you. Do not worry I know where they are” sabi ni Gustavo. “Hoy we share that database, baka naman aayusin yan at ititira mo nalang sa akin yung mahihina. Tandaan mo pag trinaydor mo ako alam mo naman ano mangyayari sa iyo” banta ni Victor. “Alam ko, do not worry, basta umakting ka nalang doon at kami ni Gaspar ang bahala” sabi ni Gustavo.

Trenta minutos ang lumipas at sumulpot silang apat sa gate ng institute. “So dito lang pala nakatago ang institute” bulong ni Gustavo at siniko siya ng malakas ni Victor. “Elder Victor come in” sabi ng guard.

“Kasama ko sila, may meeting daw kami ngayon” sabi ng matanda. “Of course sir, pero may I see their IDs” sabi nung guwardya at lumapit yung iba pa at tinutok ang kanilang staff sa tatlong kasama ng elder. “Okay cleared, sorry sir naghihigpit lang po tayo ngayon” sabi nung guard.

“Amazing, strong elite wizards guarding the gate” bulong ni Gaspar. “Tarantado ka wag ka na magbalak, matagal ko na iniisip yan pero di normal na gate yan” sabi ni Victor. “What do you mean?” tanong ni Gustavo. “You may break in easily but trust me if they don’t want you to get out they wont let you get out” sabi ni Placido.

“Imposible” sabi ni Gustavo. “Hmmm bakit may iba ka bang binabalak? Tulad ng sinabi ni Placido, kung ayaw ka nila palabasin di ka makakalabas, you know what that means Gustavo” sabi ng matanda. “Yes, pero never ko inasahan na gagamit sila ng illegal magic” sagot niya.

“Anon illegal magic?” tanong ni Gaspar. “Gates of the Unknown” bulong ni Gustavo at tinitigan siya ni Victor. “Akalain mo kung magmalinis sila ano?” bulong niya at nagtawanan silang dalawa pero napangisi si Gustavo.

Napakasok na sila at naghiwalay yung dalawang grupo. Pumasok si Victor at Placido sa isang kwarto kung saan nandon ang ibang elder at pinapanood ang CCTV monitors. Nakita nila sina Gustavo at Gaspar naglalakad sa isang floor, may nadaanan silang staff at bumangga sa kanila.

“There is one spy, nakita niyo yon, pinasa niya yung magic ID para sa database section” sabi ni Rizal. “One down, how many more to go?” bulong ni Diosdado.

Nakapasok sina Gustavo sa video archive room at doon kinuha ang mga video ni Raffy. Sunod nila pinasok yung database section, paglabas nila may isa pang staff ang nakipagbanggan at inabutan ulit sila ng isang ID. “Two down” bulong ni Franco.

Biglang nawala si Gustavo at Gaspar, “Nasan na sila?” tanong ni Victor. “Sundan niyo yung huling staff! Dapat malaman anong ID yung pinasa sa kanila. They know where the cameras are” sabi ni Franco. Naglabasan ng kwarto ang mga elders, inutusan ni Diosdado ang mga secret guards upang tugisin na yung mga espiya.

Sa ilalim ng institute pinasok nina Gustavo at Gaspar ang mga kulungan. Hinarangan sila ng mga guard pero pinakita nila ang kanilang ID. “Magic body extraction team” sabi ni Gaspar at hinayaan sila makadaan.

Naglibot sila sa kulungan, napangiti si Gustavo nang makita ang dami ng mga nakakulong doon. “Tignan mo na, madami kasi ang gusto gumamit ng mahika sa outside world. Dapat may freedom din tayo gawin yon pero rules are rules daw. Stupid rules, why do we have to hide who we really are” bulong ni Gustavo.

“Huminahon kayo sir, focus tayo, doon ata sa dulo” sabi ni Gaspar. Sa huling sedla sila tumapat at nakita nila sa loob si Teddy. “Hello Teddy, do you remember me?” bulong ni Gustavo at yung binata natawa at binigyan ng dirty finger yung dalawa.

“Buti nga sa iyo at nahuli ka narin nila” sabi ni Teddy. “Nahuli? Ako? Of course not” sabi ni Gustavo. “Shit ka, sinira mo mga pangarap ko” sabi ni Teddy. “Tarantado, ikaw yung humiling ng kapangyarihan, ang simpleng bagay di mo magawa. Now look at you, nakakulong ka. Mayabang ka kasi, you lost your chance to kill him pero nagpasikat ka pa kasi” sabi ni Gustavo.

“Shut up, nagsisisi na ako. Wala na sirang sira na ako” sabi ni Teddy. “Bakit di ka pa naman natanggalan ng magic body ha” landi ni Gustavo. “Shit ka, umalis ka na dito…tanggap ko na kapalaran ko” bulong ni Teddy.

“Really? Magulo pa isipan mo iho, di mo man lang natanong bakit kami nandito” sabi ni Gustavo at natauhan ang binata at lumapit. “Oo nga pano ka nakapasok dito, at dapat patay ka na” sabi ni Teddy at tumawa si Gustavo. “Nagpasok sila ng magic spell sa utak mo para pakalamahin ka, isang epekto non di ka makakaisip ng diretso” sabi ni Gustavo.

“Alam ko yon, paputol putol pag iisip ko. Just in case magbalak ako pero I cannot hold a thought for ten seconds long” sabi ng binata. “Ganyan talaga yan, don’t worry di ka pa nasisiraan ng bait. Ginagamit talaga nila yan para sa mga preso” sabi ni Gustavo.

“Leave me alone now” bulong ni Teddy. “You were asking why I am still alive? Because I am powerful. Kung sana nakinig ka sa akin…anyway would you like another shot or would you prefer to live a normal life without no magic?” tanong ni Gustavo.

“Shit ka, tanggap ko na kapalaran ko. Kung makalabas man ako dito sirang sira na ako sa lahat after what I did” sabi ng binata. “I didn’t say you will go back to them, come with me. I will help you reach new dreams. Kilala na kita Teddy, alam ko nais mo nasa tuktok ka lagi. Let me give you that chance to attain that” landi ni Gustavo.

Tumawa si Teddy at tinitigan yung matanda, “I have nothing left, maski parents ko pansin ko kahit pag dumadalaw sila dito kita ko sa mga mata nila yung kahihiyan na dinulot ko sa kanila” bulong ng binata. “Come with me and we can change all of it. Come rule with me” alok ni Gustavo.

“What is the point? Di ko na mababalik ngiti sa mukha ng magulang ko” sabi ni Teddy. “True that, since nasa kalagayan ka nang ganyan then what else will you have to lose? Sabi mo walang wala ka na, pati parents mo nahihiya na sa iyo. Come with me, you can live a new life. Freedom and power Teddy” sabi ni Gustavo.

“Siraulo ka as if pwede mangyari yon, hahanapin nila ako. Magiging wanted ako. Lalo ko lang ibabagsak yung pangalan ng magulang ko” sabi ng binata. Binuksan ni Gustavo yung selda at pumasok sila ni Gaspar. “If they know tumakas ka, what if they don’t know” landi ni Gustavo at nagulat yung binata pagkat yung itsura ni Gaspar pumapareho na sa itsura niya.

“Leave my past behind?” tanong niya. “Yes, let them think that you gave up already. I can get you out to start a new life. Imagine all those things you still want to accomplish” landi ni Gustavo. “How can I do that? Wala na din lang ako mabibigay sa magulang kong saya” sabi ng binata.

“Then do it for yourself. Kilala na kita, you are like me. We are the same. We are hungry for more. We want to be the top dog of everything. Pero in order to do that you have to leave your past behind” sabi ni Gustavo. “Fine…fine sige do it” sabi ni Teddy.

Humawak si Gustavo kay Teddy at siya naman ang kumukuha sa itsura ni Gaspar. “Now do you understand? A new life Teddy, leave your past behind” sabi ni Gustavo at tumayo ang binata at napangiti. “At ang alam nila ako parin yan?” tanong ni Teddy. “Oo naman” sabi ni Gustavo at lumabas sila ng kulungan at iniwan sa loob si Gaspar.

Bumulong ng dasal si Gustavo at biglang tinira si Gaspar sa ulo. “What did you do to him?” tanong ni Teddy. “Shhh iho, he can never speak again, tulala na siya forever. Sasabihin nila nasiraan ka na ng bait. Come on we have to hurry. Shit teka inumin mo ito pala, muntik ko na makalimutan” sabi ni Gustavo.

“Ano to?” tanong ni Teddy. “Basta inumin mo na, kailangan mag match yung boses mo sa boses ni Gaspar. Mahirap na baka mamaya mapilitan kang magsalita, and don’t lose your ID or else you will die getting out the institute” sabi niya. “Shit, teka” sabi ng binata at agad inumin yung nasa maliit na bote. “Iho, whatever you happens do not use your powers yet, Wag muna iho, let me get you out first” sabi ni Gustavo.

Nagkita kita sila ni Victor malapit sa may entrance. “Kanina ko pa kayo hinahanap. Saan kayo nagpunta?” tanong ng matanda. “Oh sorry, nawala kami. Ang laki pala ng institute. Tara na we got what we came here for” sabi ni Gustavo.

Nakalabas na sila ng institute, bumalik sila sa restaurant at doon gumawa ng kopya si Placido kunwari ng database ng mga estuyante. “We share them” sabi ni Victor. “Of course, kung gusto mo ikaw pa una mamimili e” sabi ni Gustavo.

Sumulpot sina Teddy at Gustavo sa loob ng isang kweba sa isang malayong isla. Nagulat ang binata pagkat nandon si Gaspar. “Ha? Akala ko ba siya yung pumalit sa akin?” tanong niya. “We had it all planned iho, say goodbye to your old life. Embrace this new life of yours. Wala na si Teddy so go ahead choose a new name” sabi ni Gustavo.

“Ayaw ko magplit ng pangalan” sabi ni Teddy. “Bahala ka, new life iho” sabi ni Gaspar. “Teodoro, that is my real name, I want you to call me Teodoro” sabi ng binata. “Okay Teodoro, are you ready to become stronger?” tanong ni Gustavo.

“You don’t have to ask, pero may isa akong pabor na hihilingin sa inyo” sabi ng binata. “Sure ano yon?” tanong ni Gustavo. “Alam mo interesado ka parin kay Raphael, ibalato mo nalang siya sa akin” sabi ng binata at tumawa si Gustavo.

“Sorry iho I cannot let that happen, you see Raphael will be important to us” sabi ni Gustavo. “Shit, are you trying to say magiging kakampi ko siya?” tanong ni Teodoro. “Well it depends, you might like the new him after we get him. He will not be the Raphael that you knew before” sabi ni Gustavo.

“Papalitan mo isipan niya? Still siya parin yon at gusto ko siya makaharap at gulpihin” sabi ni Teddy. “In due time iho, okay I promise you will get that chance sa inter school duels” sabi ni Gustavo.

“Demet! Meron nang inter school duels?! I want to win that too!” sigaw ni Teddy. “I promise you will, and sige doon kakaharapin mo si Raphael. Now will that be okay with you?” tanong ni Gustavo.

“Yes, but I cant promise that I wont kill him” sabi ng binata. “It does not matter if you kill him or not, ang importante mapunta siya sa atin. Dead or alive it wont matter” sabi ni Gustavo sabay tumawa ng sobrang lakas.

Biglang kinuha ni Teddy yung databe ng mga estudyante, sinira niya yung hard drive kaya nagpanic sina Gaspar at Gustavo. “What have you done?!” sigaw ni Gustavo at natulak ng malakas ang binata palayo. “You don’t need anyone else” sabi ni Teddy.

“Yung video? Tarantado ka importante yung video!” sigaw ni Gustavo at pinakita ni Gaspar na hawak niya yung isang hard drive. Agad nila tintesting yon at nakahinga ng maluwag si Gustavo. Nakita ni Teddy yung video ni Raffy at bago pa siya makalapit muli siya tinira ni Gustavo. “I wont let you destroy this videos, they are important to me” sabi niya.

Chapter 32: Hidden Temple

Nakalipas ang bagong taon at si Gustavo gumalaw na. Bumalik siya sa lumang palasyo niya at muling pinatawag ang magic body ni Pelaez. “Eto na yung ebidensya na nais mong makita” sabi ni Gustavo at natawa si Pelaez.

“Ano yan?” tanong niya. “Ah di mo na naabutan ito, isa eto sa mga imbesyon ng tao” sabi ni Gustavo. “Tignan mo na, kahit wala silang makiha nakakalikha sila ng madaming bagay. Ano nagagawa niyan?” tanong nung matanda.

“Madami, pero sa ngayon mapapanood mo yung ebidensya na hinahanap mo. Ang tawag dito ay video” sabi ni Gustavo. “Video, tell me more about this. Interesado ako dito” sabi ni Pelaez at napakamot si Gustavo pero wala na siya magawa kundi ipaliwanag ang tungkol sa laptop na dala niya.

“Ang sinasabi mo ba mapapanood ko diyan yung naganap na. Parang memorya?” tanong ni Pelaez. “Oo parang ganon, ito na ang teknolohiya nila ngayon. Kunwari itong pag uusap natin pwede ko irecord dito kasi may camera siya” sabi ni Gustavo. “Anong klaseng mahika yan? Sigurado ka normal na tao gumawa niyan? Sige nga” sabi ni Pelaez.

Nagrecord si Gustavo at tinutok yung camera ng laptop sa matanda. “Magsalita ka, gumalaw ka, para mapanood mo mamaya” sabi niya. “Ako si Pelaez, pero wala ang katawan ko, gusto ko na mapanood tong sinasabi mo” sabi niya kaya hinarap ni Gustavo yung screen at natuwa ang matanda.

“Totoo nga…ganito na pala itsura ko pag di ako tao. Pero ikaw lang nakakita sa akin ibig ba sabihin yung memorya mo papasok diyan para mapanood?” sabi ng matanda. Napakamot si Gustavo at napailing. “Hindi, teknolohiya ito, may camera na nakuha video mo” sabi niya. “Hindi ko maintindihan yang makiha nay an” sabi ni Pelaez at napaupo si Gustavo at muling nagpaliwanag.

“Naaliw ako diyan, sige nga” sabi ni Pelaez. “Kaya nga eto panoorin mo yung ebidensya” sabi ni Gustavo at naplay niya yung video nung grand event kung saan nagpasiklab si Raphael.

Kita niya yung tuwa sa mga mata ni Pelaez, pati yung second video pinanood niya kaya napangiti si Gustavo nang makita nakumbinsi niya ang matanda. “Who is that boy? Tell me who is that boy? Sino yan?” tanong ni Pelaez. “He is Raphael” sabi ni Gustavo. “I want to meet him” sabi ni Pelaez at tumawa si Gustavo.

“Pano mo siya makikilala kung ganyan ka. So do we have an agreement?” tanong ni Gustavo. “Naiintriga ako sa batang yan, gusto ko siya makilala. Maganda yung pangarap niya at vision niya sa future. He shares the same vision as mine” sabi ng matanda.

“Tulad ng sinabi ko, ituro mo saan nakatago yung mga libro, itututuro ko saan ang katawan mo para makabalik ka. Then pwede mo na siya makilala” sabi ni Gustavo. “Hmmm…nabubuhayan ako dahil sa batang yan. Sige…magtungo ka sa isang lumang templo sa likod ng bundok ng Arayat” sabi ni Pelaez.

“Doon mo lang sila tinago?” tanong ni Gustavo at tumawa yung matanda. “Oo bakit? Wala naman ako kapangyarihan upang lumikha ng magarang pagtataguan. At wala naman ako malalakas na alagad na pwede magbantay doon. Tulad ng sinabi ko simpleng tao lamang ako, kaya oo nandon lang siya” sabi ng matanda.

“Imposible, ikaw madami kang alam at hindi mo man lang prinotektahan ang pinagtataguan ng mga libro na yon? Kahinahinala ka masyado, kung alam ko may mga spell kang ginamit, sa tingin ko hindi lang ganon kasimple” sabi ni Gustavo.

“Nakakatawa kayo, iniisip niyo siguro sa isang engrandeng templo ko siya tinago kung saan may makakharap pa kayong mga kalaban. Wala nang ganon. Lahat ng mga orihinal kong libro nandon, kaya lang yang mga libro ng apat na kapangyarihan nakatago at kailangan ng susi”

“Alam mo kasi sinabi ko sa sarili ko na isang araw lilipas ako. May makakahanap sa mga librong yan. Maiintindihan nila ang history natin. Yun lang naman ang nais ko iiwan sa mundo, ang kaalaman tungkol sa ating mga magic users. Nagtiwala naman ako sa mga lords ang kings, binigay ko sa kanila yung mga susi para masigurado ang seguridad ng mga libro ng kapangyarihan doon. Sinabi ko lang pinagkakatiwala ko sa kanila ang aking mga gawa” sabi ni Pelaez.

“Bweno, tulad ng usapan ituturo ko din kung saan nakatago ang katawan mo. Dadalhin kita doon, at ibabalik kita sa katawan mo tapos samahan mo nalang ako sa pinagtaguan mo ng mga libro” sabi ni Gustavo at tumawa yung matanda. “Wala ka atang tiwala sa akin, sige ibalik mo ako as lupa” sabi ni Pelaez.

Nagtungo si Gustavo at Gaspar sa isang liblib na lugar sa may Mindanao. Nakarating sila sa isang lumang sementeryo at hinukay nila ang isang kakaibang kabaong. “Sino yung ibang nakalibing dito?” tanong ni Gaspar.

“Hindi mo na kailangan alamin pa, tulungan mo ako dito” sabi niya. Binuhat nila yung kakaibang kabaong at dinala sa isang malayong isla. Nilapag nila ito sa loob ng kweba. Binuksan nila yung kabaong at nagulat si Gaspar pagkat hindi inagnas yung katawan ni Pelaez.

“Anong klaseng mahika ang ginamit niyo dito?” tanong niya. “Masayado kang madaming tanong. Tulungan mo nalang ako dito sa dasal na ito, hindi ko ito kaya mag isa” sabi ni Gustavo at inabutan niya ng papel si Gaspar at sinumulan nila yung kakaibang ritwal para maibalik yung magic body sa katawa ni Pelaez.

Ilang oras ang lumipas at gumalaw na yung bangkay. Sina Gustavo at Gaspar napahiga sa lupa at hingal na hingal. “Mas madali nung binuhay kita” bulong ni Gaspar. “Taratando natural resurrect magic lang yon, ito ibang klaseng mahika tong pagbabalik ng magic body sa normal na katawan” sabi ni Gustavo.

“Kung ganon, pwede mo pala idetach magic body mo tapos ipasok sa ibang katawan?” tanong ni Gaspar. “Bobo, mahirap yon, tignan mo nga si Cardo nahihirapan. Nagkakareaksyon ang katawan at namamatay ito. Akala nila kasi madali lang ito pero nagkakamali sila” sabi ni Gustavo.

“Totoo yang sinasabi mo, inaral ko yan dati at mukhang nakuha nila libro kong isa” sabi bigla ni Pelaez na nagsalita. “Buhay ka na?” tanong ni Gaspar. “Itong ginawa niyo sa akin malakas na mahika ito, as expected sa third generation user na tulad mo Gustavo. Mahirap magdetach ng magic body, mas mahirap yung pagabalik nito sa dating katawan”

“Tama ka imposible maipasok ang isang magic body sa hindi niya totoong katawan” sabi ni Pelaez. “Oh I know, yun ang ginagawa nina Santiago kaya alam ko binago nila plano nila. Matigas ulo niya at di nakikinig sa akin. Pero alam mo muntik na sila nagtagumpay” sabi ni Gustavo at tumawa yung matanda.

“Kahit anong gawin mo hindi pwede mangyari yon. Are they trying to raise and army of magic users? Sorry pero imposibleng mangyari yon” sabi ni Pelaez. “So binuhay kita, ituro mo na yung lugar” sabi ni Gustavo. “Kung mararapatin mo pakainin mo muna ako at lubhang nanghihina ang aking katawan. Pero napabilib niyo ako dito sa mahika na ginamit niyo upang panatiliin ang katawan ko sa maayos kahit wala ang aking magic body”

“I didn’t age a single day, I can remember this scar, nadapa ako nung araw na hiniwalay nila magic body ko. Makapangyarihan talaga ang mga second

generation users" sabi ni Pelaez. Tumayo yung matanda at may nakita siyang isang hukay sa loob pa ng kweba. "Yung nakaburol diyan, buhay siya…bakit niyo siya binurol?" tanong niya. "It does not matter, tara na pakakainin ka namin" sabi ni Gustavo.

Isang araw ang lumipas at dinala ni Pelaez yung dalawa sa kanyang templo. Isang kubo ang pinasok nila ngunit sa loob may hagdanan ito pababa sa isang kweba. Nakita nila doon ang sobrang daming mga libro pero tinuro ni Pelaez yung apat na gintong baul na nakadikit sa kweba. "Ayan sila, tulad ng sinabi ko" sabi ng matanda.

Sinaksak ni Gustavo yung susi sa isang baul pero bago niya ipihit ay tinignan niya yung matanda. "Anong mangyayari kung susubukan ko buksan yung ibang baul gamit itong susi na ito?" tanong niya. "Wala naman, hindi mo sila mabubuksan" sabi ng matanda.

"E kung sirain namin yung mga baul?" tanong ni Gaspar. "Subukan mo pag kaya mo" sabi ni Pelaez. Pinihit nalang ni Gustavo yung susi at nagbukas yung baul. Sa loob nakita niya yung isang lumang libro at may tatak ito ng Phoenix. Tumawa siya ng malakas at agad niya binuksan ang libro.

"Use that book wisely" bulong ni Pelaez at napangisi si Gustavo. "Kailangan masubukan ang libro" sabi niya at agad hinawakan ni Gaspar si Pelaez. "Anong gagawin mo?" tanong ng matanda. "Sabi ko nga kailangan subukan yung libro, kung gumana itong spell e di tama siya. Kung hindi e di biniro mo kami" sabi ni Gustavo.

"Wag! Nagsasabi ako ng totoo!" sigaw ni Pelaez. Binasa ni Gustavo ang isang spell at binigkas niya ito ng sobrang lakas. May kakaibang baga ang mga mata niya at sa buong katawan niya kakaibang pwersa ang naiipon.

Tinira niya si Pelaez, yung matanda biglang nangisay at nilalamon ng maliliit na orange flames. “Bastardo ka! Niloko mo ako!” sigaw ni Pelaez. “Para walang makaalam na nakuha ko itong libro. At para hindi ka na nila mahanap at mapatawag pa. Wag kang mag aalala hindi namin sisirain ang mga librong iba. Makikilala ka parin ng mga tao at mga kwento mo malalaman nila” sabi ni Gustavo, bumitaw na si Gaspar pagkat tuluyan nang nilamon ng maliliit na apoy yung katawan ng matanda.

“Totoo siya” sabi ni Gaspar. “Oo nangyari talaga yung nakasulat dito. Sabi dito ang matatamaan ay lalamunin ng mga maliliit na apoy. Pero this is the most basic spell here. At may kakaiba akong naramdaman, malakas umubos ng kapangyarihan ito” sabi ni Gustavo.

“Pero malakas naman” landi ni Gaspar at nagtawanan sila. “Now let us go and let us see if there is a spell here para lalo tayo lumakas at tumagal ang magic power natin” sabi ni Gustavo at tinignan niya yung natitirang tatlong baul. “Gusto mo subukan natin?” tanong ni Gaspar.

“Delikado, may hindi sinabi si Pelaez. Sapat na itong libro natin” sagot ni Gustavo at lumabas na sila ng kweba. Tinitigan nila yung kubo at sa isang pitik ng kamay ng nasunog ito at natabunan pa ng lupa at mga bato. “Nangako ka sa kanya na hahayaan mo na mahanap ng ibang tao yang mga libro niya” paalala ni Gaspar. “E ano magagawa niya patay na siya? Multuhin niya ako kung gusto niya. Mahirap na kaya kailangan natin mag ingat” sabi ni Gustavo at tuluyan na silang umalis.

May isang anino ang gumapang at doon lumabas sina Placido at Victor. Nagpalabas sila ng mga anino at yun ang mga nagalis ng mga bato at humukay sa kubo. “Magbantay ka dito” sabi ni Victor at siya ang pumasok sa kweba. Agad siya ng nagpailaw ng isang torch, sobrang maalikabok dahil sa pag guho kaya halos wala siyang makita.

“Nararamdaman kita, magpakita ka sa akin!” sigaw ni Victor at nakarinig siya ng isang tawa ng matanda. “Pano mo ako nararamdaman?” tanong ng boses. “Hindi na importante yon, wag kang mag alala nakaalis na sila. Hindi ako kaaway” sabi ni Victor.

“Pano ako makakasiguro na hindi ka kaaway? Baka isa ka lang alagad nila para siguraduhin na patay na ako” sabi ng boses. “Sinabi ko magpakita ka!” sigaw ni Victor at tumawa yung matanda pero nagulat siya pagkat unti unti siya nagpapakita. “Naiintindihan ko na, takot ka sa dilim at inaral mo ang makiha ng kadiliman” sabi ni Pelaez.

Di sumagot si Victor pero nilapitan niya yung matanda na duguan. “Tutulungan kita, hindi ako kaaway” sabi niya at tinapat niya ang kanyang mga kamay sa mga sugat, napangiti ang matanda pagkat mga sugat niya unti unti naghihilom. “Pati paghilom mo sa kakaibang paraan, nasanay mo na talaga ang kakaibang kapangyarihan”

“Alam mo ba bago nila ako kunin yan ang sinisimulan kong aralin…mukhang may nakauna na sa akin” sabi ni Pelaez. “Wag ka muna magsalita at matindi ang mga tama mo sa dibdib…ako pala si Victor” sabi niya. “Jericho Pelaez, ngunit alam ko kilala mo na ako” sagot ng matanda.

Tuluyan nahilom ang mga sugat ni Pelaez, napaluhod si Victor at tumawa siya. “Paghihilom ng sugat ang aking kahinaan, hanggang ngayon nahihirapan parin ako” bulong niya. “Victor…bakit mo ako ginamot? Ano kailangan mo sa akin?” tanong ng matanda.

“Lahat nalang ba sa tingin mo may kailangan sa iyo?” sagot ni Victor at tumawa yung matanda. “Alam mo dati wala ako kwenta, I was so weak, unwanted, then when I started learning, everyone started to notice me. Doon may kailangan sila sa akin kaya dumami ang kaibigan ko pero lahat sila may kailangan lang sa akin”

“Kaya ako nag isa, nagpakalayo at nag aral lang ng nag aral. Uhaw sa kaalaman, ito ang aking munting kaligayahan, di ko naman binalak magpalakas, at alam ko isang araw itong mga inaaral ko gugustuhin ng mga suwail pero hindi ko naman matigil ang pag aaral pagkat ito ang gusto ng dugo ko” sabi ni Victor.

“Hindi mo na kailangan magpaliwanag, lahat tayo may kanya kanyang pangarap at gusto sa buhay” sabi ni Victor at tinulungan niya tumayo yung matanda. “Naiintindihan kita, you were like me weren’t you? You were weak, and you wanted to change pero mahina ka at takot ka sa dilim at hindi mo alam”

“Kaya nung nagdesisyon kang magbago, inaral mo yung kadiliman, inaral mo yung kinatakutan mo at doon ka nagpalakas” bulong ni Pelaez at di kumibo si Victor. “You wanted to be accepted kaya sa tingin mo noon ito ang paraan mo para makilala ka at matanggap pero iba yung nangyari”

“Kinatakutan ka nila ano? Nagrebelde ka pero ramdam ko ikaw ay bumagsak…pero kita ko sa mga mata mo nagbabago ka na. May nahanap kang ispirasyon para magbagong buhay…” sabi ni Pelaez. “Oo na matalino ka na, hindi ito oras para pag usapan buhay ko” sabi ni Victor.

“I can trust you” bulong ni Pelaez. “Pero alam mo ba ano ginawa mo?” tanong ni Victor at tumawa yung matanda. “Naisahan ako, nagtiwala ako sa kanya pagkat pinakita niya yung…nakalimutan ko ano na tawag don…ang natatandaan ko lang ay si Raphael” sabi niya.

“Ang apo ko” bulong ni Victor at parang nabuhayan si Pelaez. “Apo mo siya? Naiintindihan ko na, dahil sa kanya itong pagbabago mo. Nais ko siya makilala” sabi ng matanda at tumawa si Victor. “Para mo narin hinukay buhay ng apo dahil sa ginawa mo” sabi niya.

“Hindi ako tanga, nung pinakita sa akin yung…” sabi ni Pelaez. “Video” bulong ni Victor. “Oo yun nga, nabuhayan ako, nagtiwala ako sa kanila na may nagnanais talaga ng pagbabago. Pero nung binuhay na nila ako, naghinala na ako sa kanila”

“Hindi ako tanga, alam ko yung ginagawa nila dun sa isang binata na yon. Yung binata na nasa hukay. Buhay siya sa ilalim ng lupa at alam ko pinapalakas nila siya. Forbidden magic learning technique, kung saan kailangan nasa bingit ng kamatayan o patay ang isang tao para mapasukan ng kapangyarihan…pero it only works for inborn magic users” bulong ni Pelaez.

“Sino yung binata?” tanong ni Victor. “Hindi ko alam pero paghandaan niyo siya pagkat ramdam ko yung pait at pighati na dinadala niya. Tulad ng sinabi ko hindi ako tanga, pero umasa ako na sana totoo siya. I could not fight them both I am weak, oo nakuha nila yung libro pero hindi yun ang libro na tunay nilang hinahanap” sabi ni Pelaez.

“What do you mean?” tanong ni Victor. “Libro ng kapangyarihan din yung nakuha nila pero noon nagdalawang isip ako. Dalawang libro ang ginawa ko para sa bawat kapangyarihan. Kinailangan ko gawin dalawa, yung mga higit pang malakas yun ang talagang tinago ko ng maigi” sabi ng matanda.

“Ibig mo sabihin yung mas malakas na libro wala dito?” tanong ni Victor. “Nandyan din” sabi ng matanda at tinignan ni Victor yung nakabukas na baul pero wala na siyang makita. Lumapit si Pelaez at inalis yung susi na naiwan ni Gustavo. “Pero pag gusto mo palitwain yung isa kailangan patakan ng dugo ng lord or king” sabi ni Pelaez.

“Hindi mo sinabi sa kanila yon” sabi ni Victor. “Tulad ng sinabi ko hindi ako tanga. Pero yung nakuha nilang libro sapat na para maghasik ng lagim yon. Tulad ng sinabi ko hinati ko yung mga libro sa dalawa, yung mga inisip kong makakasira na sa lahat yun ang tinago ko”

“Pero yung nakuha nila sapat nang magdulot ng delubyo” sabi ng matanda. “Pano mo ba natutunan mga to? Imposible naman na inaral mo lang mga to” sabi ni Victor at tumawa ang matanda. “Tulad ng sinabi ko mahina lang ako, pero yung uhaw ko sa kaalaman matindi”

“Tulad ng sinabi ko nung madami ako natutunan, dumami kaibigan ko pero isa lang habol nila. Gusto nila turuan ko sila. Pero hindi ko nais yon, kaya ako nagtago, nagbago ng anyo saka naglibot libot para aralin pa yung mga tagong mga mahika. Sa bawat purok may kanya kanya silang mga alas, inaral ko lahat yon hanggang sa akoy naubusan na ng matututunan. Pero there was more”

“Dumikit ako sa mga lords and kings, nakuha ko tiwala nila pagkat sino ba naman mangangamba sa isang mahina na tulad ko. Nagtrabaho ako para sa kanila, I served them well and in return I got to watch them and learn what they can do. Just by watching I learned all their magic. Nung nakita ko wala na ako matutunan sa isa lilipat ako doon sa isa”

“Pero hindi ako masamang tao, gumawa ako ng mga libro para maintindihan ng lahat sino tayo. Wala ako pinaboran na isang kampo, wala ako tinulungan, nung nagkagera nagtago na ako pagkat alam ko magagamit nila ako. Nahanap nila ako, di ko parin sinabi saan nakatago kaya hiniwalay nila ang magic body ko sa aking katawan”

“Pero hindi parin ako bumigay. They found some of my books, they changed some of them para ilihis sa katotohanan ang lahat. Pero yung mga orihinal nandito lahat” sabi ni Pelaez. “Teka ilang taon ka na ba?” tanong ni Victor at tumawa ng malakas yung matanda. “Too old to know a lot” sagot ni Pelaez.

“Sumama ka sa akin, dadalhin kita kung saan ligtas” sabi ni Victor. “Ayaw ko iwanan tong mga libro ko. Trust me I can take care of myself” sabi ng matanda. “We cannot protect you here, kailangan mo sumama sa amin” pilit

ng elder. “Maniwala ka, kaya ko protektahan sarili ko…may tanong ako” sabi ng matanda.

“Sigurado ka ba nakita mo pinanganak yang apo mo?” tanong ni Pelaez at biglang nagliyab sa galit si Victor. “Ayaw ko yang linya ng pag iisip mo” sabi niya. “Patawad, kasi yung mga mata niya, I have seen them before. The same glow…that is why I wanted to meet him. Patawad muli” sabi ni Pelaez at naintirga ang elder.

“Kaninong mga mata?” tanong niya at tumawa yung matanda. “It does not matter, you don’t know him anyway. No one knows him already, he was someone important long ago and I saw him die” sabi ng matanda.

“Matigas ulo mo, sige aalis muna kami pero babalik kami para bigyan ka ng mga bantay” sabi ni Victor. “Pakiusap…mas maganda kung wala masyado may alam tungkol sa akin. Alam mo na baka pagkainteresan itong mga libro ko” sabi ng matanda.

“Wag kang mag aalala, magtiwala ka sa amin. Yang mga orihinal mong history books tutulungan ka namin ipakalat yan sa mga paaralan para maiwasto na ang lahat kaya lang pag uusapan pa namin pano. Kailangan pa ipaliwanag ang lahat dahil tulad ng sinabi mo binaluktot nila ang lahat” sabi ni Victor.

“Mahirap na iwasto ang ganyan, hayaan niyo nalang muna pero Victor nais ko parin makilala ang apo mo” sabi ni Pelaez at bumalik na siya sa loob ng kweba. “Placido, maiwan ka muna dito para bantayan siya, protektahan mo siya. Kakausapin ko yung iba” sabi ni Victor.

Sa loob ng kweba may hinalungkat na lumang libro ang matanda, walang sulat ang mga bawat pahina kaya nagpalabas siya ng kanyang panulat.

Matagal siya nag isip at napapangiti, agad nagsulat pero nag pigil at muling nag isip.

“Raphael…ikaw ba yan o ibang Raphael talaga tong batang ito?” bulong niya sabay napangiti at tuluyan na nilagyan ng titulo ang bagong libro niya.

“Libro ni Raphael”

Chapter 33: Ang Pagtatagpo

Sa loob ng isang kwarto sa campus ng Norte busy nanonood ng video ang isang dalaga. May isang matanda ang sumulpot sa kwarto at agad sinara ng dalaga ang kanyang laptop. “Lately you have been watching that boy” sabi ng matanda. “No I am not” sagot ng dalaga at tumawa yung matanda.

“Samantha, do not lie to me. I know when you are lying” sabi ng matanda. “It is for research, sila yung makakalaban sa inter school duels” sagot ng dalaga. “Kasali ka ba iha?” tanong nung matanda. “No, pero I want to help the others” sabi niya. “Pinapanood din nila yan, I am sure they are ready for them” sabi ng matanda.

“Malay niyo may makita akong iba” sabi ni Samantha sabay nagsimangot. “Samantha iha, where are you going?” tanong ng matanda at napangiti ang dalaga at nag inat. “Lalabas po, Monday pa naman start ng classes e, babalik naman ako in time for that” sagot ng dalaga.

“You are going to Manila” sabi ng matanda. “Gusto ko lang magbakasyon po. Is that bad?” tanong ni Samantha. “Do you know how to go to Manila?” tanong ng matanda at nagsimangot ang dalaga at nagdabog. “Hindi pero madali lang sumakay ng bus” sagot ng dalaga.

“Be careful iha, and what will you do if you find him?” tanong ng matanda. “I never said I was going to find him” sabi ng dalaga. Tumawa yung matanda at nagtungo sa pinto. “Be careful” bulong niya. “Hindi na nga” tampo ng dalaga at nagdive sa kanyang kama.

“Do not get mad iha, you know that you are very important. If you go I will be forced to come with you” sabi ng matanda. “Hindi na nga po! Dito nalang ako magkukulong forever” sabi ni Samantha at napabuntong hininga yung matanda. “Please iha understand the situation we are in” sabi ng matanda. Di na sumagot si Samantha at pinanood nalang muli yung video ni Raffy.

Samantala sa safe haven nag aalala si Raffy pagkat namimilit sa sakit si Abbey. “Sige na go join them, I will be fine” sabi ng dalaga. “Dito lang ako, hayaan mo sila doon. We too need a break” sabi ng binata. “Raffy ano ba, normal ito no, every month ganito kaming mga babae” sabi ng dalaga. “Alam ko pero gusto ko nga dito ako kasi baka may kailangan ka” sabi ng binata.

“Tsk, sige na no, its okay go with them” sabi ni Abbey. “Ayaw ko, galit ako sa kanila. Kanina ko pa sinasabi kay sir Erwin gamutin yang sakit pero ayaw niya” tampo ng binata at tumawa si Abbey. “Raffy, kailangan ko daw pagdaanan ito, para maging normal girl ako” sabi ni Abbey.

“Oo alam ko pero di ko kaya makita kang nagkakaganyan. I get it pero bwisit sila, ngayon lang ako hihiling e tapos ayaw pa nila ako pagbigyan” sabi ni Raffy. “E kasi po kailangan talaga pagdaanan ito” sabi ni Abbey. “You don’t get it, basta dito ako” bulong ng binata.

Dahan dahan bumangon si Abbey, “O bakit ka tumayo?” tanong ng binata. “Tara na, kawawa naman sila e. Baka may masabi sila sa atin if we don’t show up” sabi ng dalaga. “Abbey naman e, humiga ka nga lang at magpahinga” sabi ni Raffy at pinilit pinahiga ang dalaga sa kama. “What are you doing?” tanong ni Pedro na biglang sumulpot.

“Ah..ha? Its not what you think” sabi ni Raffy at tumawa yung dalaga. “Relax dad he was forcing me to lay back down kasi gusto ko lumabas” pacute ni Abbey. “You stay here, Raphael inaantay ka nung iba doon sa labas” sabi ni Pedro. “I don’t want to leave her” sabi ng binata. “Raffy sige na go, I will be fine at mamaya nandito naman si mommy at mommy mo e” lambing ng dalaga.

“Fine” bulong ni Raffy at tumayo siya sa tabi ni Pedro. “Iho my daughter is undergoing something normal. I know how you feel, pati ako nasasaktan seeing her in pain pero this is normal. Thank you for your concern but she will be okay” sabi ni Pedro. “Okay dad, promise me you stay here with her ha”

lambing ni Raffy at humalakhak bigla si Abbey. “Labas! Alis!” sigaw ni Pedro at tinulak palabas ang binata.

Tumayo si Abbey at niyakap ang tatay niya. Pinanood nila sa bintana sa si Raffy naglalakad palayo. Nagtawanan yung mag ama nung nadaanan ni Raffy si Erwin at bigla niya ito pinatapis ng sobrang layo. Maski sina Ernie at Prudencio pinatapis niya kaya si Abbey lalo niyakap tatay niya at naglambing.

Habang naglalakad mainit parin ulo ni Raffy. Sumulpot bigla sa tabi niya si Victor. “Come with me Raphael” sabi ng matanda. “Lolo please not now, mainit ulo ko” sabi ng binata. “It is important iho” sabi ni Franco na sumulpot din. Lahat ng elder nandon na at pati yung elite squad. “Whoa what is going on?” tanong ni Raffy.

“Please iho go with your lolo Victor” sabi ni Prospero. “Pero lolo I have to go to the others” sagot ng binata. “Someone will give them something better to do” sabi ni Franco. “Saan ba tayo pupunta lolo?” tanong ni Raffy. “Basta sumama ka iho” sabi ni Victor. “Isama natin si Abbey, kung di siya sasama di ako sasama” banta ng binata.

Nahilo si Raffy at napahawak sa kanyang ulo. Bago siya bumagsak sa lupa sinalo na siya ng elite squad. “Why does he want to meet him?” tanong ni Franco. “Ewan ko, yung ang kundisyon niya bago siya sumama sa atin. We need him you all know that lalo na ngayon lumakas si Gustavo” sabi ni Victor.

“Victor, bantayan mo yang apo namin, if anything happens to him” banta ni Franco. “Apo natin, nothing will happen to him. I will be with him always at nandito naman ang elite squad” sabi ni Victor.

Samantala sa batis nag aabang ang team dragon, naiinip na sila pagkat gusto nila ulit magtungo sa tuktok ng bundok para magsaya one last time bago

sila bumalik sa school. “Good morning” bati ni Ysmael at nagulat ang lahat pagkat lumitaw ang matanda mula sa batis.

“My name is Ysmael, I am the dragon lord” sabi ng matanda at gulat na gulat lahat ng estudyante. “As in the real dragon lord?” tanong ni Felicia. “Pero I thought he was dead…I read it he was dead” sabi ni Cessa. “Ako din e…oh my God” bigkas ni Venus pagkat may malaking dragon shadow yung dragon lord at sa langit nakalutang si Dragoro.

Samantala sa bundok ng Arayat sumulpot ang elite squad. Nagising si Raffy at bigla niya pinatalsik ang mga ito. “Bakit niyo ako pinatulog?! Nasan si Abbey?! I said mainit ulo ko tapos lalo niyo pa pinainit! Nasan si Abbey?!” sigaw ng binata at nakarinig siya ng tawa ng matanda kaya napalingon siya.

“Mainitin pala ulo ng apo mo” sabi ni Pelaez. “Kasi naiwan yung minamahal niya at di namin sinama” paliwanag ni Victor. Lumapit si Raffy at tinitigan yung matanda. “Lolo sino siya?” tanong ng binata. “Hello Raphael, my name is Jericho Pelaez” pakilala ng matanda at napaatras yung binata at tinuro yung matanda.

“Lolo you are kidding me, nilolоko mo ako ano?” sabi ni Raffy. “No iho, he is the real Jericho Pelaez” sabi ni Victor. “Imposible, yung date sa libro na nabasa ko sobrang tagal na. Wag niyo sabihin immortal siya” sabi ng binata at tumawa yung matanda. “Long story iho. May I invite you inside so we can talk?” tanong ng matanda.

Tinitigan ng binata yung maliit na kubo at sumama sa matanda. “You can leave us, I wont harm him” sabi ng matanda. “Dito lang kami” sabi ni Victor. “Iho tara sa loob” sabi ni Pelaez at pumasok sila sa kubong sira pero dumiretso sa kweba.

“Sabi ko na nga ba may bat cave ka e” bulong ni Raffy at napatingin sa kanya yung matanda. “Walang bat dito iho” sabi niya kaya tumawa si Raffy at napakamot. “Sorry, palabas po yon akala ko kasi tulad kayo ni Supahgramps na updated” bulong niya.

Namangha si Raffy sa dami ng lumang libro. “Totoo nga, pero grabe dito kayo nagsusulat? Sabagay sabi nila yung magagaling na writer daw e loner. Pero wow ang daming libro dito, pwede ko po ba basahin?” tanong ni Raffy at naaliw yung matanda sa kanya.

“Yes you can but not now iho” sabi ni Pelaez. “Oooh kayo ha, nag iimpok kayo ng ginto no? Aha! Apat na baul pero alam niyo lolo gastusin niyo na yan. Grabe ayusin niyo bahay niyo para mas komportable kayo. Alam niyo ba malaki ang palit sa ginto at tiyak ko sa apat na baul na yan easy living na kayo”

“Makakabili na kayo ng computer para mas madali kayo magsulat at madaming bagay pa” sabi ni Raffy. “Hindi ginto ang laman ng mga yan iho, pero hindi na natin kailangan pag usapan mga yan ngayon” sabi ni Pelaez. “Lolo sorry ha, pero pedophile ba kayo?” tanong ni Raffy at tinitigan siya nung matanda.

“Ano yon?” tanong ng matanda at tumawa si Raffy at napakamot. “Hindi naman siguro, pero lolo bakit niyo ako dinala dito e pwede naman tayo mag usap sa labas” sabi ng binata. “Iho I heard about your dreams, humahanga ako sa iyo” sabi ng matanda.

“Ah yon, last year…oh two years ago ko lang natuklasan ang tungkol sa magic people” bulong ng binata at nakwento niya lahat ng nangyari sa dalawang taon niya at naaliw yung matanda. “Oh so dahil sa kanya mo matagpuan yung school, ramdam ko may tinatago ka pang sikreto pero rerespetuhin ko yon iho” sabi ng matanda.

“You cant tell if I am keeping something from you?” tanong ni Raffy. “Iho matanda na ako, madami na ako nakasalamuhang tao kaya alam ko tuwing may tinatago sila sa akin pero rerespetuhin ko yon” sabi ng matanda. “Kaya ayun lolo, two years ago nung tinanggap nila ako sa school na yon nalaman ko yung history ng laban laban”

“I fell in love with a girl, pero in order for me to keep seeing her I have to survive those duels. Can you imagine araw araw may banta buhay ko kaya wala ako sinayang na oras to be with her. Tapos ayun na may nagbabantang delubyo, yung mga gera gera, how am I supposed to think about my future with the girl I love if may ganon na nagbabanta?”

“Ang pangit naman isipin yung future with her na alam mong you can lose each other any moment dahil nga sa gera gera na yan. Call me greedy pero that is the motivation for me, in order for me and her to have a good future this wars should stop at ramdam ko din sa mga guro namin na parang ganon din ang hangad nila”

“So suntok sa buwan, pinaalala ko lang sa kanila yung maari namin makamit. That old place where there was peace and magic was used in the proper manner. Lolo mula nung bata ako I learned hard that If I wanted something kailangan ko paghirapan”

“I knew that in order for me to have a bright future with her kailangan ko magpalakas. Someone had to remind them of what can be attained if all these nonsense wars stop. Alam ko mahina ako pero if I don’t do anything then wala din lang. I had to spark something at the same time show them na kahit wala ako alam gagawa ako paraan…pero it turns out that there is something inside me”

“Up to now I don’t know what it really is…I know its dangerous kaya I don’t use it. Last year akala ko naluksuhan na namin yung isang balakid, pero lately

I learned that he is still alive" kwento ng binata. "Gustavo" bulong ni Pelaez at pansin niya yung galit na asta ng binata.

"Balakid siya…malaking balakid" bulong ni Raffy. "Iho, you remind me so much of someone I used to know before" sabi ng matanda. "Sino po?" tanong ng binata. "His name was…Raphael" sabi ng matanda at tumawa yung binata. "Binibiro mo naman ako e" sabi ng binata.

"Maski ako gulat, napanood ko yung video mo. You are the same as him, you don't look like him pero you have the same eyes" sabi ni Pelaez. "And the same name?" tanong ni Raffy. "Oo iho kaya nga nagulat ako nung nalaman ko pareho kayo pangalan"

"I watched him die before, pero nung napanood ko video mo at nalaman ko pangalan mo nabuhayan ako iho. Inisip ko na baka ikaw ay siya at gumamit ka lang ng matinding mahika upang manatiling buhay" paliwanag ni Pelaez.

"Pero lolo I am not him" sabi ni Raffy. "Yes iho I now that now, kaya nga gusto kita kausapin. I am now sure you are not him and I was wrong. But you have the same dreams and you both share the same eyes" sabi ng matanda.

"Lolo who was he?" tanong ni Raffy at huminga ng malalim yung matanda. Dinala niya si Raffy sa loob looban ng kweba kung saan may isa pang baul. Binuksan ni Pelaez yung baul at nanlaki ang mga mata ni Raffy. Sa loob ng baul may lumang itim na robe at itim na maskara. May lumang itim na staff din doon at isang gintong singsing na may tatak ng dragon.

"He was the first dragon lord and he was the one who stopped the first all out war" sabi ng matanda at napahaplos si Raffy sa robe at lumang staff. "As in pinakauna?" tanong ng binata. "Oo iho and I was there when it all happened. Pinatumba niya yung lahat ng kalaban, he restored peace and order" sabi ng matanda.

“Pero I don’t understand, iba yung nabasa ko” sabi ni Raffy at tumawa yung matanda. “Oo nga iho, I am sorry pero hindi ko sulat mga yon. Nandito ang lahat ng original books. Nung umiral na yung kapayapaan, bumalik na sa dati ang lahat”

“Pero nagsimula nanaman ang lahat ng gera. I am sure you know about the original magic beings? They are called the originals. There were four, naghasik sila kaya lahat sila pinatay at binawian ng kapangyarihan ng Celestial beings. Then they tried again, the first generation they were called but nangyari ulit yung nangyari sa originals. So they were all killed”

“Second generation was different, there was peace pero may nangyari ulit at nagkagulo. Bumalik yung celestial beings, they killed them all…but not all. Eight remained…the Celestial beings created the third generation, everything was going well”

“Sa third generation nagsimula ang mga lords and kings. They would govern the four magic communities. Schools were formed, I am a part of the third generation pero I was weak. So I started learning, kept learning, I got to study the kings and lords. Everything was going great, there was peace pero nagparamdam yung second generation…they started the war again. They invaded the Phoenix school”

“Ang sarap na sana ng buhay noon iho, pero ayun nga nagkagera ulit. Pero si Raphael, he took charge and lead the schools to fight off the enemies. Pinatay niya yung walo na second generation magic users. He became feared instead of thanked. Pero ayos lang sa kanya yon kasi naibalik niya yung kapayapaan”

“Tinuloy ko pag aaral ko, inidolo ko siya at kahit mahina ako nagnais ako makatulong para mapanatili ang kapayapaan kaya ginawa ko ang mga libro ng

kapangyarihan. I learned what they could do, with all my knowledge I managed to even create spells for them that they don't know about"

"I offered them my books, they told me to just keep it kasi di na daw kailangan mga yon kasi may kapayapaan na. Sabi nila sirain ko na sila, pero di ko ginawa yon. Nag saliksik ako, nalaman ko na hindi pala namatay yung walo na second generation. I mean they died but they resurrected, doon namin nalaman na the first generation four beings were still alive. Tanging nakinig sa warning ko ay si Raphael habang yung iba tinawanan lang ako"

"He hunted them down, this time yung first generation ang lumaban na, malakas sila pero he killed them all, the four of them…but they came back again. Doon namin nalaman immortal sila. Kaya tinulungan ko siya, that is where we invented the detachment body. Pinaghiwalay namin yung magic body sa real body pero alam mo kahit yung normal body nila hindi namin masira"

"We left them as is, tinago namin katawan nila…we didn't see it coming. Eight strong second generation fighters loyal to them resurfaced and started another war. Naibalik nila yung apat na second generation…" kwento ni Pelaez.

"But how?" tanong ni Raffy. "They found my books, but not all. I was careless, it was my fault. Sumikat kasi ako, lumaki ang ulo ko konti pero I never gave it to them. They stole my books, pero not all. Tuloy naging markado ako, I had to hide and Raphael helped me. This time tumulong narin yung ibang lords and kings, all out war ulit naganap, they managed to kill the first generation beings"

"This time isa isa nila tinago, di nila sinabi sa isat isa saan nila tinago ang bawat assignment nila. There was peace once again, Raphael told me to hide somewhere even he would not know of kasi nagsimula ulit ang gera namuno yung loyal eight second generation users"

“Sabi nila kaya na nila yung walo, naniwala ako pero those eight were really strong lalo na yung isa, yung leader nila. Someone was helping them, di namin alam sino pero sa takot nagtago na talaga ako pagkat nahirapan sila sa gera sa lords and kings. I was a marked man, they knew they needed my books”

“They didn’t find me pero they found a way to get stronger. Madami sila nakuhang third generation users to join them. At isa doon kilala mo, si Gustavo. Oo kapwa third generation user ko siya pero no need to talk about him. Nagtagumpay sila, they captured the lords and kings except Raphael. Napiga nila yung iba to learn about my books, pero yun lang napiga nila pagkat napasa na pala yung kapangyarihan ng ibang kings and lords sa kanilang successors”

“They didn’t know that, alam nila napatay na nila yung tatlo kaya si Raphael ang hinabol nila. He was so powerful trust me at napatigil niya ulit yung gulo. He passed his lordship to his son Yael, the war started again, in order to protect us all kahit hindi na siya dragon lord he pretended to be the dragon lord”

“Raphael succeeded pero naghirap talaga siya. Matitindi yung sugat na natamo niya and there was nothing I could do to help him. “Sabi niya sa akin it was his time to go at gabayan ko nalang daw anak niya. I failed him because meron pang mga rebelde, naging kampante kasi ako kaya nahuli ako before I could go back to Yael and tell him about his father. The enemies captured me and forced me to tell about my books pero di ko sinabi”

“Hiniwalay nila yung magic body ko, from the magic plane I tried to warn Yael pero hirap ako. There was peace again pero I knew that the rebels were planning something. There was nothing I could do kasi I could not warn Yael, nagsimula ulit yung gera, nagsawa na ako, hindi ko na pinanood. I just learned later napatay nila lahat ng lords and kings kaya lalo ako tumamlay at di na ako sumilip pa. I failed Raphael, I didn’t protect his son” bulong ng matanda.

“So si Lord Yael hindi na nagkapamilya, pero before he died he passed his lordship to lord Ysmael” bulong ni Raffy at nagulat si Pelaez at tinitigan ang bianta. “What did you say?” tanong niya at para siyang nabunutan ng tinik sa kanyang dibdib.

“I said do not lose hope just yet, he wont be alone this time” sabi ni Raffy at tinitigan niya yung baul ni Lord Raphael.

Chapter 34: Agression

Back to school na ang lahat, sina Raffy at Abbey nakatago sa library at binabasa ang isang history book. “Abbey sorry ha I kept a secret” bulong ng binata. “Nambabae ka ano?” banat ng dalaga. “Ha? Hindi no, matutuwa ka sa sasabihin ko” sabi ni Raffy. “So lalake?” tanong ni Abbey at nagtawanan sila.

“At kung lalake matutuwa ka ganon?” tanong ni Raffy. “Hmmm diri konti pero mas okay kesa na babae” landi ng dalaga at lalong natawa ang binata. “Abbey this is serious” sabi ni Raffy. “Oh my God pumatol ka sa bakla?” tanong ng dalaga at walang tigil sila nagtawanan.

“Di ba nabasa mo na to dati? What if I tell you madami palang mali dito” bulong ni Raffy. “Imposible ka, as if naman nakausap mo yung real author” sabi ng dalaga at nagkatitigan sila. “Oh my God, are you serious Raffy?” tanong ni Abbey. “Shhhh kasi pinapatago pang secret about him, pero oo buhay si Jericho Pelaez at nakausap ko siya” sabi ng binata.

“Pano nangyari yon? Immortal ba siya? Grabe ang tagal na ng book na yan mas matanda pa yan kay supahgramps” sabi ng dalaga. “I know pero ganito ang nangyari” sabi ni Raffy sabay kinuwento niya yung nakaraan.

“Wow, so sino nagbalik sa kanya? Yung mga elder natin?” tanong ng dalaga. “No Abbey, kumalma ka sa sasabihin ko ha. Promise me that” sabi ni Raffy. “I can feel your anger Raffy the past few days. Akala ko dahil sa akin pero the last time I felt you that angry…si Gustavo no? Buhay siya ano?” tanong ng dalaga.

“Yeah, I don’t know how pero yeah. Siya yung nagbalik ng magic body ni lolo Jericho sa kanyang preserved body. He even got a magic book daw na super powerful” sabi ni Raffy. “Tsk, so why did they let him? Did they know he was going to do that?” tanong ng dalaga.

“Yeah they let him, kasi Abbey, hindi lang pala si Gustavo ang malakas, may mga boss pa siya na mas malakas sa kanya. Di ko na marinig usapan nila pero the elders are going to attack and chase out all the rebels now” sabi ng binata. “So you mean to say they let him para mapalabas din yung mga boss niya?” tanong ng dalaga.

“Oo Abbey, gusto na nila matapos tong lahat ng gera, kaya I can feel they are all preparing for one big all out war. Sabi ni lolo Jericho kahit meron sa kanila yung book inaasahan niya na Gustavo will be greedy and sosolohin niya yon. Sabi niya you cannot learn all those spells quickly kasi mahihirap sila” bulong ng binata.

“I get it, uunahan na sila no? Habang abala si Gustavo learning they will attack already para pakontihin na yung mga kasama niya. Then he will be forced to run or come out, kokonti nalang sila pag ganon by that time” sabi ni Abbey. “Exactly, so gusto ko sana we help them” sabi ni Raffy.

“Ha? Sasama tayo sa kanila?” tanong ng dalaga. “No Abbey, mahina pa tayo para sa ganyang laban. We help them by showing them that we are ready to protect our school. I know yun ang isang iniisip nila e, yung safety natin mga students. So to ease their minds, we help them by showing that we are ready to protect our school. Gusto ko sana magpameeting ng strongest duelists, ayaw ko din alarmahin yung buong school”

“Bantayan natin yung mga entrances at exits when we have time. Di ko naman sinasabi they will attack us, pero what if diba? What if nagpanic kalaban at magresort sila sa dirty tactic. I am sure they will try to enter the school to hold us hostage para di na makalaban yung elders at fighters”

“This is the way we can help” sabi ni Raffy. “Yeah, I want to help too so let us do that. Pero natatakot ako na if we tell baka kumalat e” sabi ni Abbey. “Tayo tayo muna, nakatira na tayo dito sa school diba? And we have supahgramps pero para mas madali we help, sabihin nalang natin sa iba we all have a test, a

big surprise attack kaya dapat ready sila lagi" bulong ng binata. "Tama, ganon nalang, pero Raffy yung mga elementary" bulong ng dalaga.

"I know, I need you there kasi you are so strong now, the rest can handle our campus tapos sina Adolph na sa college. Pero I will make him start making peace with all of his enemies, mission impossible pero kakausapin ko siya mamaya" sabi ni Raffy.

Bandang tanghali nagtungo si Raffy sa college campus area. Lahat napatingin sa kanya at nahiya si Raffy pagkat bigla siyang pinapalakpakan. Madami ang lumapit para makipagkamayan sa kanya pero sa isang dulo napakamot si Adolph.

Lumapit si Raffy kaya umatras yung ibang college students pagkat akala nila magkakaroon ng duelo sa dalawang binata. "Alam mo ikaw na nga hari doon pati ba dito sa kaharian ko gusto mo maghari?" biro ni Adolph. "Pre seryoso tong pinunta ko dito" sabi ni Raffy at nagulat ang lahat nang sabay naglakad palayo yung dalawa.

"Alam ko the past few days or weeks or even months okay okay tayo. Pero ramdam ko parin may galit sa akin" bulong ni Adolph. "Hindi pare, wala na yon. Past is past and you are okay, mayabang ka parin" banat ni Raffy at nagtawanan sila.

"Pero pare sorry talaga, I know what we did last year, I know it was wrong and I am paying for the wrong I have done by making things right" sabi ni Adolph. "I know, I can see naman you are. Pero pare, magkaibigan na tayo, I trust you so what I am going to tell you should remain with us only" bulong ni Raffy.

"Sure pare, ano ba yon?" tanong ni Adolph. "Buhay siya pare, buhay si Gustavo" sabi ni Raffy at nagualat si Adolph. "Teka, alam ko nandon kami sa

arena nung nagharap kayo e, I remember watching and helping but parang nahimatay ata kami. Di ko maalala pero they said you killed him" sabi ni Adolph. "Binura nila memory niyo, I am being honest. Ayaw ng mga teachers malaman ng iba na me and Abbey killed him" sabi ni Raffy.

"Sabi ko na e, yan din pinag uusapan namin nina Armina noon pero wala talaga kami maalala. Pero I understand why, kasi if di binura memories namin wala na lalaban sa inyo no?" tanong ni Adolph. "Hindi sa ganon pare, hindi maganda pumatay, yun ang lesson don at alam mo ba nagpa counseling kami ni Abbey…pero di na importante yon"

"He is alive and he might attack our school. So Pare sana kayo magmasid masid ka dito at magbantay, kami ni Abbey sa elementary tapos yung iba sa high school. I know unpopular ka dito kaya kung okay sana sa iyo you start making friends" sabi ni Adolph. "If there is one lesson I learned from you and Abbey…we need friends and pare oo dumadami narin kaibigan ko dito" sabi ni Adolph.

"Ows? That is good pare" sabi ni Raffy. "Yeah I know pero nahihirapan ako sa iba, kasalanan ko naman pero I am trying to change pare. Sige umasa ka ako bahala dito pare" sabi ni Adolph. "Oh by the way, nung last day sa safe haven, anong ginawa niyo?" tanong ni Raffy. "Ha? Wala no, since wala kayo, nalaman namin may dismi pala si Abbey kaya kami kami nalang nagpunta sa bundok" palusot ni Adolph.

"Ah okay, sorry ha, pero pare ikaw na bahala sa campus mo, pero kung kailangan mo ng resbak pare alam mo na sino tatawagan mo, kaming mga kaibigan mo pare" sabi ni Raffy at nagfist bump yung dalawang binata.

Pagsapit ng gabi may mga nilalang nagtipon tipon sa isang beach sa Tagaytay. "Natugis na natin yung mga espiya sa institute, pero nagtira kami ng isa para hindi makahalata si Gustavo. Don't worry nakauwi na siya at may nagbabantay sa kanya sa bahay nila"

“Ipapatay ko yung magic sensors, para wala kayong magic traces or records sa gagawin niyo ngayong gabi. Tonight will be crucial, our first attack is crucial, alam ko hindi natin mahahanap ang lahat ng rebelde tonight so bukas I am sure they will go into hiding and yung espiya papagalawin nila para malaman ano nangyari”

“Yung paglabas ni elder Prospero, at yung pagkalat ng balita worked wonders. Nakita ni Elder Victor yung pag galaw ng mga rebelde at nahanap niya yung pinagtataguan nila. Napilitan sila magtipon tipon sa mga ibant ibang lugar dahil sa takot. You all have the locations that were given to you by elder Victor. There is only one request, spare the innocent, the rest do what you have to do” utos ni Diosdado.

“Sir the sensors are off” bulong ng isang alagad. “Go” sabi ni Diosdado at sobrang daming nilalang ang biglang nagsiwalaan.

Sa isang liblib na kuta sa may Abra gumapang ang mga anino palibot ng isang bahay. Sa loob nagkakatuwaan ang mga rebelde at di nila napapansin yung mga anino na nakapasok na sa bahay. Sumulpot si Victor at lahat sila nagulat. “Oh bossing napadalaw ka” sabi nung isa pero hinawakan ni Victor kamay niya sa balikat ng lalake at bigla ito nangisay at dumaloy ang dugo sa kanyang mga mata at tenga.

Nagtayuan ang iba niyang kasama pero ang bibilis nung mga anino na pumasok sa mga katawan nila at lahat sila bumagsak sa lupa at naglabasan ang mga dugo sa mga mata, kuko, ilong at tenga. Lumabas si Victor kasama ang mga anino, pinitik nung elder ang mga daliri niya at agad nagliyab yung bahay at nasunog.

Sa isang lugar sa Pampanga tumayo sa harapan ng isang bahay ang mga pinuno ng Sur. Sina Janina, Yves at Ismael sabay sabay nag inat at pinaatras ang kanilang mga alagad. “Kami na muna, matagal tagal narin akong walang

practice" sabi ni Janina na naglakas loob na kumatok sa pinto. Bumukas yon at may sumilip na malaking lalake. "Ano kailangan niyo lola?" tanong ng lalake.

"Magic scan complete, confirmed madam lahat sila rebelde" bulong ng isang alagad. Nagpanic yung malaking lalake, "Mga kasama! Kalaban!" sigaw niya pero si Janina nahawakan siya sa leeg at sa tindi ng galit bumaon ang isang kamay niya sa dibdib ng kalaban. Sumugod yung tatlong pinuno sa loob ng bahay. "Ilan ba sila nasa loob?" tanong ng isang alagad. "Ayon dito sa scanner, may bente sila" sagot nung isa.

Wala pang isang minuto lumabas na yung tatlong pinuno kaya napatingin ulit sila sa scanner at wala na silang makitang buhay. "Shit…wala daw sa practice" bulong nung isa at lalo sila natakot sa kanilang mga pinuno. "Clean up crew, do it quick" utos ni Janina. "Sa susunod galingan mo naman pag bunot mo, walang kwenta tong napunta sa atin" reklamo ni Ismael at nagtawanan sila.

Sa isang subdivision sa Quezon city nagdadalawang isip ang kampo nina Ernesto. "Madami madadamay dito" sabi niya. "Magic scan says may trenta na malalakas na rebelde sa tatlong magkadikit na bahay na mga yan" sabi ng alagad. "But there are too many houses, if we don't act quick maaring manguha sila ng hostages" sabi ni Luz.

"Spread out, tig isa sa mga bahay na nakapalibot" utos ni Ernesto. Pumwesto ang mga alagad sa ibat ibang mga bahay, yung tatlong pinuno kasama ang ibang alagad sinugod na yung tatlong magkakadikit na bahay. Nagkarambulan na sa loob, mga liwanag nagpalitan.

May mga nakalabas na kalaban at tulad ng inaasahan nila inatake nila yung mga bahay sa paligid pero nakahanda ang mga alagad at naglabas sila ng mga shields para protektahan ang mga bahay ng mga inosenteng tao. Lumipad sa ere si Ernersto, "Bumalik ka sa loob!" sigaw niya at sinuntok sa mukha yung

isang kalaban, basag ang ulo nito kaya natawa ang matanda. “Sorry di ko nakontrol” sabi niya.

Limang minuto nagtagal ang laban sa loob ng tatlong bahay, lumabas sila lahat at medyo hingal. “Isa pala to sa kuta ng mga malalakas. Clean up group” sabi ni Luz. Nagpalit ng damit ang mga alagad, pati yung mga pinuno at lahat sila naging mga pulis.

Naglabasan ang ibang tao sa ibang bahay, pinanood nila isa isang nilalabas yung mga rebelde. “Atras po tayo, drug raid lang po” sabi ni Ernesto na pinapaatras ang mga usi. Palakpakan ang mga tao sa paligid kaya medyo gulat yung grupo nina Ernesto.

“Sana noon pa, yan ang mga siga dito e” sabi nung isang tao. “We need the help of the others, nakita na mga tao” bulong ni Elizardo. “Tsk, masyado kasi crowded tong lugar, tawagan si Diosdado at sabihin ipatawag yung damage control team” bulong ni Ernesto.

May isang bus na dumating kung saan pinasok yung mga rebelde. Lahat sila nakasuot ng kakaibang mga posas kung saan hindi sila pwede gumamit ng mahika. Dumating ang grupo ni Diosdado, “Sorry nagkaaberya” bulong ni Ernesto. “Walang problema, sige kami na bahala dito” sagot ng pinuno ng institute.

“Bakit may media at totoong pulis?” tanong ni Luz. “Yung media sa atin yan, we have to make it look real. Yung mga pulis atin din yan, they are our sleeper agents. Relax kayo, sa susunod na kayong target at kami na bahala dito. Everything is fine” sabi ni Diosdado at kumalat ang mga media para kunwari kumuha ng interviews sa ibang tao. Ganon narin ginawa ng mga pulis, kunwari kumukuha ng statements.

Grupo ni Ernesto umalis na habang si Diosdado pumasok sa bus at tinignan ang mga rebelde. “Dalhin sila sa bagong kulungan, double time sa magic body detachment then we turn them over sa mga totoong pulis” utos niya.

Sa isang malayong lugar sa Zamboanga pinayanig ni Hilda yung lupa. Naglabasan ang mga rebelde sa bahay pagkat inakala nila sobrang lakas na lindol ang nagaganap. Bawat isang lumabas inatake na ng ibang mga guro. Nakahanda ang mga alagad ni Hilda sa lahat ng pwede paglabasan ng mga kalaban.

“May mga kasama sila!!!” sigaw ni Prudencio at paglingon nila may mga normal na tao na may dalang mga armas. “Oh my God they have a private army” sabi ni Hilda. Humarap si Ernie at siya yung pinaulanan ng bala. Ngumiti ang matanda pagkat mala superman siyang lumalapit at yung mga bala hindi tumatagos sa magic defense niya.

Nagsulputan ang grupo ni Joerel at sila yung gumulpi sa private army. “Do not kill them! Inosente sila!” sigaw ni Hilda. “Yes boss, we will just knock them out” sabi ni Joerel. “May mga nagtatago pa sa loob ng bahay” sabi ng isang alagad. Bago pa maka react ang mga guro may lumipad na fire dragon papasok ng bahay at nakarinig sila ng sigawan ng mga kalaban.

Lumabas yung dragon at niluwa sina Pedro at Felipe. “Okay na, clean up na” sabi ni Pedro. “Yung mga katawan ng rebelde dalhin sa bagong preso! Joerel, erase the memories of those people, the rest to the next target area” sabi ni Hilda.

Bandang alas does nagtipon tipon ang lahat sa bagong kulungan ng mga rebelde. “Oh my God, ilan sila?” tanong ni Ernie. “Last count umabot na ng twenty thousand, di pa nasama yung mga dinala niyo na last. Then there were around five thousand na namatay according sa mga alagad” sabi ni Diosdado.

“Pero hindi pa sila ubos” sabi ni Franco. “Wala pa diyan yung malalakas na rebelde. Pero for sure this is three fourths of the whole rebel population” sabi ni Prospero. “Not really, this is only thirty percent, I know there are more that are still hiding” sabi ni Victor.

“Pero lahat ng lokasyon na binigay mo napuntahan na natin” sabi ni Rizal. “Kaya nga, pero di ko naman sinabi yun lang ang mga lokasyon. Yung iba hindi ko pa natagpuan, babalik ako sa underground, I am sure galit sila. Did you attack my secret hideout?” tanong ni Victor.

“Yes, sinira sira namin” sabi ni Hilda. “Good, para mas maniwala sila sa akin. Now may dalawang reaksyon ang pwede maganap dito, isa matakot at magtago ng tuluyan, pangalawa magalit at maghasik. So hindi pa tayo tapos, papailalim ulit kami at pipilitin namin yung second option” sabi ni Victor.

“Okay, we will be ready. Pero this is enough to show them that we are starting to get aggressive” sabi ni Diosdado. “Indeed, this will force them to commit mistakes, once they do we take advantage. Lahat tayo dapat maghanda, if they attack expect war” sabi ni Franco.

“Now, how do you propose we speed up the magic body detachment?” tanong ni Erwin at lahat napaisip. “Kung sa normal na paraan, kahit tulong tulong tayo at double time aabutin tayo ng isang taon” sabi ni Erwin. “There is an easy way” sabi ni Franco at nagtitigan sila ni Victor.

“Kausapin natin siya, all the elders come with me” sabi ni Victor. “Sige na kami na bahala dito. Sapat na sa ngayon yung mga magic body binds para di sila makagamit ng mahika” sabi ni Diosdado. “Oh don’t worry, yung sinet up sa kulungan na ito ay special, no one inside there can use magic. And the North has fortified the walls, they are super tough kaya wala talaga makakalabas diyan” sabi ni Eric.

“Okay then, good job everyone. We wait for the report of elder Victor. Then we hold another conference. Pero everyone be wary, they can attack anytime. Congratulations, this is a big step towards the future that we are all aiming for” sabi ni Diosdado.

Sa bundok ng Arayat sumulpot ang mga elders para bisitahin si Pelaez. Yung matanda nasa labas at pinagmamasdan yung mga tala. “Kung papayag ako tulungan kayo will you give me a safe place where I can hide?” tanong niya bigla kaya nagulat yung mga elders.

“Pano mo alam?” tanong ni Victor at tumawa yung matanda. “Sanay na ako, lahat naman ng pumupunta sa akin may kailangan. Di ko alam ano kailangan niyo sa akin pero oo papayag ako pero bigyan niyo ako ng lugar na mapagtataguan. Even my books I want them safe” sabi ni Pelaez.

“I shall take you to my safe haven, malaking lugar yon” sabi ni Victor. “Bakit nagbago bigla ang isip mo? Last time ayaw mo” sabi ni Franco. “Nakausap ko si Raphael, sabi ko sa inyo nabuhayan ako. I am writing a new book, tungkol sa kanya kaya gusto ko siya matapos isulat so I need a safe place”

“In return I shall help you in whatever you need” sabi ni Pelaez. “Ano ba talaga nakikita mo sa batang yon?” tanong ni Rizal. “You see nung nag usap kami…he knew who I was. I told him, pero he didn’t ask for anything from me…all he asked was to read the history books”

“I told him about the strong magic books pero he never blinked or even asked me about them. All he wanted was to read the history books. He could have easily asked me to help him get stronger” bulong Pelaez.

“Kung yun ang hiningi niya gagawin mo ba?” tanong ni Victor. “Of course, pero he didn’t. I kept telling him about the magic books pero wala siyang kibo tila wala siyang pakialam”

“Sa tingin ko kahit alukin ko sa kanya ang mga libro ko ng makiha, hindi niya tatanggapin. Kaya gusto ko kayo tulungan kasi naiintriga ako sa batang yan. Gusto ko panoorin ang kwento niya at isulat yon”

“At gusto ko din pala makilala yung nagpapatibok ng puso niya. Abbey ba yon? Naaliw ako at hindi ko maintindihan itong kiliti sa utak ko. There is something about that boy, I can feel it. Pero masyado pa maaga magsalita kaya gusto ko nalang sundan ang kwento ng buhay niya”

“So do we have an agreement?” tanong ni Pelaez. “Of course, kami na bahala maglilipat ng gamit mo” sabi ni Victor. “No! No one touches my things except Raphael” sigaw ng matanda kaya nagulat yung elders pagkat may kakaibang aura silang naramdaman sa matanda. “Okay okay, ipapatawag namin siya para tulungan kang maglipat” sabi ni Franco.

Chapter 35: Panic

“Bad news boss” sabi ni Gaspar. Si Gustavo busy nagbabasa ng libro habang pinagmamasdan yung burol kung saan nasa loob si Teodoro. “Ano naman bad news and pwede mo pa masabi?” tanong ni Gustavo.

“Umatake ang alliance kagabi at napatay at nadakip ang karamihan sa ating mga alagad” sabi ni Gaspar at nanlisik ang mga mata ni Gustavo. Napatayo siya at nagdadabog. “Nagbibiro ka ba?!” sigaw niya.

“Hindi, maski yung kuta ni Victor nadale nila at madami din siyang mga tauhan ang napatay” kwento ni Gaspar. “Punyeta! Pano nangyari yan? Pano nila nahanap yung mga kuta natin? Lahat ba?” tanong ni Gustavo.

“Hindi, tatlo ang hindi napuntahan” sabi ni Gaspar. “Hmmm teka nga, yang tatlo alam ba ni Victor?” tanong ni Gustavo. “Oo boss, doon tayo nagmeeting minsan sa isa. Yung dalawa nagdala pa siya ng mga alagad doon” sabi ni Gaspar. “Bullshit! Kung hindi siya e di sino? Bakit hindi tayo natimbrehan ng tao natin sa loob?” tanong ni Gustavo.

“Sir off duty siya kagabi, yung dalawa nahuli na. Pero inutusan ko siya magcheck sa magic sensors para makita yung record ng atake kagabi. Mamaya ko pa siya makakausap” sabi ni Gaspar. “Do they know that we took Teddy?” tanong ni Gustavo.

“No boss, hindi pa nila alam na peke yung Teddy na nandon sa kanila at as expected pinasok na siya sa mental after taking out his magic body” sabi ni Gaspar. “Good, pero punyeta nalagasan tayo ng madami” sabi ni Gustavo.

“Baka naman sir sa mga natitira pwede mo na ibahagi yung laman ng libro na yan” sabi ni Gaspar at tumawa si Gustavo. “Hindi, magbabago lang konti plano natin. Wala na tayong suporta pagsugod sa inter school duels na yan.

Pero demet! How did they find out?" sigaw niya. "Di ko alam boss pero are you sure itutuloy parin natin yung pagsugod sa inter school duels?" tanong ni Gaspar.

"Of course, alam mo ba may natutunan ako dito sa librong ito kung saan mahuhuli narin natin sa wakas yang Raphael na yan" sabi ni Gustavo. "Boss yang bata na yan at partner niya malakas, at sigurado ako handa sila protektahan yang dalawang yan" sabi ni Gaspar.

"Hindi ako tanga, may plano na ako at this time hindi na nila magagamit yung cursed dragon magic nila. Oh trust me Gaspar, I have something special for them. Ang problema nalang natin ay kung pano makapasok sa inter school duels. Once nakapasok tayo then they are good as ours" sabi ni Gustavo.

Samantala sa opisina ni congressman Arkuela bumisita si Cardo. "Sinabi ko naman sa iyo na wag na wag kang dadalaw dito" sabi ni Santiago. "Alam ko pero emergency ito, gumalaw na yung alliance at kagabi sinalakay nila yung kuta ng mga alagad natin" sabi ni Cardo.

"When you say alagad natin, do you mean yung mga tinatago natin o yung mga pipitsugin nating mga tauhan?" tanong ni Santiago. "Yung pipitsugin pero importante parin sila boss" sabi ni Cardo. "Ayos lang kung sila lang, we have no use for them anyway, they can be replaced. Wag lang tayo malagasan sa ating mga tinatagong alagad" sabi ni Santiago.

"Pero boss sayang din sila, and if the alliance keeps up their attacks for sure mahuhuli na yung mga tinatago natin" sabi ni Cardo. "Anong gusto mo gawin ko Cardo? Kumilos at masira itong plano ko? Kung mahuhuli sila so be it We need to sacrifice in order to attain something greater" sabi ng congressman.

“Pero how did they know?” pahabol niya at nagtitigan sila. “Gustavo” bulong ni Cardo. “Peste talagang Gustavo na yan. For sure siya yung nagtimbre sa lokasyon ng mga alagad natin pero bakit? Parang hindi siya”

“Ang kilala kong Gustavo mataas ang pangarap, hindi naman siguro siya yung gagawa non” sabi ni Santiago. “Desperate times boss, hinala ko lang ay nakipag usap siya sa kalaban at may hininging kapalit siguro” sabi ni Cardo. “You might be right pero parang hindi si Gustavo ang gagawa ng ganon, pero di din natin masasabi ang galaw ng isang ahas”

“Ilang beses narin nagtangka yan sa buhay ko noon. Shit! Ngayon pa malapit na tayo sa tagumpay magkakaroon ng ganyan. I cant make a move, I cant risk it” sabi ni Santiago. “Then let me, tipunin ko yung iba at tugusin namin si Gustavo” sabi ni Cardo.

Nagtitigan sila, si Santiago huminga ng malalim at napatingin sa bintana. “I trained him, naging mabuti din siyang kasama pero sige…do what you have to do. Kill him, make sure his ashes are burned totally. You know how to do that. Nakakapanghinayang pero sige tugisin mo yang hayop na yan”

“Punyeta ka Gustavo, kung nakinig ka lang at nagtiwala sa akin. Sige na Cardo umalis ka na at next time magkita tayo make sure may good news ka” sabi ng congressman.

“We told you to get rid of him before” sabi ng boses ng babae. “Oo na Oraya, pero malakas din na alagad si Gustavo. May determinasyon siya” sagot ni Santiago. “Kung sana noon mo pa siya niligpit tapos na sana ang mga problema mo, ngayon isa na siyang balakid” sabi ni Grego.

“Alam mo naman mahihirapan sina Cardo” sabi ni Oraya at tumawa si Santiago. “Wag niyo mamaliitin si Cardo, we all have our secrets” sagot niya. “Di ka ba kinakabahan na gumagalaw na ang mga kalaban?” tanong n Icario.

“Wala akong pakialam kahit gumalaw pa sila. Tulad ng sinabi ko kailangan din natin magsakripisyo” sagot ni Santiago.

“And what if they find out about you?” tanong ni Grego. “They wont” bulong ng congressman. “Kung nasabi ni Gustavo lugar ng mga kuta, sa tingin mo ba hindi ka niya ibubuking?” tanong ni Oraya at napaisip si Santiago.

“Kilala ko si Gustavo, may binabalak yan kaya siguro tinuro niya yung mga kuta para may hinihinging kapalit. May binabalak din siya at sigurado ko ako ang huling alas niya. I know him because I was the one who taught him”

“Kung may malaking impormasyon ka, itatago mo yon kasi yun ang isa mong alas. Kung nasabi na niya tungkol sa akin malamang kagabi pa sinugod narin ako ng kalaban pero hindi nangyari yon. Kaya tama hinala ko, may binabalak na iba si Gustavo, may hiningi siyang kapalit sa pagbigay ng mga lokasyon ng mga kuta”

“Bago pa siya magtagumpay at magamit ang huling alas niya bahala na si Cardo” sabi ni Santiago. “Bahala ka Santiago, pinagsabihan ka na namin. Kung kilala mo talaga si Gustavo so be it” sabi ni Oraya at nawala na yung apat na nilalang.

Nanatiling nakaupo si Santiago, hindi siya mapakali. Pinindot niya yung intercom at huminga ng malalim. “Catherine, please cancel all my appointments for today. Don’t ask pero I have something important to do” sabi niya. Lumabas ang congressman at agad siya sinalubong ng kaynang driver. “Batangas” sabi ni Santiago at nagtitigan sila.

Binuksan nung driver yung pinto at pagpasok ng congressman biglang nagpalit ng damit ang driver, nakasuot na siya ng isang orange na robe at orange na maskara.

Pagdating nila sa isang mansyon sa Batanggas nagbantay yung driver at nagpalabas ng isang magic barrier. Pumasok si Santiago at pinindot yung doorbell. May isang matandang lalake nagbukas ng pinto, napabuntong hininga ito agad at pinayagan pumasok si Santiago. Napailing yung driver sa labas nang marinig ang mga malaiyak na sigaw ng kanyang boss. Wala siya magawa kundi ipikit ang mga mata at takpan ang kanyang tenga.

Samantala sa safe haven pumikit si Jericho at nilanghap ang simoy ng hangin. “Maganda dito” bulong niya. “Alam mo lolo gusto ka na makilala ng partner ko e. Pero di ko alam bakit ayaw siya isama nina lolo. Naiinis ako” sabi ni Raffy.

“Kasi iho ikaw palang pinagkakatiwalaan ko” sabi ng matanda. “E partner ko yon, si Abbey naman yon e. Magtiwala ka din sa kanya, di naman siya masamang tao” tampo ng binata. “I know iho pero pwede ikaw muna, I promise I will meet her too and all of your friends” sabi ng matanda.

“Ay matutuwa sina Cessa at Venus, lolo sila yung palaaral. Lagi sila nagbabasa ng libro kaya sigurado ako matutuwa sila pag nakilala ka nila. O ayan nakita mo na tong lugar, ano balik na tayo sa kubo mo para kunin gamit mo” sabi ni Raffy.

Teleport sila pabalik sa Arayat, pumasok sila sa kweba at naglabas ng karton si Raffy. “Hindi na kailangan iho” sabi ni Pelaez. “Ha? Iiwanan mo sila dito? Mas safe don lolo” sabi ng binata. Inakbayan ng matanda ang binata at lumabas sila ng kweba

Nagulat si Raffy nang nalipat na pala yung kweba sa isang sulok ng safe haven. “Wow, nilipat mo siya dito? Pano mo ginawa yon…aha ikaw lolo ha, kunwari ka pang mahina pero malakas ka din pala” landi ni Raffy at tumawa yung matanda.

“Trust me iho I am weak but of course marunong din naman ako ng mahika. Saglit nga at medyo nahihilo ako, madami nagamit na power sa paglipat ng kweba dito” sabi ni Pelaez kaya inalalayan siya ni Raffy maupo sa damuhan.

“Magtiis ka muna dito lolo, pero soon matatapos narin yung away away. Di mo na kailangan magtago pagdating ng araw na yon” bulong ni Raffy. “Is that a promise?” tanong ng matanda at napakamot si Raffy at tumawa. “Are you going to stop all this fighting?” tanong ni Pelaez at lalong natawa si Raffy.

“Lolo hindi ako superhero, hindi ko kaya gawin yang sinasabi mo. Pero I will help if I can. Last year pinaalala ko lang sa kanila lahat kung ano yung dati, now I think everyone shares the same dream as mine”

“May naspark ata ako sa lahat kaya everyone now wants to stop the war. The schools have united again, may inter school duels na nga ulit e. Dati daw nawala yon kasi nga gera gera daw pati mga schools. Pero I think nakatulong ako kaya happy narin ako kahit papano”

“Pero kung kaya ko tumulong pa kahit bata ako at mahina then of course I will but top priority ko si Abbey. I will not let anyone hurt her, kasi lolo kung masaktan siya o mawala siya sa akin then my dreams are good for nothing. Call me selfish pero ganon ako…but I don’t want to think of negative thoughts” sabi ng binata.

“Iho saan mo nakuha yang susi na yan?” tanong ni Pelaez pagkat nagulat siya nang makita yung gintong susi na nakasabit sa necklace ng binata. “Ah ito? Galing po sa isang lolo ko to. Loko loko yon e, pinag isip niya kami na may bubuksan daw itong pinto na kung saan may mahahanap kami makakatulong sa amin”

“Hinanap namin sa buong school yung special door na yon pero wala. Loko loko yon, pinagod lang niya kami pero I understood what he was trying to do.

Gusto niya lang gawin kami busy, lalo na ako kasi may mga inaaral akong ayaw ata nila na aralin ko. Ano magagawa ko, I am weak so I want to learn many things on my own way. Hirap po kasi ako mag adapt sa normal magic users"

"E alam niyo naman ako gusto ko protektahan si Abbey kaya aral ako ng aral. Pero gusto ko din isipin na this key will not open a certain door, I think this key symbolizes something greater, a door inside me, tulad ng dati I was weak pero nag set ako ng goal to be a tae kwon do champion"

"I did it on my own through hard work. So this key teaches me that I can do it, lahat nakatago sa loob ko so this key is close to me to remind me na lahat ng kailangan ko nasa loob ko din lang. Pero of course lolo this is just me" sabi ni Raffy.

"Pano kung sabihin ko sa iyo na yang susi na yan makakapagbukas talaga ng something greater?" tanong ni Pelaez. "You don't have to tell me that lolo, lahat tayo there is something great inside us. Yung iba natatakot to try, kaya never nila nahahanap yon"

"Some try but fall short, they stop and fail to bring out the greatness inside of them. Yung iba di sila aware they are trying, nagugulat nalang sila pag may nagawa sila, yung iba magsasabi sa kanila tapos doon lang nila marerealize na aba kaya ko pala. So me I am trying, I wont stop, I want to be great for Abbey" sabi ni Raphael at napangiti yung matanda.

"Lolo itong susi na ito alam mo si Abbey din ito. Kaya ko din nilalagay close to me always. Kasi Abbey always brings out the best inside of me. Sana ganon din nagagawa ko sa kanya" bulong ni Raffy. "Pero what if you fail?" tanong ni Pelaez at tumawa ang binata.

“Basta meron si Abbey I wont fail. I cant fail. Mahal ko siya, pero di ko pa nasasabi sa kanya yon. Pero one day I will tell her, but I think she knows. Pero siguro hindi, ewan ko, love is so complicated. It is much more complicated than learning magic” sabi ni Raffy at nagtawanan yung dalawa.

Samantala malapit sa isla nina Gustavo may kakaibang alon ang humahampas. May isang ulo ng nilalang ang lumabas mula sa tubig at dahan dahan siyang lumabas. Tinaas ni Cardo kamay niya at naglabasan narin mula sa tubig ang kanyang mga alagad.

Tinuro ni Cardo yung kweba kaya nagkalat ang mga alagad niya at pinalubutan yung kweba. Si Gustavo busy nag oorasyon sa burol ni Teddy, napatigil siya pagkat may kakaiba siyang naramdaman.

“Cardo alam ko ikaw yan” sabi niya at tumawa si Cardo. Tumayo si Gustavo at nagharap yung dalawa. “Sino yang nasa ilalim ng lupa?” tanong ni Cardo. “Bakit? Akala mo ikaw lang marunong?” sagot ni Gustavo.

“Phoenix transfer magic, at sino yang binibigyan mo ng kapangyarihan natin?” tanong ni Cardo. “Hindi importante yan, bakit ka nandito at pano mo kami nahanap?” tanong ni Gustavo. “Pinapatawag ka ni Santiago” sagot ni Cardo.

“Pinapatawag? Pinatawag niya ako pero bakit may walo kang alagad nakaabang sa labas?” tanong ni Gustavo at medyo gulat si Cardo. “Pano mo alam?” tanong niya at nagliyab ng kakaibang apoy mga mata ni Gustavo. Napaatras si Cardo hanggang nakalabas siya ng kweba.

“Pinapatawag o pinapaligpit?” tanong ni Gustavo. “Hindi ganon pare” sabi ni Cardo. “Ows? Alam ko na itong estilo na ito, kilala ko sila. Lumalabas lang sila tuwing may gusto tayo ipaligpit. Pumunta kayo dito para ligpitin ako?” tanong ni Gustavo at tinulak niya palayo si Cardo.

“Patayin siya!” sigaw ni Cardo at lumusob na yung walong alagad niya. Tinaas ni Gustavo kamay niya at nabuo bigla ang kanyang staff. Pinaikot niya ito at may kakaibang liwanag ang pinasabog niya.

Nagbagsakan ang limang alagad, lahat sila butas ang dibdib at lasog lasog ang mga mukha. Gulat na gulat si Cardo sa kakaibang lakas na ni Gustavo. “Anong kapangyarihan yan?” tanong niya.

“Body rip” bulong ni Gustavo at sinapol niya yung isang alagad at biglang nalasog lasog ang buong katawan nito. Tumakbo palayo yung dalawang alagad pero nagpalabas ng flaming Phoenix si Gustavo mula sa kanyang staff at hinabol yung dalawang tumatakas na alagad.

Nilamon sila nung Phoenix at pagluwa panay kalansay na sila. Nakapteleport si Cardo pero pinasok ni Gustavo ang kamay niya sa portal at hinila ulit palabas si Cardo. Umatras si Gustavo pagkat magpalabas ng ipo ipo si Cardo na gawa sa apoy.

Nagkasuguran yung dalawa at nagkapalitan ng killing curses. “Walanghiya maruong ka rin pala lumaban” sabi ni Gustavo at nagpunas ng labi si Cardo at nilabas narin niya ang kanyang staff. “Ano akala mo sa akin palaaral lang?” sagot niya at sumugod siya at nagkasanggan ang kanilang mga staff.

Nakahawak si Cardo sa dibdib ni Gustavo, “Bleed” bigkas niya at umubo ng dugo si Gustavo, ramdam niya bumilis tibok ng puso niya kaya hindi niya makontrol ang kanyang katawan. Walang tigil siya inatake ni Cardo gamit ang physical attacks pagkat yung mga killers spells nakokontra lang ni Gustavo.

“Blend” bulong ni Cardo at namilipit si Gustavo sa sakit nang maramdaman niya ang kakaibang pagrerebolusyon sa loob ng kanyang tiyan. “Phoenix flare” hiyaw niya at napasigaw si Cardo at nabulag sa kakaibang orange na liwanag

na pinakawalan ni Gustavo. Tumigil ang kanyang pamimilipit, ginulpi niya ng husto si Cardo at pinaputok ang mga labi nito.

“Ano Cardo? Sa tingin mo magandang ideya ang pagpunta mo dito?” tanong ni Gustavo pero napangisi si Cardo pagkat sa tubig may iba pang mga alagad ang naglabasan at sinugod si Gustavo.

“Pheonix fury” sigaw ni Gustavo at mula sa buhaning lumabas ang isang sand barrier. Nakulong yung mga alagad sa kakaibang sand walls. Pinaapoy ni Gustavo yung sand wall at naging salamin ito. Hindi makalabas ang mga alagad, muling nagpalabas si Gustavo ng flaming Phoenix at pinalipad sa langit.

Nag dive yung Phoeniex pababa at nagbuga ng sobrang lakas na apoy at tinosta ang lahat ng alagad na nakakulong sa kakaibang glass cage. Napalunok si Cardo at atras siya ng atras.

“Sabihin mo kay Santiago pag may kailangan siya sa akin siya ang lumapit” sigaw ni Gustavo at nagbulong siya ng dasal at tinutok yung dulo ng staff niya sa dibdib ni Cardo.

Sumigaw si Cardo at namilipit sa sakit, naglabasan ang dugo sa kanyang ilong, magic body niya tila lumalabas sa kanyang katawan kaya nagpagulong gulong siya sa buhangin. “Sabihin mo kay Santiago na siya ang isusunod ko and this time wag niya ako mamaliitin” sigaw ni Gustavo.

Tumayo si Cardo at dahan dahan umatras, nagteleport siya paalis kaya tumawa ng malakas si Gustavo. “Sige magsumbong ka sa kanya, hindi na ako yung Gustavo na kilala niya” bulong niya. Bumalik siya sa loob ng kweba, sa tubigan umahon si Victor at sa malayo biglang bumagsak sa tubig ang kanyang alagad.

Nagpakalayo sila, inalalayan ng elder si Placido pagkat hingal na hingal ito. “Hindi mo siya nasundan?” tanong ni Victor. “Nasundan ko kaya lang may kasama siya nag aabang paglabas niya ng magic plane. Muntik na ako nahagip ng killing curse. Masyado sila maingat” kwento ni Placido.

“Sayang, pero alam mo ba yung lugar na pinagsulputan niya?” tanong ni Victor. “Hindi e, wala ako masyado nakita kasi paglabas ko nakita ko na yung titira sa akin, tanging naisip ko tumakas agad” paliwanag ng alagad niya. “Walang problema, at least ngayon alam natin dalawang grupo sila at nag aaway talaga sila” sabi ni Victor.

“Akala ko ba susugurin niyo na siya?” tanong ni Placido at nagkatitigan sila. “Hindi ko na pinatuloy, parang bantay sarado ang lahat ng blind spots niya. At ayaw ko masira ugnayan natin pagkat kailangan ko malaman ano binabalak niya talaga. May ginagawa siya sa loob, kailangan natin si Pelaez” bulong ni Victor at agad sila nagteleport paalis.

Chapter 36: Pangamba

Naalimpungatan si Abbey sa sobrang bango ng kanyang paligid. Mula nung pinatira sila sa campus dito sila ni Raffy nakatira sa lungga ni Ysmael. Nagising siya at gulat na gulat pagkat yung buong kwarto niya napapalibutan ng mga puti na rosas.

Ang laki ng ngiti sa mukha ng dalaga, yung kwarto niya nagmistulang flower bed ng puti na rosas. Maingat siyang tumayo para hindi niya matapakan ang mga rosas. Paglabas niya ng kwarto buong bahay ng dragon lord punong puno pa ng ibat ibang kulay ng mga rosas.

“Good morning birthday girl” bati ng dragon lord sabay niyakap ang dalaga at hinalikan sa pisngi. “Wow grabe naman lolo sobra sobra na ito” sabi ng dalaga. “Oh it was not me” sabi ng matanda at paglingon ni Abbey nakita niya si Raffy, “Happy…” bigkas ng binata pero agad siya niyakap ni Abbey hinalikan sa pisngi. “No no no no!” sigaw ni Ysmael pagkat yung ibang rosas nagliliyab na kaya tumawa yung mag partner.

“Happy birthday Abbey” bigkas ni Raffy at nagngitian sila. “Grabe ka naman sobra na to” bulong ng dalaga. “Wala pa to, you should see what happened outside” sabi ng matanda kaya nagmadali lumabas si Abbey at sobrang gulat siya pagkat punong puno ng rosas ang buong paligid maski na sa waterfalls.

“Hala, what did you do?” tanong ni Abbey. “Overkill” bulong ni Ysmael at tumawa si Raffy at napakamot. “Ewan ko, dapat room mo lang, pero sumobra ata” sabi ni Raffy at nagtawanan sila. “Raffy youre so amazing” bulong ni Abbey at muling niyakap ang kanyang partner.

“I know its your birthday but you have to get ready kasi may meeting kayo sa institute” sabi ni Ysmael. “Meeting?” tanong ni Raffy. “Oh sorry, I overheard them talking kanina, come on eat I made breakfast, today you will be meeting

your opponents sa inter school duels" sabi ng matanda at nagulat yung magpartner.

Kumain sila at nagbihis, hinatid sila ni Ysmael sa secret entrance sabay yung mag partner sinalubong ng kanilang mga magulang. "Happy birthday Abbey" bati ni Abigail. Lahat ng guro nandon din at nakasuot sila ng kanilang mga royal robes.

"Today you will be meeting your opponents" sabi ni Hilda at napalingon yung mag partner at pansin nila walang tao sa campus. "Bakit walang students?" tanong ni Abbey. "No classes, kasi may makulit diyan na isa at nilakad niya ito. Sobrang kulit" bulong ni Ricardo at napangiti si Abbey at tinignan niya si Raffy.

"Like we said let us go, para makabalik tayo dito for your birthday party" sabi ni Hilda. Dumating sina Pedro at Felipe, sobrang gara ng kanilang bagong flaming red Royal robes, maski yung mga alagad ni Joerel kakaiba ang kanilang mga robes, itim parin sila pero ngayon may gold and red flames.

"Lahat tayo pupunta?" tanong ni Abbey. "Of course, kaming lahat ang alalay niyo. Come on get your robes on, Venus and Charlie will be here any minute, sinundo na sila ni Lani" sabi ni Ricardo. Isusuot na sana nina Raffy at Abbey ang kanilang robes pero biglang sumulpot si Ysmael.

"I forgot to give you these" sabi niya at inabutan yung dalawa ng bagong mga robes. The school will be fine, now you all go and…ano na nga ba yon Raphael?" tanong ng matanda. "Represent" bulong ng binata. "Ay oo…represent yo" bigkas ni Ysmael sabay nakipagfist bump siya sa magpartner sabay nagkabugan sila ng dibdib.

Gulat na gulat yung mga guro habang yung magpartner nagtawanan. "What are you teaching him?" tanong ni Hilda. "Oh come on grandmama, chill out.

This is how we roll" banat ni Ysmael sabay nakipag fist bump siya kay Hilda kaya aliw na aliw ang lahat ng guro. "Masyado kayong uptight, you all look so worried, have faith in them" sabi ni Ysmael sabay ngumiti siya at dahan dahan naglaho.

Isang oras ang lumipas at nakarating sila sa institute. Sa malaking reception garden nagtipon tipon ang mga magic heads at pinatawag na ang lahat ng contestants. Unang dumating yung mga taga Sur, lahat sila nakasuot ng white robes na may black tiger design. Yung mga taga Norte nakausot ng dark green robes habang yung mga taga Phoenix school orange robes.

Huling dumating ang mga taga sentro, nagbulong bulungan na ang mga ibang staff ng institute at bigla sila nagpalakpakan nang makita nila sina Raffy at Abbey. Kitang kita nagsimangot ang mga kalaban, lahat sila masama ang tingin sa apat na contenstants ng sentro.

"Grabe nakakatakot sila" bulong ni Venus. "Taas noo lang, don't show them you are afraid, if you do pinapakita mo talo ka na agad" bulong ni Raffy kaya apat sila taas noo, hindi mayabang pagkat nakangiti sila sa iba.

"Good morning to everyone, we gathered you all here today to explain how these inter school duels will go. There eight teams, single round robin and the top two teams shall face each other in the championships. But if there is a team that accomplishes seven wins, meaning no loses they will automatically be declared the champion"

"The rules are the same as your school duels. No illegal spells, if you use an illegal spell we shall interfere and stop you. Automatically you get disqualified, and the other team from your school likewise gets disqualified" sabi ni Diosdado pero wala man lang kumibo sa mga duelists.

“Aside from that, everything is legal but let sportsmanship reign and no unfair play or uncalled for tactics. I know our schools had personal grudges, set them aside. We are all aiming for peace, unity and so you all must show sportsmanship at all times. So with that said let me give you this opportunity to meet each and everyone”

“Professors please follow me, duelists you stay behind and get to know each other” sabi ni Diosdado. Lumayo na ang mga guro pero walang kumikibo sa walo at nagkakatitigan lang. Nauna humakbang ang team dragon at inaabot nila mga kamay nila sa kanilang mga kalaban.

“My name is Raphael, this is my partner Abbey. This is Charlie and her partner Venus” sabi ng binata pero yung ibang teams walang gusto makipagkamayan sa kanila. “Come on let them be” sabi ni Diosdado. “Baka naman mag away away na sila” sabi ni Ricardo. “They wont, come on lets us go inside” sabi ni Diosdado.

Inabot ni Olivia kamay niya pero siniko siya ng kanyang partner. “What are you doing?” tanong ni Ryan. “Hi I am Olivia and this is Ryan my partner. Hoy kayo” sabi ng dalaga kaya naplitian lumapit yung ibang mga kasama nila. “Dan at eto si Melvin” sabi ng isang binata at nagkamayan yung dalawang team habang yung mga Tigers tumalikod at naglakad palayo.

“Ako pala si Don, eto si Denver, Shiela at Anne” sabi ng isang binata na galing sa Phoenix school. “Nice to meet you all pero sana pati sila makilala natin” sabi ni Abbey. “Ganyan talaga mga yan, pero to be honest we were expecting you to be like them” sabi ni Olivia.

“Please wag niyo kami pag initan” bulong ni Don. “Pare, do not say that. Hindi naman kayo may kasalanan ng past issues. We are all starting a new leaf, at sana naman sa atin magsimula ang peace” sabi ni Raffy. “Yeah we know pero still karga namin yung hiya ng nagawa ng school namin” bulong ni Denver.

“Whatever happened in the past remains in the past. Tayo na nagdadala ng pangalan ng schools natin” sabi ni Venus. “Oo nga, whatever happened in the past wag na natin ulitin, di naman lahat ng mali galing sa inyo. The rest did not try harder to find out what was wrong” sabi ni Charlie.

“Yeah, sabi ko nga new leaf, lahat tayo may chance to correct the mistakes of the past. Pakita natin sa kanila na pagbabago na inaabot natin at lahat magsisimula sa atin. Pero I really wish pati sila kasama” sabi ni Abbey kaya nilapitan ni Raffy yung Tiger team.

“Hey guys, okay sana kung makisama kayo sa amin para masaya lahat” sabi niya pero tinitigan lang siya nung apat. “I am Michael, this is John. That is Wendy and she is Vera, that is all you need to know” sabi ng isang binata. “May I know the problem why you are acting that way?” tanong ni Raffy.

“Mayabang kasi kayo e” sabi ni John at nagulat si Raffy. Lumapit narin yung iba pagkat mukhang magkakagulo na. “Pano naman kami naging mayabang?” tanong ni Raffy. “Wag ka na mag maangmaangan, pinadala niyo video niyo sa school namin para ipasikat yung husay niyo? Boy you must be crazy thinking magaling na kayo. Yung napanood namin parang paglalaro lang ng elementary namin sa play ground” sabi ni Michael.

“Hindi kami nagpadala, wala kami ginagawang ganon” sabi ni Abbey. “Yeah right, we heard stories about you two. Feeling the chosen ones, alam niyo maganda tong duels na to, ibabalik namin kayo sa lupa at makikita niyo ano talaga ang magaling” sabi ni Vera. “I am sorry if you feel that way. We did not send you videos, and if you think we did then we are sorry” sabi ni Raffy.

“Actually pati kami nakatanggap ng video niyo e” sabi ni Ryan at mukhang nagkampihan na yung Norte at Sur. “Wala kaming pinapadala sa inyo na videos” sabi ni Raffy. “We got one too” bulong ni Denver kaya umatras na ang

team dragon. “Tara na” bulong ni Abbey at tuluyan nang lumayo ang team dragon.

“Bakit sila ganon?” tanong ni Venus. “Ewan ko ba, akala ko okay na tayo sa iba pero biglang nagbago naman” bulong ni Raffy. “Mayabang ba tayo?” tanong ni Abbey. “Hala ate hindi no, ang bait niyo ngang dalawa e. Kahit na champions kayo down to earth parin kayo” sabi ni Charlie.

“Hayaan niyo na sila” sabi ni Raffy. “Pero you know what this means right?” tanong ni Abbey. “Yeah, pag iinitan nila tayo” sabi ng binata. “Maybe we can explain” sabi ni Venus. “No need, kung ito gusto nila then ito makukuha nila. Let us fight fair, yan ang paraan para ipakita natin we mean no harm but if this is what they want then we show them who we are” sabi ni Raffy at ramdam ng mga dalaga ang kakaibang galit niya.

Samantala sa loob ng institute nagpulong ang mga guro at pinuno sa isang malaking conference room. Dumating yung mga elders at sila ang nagpasimula ng pulong. “We have bad news, lately hindi ko na mahanap at masundan si Gustavo. Last time nakita ko siya doon sa isang kweba sa isang isla malapit sa Pilipinas”

“I have confirmed that we are facing two strong groups. One is Gustavo’s group and the other belonging to a certain Santiago. We set up a plan in motion, ako nagpanggap na bumabaliktad kaya naattract ko Gustavo. He asked for my help, his goal was to form an army para matumba niya yung isang grupo” sabi ni Victor.

“Now the problem is that wala na tayo balita sa kanila. Wala silang movements” sabi ni Prospero. “What we know is that the group of Gustavo is targeting the inter school duels. We should be ready for him, last time pala nung nakita ko siya I heard them quarelling with a certain Cardo, itong Cardo mukhang right hand man nung pinuno ng isang pakyson”

“I heard Phoniex transfer and we asked for help to explain this. This magic is used to transfer Phoenix magic into one magic being. This means whatever magic that person has, madadagdagan siya ng Phoenix magic. The problem is that Gustavo is a third generation magic user” sabi ni Victor at nagulat ang lahat.

“We all know they are powerful, so this means that whoever this person is will be having the same power as a third generation user. Now do not be scared since this process takes time, hindi sila makakabuo ng army agad. I fear that they plan to get the best duelists that we have and implant the same magic to those students”

“Para na silang hybrid, so they can be a big problem if they succeed. We all decided to push through with the inter schools. We all know he will be aiming for it so we have to prepare” sabi ni Victor.

“We have set up magic barriers, we shall use five islands, four to house the students who will come to watch, the fifth where the duels will be held. All islands shall be set up with magic barriers, hindi madali makapasok dito so if someone tries then we all should be ready at sila na yon for sure” sabi ni Franco.

“So ipapain natin yung mga duelists?” tanong ni Janina. “It is the only way to draw them out. Look if we all want to stop this wars then we have to. Wag kayo mag alala, the duel island will be fortified. Aside from the duel barrier, we will set up a really strong barrier to keep anyone out at wala din makakapasok unless tayo tayong mga guro lang” sabi ni Rizal.

“Now if they come, there is a contingency plan to get the duelists out, force the enemies inside the barrier…they cant teleport…then all of us…as in all of us will go head to head with them inside that island. The goal is to have Gustavo alive at pipigain natin siya ng impormasyon…it wont be easy but kung sama sama tayo alam ko kaya natin siya itumba” sabi ni Redentor.

Samantala sa malayong lugar may dalawang binata nakaupo at nag aantay ng oras. Tumunog ang cellphone at agad sinagot ni Gustavo ito. “Ano balita?” tanong niya. “Sir, as expected pinag iinitan na sina Raphael at Abbey, give me five more minutes sir tapos papuntahin niyo na yung dalawa dito” sabi ng kausap niya sa kabilang linya.

Naupo si Gustavo at tinitigan sina Teddy at Henry. “Very good Henry, maganda yung epekto ng video na kinalat mo. The two schools shall go wild on them, doon natin makikita kung worthy din silang makuha” sabi ni Gustavo. “Ano pa inaantay natin?” tanong ni Teddy. “Teddy will you relax? Inaral niyo na ba yung ugali at asta nung mga papalitan niyo?” tanong ni Gustavo.

“I said you call me Teodoro!” sigaw ni Teddy. “How about me? Di ba magkakaproblema kung hanapin nila ako?” tanong ni Henry. “Isa ka pa, I have it all covered. Antayin lang natin yung signal bago kayo makapunta sa institute” sabi ni Gustavo.

“Bakit hindi ka sasama?” tanong ni Teodoro. “E kasi nalaman ko traydor pala yang Victor na yan. They have our magic traces, kaya tayo nakatago dito. Hindi kami makalabas ni Gaspar, this place is safe at gagalaw nalang kami when the time comes. Kayong dalawa wala kayong magic traces sa database, but do not worry, our man inside will take care of you” sabi ni Gustavo.

Tumunog yung telepono niya at binasa niya yung text. “Its time” sabi niya at tineleport niya yung dalawang binata papunta sa likuran ng institute. Sumulpot sina Teodoro at Henry, nagbukas yung barrier at may isang matandang lalake at napakamot. “Magpalit na kayo ng anyo, ano ba nagmemeryanda na sila at tatalab na yung gamot” sabi niya.

Nagpalit ng anyo yung dalawa, may ininum silang gamot para mapalitan din ang kanilang boses. Samantala sa garden biglang sumakit ang tiyan nina Don at Denver. Nagpaalam yung dalawa at nagtungo sa CR. “Dito yung banyo” sabi

ng isang matanda kaya sumunod yung dalawa sa kanya. Sa loob ng CR gulat yung dalawang binata pagkat may nakatayong dalawang binata na kamukha nila.

Bago pa sila makareact bigla nalang sila natumba pagkat hinawakan sila sa leeg nung matanda. “Bilisan niyo na” sabi niya. “Pano sila?” tanong ni Henry. “Ako na bahala, ano ba? Wag kayong tatanga tanga, dali” sabi ng matanda. “Bobo kakapasok palang sa CR, give it five minutes pero isa isa tayo lalabas” sabi ni Teodoro.

Nakabalik na yung dalawa sa garden, si Raffy biglang humaplos sa kanyang ulo at napatingin sa grupo ng Phoenix team. “What is wrong Raffy?” tanong ni Abbey. “Something is different about them” bulong ng binata. “Hmmm wala naman, they look the same” sabi ng dalaga.

“Ah baka masakit lang ulo ko, pero iba e” bulong ni Raffy at titig na titig siya kina Don. “Halika nga dito, ikaw masyado kang nag iisip lately. Pahinga mo naman utak mo” lambing ng dalaga at minasahe niya yung ulo ng kanyang partner. “Oo baka masakit lang ulo ko talaga” sabi ni Raffy pero di parin niya maalis yung titig niya sa kabilang team.

Nakabalik na sila sa school, naganap yung birthday party ni Abbey. Nagkakatuwaan ang lahat at bidang bida ang dalaga. “You okay now?” lambing ng dalaga. “Yup, wala na yung sakit ng ulo ko. Alam mo ba may regalo ako sa iyo pero di ko nadala dito” sabi ni Raffy.

“Nanaman, regalo nanaman” sabi ng dalaga. “Sorry, I have to” sabi ng binata. “Raffy when will you ever learn that with you beside me that is already enough?” bulong ng dalaga at nagngitian sila. “Ah ganon ba? Sige soli ko nalang yung mga dress” sabi ng binata.

“Ah dress? What dress?” tanong ni Abbey. “Last year, remember it was your birthday at may duel tayo. We lost that day pero we should have won…you were so happy wearing that dress kaya doon ko nalaman you liked wearing dresses so I bought you some” sabi ng binata.

“Bakit hindi mo dinala?” lambing ni Abbey. “E kasi dito tayo nakatira e, matagal ko na sila binili actually. Meron red, meron isa red, tapos red ulit” landi ni Raffy at tumawa si Abbey at niyakap ang kanyang partner. “Let me guess maiiksi?” pacute ng dalaga at napangisi si Raffy at humalakhak si Abbey.

“Alam na alam mo talaga ang mga gusto ko” bulong ng dalaga at nakarinig sila ng matitinding sigawan. “Raphael! What are you doing to my daughter?” hiyaw ni Pedro at ang daming tao na nagtalunan sa batis pagkat nag aapoy ang mga paa nila.

Napakamot si Raffy at Abbey, nagtitigan sila at nagtawanan nalang. “Ikaw kasi nung nasa bundok tayo e” pacute ni Abbey. “Ahem…speaking of bundok…gusto mo ba pasyal tayo don ngayon?” landi ni Raffy. “Hmmm good idea…” sabi ni Abbey at nung pupunta na sana sila bigla sila nahawakan ni Ysmael. “Oh no you don’t” banat nung matanda at halakhakan yung dalawa.

“Lolo naman e, killjoy ka talaga” sabi ni Abbey. “I know what you are trying to do. If you think you can do it in the mountain then just so you know last year when you kissed Raffy while he was asleep nasunog yung isang gubat” sabi ng matanda.

“Lolo! Raffy sinungaling si lolo!” sigaw ng dalaga. “It was not a real kiss, slight lang” landi ng matanda at humiyaw ang dalaga at tinakpan ang bibig ni Ysmael. “Wait. Akala ko ba wala kaming magic sa bundok, how did the forest burn if she kissed me?” tanong ni Raffy.

“Because you two are cursed” bulong ng matanda at nagulat sila. “That is the burden you two have to bear, but I am not saying you two cant kiss. If you do there will be consequences” sabi ng matanda at labis na nalungkot yung mag partner.

Chapter 37: Journey to the North

Excited ang lahat ng mga estudyante sa kanilang pagpunta sa Norte. Nahihirapan ang mga guro kontrolin sila lahat pagkat lahat sila di mapakali. “Listen everyone! May I have your attention first” sabi ni Ricardo.

“You all know bibisita tayo doon, please behave and always remember you are all representing our school. Galangin niyo naman yung school nila. Now you shall be teleported by batches, then once you are there in our island settle in your rooms”

“You will be toured around their school in batches too so promise me you behave. If anyone violates the rules, then I am sorry fault of one is the fault of all. We all have to return back here at dito nalang tayo manonood. Is it clear?” tanong ni Ricardo at lahat napatahimik.

Nainis ang team dragon pagkat next day pa sila magtutungo sa Norte. Pinaiwan sila para bigyan pa ng konting lessons para ihanda sila sa duels. Kinabukasan nakarating narin sila sa Norte, sa isla nila lahat sila tulala pagkat yung buong isla para sa school lang nila.

“Oh my God, is this paradise?” tanong ni Venus pagkat may walong malalaking hotel, ang daming mga pool at amenities. “Are you sure school ito?” tanong ni Charlie. “Baliw, hindi ka nakikinig kasi, yung school nila nandon sa malayo. Ito yung pagtitirhan natin, may tig isa tayong islands kasi doon sa middle island magaganap yung duels” sabi ni Adolph.

“Bestfriend!!!” sigaw ni Giovanni at napasugod kay Raffy. “Grabe bestfriend, nakita na namin yung school mo. Tapos nameet pa namin yung ex mo don” sab niya at nagulat ang lahat. “Ex niya?” tanong ni Abbey. “Ay…pero ex lang naman e, ikaw yung present. Oo yung ex niya, grabe pare ang ganda pala ni Samantha” sabi ni Giovanni at napalunok si Raffy at napakamot.

“Wow Samantha ha” sabi ni Abbey. “So may nauna pala sa iyo” banat ni Felicia sabay tumawa. “Samantha who?” tanong ni Raffy pero siniko siya ni Abbey. “Sira, baka this is part of the plan kasi nga diba?” bulong niya. “Pare o, porke nandito si Abbey e. Samantha yung ex mo, basta siya yung nag tour sa amin. Sige pare at dadalaw pa kami sa siyudad at madami pa kaming tour” sabi ni Giovanni.

Nahanap na nila mga kwarto nila, paglabas nila may magandang dalaga ang sumalubong sa kanila. “Raffy!” sigaw niya at bigla niya sinugod yung binata para yakapin sana pero humarang sina Abbey, Felicia at Charlie. Napatigil si Samantha at nagpacute, “Hi I am Samantha, the ex of Raphael” pakilala niya.

Siniko siko ni Adolph at Homer si Raffy, “Walanghiya ka matinik ka” bulong ni Adolph. “I will be your tour guide, Raffy its nice to see you again” sabi ni Samantha. “Hi Sam, how are you doing?” tanong ni Raffy at napataas konti kilay ni Abbey pero napangiti nalang siya.

“Hello Sam, I am Abbey, his partner and his present girlfriend” sabi ng dalaga sabay inabot niya kamay niya. “Oh, hello” sagot ni Sam at napansin ng lahat ang simangot sa mukha niya kaya bungisngisan sina Charlie at Felicia. “Cat fight” bulong ni Homer at nagtawanan ang mga boys.

“Well anyway, are you all ready?” tanong ni Sam at sa isang pitik sumulpot sila sa isang malaking campus. Siniko ni Abbey si Raffy, “Do not look surprised, remember galing ka dito at siya daw yung ex mo” bulong ng dalaga. “Pero you know its not true” sabi ni Raffy. “I know but she blushed when she saw you…mamaya tayo mag usap” sabi ni Abbey.

May anim na malalaking building sa high school campus. Mas maganda yung paligid, matataas yung puno at ang daming mga bulaklak. Sa malayo nakikita ng lahat na may malaking batis at tulad sa school ng sentro may

bundok din doon. Yung school ay nasa isang isla kaya napapalibutan ito ng dagat.

"Itong anim yung school buildings namin, there is one hidden campus for the elementary tapos one hidden campus for college. Those other buildings sa likod, yung anim pa doon ay yung living quarters namin. Nakatira kami lahat dito sa school and we only go home during weekends kasi malalayo bahay namin e"

"Mamaya papakita ko saan yung kwarto namin ni Raffy. Magkatapat lang room namin e. So follow me at tour ko kayo sa loob ng buildings" pacute ni Sam at napakamot si Raffy. "Oh magkatapat lang daw room niyo" bulong ni Felicia at nagtaasan sila ng kilay ni Abbey.

Isang oras nila nilibot yung school buildings. Madaming mga estudyante nagkalat at lahat nakatingin kay Raffy at nginingitian. "Sam nagkabalikan na ba kayo?" tanong nung isang dalaga. Si Sam nagtakip ng bibig at tinignan si Raffy, si Abbey biglang niyakap isang braso ng binata kaya napakamot ang binata.

"Oy Raffy boy, long time no see" sabi ng isang grupo ng mga lalake. "Yo! Guys" sagot ni Raffy. "Anyway moving on, lets go out now" sabi ni Sam at dinala niya yung grupo sa may batis. "We have something like this sa school namin" sabi ni Venus.

"Oh by the way this is where me and Raffy first met. Then this is where we had our first kiss too" banat ni Sam at nag giggle siya pagkat nagtaasan ang kilay ng mga kasamang dalaga ni Raffy. "Do you remember Raffy?" tanong ni Sam at natulala ang binata at tinignan ang kanyang partner.

"How can I forget?" bulong ni Raffy at nagngitian sila ni Sam. Si Abbey biglang humalakhak pero tumalikod agad. "Sorry" banat niya. "So feel free to

roam around the campus, do not be afraid, they wont harm you kasi alam nila sagot ko kayo" sabi ni Sam. "Kindly show us the library" sabi ni Cessa at hinila nila si Sam palayo kay Raffy.

Naiwan sina Raffy at Abbey, ang dalaga walang tigil tumawa habang si Raffy hiyang hiya. "Alam ko galit ka pero alam mo naman she was just acting" bulong niya. "Pero masakit" banat ni Abbey. "Hindi naman totoo mga sinasabi niya e, its part of the cover" sabi ni Raffy.

"Kaya nga, alam ko cover pero alam mo it still hurts kahit na alam kong fake. Sorry its how I feel, she is overdoing it" sabi ni Abbey. "Hey Abbey I am really sorry" bulong ni Raffy. "Its okay, pero alam mo may naisip ako" bulong ng dalaga. "Pareho ata tayo iniisip…in sync ba utak natin?" tanong ng binata.

"If we have mount Dragoro…siguro diyan sa isang bundok na yan diyan din nagtatago ang Turtle king" bulong ni Abbey. "Grabe pareho tayo iniisip, kanina ko pa tinitignan yung mga bundok e, sabi naman niya feel free to roam around diba?" bulong ng binata at nagbungisngisan sila.

Pasimple sila nagtungo sa may bundok, napatigil sila at napatingin si Raffy sa isang daanan. "Dito tayo, I feel something here" sabi niya. "Raffy sa tuktok yon sigurado" sabi ng dalaga. "Hindi Abbey, trust me I feel something here" sabi ng binata.

Sinundan nila yung daanan, napagpad sila sa likuran ng bundok at pareho sila namangha sa ganda ng beach. "See I told you dapat sa taas" sabi ni Abbey. "Pero Abbey look ayan na o likod ng bundok at nakikita naman dito na walang special something sa bundok not like sa bundok natin na hindi nakikita yung likod at yung tuktok" sabi ng binata.

“So there is nothing here, only this really nice beach” sabi ng dalaga. “Baka totoo na patay na talaga yung Turtle king” bulong ni Raffy. “Kaya nga e, pero sabi mo you felt something here, ano do you still feel it?” tanong ni Abbey.

“Yeah, para bang tinatawag ako papunta dito. Pero wala naman, well at least white sand at clear water” sabi ni Raffy. Nilabas ni Abbey yung phone niya at inabot sa binata, nagpicture taking sa sila sa magandang beach bago sila nagtungo pabalik sa campus grounds.

Pinasikat ni Abbey yung mga litrato na nakuha nila sa mga kaibigan nila. Sumingit si Sam at biglang inagaw yung phone. “Where did you take this?” tanong niya. “Doon sa likod, why?” tanong ni Abbey at sinolo ng dalaga yung phone sabay ngumiti. “I meant this phone, kasi maganda siya. Wala pa ganyan dito” sabi ni Sam.

“Ah niregalo ni Raffy sa akin to, alam mo dumalaw ka kasi sa Manila para ipasyal ka namin ni Raffy doon” alok ni Abbey. “Talaga? Sige ba after the school duels. Anyway tara ipasyal ko kayo sa city” sabi ni Samantha at nauna siya papunta sa isang exit.

“Oo pasyal ka at iwawala ka namin don” bulong ni Felicia at nagbungisngisan yung mga dalaga. “Hey did you notice something?” tanong ni Raffy. “Wala naman, why ano napansin mo?” tanong ni Abbey. “Wala naman, parang naawa lang ako sa kanya” palusot ng binata.

“Oo nga e, why did she say that wala pa ganito dito e actually luma na tong phone natin” bulong ni Abbey. “Kaya nga, and look at her shoes, I mean she is pretty but her clothes are kinda old” bulong ni Raffy. “Okay na sana yung awa epek pero you said she is pretty…pretty pala huh” banat ni Abbey at napakamot si Raffy.

“Hey I didn’t mean it that way pero look at her” bulong ng binata. “Ito naman nilolokо lang kita. Kahit na ganon she still looks bubbly and cheerful kasi nandito ka” hirit ni Abbey. “Hay Abbey, you know the truth kaya don’t get jealous” sabi ng binata.

Pumasyal sila sa siyudad, aliw na aliw ang lahat nang sumakay sila sa mga lumang kalesa. “Grabe ang ganda dito sobra, parang lumang pamumuhay lang” sabi ni Venus. “Kasi the people here want to keep their tradition alive. Yes meron mga kotse pero dito sa lugar na ito, roads are kept the way they were, even the buildings and houses, ano ba tawag niyo dito, old school?” pacute ni Sam.

“Pero ang daming foreigner ha, ang sarap mabuhay dito” sabi ni Adolph. “Alam mo pre kailangan ka nila dito, ikakabit ka nila sa isang tabi at ikaw magbibigay kuryente para di lang sila umasa sa wind mills” banat ni Homer at tumawa si Samantha. “Ikaw bawal ka dito kasi madami na kami tubig” sabi niya.

“Ha you now about us?” tanong ni Charlie. “Of course we do, pinaghandaan namin kayo lahat even the alternates” sabi ng dalaga. “Bakit ganon?” tanong ni Venus. “Well we want to be prepared, so we got all your records and we are all prepared for all of you” sabi ni Samantha.

“Tinatakot mo ba kami?” tanong ni Abbey. “Di naman, pero totoo sinasabi ko. I think all schools want the same thing, to win that inter school trophy. Kasi daw yung Phoenix lang dati nanalo, so everyone is hungry. So we prepared for all teams. Bakit kayo hindi niyo kami pinaghandaan?” tanong ni Sam.

“We did but kokonti yung nakuha naming videos at materials” sabi ni Raffy. “Well I can tell you about the rest, pero secret natin. Gagawin ko lang to kasi may past tayo” pacute ng dalaga. “Ah kahit wag nalang, no thanks” banat ni Abbey at bungisngis si Sam.

Kumain sila ng masasarap, si Samantha nagtungo sa malayo para may kakausaping tao. “Grabe ang sarap ng pagkain nila dito” sabi ni Adolph. “I get it, pinapataba niya ako para di mo na ako magugustuhan” sabi ni Abbey at natawa si Raffy. “Kumain ka nga lang, she is just being nice to us” sabi ng binata.

“Yeah right, kasi may past kayo” landi ni Cessa. “Raffy boy di ko alam bakit umalis ka pa dito. Ang sarap ng buhay dito e” sabi ni Homer. “Kasi wala dito yung gusto ko, nandon sa sentro at tignan mo kasama ko na nga e” banat ni Raffy at may nagsigawan sa malayo pagkat umaapoy ang mga pagkain nila.

“Pati ba naman dito?” bulong ni Abbey at nagtawanan nalang silang magpartner. Pagkatapos kumain bumalik na sila sa kanilang island. “Hey if you need anything here is my number. Tawagan niyo lang ako if you want to go island hopping or kahit ano” sabi ni Sam at inabot niya isang card kay Raffy pero agad ito inagaw ni Charlie.

“Hey thank you for the tour” sabi ni Raffy. “My pleasure, it was nice to mee..see you again Raffy” pacute ni Sam at muntikan na siyang nadulas. “It was nice to meet you too” singit ni Abbey. “Sige alis na ako” paalam ng dalaga at agad siyang nawala.

Pagsapit ng gabi nagtungo si Samantha sa beach na pinuntahan nina Raffy at Abbey. “Did you tell them about this place?” tanong ng isang matanda. “Of course not, nagulat din ako nung nakita ko mga pictures nila” sabi ng dalaga. “You know that this place is sacred” sabi ng matanda.

“Just so you know no one can come here unless I take them here” sabi ni Sam. “So how did they come here?” tanong ng matanda. “I don’t know, no one can find this place, iwawala sila ng lugar pero sila nakarating sila dito” sabi ng dalaga at napaisip.

“Samantha I know you like him, do not tell a lie. You brought them here” sabi ng matanda. “I said I did not bring them here!” sigaw ng dalaga at napatapis yung matanda palayo. “I don’t know how or why they found this place, and I don’t know why I am so attracted to him” bulong ni Sam at naglakad siya papunta tubig.

May umangat na kweba mula sa tubig at agad siya pumasok. Yung matanda dahan dahan tumayo at naglakad na palayo habang ang dalaga tuluyan pumasok sa kweba at muli ito pumasok sa tubig.

Samantala sa hotel room hindi mapakali si Raffy. Nakita niya tulog si Abbey kaya lumabas siya at naglakad lakad sa may beach. Nung napagod na siya may kakaibang kislap siyang nakita sa malayo, sinundan niya yung kislap at bigla siyang napasok sa isang portal at sumulpot siya sa campus grounds.

Nagtago siya sa dilim pagkat may mga gwardya na naglilibot. Nagtungo ulit siya sa beach na nahanap nila ni Abbey at doon matagal tinitigan yung tubig. “I can feel you but where are you?” bulong niya kaya naglakad lakad siya at naghanap ng entrance sa gilid ng bundok.

Sumuko na siya at napaupo sa may buhangin. Humiga siya at pinagmasdan ang mga tala nang may narinig siyang galaw sa tubig. Napaupo siya at nagulat nang makita si Sam na umaahon sa tubig. Napasigaw ang dalaga, ang binata nagpanic at nagtakip ng mga mata.

“Sorry, sorry, I didn’t mean to” sabi niya. “I am not naked, you can open your eyes” sabi ni Sam. Nakita ni Raffy na nakadamit naman ang dalaga pero basa siya. Inalis niya shirt niya at inabot sa dalaga, “Salamat” bulong ni Sam at tumaliod si Raffy pagkat nag alis ng pantaas ang dalaga para isuot yung tuyong shirt ng binata.

“Its okay now” sabi niya at naupo siya sa tabi ni Raffy. “Uy sorry, di kasi ako makatulog at naglakad lakad ako” sabi niya. “Really? Here in our school?” tanong ni Sam. “Ah eh to be honest I was walking doon sa beach sa harap ng hotel then may nakita akong kislap.

Portal pala at ayun sumulpot ako school niyo then naalala ko tong lugar na ito kaya pumunta ako dito kasi I don’t know how to go back sa amin kasi wala na yung portal” palusot ng binata.

“Liar” bulong ni Sam at napabuntong hininga si Raffy. “As if you know me” sagot niya. “Oo kasi nga may past tayo diba?” pacute ni Sam at nagtawanan sila. “Hey salamat talaga sa pag cover sa akin” bulong ng binata. “Youre welcome” sagot ng dalaga.

“Pati yung ibang students, grabe salamat talaga” bulong ni Raffy. “Oh ako lang may alam ng truth don’t worry. Its just that they listen to me, so it was easy. I feel something different about you” sabi ni Sam. “Ows? Ano naman yon?” tanong ng binata.

“I don’t know just yet, I am not sure” sabi ni Sam. “Di kita nakita sa duelists, bakit?” tanong ni Raffy. “Kasi mahina ako e” pacute ng dalaga. “Liar” bawi ni Raffy at natawa ang dalaga.

“So you think you know me too huh” sabi ni Sam. “Kasi nga may past tayo diba?” banat ni Raffy at muli sila nagtawanan. “Hey you have to go back now” sabi ng dalaga at pinitik niya kamay niya at nawala agad si Raffy at nakabalik na siya sa kwarto nila ni Abbey.

Nahiga ang dalaga sa buhangin at sumulpot yung matanda. “Wag mo sisirain yung mood ko..” bulong ni Sam kaya yung matanda muling nawala. Ang dalaga napangiti at tinuro ang mga bitwin, “Who are you Raphael?” bulong niya.

Chapter 38: Tensyon

Kinabukasan maagang nabulabog sina Raffy at Abbey pagat sinugod sila nina Venus at Charlie. “Ate gising, we have to exercise” sabi ni Veunus. “Mamaya…sleep pa” sagot na paungol ni Abbey. “Pero ate yung mga kalaban they are all exercising” sabi ni Venus.

“Eeesh…si Raffy isama niyo” bulong ni Abbey. “Raffy my love wake up” banat ni Charlie at biglang bumangon si Abbey at tinitigan yung dalawang dalaga. “Ayan that woke you up” sabi ni Venus at nagbungisngisan sila. “Raffy my love ka dyan” sabi ni Abbey at lumipat siya sa kama ng partner niya at inuga uga ito.

“Raphael gising at sinusundo ka ng mga babae mo” sabi niya. “Sino sa kanila?” sagot ng binata. “Ah ganon?!” sigaw ni Abbey at kinurot ang mga pisngi ng partner niya kaya tawa ng tawa sina Venus at Charlie. “Grabe to nagbibiro lang e, at wala pang araw ano” sabi ng binata.

“Pero kuya we can hear the other teams already working out” sabi ni Venus. “Wow so you have super hearing?” tanong ni Raffy. “No pero kuya tara sa labas at mariringig niyo din sila” sabi ni Charlie. Nagpalit sa work out uniform yung mag partner, si Raffy napakamot pagkat ang sexy ng kanyang mga kasama. “Raphael…wag kang titinging sa baba ha or else” banat ni Abbey pagkat huling huli ang binata na nakatitig sa legs nila.

Nakarating sila sa beachfront kung saan may isang alagad doon nagbabantay. Dinig na dinig nila yung mga sabayang sigaw, mga tambol ng drum kaya tinuro ng alagad yung mga torches sa malayo. “Kanina pa sila, yung Turtoise Team” sabi niya sabay tinuro yung tubigan sa malayo kung saan nakita nila grabe yung swimming yung kanilang mga kalaban.

Tinuro ng alagad yung kabilang island at kitang kita nila yung mga nagiisparring na Tigers. “Wow seryoso sila ha” bulong ni Raffy. “I think we

should exercise too, I know one week pa bago yung duels, gusto nila tayo masanay sa lugar para di unfair so come on tayo din" sabi ni Abbey.

"I say we jog, di naman tayo ready so we jog tapos patulong tayo sa iba for our work our regimen" sabi ni Venus. "Alam niyo when we might over train, kaya nga yung mga athletes pag last week na they tone down. Mahirap na kasi baka we might injure ourselves" sabi ni Raffy.

"Pero look at them, todo bigay sila" sabi ni Abbey. "Makinig kayo kay Raffy, tama siya. Grabe na yung training niyo sa atin, have light work outs to keep your bodies in shape nalang" sabi nung alagad. "Pero listen to them" bulong ni Venus. "Wag tayo paapekto, tiwala lang at tara na we jog" sabi ni Raffy.

Nagjogging sila palibot ng kanilang isla pero yung mga dalaga bothered sa naririnig nilang training na nagaganap sa kabilang mga isla. Pansin ni Raffy yon kaya napalingon siya at tinignan yung alagad na sumasama sa kanila, nagtitigan sila at nagsensyasan.

Biglang umalis yung alagad, ilang saglit nagulat sina Abbey pagkat nagsulputan na lahat ng alagad sa tabi nila at mas madami na sila nagjojogging palibot ng isla. Medyo nabuhayan ang mga dalaga, si Raffy ang nasa unahan, habang tumatakbo tumigil siya para magshadow boxing.

Gulat sina Venus at Charlie pagkat sina Abbey at lahat ng alagad gayang gaya ang galaw niya. "Wow what is happening?" tanong ni Venus at nung tumakbo ulit sila ay may kakaiba silang naramdaman. Nung tumigil ulit si Raffy pati sila napapagaya na sa kanyang shadow boxing.

"Hala…bakit sumusunod ako?" tanong ni Charlie. "Pati ako, how is this happening?" tanong ni Venus. "Shhh just let it flow" sabi ni Abbey at napangiti siya pagkat kitang kita na niya yung determinasyon sa mga mata ng kanyang partner. "Chiki tam chiki tamtam patumpampam padegedege tumpampam

dege!” sigaw ni Raffy. “Dragon ho ha!” sagot ng mga alagad kaya sobrang nabuhayan ang mga dalaga.

Narinig nila tumigil yung ingay sa kabilang mga isla, “Dragon ho ha!” sigaw nila ng sabay sabay, “Oh my God they are watching us” bulong ni Charlie kaya biglang tumigil si Raffy at bumira siya ng mga high kicks at lahat sila sabay sabay ang ginagawa. “Oh my God this is so cool” bigkas ni Venus at todo bigay na talaga sila.

Nagsindinihan ang lahat ng ilaw sa mga hotel, naglabasan ang mga estudyante para panoorin yung kanilang team nag eensayo. “Dragon ho ha!” dumagundong na sigaw ng lahat ng estudyante, nakuha nila ang atensyon ng kabilang mga isla, kitang kita nila nagsindihan din yung mga ilaw ng mga hotel doon at lahat pinapanood na ang kanilang isla.

Tumigil ang jogging at sabay sabay sila nagpasiklab ng turning flying kicks. Isa pang turning flying kicks with magic trails ang binira nila sabay shadow boxing. “Dragon ho ha!” sigaw ng lahat kaya tuloy ang jogging ng team dragon kasama ng mga alagad. “Now we got their attention” sabi ni Raffy.

“Nasira training nila” bulong ni Abbey. “Oooh very wise kuya” bulong ni Venus at nagbungisngisan silang lahat. Lumipas ang isang oras tumigil na sila at inenjoy yung pasikat na araw. “Pinakaba niyo sila” sabi ni Eric na biglang sumulpot at pinakita yung video na nakuha gamit ang kanyang magic scope.

Nakangiti ang lahat pagkat kitang kita nila sa video na lahat ng nasa kabilang isla may telescope at pinapanood sila kanina. “Good, unahan ng sindak lang yan, kanina nasindak kami so now sila naman sinindak namin” sabi ni Raffy. “You just made the upcoming duels very interesting to watch” sabi ni Eric.

“Good para mag overtrain sila, advantage natin yon. So now we enjoy our day and really get accustomed to the climate here. Kakaiba init dito and I am sure makakaapekto yon sa ating mga laban” sabi ng binata. “Be careful Raphael, may masama din nadudulot ito” sabi ni Joerel.

“I know, this will spawn desperate moves pero wag tayo magpapaapekto. Keep our focus, whatever they do to piss us off let them be” sabi ni Raffy. “Today you won, later or tomorrow will be different. Naisahan niyo sila and I bet there will be tension all around” sabi ni Joerel. “Bring it” banat ni Abbey.

Pagkatapos ng almusal nag banana boat ride ang team dragon habang yung mga kalaban nila tuloy ang kanilang training. “Ready?” tanong ni Joerel na nakasakay sa speed boat na humihila sa banana boat. “Sir not too fast ha” sabi ni Venus. “Anong not too fast? Bilisan mo sir! Anong sense sasakay tayo nito pag walang adventure” banat ni Adolph.

“Kaya nga, hala sige sir bira!” sigaw ni Raffy at pinaspasan talaga ni Joerel yung pagmaneho. Sigawan silang lahat at todo kapit sa banana boat. Napatigil nanaman nila yung training ng kalaban, yung team Tiger galit na galit pagkat feeling nila minamamaliit sila masyado ng team dragon.

Mabilis na kumurba yung speed boat, “Sir bwisit ka” hiyaw ni Abbey pagkat halos malaglag sila lahat sa banana boat. Yung mga boys tawa ng tawa habang yung mga girls halos nakadapa na at nakayakap. “Tignan natin” bulong ni John at pinitik niya kamay niya at may kakaibang alon ang humampas sa banana boat at muntik nang malaglag ang lahat ng nakasakay doon.

Napalingon si Joerel, pansin nila ni Raffy na inatake sila. Nilayo ni Joerel yung pagmaneho pero may isa nanamang alon ang tumama. Yung iba di nila alam inaatake na sila, sigawan lang sila at inakala nila kasama lang yon ng mabilis na pagkurba nung speed boat.

“Water and wind can be deadly” bulong ni Vera at tinabihan niya si John, nakagawa sila ng mas malaking alon at yun ang tumama sa banana boat at muntikan na talagang nalaglag ang buong team dragon. “Next hit sure laglag na sila” bulong ni John.

Mas malakas na alon ang ginawa nung dalawa, papalapit na ito sa banana boat kaya sigawan ang lahat ng nakasakay. Nagpanic si Joerel pero tinitigan siya ni Raffy. Ang binata ngumiti lang at bago tumama yung malaking alon sa kanila bigla ito tumigil at mabilis itong bumalik papunta sa team Tiger at sila yung nahampas ng kakaibang malaking alon.

“What the heck?!” sigaw ni Michael at ang sama ng tingin niya kina John at Vera. “It was not us” sabi ng dalaga. “Oh yeah? E sino pa? Kitang kita naman they didn’t attack” sabi ni Wendy. “Promise hindi kami, di ko alam bakit bumalik sa atin” sabi ni John at gulong gulo isipan nila.

Nang matapos ang banana boat ride, masaya ang team dragon. “Was that you?” tanong ni Joerel. “Nope, I don’t retaliate sa underhand or illegal tactics, if I do bababa ako sa level nila” bulong ng binata. “Then who?” tanong ni Joerel. “Ewan ko, baka may guardian angel tayo” sabi ng binata sabay napatingin siya sa tubig at napangiti.

Kinabukasan nagulat ang team dragon pagkat lahat gising para sa kanilang early morning exercise. Namangha ang team dragon pagkat yung pagsindi ng ilaw ng mga hotel naka form ng dragon. “Wow naman” bulong ni Abbey. “Isama niyo naman kami” sabi ni Adolph at lalong natuwa yung apat nang makita ang kanilang ibang team mates handa nang makipagtraining sa kanila.

“Bestfriend! Gora!” sigaw ni Giovanni mula sa isang terrace sa taas. Binigay niya yung hudyat at ang dami nila may mga drums at sabay sabay nila pinatunog ito. “Dragon ho ha!” sigaw nila sabay sabay kaya ganado magjogging ang team dragon.

Napatigil ulit nila yung pag eensayo sa kabilang mga isla, lahat sila nanonood gamit ang mga telescope. Tuloy ang jogging ng team dragon at pasulpot sulpot yung mga alagad para atakehin sila. Namangha ang kalaban sa sabayang kilos ng team dragon para puksain ang mga atake. Pagkatapos mapatumba ang mga alagad tuloy ang kanilang jogging.

"Wala to sa video" bulong ni Dan. "Grabe pala sila, how is that even possible?" tanong ni Melvin. Matapos ang isang round sumugod ulit ang mga alagad, sabay sabay lumipad sa ere yung team dragon para magbigay ng twisting kicks para patalsikin palayo ang mga sumugod.

"Shit they are so scary" bulong ni Olivia. Bungisngis sina Raffy at Abbey pagkat naririnig nila yung usapan ng kalaban. "Now we really got their attention" sabi ni Raffy.

Sa malayo magkakasama ang mga guro at pinuno, "You can feel the tension building up" sabi ni Janina. "Well you started it" banat ni Hilda at nagtawanan sila lahat. "Unang pumikit talo" sabi ni Ricardo. "How did your team be like that?" tanong ni Ernesto. "Alam niyo magkaaway mga yan sa school pero now they have one goal so that is why they are together" pasikat ni Hilda.

"Last time when we watched the videos they were not bothered, this time I can feel them a bit worried" bulong ni Yves. "Its part of the game, sindakan at sino kukurap talo" sabi ni Lani.

After lunch naglibot ang team dragon para enjoying yung ganda ng lugar. Binisita nila yung duel island, at habang naglalakad kinakabahan ang mga dalaga pagkat panay ang bagsak ng niyog sa mga dinadaanan nila. "Uy alis nalang kaya tayo dito" sabi ni Abbey.

"Relax we are fine, we are just going to check out this duel island, kailangan natin malaman yung mga lugar lugar dito kasi knowing the terrain will make

us fight better. Nasanay tayo sa flat surface at duel arena, this time we are going to duel in this island. Kailangan natin malaman anong lugar pwede taguan, or maganda attack area" sabi ni Raffy.

"Pero ate is right, parang masasaktan tayo dito e. I can even feel someone using wind magic" bulong ni Charlie. "Just relax, we will be fine" sabi ni Raffy. Tuloy ang lakad nila at napasigaw ang mga dalaga pagkat may mabilig na palaglag na niyog sa ulo ni Abbey.

"Abbey do not use your powers, trust me" sabi ni Raffy sa isipan niya. Pumikit nalang si Abbey at tumigil yung niyog sa ibabaw ng kanyang ulo. Kinuha ni Raffy yung niyog at binaba ito sa lupa. "Everyone, do not use your powers, trust me. Kahit anong mangyari wag na wag niyo gamitin power niyo" bulong ng binata.

Tuloy ang lakad nila, umaaligid yung Turtoise team at sila yung nanggugulo sa paglalakbay nung team dragon. "I can feel them" bulong ni Abbey. "Alam mo kung gusto nila gulo then ibigay natin gulo" bulong ni Adolph. "Wag, lakad lang, please trust me and enjoy the island" sabi ni Raffy.

Sumapit ang sunset at nakabalik na ang team dragon sa island nila. Naupo sila sa beach kasama yung ibang schoolmates nila para panooring yung palubog na araw. "Ikaw ba yung nagprotect sa atin?" lambing ni Abbey. Huminga ng malalim si Raffy at inakbayan partner niya.

"They will try to force us to use our powers to fight back pero please lang don't. We pissed them off again today and the more they get pissed you know what happens" bulong ng binata. "What if someone get hurts?" tanong ni Homer. "Wag naman sana" bulong ni Raffy.

"E what if meron nga?" tanong ni Armina. "Wala sa inyo masasakatan, I wont allow that to happen. Pero if they manage to hurt anyone, kahit sino sa

atin then they will regret it. Pero keep focus, duels ang important, wag kayo mag parattle sa kanila. If we mess up we can get disqualified, kaya nga sila nagtatago diba? Para di rin sila mahuli, so if they keep doing that just keep cool"

"Pero pag harap harap sila umatake then ibang usapan na yan. Think about our goal, para sa school natin to so kalma lang tayo. If they want mind games then we play with them. Part of the game, keep your focus to our greater goal" sabi ni Raffy.

After dinner nagsipanik na sila sa kani kanilang kwarto. Bandang alas nuebe nung tulog na si Abbey muling lumabas si Raffy at naglakad sa beach. Naupo siya sa buhangin at pinagmasdan ang buwan. "Salamat ha" bigkas niya.

Sa tubig lumabas ang ulo ni Sam at nakangiti. "How did you know I was here?" tanong niya. "Diba may past tayo?" banat ni Raffy at tuluyan umahon si Samantha at tumingin sa malayo s Raffy at inabot yung twalya na dala niya. "You even came prepared" pacute ni Samantha.

"Yeah, I really wanted to talk to you and thank you for protecting us today" sabi ng binata. "Me? Wala naman ako ginawa ha" sabi ng dalaga. "Yeah right, may past tayo so I know it was you"sabi ni Raffy at natawa si Sam at binangga niya yung binata.

"Salamat" bulong ni Raffy at nagkatitigan sila, kinilig si Sam at agad napatingin sa malayo. "Youre welcome" bulong niya. "Bakit ba tuwing nakikita kita lagi kang nasa tubig?" tanong ng binata. "Tapos itatanong mo kung serena ako ganon?" pacute ni Sam.

"Hindi kasi alam mo sa totoo pangit ang lahat ng serena no, they are actually monsters, ginagamit nila fake beauty nila para maakit yung mga

fishermen. Tapos pag naakit ayun monster pala sila. Kaya sigurado ako hindi ka serena, maganda ka e" sabi ni Raffy at sobrang kinilig ang dalaga.

"Oh so you love reading, I think I read something like that too. Pero malay mo iba pala tunay kong anyo" sabi ni Sam. "Yeah right, may past tayo at alam ko lalake ako. Para magkaroon tayo ng past dapat babae ka" sabi ng binata.

"Babae nga ako, ang sinasabi ko malay mo pangit pala ako sa totoo at fake beauty lang tong nakikita mo" sabi ni Sam. "Alam mo you don't know me, kung bulag man ako magkakaroon parin tayo ng past kasi mabait ka, kahit na we don't know each other that well I know mabait ka" bulong ng binata.

"Hindi ako serena" bulong ni Sam at di na niya mapigilan ang kilig sa kanyang katawan. Medyo humampas ang isang alon sa paanan nila kaya napangiti si Raffy. "So kung hidi ka serena…I just make you wet ganon everytime you see me?" banat niya at humalakhak si Samantha at pinagpapalo ang binata.

Walang tigil tumawa si Sam, walang tigil niya din kinurot at hinampas ang binata sa braso. "Just kidding, parang ang lungkot mo kasi, ramdam ko. Masaya ang tumawa" bulong ni Raffy. Napatigil si Sam at tinitigan niya yung binata.

"Grabe ka I have many friends, everyone in our school is my friend" sabi ng dalaga. "Pansin ko nga, pero still may dinadala kang kalungkutan. Wag ka na magdeny may past tayo" banat ni Raffy at muling natawa ang dalaga.

"How can you tell?" tanong ni Sam. "May past nga, ang kulit mo talaga" sagot ni Raffy. "Grabe ka, I should not be helping you" bulong ni Sam. "You should be kasi may past tayo" hirit ni Raffy at nagtawanan sila.

“Grabe ang kulit mo pala” pacute ni Sam. “You started it, pero salamat talaga for watching over us today. Tama ka medyo unfair sa team niyo pero salamat sobra” sabi ng binata.

“I don’t know why pero youre welcome” sabi ni Sam. “Makulit ka talaga Sam, sabi nga may past e. Ngayon gusto mo ideny yon?” banat ni Raffy at humalakhak naman yung dalaga.

“Hey Raffy, I can feel youre a good guy” sabi ni Sam. “Wow kulit mo talaga, pano tayo magkakaroon ng past kung hindi ako good guy…kaya lang pano ba tayo natapos?” tanong ng binata at nagkatitigan sila.

“Oo nga no, I didn’t even think of that” sabi ng dalaga. “How are you supposed to think of that when we have not even started?” sagot ni Raffy. Halos mamilipit sa kilig si Sam, may alon na humampas ulit sa paaan nila at ang dalaga napatingin ulit sa malayo.

“Baliw ka, may girlfriend ka na. Don’t say such things” bulong ng dalaga. “Layo ng iniisip mo, we have not started as formal friends….hi I am Raphael” sabi ng binata at paglingon ni Sam nakita niya inaabot ng binata ang kanyang kamay.

Nakipagkamayan si Samantha, pareho sila may naramdamang kakaiba. “Samantha” bulong ng dalaga at narinig nila yung malakas na alarma. “Ano yon?” tanong ni Raffy. “Oh my God, Tsunami warning yon” sabi ni Sam at bigla sila nagpanic pero nagtitigan.

“I should go” sabi ng dalaga. “Ah yeah, see you around my friend” sagot ni Raffy at muli nila narinig yung tsunami alert kaya nagtawanan sila.

Chapter 39: Huling Paghahanda

Nakahiga sina Don at Denver sa loob ng kanilang kwarto. “Bwisit, di ako sanay sa katawan na ito” sabi ni Teodoro. “Shut up baka may makarinig sa iyo” bulong ni Henry. “Hoy ginawa mo ba yung mga dapat mong gawin?” tanong ni Teodoro.

“Oo napadala ko na yung lay out ng mga isla kahapon pa. If we are to succeed medyo tagilid ata yung escape route natin” sabi ni Henry. “Stupid, magtiwala ka lang, di tayo papabayaan. Hey…tandaan mo we play possum sa first matches until we reach Raffy and Abbey” paalala ni Teodoro.

“I know, dapat ipaalala mo sa sarili mo yan kasi you hate losing. Boy I would love to see the look on your face everytime we lose” banat ni Henry. “Shut up, sabi niya kailangan ng sakripisyo, so mahirap man matalo so be it. At least when that right moment comes, everyone will see how great I am now” sabi ni Teodoro.

“Dumb ass ka, di mo ba alam we cant transform back? Ganito na tayo duduelo sa kanila. Engot ka, pano ka makikilala when everyone knows you are already crazy and locked up sa mental” sabi ni Henry. “Shit, oo nga, shit demet” bulong ni Teodoro at tumawa si Henry.

Samantala sa isang hide out busy sina Gaspar at Gustavo sa pagplano ng kanilang pagsugod sa mga isla. “Sigurado ko gwardyado ang buong duel arena, pati na yung ibang mga isla. Wala ka pa bang nakitang weak spot?” tanong ni Gustavo.

“Wala e, our only choice is to go in by force. May alam ka bang spell na kayang bumuwag sa barriers?” tanong ni Gaspar. “Tsk, meron pero di ko alam kung gagana at kailangan natin ng madaming tauhan. This is too risky” sabi ni Gustavo.

“Sigurado yan kasi malamang nasabi ni Victor na lulusob tayo sa inter schools so they will be prepared” sabi ni Gaspar. “So how do we enter and exit those islands?” tanong ni Gustavo. “Anong ibig mo sabihin? Wala ka pa naisip na paraan in case magtagumpay yung dalawa?” tanong ni Gaspar at napasimangot si Gustavo.

“Bullshit! Alam ko ba ganito katindi yung depensa nila sa mga isla? Di ko naman inakala na kakalas tayo muli kay Victor. Akala ko dikit tayo sa kanya hanggang sa inter schools para malaya tayo makakapasok” sabi ni Gustavo. “Pero if ever that happened tayo yung mabubulaga, kaya pasalamat ka nalang nagkaalaman na ng maaga. So now how do we enter and exit, how will you take the bodies of Raffy and Abbey and the rest of your prospects” tanong ni Gaspar.

“We have two more days” bulong ni Gustavo. “Meron isang posibilidad pero sigurado ako tatanggihan mo” bulong ni Gaspar. “Demet ka, masasayang yung ginawa natin kay Teodoro” sabi ni Gustavo. “Oo aminado ako sayang nga pero it’s the only way makakapasok tayo. Sacrifices tulad ng sabi mo”

“Di naman natin inakala ganito mangyayari so ito lang ang remedyo. You know that at alam ko you are thinking about it. Hayaan mo na yung masasayang, you can do that all over again. Look at the bigger picture Gustavo, once we are inside, they cannot stop you anymore. Even if they try there are so many hostages inside”

“Sacrifices, ikaw nagturo sa akin niyan” sabi ni Gaspar. “Punyeta!” sigaw ni Gustavo at naglakad lakad siya at nag isip ng maigi. “Kung may alam kang ibang paraan then I will listen to it” sabi ni Gaspar. “Shut up! Get some people ready sa mental, dapat precise itong plano natin” sabi ni Gustavo at napangiti na yung kasama niya. “Don’t worry, everything will turn out right” sabi ni Gaspar.

Samantala isang building sa campus ng Norte nakatipon ang lahat ng propesor at mga pinuno kasama ang mga elders. “Gustavo and his men will come soon. Do we have all barriers set up well?” tanong ni Franco.

“Everything is under control, walang makakapasok dito unless verified magic traces nila at identitities. All students from all schools are all here kaya wala silang chance to use them” sabi ni Ernesto. “Every ten minutes we do a magic trace scan sa buong areas to check if everyone inside the islands are all verified. As of last check everyone inside is verified” sabi ni Prospero.

“How about sa outer areas?” tanong ni Franco. “Water users nakakalat sa buong paligid. Nagbabantay sila, sa mga beach fronts naka ready yung mga alagad from all schools. So far so good” sabi ni Yves.

“Lahat dapat maisip natin, as in lahat. Mahirap na talaga mabulaga lalo na nandito lahat ng mga estudyante” sabi ni Franco. “Relax, if they come, we all are ready to battle them outside, hindi sila makakapasok dito” sabi ni Ernesto. “Good then, pero still we should keep thinking of ways kung pano siya papapasok dito” sabi ng elder.

Naiwan yung mga elder at nag titigan sila. “Do you think magtutuloy pa siya?” tanong ni Rizal. “Di ko masabi, siguro malaking epekto yung pagkawala ng alagad niya. Wala talaga ako balita, parang nawala sila bigla e” sabi ni Victor. “Pero kahit ganon hindi parin ako mapakali” sabi ni Franco.

“Air, land sea and even underground nabantayan na. Saan pa kaya siya pwede pumasok?” tanong ni Redentor at lahat napatingin kay Victor. Tumawa ang matanda at napakamot, “Bwisit kayo, porke naging kalaban ako dati sa akin na kayo umaasa?” tanong niya.

“You can think as the enemy” landi ni Prospero at lalo sila nagtawanan. “Well it if was me then I would have given up, kasi the other ways to come in

are very risky. One option is by force, and we know nalagasan sila sobra. Still possible kung susubukan nila pero we will be ready naman. Other than that wala na ako maisip, if it was me clones gagamitin ko pero sabi ng scanners all are accounted for at very risky move yon"

"Once madetect ng scanner may double magic traces, tapos sila. So wala na ako maisip na iba" sabi ni Victor. "Sana nga it is true wala na, pero kailangan parin natin maghanda" sabi ni Franco. "Totoo, lalo na ngayon desperado sila kumuha ng mga alagad matapos natin sila bawasan ng madami" dagdag ni Victor.

Sa beach front naglalakad sina Raffy at Abbey. "Grabe ang hirap pakalmahin sina Venus at Charlie" bulong ng dalaga. "Pati ikaw, ramdam ko nanginginig ka" sabi ng binata. "I cant help it, ang galing ko sila pakalmahin pero deep inside pati ako kinakabahan" sabi ni Abbey.

"Ganyan talaga yan, sa school competitions ko dati it was easier. Pero nung inter school na grabe yung pressure, dala mo talaga buong school mo sa balikat mo" sabi ni Raffy. "So what did you do? Nagchampion ka many times" sabi ni Abbey.

"Just think about those who are wishing for you to win. You cant let them down. Ako ramdam ko din kaba ko pero katabi kita lagi so determined ako to win kasi yung isang umaasa na manalo ay katabi ko at partner ko. It so happens that…you want me to answer and we burn the whole island?" landi ni Raffy at nagtawanan sila.

"Parang ang bigat, yung bigat na yon nagbibigay images of losing sa isipan ko tapos yung mga reaksyon nila after we lose" sabi ni Abbey. "Bakit mo kasi iniisip yon? Isipin mo naman yung good effects of winning, the kiss I get after winning, tapos the kiss I get after holding the trophy, tapos yung pagsunog sa buong island" banat ni Raffy at tawanan ulit sila.

“So ganon pala, yung kiss lang iniisip mo?” tanong ni Abbey. “Yup, siguro naman pwede na talaga kahit may masunog tayo. Deserving naman na tayo siguro magsunog” hirit ni Raffy at laugh trip ulit yung mag partner.

“Raphael what are you doing to my daughter?” banat ni Raffy at humalakhak talaga si Abbey. “Lagi nalang ako, di ba nila naisip na ikaw nagstart minsan?” landi ng binata at sinakal siya ng kanyang partner. “Siguro naman we can burn the clinic again” landi ng dalaga.

“Hey sabi ni supahgramps you kissed me and nasunog yung forest” bulong ni Raffy at nanlaki ang mga mata ng dalaga. “It was just a peck” pacute niya. “Yeah pero diba you kissed me too sa clinic, nung unconscious ako, may nasunog ba noon?” tanong ng binata.

“Wala naman, oo nga no. Bakit ganon?” tanong ni Abbey. “Di ko din alam e, pero after that day everytime we try we get something burned” banat ni Raffy. “Masakit yung sinabi ni lolo na we are cursed” bulong ni Abbey. “Shhh…wala ako pakialam if we are. Kung walang kiss di wala basta kasama kita okay lang” bulong ni Raffy at napangiti si Abbey.

“Pero we can burn some” pacute niya. “Yeah, okay lang naman siguro…yeah we can burn some” landi ni Raffy at nagbungisngisan sila. “Burn what?” tanong ni Pedro at nagulat yung dalawa. “Wala daddy” sabi ni Abbey. “Siguro pag dad mo at dad ko nagkiss…patay tayo lahat” banat ni Raffy at halakhakan sila.

“Sir Peter, if we win I am going to kiss Abbey” sabi ni Raffy at nagulat ang dalaga. “Huh, I would like to see you try” sagot ni Pedro. “I will, I promise I will kiss her after we win. And I want you to be there” sabi ng binata.

“At bakit kailangan ko pa makita yung paghalik mo sa anak ko?” tanong ni Pedro. “Kasi papatayin mo yung sobrang daming sunod sa paligid. I plan to

burn everything, as in everything mwihihihihihihi" banat ni Raffy at bigla siya binatukan ni Pedro habang si Abbey kinikilig at napapakulo niya yung tubig sa dagat. Pati tuloy siya nabatukan ni Pedro kaya nagtitigan yung magpartner at muling natawanan.

Pinanood nila maglakad palayo si Pedro, tumigil siya at huminga ng malalim. "If you win, sagot ko na mga apoy ng anak ko" sabi niya at biglang tumayo si Raffy at kinabog ang dibdib niya. "Challenge accepted" sigaw niya at lumingon si Pedro at nginitian ang kanyang anak. "Win" bulong niya kaya napatayo si Abbey at super napangiti.

"Wow your eyes are burning" pacute ni Abbey. "Demet, ito yung motivation na inaantay ko. Oh yeah, oh yeah, oh yeah!!!" hiyaw ni Raffy at super lakas na hanging ang naramdaman sa mga isla. Tuwang tuwa si Abbey na makita ang parter niya super ganado.

Sa kabilang isla napatapis ang mga members ng team Tiger habang nag eensayo sila. "What the hell was that?" tanong nila lahat at pati sa kabilang isla tumba ang lahat ng Team Tortoise. Lahat ng guro kinilabutan sa kakaibang hangin, sina Hilda at Ricardo nakangiti kaya lahat nakatingin sa kanila.

"Oh don't worry that was just Raffy pumping himself up" landi ni Hilda at inakbayan siya ni Lani at super landi nung dalawang matanda na naglakad palayo habang si Ricardo painat inat na sinundan sila. Yung ibang mga guro galing sa ibang school lahat kinakabahan sa tindi nung lakas nung hangin.

Samantala sa campus grounds lahat dumapa maliban kay Samantha na pumikit at napangiti. "Oh now I feel who you are Raphael" bulong niya at hinayaan niya yung hangin na tumama sa kanyang mukha.

Kinahapunan non dinala ni Abbey sina Felicia, Armina, Elena, Venus at Charlie sa school campus. “Uy sira sigurado ka pwede tayo don sa beach na sinasabi mo?” bulong ni Felicia. “Oo, nakita niyo naman ang ganda diba? At walang tao don kaya pwede tayo mag bikini don at magsunbathing” bulong ni Abbey.

“Pero sure ka walang tao don? Baka naman may mga tao at nakakahiya” bulong ni Charlie. “Trust me, walang tao don. Tara dito, pasimple lang kayo naman. Sundan niyo lang ako” sabi ni Abbey.

Sa gilid ng bundok sila nagtungo pero paikot ikot lang sila. “Hoy kanina pa tayo ikot ng ikot dito” sabi ni Armina. “Ha? Teka lang, sure ako dito yon. Dito kami lumiko ni Raffy e. Kita niyo naman sa pictures diba? O diba yung back of the mountain kinuhanan pa namin” sabi ni Abbey.

“Yeah pero kanina pa tayo ikot ng ikot at likod na ito ng bundok wala naman beach o” sabi ni Elena. Napakamot si Abbey at litong lito na. “Pero sure ako dito yon, as in dito kami talaga pumunta” sabi ng dalaga. “Hala…baka pareho ito sa mount Dragoro. Baka moody siya or baka inakit lang kayo once nung bundok to see that place” bulong ni Elena.

“Huy hala lets get you out of here na baka naman huliin tayo ng bundok, tsk delikado na” sabi ni Armina at hinila si Abbey. “Oo nga, we have to keep you three safe, saka na tong sunbathing at bikini bikini natin” banat ni Cessa at nagtawanan nalang sila habang si Abbey litong lito talaga.

Ilang beses napalingon si Abbey, sure talaga siya doon yung lugar papunta sa magandang beach. Humarap na siya at naglakad, sa likod ng isang puno sumilip si Samantha at nakangisi. “As if I would let you see that place again” bulong niya sabay tumawa kaya napalingon ang mga dalaga at lahat sila natakot. “Shit sabi sa inyo e tara takbo” sabi ni Cessa at nagtakbuhan talaga sila at nagsigawan sa takot.

Kinagabihan non nung tulog na ang lahat lumabas ulit ng hotel si Raffy at naglakad lakad. May nakita siyang kislap sa malayo at agad siya napangiti pero di niya nilapitan yung kislap.

Lumakas yung kislap pero naupo ang binata at tumawa lang. Lumalapit yung kislap, si Raffy nahiga sa buhangin at tinignan yung kislap. Lalo lumakas ito kaya napakamot siya at pumasok na sa portal. Lumabas siya sa campus grounds at doon nakangiti si Sam na sumalubong sa kanya.

“Wow the place where we first kissed” banat ni Raffy at tumawa yung dalaga. “Basta gabi lumalabas ka, why?” tanong ng dalaga. “Kasi sa totoo call boy ako, sanay ako sa gabi” biro ni Raffy at tumawa ang dalaga. “E how about you?” tanong niya.

“Hmmm…di ako call girl pero ako yung nag aabang sa call boy” banat ni Sam at grabe yung tawanan nung dalawa. “Uy lumalabas na yung humor niya, dati shy type ka pero slowly but surely you are showing me your true self” biro ni Raffy.

“I may have lots of friends pero kokonti lang yung pinagkakatiwalaan ko. We just met but I feel that I can trust you so here I am” sabi ni Sam. “Well at least this time I didn’t get you wet” biro ni Raffy. “Hmmm not yet pero maybe later” landi ni Sam at nagulat yung binata pero grabe yung tawa ang dalaga.

“Swimming Raphael, swimming, I am going for a swim later” nilinaw ni Sam. “Defensive, wala naman akong iniisip na iba” sagot ni Raffy. “So you say, anyway would you like to join me?” tanong ng dalaga.

“Promise me you wont get naked?” landi ni Raffy at natawa si Sam. “Baliw ka. Naaliw ako sa iyo” bulong ng dalaga at naglakad sila papunta sa gilid ng bundok. “Hey Sam, bakit di mo sila pinayagan magpunta sa hidden beach?” tanong ni Raffy at nagulat yung dalaga.

“What are you talking about?” tanong ni Sam. “You know what I mean. They were trying to reach that place but you didn’t want them to find it” sabi ni Raffy. “This beach?” tanong ng dalaga at muling nasilayan ni Raffy yung sobrang gandang beach.

“Yeah this one, bakit away mo sila makapunta dito kanina?” tanong ng binata. “Hala, anyone can find this one, baka mali lang yung liko nila” palusot ni Samantha. “Ah okay, sabi mo e” bulong ni Raffy at naupo yung dalawa sa buhangin. “Tara sa tubig its warm I promise” sabi ng dalaga kaya kahit nakadamit sila nagdive sila sa tubig.

“Mahirap pag mag isa ano?” bulong ni Raffy. “Sobrang hirap, ha? Wait what?” tanong ng dalaga at tumawa yung binata. “Wala, sabi ko mahirap pag nag iisa ka lagi” sagot niya. “E I want to be alone at night, nahihiya ako lumangoy pag madaming tao” sagot ni Sam.

“Pero I am here” sabi ni Raffy. “I trust you so I am fine with you here” sabi ng dalaga. “Pero alam mo it should not be this way na lagi kang nag iisa” sabi ng binata. “I know, so ano lipat ka dito para samahan ako?” pacute ni Sam at tumawa si Raffy.

“Di ka pa sawa sa past natin?” landi ng binata. “Sabi mo it has not started” tampo ng dalaga. “It did diba? We formally became friends” sabi ng binata. “O tapos sasabihin mo may past tayo” sabi ni Sam. “E ikaw naman yung nagstart non” bawi ng binata at nagatawanan sila.

“You should get ready for them, they have been preparing for you. Would you like me to tell you about them?” tanong ng dalaga. “No, sayang oras, tell me about you nalang” sabi ni Raffy at lumakas konti yung alon at lalong uminit yung tubig.

“Why would you like to know me?” tanong ni Sam. “How are we supposed to be close friends if we don’t know about each other?” sagot ni Raffy. “But I know who you are” sabi ng dalaga. “You don’t know me” sagot ng binata.

“Trust me I know you, not literally but I know you that is why I feel safe with you” bulong ni Sam. “I feel the same way” sagot ni Raffy. “I have watched your videos so many times, ang galing mo” bulong ng dalaga.

“Di naman, ikaw malakas ka, wag kang magdeny kasi ramdam ko malakas ka. Bakit hindi ka kasama?” tanong ng binata. “Like I said…I trust a few…how am I supposed to join if I don’t have a partner that I can trust?” sagot ng dalaga.

“Kung may inter school mix duels…I would like to be your partner” bulong ni Raffy at uminit lalo yung tubig. “I would love that pero parang imposible na mangyari yon” sagot ni Sam. “If ever you had someone you trusted…I feel kayo yung team to beat” sabi ni Raffy.

“Tayo” bulong ni Sam at natawa ang binata. “Pero I am not from here” sabi ng binata. “Umalis ka kasi e, sayang we could have been great” pacute ng dalaga. “One day we are going to get that chance, pero malabo kasi my dream is to stop all this fighting…” bulong ni Raffy.

“Please make it happen…make your dream happen” bulong ni Sam at napatingin si Raffy sa kanya, nakita niya nakapikit si Sam at may luha na dumadaloy pababa sa kanyang pisngi. “Ramdam kita kaya oo I will make it happen…so you can be free” sabi ni Raffy.

Di na binuksan ni Sam mga mata niya, napangiti nalang siya. “So you know me” bulong niya. “May past tayo” sagot ni Raffy at bungisngisan ulit sila.

Chapter 40: Grand Opening

Lahat ng mga estudyante sa bawat isla nagtipon sa beach front na humaharap sa duel island. Bawat paaralan suot nila ang kani kanilang mga robes, sa harapan nangunguna ang kanilang mga contestants na atat nang makisabak sa mga duelo.

Sa duel island nagtipon ang mga elders kasama na ang iba't ibang mga guro ng bawat paaralan. Sabay sabay sila nagbulong ng dasal at nagsigawan ang lahat ng mga estudyante pagkat biglang gumalaw ang mga isla.

Apat na isla dahan dahan gumalaw papalapit sa duel island na nasa gitna. Natawa si Raffy kaya bigla siyang nagpasimuno ng gimik. "Tanan tatanan tan tan" banat niya sa Voltes V theme. Tawanan ang mga kapwa mag aaral niya kaya gumaya sila at tinuloy yung tema ng isang cartoon show na luma.

Sa duel island napapangiti ang lahat ng guro, ang ibang mga estudyante sa ibang mga isla napapagaya narin na kinainis ng kanilang mga contenstants. "Will you stop it" sabi ni Dan na hinarap ang kapwa mag aaral niya. "Oh shut up Dan" sumbat ni Samantha kaya yung binata napayuko ang ulo at humarap nalang.

"Grabe ka pasimuno ka talaga" bulong ni Abbey at tumawa si Raffy. "To ease the tension" bulong ng binata. Ilang saglit pa dumikit na yung apat na isla. Nagliwanag ang buong paligid at nagsigawan nanaman ang mga estudyante pagkat may isang matinding barrier na pumalibot sa magkakadikit na limang isla.

Yung pagsama sama nung limang isla nabuo ang giant arena, kung saan nakatayo ang mga estudyante doon din tumayo ang mga bleachers kaya todo kapit ang lahat. Isang minuto ang lumipas at namangha ang lahat, para na silang nasa loob ng isang higanteng coliseum pero hindi nagbago yung itsura nung duel island na nasa gitna.

May lumitaw na stage sa gitna ng duel island kung saan nakatayo ang mga elders at propesor. Humarap si Diosdado at hinawakan yung microphone. “Good morning!!” sigaw niya at sumagot ang lahat ng estudyante at ramdam na ng lahat ang pagkasabik upang masimulan na ang mga duelo.

“Today we mark such a momentous occasion. A young man inspired us all last year and reminded us how it used to be. We all say past is past but in that past is our true history, the history that almost everyone seems to have forgotten. This young man showed us that it is possible to bring the past to the future”

“And so we move towards the future with the aim of bringing back the past, where there was peace, and magic was used the way it was meant to. So last year we brought back the partner duels, the success of its return paved way to what we are going to have now”

“After so many years of bickering and fighting, we are all together again, the return of the age old tradition of the inter school grand duels!” sigaw ni Diosdado at nagpalakpakan ang lahat ng tao.

“Before we begin I ask for forgiveness, you see I was not born yet when the inter school duels were present. In fact majority of your professors, even the elders were not born yet. Last time I told the contestants that the duels would be a single round robin eliminations”

“Pasensya na kayo sa atat ko nakalimutan ko sabihin na, if maghaharap yung two teams from the same school…that match will automatically be a bye. Since you all already dueled each other in your own schools there is no point in having that here, so the maximum wins of that can be attained is six. That is our magic number and who ever reaches six wins will automatically be proclaimed the champion”

“For security reasons we all decided to cancel the exhibition duels except one. So to start the ball rolling, and to open our inter school grand duels, I present to you…”

“The professors! The Phoenix versus the Dragon!” sigaw ni Diosdado at sigawan ang mga estudyante, biglang nawala yung stage at mga guro. Sumulpot agad ang dalawang nilalang na nakasuot ng orange robes at metallic orange masks sa gitna ng duel island.

May narinig ang lahat na kakaibang huni mula sa langit. Napatingala ang lahat at namangha sila sa lumilipat na apoy na unti unting humuhulma sa hugis ng dragon. Palakpakan ang mga estudyante lalo na nung nag dive yung dragon at dumaan sa bleachers sections ng Dragon school.

Ilang saglit lumutang ito sa ere sa tapat ng Dragon school bleachers, nagbuga ito ng apoy papunta sa langit, “Dragon ho ha!” sigaw ng mga estudyante at bumuga yung dragon ng apoy papunta sa duel grounds at doon niluwa sina Pedro at Felipe suot ang kanilang kakaibang mga flaming red robes.

“Why do they look so amazed?” bulong ni Abbey. “Ewan ko baka tayo lang kasi gumagawa ng mga entrance” sagot ni Raffy. “Oo nga, look at them para silang mga bata” sabi ni Adolph sabay tumawa. “Ah basta gaya gaya sina daddy” banat ni Abbey at nagtawanan sila.

Nagharap sa gitna ang apat na mga guro, nagformal bowing sila tapos naglakad palayo. Final bowing at dahan dahan nilabas ng mga Phoenix professors ang kanilang mga wands. Nagulat sina Abbey at Raffy nang pati mga magulang nila naglabas ng wands.

“Begin!” sigwa ni Diosdado at parang kildat na sumugod sina Felipe at Pedro gamit ang kanilang tanyag na bilis. Gulat ang mga kalaban pagkat yung dalawa nasa harapan na nila at nakataas ang wands. Sabay lang pinokpok nina Pedro at Felipe ang wands nila sa ulo nung kalaban kaya sumabog sa katatawanan ang lahat ng manonood.

Napikon yung mga kalaban kaya bawi nila dual flame attacks, ang bilis nina Pedro at Felipe na nag side step, nandon na sila agad sa likuran nung kalaban at muli nila pinokpok wands nila sa kanilang mga ulo.

Halos mamatay na sa tawa ang lahat pagkat side step lang ng side step yung team dragon at panay hataw lang ng wands nila sa ulo ng kalaban. Nag init na tuloy ang team Phoenix, kakaibang flames binuga nila mula sa wands na nagpaatras nang tuluyan kina Pedro at Felipe.

“Rubaki” sigaw ng isang kalaban at napatalon sa ere yung team dragon pagkat isang mabilis na orange flaming ball tumama sa paanan nila. Nagkaroon ng hukay na maliit kung saan isang di namamatay na apoy ang nagpaikot ikot. Napatayo sina Abbey at Raffy, “They pissed them off” bulong ng binata.

“Yan kasi daddy e, sabi exhibition lang e” bulong ni Abbey. Walang tigil na Rubaki attacks yung ginawa ng mga kalaban. Wala nang ginawa kundi tumalon ng tumalon yung team dragon para makaiwas. “Bakit hindi sila umaatake?” tanong ni Abbey.

“Tulad natin, di pa nila kilala kalaban e. I get it now, they wanted them to get mad para mailabas nila mga alas nila. Gaya gaya talaga sila” bulong ni Raffy at muling nagtawanan yung dalawa. Ilang minuto na pag iiwas nagpasiklab pa ng ibat ibang mga tira ang team Phoenix.

“Actually they are helping us” bulong ni Raffy. “What do you mean?” tanong ni Abbey. “Kasi we know little about team Phoenix, pero gusto nila palabasin yung lahat sa kalaban para at least we know what to expect” bulong ng binata at napangiti ang partner niya.

Limang minuto ang lumipas nagsimula nang mag boo ang crowd pagkat wala nang ginawa ang team dragon kundi dumepensa. “Daddy okay na! Pwede na!” sigaw ni Abbey, nakita ng lahat nag nod konti yung team dragon at nagbago bigla ang kanilang formation.

Bumira ng twin Rubaki attacks yung kalaban, “Ay shit” narinig nilang sigaw, sapol yung mag partner at may malakas na pagsabog na apoy nang tumama ang tira ng kalaban sa kanila. Tumalsik yung mga apoy sa paligid pero may isang malaking fireball naiwan sa gitna.

Nakatayo na ang lahat ng estudyante galing sa Dragon school at kinakabahan habang yung mga taga Phoenix school tuwang tuwa sa nagawa ng kanilang mga propesor. Napatigil ang tuwa nila pagkat mula sa fireball nakita nila si Pedro nilalaro lang yung apoy at hinihigop sila ng kanyang mga kamay.

Iniipon niya yung mga apoy at siya naman ang humuhulma ng kanyang flame ball. Sa panic todo atake ang kalaban pero bilib na bilib ang lahat pagkat cool na cool lang si Pedro pagkat yung mga ibang apoy tumutulong sa kanyang depensa at sila ang sumasalo sa atake ng kalaban.

May isang maliit na apoy sa lupa sa likuran ng mga kalaban, sigawan na yung mga estudyante ng Phoenix school pagkat mula sa maliit na apoy lumalabas si Felipe at may dalawang wand siyang hawak. Napalingon yung mga kalaban, ginamit ni Felipe na parang arnis yung dalawang wand at tila nag exhibition nang atakehin yung dalawang kalaban.

Sobrang liksi niya, tuwing poporma sa atake ang isang kalaban mabilis niya nasasapol mga kamay nila at lalamunan. Nadisarmahan ni Felipe yung dalawang kalaban. Tumalon siya ng mabilis sa ere at pumikit ang lahat ng estudyante ng Phoenix school pagkat tinira na ni Pedro yung kanyang giant fireball.

Sapol ang kalaban kahit na sinubukan nila tumakas. Sunog ang robes nila at natunaw konti ang kanilang mga maskara. Nasa gitna yung dalawang kalaban, sa harapan nila nakatayo si Pedro, sa likuran sa malayo si Felipe. Sinummon nila yung wands nila at bumalik ito sa kanilang mga kamay.

TInira ni Felipe yung isang wand na parang super fast dart kaya umiwas yung kalaban pero hindi naman sila talaga target. Bumalik sa kamay ni Pedro wand niya, maghihiwalay sana yung mga kalaban pero umatake sina Pedro at Felipe sa bawat gilid para panatiliin magkadikit ang kanilang mga kalaban.

Bawian ng tira gamit ng wands, napilitan magback to back ang kalaban pagkat sabay umaatake sina Pedro at Felipe. Bilib sina Abbey at Raffy pagkat marunong pala gumamit ng wands ang kanilang mga ama, nagagamit nila ito para sa atake at depensa kaya nag init na ng husto ang duelo at lahat ng estudyante nakatayo na.

“Vanish” sigaw ng kalaban at sabay nila tinutok wands nila sa kinatatayuan nila, nalamon sila ng apoy at bigla sila nawala. Lumingon si Pedro sa anak niya, nag nod si Abbey para sabihin nagets nila yung technique na yon.

Tinutok ni Felipe wand niya sa lupa, “Splinter” sigaw niya at may malakas na hanging tumama sa lupa at nagpaalikabok sa paligid. Yung alikabok dumikit sa mga invisible na katawan ng mga kalaban, kita ng lahat napulingan sila at ginagamit nila ang kanilang mga mata.

Inatras ni Pedro ang wand niya sabay pinaharap, “Flaming whip” sigaw niya at may lumabas na flaming whip na nagpaikot sa isang kalaban. Hinila niya katawan nito palapit sa kanya, sumugod din siya at sa isang kamay niya may naka ready nang flaming ball.

Sinapol niya yung kalaban sa dibdib pagkat hindi ito makagalaw dahil sa bumalot na flaming whip sa katawan niya. Nag fake attack yung isang kalaban para titirahin si Felipe, konting ikot at ang bilis nung apoy na dumiretso kay Pedro pero nabilib ang lahat nang mas mabilis pang gumalaw si Felipe para tanggapin yung apoy na tira sa kanyang wand, sa likuran niya tumalon si Pedro at bumira ng flaming powerball sa dibdib nung isang kalaban.

Palakpakan ang lahat dahil sa napakagandang save ni Felipe sa kanyang team mate. “Phoenix Burn” sigaw ng isang kalaban at sobrang laking orange na apoy palabas ng wand niya, ang bilis ni Felipe sumulpot sa likuran niya at hinila ulo ng kalaban paatras kaya yung tira lumipad sa ere.

Nakatayo yung isang kalaban, titirahin si Pedro na nakatalikod pero bago tumama yung power ball napanganga siya pagkat natulak kasama niya at siya yung nakatanggap nung tira. Nabilib ang lahat sa pinapakitang team work nina Felipe at Pedro, simple lang mga atake nila di tulad sa kalaban na never heard before attacks na malalakas.

Hingal na hingal na yung mga kalaban, back to back sila pagkat sina Felipe at Pedro naglalakad paikot at iniistalk sila. Nagkatitigan yung mag partner, sabay sila lumuhod sa isang tuhod at tinago nila wands nila at tig isang kamay humawak sa lupa.

Sabay nila nilingon mga anak nila, umatake yung kalaban pero naka full body magic defense sila. “Dragon Exit” sigaw ni Pedro at napatayo si Hilda at Ricardo. “Stupid why are you showing your children that” bulong ni Hilda. “Hindi ba yan yung isang technique na galing sa iyo?” bulong ni Prudencio at napahaplos ang matanda sa ulo niya.

“Combination of our powers” bulong ni Hilda at tinignan niya si Raffy at kitang kita niya yung binata parang inaaral yung ginagawa ng kanilang mga magulang. “Its too late…nabasa na niya yung mangyayari…” bulong ni Hilda at naupo na siya.

Naging apoy sina Pedro at Felipe, tira ng tira ang mga kalaban sa mga apoy na nagsisimulang umikot pabilog. Sinubukan ng kalaban tumakas pero may harang na hangin kaya wala silang pwede mapuntahan. Napatayo ulit ang lahat pagkat may nabuong dragon mula sa mga apoy sa paligid at bumalot sa katawan ng dalawang kalaban.

Tumindi yung apoy na bumalot sa katawan ng dalawang kalaban, ilang saglit lumipad papuntang langit yung apoy sa hugis ng malaking dragon. Nagpababa ito sa lupa at hinigop na yung apoy sa kalaban.

Unti unti nabuwag yung flaming dragon sa dalawa, sina Felipe at Pedro nakatayo na nag aapoy habang mga kalaban nila nagbagsakan sa lupa. Grabe yung hiyawan at palakpakan mula sa dragon students habang tulala ang ibang mga estudyante galing sa ibang schools.

Nung bumangon yung dalawang propesor sa tulong nina Pedro at Felipe doon sila sinalubong ng matinding standing ovation. Grabe yung sigawan at palakpakan pero yung dalawang ama nakatitig sa kanilang mga anak.

“Now they finally taught us one technique” bulong ni Raffy. “Nagets mo yon?” tanong ni Abbey. “Yeah, kaya natin yon” bulong ng binata. “Dragon exit, so lalabas lang sila sa katawan ng kalaban?” tanong ng dalaga. “Nope, di mo nakita ang bilis nila, what we all saw was a dragon engulfing them pero sila yon tinatadtad sila ng atake, isama mo na yung lakas ng apoy ng dad mo”

“Then the final exit nila leaving the opponents drained” paliwanag ni Raffy. “We can do better” pacute ni Abbey at may kakaibang ngisi si Raffy sa kanyang mukha. “Oh yeah trust me we will” bulong niya.

Samantala sa stage nakahinga ng maluwag si Hilda. “Thank God di nila ginawa yung full version” bulong ni Ricardo. “Still Raffy knows it now, ramdam niya nagpigil mga ama nila” sabi ni Hilda.

Nagkaroon muna ng break para mabigyan oras yung mga duelists maghanda. Huling laban pa sa araw na yon sina Raffy kaya si Abbey busy tinutulungan magbihis sina Charlie at Venus. Ang binata naglakad lakad sa labas ng area, nakasalubong niya si Samantha kaya napangiti siya.

“O bakit nandito ka? Diba team niyo lalaban any moment now?” tanong ni Raffy. “Yup pero mamaya pa naman kayo e kaya libot muna ako” pacute ng dalaga. “Di mo ba sila susuportahan?” tanong ng binata. “Susuportahan, pinagdasal ko na sila okay na yon” banat ni Sam at nagtawanan yung dalawa.

“Ikaw why are you here?” tanong ng dalaga. “Ganito lang ako lagi, kinakabahan pero ayaw ko ipakita sa partner ko baka mahawa siya. She depends on me, if I am with her I have to show that I am strong. I don’t like her to see me like this” sabi ng binata.

“Ang sama mo, pero sa akin pinapakita mo” banat ni Sam at natawa si Raffy. “Pag mag partner tayo don’t worry di ko ipapakita sa iyo” sabi ni Raffy. “As if that can happen” sabi ni Sam. “Wag kang magsasalita ng patapos, malay mo nga diba magkaroon ng inter school mix” sabi ng binata.

“Sana, pero hey goodluck sa laban niyo mamaya ha” sabi ni Sam. “You don’t like to watch kasi naiinggit ka” bulong ni Raffy at napayuko ang ulo ng dalaga. “May past talaga tayo at alam mo nararamdaman ko” bulong ni Sam.

“Since we have peace, siguro naman if I suggest that we have an inter school mix duels papayag sila” sabi ni Raffy. “You would do that?” tanong ni Sam. “Suntok sa buwan pero I will try to suggest it. If pumayag sila then mag partner tayo” sabi ng binata.

Tumalikod si Sam at sobrang napangiti, “Pero next year pa yon” bulong niya. “So, worth the wait diba? Malay mo palitan nila schedules. Di natin masasabi ano pwede mangyari pero if we really want something to happen then we cant just wish or dream about it. We have to make it happen”

“So I suggest it, siguro naman mas malakas yung force pag may mag suggest din ng ganon from here. At least two voices na, and if sana makisama yung taga ibang schools then the institute will start to think about it” sabi ni Raffy.

“I like being with you Raffy. You inspire me so much” bulong ni Sam. “Ano sabi mo?” tanong ng binata. “Wala, sabi ko goodluck mamaya” pacute ng dalaga. “Mas maganda ang goodluck pag may kasamang kiss alam mo ba yon?” landi ni Raffy at natawa si Sam at biglang tumunog yung tsunami alert.

Nagtitigan yung dalawa at nagtawanan nalang. Bumalik na sa loob si Raffy habang si Sam naglakad lakad at sobrang saya ng pakiramdam niya. May sumulpot na matanda sa tabi niya kaya ang dalaga sumandal sa matanda.

“You are happy” bulong ng matanda. “Yes I am” sagot ni Sam. Naglakad sila konti at natawa ang dalaga. “Why are you crying?” tanong ng dalaga. “Kasi ngayon lang kita nakitang ganyan na masaya. Walang basagan ng trip” banat ng matanda at humalakhak si Sam. “Uy natututo ka na sa akin ha” landi ng dalaga.

“Just be careful Samantha, you are very special, you know that” bulong ng matanda. “Don’t worry, so is he” sagot ng dalaga.

Chapter 41: Ang Paramdam

Sumapit ang hamon at minamasahe nina Venus at Charlie ang likod nina Raffy at Abbey. “Hay grabe ate at kuya, ang dali talaga nung kalaban namin kanina” sabi ni Venus. “Oy wag kang over confident” sabi ni Raffy. “E kuya totoo naman, did you know that yung Don at Denver na yon ay champions nila” pasikat ni Charlie.

“Kaya for sure madali lang tong kalaban niyo” sabi ni Venus. “Uy wag naman kayo ganyan mag isip. Gusto niyo din ba sabihin nila yon sa inyo. Nanalo kami sa school, gusto niyo din ba sabihin nila ay sina Venus at Charlie lang” sabi ni Abbey.

“Never niyo maliitin kalaban niyo. Kahit alam mo mahina sila, always think that everyone has a chance to win. Kayo nga dapat alam niyo yan kasi everyone sa school dati was looking down at you. Kaya nga kayo tinawag na underdogs kasi no one expected you two to win pero ano nangyari? Champions kayo, so dapat steady lang” sabi ni Raffy.

“Uy wag niyo isipin pinapaligitan namin kayo ha. We are happy for you kasi nanalo kayo pero ang gusto lang namin treat all your opponents equally. Mahirap na pumasok yung over confidence, kasi makakasira yon. Tignan niyo daddy ko noon, feeling all mighty pero tinalo talo pala siya ng dad ni Raffy” pacute ni Abbey. “Sorry ate at kuya” lambing ni Charlie sabay niyakap si Raffy kaya napatayo si Abbey at piningot tenga niya.

“Ate naman pinag iinit ka lang namin” banat ni Charlie at nagtawanan sila ni Venus. “Selosa pala si ate” bulong ni Charlie. “Huh, sige subukan niyo lang, sinasabi ko na sa inyo” banta ni Abbey at nagtawanan silang apat.

Sa labas excited ang lahat para mapanood yung susunod na laban. Lahat ng duelist ng bawat school nakaupo sa bleachers para tignan kung totoo ang hype tungkol kina Raffy at Abbey.

Sina Don at Denver cool na cool nakaupo lang, nag iingat sila pagkat ayaw nila mabuking kung sino talaga sila. Si Samantha nakisingit sa kapwa mag aaral niya, excited na siya sobra mapanood si Raffy kaya yung mga guro ng paaralan niya medyo gulat pagkat ngayon lang nila nakita ganito kaiteresado ang dalaga sa duelo.

Pumagitna na sina Shiela at Anne na galing sa Phoenix school. Pinalakpakan sila ng kanilang schoolmates pero yung ibang mga estudyante tahimik at inaabangan ang pagpasok ng team Dragon.

Naupo na ang lahat ng estudyante, yung dalawang duelist sa gitna biglang nagkapitan pagkat yumanig ang lupa. Sa tapat nila biglang nag apoy yung lupa at nagkaroon ng butas. Bumuga yung butas ng matinding apoy at isang malaking flame dragon ang lumabas at galit na galit ito.

Umatras sina Shiela at Anne sa takot, yung dragon umungol ng sobrang lakas at isa isa tinignan ang kampo ng bawat school ng kalaban at binuguaan ng apoy. Palakpakan ang sigawan ang dragon school students, isang malakas na ungol ng dragon at muli ito pumasok sa butas.

Dalawang nagbabagang nilalang lumutang palabas ng butas. Royal dragon robes suot nila at sobrang gara na golden dragon masks. Tumindi ang palakpakan mula sa kanilang kampo, sina Raffy at Abbey nag aapoy at umuusok pa ang buong paligid ng duel island.

Si Samantha nakatayo at grabe yung sigaw at palakpak niya. Formal bowing naganap at habang naglalakad na palayo yung duelists sobrang tindi na yung ingay. Final bowing naganap at biglang tinapon nina Raffy at Abbey robes nila sa ere at umapoy sila at nawala. Naglabasan ng wands sina Shiela at Anne, ang bilis ng pangyayari at nang patutok na wands nila kina Raffy at Abbey biglang nagpakwala si Raffy ng malakas na hangin mula sa isang wasiwas ng kamay niya.

Napaatras yung kalaban at nadisarmahan sila agad ng wands nila. Ang bilis ni Raffy sumugod at sa likuran niya nakasunod si Abbey na naghuhulma ng malaking fireball. Bago pa makapaghiwalay sina Anne at Shiela nahuli na ni Raffy mga leeg nila.

May binulong ang binata kaya biglang nanigas pansamantala ang kanilang mga kalaban. Napalunok si Abbey, ngayon lang ginawa ng partner niya yung move na yon. Sina Hilda at Prudencio nagtitigan, “What was that?” bulong nila.

Bumitaw mga kamay ni Raffy at nag ala matrix siya nag bend back, nasa ere si Abbey para magbigay ng twin drop kicks sa mga dalagang kalaban. Gulat ang lahat nang makita yung malaking fire ball iniwan niya nakalutang sa ere. Tumama na yung twin drop kicks niya sa katawan ng kalaban.

Napayuko lang sina Anne at Sheila, tumalon sa ere si Abbey habang si Raffy ang bilis tumayo at hinawakan yung giant fireball at hinati sa dalawa sabay tinira ang dalawang kalaban kaya tumapis sila sobrang layo.

Sobrang nabilib ang lahat sa nagawa nilang atake, napailing ng husto yung ibang duelist habang si Samantha nakaupo at kakaibang kilig ang nararamdaman niya. Nagtabi yung magpartner at pinanood ang mga kalaban na dahan dahan tumatayo.

Napatingin si Abbey sa kanyang ama sa stage, “Double dragon whip” sigaw ng dalaga at mula sa mga kamay niya dalawang flaming whips ang lumabas at bumalot sa katawan ng kalaban. Nahila sina Anne at Shiela papunta sa gitna. Nawala yung mga whips pero sina Raffy at Abbey nag aapoy na ang kanilang mga mata.

Tig isang tuhod nila nakaluhod sa lupa, mga kamay nila nagdikit at naglabasan na ang kanilang dragon tattoos. “Dragon Dance” sigaw ni Abbey at

nagtayuan na ang lahat, ang bilis nung mag partner para silang nakalutang sa ere habang pa ekis ekis na sumugod. Paekis ng paekis yung mag partner, dinaanan nila yung mga kalaban kaya napatalikod sina Anne at Shiela para sundan yung fire trail na nagawa nung mag partner.

Tumakbo palayo sina Anne at Shiela, napilitan sila maghiwalay at tila hinahabol sila ng mga apoy kaya lingon sila ng lingon para tumira ng kanilang mga spells. Kakaibang dragon dance napanood ng lahat, dalawang apoy humahabol kina Anne at Shiela, nagtagpo sila sa gitna at mula sa apoy lumabas si Abbey at tinira yung dalawa ng suntok sa mga mukha.

Tumalsik sila paatras pero sumulpot si Raffy para saluhin sila at panatiliin na nakatayo. Si Abbey tumalon at nagpaikot para bigyan ng twin spinning flame kick ang mukha ng kanilang mga kalaban. Napaluhod sina Anne at Shiela, nawala ulit sina Raffy at Abbey pero yung mga dalawang apoy naglibot sa paligid at muling pasugod sa dalawang dalaga.

Sumulpot si Abbey sa harapan nila at may hawak siyang twin big flame balls. Sabay umatake ang kalaban at nauna sila nagpakwala ng orange flame balls papunta kay Abbey. Bago tumama yung tira nila sa katawan ni Abbey, ang dalaga di natinag, kinasa mga kamay niya, sumulpot si Raffy sa harapan niya at siya yung sumalo ng tira ng kalaban sa kanyang dibdib.

Lumuhod agad ang binata at sakto tinira na ni Abbey yung flame balls niya na sumapol kina Anne at Shiela na hindi handa sa biglang pagsulpot ni Raffy para saluhin ang tira nila. Nagtago ulit sa mga apoy sina Raffy at Abbey at inistalk nanaman ang kanilang mga kalaban.

Sina Anne at Shiela bira ng bira ng mga atake kung saan saan pero hindi nila matamaan yung mag partner. Basta nalang nawala sina Raffy at Abbey, lingon ng lingon ang kalaban pero nagulat sila nang sumulpot si Raffy sa harapan nila, lumuhod ang binata at dinabog ang dalawang kamay niya sa lupa.

Sobrang lakas na hangin mula sa lupa nagpataas kina Anne at Shiela sa ere. Sumulpot si Abbey at tumapak ito sa likod ng partner niya sabay tumalon sa ere para bigyan ng twin flaming uppercuts ang mga kalaban.

Lalo tumaas sa ere sina Anne at Shiela, si Raffy tinaas dalawang kamay niya at may hangin na lalong tumulak kay Abbey pataas at nilampasan yung mga kalaban. Sumerko si Abbey, at nagbigay ng dual axe kick sa ulo ng mga kalaban.

Sinalo ni Raffy yung mga katawan ng kalaban at hiniga sila sa lupa sabay tumayo siya para saluhin ang pabagsak na Abbey. Tumayo yung magpartner at tinignan ang dalawang kalaban na walang malay kaya nagtayuan na ang mga guro at opisyal para patunugin ang paghinto sa laban.

Lahat ng estudyante mula sa Dragon school nagsasaya at nagpapalakpakan, yung mga taga ibang kampo nayanig lalo na ang kanilang mga duelists. Sina Raffy at Abbey isa isa tinignan yung natitirang mga kalaban nila.

“Now that caught everyone’s attention” bulong ni Ernesto. “Raffy and Abbey knew that they were looking down at them. So ayan nagparamdam sila sa inyong lahat” pasikat ni Ricardo. “To be honest the matches earlier were not that good, pero Raffy and Abbey is challenging everyone to really step up” sabi ni Franco.

Sina Raffy at Abbey inalalayan sina Anne at Shiela. “Uy sorry ha, napalakas ata sipa ko” lambing ni Abbey. “Okay lang, alam niyo we were prepared for your attacks pero nagbago” bulong ni Anne at napangiti yung mag partner.

“Syempre if you know your opponents are prepared for you then you have to do something different too” sabi ni Raffy. “Yeah…its all good” sabi ni Shiela at tumayo silang apat at nagpalakpakan ang mga guro at ibang estudyante.

“I hope you all enjoyed the duels for today, we resume tomorrow morning. Congratulations to all those who won, to those who lost today, do not feel bad. There is always tomorrow. So everyone please hang on to your seats now” sabi ni Diosdado.

Yumanig ang lupa at muling naghihiwalay yung mga isla. Limang minuto lumipas at nawala narin yung mga bleachers at bumalik na sa normal ang lahat. Pinagkaguluhan sina Raffy at Abbey sa kanilang isla, royal treatment yung apat na duelists pagkat todo alalay ang lahat ng kanilang schoolmates.

Samatanla sa duel island naiwan ang mga guro, nagtipon tipon ang mga propesor mula sa dragon school sa isang gilid at pinag usapan nila yung huling laban nina Raffy at Abbey.

“I cannot comment since mahina yung kalaban nila” banat ni Prudencio at binatukan siya ni Hilda. “Naunahan lang sila ng sindak” sabi ng matanda. “I agree, kahit na napanood nila yung video nina Raffy at Abbey iba parin talaga pag ikaw na mismo ang nandon” sabi ni Ernie.

“Alam nila disadvantage sila sa wands kaya Raffy quickly attacked and disarmed them. But ahem, please look at my video” bulong ni Eric at lalo sila nagkumpulan para panoorin yung video. “Oh my God they had their dragon out?” tanong ni Hilda.

Sa video kitang kita may dragon na nakapalibot sa mag partner, yung wasiwas ni Raffy sa kamay niya buntot ng dragon ang tumira sa mga kamay ng kalaban at nag disarma sa kanila. “Then you can see nawala yung dragon nila…so that means lumabas yung dragon nung takot sila…kasi may wands yung kalaban”

“Pero nung nawala yung wands kumalma yung dalawa at nagtago na ang kanilang dragon” sabi ni Eric. “So you mean to say it comes out when they are in danger or afraid?” bulong ni Prudencio. “It seems that way, pero Raffy knew it was there” sabi ni Hilda.

“Then the rest is history, nasanay na ata kasi sina Anne at Shiela dueling with wands so nung nawala wands nila they seemed lost sa simula. Tignan niyo yung mga atake nila out of focus at kalat kalat. Raffy and Abbey knew what was happening so ayan, their most simple attack” sabi ni Ernie.

“Pero modified version, dati yung dragon dance it was a straight forward run to confuse the opponents pero this time they were stalking them” sabi ni Hilda. “Not really, we have seen that before, loko loko yang dalawa. Alam nila handa yung kalaban sa mga atake na napanood sa video”

“That attack of theirs is new, kaya sinabi lang nila dragon dance, so automatic Anne and Shiela expected the normal frontal run attacks, sorry pero iba yung ginawa nila e” banat ni Pedro sabay turo sa ulo niya. “Oo nga pala nag uusap sila sa isipan and you could hear them” sabi ni Hilda at nagtawanan sina Pedro at Felipe.

“Pinatagal lang nila yung laban kasi Raffy wanted to feel what kind of attack that school could do. As you all saw sinalo niya yung mga atake para maramdaman niya ano talaga sila. You all know what he is going to do next time” sabi ni Felipe.

“And of course Raffy didn’t attack kasi mga babae ang mga kalaban” sabi ni Hilda. “Kaya depensa lang siya at taga set up, di na natin siya mababago and I hope the opponents do not notice that or else they might use it to their advantage” bulong ni Prudencio.

“Well whatever they did it was enough para magparamdam sa mga kalaban nila na they are serious” sabi ni Hilda at nagbungisngisan sila lahat. “But he did something, what did he whisper to make them freeze?” bulong ni Ernie at lahat sila nagtitigan at napatigil. “Do you think he knows congelar already?” tanong ni Hilda.

“Kung congelar five minutes you cant move. Their opponents could move after a few seconds. He might have made his own congelar spell” sabi ni Prudencio. “Eto na yung sinasabi ko na bantayan niyo” sabi ni Hilda at lahat sila kinikilabutan na.

Samantala sa Dragon island nakakababad yung apat na duelists sa isang hot tub na ginawa nina Raffy at Abbey sa liblib na lugar. Tawanan yung mga dalaga pagkat si Raffy nakasuot ng blindfold at binabantayan talaga siya ni Abbey.

“Hala si ate we don’t mind kuya seeing us in bikinis naman no” sabi ni Charlie. “Oh but I mind, kaya ganyan na, nandito lang tayo para irelax yung bodies natin at pag usapan yung mga laban natin kanina” sabi ni Abbey.

“Sina Don at Denver, well malakas din sila pero ewan ko lang parang they were not showing their true strengths e” sabi ni Venus. “Yeah pansin ko din yon, parang nagpipigil sila e. Di ko alam bakit, siguro sa nerbyos pero I know hindi yun ang best na laban nila so Abbey paghandaan natin sila” sabi ni Raffy.

“Nakita niyo naman sina Anne at Shiela, first attack niyo disarm them kasi nagpapanic na sila without their wands. Kalat kalat atake nila at use the first strike at once pag kaya” sabi ni Abbey.

“Pero medyo unfail din yung ibang laban, parang yung laban ng Tigers at Turtles pigil din e. Madaya sila masyado parang pinaghahandaan lang tayo e.

Or gusto ata tayo panggigilan" sabi ni Charlie. "Natural sila kalaban natin bukas, pero worried ako kasi pati yung Tigers nagpigil din e" sabi ni Abbey.

"Hayaan niyo sila, basta kahit anong mangyari every match natin todo bigay tayo. Goal natin six wins, kahit sino sa atin basta dapat isa sa atin makaabot don. We help each other, di porke kami yung champions sa school kami dapat ni Abbey, no. Team tayo so we help each other"

"We do our best sa duels natin, we talk after. They never thought of the possibility na two teams from the same school can get six wins" sabi ni Raffy at napaisip ang mga dalaga. "Oo nga no, naatat ata sila masyado at nakalimutan nila na two teams can have six wins pero for sure from the same school" sabi ni Abbey.

"Problema na nila yon, pero yun ang goal natin. We do our best to beat them all" sabi ni Raffy. "So kayong dalawa alam ko yung binabalak niyo gawin, you are not here to support us, you two are here to win too. Kaya sa next duel niyo show them your best at wag tulad kaninang umaga na nagpigil din kayo" sermon ng binata.

"Sorry kuya, kasi you are the strongest team at gusto namin support nalang sana" bulong ni Venus. "Well you heard him, pakita niyo lahat at goal natin lahat is six wins. Alam ko mahirap pero kaya natin to. Oo nga no it would be fun having us both with six wins, ano kaya gagawin nila?" tanong ni Abbey at nagtawanan yung apat.

"Double champions, pero whatever they decide, we are going to make our school very happy. Siguro naman if we do that paran two years in a row na panalo natin. O ha history" banat ni Raffy at nagtawanan ulit sila.

Samantala sa loob ng isang hotel room nakaupo sa kama si Santiago habang si Catherine humahaplos sa likod niya. "Kailan ka nagkaroon ng scar

dito?" tanong ng dalaga. "Do not touch it, hayaan mo siya" sagot ng congressman. "Kailan nangyari ito? Wala naman ito noon ha, tell me" sabi ng dalaga na napaluhod, pareho silang hubad pero ang congressman nahiga at ngumiti lang.

"Di importante yan" lambing niya at nahiga ang dalaga pero nag aalala parin. "So mister Senator, uy happy siya" pacute ng dalaga. "Too early to tell, kahit na maganda resulta nung polls hindi parin sila yung final outcome ng botohan" sabi ni Santiago.

"Oh shut up, we both know mananalo ka. Everyone one loves you lalo na ako" bulong ni Catherine. "Come on go to sleep, bukas maaga tayo boboto" bulong ni Santiago at hinalikan niya sa labi ang dalaga at bigla ito nakatulog.

Umalis sa kama si Santiago at nagtungo sa salas. Iniinda niya yung sugat sa likod niya kaya pinatawag niya si Cardo. Sumulpot si Cardo at nagulat sa sugat ng congressman sa likuran niya.

"Saan mo nakuha yang sugat na yan?" tanong ni Cardo. "Wag ka nang matanong basta gamutin mo siya" sabi ni Santiago. "Huh, may nililihim ka ata sa akin. Nakaharap mo ba yung dragon lord?" tanong ni Cardo. "Tarantado hindi, kung nakaharap ko man siya sigurado nakatago na ako ngayon" sabi ng congressman.

"E saan mo nakuha ang sugat na ito. Only the kings and lords can hurt you" sabi ni Cardo. "Cardo pinag iinit mo ulo ko, gamutin mo na yan at wag ka nang matanong" galit ni Santiago. Sinimulan ni Cardo yung pag gagamot, "Binalewala mo lang ata yung binalita ko nung isang araw, yung tungkol kay Gustavo" bulong ni Cardo.

“Hayaan mo siya, kung may proproblemahin tayo hindi siya. Cardo masakit ulo ko kaya gamutin mo lang ako at wag ka nang matanong. Wag mo problemahin yang Gustavo na yan” sabi ni Santiago.

“He has the Phoenix book” bulong ni Cardo. “Bobo ka, nabasa ko text mo” sagot ni Santiago. “Alam mo wag ka na maglihim sa akin, nawala ka ng ilang araw at eto may sugat ka. Tell me at baka makatulong ako” sabi ni Cardo.

“Cardo isa pa, sinusubukan mo talaga ako. Kung gusto mo maging useful bantayan mo nalang si Gustavo. Basta bantayan mo siya, ako na bahala sa ibang plano natin tutal bukas na yung eleksyon, ang tao na ang may sagot sa kapalaran natin” sabi ng congressman. “As you wish mister Senator” landi ni Cardo at nagtawanan yung dalawa.

Tinuloy ni Cardo ang pag gamot pero di parin siya mapakali pagkat matindi yung sugat ni Santiago at hindi ito galing sa normal magic user, galing ito sa isang lord o hari.

Chapter 42: The Turtoise Champs

Kinabukasan maagang kinatok ni Pedro ang kwarto nina Raffy at Abbey. Bumukas ang pinto at nagulat ang guro nang makita din sina Venus at Charlie sa loob. “Apat kayo dito natulog? May kwarto naman sila” sabi niya. “Daddy help hindi ko na kaya, hindi nila ako pinatulog” banat ni Raffy na gumagapang sa sahig.

Nanlaki ang mga mata ni Pedro, “What the hell did you four do?” tanong niya at sumulpot si Felipe at nanlaki din ang mga mata niya. Sumabog sa tawanan ang mga dalaga at pinagkukurot nila si Raffy. “Sabi ko naman sa inyo masama agad iisipin nila e” sabi ni Raffy.

“Dad relax, ito kasi si Raffy naging paranoid kagabi kaya dito niya pinatulog sina Venus at Charlie” paliwanag ni Abbey. “Paranoid saan?” tanong ni Pedro. “Kasi po ang sasama ng tinging ng kalaban sa amin, e naranasan ko na po ang ganyan noon. Kapag kinakabahan ang kalaban they usually resort to bad tricks so ayaw ko may mangyari sa kanila” sabi ni Raffy.

“O siya get changed at maaga yung almusal, kayo yung first duel today” sabi ni Felipe. “Kami? Sina Charlie muna” sabi ni Abbey. “Well nagreklamo yung kalaban, sabi nila ginagamit niyo sina Charlie at Venus na mauna para alam niyo na what to expect pag kayo na”sabi ni Pedro.

“What?!” sigaw ni Charlie pero niyakap siya ni Abbey. “Hey its okay, diba we expected something, so eto na simula non” lambing niya. “Yeah, its okay, kung magrereklamo ka the more pinapatunayan mo tama sila. Its fine, its just a schedule change. Keep the focus” sabi ni Raffy.

May nakahandang lamesa sa beach front, halos maluha ang apat na contestants pagkat yung ibang schoolmates nila at members ng team dragon nagbabantay sa paligid. “Hey guys, we are fine” sabi ni Raffy. “Kumain lang

kayo diyan, wala kayo dapat problemahin bro, kami bahala sa inyo" sabi ni Adolph at nagtabi sila ni Homer sa malayo at nagbantay sila.

"Good morning" bati ni Hilda pag upo nung apat. "Bakit sila nagkakaganito?" tanong ni Abbey. "E kasi makakaharap niyo yung champions ng Norte" sabi ng matanda. Nahihiya tuloy kumain sina Raffy at Abbey, ramdam na nila tuloy yung pressure dahil sa pag aalala ng mga schoolmates nila.

Pagkatapos ng almusal nagpahinga muna yung mag partner pagkatapos nila magbihis sa duel uniforms. Tumambay sila sa isang sulok ng beach at biglang sumulpot si Samantha. "Hey Sam" bati ni Abbey. "Hey Abbey…Raffy" sagot ng dalaga at nakiupo siya sa gitna nung dalawa.

"You should not be here you know" sabi ni Raffy. "I know, pero alam niyo ba maganda yung simoy ng hangin at maganda yung tubig" sabi ni Sam. Natawa si Abbey at napatingin sa tubig. "Obvious" bulong niya. "Basta maganda yung hangin at maganda yung tubig" ulit ni Sam at napatingin yung magpartner sa kanya. "Anyway sige na, goodluck" pacute niya at agad siya nawala.

"Ano naman relasyon ng tubig at hangin?" tanong ni Raffy. "Baliw, she was telling us what to prepare for" bulong ni Abbey. "Oh…wind and water user" bulong ni Raffy. "Alam mo she is okay naman pala e, why do I feel that she is really lonely?" lambing ni Abbey. Di sumagot si Raffy at napatingin lang sa langit. "Sana nandito si supahgramps para mapanood naman tayo" bulong niya.

"You two better hold on gagalaw na yung island" narinig nila ang matandang boses kaya sabay sila napalingon. "Lolo nandito ka?" bulong ni Abbey at sabay napapikit yung dalawa nang maramdaman nila niyakap sila ng matanda. "Of course I am here, di lang ako pwede magpakita. Make our school proud okay?" bulong nung matanda.

Sa duel island may mga tambol ang lahat ng estudyante mula sa Norte. Sabay sabay nila pinatugtog habang pumapasok sina Dan at Melvin, ang kanilang mga kampeon. Pagdating nung dalawa sa gitna lalo pang lumakas ang mga tambol ngunit nagtayuan ang mga estudyante ng Dragon school at sabay sabay nila tinapak ang kanilang mga paa sa sabay sabayang ritmo.

Napatigil ang pagtatambol ng kalaban pagkat nasapawan sila. Naupo ang mga dragon students at sabay sabay sila sumenyas na tumahimik. Nakakabinging katahimikan ang bumalot sa duel arena. Lingon ng lingon ang lahat at hinahanap kung saan manggagaling sina Raffy at Abbey.

Sabay sabay nagturo yung mga estudyante sa langit kaya lahat napatingala. Biglang nabalot ng madilim na ulap ang ibabaw ng duel arena, mula sa makapal na ulap may kumislap na maliit na bagay. Nakita nila yung namumuong higanteng ice sphere sa langit at habang lumalaki ito naaninag nila nandon sa loob sina Raffy at Abbey. Palakpakan ang mga manonood nang nabalot ng kuryente yung ice sphere at dahan dahan ito nagpapababa sa lupa.

Kumulog ng sobrang lakas at may super lightning na tumama sa ice sphere at binasag ito para makalabas na sina Raffy at Abbey na nababalot ng kuryente ang kanilang mga katawan. Sabay nila inalis robes at masks nila, tinaas lang nila ang mga ito sa ere at tinangay sila ng hangin palayo.

Medyo nalilito na yung ibang duelists pagkat hindi nila inasahan na electric user yung dalawa. Ilang saglit may kakaibang wind orbit nagpaikot sa mag partner, parang mga planeta na gawa sa yelo, apoy, lupa ang nagpaikot ikot kaya lalo namangha ang lahat ng manonood.

Hindi natinag sina Dan at Melvin, naganap na ang formal bowing at sabay lumayo yung dalawang grupo kaya nagsimulang mag ingay ang lahat ng manonood. Final bow at sumigaw si Diosdado, “Let the battle of Champions begin!” hiyaw niya.

Nagsigawan ang dalawang teams at nagkasuguran, sa gitna sila nagtagpo at nagsimula na ang physical battle. Lahat ng isuntok at itira nina Raffy at Abbey nasasangga nina Dan at Melvin. Yung mga atake ng kalaban nadedepensahan din ng team dragon kaya napatayo na ang lahat pagkat naging mabangis ang physical battle sa gitna.

Walang gusto bumitaw, pasiklaban ng atake at depensa. Ramdam na nina Abbey at Raffy yung tunay na lakas ng norte at tindi ng kanilang defense magic. Nakakasabay din naman sina Dan at Melvin sa physical battle pero bilib na sila sa lakas ng depensa ng team dragon.

Wala parin nakakasapol ng solid, bilib ang lahat sa tindi ng depensa ng dalawang teams. Lumipas ang tatlong minuto at sumuntok si Dan sa mukha ni Abbey, nahuli ni Raffy yung kamao ni Dan pero nakasapol tuloy si Melvin sa dibdib ni Raffy kaya tumalsik ang binata.

Grabe yung sigawan ng mga estudyante galing Norte, umatras sina Raffy at Abbey, ang dalaga nag aalala pagkat hinahaplos ng partner niya ang kanyang dibdib. “Di ako makapasok” bulong ni Raffy. “Are you hurt?” tanong ni Abbey. “Medyo, malakas din sila sa physical magic charges” bulong ng binata.

“But you saw it already” bulong ni Abbey at napangiti ang binata. Nagkasuguran ulit yung dalawang grupo. Magically charged na ang kanilang physical attacks at napapailing ang lahat sa malulutong na tama ng mga suntok at sipa kahit na hindi nakaksapol, yung pagsalpok sa depensa sobrang tindi kaya ramdam ng lahat na seryosong laban sa gitna.

Tila naulit yung nangyari kanina, sumuntok si Melvin sa mukha ni Abbey pero nahuli ni Raffy ang kanyang kamao. Ang bilis ni Dan kumasa ng suntok papunta sa mukha ni Raffy ngunit mas mabilis yung galaw ni Abbey at napuruan ang binata sa kidney.

Napailing si Dan at hindi nakahinga sa tindi ng flaming punch ni Abbey sa kanyang kidney. Ngumisi si Raffy at ang bilis ng ikot niya para bigyan ng high kick sa ulo si Dan habang si Abbey nabigyan ng solid kidney shot din si Melvin habang binabalak niya itulak palayo ang kanyang partner.

Napayuko si Melvin haplos ang kidney niya, tumalon si Abbey at binira ng axe kick ang ulo ng binata kaya yung dalawang taga Norte bagsak sa lupa. Umatras sina Raffy at Abbey, ang bilis bumangon ng kalaban nila at muling nagkasuguran. Ang bilis ng team dragon na lumuhod para sabay bigyan ng mga suntok sa tiyan ang mga kalaban.

Sapol ulit ang mga taga Norte, napaatras sila at sabay napahimas sa kanilang tiyan. Pumikit lang sila konti at sumulpot na yung team dragon sa harapan nila at natikman tuloy nung dalawa yung tanyag na first strike.

Bira ulit sa tiyan na lalo nagpayuko sa kalaban, lumuhod ulit yung team dragon para sabay bumira ng twin uppercuts, tutumba na sana paatras yung mga taga Norte, naghand stand yung team Dragon para bigyan ng twin reverse axe kicks sa mukha ang kanilang mga kalaban.

Tumumba na ang kalaban, pero yung team dragon sabay nag somersault sa ere at nabigayan ng landing axe kicks ang katawan ng mga taga Norte. Walang magawa ang mga estudyante ng Norte kundi mapailing at pumikit sa sobrang bilis na physical attacks nung team dragon.

Tumayo sina Dan at Melvin, pasugod sina Raffy at Abbey at sabay sila tumalon para magbigay ng flying kicks pero sila yung tumalsik pagkat ginamit na ng taga Norte ang kanilang tanyag na depensa. Tumayo ang mga taga Norte sa bleachers pagkat nagkarambulan ulit sa gitna pero ngayon kahit na nakakatama sina Raffy at Abbey sila naman ang nasasaktan.

“Dragon punch” sigaw ni Abbey at sabay sila sumugod, tumayo lang ng tuwid ang kalaban, hinayaan nila tumama yung mga suntok pero parang may green barrier sa katawan nila, nahuli nila mga buhok nina Raffy at Abbey, binigyan sila ng sabay na tuhod sa mukha kaya napahiyaw yung dalawa pagkat sila naman ang pinag gugulpi nina Dan at Melvin.

“Stupid kayo, nagpatama kami sa una para matikman namin lakas niyo para alam namin pano kayo depensahan” bulong ni Melvin sa tenga ni Raffy. Napatapis sina Raffy at Abbey pagkat nabigyan sila ng magically charged na mga suntok sa dibdib. Nakaluhod sina Raffy at Abbey sa tindi ng pagod, tumayo parin sila at sumubok, lahat talaga ng suntok at sipa nila walang talab at hindi sila makalusot sa napakatinding depensa nina Dan at Melvin.

Napatahimik na ang mga estudyante ng team dragon, yung ibang mga estudyante tila nagkakaisa at pinapalakpakan sina Dan at Melvin. Kahit long range attacks na apoy ni Abbey wala parin epekto dahil nagagamitan sila ng wind and water defense nila Dan at Melvin.

Tumayo ang team dragon at nagtabi sila at sabay nagliyab ang kanilang mga kamao. Sumugod sila gamit ang kanilang tanyang na dragon dance, sina Dan at Melvin tumawa lang at handa sila. Nagtagpo sila sa gitna, naiwansan ng taga norte yung sabay na face punch, sila yung bibira ng body punch pero nabilib ang lahat sa sabayang twist nina Raffy at Abbey at binigayan nila ng sabay na kidney punch sina Dan at Melvin.

Napailing ang mga kalaban, uulit sana ng kidney punch yung team dragon pero ramdam nila nagshift yung defense ng kalaban sa kanilang kidneys kaya sabay ulit sila nagspin, nasa harapan na sila at ang bilis nila kumasa ng stomack kicks na nagpatapis sa kalaban nila.

Medyo gulat sina Dan at Melvin pagkat nagbago estilo ng team dragon at never pa nila nakita ang ganitong galaw nung dalawa. Nagkasagupa ulit sila pero ramdam na nina Abbey at Raffy bumibilis yung depensa ng kalaban, kahit

gumamit sila ng super fast twists, yung open areas ng kalaban sobrang protektado na kaya mga tira nila nadedepensahan.

Nabasa nila Dan at Melvin yung atake, nahuli nila mga kamay ng kalaban, sumigaw sina Raffy at Abbey at bumira sila ng head butts, hilong hilo nanaman ang mga taga norte pagkat di nila inasahan na gagamit ang team dragon ng ganon na atake. Kahit hawak ang mga kamay nila sabay tumalon sina Raffy at Abbey para sumipa pero tumapis sila pagkat nagpasabog ng malakas na wind at water ball attacks sina Dan at Melvin.

Naging long range battle na ang labanan, palitan sila ng power balls, pansin ni Raffy na mahina si Melvin sa flame defense pero sobrang bangis naman ang wind magic nito. Si Dan ang dumedpensa sa flame attacks ni Abbey gamit ang kanyang water magic. Sumigaw si Melvin at nalaslas ang uniforms nina Raffy at Abbey. Sobrang bangis ng wind attack ng kalaban, pagtingin nila nagliparan na ang mga wind blades kaya wala silang magawa kundi umiwas.

Malayo si Melvin at siya yung main attacker gamit ang kanyang sobrang bangis na wind attacks. Siya yung pinuntirya nina Raffy at Abbey pero tuwing makakalapit sila may water walls na haharang, tuwing mahuhuli sila ng water walls doon bibira si Melvin ng wind slashes kaya umatras ang team dragon at nagtago sa likod ng isang malaking fire wall.

Nabasa ng kalaban ang kanilang surprise attack, sabay lumabas sa apoy sina Raffy at Abbey pero sinalubong sila ng wind slashes kaya sigawan sila. Isang malaking alon humampas sa kanila, napaatras sila pero mula sa likuran isa nanamang water wall humampas, sa mga gilid mga water waves din kaya bugbog sarado sila at napaluhod sa lupa.

Sigawan ang mga schoolmates nila, sa ibabaw pala nila may nahulmang giant water ball na pinapalutang ni Melvin gamit ang kanyang wind magic. Bumagsak ang higanteng atake at sapol na sapol sina Raffy at Abbey sa ulo. Kahit nanghihina tumira parin si Abbey ng flame balls pero nagtago si Melvin

sa likod ng partner niya. Parang naglalaro lang si Dan pagkat tuwing lalapit yung fire balls at nilalamon lang ito ng kanyang water defense. Malayang umaatake si Melvin ng wind attacks niya habang nakatago sa likod ng kanyang partner kaya bugbog sarado sina Raffy at Abbey ng wind attacks.

Lumuhod si Raffy at hinila niya si Abbey mapunta sa likuran niya. Natatakot na ang kanilang schoolmates pagkat nanghihina na sila habang sina Dan at Melvin nabubuhayan sa ingay ng iba na inuudyok na tapusin na ang laban. Naunang tumayo si Abbey at nagapoy ang kanyang mga mata.

Humuhulma siya ng malalaking apoy sa kanyang mga kamay, tumawa lang si Dan at Melvin, tumayo narin si Raffy, pinatigas niya mga kamao niya at sumigaw siyang sobrang lakas at sumugod.

Tumayo ang isang malaking water wall sa harapan ni Raffy pero kung gano ito kabilis tumaas ganon din ito kabilis nawala. Nagpanic si Melvin at Dan, isang water wall ulit pinalabas nila pero ang bilis din ito nawala. Umatake si Melvin ng wind attacks kay Raffy pagkat nakakalapit na ito.

Sumigaw lang si Raffy at tinataggap ang bawat laslas ng hangin. Ang mga taga Norte hindi natinag sa sigaw ni Abbey pagkat sobrang layo niya. Focus lang yung dalawa kay Raffy na parang hayop na sumusugod, tumira si Abbey at nagulat ang lahat pagkat si Raffy matatamaan niya.

Nawala yung tira ni Abbey bago ito tumama sa likod ni Raffy. Sumlpot ito sa likuran ni Dan at sinapol si Melvin. Grabe yung sigaw ng binata, napalingon si Dan pero di niya namalayan nandon na si Raffy na humawak sa kanyang mukha. “Illumina!” hiyaw ng binata at nagsisigaw si Dan pagkat sobra siyang nabulag.

Sumigaw ng sobrang lakas si Raffy, ramdam ng lahat yung sobrang lakas na hangin, kitang kita nila yung galit at gigil ng binata nang nag exhibition siya ng

iba't ibang mga kicking attacks sa walang depensang si Dan. Isang spinning kick sa mukha, tutumba na si Dan papunta sa kanan pero ang bilis sobra ni Raffy umikot para bigyan ulit si Dan ng sipa mula sa kanan.

Groggy na si Dan, lumuhod si Raffy at si Abbey nasa ere at palanding na may hawak na sobrang laking fireball at tinira sa dibdib ni Dan pero lumusot ito at sinapol si Melvin na nakatayo na pala sa malayo at handa na sana bumira ng sobrang tinding wind attack.

Gulat na gulat ang lahat sa nangyari, pangalwang beses na lumusot atake ni Abbey, kumasa si Dan ng water charged fists para tirahin si Abbey pero tumayo si Raffy at tinitigan lang yung kalaban, mga kamao ni Dan naging yelo at sobrang bumigat. Umatras ang team dragon, hinayaan nila magtabi ang mga taga Norte.

"Dragon Rampage" sigaw nung magpartner at nagtayuan na ang mga guro at lahat ng manonood. Nagholding hands sina Raffy at Abbey, sabay nag apoy ang mga katawan nila at naging flaming dragongs yung mag partner. Ang bilis nila sumugod, in sync sila, nakita ng lahat ang mabilis na pagsugod nung dalawang flaming dragons.

Parang lumulutang sa lupa yung dalawa at pinalubutan sina Dan at Melvin na sobrang groggy pa. Nakayanan nila maglabas ng defense shield. Umatake na yung mga dragon, kitang kita ng lahat mga sipa at suntok nina Raffy at Abbey. Sabay na sabay talaga sila at sobrang bilis.

Pinatindi nina Dan at Melvin yung barrier nila pero walang tigil sila nagsisigawan sa bawat suntok at sipa nina Raffy at Abbey kahit hindi naman sila natatamaan. Nabilib ang lahat sa sabayang galaw nina Raffy at Abbey, lahat ng kilos sobrang sabay tila may mirror image sila pagkat umaatake sila mula sa magkabilang gilid.

Habang bumibilis yung atake tanging nakikita nalang ng lahat ay dalawang galit na flaming dragons na umaatake sa isang barrier. Nakarinig ang lahat ng malakas na pagcrack, nabura na yung barrier at sumasapol na yung mga atake nina Raffy at Abbey kina Dan at Melvin.

“Ernesto let them give up” sigaw ni Hilda kaya napatayo yung guro at napalunok. Lumayo yung dalawang dragon at nagmerge sila sa iisang dragon body. Sumigaw ito ng sobrang lakas at sinugod yung nakatayong groggy na kalaban. Pumikit nalang si Ernesto at ibang mga guro, bumuga ng malakas na apoy ang flaming dragon at lumabas sina Raffy at Abbey na lumulipad sa ere para mabigay ng super flaming charged flying kicks.

“Dragon Exodus” sigaw ni Raffy at nagpanic na ang mga guro, too late sila sa pagsugod para itigil yung laban. Nabalot na ng apoy sina Dan at Melvin. Dalawang flaming dragons ang nagpaikot ikot sa mga katawan nila. Sa tingin ng manonood ay umiikot lang yung mga dragon pero sa totoo ang bibilis ng mga atake nina Raffy at Abbey.

Lahat ng vital points natira, nagpapalabas pa ng depensa sina Dan at Melvin pero too late sila lagi pagkat nauunahan sila ng atake. Total magic defense na last resort nila pero hindi na nila ito mapalabas nang nabira sila sa mukha ng mga suntok ni Raffy na illumina charged.

Ilang segundo pa at mula sa apoy napanood nalang ng lahat na napalabas sina Dan at Melvin. Talsik sila palayo kaya yung mga ibang duelists lahat napalunok at nakaramdam ng kakaibang takot. Hindi nila alam ano yung nangyari pero kitang kita nila na halos wala nang lakas yung nakalaban nina Raffy at Abbey.

Super tapis sina Dan at Melvin at tumama sila sa mga puno. Bagsak ang mga katawan nila at wala na talaga silang malay kaya pumasok na sina Ernesto at ibang mga guro para itigil yung laban.

Mga guro na galing sa sentro hinarangan na sina Raffy at Abbey na nangggagaliti parin sa galit. “Enough!” sigaw ni Pedro at sila ni Felipe ang yumakap sa kanilang mga anak para patigilin nag alit nila. Napatayo ang lahat at pinalakpakan sila, humupa ang mga apoy at lumabas na sina Raffy at Abbey na parang normal ulit at parehong nakangiti at kumakaway kaway sa lahat ng manonood.

Si Samantha nagtatalon sa tuwa kaya pinagtitignan siya ng kanyang schoolmates. Lumingon siya at inirapan lang sila at tinuloy ang kanyang pagsasaya. Lahat ng dragon students grabe ang pasasaya, yung natitirang duelists lahat tulala at napalunok nang ituro sila nina Raffy at Abbey.

Tumayo sina Wendy at Vera at tinuro din sila. Nagtitigan ang dalawang grupo at ramdam ng lahat ang matinding tensyon. “Looking forward to it” sigaw ni Wendy. “Bring it on!” sagot ni Abbey at grabe yung sigawan at palakpakan pagkat nagkahamunan na at alam ng lahat pag maghaharap yung dalawang grupo gera na talaga.

Chapter 43: Bangis ng mga Tigre

Kinagabihan ay nagsasaya ang mga duelists ng dragon team. “Naks two wins each” landi ni Armina. “Actually nakatulong na nauna sina ate at kuya, medyo nagets na namin yung kaya ng kalaban namin” sabi ni Venus. “Grabe yung depensa nila, bilib ako pero funny thing is hindi naman pala sila ganon kalakas” pasikat ni Adolph.

“Baliw ang lakas nila” banat ni Elena sabay tinuro yung mukha nina Venus at Charlie na panay pasa at bukol. Tawanan ang team dragon habang ginagamot ni Erwin yung dalawang dalaga. “Malakas sila trust me, yung depensa nila solid at pag hindi mo nahanap weak points nila tigok ka” sabi ni Raffy.

“They are not applying total magic defense, kasi nagcoconserve din sila ng power. So kung hindi ka mabilis talaga wala kang lusot. Grabe nahilo ako sa daming fake moves natin, kailangan e kasi ang bilis ng paglipat ng depensa nila. Takot parin ako sa tinalo niyo Charlie, I am sure aaralin nila moves namin” sabi ni Abbey. “Lalo kaming takot sa kinalaban niyo, makakaharap din namin sila soon” sumbat ni Venus.

“Pero yung Tigers mayabang ha, parang kaya nila tayo” sabi ni Homer. “Nagpipigil parin sila e, two wins din sila lahat don. Tomorrow first time natin sila makakaharap, I am sure magpaparamdam na sila bukas” sabi ni Raffy. “Malas lang sina Charlie at Venus mauuna kina Wendy” bulong ni Abbey. “Relax ate, ipapalabas namin powers nila para pag kayo na…” sabi ni Charlie at biglang nagalit si Raffy.

“I told you already, you fight to win. Wag ganyan ang isip. Paghandaan niyo sila. Bukas maghaharap kayo, you promise me you defend well kasi feeling ko magbibigay sila ng statement sa duel niyo” sabi ng binata. “Kaya nga, you two fight at your best tomorrow. No excuses” sabi ni Abbey.

Kinabukasan maaga nagsimula ang duels. Unang sumalang sina Venus at Charlie at nakaharap nila sina Wendy at Vera. Nanood sa bleachers sina Raffy at Abbey, ramdam na ramdam yung tensyon pagkat laging napapatingin sina Wendy at Vera sa direksyon nina Raffy at Abbey.

Natapos ang final bow, sa isang iglap sumugod si Vera ng sobrang bilis. Parang naging puti na tigre ang dalaga at nagdive ito at nacorner agad si Charlie. Si Wendy naging pulang tigre at inatake agad si Venus. Sobrang bangis nung dalawa, napilitan mag total magic body defense sina Venus at Charlie pagkat walang tigil ang mababangis na atake ng mga tigre.

Wala pang dalawang minuto tapos ang laban, tahimik ang lahat ng dragon school students habang nag iingay yung ibang manonood. Sina Wendy at Vera tumayo ng tuwid at tinuro sina Raffy at Abbey. Sumugod yung magpartner at humarap sa dalawa pero nakialam na ang mga guro at opisyales para paghiwalayin ang dalawang grupo.

“Two more days maghaharap tayo” sabi ni Wendy. Di sumagot sina Raffy at Abbey, inalalayan lang nila sina Venus at Charlie at na nakayanan naman tumayo. “Kuya sorry” bulong ni Venus. “Hush its okay, don’t feel bad” bulong ni Raffy. “Kuya total magic defense kami, di namin kinaya yung bilis at lakas nila” sabi ni Charlie.

“Its okay, don’t worry about it. Wag kayo malungkot ha, its okay” lambing ni Abbey. “Sorry talaga” bulong ni Venus at sabay nahimatay yung mag partner. “They will be fine, naubusan sila ng magic power kaya ganyan. Physically they are fine” sabi ni Erwin. “I know” bulong ni Raffy at pansin ng lahat na nanlisik ang kanyang mga mata.

“Raffy…calm down…hey calm down” lambing ni Abbey. “So what did you learn?” tanong ni Hilda. “Mataas magic power nila, they can use total magic charge attacks hanggang maubusan ka” bulong ng binata. “So what are you

going to do about it?" tanong ni Prudencio. Tumalikod si Raffy at huminga ng malalim. "Destroy them" sabi lang niya at umalis na yung dalawa.

Huling duelo ng araw at lahat nasasabik pagkat alam nila gaganti sina Raffy at Abbey sa pagkatalo nina Venus at Charlie kaninang umaga. Siga sina Michael at John na tumayo sa gitna. Painat inat sila at inaantay na pagdating nina Raffy at Abbey.

Napaatras yung dalawa pagkat may mga tigreng gawa sa lupa at tubig na sumulpot sa harapan nila. Medyo gulat yung mga taga Sur pagkat di nila alam sino yung humulma nung mga tigre pero naaliw parin sila pagkat yung mga tigre mababangis at tila binabantayan sina Michael at John.

Nakarinig sila ng ungol ng dragon mula sa kalangitan, grabe yung tawanan ng lahat ng manonood pagkat yung mga tigre sa duel arena tila natakot at nagmistulang mga kuting. Nainis sina Michael at John kasama na ang kanilang schoolmates. Lumipad pababa yung flaming dragon at pinaghahabol yung dalawang tigre kaya lalong nagtawanan yung iba.

Sina Homer at Venus pala ang nagkokontrol sa mga tigre, pinalitan nila ang anyo ng mga tigre at ginawa talagang mga kuting. Nahabol sila ng dragon at kinain kaya palakpakan ang mga tao nung tumaoyo yung higanteng flaming dragon sa harapan nina Dan at Michael.

Siga parin yung mga binata at hinarap yung dragon pero unti unti humupa yung apoy at face to face na yung apat na taga duelo. Palakpakan ang mga tao, ang bilis nag formal bowing nung dalawang grupo.

"Ready Abbey" bulong ni Raffy at tumayo lang sila ng tuwid at hinayaan sumugod yung dalawang kalaban nila. Tulad nina Wendy at Vera nung umaga ang bibilis nina Michael at John kaya sigawan ang schoolmates nila pero

sigawan din ang iba pagkat kahit anong atake nung dalawa nakakaiwas lang sina Raffy at Abbey.

Susuntok sila pero yuyuko yung mag partner, babanatan sila ng tuhod pero mas mabilis ang kanilang side step. Titira sina John at Michael ng siko sa mga ulo pero sabay yumuko sina Raffy at Abbey, sa malayo nakangiti ang lahat ng mga alagad, pasimple sila pumapalakpak lalo na si Joerel sa magandang in sync defense na ginagawa nina Raffy at Abbey.

Lalong nagalit sina Michael at John, pinabilisan nila ang kanilang atake, sina Raffy at Abbey very focused at nang aasar pa pagkat nag ballerina pose sila. Hop, skip, and jump na mala ballerina talaga ang depensa nila kaya halos mamatay sa tawa ang lahat ng manonood.

Inis na inis sina Wendy at Vera kasama ng kanilang mga schoolmates, minamaliit sila nina Raffy at Abbey. Nakangiti lang sina Hilda at Ricardo sa stage, kinukurot nila si Lani pagkat siya yung hindi makapigil sa tawa. Naghiwalay sina Raffy at Abbey, tuloy ang atake ng kanilang kalaban pero cool na cool lang yung dalawa na nakapikit pa.

Napabilib na nila ang lahat, kahit anong gawin nina John at Michael hindi sila makakonekta ng ni isang suntok o sipa. Hingal na yung dalawa, “Ano ba?!” sigaw ni Wendy kaya sumugod ulit yung dalawa, ngayon kargado na ng malalakas na power balls mga kamao nila.

Lumusot ang sobrang lakas na mga suntok nung mga tigre, sabay nagliyab mga mata nina Raffy at Abbey. Yumuko sila para umiwas sa suntok, isang mabilis na spin at binira nila ng siko sa likod ng ulo ang mga kalaban. Isang ikot ulit at isang malakas na suntok sa tiyan. Halos mahilo na sina John at Michael sa walang tigil at mabilis na pagikot ng kalaban nila.

Isang siko sa likod, uppercut sa panga, karate chop sa batok, tuhod sa tiyan, siko sa batok, tuhod sa baba at lumipad sa ere ang team dragon at sabay bumira ng axe kicks na nagpaluhod ng tuluyan kina John at Michael.

Lahat yon nangyari sa isang iglap kaya tulala sina Wendy at Vera, naglakad palayo sina Raffy at Abbey, inuudyok nila tumayo pa ang kalaban. “Meow…meow” landi ni Raffy kaya napikon sina John at Michael, sabay sila tumayo at umatake si John ng water balls. “Salamat pare” sigaw ni Raffy at napangiti sila ni Abbey.

Sinasalo lang ni Raffy yung mga water balls at tinatapon sa paligid. Naging long range battle, pati si Michael sumama na at nagbabato ng malalaking earth balls na sinasangga naman ng mga apoy ni Abbey. “Mahina pala sila sa long range” bulong ni Raffy.

“Meow meow” landi ni Abbey at lalong napikon ang mga kalaban nila. Sumugod ulit sila at nagtakbuhan sina Raffy at Abbey at lalo inaasar ang mga kalaban nila sa walang tigil na pag meow. Tawanan ang mga tao pagkat nag wild sina Michael at John habang sina Raffy at Abbey lalong nang aasar.

Di nila nakikita na pinaapoy ni Abbey yung kinalat na ice balls ni Raffy. Yung mga tira na water balls ni John kanina, ginawang yelo ni Raffy bago itapon sa paligid. Sa pagtunaw sa yelo nagkaroon ng steam at puti na usok sa buong paligid.

Napatigil sina John at Michael pagkat naging very foggy yung duel island. “Pssst dito” sabi ni Raffy at nakita nung dalawa ang binata sa malayo kaya sinubukan nila sumugod pero lagi sila natitisod pagkat binutasan ni Raffy ang lupa. Sumuko sa pagsugod sina John at Michael at nakipaglaban nalang sila ng long range.

Bira ng bira yung dalawa ng water at earth balls, si Raffy sinalo yung mga tira, tinatapon niya sa tabi yung earth balls habang yung water balls iniipon niya sa isang kamay at palaki ng palaki ito. Nakafocus ang lahat sa kanila at di man lang nila napansin na nawawala si Abbey.

Ang laki na ng naipon ni Raffy na water ball, nabilib ang lahat sa kanyang kakaibang depensa. Dalawang kamay niya hinawakan yung water ball at ginawa itong malaking ice sphere. Sumigaw siya sabay initsa yung giant iced sphere papunta sa kalaban. Tumawa lang sina John at Michael pagkat naiwasan nila yung higanteng ice sphere.

Paglampas ng ice sphere kumasa sila ng atake papunta kay Raffy pero nakarinig sila ng malakas na pag crack. Sigawan ang kanilang schoolmates at tinuro yung likuran nila. Paglingon nila sumabog yung iced sphere at nakatago pala sa loob si Abbey at may higanteng flame balls . Di na naka react sina John at Michael, nasapol sila nung higanteng flame balls ni Abbey.

Napatayo ang lahat ng guro at napapalakpak sa kakaibang pinakita nina Raffy at Abbey. Lahat ng manonood napabilib nila pero hindi pa sila tapos. Habang nagtatalunan yung kalaban pagkat nasusunog ang kanilang mga suot, sumugod si Raffy at hinarap niya ang kanyang mga palad.

“Iwas! Illumina yan!!” sigaw ni Wendy kaya tumalikod yung dalawa para tumakbo sana pero nandon si Abbey at may hawak siyang dalawang cute ice balls. “Uhmm…Illumina!” sigaw niya at sigawan sina John at Michael pagkat nabulag sila.

Para silang mga lasing na pagewang gewang habang hinahahaplos ang kanilang mga mata. Humupa yung makapal na usok sa paligid pero naipon sila sa lupa at nagpaikot ikot sila sa paanan nina John at Michael. Nagtabi sina Raffy at Abbey at sabay nila tinuro sina Wendy at Vera.

Hindi makatakas sina John at Michael, yung umiikot na usok sa paanan nila nagiging itim at bumibilis ang ikot kaya nagkakaroon na ng circle of fire. Nag apoy ang katawan nina Raffy at Abbey, gumapang yung apoy nila sa lupa at sumama sa apoy na nagpapalibot kina John at Michael. “Dragon Exit” narinig nilang sigaw ng team dragon.

Lahat ng tao nakatayo na, yung apoy na umiikot sa paanan nila tumataas at sigawan sila pagkat inaatake sila ng suntok at sipa nina Abbey at Raffy. Basta nalang lumalabas ang mga paa at kamay ng magpartner sa apoy para atakehin sina John at Michael.

Todo depensa yung dalawa, full body magic defense pinalabas nila pagkat hindi nila talaga makita saan galing yung mga atake. Lumipas ang dalawang minuto kitang kita na ng lahat na nanghihina na sina John at Michael. Halos hindi na sila makatayo, inuudyok na sila ng iba sumuko pero lakas loob parin silang nakatayo at nakaporma.

Humina yung apoy sa paligid nila at may malaking apoy na mabilis gumapang palayo. “Dragon flight!” narinig nilang sigaw, nagtayuan muli ang lahat pagkat yung apoy mula sa lupa tumaas sa ere.

Nakita nila si Raffy full spead eagle formation habang nakalipad sa ere. Sa likuran niya nakasabit si Abbey at nag aapoy ang mga kamay niya at nakatutok kina John at Michael. “Alis kayo diyan!” sigaw ni Vera pero sina John at Michael pumikit nalang pagkat hindi nila matakasan yung ring of fire.

Napaupo na ang lahat ng estudyante na galing sa Sur, yung iba namangha sa tanyag na dragon flight nina Raffy at Abbey. Nabalot ng apoy ang mga katawan nila at humulma sa kakaibang malaking dragon na may pakapak. Bumuga yung dragon ng sobrang lakas na apoy at tinira na sina John at Michael.

Bumagsak ang dalawang binata sa lupa, yung dragon lumipad palapit kina Vera at Wendy at nakipagtitigan sa kanila. Napalunok yung dalawang dalaga pero umalis yung dragon at bumalik sa grounds kung saan humupa yung apoy at lumabas na sina Raffy at Abbey.

Standing ovation ang lahat para sa kanila, yung dalawa tuloy ang titigan kina Wendy at Vera. Sumugod na yung ibang team dragon para ilayo na sina Raffy at Abbey. “Tama na yan, come on you won already” sabi ni Adolph at hinila nila si Raffy. Sina Armina, Elena at Felicia naman humila kay Abbey pero yung mag partner nagpilit na maiwan.

Kinabahan na yung iba pero sina Raffy at Abbey pakenkoy na kumaway kaway na parang beauty queen kaya lalo sila pinalakpakan ng tao. Sa stage papito pito si Felipe at Pedro. Yung ibang mga guro napapakamot nalang pagkat di pa sila nakarecover sa napanood nila.

“Oh wala yon, araw araw namin napapanood yan sa school namin” pasikat ni Felipe at binatukan siya ni Hilda. “Wag masyado” bulong ng matanda. “It was different” bulong ni Pedro. “I know, Abbey used really deadly flames sa last shot” sabi ni Felipe. “My daughter is mad” banat ni Pedro pero nakangiti siya kaya binatukan din siya ni Hilda.

Kinagabihan non nagsasaya ang lahat ng estudyante sa dragon island. Sina Venus at Charlie di mabitawan si Abbey pagkat very thankful sila. “Oh bakit ganyan?” tanong ni Abbey. “You took revenge for us” pacute ni Venus. “Oh those two bitches have not seen our best yet” pasikat ni Abbey at nagtawanan sila lahat.

Samantala sa beach front nakaupo si Raffy at tila may inaantay. Sa tubig lumabas si Sam kaya tumawa ang binata. “I got you wet again?” landi niya at tumawa si Sam at sinipa niya yung tubig papunta sa binata. Naupo si Sam sa tabi ni Raffy at nagulat siya pagkat may naka ready na twalya ang binata.

“So you were waiting for me” bulong ng dalaga habang nagpupunas. “Yes, I knew you were coming” sabi ng binata. “Talaga lang ha, so ano to yung past connection ulit natin?” pacute ng dalaga.

“Something like that, hey may tanong ako” bulong ni Raffy. “Sorry I don’t know anything about Vera and Wendy” sabi ni Sam. “Hindi sila, sina Don at Denver” sabi ni Raffy. “Don and Denver? Wow I didn’t expect you to say that” sabi ni Sam.

“Don’t lie to me, I know you feel it too” sabi ni Raffy at nagulat ang dalaga at biglang nanahimik. “Binabantayan mo sila ano? You feel something strange about them too right?” tanong ni Raffy.

“How did you know?” tanong ni Sam. “Basta, binabantayan mo sila ano?” tanong ni Raffy. “Eversince dumating sila dito, may iba akong nararamdaman about them pero talo naman sila” sabi ng dalaga. “Ako nga din e, naguguluhan ako, pero something is wrong” sabi ng binata.

“Every night I go check on them, wala naman suspicious about them to be honest. I just don’t feel right, something is off at parang may something wrong talaga na di ako mapakali” bulong ni Sam. “Pareho tayo, di ko lang masabi ano pero something is wrong about them” sabi ni Raffy.

“Hey Raffy, do you really know who I am?” tanong ni Sam at nahiga ang binata sa buhangin at napatingin sa langit. “Not really, pero ramdam kita e. Di ko mapaliwanag bakit pero parang kilala kita na hindi. Parang totoo na may past tayo pero hindi” sabi niya at nagtawanan sila.

“Same here, pero do you know what…” bulong ni Sam pero pinatigil siya ng binata. “It does not matter ano ka, I need your help” sabi ni Raffy. “Sure, what do you want me to do?” tanong ni Sam.

“Teach me” bulong ni Raffy at nagulat yung dalaga. “Teach you what?” tanong ni Sam. “Tell me first na willing ka” sabi ni Raffy. “Me teach you? Hala baka nagkakamali ka Raffy” sabi ni Sam.

“No I am not, teach me, sige na” pilit ng binata. Huminga ng malalim ang dalaga at nagtitigan sila. “Sige, what do you want to learn?” tanong ng dalaga at naupo si Raffy at napangisi.

“Can you take me to the duel island?” tanong ni Raffy at napaisip ang dalaga. “I know mabait ka so di mo naman siguro iset up mga booby traps, tara sige” sabi ni Sam at nagteleport sila papunta sa duel island. Pagsulpot nila doon naglakad lakad si Raffy.

“Ang laki laki nitong lugar” bulong ni Raffy. “Oo nga kaya nagtataka nga kami sa inyo ni Abbey bakit dito lang kayo sa clear space e. Samantala yung ibang duelist they roam around at nakikipaghabulan talaga e” sabi ni Sam.

“Kasi natatakot ako e” bulong ni Raffy at natawa ang dalaga. “Takot saan?” tanong ni Sam. “Na sirain ko lahat ito” bulong ng binata at nagulat ang dalaga. “Okay lang kasi…” bulong ng dalaga. “Kasi ikaw nag aayos at nagbabalik sa kanila sa dati sa gabi diba?” bulong ni Raffy at napangiti ang dalaga.

“How did you know?” tanong ni Samantha. “At first hindi, nung nanood ako ng duel nung first day alam ko nasira ilang mga puno pero nung second day okay na sila ulit. Tapos naisip ko ikaw lang naman naglilibot sa gabi kaya ikaw siguro nag aayos ulit sa mga nasira” paliwanag ni Raffy.

“So siguro hindi naman cheating pag humingi ako ngayon ng tour dito sa island. I just want to know the place again at ngayon palang magsosorry na ako. Our last duels…sorry Sam…dadami trabaho mo sa gabi” bulong ni Raffy. “Its okay, tara ikot tayo” sabi ng dalaga.

“At isa pa” sabi ni Raffy. “Ano yon?” tanong ng dalaga. “Nakakahiya pero kakapalan ko na mukha ko. Can you teach me?” bulong ni Raffy. “Teach you what?” tanong ni Sam.

“So that is a yes, actually madami e” landi ni Raffy at napalunok ang dalaga at kinilig nang akabayan ng binata ang braso niya. “Okay ano yon?” bulong ni Sam at habang naglalakad nagdaldal si Raffy at nagpapaturo ng nature magic sa dalaga.

Sa dilim sumilip ang isang matanda na nag gagardening. “Sabihin mo may hardinero ka dito” bulong niya kaya lumingon si Sam at tinuro lang yung lugar ng matanda at pinatapis ito sa malayo. Napalingon si Raffy, “Ano yon?” tanong niya. “Wala, so as you were saying?” pacute ni Sam.

Chapter 44: Nature Battle

Dahil sa napakagandang pinakitang duelo nina Raffy at Abbey kahapon dumami ang gustong manood kaya lalo tumaas ang mga bleachers para matanggap ang mga bisita.

Sina Olivia at Ryan medyo kinakabahan pero pinagsasabihan sila nina Dan at Melvin. Lumapit pa sina Wendy at Vera tapos si Michael at John. “You should not be here” sabi ni Olivia. “If you want to win then hear us out” sabi ni John. Tila nagkasama ang dalawang grupo at pinag usapan ang isang strategy para matalo sina Raffy at Abbey.

Napatigil usapan nila nung dumaan si Samantha, “We are not cheating, we are just having a friendly talk” sabi agad ni Ryan. “Oo nga, unity and peace” banat ni Michael pero ngumiti lang si Samantha at tinignan sila lahat. “You know what, I heard they are going to do something different today” pacute ng dalaga.

“Something different?” tanong ni Olivia. “Sorry I cant tell you, oh by the way goodluck. Trust me you will need it” sabi ni Samantha. “Kanino ka ba talaga kampi? Dapat kami kinakampihan mo ha” reklamo ni Ryan. “Kaya nga nag goodluck ako sa inyo e. Like you said unity and peace, I see nothing wrong if I cheer for the opposing team naman diba? Freedom of choice” sagot ni Sam.

Napikon sina Wendy at Vera, gusto nila saktan si Samantha pero pinigilan sila nina Olivia at Ryan. “Uy wag, trust us wag niyo siya gagalawin. You will just regret it” bulong ni Olivia. “Bakit sino ba siya? Dapat sumali yan dito e, para gulpihin ko yan” sabi ni Wendy. “Sa lahat ng hahamunin mo wag lang siya, maniwala ka sa amin” bulong ni Ryan kaya naintriga yung mga Tigers.

Tumunog na yung duel, umingay na sa buong arena kaya sina Olivia at Ryan nagpunta na sa gitna. Nakangiti sila at kampante sa kanilang plano kaya napalingon sila sa iba at nagbigay ng thumbs up sign.

Nanahimik ang buong arena pagkat inaabangang na nila yung kakaibang entrance ng team dragon. Nagtataka ang lahat pagkat may kakaibang gimik ang lahat ng dragon school students. Nakarobe sila at hood, ilang saglit tumunog ang isang reggae beat at sabay sabay sila napapaindak.

Naaliw yung ibang manonood, hiyawan at palakpakan nang makita nila pumasok ang mga alagad na umiindak talaga sa kakaibang reggae beat. Halakhakan ang mga guro, tuwang tuwa ang lahat nang makita sina Raffy at Abbey suot ang kakaibang rainbow dragon robe.

Todo bigay si Raffy umiindak at sumasayaw, nagtanggalan sila ng hood at lalong naaliw ang lahat nang makita naka braid ang buhok nung magparnter at suot nila super dark shades.

Kahit mga kaaway nila napapaindak at napapangiti, ang mga guro sa stage lahat masaya at tinatapik sina Hilda, Lani at Ricardo. “Amazing, look at what they did, they made everyone dance” sabi ni Ernesto. “This is such an emotional scene, look at everyone” bulong ni Janina.

“This is how they say sorry” sabi ni Hilda. “Sorry for what?” tanong ni Ernesto. “For what they are about to do” banat ni Lani at napatigil ang sayahan ng mga guro at nabalot sila ng pangamba. “What do you mean?” bulong ni Yves.

Di na kinailangan sumagot nina Lani, Hilda at Ricardo pagkat tumigil yung reggae beat at inalis na nina Raffy at Abbey ang kanilang rainbow robes. Nakasuot sila ng all black duel uniforms, nag inat sila at nag fist bump kaya naglabasan agad ang kanilang mga dragon tattoos.

Nakipagformal bowing na sila, titig nung magpartner kina Wendy at Vera na nasa bleachers. Final bow na at susugod na sana sina Olivia at Ryan pero may

lumitaw na cute ice ball sa harapan nila. “Cover your eyes!” sigaw ni Olivia kaya lumihis yung dalawa at binalot ang mga sarili ng mga defense shields habang tinatakpan nila mga mata nila.

Sina Raffy at Abbey nag dragon dance formation pero nilampasan lang nila yung mga kalaban at nagtago sila sa gubat ng isla. Tawanan tuloy sina Olivia at Ryan, pagtingin nung dalawa wala na kalaban nila kaya tinuro ng lahat kung saan sila nagtago.

Kinailangan pataasin ang mga bleachers para makita ng lahat ang magaganap na duelo sa kagubatan ng isla. Sina Olivia at Ryan nasira ang strategy, dahan dahan sila naglakad papasok ng gubat, naka ready ang kanilang mga wands at may hawak silang mga power ball just in case mabulaga sila.

Tahimik ang lahat, maingat sina Olivia at Ryan at lingon sila ng lingon sa paligid. May narinig silang huni sa isang gilid, sabay nila tinira yung mga power balls nila, nasapol nila ang isang bato. Narinig ng lahat ang sigaw nina Raffy at Abbey, mula sa dalawang puno nakita sila nakakapit at sabay umikot sa katawan ng puno para magbigay ng mga sipa sa kanilang mga kalaban.

Palakpakan ang lahat, napatapis sina Olivia at Ryan pero pag tayo nila wala na ulit sina Raffy at Abbey. Nakarinig sila ng pagbali ng sanga, napatingala yung dalawa at tumira tira sila ng atake paakyat, sigawan ang mga manonood pagkat lumitaw sina Raffy at Abbey at binigyan ng malakas na tackle ang mga kalaban.

Bagsak sa lupa sina Ryan at Olivia. Nakapatong si Raffy kay Ryan, si Abbey kay Olivia, pinagsusuntok nila ng mabilis mukha ng kalaban pero naka full magic body defense yung dalawa. Pilit nila inagaw mga wands pero tumawa si Ryan at nakita nila yung mga wands nakakabit sa sa mga kamay kaya umeskapo sina Raffy at Abbey at muling nagtago.

“See I told you, they will disarm you first, kasi di nila alam gumamit ng wands” pasikat ni Wendy at nagtawanan sila ng partner niya. Back to back na sina Olivia at Ryan, may mabilis na dumaan sa harapan ng dalaga kaya walang tigil siya umatake ng kanyang apoy.

Nasunog niya yung isang puno, “Natamaan mo?” tanong ni Ryan. “Shit hindi, wag ka na haharap dito diyan sila susulpot” sigaw ni Olivia kaya nagmasid si Ryan at naka ready na ang kanyang earth ball sa isang kamay.

Sa isang iglap sigawan ang mga tao, mula sa right side ni Olivia nakita niya ang nagbabagang pigura habang si Ryan napatingala pagkat nakita niya si Raffy nakalutang sa ere. “Dito!” sabay nila binigkas, si Olivia sumugod papunta sa right kung saan nandon ang nagbabagang pigura.

Si Ryan naman tinaas ang kanyang mga kamay para atakehin si Raffy. Si Olivia lumusot sa nag aapoy na pigura, “Shit” bigkas niya at paglingon niya nakita niya si Ryan umaatake paakyat papunta kay Raffy pero mula sa nag aapoy na puno lumabas si Abbey na may hawak na twin fire balls. “Ryan sa likod mo!” sigaw ni Olivia.

Sinalo ni Raffy yung earth balls ni Ryan, ang binata lumingon pero too late na pagkat sumapol na sa dibdib niya mga apoy ni Abbey. Sumugod si Olivia pero may fire wall na humarang sa kanya. “As if maapektuhan ako niyan!” hiyaw niya kaya sinugod niya yung fire wall.

Paglusot niya nakatayo si Raffy hawak yung dalawang earth balls. “Sorry” bulong ng binata pero sa likuran niya si Abbey nakahawak sa kanyang mga braso at siya yung nagtulak para maitama yung earth balls sa dibdib ni Olivia. “Sorry talaga” bulong ni Raffy at tumapis si Olivia sa malayo. Tumalon yung mag partner sa ere at bigla sila nawala sakto nakatayo si Ryan at nagpawala ng sobrang daming tira.

Tumakbo palayo sa gubat sina Olivia at Ryan, nakalapit sila sa batis kung saan open area yon. Dahan dahan sila naglakad, back to back ulit sila pero sabay napalingon sa batis pagkat may narinig silang tunog. Mula sa tubig lumitaw si Raffy at ang bilis niya tinira ang isang super habang ice spear.

Napilitan mag hiwalay sina Olivia at Ryan para maiwasan yung ice spear. “Wrong!” narinig nila pagkat sumulpot si Abbey sa likuran nila at sinalo yung ice spear at ginamit yon para paluin yung dalawa papunta sa batis.

Nashoot yung dalawa sa tubig, tumayo sila pero biglang nagyelo yung tubig at hindi na sila makaalis. Umatake sina Raffy at Abbey, twin spinning head kicks, total magic defense agad yung dalawa pero ramdam parin nila yung bawat tira nina Raffy at Abbey.

Ang bilis ng team dragon magpakitang gilas ng physical attacks. Naging busy sina Olivia at Ryan sa pagdedepensa, nasasapol parin sila pagkat hindi makagalaw ang kanilang mga paa. Nakalabas si Olivia pagkat pinaapoy niya ang kanyang mga paa. Nakasipa siya kay Abbey, si Ryan papasundan sana ng earth ball si Abbey pero sumulpot si Raffy at hinawakan ang kamay ng kalaban at tinutok kay Olivia kaya siya yung natamaan.

Palakpakan ang lahat ng manonood, binalot ni Ryan sarili niya ng earth barrier at nakipagsapakan siya kay Raffy. Si Olivia at Abbey naman parehong pinaapoy ang mga katawan nila at nagkaroon ng matinding cat fight sa malayo.

Sinuntok ni Ryan yung yelo at agad siya nakawala. Lalo niya pinakapalan ang lupa na matigas na bumalot sa katawan niya at nag wild siya sa pag atake kay Raffy. Sumigaw si Ryan at humulma ng sobrang laking magic charged earth ball at tinira papunta kay Raffy. Sapol si Raffy sa dibdib at tumapis siya palayo. “Yes!” sigaw ni Ryan pero nakita niya si Raffy nakangisi at yakap lang pala yung giant earth ball.

“Abbey Jump!” sigaw ni Raffy at ang bilis ng paikot niya hawak yung giant earth ball. Si Abbey tumalon ng sobrang taas, binitawan ni Raffy yung earth ball papunta kay Olivia, “Get out of the way!” sigaw ni Ryan nag dive siya para ilihis yung partner niya sana pero nagulat siya nang makita si Olivia pala yung tumalon at si Abbey ang ililihis niya.

Ang cute ni Abbey na ngumiti lang at binira ng flame balls si Ryan sa mukha at dibdib. Yung binitawan ni Raffy na earth ball biglang lumihis at nagtungo sa ere kung saan nakalutang si Olivia at hindi makagalaw. Siya yung nasapol kaya grabe yung standing ovation sa mautak na technique nina Raffy at Abbey.

Galit na galit sina Olivia at Ryan, sumugod ang dalaga pero si Raffy humawak sa tubig at nagpalabas siya ng sobrang kapal na ice wall na kinabilib ng lahat. Si Olivia sobrang galit pinapaapoy yung ice wall para matunaw ito. Sobrang laki kasi nito at hindi niya makita saan yung dulo para makaalis siya.

Nacorner tuloy si Ryan, sinugod siya ni Abbey, “Bring it on bitch!” sigaw ni Ryan na pinakapalan ng pinakapalan ang bumalot na lupa sa kanyang katawan. “Sige lang Abbey” sigaw ni Raffy. “I know!” sagot ng dalaga at habang tumatakbo siya naghuhulma siya ng sobrang laking flame ball.

Si Raffy tinitigan si Ryan, ang kalaban napaluhod pagkat unti unti nalulusaw yung kanyang earth body shield. May kakaibang hanging na unti unti lumalaslas sa kanyang shield. “Shit ka!” hiyaw niya pagkat nagkaroon ng opening sa dibdib niya, hindi siya makakilos pagkat sobrang bigat yung makapal na earth shield sa kanyang mga paa at ibang parte ng katawan.

Malakas na hiyaw ni Abbey at solid yung tama ng sobrang lakas na apoy sa dibdib ni Ryan. Bagsak si Ryan sa lupa at nangisay, nagtabi sina Raffy at Abbey at pinanood si Olivia malapit nang makawala sa ice barrier.

Binalot ni Raffy ng yelo ang kanyang kamao, si Abbey naman pinaapoy ang mga kamay at agad nila pinagdikit. Lumusot si Olivia, kargado mga kamay niya ng sobrang laking mga fire balls, nanggagaliti siya sa galit pero sina Raffy at Abbey cool na cool lang.

Mula sa pinagsamang fire and ice hands nila nabuo ang matinding kuryente at sinapol sa dibdib si Olivia. Lumutang sa ere ang dalaga, laglag yung mga fireballs niya habang tuloy ang tama ng kidlat at kuryente sa buong katawan niya.

Bagsak si Olivia sa lupa, binuhat ni Raffy katawan ni Ryan, si Abbey naman binuhat si Olivia at dinala nung dalawa ang mga kalaban sa starting area at pinahiga. “Medics please” pacute ni Abbey at nagtayuan ang lahat at pinalakpakan sila. Grabe yung ingay sa buong paligid, lahat ng guro napabilib sa pinakita nilang pagduelo.

Sina Wendy at Vera nanatiling nakaupo at parehong tulala. Si Samantha sa malayo nakangisi sa kanila at nang aasar. “Told ya” banat niya sabay inirapan niya yung dalawa at nagtungo siya sa duel area para samahan sina Raffy at Abbey.

“Hanggang ngayon di niyo pa sinasabi anong user si Raffy. We know Abbey is a flame user, how about Raphael?” tanong ni Janina at tumawa si Hilda. “Wala, undecided. Minsan gusto niya ilaw, minsan ice, minsan wind, earth, ewan ko ba diyan sa batang yan” landi ng matanda.

“He wants to be unpredictable. To make the opponents keep guessing” dagdag ni Ricardo at nagfist bump sila ni Hilda. “What in the world are you teaching this boy?” tanong ni Yves. “Oh trust me we are not, he is teaching himself. If he asks for help we help, if he doesn’t ask for help we just look over him” paliwang ni Hilda.

“Teka they have last two duels, sina Wendy at Vera, then Don and Denver. Maybe we should change the schedules. Kasi mauuna nila kakalabanin sina Wendy. That is already like a preview of the championships. Those two teams have no loses. Bukas sila maghaharap. Come on lets face it mahina sina Don at Denver”

“Bukas yung duel na inaabangan talaga ng lahat e. Tomorrow its like we all know already who is the champions” sabi ni Janina. “Excuse me, if ever Wendy and Vera wins tomorrow they will still have to face one of our teams on the next day. Wag ka papasiguro” sagot ni Ernesto.

“Okay so take it sa point of view ng dragons then. If Raffy and Abbey wins tomorrow, good as champs na sila kasi sina Don at Denver nalang matitira at wala pang panalo yung dalawa” sabi ni Ismael. “Oh come on wag niyo naman mamaliitin sina Don at Denver, malay niyo they can pull an upset” sabi ni Hilda.

“Well I must admit parang malabo na yon” sabi ni Rizal at nagtawanan sila. “Let us just stick to the schedule. We did not expect one team to sweep the duels and its too early to say one team will. Bukas I am sure its going to be bloody” banat ni Ernseto.

Samantala sa isla ng Tigers galit na galit sina Wendy at Vera. “How did they know we were going to use the jungle tomorrow?” tanong ni Wendy. “Kaya nga e, parang nang aasar sila. Pinakita nila sa atin na if ever we use the forest to our advantage tomorrow they are ready” sagot ni Vera.

“Shit, mautak talaga yang dalawang yan e” sabi ni Wendy. “Ah excuse me” bulong ng isang binata at nagulat yung dalawang dalaga pagkat nandon si Don at Denver. “What are you two doing here? Doon kayo sa isla niyo” sabi ni Vera.

“Mahina man kami pero magaling kami mag analyze” bulong ni Don. “Oh yeah? Tulad ng ano?” tanong ni Wendy. “Raffy does not attack girls” sabi ni Denver at napaisip yung dalawang dalaga. “Go on” bulong ni Vera. “Do we have a place to talk? We don’t want them to win so let us help you” sabi ni Denver.

“We know all their moves, dragon flight, dragon dance, all of em. We can teach you how to beat those moves so that if ever they use them pwede niyo sila guluhin. Everytime nasisira plans nila medyo may opening sila kasi nag iisip sila. Come let us tell you more” sabi ni Don kaya sumama yung dalawang dalaga sa kanila.

Samantala sa loob ng isang bahay sa Ilocos nanonod ng telebisyon si Gustavo. Nakitabi sa kanya si Gaspar at nakita nila sa screen si Santiago kasama ang head ng comelec. “Walanghiya ka Santiago, ano ba tong binabalak mo?” tanong ni Gustavo.

“Akalain mo nanalo siya, in amazing fashion pa. Record yung votes na nakuha niya. Kaya early proclamation kasi sigurado na panalo na siya” sabi ni Gaspar. “Senador Arkuela, ano ba talaga binabalak mo? Bakit hindi ko mabasa yang balak mo? Ano to stepping stone? Para sa susunod na eleksyon tatakbo siyang presidente?” tanong ni Gustavo.

“It seems so boss, pero kung ganon e matatagalan pa siya. Imagine 2016 yung susunod na eleksyon. Siguro naman before that time malakas na army natin” bulong ni Gaspar at napangiti si Gustavo. “Tama ka, bueno ano status nina Teddy at Henry?” tanong niya.

“As of last communication e talo parin sila pero nagbigay siya ng listahan ng possible prospects. Yung Wendy at Vera daw ng Tigers, tapos yung Venus at Charlie na team mates nila Raffy at Abbey” sabi ni Gaspar.

“Bakit wala atang taga Norte?” tanong ni Gustavo. “E boss sabi nila sisiw lang daw sa totoo yung mga taga Norte e” sabi ni Gaspar. “It does not matter, kailangan natin complete army. All bases covered. You know what change of plans tayo. Magpatawag ka ng iba pang alagad para suporta”

“Matapos natin makapasok kunin narin natin yung iba para sabay sabay na” sabi ni Gustavo. “Pero boss, mission impossible na nga pagkuha natin kina Raffy at Abbey e” sabi ni Gaspar.

“Pag nakuha natin sila hindi na natin mababalikan yung iba. Strike while the iron is hot. Once we are inside, gera yan sigurado ko pero we have the advantage. Habang nasa state of panic sila sa tinging mo maproprotektahan pa nila yung mga estudyante? Maniwala ka sa akin may plano ako” sabi ni Gustavo.

“Boss why are you so worried about Santiago? Kung sabi mo tiwala dapat may tiwala ka din sa kaya mo. Itong ginagawa mo parang nagpapanic ka. Nakalahad na baraha ni Santiago, di na natin kailangan maatat” bulong ni Gaspar.

“Basta! Sundan mo utos ko! Magpatawag ka ng alagad na sasama sa atin. Maraming kang tanong, galaw na!” sigaw ni Gustavo.

Chapter 45: The Great Duel

Maagang nagdikit ang mga isla. Lalong lumaki ang duel arena pagkat alam ng lahat ito talaga ang parang finale. Dalawang teams na wala pang talo maghaharap, pareho nang nagpakitang gilas pero alam ng lahat hindi pa nila pinapakita ang mga alas nila.

Mga bandera ng dragon at tigre nagkalat sa buong arena. Maaga nagsimula ang kantyawan kahit matagal pang magsisimula ang laban. Ang mga guro sinisiguro maayos ang lahat pagkat inaasahan nila magiging matindi ang duelo na magaganap.

Dumagundong ang matinding ingay nang tumunog ang duel bell. Narinig ng lahat ang mga sigaw ng mga tigre mula sa gubat kaya hiyawan ang mga tiger students. Isang flaming tiger naunang lumabas at sumugod sa starting area. Sa paligid may mabilis na puti na tigre na gawa sa hanging tumatakbo at tinabihan ang nag aapoy na tigre.

Nalusaw yung mga tigre at naglabasan na sina Wendy at Vera. Ang dalawang dalaga nag inat at inaantay ang pagdating ng kanilang mga kalaban. Natakot ang lahat nang mula sa gubat nakarinig sila ng totoong sigaw ng dragon. Sina Vera at Wendy kinabahan din at lahat ng tao napatingin sa gubat pagkat palakas ng palakas yung sigaw ng dragon.

“Hoy Focus! Dito” sigaw ni Abbey at Raffy, pagharap ng lahat nandon na pala sina Raffy at Abbey at parehong umuusok ang mga katawan nila. Palakpakan ang mga tao, wala man yung magarbong entrance nila pero ginulat naman nila ang lahat sa surpesang pagsulpot nila.

Nagsimula sila magbow. Final bow na at walang gumagalaw sa dalawang team. Nagpalabas sina Vera at Wendy ng wands nila, si Abbey inayos ang kanyang golden bracelets habang si Raffy naglabas ng napakagandang dragon

wand. Nagtawanan sina Vera at Wendy, “As if you know how to use that” sabi ni Vera at napangiti si Raffy.

“Tiger slash!” sigaw nina Vera at Wendy at hinarap nila wands nila at umatake. Humarap si Raffy at sinalo yung mga atake sa dibdib niya habang si Abbey nagtago sa likuran niya. Nagulat ang mga kalaban pagkat walang epekto yung tira nila, si Raffy pinagpag lang dibdib niya kaya palakpakan ang mga dragon students.

“Tiger slash” bigkas ni Raffy at siya naman umatake pero natawa sina Vera at Wendy pagkat dalawang cute na ice balls ang lumabas at dahan dahan lumapit sa kanila. Nagpalabas ng kakaibang dark goggles sina Vera at Wendy, ngumiti sila. “Oh we know all your tricks” sabi ni Vera.

Yung two cute ice balls dumiretso lang at tumama sa kanilang mga noo ng malakas. Napahaplos sina Vera at Wendy sa noo nila habang ang lakas ng tawanan ng lahat ng manonood. “Grand Tiger slash!” sigaw ni Vera at nagpalabas siya ng kapangyarihan mula sa wand niya, humarap ulit si Raffy at tinanggap yung tira sa dibdib niya.

“Grand Tiger slash” sigaw ni Raffy at siya naman ang tumira, parehong dalawang cute ice balls sumugod, sina Vera at Wendy hinawakan lang yung mga ice balls at tumawa sila. “You cant do the same trick twice” sabi ni Wendy. “Explode!” sigaw ni Abbey at sigawan yung dalawang dalaga pagkat yung maliit na ice balls naglabas ng sobrang lakas na apoy kaya nasunog ang kamay ni Vera, maski kamay ni Wendy na fire user nasunog sa kakaibang apoy na galing sa ice balls.

Sumugod sina Raffy at Abbey, nagpalabas si Wendy ng fire wall, winasiwas ni Raffy wand niya, “Tiger slash” sigaw niya at nalaslas yung firewall at lumusot siya, ang binata nag dive at tinackle ang dalawang dalaga.

Mga tira nina Wendy at Vera diretso sa langit. Si Abbey nahigop yung apoy ng firewall at hinulma sa isang giant fireball, lumipad siya sa ere at nagdive pababa, hinati yung giant fireball sa dalawa at tinira niya sa dibdib ng nakahiga nilang mga kalaban.

Sumigaw si Raffy at kinabog niya mga kamay niya sa lupa. Yumanig at mga katawan ng kalaban biglang napatayo pagkat natulak sila ng lupa. Kumasa ng double punch si Raffy, sina Vera at Wendy naghanda na para sa tama ng mga suntok ng binata, napatalikod sila pero sapol sila ng double punch ng nag aabang na Abbey.

Grabe yung hiwayan ng mga tao, “Tiger slash!” sigaw ni Raffy at habang nakatalikod ang kalaban tinamaan niya ng slash yung mga paa nila kaya sabay sila napaluhod pero si Abbey galit na galit na humawak sa buhok ng mga kalaban at isa isa niya sila binigayan ng tuhod sa mukha.

Lumayo sina Raffy at Abbey, “Shit!” hiyaw ni Vera, sabay sila tumayo ni Wendy, mga bibig nila duguan. “Grand tiger slash!” sigaw ni Raffy at kahit nagpalabas ng wind at fire barrier yung mga kalaban, nalaslas parin sila at mga wands nila pareho lang naputol.

Nangilabot ang lahat, tinago na ni Raffy ang kanyang wand, sina Vera at Wendy sobrang galit na kaya nagliyab ang kanilang mga mata, nagkasuguran ang dalawang grupo at nagbakbakan sa gitna ng duel island.

Sobrang bilis ng mga atake ng tigers, si Raffy ang bahala sa depensa, sinasalo niya yung mga tira ng kalaban at si Abbey naman yung nag counter attack. Isang minuto sila nagbangayan sa gitna, lalong nag init sina Vera at Wendy kaya nagulat sina Raffy at Abbey, nakatikim sila ng tunay na bangis ng team Tiger, sabay sila napuruhan sa tiyan at napatapis sila ng malayo.

“Shit they are too fast” bulong ni Abbey. “Eto nanaman sila” sabi ni Raffy kaya nagkasagupaan ulit yung dalawang teams. Kinailangan ni Raffy magpasuntok sa mukha para lang makapagcounter si Abbey sa kidney ni Vera. Nung napayuko si Vera, nagpasipa naman si Raffy sa tiyan at doon binira ni Abbey si Wendy ng siko sa kidney.

Umatras ang team dragon pagkat medyo naawa sila sa kanilang mga kalaban. “Are you okay?” tanong ni Abbey. “Don’t worry masakit pero kailangan e” sagot ng binata. Nakatayo sina Vera at Wendy, lalo silang nagalit at muli sila sumugod.

Si Abbey biglang natapon sa malayo sa pinaghalong flame and wind attacks. Naiwan si Raffy sa gitna at siya yung inatake nina Wendy at Vera. Walang magawa ang binata kundi dumepensa lang pagkat ayaw niya gumanti sa babae. Pabilis ng pabilis sina Wendy at Vera, napailing na ang lahat pagkat kitang kita nila panay ang sapol sa mukha ni Raffy.

Si Abbey sumugod pero muli siya napalayo at nabalot ng isang wind at fire barrier. “Raffy hang on!” sigaw niya. Ang binata nasasangga yung ibang mga tira pero kahit ano talaga gawin niya nakakalusot ang mga kalmot, suntok, sipa at siko nina Vera at Wendy.

Confident yung dalawang dalaga pagkat alam nila hindi gaganti ang binata. “Hold on Raffy!” sigaw ni Abbey. Sina Vera at Wendy nagtitigan, lalo sila umariba sa atake. Magically charged ang super fast wild attacks nila. Lalo sila nanggigil nung makita nila hindi na dumedepensa si Raffy, duguan na mukha ng binata kaya napatayo na ang lahat ng guro.

“Ang lahat may hangganan, hindi niya nakayanan yung bangis ng Tigers” pasikat ni Janina. “Actually he is doing it on purpose” sagot ni Hilda at nagtawanan ang mga guro na taga Sur. “You mean to say hindi siya dumedepensa? Is he crazy?” tanong ni Janina at lalo sila nagtawanan.

Nakaluhod na si Raffy, mga kamay niya nakahawak sa lupa pero tumatawa siya. Napatigil sina Vera at Wendy, “Give up already, we can do this the whole day” sabi ni Vera. “You just pissed my partner…oh boy…you two are going to feel hell…” bulong ng binata.

“Yeah right” sabi ni Vera at aatake na ulit sana sila. “Abbey!” sigaw ni Raffy at biglang sumulpot si Abbey gamit ang summon magic. Nag aapoy talaga ang mga mata ng dalaga, nakalutang siya sa ere at buong katawan nag aapoy. Kinasa niya mga kamay niya, dalawang higanteng special fire balls hawak niya. Sinapol niya sa dibdib sina Vera at Wendy.

Sigawan ang mga kalaban, hindi sila naka react sa biglang pagsulpot ni Abbey. Kampante sila kanina pagkat nakulong nila ang dalaga. Ramdam ng lahat ng manonood ang kakaibang init, kitang kita nila sobrang gigil sa galit si Abbey. Pinag gugulpi niya talaga sina Vera at Wendy. Ang dalawang dalagang tigers ramdam parin yung pagpupunit ng balat nila sa tindi ng mga apoy ni Abbey.

“She is mad…” bulong ni Pedro. “Is she out of control?” tanong ni Felipe. “No just mad, kung out of control kanina pa natosta yung dalawang yan. She still knows it’s a duel, may control na anak ko pero galit siya kaya pinapatikim niya yung mga tunay na apoy niya” paliwanag ni Pedro.

Ang babangis ng mga spinning kicks ni Abbey, rapidong mga suntok, lumingon siya at tinuro si Raffy, “Stay there!” hiyaw niya kaya napatayo ang mga guro. Si Hilda hinila si Pedro, “Do we have a problem?” bulong ng matanda. “Problema na nila yan, they hurt Raffy, let my daughter do what she feels like doing” sagot ni Pedro.

“Burn bitches!” hiyaw ni Abbey at ang bangis ng double fire balls niya na nagpatapis kina Vera at Wendy sa paanan ng gubat. Nakatayo si Abbey at gulat ang lahat pagkat yung anino ng dalaga totoong dragon. Tilian na ang mga tao pagkat nakatayo na si Raffy sa tabi ng nag aapoy na dalaga.

Nagbago yung anino, nangilabot ang lahat pagkat lumaki yung dragon at ngayon may pakpak na siya. Sina Wendy at Vera mabilis na pumasok sa gubat para magtago. Nilamon ng apoy si Raffy at naging totoong flame dragon yung dalawa at sumugod narin sa gubat.

Agad tumaas ang mga bleachers, lahat sobrang excited at sigawan sa kakaibang bakbakan na pinapanood nila. Nanahimik sila pagkat nawala bigla yung apat na duelists. Tila naghuhuntingan sila sa isat isa kaya lakas loob sina Raffy at Abbey na sumulpot at naglakad.

Dinig na dinig nina Raffy yung ungol ng mga tigre sa paligid. Biglang umatake si Wendy, sobrang bilis at tinamaan lang yung team dragon sabay nagtago ulit. Sumunod si Vera, parang kawawa sina Raffy at Abbey pagkat hindi nila alam saan galing yung dalawang kalaban.

Basta nalang sumusulpot sina Wendy at Vera, gamit nila bilis nila, aatake sila ng sobrang bilis at pag nakatama na sila agad sila magtatago. “At akala niyo kaya niyo ang gubat…teritoryo namin ito” narinig nila boses ni Vera.

Totoo ang sinabi ng dalaga pagkat naka ilang ulit sila at hindi nakakadepensa sina Raffy at Abbey. Lumuhod ang binata, pumikit, “what are you doing?” tanong ni Abbey. “Trust me…sync with me” sabi ng binata at nagliyab ang mga katawan nila.

Napangiti si Abbey, dahan dahan tumayo si Raffy at nung sumugod si Vera nagulat ang dalaga pagkat naka ready si Abbey para sipain siya sa mukha. Binuhat ni Raffy si Abbey at pinaikot para si Wendy naman ang masapol ng sipa sa mukha. Back to back sila tumayo, nakatago ulit ang mga kalaban pero pareho sila nasapol ng mga sipa ni Abbey.

“Flame…left side now!” sigaw ni Raffy at lumuhod siya, tinira ni Abbey yung fireball sa left side at sakto lumabas si Vera. Sapol ang dalaga, “Thirty degree up!” sigaw ni Raffy at tumira si Abbey ng isa pang fireball at sinapol naman si Wendy.

“How the hell can he sense them?” tanong ni Janina at nakangiti si Hilda at kunwari tinitignan ang kanyang mga kuko. “Maybe your students are too slow” banat niya. “Impossible, those two are the best we have, at wala pang nakakahuli sa kanila sa atake na ganyan” sabi ni Janina. “Correction, meron na” hirit ni Hilda at bungisngisan ang mga guro na taga sentro.

Pinapakiramdam ni Raffy yung lugar, hinila niya si Abbey at dumapa sila pareho pagkat sakto nag twin dive yung mga tigre. Palakpakan ang mga guro, bilib na bilib sila sa senses ni Raffy. Pati si Abbey sobrang namangha sa kanyang partner pagkat nasesense niya talaga saan galing ang mga kalaban.

Naulit yung atake, nakadapa si Abbey pero si Raffy nakaluhod at nakahawak mga kamay niya sa lupa. Sakto lumabas sina Wendy at Vera para sa deadly tiger attack dives. Mahahagip na si Raffy kaya sumigaw si Abbey. Ngumiti lang ang binata at mula sa dalawang gilid niya nakapagpalabas siya ng mga punong malalaki at doon tumama sina Wendy at Vera.

“Oh my God” bigkas ni Hilda. Gulat ang lahat ng guro sa napakahusay na ginawa ni Raffy. Hilong hilo sina Wendy at Vera, yung mga napalabas na puno ni Raffy parehong nabali pero nadepensahan naman siya sa mabangis na tiger dives ng dalawang kalaban.

Lalong nagalit yung dalawang tigre pero inulit ulit lang ni Raphael ang paglabas ng mga puno para depensahan sila. Na expect na nina Wendy at Vera yung mga puno kaya sa sunod na atake nila nag side step ang mga tigre at naiwasan yung mga puno pero bigla sila niyakap ng mga sanga at ugat, tumayo sina Raffy at Abbey at binuhat yung mga putol na puno at pinaghahampas yung dalawang tigre.

Nakatakas ang mga kalaban, sina Raffy at Abbey nagapod din sa bigat ng mga puno. “Bwisit ka puno talaga” bulong ni Abbey. “Huh? Akala mo props?” banat ni Raffy at nagtawanan pa sila kaya lalong nainis ang kanilang mga kalaban.

Umatras sina Raffy at Abbey, muling nakatago sina Vera at Wendy kaya naglabas si Raffy ng maliit na ice ball. Hinayaan niya ito lumutang sa ere, umatras sila ni Abbey at umabot sa batis. Tumayo yung magpartner sa gitna ng batis, nagpalutang si Raffy ng mga ice balls at pinasugod papunta sa gubat.

Sumabog ang mga ice balls ng illumina kaya napilitan lumabas sina Vera at Wendy. Naka suot ng dark goggles yung dalawa at sabay sila sumugod papunta sa batis. Cool na cool sina Raffy at Abbey, nagtalunan ang mga kalaban para sa deadly tiger dive.

Ang bilis naglutangan ang mga ice balls at pagtama nina Vera at Wendy nasunog sunog sila sa pagsabog ng mga apoy ng mga yon. Umatras ang mga kalaban, “Here it comes Abbey” bulong ni Raffy.

“Grand Tiger Attack!” sigaw nina Vera at Wendy. Ang dalawang dalaga nagliyab at mula sa katawan nila naglabasan ang sobrang daming mga tigre na gawa sa hangin at apoy. Pinalubutan nila yung buong batis kaya nag back to back na sina Raffy at Abbey. “Final attack nila to” bulong ng binata. Samatantala sa stage nakangiti si Janina.

“So they decided to use it, this is over” bigkas niya at napanood ng lahat na sabay sabay sumugod yung mga tigre. Sina Raffy at Abbey naka porma lang at nabilib talaga ang lahat nang sobrang galing ng kanilang depensa.

Standing ovation na ang lahat ng tao, ang babangis ng mga tigre at walang humpay ang atake nila. Ni minsan hindi sila makapuro sa kalaban nila. Sina

Raffy at Abbey umiikot lang, sinasangga ang bawat atake sabay nakakatira sila ng suntok at sipa.

Sigawan ang dragon students pagkat yung mga tigre na iba umatake sa blind spots. Basta nalang tumapis sila palayo, sina Raffy at Abbey focused lang sa mga tigre na umaatake sa harapan nila.

Halos maluha sina Ernie at Prudencio, masaya sila sa pinapakitang depensa nina Raffy at Abbey. Walang tigil parin yung mga tigre, padami sila ng padami at pabangis ng pabangis. Namangha na ang lahat nang makita nila may kakaibang dragon na nakapaikot kina Raffy at Abbey at tumutulong sa kanila sa pagdepensa.

Susugod isang tigre, sasapulin lang ng high kick ni Raffy, si Abbey naman ganon din ginagawa habang yung dragon nila bahala sa kanilang blind spots. Limang minuto lumipas at tanging naiwan sina Vera at Wendy sa makabilang sulok.

Hingal na hingal na yung dalawa, “Give up” sabi ni Abbey. “Never…” bulong ni Vera. “Royal tiger attack” bigkas ni Wendy at nagpalit anyo ang dalawan dalaga sa kakaibang puti na tigre. Nag aapoy ang mga mata nila, ang lalaki ng mga tigre at nagpaikot ikot sila sa batis.

Huminga ng malalim si Raffy, naglabas siya ng isang ice ball mula sa batis at hinawakan sa kamay niya. Napatingin siya sa stage, niyuko niya ulo niya sabay sumigaw. “Noir!!!” dumagudong boses niya sa buong arena.

Nabalot ng total darkness ang buong paligid. Lahat walang makita kaya sigawan ang mga tao. Umepekto agad ang special barriers sa arena para mapanood ng lahat mula sa infrared glasses pero walang epekto ito sa tindi ng dilim na ginawa ni Raffy.

Naghiyawan ang mga tao nang may nakita silang nagbabagang apoy na umaaligid sa dilim. Dinig na dinig ang takbuhan ng mga tigre, walang makita talaga sina Vera at Wendy kaya panay ang tama nila sa mga puno sa paligid.

Nabalot ng takot ang mga guro, “Hilda what is this?” tanong ni Janina. “I don’t know…ngayon niya lang ginawa ito” bulong ng matanda. “What the hell is this darkness?” tanong ni Prudencio pero narinig nila sigawan nina Vera at Wendy kasabay nung sobrang lakas na ungol ng dragon.

Yung iniwan ni Raffy kanina na ice balls sa gitna ng gubat biglang umilaw ng mahina. Sina Vera at Wendy nagtungo doon, dalawang royal tigers na takot na takot nagkadikit at lumilingon sa paligid.

Ang bilis ng pagdaan ng dragon, tanging mga mata niyang nag aapoy ang nakikita. Sabay nalaslas yung dalawang tigre kaya ang tindi ng sigawan nina Vera at Wendy. Total magic defense na sila sa natitirang lakas nila. Basta daan nalang ng daan yung dragon sa dilim, laslas na mga katawan ng tigre kaya bumalik sila sa anong tao.

Back to back sina Vera at Wendy, namatay yung ilaw sa ice balls. “Dragon Hole!” narinig nilang sigaw ni Abbey kasabay ng sigawan ng dalawang dalaga. Kitang kita ng lahat na umilaw sa tinatayuan nila at biglang nashoot sila sa sobrang lalim na butas.

Lumitaw sa ere ang flaming dragon, lumutang ito sa ibabaw ng nakailaw na butas at handa nang magbuga ng apoy. Nag iipon na ng lakas yung dragon, nakita ng lahat sina Wendy at Vera nakalabas ng butas pero naglabasan ang mga ugat sa butas at hinila sila pabalik sa loob.

Nilalabanan nina Vera at Wendy yung mga ugat gamit ang natitira nila mahika. Tuwing makakatakas sila sa mga ugat lalo lang dumadami ang mga ugat at bumalot na sa katawan nila para ibalik sila sa napakalalim na butas.

Lumapag sa lupa yung dragon at lumitaw sina Raffy at Abbey. Hawak ni Abbey ang isang super giant fireball at nagbabantang itira papasok ng butas. “Give up” sigaw niya. Sinubukan parin ng mga kalaban makawala pero yung mga ugat nagbaga at nakaramdam ang mga dalaga ng pagyeyelo.

Sigawan sila at sinubukan nila gamitin ang kanilang kapangyarihan ngunit kakaiba yung ginaw na dulot nung mga ugat na bumabalot sa kanila. Yung ginaw na masakit kaya hindi sila nakakaisip ng mabuti, tinignan nila si Raffy, nanlilisik ang mga mata ng binata. Kita nila siya nagcocontrol sa mga ugat at lalo sumisikip pagsakal sa kanila.

“We give up!” sabay na sigaw nina Vera at Wendy. Tumunog na yung duel bell para ipagsabi na may nanalo na. Biglang dumilim kaya naputol ang pagsasaya ng dragon school. Mula sa sentro ng starting area may kumislap at naaninag ng lahat si Raffy may hawak ulit na maliit na ice ball.

Lumakas yung ilaw at nakita narin ng lahat si Abbey. Lumutang yung ice ball sa ere at sa isang iglap bumalik ang liwanag sa buong paligid. Nagsimula nang mag ingay ang dragon school students, sumama na yung ibang manonood at nagbigay pugay sila kina Raffy at Abbey.

Medyo pigil ang sigawan pagkat pagtingin nila sa gubat sunog ang lahat ng puno, ubos ang tubig sa batis at sina Vera at Wendy naririnig parin sa loob ng butas. Nagholding hands sina Raffy at Abbey, tinaas nila kamay nila at lalo sila pinalakpakan ng lahat.

Ang mga manonood halos pinupuri na sina Raffy at Abbey bilang mga kampeon kahit alam nila may isa pa silang laban bukas. Nagsasaya na ang dragon students, ang ibang mga estudyante ng ibang schools nakatayo lahat at pinapalakpakan na sina Raffy at Abbey. Nailabas na sina Wendy at Vera mula sa butas at agad sila nilapitan at kinamayan nung mga virtual champions.

Lalo tumindi ang palakpakan at hiyawanan nang magyakapan ang dalawang grupo pero nilayo ni Abbey si Raffy kaya nagtawanan ang lahat. “Congratulations” sabi ni Vera. “Too early to say that” bulong ni Raffy at sabay sila ni Abbey humarap sa stands.

Todo alalay si Abbey kay Raffy pagkat ramdam niya nanghihina ang binata. “You overdid it” lambing ng dalaga. “Isa nalang kiss kiss na” landi ng binata at nagtawanan yung dalawa. Sabay nila tinignan sina Don at Denver, nakatayo ang dalawang binata at tila handa sila para sa team dragon.

Chapter 46: Dragon Fury

Sa loob ng isang hotel naghahanda na sina Gaspar at Gustavo sa kanilang pagsugod. May kumatok sa kwarto kaya nagtitigan sila. Binuksan ni Gaspar yung pinto at nakahinga siya ng maluwag pagkat yung matandang espiya nila yon mula sa institute.

"Ano yan?" tanong ni Gustavo sabay turo sa dalawang supot na dala ng matanda. "Tarantado ka, sabi mo iligpit ko sila. Ayan ang mga abo nila. Tapos sasabihin niyo kailangan niyo parin sila?" reklamo ng matanda. Napahaplos sa noo si Gustavo pero kinuha ni Gaspar yung dalawang supot. "Wag kang mag alala pwede parin, kaya ko paganahin ito" sabi niya.

"No need to rush, sina Teddy at Henry na ang bahala kina Raffy at Abbey. Susugod lang tayo doon to help them escape. Naka ready na ba yung mga alagad natin na iba?" tanong ni Gustavo. "Of course nakakalat na sila, nag aantay nalang sila ng hudyat galing sa atin" sabi ni Gaspar.

Pumasok sa isang kwarto si Gustavo at hinaplos ang kanyang dibdib. Bago na ang kanyang katawan ngunit ramdam parin niya yung sugat na natamo niya noon. Pumikit siya at bumalik sa alalaala niya yung paglaslas sa kanyang dibdib pero minulat niya ang kanyang mga mata pagkat ayaw na niya maalala ang mga sandaling yon.

Samantala sa dragon island nagsasaya na ang mga estudyante. "Wag masyado, come on focus your energy para final duel nina Raffy at Abbey" sabi ni Ricardo. "Nasan pala sila?" tanong ni Hilda. "Nandon sa beach front, gusto nila ng solo time" sabi ni Pedro. "Hayaan niyo na muna sila baka nag iisip sila" sabi ni Felipe.

Sa beach front nakaupo sina Raffy at Abbey suot ang kanilang dragon robes. Ramdam nila may lumuhod sa likuran nila at sabay sila niyakap. "Lolo" bulong ni Abbey. "Why are you two worried?" tanong ng matanda. "Something is

wrong, I can feel it" sabi ni Raffy. "I am proud of you two, bilib ako sa pagpigil niyo" sabi ni Ysmael. "Syempre lolo these are just duels, hindi naman namin sila talaga kalaban e" pacute ni Abbey.

"I know iha kaya nga I am so proud of you two. So come on cheer up, one more duel" sabi ng matanda. "Supahgramps, sabihin natin na there is something really wrong…pwede bang…" bulong ni Raffy. "When that time comes, you two do what you need to do. I trust you two to do what is right" bulong ni Ysmael at muling niyakap yung dalawa sabay agad siya nawala.

Nagsimula nang gumalaw yung isla, nagtayuan na yung mag partner. "So this is it" bulong ni Raffy. "Yeah, Raphael ramdam ko yung pangamba mo. Pero whatever it is do not worry" sabi ni Abbey. "Di yon, excited lang ako sa first kiss natin…first kiss na gising ako ha" banat ni Raffy at natawa sobra si Abbey. "Ako din, I am looking forward to it" bulong ng dalaga.

"Weh, last time nagpromise ka after we win pero wala naman" tampo ng binata. "E kasi…basta this time if we win…totoo na" pacute ni Abbey. "Shit mas kinakabahan pa ako sa halikan natin kesa sa laban na ito e" sabi ni Raffy at nagtawanan sila. "Tara na nga, hoy baka naman maging distracted ka kakaisip nung kiss ha" sabi ni Abbey. "Ha? Ano yon?" landi ni Raffy at muli sila nagtawanan.

Punong puno ang duel arena. Sobrang daming tao kaya kinailangan na talaga mag lagay ng extra layers ng stands para makaupo ang lahat ng magulang at mga bisita. Tumunog na yung duel bell, grabe na yung ingay sa buong paligid. Nagsimula na yung mga duelo nung ibang contestants. Sadya nila hinuli ang laban nina Raffy at Abbey.

Sa buong paligid ng pinagsamang mga isla nakabantay ang mga alagad, armado sila ng kanilang battle staff at special gears. Inayos ni Eric yung magic sensors para bawat trenta segundo na siya magscan sa lahat ng nilalang na

nasa loob ng mga isla. Mga guro kahit nasa stage nakahanda din sila dala ang kanilang wands at staffs.

Sa locker room naghahanda na sina Don at Denver, inaayos nila ang kanilang mga suot at nagkatawanan pa sila. “Naimagine mo ba orange ang isusuot natin?” tanong ni Henry at tumawa si Teodoro. “Never in my life pero bagay naman e” sagot niya.

“Sabi nila while we are dueling them kailangan natin itayo yung special barrier” sabi ni Henry. “Ikaw na bahala don, I can handle them both. Wag ka lang magpapahalata na tinatayo mo yung barrier” sabi ni Teodoro. “Of course, pero magtira ka naman para sa akin” sabi ni Henry. “Bilisan mo sa pagtayo ng barrier or else wala kang maabutan. Anyway pano natin makukuha daw yung iba?” tanong ni Teodoro.

“Ewan ko, basta sinabi si Raffy at Abbey lang, baka sila na bahala sa iba” sabi ni Henry. “I see, pano kaya sila papasok dito e ang higpit ng seguridad?” tanong ni Teodoro. “Malay ko, pero si Gustavo naman yan e” bulong ni Henry.

Natapos na yung mga naunang mga duelo. Atat na ang mga manonood sa huling duelo ng araw. Dumagundong nanaman ang ingay at tila lumilindol sa buong arena sa tindi ng pagtatadyak at ingay ng lahat ng manonood.

May kakaibang huni ng ibon sila narinig, lahat nagtakip ng kanilang tenga at nabulaga sila nang may sumabog na orange na liwanag mula sa langit. Sa sentro ng duel grounds sumulpot sina Don at Denver, mga schoolmates nila nagpalakpakan habang binoo naman sila nung ibang manonood.

Sa isang iglap tila nahigop sila ng orange na langit at agad nawala yung dalawang binata. Mga guro natulala, madaming nang magsimulang magtaka pagkat may kakaiba silang nararamdaman na kapangyarihan. Sigaw ng

malaking ibon muli narinig mula sa langit at biglang lumitaw ang napakalaking Phoenix.

Napatingala ang lahat at hindi makapaniwala sa kanilang nakikita. Lumipad yung Phoenix paikot ng buong arena pero biglang dumilim yung mga ulam at nagsimulang umulan. Kumidlat ng sobrang lakas at tila hinahabol yung Phoenix kaya ang mga manonood lahat nagpalakpakan at nagsigawan.

Naglanding yung Phoenix at biglang nagkaroon naman ng ipo ipo sa lupa kaya napilitan ito umatras. Sa inatrasan nung malaking ibon may humampas naman na alon, yumanig pa ang lupa sabay biglang nagyelo ang buong lupa. May gumapang na apoy at hinabol yung Phoenix kaya napilitan ito lumipad papunta sa langit.

Dumiretso yung apoy sa maitim na ulap, biglang lumabas ang sobrang laking fire dragon at hinabol ang Phoenix sa ere. Grabe na yung hiyawanan ng lahat ng manonood, naghabulan talaga yung Dragon at Phoenix hanggang sa nag face to face sila sa ere sa gitna ng arena.

Nakatayo ang lahat ng guro at ramdam na nila na hindi magiging madaling laban ito. “Since when can Don and Denver do that?” tanong ni Hilda. “Ewan ko siguro ayaw nila umuwi na talo lahat. Siguro natauhan sila sa last minute to give all they got” sabi ni Redentor. “Are you sure di niyo sila tinulungan?” tanong ni Ricardo. “I feel something different” bulong ni Franco at nagtitigan sila ng kapwa elders at agad sila nawala.

Sa ilalim ng dagat may mga nilalang na lumalangoy. Sobrang lalim nila kaya hindi sila nadedetect ng magic sensors. Ang mga nilalang may air bubble sa ulo nila, lahat sila nakasuot ng itim at armado sila ng mga malalaking battle staffs. Nakaabang sila sa buong paligid ng isla at nag aantay nalang ng hudyat para umatake.

Sa duel arena titigan parin yung dragon at phoenix sa ere, dahan dahan sila nagpbaba at naglabasan na yung apat na taga duelo. Inaabot nina Raffy at Abbey mga kamay nila pero sina Don at Denver nagbow na agad at sinuway ang mga kamay nung magpartner.

Napilitan magbow sina Raffy at Abbey, habang naglalakad sila palayo ramdam ni Abbey ang panggagaliti ng kanyang partner. Final bow na sila, kabibigay palang ni Diosdado yung hudyat sumigaw ng sobrang lakas si Raffy, nagulat si Abbey nang hinarap ng partner niya ang kanyang dalawang kamay at may wind whips na naglabasan.

Sobrang bilis na bumalot yung mga dulo sa leeg nina Don at Denver. Hinila ni Raffy yung whips, hindi naka react sina Don at Denver sa bilis ng pangyayari. Habang papalapit sila kay Raffy, binitawan ng binata yung whips at sumugod siya sobrang bilis at sa bawat kamay may hawak siyang ice balls.

Binasag niya yung mga iced balls sa mukha nina Don at Denver, “Illumina” hiyaw ni Raffy at binulag niya yung dalawang kalaban nila. Gulat ang lahat sa kakaibang gigil ni Raffy, si Abbey kanina pa nabasa ang plano ng partner niya, paglampas ni Raffy nandon siya agad para sapulin ng dual flame balls ang tiyan nina Don at Denver.

Tumapis ang mga kalaban pero si Raffy nakaabang at hinuli ang likod ng leeg nung dalawa. Tumalon si Abbey sa ere para sa dalawang flaming drop kicks. Groggy agad sina Don at Denver, tutumba na sila paatras pero tinulungan sila ni Raffy pagkat ang binata bumira ng double elblows sa dibdib nila.

Bagsak sina Don at Denver, hindi pa tapos yung team dragon, tumakbo si Abbey at nag body walk siya sa katawan ni Raffy sabay lumipad sa ere. “Earth lock” bulong ni Raffy at may mga kamay mula sa lupa naglabasan at niyakap ang katawan ng dalawang kalaban.

Sumerko si Abbey sa ere, nagliyab ang kanyang dalawang paa, naglanding siya sa dibdib ng dalawang kalaban pero ang bilis niya umalis pagkat si Raffy nasa ere at sumerko din para ilanding din dalawang paa niya sa dibdib ng mga kalaban.

Tahimik ang manonood, lahat gulat sa sobrang bangis at walang awang atake nina Raffy at Abbey. Naawa na sila kina Don at Denver, ang mga guro nakatayo na at lahat nakatingin kina Ricardo at Hilda. “Alam ko masama ang past ng phoenix pero hindi niyo naman kailangan gawin yan sa kanila” sabi ni Ernesto.

“If Raffy and Abbey are doing that there must be a reason” sabi ni Hilda. Duguan na sina Don at Denver, lumayo ang team dragon at pinagbigyan nila tsansa makatayo ang kanilang kalaban. Nagpunas ng mukha sina Don at Denver at nanlilisik na ang kanilang mga mata.

Tumira si Don ng fire ball habang si Denver ng wind ball. Sumugod lang si Raffy at sinalo ang mga tira, ang bilis niya masyado at parang kidlat. Napanood ng lahat na umikot siya ng sobrang bilis at pinagpalit ang mga bola sa kamay niya. Binaon niya yung wind ball sa dibdib ni Don at yung fireball sa dibdib ni Denver.

Tumira si Abbey ng dalawang fireballs papunta kay Raffy, umikot ang binata at sinalo yung mga fireballs sabay binaon ang mga yon sa dibdib ng kalaban kaya tuluyan na sila tumapis paatras. Nagsimulang mag boo ang mga Phoenix school students.

Tumayo sina Don at Denver, duguan na sobra mga mukha nila pero tumatawa lang sila habang pinupunasan yung dugo sa mukha nila. “Dragon Dance” sigaw ni Abbey at sumugod ang magpartner, umekis ekis sila pero tumawa lang sina Don at Denver at tumira ng power balls, sakto sa dadaanan nung magpartner pero nagulat sila pagkat yung mga natamaan nila ay mga fire clones lang.

“Dragon Charge” narinig nilang sigaw, too late na sila pagkat sumulpot sina Raffy at Abbey malapit na sa kanila, sabay sila nasapol ng matitinding power punches sa dibdib. Napayuko sila at sabay tumalon sa ere sina Raffy at Abbey para magbigay ng dual axe kicks sa batok ng kalaban.

Ang bilis nila tumakbo palayo, sumugod si Raffy pabalik at tumalon siya sa ere. Sumabit si Abbey sa likod niya, “Dragon flight!” sigaw nila pero napangiti lang sina Don at Denver, sabay sila napatingala, mga kamay nila hinarap nila at nagbuo sila ng nagsamang giant power ball.

“Punyeta ka Raphael!” sigaw ni Don pagkat may naglabasan na kamay mula sa lupa at muling niyakap yung mga kalaban. Sinalo ni Raffy yung giant orange fire ball na tinira nina Don at Denver, bumuga si Abbey ng sobrang lakas na apoy at sinapol ang dalawang kawawang kalaban.

Naglanding sila at hawak parin ni Raffy yung higanteng orange fire ball. Galit na ang mga tao sa kanila, masyado na silang brutal, lumapit si Raffy at hinati yung giant fire ball sa dalawa sabay hinulma niya sila sa dalawang flaming orange blades.

“Kung totoong Phoenix students kayo!!! Hindi kayo masasaktan dito sa phoenix flames niyo!” hiyaw ng binata at sinaksak ni Raffy yung mga blades sa dibdib ng dalawang kalaban. Nagsigawan sina Don at Denver, napatayo ang lahat pagkat hindi dapat ganon ang reaksyon nila.

Mga estudyante ng phoenix school nagtayuan narin, nangingisay talaga sina Don at Denver at humihiyaw sa tindi ng sakit. “Punyeta ka Raphael!” sigaw ni Don at umatras sina Raffy at Abbey, sumabog yung mga earth hands na yumayakap sa dalawang kalaban.

Tumayo sina Don at Denver at may kakaiba silang pagbabaga sa buong katawan. “Mga impostor!!!” hiyaw ni Raffy at nagulat si Abbey pagkat lumuhod ang partner niya at humawak sa lupa.

“Apocalypta” sigaw niya at bumuka ang lupa na kinatatayuan nina Don at Denver, nilamon ang half bodies nila at nagsigawan sila sa matinding sakit nang sakalin sila ng lupa. Sa ilalim ng lupa natutusok sila ng mga earth at ice spears kaya kakaibang Apocalypta ang nagawa ni Raffy. Lumuhod din si Abbey at pinalibutan ng apoy yung paligid nung mga kalaban, lumapit sila at tinignan sina Don at Denver.

Lahat ng guro nakatingin kay Hilda, “I promise I didn’t teach them that one. Pero look impostor daw sina Don at Denver” sabi ng matanda. “Kaya nga e, Phoenix users do not feel that kind of pain when experiencing a phoenix flame” sabi ni Rizal.

“Mga impostor sila!” sigaw ni Raffy kaya nag quick scan check si Eric. Napakamot siya pagkat sila naman talaga yung Don at Denver. “There is nothing we can do, hindi tayo pwede pumasok kasi they are still dueling” sabi ni Janina. “Finish the duel!” sigaw ni Hilda.

Tumawa si Don at Denver at sinusubukan nila pumiglas. Si Raffy nagpalabas ng hangin kaya napuno ng alikabok ang mga mukha ng kalaban. Pinasundan niya ng paglabas ng tubig mula sa lupa at binasa ang mukha nina Don at Denver. Pinagyelo ng binata yung mukha nung dalawa sabay lumapit siya at pilit inaalis yung face mask na ginawa niya.

“Sino ka?!” sigaw ni Raffy nang pilit inalis yung face mask sa mukha ni Don. “Animal ka Raphael! Hayop ka!” hiyaw ni Don at tumuklap yung balat. “Raffy! Totoong mukha nila yan!” sigaw ni Abbey. “Hindi siguro naka illusion tayo” sabi ng binata at muli niya sinubukan.

Natuklap talaga ang mga balat sa mukha nina Don at Denver kaya super sigawan sa sakit yung dalawa. “Ooops” sabi ni Raffy at dahan dahan sila umatras ni Abbey pagkat hindi peke ang mukha ng kalaban.

“Bullshit ka Raphael” sigaw ni Don at yumanig ang lupa kaya lalong umatras sina Raffy at Abbey. “Its done” sabi ni Denver at may panibagong barrier ang nabuo sa duel area na di namalayan ng mga guro at manonood.. Nakalabas ang mga kalaban at nagbabaga ng matinding orange ang mga katawan nila. Ilang saglit naghalo halo ang ilaw sa mga katawan nila at tila nagkakaroon ng reaksyon ang kanilang mga katawan.

“Papatayin kita Raphael!” hiyaw ni Don at sabay sila tumira ni Denver ng illegal spells. “Muerte instantánea!!!” hiyaw nila at nagtakbuhan sina Raffy at Abbey. Mga guro naalarma na pati yung lahat ng manonood pagkat alam nila instant death spell yon. “Run!” sigaw ni Hilda kaya takbo ng takbo sina Raffy at Abbey.

“Muerte instantánea!” sigaw ni Denver at napatid si Abbey, sigawan ang lahat ng tao, sina Pedro at Felipe napasugod pero bumangga sa sila duel barriers. Akala ng lahat matatamaan na si Abbey pero parang kidlat si Raffy na dumaan at binuhat ang partner niya palayo. Nakahinga ng maluwag ang lahat pero biglang nasapol likod ni Raffy.

“Derraman sangre” bigkas ni Don sabay tumawa. “Raffy!” sigaw ni Abbey. Nagwala sina Pedro at Felipe at pinagtitira yung barrier. “Take down the barrier!” sigaw ni Felipe. Nagpanic ang mga guro, “There is nothing we can do they are still dueling!” sigaw ni Hilda. “Raphael anak!” hiyaw ni Felipe.

Nangisay si Raffy, para siyang groggy na nakatayo, inaantay nalang nina Don at Denver maglabasan ang dugo sa katawan niya pagkat kitang kita nila nasapol siya. Si Abbey naiiyak na pero nakita niya ngumiti ang kanyang partner. “You absorbed it” bulong niya. “Hell yeah…you ready?” sagot ni Raphael gamit isipan niya.

Humarap si Raffy at tuloy ang kanyang acting, si Abbey lumuhod at kunwari humahagulgol. Lahat ng tao naiiyak na pagkat naglalabasan na ang dugo sa mga mata, ilong, tenga ni Raffy. Humalakhak sina Don at Denver, sabay nila inatras ang mga kamay nila, “Paalam Raphael” sigaw ni Don.

Nagulat ang lahat nang nagpalit kulay yung dugo at naging tubig. Tumawa si Raffy, “Deraman sangre my ass!” sigaw niya at nagtulunan sa tuwa ang lahat ng tao nang pinapatak niya yung tubig sa lupa at ang bilis nila sumugod papunta kina Don at Denver.

Yung dalawa hindi makagalaw pagkat may kakaibang hangin na tila humahawak sa kanila. Yung mga patak ng tubig sa lupa dumadami pagkat naglabasan ang ibang tubig mula sa lupa at pinalubutan nila yung mga kalaban. Nagyelo ang mga paa nina Don at Denver, mga super tulis na ice spears naglabasan sa lupa at tinuhog ang mga braso nina Don at Denver.

“Cursed Dragon Temple” bulong ni Raffy at napalibutan ng apoy yung dalawang kalaban na tila naka scare crow position sila. Sigaw ng sigaw sina Don at Denver pagkat nasasakal leeg nila ng di nila makitang bagay. Ang audience namangha pagkat kitang kita nila yung dragon aura ang sumasakal sa katawan ng dalawang kalaban.

Nagapoy ang buong katawan ni Abbey at naging malaking fire dragon siya. Umatras si Raffy at nilamon siya nung flame dragon kaya yung dragon nagkaroon bigla ng pakpak. Lumipad yung dragon nagtungo sa ere, dumilim ang buong paligid at lalong umapoy ang paligid nina Don at Denver.

Samantala sa hotel sumugod ang isang alagad. “Mamatay na sila!” sigaw niya at nagpanic sina Gustavo at Gaspar. “Punyeta! Tara na!” sigaw ni Gustavo at pinalitan agad ni Gaspar ang mga anyo nila.

Sa special entrance ng isla sumulpot ang grupo, mga gwardya agad humarang pero humarap yung matandang lalake mula sa institute. “Impostor yung Don at Denver sa duelo, nahanap ko sila sa malayo at hinahabol kami ng kalaban” sabi ng matanda sabay nag acting silang lahat na nanghihina.

Quick magic scan check at napatunayan ni Eric na yung bagong dating ang tunay na Don at Denver. “Oh my God” bigkas niya at dinala niya sila sa stage, nagulat ang mga guro nang makita sina Don at Denver, lahat ng tao nakita din sila kaya napatingin sila sa duel area kung saan nagsisigawan sina Don at Denver.

Nagpapalit ang anyo nila, sigawan parin sila dahil sa pagbabago ng kanilang mga katawan. Yung pasugod na dragon mula sa ere biglang napatigil ng atake. Lumapag sa lupa ang dragon at lumabas sina Raffy at Abbey.

Pinatay nila yung apoy sa paligid, napaluhod sa lupa ang dalawang kalaban. “Henry?” bigkas ni Abbey at nagulat sila nang makita din si Teddy. “Kinontrol nila kami” sabi ni Henry at napatingin sina Raffy at Abbey sa stage, nakita nila don yung tunay na Don at Denver.

“Teddy? Akala ko nakakulong yan?” tanong ni Franco. “Raphael and Abbey! Wait wag niyo sila lalapitan!” sigaw ni Prospero. Hindi na sila marinig nung magpartner pagkat makapal yung barrier. “Kalaban sila!!!” hiyaw ni Hilda.

Lumapit yung magpartner para tulungan ang kanilang schoolmates pero biglang tumayo si Teddy at sumigaw. “Today you both die!” hiyaw niya sabay tinira niya sina Raffy at Abbey ng sobrang lakas na orange na apoy.

Napatapis yung dalawa habang sina Henry at Teddy lumutang sa ere at nagliyab ng orange na apoy ang kanilang mga mata.

Chapter 47: Revenge

“Kill the barrier!!” sigaw ni Felipe. “Wala nang barrier! May tinayo silang bagong barrier” sabi ni Eric. “Nasa paligid sila…hinahabol kami…susugod sila” bulong ni Don at nahimatay ito kunwari. “Everyone! Scatter” sigaw ni Diosdado. “Pano sina Raffy at Abbey?” sigaw ni Pedro.

“Kaya nila yan, they have fought them before and beat them. We are needed outside” sabi ni Hilda. Sa buong paligid naglabasan na ang mga alagad mula sa tubig. Kalalabas palang nila naapoy na sila agad ni Franco. Mula sa kamay niya naglabasan ang dalawang ulo ng flaming dragons. Pinagkakagat ng mga dragon yung mga kalaban at pinagtotosta.

Sa isang dako may lumabas na malaking tigre at nagdive sa tubig para habulin yung iba. Mga alagad sinawsaw mga staff nila sa tubig at pinakulo ang dagat kaya naglabasan na ang mga sunog na kalaban. “Masyado sila madami!” sigaw ni Joerel na tinipon ang kanyang elite squad.

Sobrang dami ang mga alagad mula sa tubig, yung iba galing sa ere at yung iba naman basta nalang nagsulputan sa paligid. Dumating na ang mga guro at nakipaglaban sa mga rebeldeng sumusugod.

Sa duel island naghasik ng bagong kapangyarihan sina Teodoro at Henry. Power trip sila at pinagtitira ng mabilis sina Raffy at Abbey. Walang magawa ang team dragon kundi tumakbo at umiwas sa mga atake. Gustong sumugod ni Samantha at yung ibang team dragon members pero may ginawang barrier yung mga propesor para protektahan ang lahat ng manonood.

Sa stage naiwan sina Don at Denver, “Punyeta maingat sila, pano natin makukuha yung iba pag may barrier din sila?” bulong ni Don. “Kung subukan natin sirain yung barrier mabubuking tayo…let it be…let Henry at Teddy finish the two…we take them and leave” bulong ni Denver. “No, nandito na nga

tayo…chance na natin to…yung matanda utusan mo sundan niya yung Eric na yon siya yung naglabas ng barriers" bulong ni Don.

"Ilama paja rojo!!" sigaw nina Teodoro at Henry. Halos wala nang matakbuhan sina Raffy at Abbey pagkat kakaibang mahika ang ginamit nung dalawang kalaban. "Teddy! Henry! Kung kinokontrol kayo labanan niyo!" sigaw ni Raffy. "Tarantado ka! Sinong kinokontrol? Hindi kami kinokontrol!" sigaw ni Teodoro.

Kinalat nila yung orange na apoy sa lupa at sila ang humabol kina Raffy at Abbey. Alam ng magpartner na kargado yung apoy na humahabol sa kanila ng Ilama paja rojo, nagsalubong yung mga apoy at naipit na sina Raffy at Abbey. Nakatalon sila pero hinuli parin sila nung apoy kaya nagsigawan na ang lahat ng manonood.

Bumulusok palabas ng apoy sina Raffy at Abbey, mga katawan nila balot ng total magic defense pero sa ere nakaabang sina Teodoro at Henry. Nahuli sa leeg si Raffy habang si Abbey sinipa ni Henry palayo. "Alam namin lahat ng moves niyo gago! Congelar" sigaw ni Teodoro at nanigas ang buong katawan ni Raffy, kinasa niya braso niya at sasapulin na sana ng suntok sa dibdib si Raffy na kargado ng ilama paja rojo spell.

Hinabol naman ni Henry si Abbey at sinakal din sa leeg, sinapak ang dalaga sa mukha pero si Abbey naka depensa. Humiyaw si Henry at sumubok ulit. "Dragon balls asshole!" sigaw ng dalaga at napatalon sa tuwa ang lahat nang sumipa si Abbey ng sobrang lutong sa bayag ng kalaban.

Si Teodoro lalanding na yung kamao niya sa dibdib ni Raffy pero may humarang na fire ball na lumitaw bigla sa dibdib ng binata. "Shit pano mo nagawa to?" sigaw niya, di niya alam si Abbey umatake ng fireball at nilusot sa katawan ng kanyang partner.

Kumasa ulit si Teodoro pero nasapol siya ng fireball sa mukha. “Congelar!” sigaw ni Henry at biglang nanigas si Abbey at bumagsak sa lupa. “Ilama paja rojo” sigaw ni Teodoro at pumikit na ang lahat pagkat tumama ang suntok niya sa dibdib ni Raffy. Sumigaw si Teodoro at kita ng lahat na hindi pala tumama yung kamao niya at parang may nagpipigil sa kamay niya upang dumikit ng tuluyan sa katawan ni Raffy.

Nagsisigaw si Teodoro pagkat may bumabalot sa kanyang braso, di niya nakikita buntot ng dragon yon. Si Henry double fist hammer punch na kargado ng ilama paja rojo sa dibdib ni Abbey sana ititira pero pati siya may nagpigil. “What is happening?!” sigaw ni Henry at bigla nalang sila napatapon sa malayo. Bumagsak sa lupa si Raffy habang yung mga kalaban hindi parin alam kung ano yung mga nagpigil sa kanila.

Nakagalaw na si Raffy at gumapang siya palapit sa partner niya. Sabay umatake sina Teodoro at Henry pero pumatong si Raffy sa partner niya para harangin ang tira. Bago pa tumama yung orange na apoy sa likod ng binata may humarang na kakaibang barrier kaya nagsaya ang lahat. Nakita na nila yung aura nung dragon na tinatakpan sina Raffy at Abbey gamit ang kanyang mga pakpak.

Walang tigil sumubok sina Teodoro at Henry, hindi talaga umaabot tira nila kaya nanggalaiti sila sa galit nang makita yung magpartner tumayo na at nanlilisik ang mga mata. Sumugod sina Raffy at Abbey, ginamit nila ang kanilang dragon dance pero tumawa lang sina Henry at Teodoro.

Paekis ekis sina Raffy at Abbey pero nagulat sila nang sumulpot sa likuran nila yung mga kalaban, humawak sila sa mga ulo nila at sabay sila sinubsob sa lupa. Tumalon ng mabilis yung mag partner para sa dragon flight formation pero naunahan nanaman sila ni Teodoro at tinira sila ng normal na orange flames para paghiwalayain at ibagsak sa lupa.

Napatahimik nanaman ang lahat nang nangasar sina Teodoro at Henry at gumawa din ng kanilang bersyon ng dragon dance. Habang groggy sina Raffy at Abbey paekis ekis yung kalaban at pagsalubong nila sa gitna pinag gugulpi nila sa sabayang atake yung team dragon.

"Congelar" sigaw ni Teodoro at pinatigas niya muli sina Raffy at Abbey. Nag enjoy yung dalawa sumuntok, sumipa, sumiko gamit ang magically charged physical attacks. Kawawa ang team dragon lalo na si Abbey pagkat panay solid ang tira nung kalaban.

Namuo na ang luha sa mga mata ni Raffy, putok na ang labi niya at hilong hilo na. "Congelar!" sigaw ni Henry at nagtawanan sila ni Teodoro na tumakbo palayo. "Pheonix flight!" sigaw ni Teodoro at nauna tumalon sa ere si Henry at siya yung sumabit sa likod.

"Burn!" banat ni Henry at nagtawanan pa sila nang paliyabin ni Teodoro ang mga katawan nina Raffy at Abbey. Di nasunog ang magpartner pagkat may wind barrier na napalabas ang umiiyak nang si Raffy. "Aba kaya pa nila o" sabi ni Henry. "Oh oh look Raffy is crying" landi ni Teodoro.

"Pheonix charge!" sigaw ni Henry at sabay sila sumugod at binira ng super lakas na mga suntok ang team dragon sa mga dibdib. Tumapis sina Raffy at Abbey pero naunahan sila nina Teodoro at Henry sa lalandingan nila. Sinalubong nila ng head kicks ang batok nung dalawa.

Sobrang lutong ng tama kaya napailing ang lahat ng manonood. Halos naiiyak na si Samantha, pati yung ibang members ng team dragon sinusubukan na gibain yung barrier. "Shit" sigaw ni Vera at lumapit narin sina ni Wendy at sinubukan narin tibagin yung barrier na nagkukulong sa kanila.

Sa stage napangiti sina Don at Denver, "Tignan mo nga naman when it rains it pours…sila sila din lang sisira sa barrier. Go on kids…break it…sige lang"

bulong ni Don at nagbungisngisan sila pagkat nakikita nila nabibiyak na konti yung mga barrier pagkat ang dami nang mga estudyante ang tumutulong.

"Congelar!" sigaw ni Henry at pinatigas muli sina Raffy at Abbey. Ang magpartner nanghihina na at duguan sobra. Paulit ulit sila tinira ng Pheonix flight flames, nakatikim din sila ng kakaiba at mas mabangis na bersyon ng first strike mula kina Teodoro at Henry. Nakaluhod si Raffy at nagdikit sila ni Abbey. Magdidikit na sana ang mga kamao nila pero sabay sila tinapakan nina Teodoro at Henry.

Naghulma si Teodoro ng ice ball sa kamay niya, "You know illumina?" tanong ni Henry. "Maybe" landi ni Teodoro at sinabunutan niya si Raffy at pinagtatama yung ice ball sa mukha ng binata. Sabog sabog na mukha ni Raffy, gumawa si Henry pero nung sinabunutan niya si Abbey ay napatigil siya. Napalunok at hindi tinuloy ang pagtama ng ice ball sa mukha ng dalaga.

"If you hit her…I will kill you" bulong ni Raffy. Napalunok ulit si Henry, "Sige tirahin mo, ganito o!" sigaw ni Teodoro at talagang hinataw niya ng ice ball sa mukha ni Abbey. "I will kill you!" sigaw ni Raffy at tumawa si Teodoro at sinipa ng sobrang lakas sa mukha si Raffy.

Si Henry tinuloy na ang pagsuntok sa mukha ni Abbey gamit yung ice ball. Puno na ng dugo yung ice ball pero tuloy parin niya tinitira sa mukha si Abbey. Napalingon sa paligid si Teodoro pagkat may kakaibang hangin na siyang nararamdaman.

Pumikit si Raffy at niyakap ang kanyang partner. "Hang on" bulong niya at pumatong siya kay Abbey para protektahan ito. Siya tuloy ang nagugulpi nina Teodoro at Henry. "Ilama paja rojo!" sigaw ni Teodoro at nabaon niya yung tira sa likod ni Raffy.

Nanghina ang lahat ng estudyanteng nanonood nang marinig nila ang sobrang lakas na sigaw sa sakit ni Raffy. “Derraman sangre!” sigaw ni Henry at sinapol din sa likod si Raffy. Ang binata napatingala at nakita ng lahat naglabasan ng totoong dugo ang ilong at mga mata ng binata.

Napaluhod na sa lupa si Samantha at tila nanghina ng todo. Natigil yung pagsubok nila sa pagsira sa barriers. “Shit…sana tagumpay yung matanda” bulong ni Don. Umatras sina Teodoro at Henry pagkat buhay parin si Raffy. Duguan na mukha niya pero gumagapang parin ito sa lupa at inaayos ang pagpatong niya sa kanyang partner para protektahan ito.

“Papatayin ko kayo” bulong niya. Tumawa sina Teodoro at Henry, lalo sila umatras at muli nila tinira si Raffy ng long range ilama paja rojo at deramman sangre. Grabe na yung iyak sa sakit ni Raffy, hindi makapaniwala yung dalawa pagkat buhay pa talaga siya.

“Pheonix temple!” sigaw ni Teodoro at nagliyab ng orange na apoy ang paligid nina Raffy at Abbey. Tawanan ulit yung dalawa at nagtitigan, nag apoy ang mga katawan nila at nahulma ang isang malaking phoenix. Lumipad ito papunta sa ere, yung apoy na pumapalibot kina Raffy at Abbey tumitindi at lumalaki.

Yung malaking Phoenix sa ere nag iipon ng lakas sa bibig niya. “Ilama paja rojo, deramman sangre, Muerte instantánea, fuga de talentos” paulit ulit binibigkas nina Teodoro at Henry, iniipon nila yung sobrang daming spells sa sobrang laking ornage na fire ball na nahuhulma sa bibig ng phoenix.

Samantala sa isang gilid ng arena nahanap ng matanda si Eric. “Doon kayo wag kayo dito, baka biglang lumusob ang kalaban” sabi ng propesor. Naglabas ng power blade yung matanda at pilit inaagaw yung gadget ni Eric na kumokontrol sa mga magic barriers.

Umatras yung guro at biglang pumorma. “Shit, impostor ka din…shit demet! Pati yung Don at Denver siguro!” sigaw niya pero umatake yung matanda, winasiwas nito ang kanyang light blade pero si Eric maliksi at ang bilis kumilos. “Di porke nerd di na marunong lumaban” bulong niya at atake ng atake yung matanda pero si Eric cool na cool na nakakalihis.

Tumalon si Eric sa ere at nilabas ang kanyang cellphone. Naiwasan niya yung matinding laslas, dalawang light blade na nilabas ng matanda pero paglanding ni Eric hinarap niya cellphone niyang kakaiba sa matanda. “Illumina asshole” bigkas niya at nabulag yung matanda sa pagsabog ng liwanag mula sa screen ng phone ni Eric.

Nabitawan nung matanda yung blades niya, tinago ni Eric phone niya at sa isang iglap may suot na siyang black robe at black mask. Inayos niya mga electric plated bracelets at naglabas siya ng mga apoy sa kamay niya na tulad ng apoy ni Abbey. Inatake niya yung matanda ng matinding physical attacks.

“I may be weak and a nerd but I can duplicate powers of many” sigaw ng guro at panay laslas natanggap nung matanda sa dibidb. Tumalon siya sa ere at humawak sa bumbunan ng matanda. Nagyelo agad yung ulo ng kalaban. Naglanding si Eric at naglabas siya ng wind blade sabay winasiwas ito at pinutol ang ulo ng kalaban.

Nakarating si Erwin at Romina, gulat sila sa itsura ni Eric. “Tara sa stage! Impostor din yung Don at Denver doon” sabi niya kaya nagdikit sina Erwin at Romina at sa isang iglap nakasuot narin sila ng black robes at masks. Sabay nagtungo yung tatlo sa stage, si Eric nagpalipad ng isang magic electronic fly sa ere. Dumami yung mga lamok at kumalat sila papunta sa ibat ibang dulo ng isla para sabihan ang mga ibang propesor at mga elders.

Samantala sa duel area tinira na nung phoenix yung higanteng bolang apoy. Sinapol sina Raffy at Abbey kaya tuluyan nang nanghina ang lahat habang sina Teodoro at Henry ang lakas ng kanilang mga tawa.

Tumayo sina Don at Denver, “I cant believe they did it” sabi ni Don at nagtawanan sila pero singbilis ng kidlat sila napatapis sa malayo sa sabayang bull charge nina Erwin at Romina. Ang bangis ni Eric, napalingon siya sa arena at kahit naluluha na siya binuhos niya galit niya sa pag atake ng illumina blade at dragon flame blades kina Don at Denver.

Tumalikod yung kalaban, pagharap nila nahuli sila nina Erwin at Romina. “Illumina!” hiyaw ni Romina sa umiiyak na boses. Nabulag niya si Denver habang si Erwin may kakaibang liyab ang kanyang kamay sa mukha ni Don.

Nangisay si Don at parang napatigil yung pagdaloy ng dugo sa buong katawan niya. Napahawak siya sa kanyang puso, para siyang inaatake pero si Erwin sumigaw at gigil na gigil na bumaon ang kanyang mga daliri sa ulo ni Don. “Blood scatter” sigaw niya at naglabasan ang dugo sa mga mata, ilong, tenga, at kuko ni Don.

Sumigaw si Denver at napatalsik yung tatlong guro at nakulong sa loob ng isang orange ice sphere. Sinuntok ni Denver yung sphere at pinatapis sa ere sobrang layo. Tumayo si Don at hinaplos ang duguan niyang mukha. Unti unti naalis ang kanilang pekeng anyo, lahat ng estudyante nanggagaliti sa galit at gusto sila sugurin.

Nagpalabas ng bagong barrier si Don sa stage kaya hindi makasugod ang mga kararating na guro. “Gustavo!” sigaw ni Victor at tumawa si Gustavo at tinuro ang duel area kung saan nakatayo na sina Teodoro at Henry at pinapanood masunog ng tuluyan ang katawan nina Raffy at Abbey.

“I am sorry you are too late” sabi ni Gustavo. Mga guro napatingin sa duel area, hindi na nila makita sina Raffy at Abbey. Nanghina sila lahat pero sina Pedro at Felipe biglang nagwala at pinagtitira yung barrier sa stage. Lumakas lang ang tawa ni Gustavo at pinapapalakpakan ang kanyang dalawang alagad na tumapos kina Raffy at Abbey.

Humarap naman yung dalawang binata sa stage at nag bow sila. Pagtayo nila may kakaiba silang naramdaman sa paligid. Sabay sila napalingon at napaluhod sila pagkat yumanig ang lupa.

Pinatay nila yung apoy at nakita nila wala na yung mga katawan nina Raffy at Abbey. Kinilabutan na yung dalawa, naghanda sila at nagback to back pagkat naririnig nila yung mga bulong nina Raffy at Abbey sa paligid.

Tila nabuhayan ang lahat ng estudyante at mga guro, naririnig din nila mga boses ni Raffy at Abbey na nagbubulungan. Biglang tumahimik ang buong paligid. Total silence at kalmado ang lahat kaya sina Teodoro at Henry lalo nagmasid.

Nagsimula nanaman yung mga bulong, naging paranoid yung dalawa at tira sila ng tira sa paligid. Palakas ng palakas yung bulong at dahan dahan lumilinaw. Narinig na ng lahat yung mensahe, naging excited sila at nagsimulang masigawan. Sina Teodoro at Henry kinalabutan na talaga pagkat dinig na dinig nila sa tenga nila yung malakas na bulong.

“We will kill you” dinig nila ng malinaw ang boses nina Raffy at Abbey. Todo dikit sina Henry at Teddy, si Gustavo sa stage kinikilabutan pagkat may kakaiba ulit siyang nararamdaman. Isang aura na naranasan na niya noong panahon nung natikman niya yung kanyang matinding laslas sa dibdib.

“Ano pang ginagawa niyo diyan?! Mga estupido hanapin niyo sila!” sigaw niya. Ang mga guro lahat sinusubukan tibagin yung barrier ngunit si Gaspar nakangiti at pinapatibay lang ang barrier na bumabalot sa kanila ni Gustavo. “Nagpapagod lang kayo” sabi ni Victor kaya tumigil ang mga guro, lahat napatingin sa duel area pagkat sina Teddy at Henry tira ng tira kung saan saan at nagbabakasali na matamaan nila yung nagtatagong Abbey at Raffy.

Ang magpartner nakatago sa ilalim ng lupa. Bago tumama yung malakas na tira nung Phoenix nakagawa ng butas si Raffy para makapasok sila ni Abbey sabay tinabunan muli yung lupa para di mahalata na pumasok sila. Nakagawa siya ng kweba sa ilalim ng lupa, hinang hina yung dalawa pero magkayakap silang nagpapalakas gamit ang kanilang dragon power. “We will kill them” bulong ni Raffy at yumakap lang si Abbey sa kanya sa madilim na pinagtataguan nila.

Napahaplos si Gustavo sa kanyang dibdib, napansin ni Gaspar ang matinding kaba sa kanyang pinuno. “Ano problema?” tanong niya. “Wala…pero lalo ko silang gusto…mga inutil hindi ko kayo pinalakas para maging lampa! Bullshit kayong dalawa! Hanapin niyo sila!” sigaw ni Gustavo.

“Pano namin hahanapin e di namin sila makita o maramdaman?!” sumbat ni Teddy. “Tanga! Hanapin niyo sila! Use the Phoenix scream! Force them out!” sigaw ni Gustavo. Tumayo ng tuwid si Teddy habang si Henry nagtakip ng tenga.

Sumigaw ng malakas si Teddy sa kakaibang huni ng ibon. Lahat ng tao sa area nagtakip ng tenga pagkat nakakabingi talaga yung sobrang high pitch na huni na pinapalabas ni Teddy. “Wala sila!” sigaw niya.

Sa ilalim ng lupa nagpigil ng sigaw sina Raffy at Abbey, naapektuhan sila ng sobrang tinding huni na pinalabas ni Teddy. Parang sasabog ang mga ulo nila, gusto na nila sumigaw pero kung gagawin nila yon mabubuking ang kanilang pinagtataguan. Hindi pa sila fully recovered, di na nila nakakyanan yung huni at gusto na nila lumabas para patigilin si Teddy.

“Bullshit! Keep trying! That Pheonix scream is deadly to any dragon, it forces them to go wild. Henry bobo ka wag kang lang tatayo diyan!” sigaw ni Gustavo. Nagtakip ng tenga ang lahat ng guro pero si Victor nakangiti. Pinitik niya kamay niya at lahat ng estudyante at mga kaalyado niya tila nagkaroon ng depensa sa tenga laban sa malakas na huni na pinapalabas ni Teddy.

“Pano mo ginawa yon?” bulong ni Franco. “Shhhh…” bulong ni Franco at nagtago siya sa likuran ng iba, lumuhod siya at humawak sa lupa. “Sana umabot ito sa kanila” bulong niya.

Nangingisay na si Abbey pero niyakap siya ng mahigpit ni Raffy. Ang tenga ng binata nagdudugo na pero biglang kumalma yung dalawa. Umabot yung spell ni Victor at wala nang epekto yung huni ng phoenix sa kanila.

Tumayo si Victor at sumandal siya konti kay Franco. “Anong nangyari sa iyo?” tanong ni Hilda at biglang dinugo ang ilong ni Victor. “I am fine…ang lalim nila…pero naabot ko sila” bulong niya. “Are they okay?” tanong ni Pedro at napangiti si Victor.

“I don’t know…but they are mad” bulong ng matanda.

Chapter 48: Tears for the Fallen

Napagod si Teodoro kaya tumigil siya, dinadabog ni Gustavo yung barrier pagkat galit na galit siya at di napalabas ng alagad niya sina Raffy at Abbey. Naging tahimik ang buong paligid, nakarating narin ang mga alagad mula sa kalibutan ng isla. “Ubos na sila” sabi ni Joerel kaya napayuko si Gustavo at huminga ng malalim.

“Umalis na tayo dito” bulong ni Gaspar. “Bakit nagkaganito?” tanong ni Gustavo at muli niyang dinabog yung barrier at sumigaw ng sobrang lakas. “One more time Teodoro!” sigaw niya kaya yung binata huminga ng malalim, si Henry nagtakip ng tenga pero nung sisigaw na si Teodoro biglang yumanig ang lupa na kinakatayuan nila.

Na out balance yung dalawang binata, nanlisik ang mga mata ni Gustavo pagkat ramdam niya na yung aura nina Raffy at Abbey. “Bullshit kayo defend! Barrier they are coming!” hiyaw niya sa galit. Lumuhod si Henry para maglabas ng barrier, si Teodoro naman naghulma ng orange fire balls sa mga kamay niya.

Sobrang bilis nung pangyayari, lumabas sa lupa si Abbey at nabira ng uppercut si Henry sa panga. Tumba ang binata kaya si Teodoro hinarap yung mga kamay niya kay Abbey pero biglang lumabas sa lupa si Raffy sa likuran niya at humawak sa kanyang mga braso.

Pinatayo ni Abbey si Henry at pinaharap kay Teodoro. Si Raffy tinulak mga braso ni Teodoro at sa dibdib ni Henry bumaon yung dalawang orange flames. Nagsisigaw si Henry sa tindi ng sakit, nabuhayan ang lahat ng estudyante at mga guro habang sina Gustavo at Gaspar naghahanap na ng paraan para tumakas.

Nakatakas si Teodoro at nakalayo, binira ni Abbey si Henry ng matitinding flaming fist hammers sa mukha habang si Raffy humarap kay Teodoro. “Teddy walanghiya ka!” sigaw ng binata.

“Walang magagawa yang pagsisigaw mo” sagot ni Teodoro. “Papatayin kita!” sigaw ni Raffy at tinawanan lang siya. “Yeah right, kahit kayong dalawa kaya ko. I don’t need a partner” sabi ni Teodoro. Umatras si Raffy at dahan dahan lumuhod at pinatong kamay niya sa dibdib ni Henry.

“Deramman sangre” bigkas ng binata at nangisay si Henry at naglabasan ang dugo sa lahat ng butas sa katawan niya. “Congelar” sinunod ni Raffy at nanigas ang buong katawan ni Henry. Kinilabutan si Teodoro pagkat kitang kita niya seryoso si Raffy.

Tumayo na si Raffy at nagtabi sila ni Abbey. “Kahit magvolt in pa kayo, it will not change anything. And Raffy, just so you know I am the one who will kill you both” banta ni Teodoro at nagliyab ng orange ang buong katawan niya, nagpalabas siya ng dalawang wands sa tig isang kamay.

Sumigaw siya ng sobrang lakas, “Pheonix Absorb” bigkas niya at nangisay bigla ang lahat ng estudyante mula sa Phoenix school. Nagulat si Gustavo pero bigla siyang napangiti. “Very good boy…” bulong niya at napanood ng lahat yung orange na auras lumalabas sa katawan ng mga estudyante at gumagapang papasok sa barrier.

Pumapasok yung mga aura sa katawan ni Teodoro, ang mga sugat niya nahihilim at ramdam nina Abbey at Raffy na lumalakas ang kanilang kalaban. Sinubukan nung magpartner sumugod pero tumira si Teodoro. “Pheonix flare!” sigaw niya at sobrang lakas na orange na liwanag ang nagbulag kina Raffy at Abbey, napatigil tuloy yung dalawa, may nilabas na harang si Teodoro para lalo hindi makalapit yung magpartner.

Umatras si Teodoro at tuloy ang pagpasok ng magic auras sa kanyang katawan. “Can you feel me now?” tanong niya sabay tumawa ng malakas. Yung mga guro napilitan alisin yung barrier sa phoenix school students area, isa isa nila nilayo ang mga estudyante at tinago sa kakaibang barrier para hindi na nabuos ni Teodoro ang kanilang mga magic powers.

“You see Gaspar, there is the opening we were waiting for” bulong ni Gustavo. Napatigil yung pagpapalakas ni Teodoro, binababa niya yung mga harang at mabilis na pinagtitira sina Raffy at Abbey. Ang bibilis ng paglabas niya ng killer spells, nagpower trip si Teodoro at nagkaroon ng long range battle.

“Phoenix flare!” sigaw niya at muling nabulag sina Abbey at Raffy. “Gusto mo ba yang illumina ko? Tikman mo din kapangyarihan mong bulok!” sigaw ni Tedoro. Habang bulag sina Raffy at Abbey umatake siya ng physical attacks. Galit na galit si Teodoro pagkat kahit walang makita si Raphael ay nagproprotektahan pa niya si Abbey.

Bumira siya ng killer spells, sina Raffy at Abbey nakakailag kahit walang makita. Hindi na makalapit si Teodoro pagkat tuwing lalapit siya may hangin na nagtutulak sa kanya palayo. Iba ang epekto ng flare niya sa illumina ni Raffy, hindi naparalisa ang magpartner, nabulag lang sila pero kaya parin nila lumaban. Dragon nila ang kanilang mga mata, “Left” bulong ni Raffy at nagpaikot sila sabay bumira si Abbey ng flame ball at nasapol si Teodoro sa tagiliran.

“Bullshit ka! How are you doing this?” sigaw ni Teodoro, maski sina Gustavo at Gaspar nagtataka pagkat nakapikit lang yung magpartner, back to back sila pero hindi makatama ni isa si Teodoro. Isang daplis na suntok sa mukha ni Raffy, yumuko si Abbey at nagtwist konti at siniko si Teodoro sa kidney. Napanganga ang binata, umikot si Raffy at nagleg sweep, pagtumba ni Teodoro basta nalang tumalon si Abbey, “Left” bulong ni Raffy at tumira si Abbey sa kaliwa at sakto ang landing ng axe kick niya sa ulo ni Teodoro.

Mula sa wands ni Teodoro naglabas siya ng orange flaming blades. Sabay niya winasiwas, ala matrix ulit yung mag partner na umiwas, napatalon sa galit si Gustavo, si Teodoro muling nagwasiwas pero fake move at sabay niya tinaga yung blades niya. Sabay na side step yung magpartner, tumama yung blades sa lupa at ang bilis bumalik nina Raffy at Abbey at sabay sumuntok at sumapol mga kamao nila sa mukha ni Teodoro para sa sobrang lakas na magically charged dragon punch.

Ang lutong ng pagtama, nayanig ang utak ni Teodoro at two steps back siya, super groggy pero isang leg sweep ni Raffy, papatumba na talaga siya pero tinulungan pa siya ni Abbey sa pagbigay nanaman ng isang malutong na axe kick sa mukha. “Tangina” bulong ni Teodoro kaya umatras na yung mag partner pagkat bumabalik na ang paningin nila.

Tumayo si Teodoro, inis na inis na hinarap isang wand niya, “Phoenix flare” sigaw niya at paglabas ng liwanag sa kanyang wand kumontra si Raffy, “Refract” bulong niya at ang daming ice particles na lumabas sa kanyang kamay at sinalubong yung flare ni Teodoro. Imbes na sumabog yung liwanag lahat ng flare tumira pataas sa langit. Sa inis sumugod si Teodoro at gigil na gigil sa galit.

Mabilis na nakakaiwas sina Raffy at Abbey sa tira niya, bawat lihis nila bumabawi sila pero si Teodoro nakarelax na sinusuway yung mga tira nung dalawa gamit ang kanyang wands. Nagtabi sina Raffy at Abbey, “Oh I know what youre going to do…the dragon dance…how pathetic” sabi ni Teodoro.

Nagdikit sina Raffy at Abbey, dinikit nila ang kanilang mga kamao at naglabasan na ang kanilang mga tattoo. Nagulat yung mga guro pagkat hindi lang sa kamay lumabas yung tattoo ngunit nagkaroon yung dalawa ng tattoo sa buong katawan, nagbaga ang mga tattoo nung dalawa na tila mga ugat at dinadaluyan ng kakaibang enerhiya.

“Cursed dragon dance!” sigaw ni Abbey tumawa lang si Teodoro. “Pinalitan niyo lang yung pangalan” sigaw niya kaya paghiwalay nung magpartner ang bilis ni Teodo nagtitira sa buong paligid. “Alam na alam ko na yang galaw….shit!” sigaw niya pagkat biglang nawala yung magpartner.

Nagpanic si Teodoro at lalong tumira ng tumira, pasulpot sulpot sina Raffy at Abbey, kinakabahan na ang kalaban pagkat palapit ng palapit na yung dalawa. Lalo siya nagwala, bumilis yung magpartner, susulpot sila basta basta, sumigaw si Teodoro pero sakto sumulpot si Raffy sa harapan niya sinapol siya ng power punch sa bibig.

Talunan sa tuwa ang mga manonood, umatras si Teodoro pero si Abbey sumulpot sa likuran niya para bigyan siya ng twisting double kick batok. Nawala ulit yung mag partner, nagpasabog ng sobrang lakas na orange fire ball si Teodoro sa buong paligid at nahigip pa niya si Henry.

“As if you could escape that” sabi niya pero sumulpot sina Raffy at Abbey, pareho sila nakalutang sa ere at sabay sila nagbigay ng drop kick sa mukha ni Teodoro. “Cursed Dragon strike!” sigaw ni Raffy at parang ipo ipo yung magpartner na nagpaikot ikot sa ere, walang tigil na twisting kicks natanggap ni Teodoro.

Sipa mula sa harap galing kay Raffy, tutumba siya paatras pero si Abbey nasa likuran niya para sumipa. Groggy siya pero di alam ng lahat saan siya tutumba pagkat tuwing tutumba siya sa isang direksyon susumlpot si Raffy o Abbey para sipain siya ulit.

Humiyaw si Teodoro sa galit pero napamura siya pagkat nag leg sweep si Raffy, pagtumba niya nag somersault si Abbey sa ere para double feet landing ng matindi sa dibdib ng binata. Pag alis ng dalaga pinasundan ni Raffy ng super solidong suntok sa mukha ang kalaban at basag agad ang ilong nito.

“Bullshit kayong dalawa!” sigaw ni Teodoro na biglang tumayo pero sina Raffy at Abbey tinuloy ang napakabangis na cursed dragon strike nila. Suntok sa mukha galing kay Abbey, suntok sa tiyan galing kay Raffy, parang nagsasayaw yung magpartner, in sync sila, bawat ikot nalilito si Teodoro, siko sa batok, upper cut sa panga, suntok sa tiyan sabay siko sa likod.

Hindi nagkakabanggan sina Raffy at Abbey, si Joerel tuwang tuwa kasama ng kanyang mga alagad, tila namaster nung dalawa yung in sync attacking, kargado pa ang mga kamao at paa nila at ang ganda talaga panoorin yung pagpapaikot nila sa katawan ni Teodoro at hindi talaga nila ito binibigyan tsansa matumba sa lupa.

“Abbey get down dali” sabi ni Raffy sa kanyang isipan, sabay dumapa yung magpartner, si Henry kasi nakabangon at nagbitaw ng matinding surprise attack. Yung higanteng orange fireball sumapol kay Teodoro, nagulat yung mga guro pagkat nakatayo pa si Henry, nakita nila tuloy yung isang magic aura trace mula sa stage at pumasok sa barrier para palakasin ulit ang binata.

Tumawa si Gustavo, “Sige patayin niyo sila” sigaw niya. Panghihina ni Teodoro nawala pagkat may isa pang magic aura trace mula kay Gustavo nagbabalik ng lakas niya. Sabay na nila inatake sina Raffy at Abbey pero yung magpartner hindi natinag, naghiwalay lang sila para hindi magsabay ang tira ng mga kalaban.

Ginamit nila yung kanilang cursed dragon dance para magtungo sa gubat. Hinabol sila nina Henry at Teddy, yung dalawa tigil sa pag aatake pero hindi talaga nila matamaan yung magpartner.

“Kahit pa magtago kayo!” sigaw ni Teodoro pero sumulpot bigla si Raffy at dinaanan lang siya. Napahaplos si Teodoro sa pisngi niya pagkat nagkaroon ito ng laslas. May apoy na dumaan sa harapan ni Henry, nalaslas din pisngi niya. Nangilabot yung mga kalaban nang nakakarinig na sila ng ungol ng dragon sa buong paligid.

Nagspread out sila, may mabilis na hangin na dumaan sa likuran ni Teodoro, ang bilis ng ikot niya sabay tumira ng power ball pero si Henry ang kanyang nasapol. “Shit ka bakit ako?” sigaw ni Henry na ininda yung sakit ng tama sa kanyang braso. May hangin na dumaan sa likuran niya, umikot din siya at bumira ng tira pero si Teodoro naman ang tinamaan.

“Gumaganti ka ba?” tanong ni Teodoro na pagalit at habang nagbabangayan yung dalawa sumulpot sina Raffy at Abbey at pinasiklab ang kanilang cursed dragon first strike. Mas mabangis na sila ngayon at kahit dalawa pa ang kalaban nila walang humpay ang kanilang mga atake para di mabigyan tsansa sina Henry at Teodoro makadepensa ng maayos at makaganti.

Natipon nila sa gitna sina Teodoro at Henry, sina Raffy at Abbey umiikot sa paligid at walang tigil sila tinitira ng suntok at mga sipa. Sabay gumanti sina Teodoro at Henry pero yung magpartner ang bilis na tumayo sa likuran nung dalawa at pinagharap sila sa isat isa. Nasapol ni Henry si Teodoro at ganon din nangyari kay Henry.

Tumalsik yung dalawang kalaban habang sina Raffy at Abbey biglang nawala at nagtago. Naghiwalay sina Teodoro at Henry, inulit nung magpartner yung kanilang silent attacks. Susulpot sila bigla para bumira ng isang suntok sabay magtatago. “Pheonix eyes” bulong ni Teodoro at napangiti si Gustavo sa stage.

“Very good boy…now you can see them even if how fast they are” bulong niya. Dumaan yung mabilis na hangin sa harapan ni Teodoro, umilag siya kaya nagulat si Raffy. Hinuli si Raffy at hinampas siya sa isang puno. Ang bilis ng galaw ni Teodoro at hinuli din bigla si Abbey bago niya atakehin si Henry.

Ang dalaga bumalibag din sa isang puno. Kumaripas ng takbo yung magpartner at muling nagtago. Tumawa si Teodoro sa kanyang bagong kapangyarihan, umatake ulit yung magpartner, umilag si Teodoro at nagbigay

ng malakas na suntok sa ere, sakto dumaan si Abbey at nasapol ang dalaga at tumapis.

Kita ni Teodoro na gaganti si Raffy kaya umikot siya at bumira ng power flames na nagtapis sa binata. Inatake ni Henry yung bagsak na katawan nina Raffy at Abbey pero mabilis yung magpartner na tumakas. Sumubok sila ulit pero wala na epekto yung pagtatago nila pagkat lagi na sila nahuhuli ni Teodoro.

Dumaan yung hangin, “Ilama paja rojo!” sigaw ni Teodoro at muntik na nasapol si Abbey, si Raffy nayakap ang partner niya at nalayo pero nakahanda si Henry kaya tinira yung dalawa ng power ball. Tumawa na yung dalawang kalaban, solido na ang kanilang depensa at atake.

Si Teodoro huhuli sa dalawa sabay si Henry ang aatake. Nahuli si Raffy, kumasa si Henry ng ilama paja rojo pero sumulpot si Abbey at inagaw naman si Raffy kaya muntikan nang natamaan si Teodoro. Nagtago ulit yung dalawa at pinagtawanan nanaman sila ng kalaban. “Wala na kayong ligtas, we can do this the whole day” sabi ni Tedoro.

Kinakabahan na yung manonood, umatake ulit yung magpartner, parang slow motion ang lahat, nahuli ulit ni Teodoro si Raphael pero yung binata ang bilis na hinagisan ng ice ball sa mukha ni Henry. “Illumina” bigkas niya kaya nagsisigaw si Henry pagkat nabulag siya.

“Shit!” sigaw ni Teodoro pagkat nasapol siya ni Abbey sa batok ng isang sipa. Napilitan siya bitawan si Raffy, pagharap niya kay Abbey para tumira natamaan ulit siya sa batok pero si Raffy naman ang sumipa sa kanya. Bagsak si Henry sa lupa at hawak parin ang kanyang mga mata. Lumingon si Teodoro sa paligid, mula sa magkabilang gilid umatake sina Abbey at Raffy pero isa lang ang nahuhuli at yung nakakatakas nakakalusot ng tira.

Galit na si Teodoro, nag focus siya at nung may dumaan sa harapan niyang nilalang tinira niya agad ito ng power ball. Tumawa siya pero nung lumitaw yung pigura isa itong flame clone. Napapakit siya pagkat ang bilis umatake galing sa likuran yung magpartner. Tinanggap lahat ni Teodoro yung mga atake pagkat aminado siya nautakan siya.

Humiyaw siya at sumabog ng orange na liwanag ang kanyang buong katawan. “Tama na itong paglalaro na ito!” sigaw niya at may naramdaman siyang gumalaw sa likuran, humarap siya agad at sumigaw ng sobrang lakas. “Muerte instantánea!!!”

Nanlaki ang mga mata ni Teodoro pagkat si Henry pala yung nasa likuran niya at nasapol. Parang tumigil yung kanyang puso nang makita si Henry naging groggy at parang inaatake sa puso. “Pare bakit ako?” bulong ni Henry at dahan dahan siya dumapa sa lupa.

Umatras si Teodoro at biglang nanginig, “Hoy gago! Focus, it does not matter he was weak, you are stronger!” sigaw ni Gustavo pero hindi parin matauhan si Teodoro. Sumulpot si Raffy sa harapan niya, “Do you think it was easy? Ang dali sabihin papatayin mo ako pero ang bigat din sa damdamin no pag nakapatay ka?” bigkas ni Raffy.

Titig na titig si Teodoro sa patay na kaibigan niya. Si Gustavo nagsisigaw sa stage, napalunok si Teodoro at tinignan si Raffy. “Next time pag magsasabi ka papatay ka you have to be willing to take the consequences…when I said I was going to kill you I meant every word of it and I will have no regrets doing it” bulong ni Raffy at nanlisik ang mga mata ni Teodoro.

“E ano ngayon kung pinatay ko si Henry?!” sigaw niya at tumayo sa harapan niya si Abbey at Raffy para buhatin ang patay na katawan ni Henry. Kahit na kalaban naluha parin yung dalawa, tuloy naawa ang mga natitirang manonood, pati mga guro napaluha sa pagpanaw ni Henry. “The more reason

killing you is justified" bulong ni Abbey at sabay sila nawala ni Raffy dala ang bangkay ni Henry.

"Ang dami niyong alam!! Lumabas kayo diyan at tapusin na natin ito!" sigaw ni Teodoro. Nagliyab ang kanyang buong katawan pero may malakas na hangin ang umihip sa buong paligid. Sobrang lakas para pasayawin ang lahat ng puno at umalon ang tubigan sa batis at tubig sa dagat.

"Ano nanamang pakulo to? Tama na pagtatago niyo! Humarap kayong dalawa dito. Ang dami niyong arte pag lumaban. Pareho kayong duwag!" sigaw ni Teodoro kaya umalikabok ang buong paligid, sa harapan ni Teodoro nabuo ang katawan nina Raffy at Abbey at pareho sila nagliliyab ng apoy.

Tinutok ni Teodoro ang dalawang wands niya sa magpartner pero nagulat siya nung nalulusaw ang kanyang mga wand sa tindi ng lakas ng hangin. Nalalaslas ang mga wands niya at unti unti nawawala. Nalalaslas narin ang kanyang damit at mukha, tinapon niya yung natitirang wand niya sa lupa at bumuga ng sobrang lakas na apoy.

"Tara!" sigaw niya pero natutulak siya ng hangin paatras, napatigil si Gustavo at napahaplos sa barrier. "Hindi pwede mabuhay yang dalawang yan" bulong niya. "Papasok tayo?" bulong ni Gaspar. "Dalian mo kailangan natin pumasok sa loob…kailangan natin patayin yang dalawang yan…" sabi ni Gustavo.

"Madami kayong alam!" sigaw ni Teodoro at ang bilis niya sumugod, side step lang yung mag partner at pinadaan siya. Umatras si Teodoro at naghagis ng mga power balls pero tumalon lang yung dalawa sa ere. Paglanding nila tumira ulit si Teodoro pero sinuway lang nung magpartner ang kanyang mga tira gamit ang kanilang defense magic.

Dahan dahan sila lumapit, atras ng atras si Teodoro at walang tigil siya nagpapalabas ng mga tira. Mabilis lumihis si Raffy pakanan, si Abbey sa kaliwana, inispread ni Teodoro mga kamay niya para sundan ng tira yung mga kalaban.

Bumunot ng puno si Raffy at hinampas si Teodoro sa likod, si Abbey naman sinabulong ng giant fireball si Teodoro kaya sapol sa mukha ang binata. Nagpasabog si Teodoro ng sobrang lakas na liwanag at apoy. Umaapaw na siya sa galit pero sumulpot si Raffy sa harapan niya at sinakal siya sa leeg.

Binangga siya ni Raffy sa puno, naglabasan nanaman yung mga ugat mula sa lupa at niyakap ang buong katawan ni Teodoro. Mabilis umatras si Raffy at lalong nasakal si Teodoro ng mga ugat at dinikit ng husto sa puno. Narinig ng lahat na nabali ang mga buto sa kanyang mga kamay.

Umiiyak na sa sakit si Teodoro, sunod na nabali ang mga buto niya sa tuhod, hindi na siya makafocus dahil sa tindi ng sakit sa ibat ibang parte ng kanyang katawan. Si Abbey sumulpot at naglakad lang paikot sa puno. Bawat dinadaanan niya nag aapoy kaya dahan dahan nabalot ng apoy yung puno na pinagdikitan ni Teodoro.

Nagtabi na yung magpartner, sabay pa sila napatingin sa kanilang mga guro. Tinitigan nila si Gustavo at kita nila nanggagaliti ito sag alit. “Cursed Dragon Temple” sabi ni Abbey at lumakas yung mga apoy na kumulong kay Teodoro. Dumilim ang langit at yung magpartner ang bilis na nabalot ng apoy at naging fire dragon.

Lumipad sila paikot sa puno at mula pula nagiging itim ang kanilang apoy. Nanlaki ang mga mata ni Gustavo, napaatras siya at napahawak sa kanyang puso. “Tandang tanda niya yung ginawa nung dalawa sa kanya last year, pinikit niya ang kanyang mga mata at hinila si Gaspar. “Sirain mo na!!! Sirain mo na dalian mo na!!! papatayin ko yang dalawang yan!” sigaw niya.

Lumayo yung dragon at lumutang sa ere at mga pakpak nito tumira ng kakaibang mga light wind slashes sa buong katawan ni Teodoro. Grabe na yung sigaw at iyak ng binata sa tindi ng sakit. Ilang saglit tumigil si Teodoro sa pagsisigaw.

Tinitigan nalang niya yung dragon, “If you don’t kill me I will just come back…” hamon niya. Lumipad sa ere yung dragon at hindi na ito makita pagkat pumasok ito sa madilim na ulap. Tumaas yung mga apoy sa paligid ng puno at hindi na makita ng lahat si Teodoro na nakadikit doon.

Dinig ng lahat yung galit na sigaw ng dragon, pababa na ito sobrang bilis at binugaan ng matinding apoy yung puno. Napapikit ang lahat sa lakas nung apoy, si Gustavo at Gaspar tumalikod saglit pero pagsilip nila naabo na yung puno, wala na yung mga apoy pero nakatayo parin ang sunog na Teodoro.

Tumawa ng malakas si Gustavo. “You two are still children, you don’t even have the guts to totally finish him” sigaw niya pero gumalaw si Teodoro at napatingala sa dragon. Singuod siya nung dragon at nilamon sabay lumipad ito papunta sa stage para titigan si Gustavo.

Buntot nung dragon pumalo sa barrier at nagkaroon ito ng butas. Umatras sina Gustavo at Gaspar, niluwa ng dragon yung katawan ni Teddy at pinasok sa stage. Lalong tumawa si Gustavo, “As I expected…you cant kill him” sabi niya.

Lumayo yung dragon at nakipagtitigan kay Gustavo. Dahan dahan ito lumapag sa lupa at lumabas na si Raffy at Abbey. Nakita ng lahat na lumuluha parin yung magpartner, mga guro nagtitigan, “Did they kill him?” bulong ni Ernesto. “No, nagpigil sila, kahit na kalaban Teddy was still their schoolmate…” bulong ng lumuluhang Hilda. “Tumayo ka Teodoro! Tayo! Eto papalakasin kita ulit” sigaw ni Gustavo at pinasahan niya ng kapangyarihan ang sunog na binata.

Dahan dahan tumayo si Teodoro pero hinang hina parin ito. Yung pinapasok ni Gustavo na kapangyarihan niluluwa lang ng katawan ni Teodoro. Pilit niya pinasukan parin ng lakas ang binata at biglang nagsisigaw si Teodoro sa tindi ng sakit.

“Bakit ayaw mo tanggapin? Duwag ka!” sigaw ni Gustavo at naglabasan ang dugo mula sa sunog na bibig ni Teodoro at dahan dahan ito bumagsak sa lupa. “Boss pinatay mo siya” sabi ni Gaspar. “What?! Pinapalakas ko siya!” sigaw ni Gustavo.

“Boss…pinasukan mo ng magic ang non magic user” sabi ni Gaspar at nanlaki ang mga mata ni Gustavo, nangilabot siya sa takot at dahan dahan napatingin sa magpartner sa duel area. “Imposible” bulong niya pero nagsigawan ang lahat ng estudyante at mga guro nang sumugod sina Raffy at Abbey papasok sa stage.

“This time youre not coming back!” sigaw ni Raffy.

Chapter 49: Dirty Tactics

Nagwild sina Raffy at Abbey sa loob ng stage. Hindi agad naka react sina Gustavo at Gaspar. “Nasan na kapangyarihan mo?” sigaw ni Gaspar pero nalaslas ang mukha at katawan niya sa sobrang bangis na atake ni Abbey. Si Raffy nakapatong kay Gustavo at walang tigil at pagsuntok niya ng sobrang malulutong sa mukha ng kalaban.

Sa sindak naglakbay isipan ni Gustavo at naibalik siya sa nakaraan. Tandang tanda niya na nagulpi siya nung nilalang na nakaitim na robe at itim na maskara. Bawat suntok ni Raphael sa mukha niya ramdam niya din yung suntok nung nilalang na yon noong nakaraan.

“Gustavo!” hiyaw ni Gaspar pagkat mga kamay ni Abbey nakahawak sa mukha niya at sinusunog talaga ng dalaga sa sobrang gigil ang kanyang mukha. Mga estudyante nagugulat sa gigil ni Abbey at Raffy. Si Gustavo napalunok, natikman niya muli ang kanyang dugo tulad noon.

Akala niya naglalakbay pa siya sa imanasyon niya, nakita niya tumayo si Raffy at naglabas ng kakaibang dark wind blade. Pumikit siya at tandang tanda niya din yung nilalang noon ganon ang ginawa. “Imposible…hindi ikaw yon” bulong niya.

Nakita niya winasiwas ni Raffy yung wind blade, ramdam ni Gustavo yung paglaslas sa kanyang dibdib. Sumigaw siya ng sobrang lakas, kung gano kasakit noon ganon din yung sakit ngayon. Natauhan siya, ramdam niya yung kakaibang kirot mula sa laslas.

Bumwelo si Raffy at ibabaon na sana yung wind blade sa dibdib ng kalaban. Pumikit siya, ganon na ganon noon pero tumigil yung nilalang pagkat napalingon siya at biglang umalis para tulungan noon yung dragon lord. “Hindi ikaw siya!!!” hiyaw ni Gustavo at binugahan niya ng apoy si Raffy mula sa kanyang bibig.

Ang binata napatapon sa malayo, ang bilis ni Gustavo tumayo at titirahin sana ng apoy si Abbey. Bago pa tumama yung apoy niya parang nagkaroon ng wind barrier sa katawan ng dalaga. Lumingon si Gustavo, tinitigan si Raffy, “Imposible ka bata” bulong niya pagkat yung wind barrier na yon parehong pareho talaga sa wind barrier nung nilalang na muntik nang pumatay sa kanya.

Napaisip si Gustavo, nakita niya pabangon palang si Raffy. “Kung hindi ikaw…sino?” bulong niya at napalingon siya sa paligid at tinitigan ang mga guro na sinusubukan basagin yung barrier para makatulong sila. “Is it you?” sigaw ni Gustavo sabay sinabunutan si Abbey sabay tinira si Raffy ng apoy para patumabahin ulit ito.

Nagsisigaw si Abbey, ibabaon sana ni Gustavo wand niya sa dibdib ng dalaga pero muling humangin ng kakaiba at nalaslas ang mga kamay niya kaya nabitawan niya si Abbey. “Sino?!!!” hiyaw ni Gustavo at iniwan niya si Gaspar sa stage at pinuntahan yung magpartner sa duel area.

“Kayong dalawa! Sino sa inyo…tanginaaa” hiyaw ni Gustavo pagkat nalaslas siya sa likod ng matinding hangin, nagulat pa sina Raffy at Abbey at nagkatitigan. “Not me” sabi ni Raffy at tinignan nila si Charlie sa bleachers. Maski ang mga guro at pinuno gulat na gulat pagkat may tumutulong kina Raffy at Abbey sa pakikipaglaban kay Gustavo

“So you want to play dirty? Lets play dirty” bulong niya at ang bilis ng kanyang pagbigkas ng spell at biglang nanigas sina Raffy at Abbey, nilapitan niya yung dalawa at naglabas din siya ng kanyang kakaibang orange blade. Winasiwas niya ito pero biglang nakagalaw yung magpartner at nakaatake ng kanilang first strike.

Napangiti si Gustavo habang panay ang konekta nina Raffy at Abbey sa buong katawan niya ng mga suntok at sipa. “Pano sila nakagalaw?” tanong ni

Hilda. “They were supposed to freeze for five minutes” sagot ni Ernesto. “Someone is helping them” sabi ni Franco at nagtinginan ang lahat ng guro.

“Who knows how to reverse congelar?” tanong ni Eric at lahat napatingin kay Erwin. “Hoy hindi ako” sagot niya kaya si Victor at tinignan ng lahat. “Not me” sabi niya kaya nanood sila ng duelo, nakapante sila pagkat kinaya kaya nina Raffy at Abbey yung kalaban.

“Wag lang kayo manood tibagin na ito!” sigaw ni Franco at tuloy ang pagsira nila sa barrier. Bagsak si Gustavo sa lupa at nakayanan pa niya tumawa. Bigla siya bumangon at nahilom agad ang kanyang mga sugat at mga nabaling buto sa mabangis na atake nina Raffy at Abbey.

Umatras yung dalawa para habulin ang kanilang hininga. Ngumisi si Gustavo at nagbigkas siya ng isang dasal. Itinira na niya wand niya sa magpartner pero may dumaan na hangin sa harapan niya at niligtas sina Raffy at Abbey palayo. Natamaan ang isang puno at nagulat ang lahat nang bigla ito naging abo sa isang iglap.

“Tempeste rocal!” sigaw ni Gustavo at muling tumira sa magpartner, mga guro gulat sa kakaibang mga spell na binibigkas niya. “Wag na kayo tatanga tanga! Malapit na” sigaw ni Franco at tuloy ang pagsubok nila sa pag giba sa barrier. Yung tira ni Gustavo lumihis at tumama sa isang malaking bato sa malayo at lumutang ito sa ere bago sumabog.

Naglabas siya ng ikalawang wand niya, ngayon mas mabilis siya nagpalabas ng mga tira pero nagugulat sina Raffy at Abbey pagkat may bumubuhat sa kanila at nililigtas. Sa sobrang bilis nakapikit si Abbey pero si Raffy napalingon at naaninag niya yung nilalang na nakasuot ng itim na maskara at robe.

Bago pa niya maalis yung maskara binitawan sila nung nilalang at tinulak palayo para makaiwas sa isang giant fireball na tinira ni Gustavo. Inis na inis

na siya pero bago siya makapagpakawala may umatake sa kanya. Nakita na ng lahat yung naka itim na nilalang. “You two move away and rest” bulong nung nilalang kaya sina Raffy at Abbey dahan dahan umatras.

Tinignan ni Joerel ang kanyang mga alagad, kumpleto naman sila, napatingin siya sa mga guro at isa isa tinignan yung mga secret members pero nandon sila lahat. Pinanood nila umatake ng mabilis yung nilalang, hindi makaporma si Gustavo pagkat ang bibilis sobra ng mga laslas sa kanyang katawan.

Nagkasagupaan yung dalawa sa gitna, bumira si Gustavo pero ang bilis ng kalaban niya na umikot at humawak sa kanyang ulo. “Punyeta kaaaa!” hiyaw ni Gustavo pagkat tila nahihigop laman ng utak niya papunta sa kamay ng nilalang. “Anong ginagawa mo sa akin?” sigaw niya.

Nablablanko si Gustavo konti, mga bagong spell na inaral niya isa isa nawawala sa kanyang isipan. Binubura nung nilalang ang kanyang mga inaral kaya natauhan siya at agad siya nagpaikot para magsabog ng phoenix flare. “Walanghiya ka! Anong kapangyarihan ginamit mo?!” sigaw ni Gustavo. Di sumagot yung nilalang, si Gustavo nagpanic at nakalimutan na talaga ang madaming spell na bagong basa niya sa libro ng Phoenix.

“Ilama…” bigkas niya pero ang bilis niyang natamaan sa leeg, hindi siya nakahinga at tulala nalang ang lahat sa mala hangin at kidlat na pagkilos nung nakaitim. Umikot siya at basta nalang may nilabas na wind blade at sinaksak sa braso si Gustavo. Isa pang ikot niya at isa nanamang wind blade sinasaksak sa kabila.

Tumalon siya sa ere at dalawang wind blade sinaksak niya sa mga paa ni Gustavo kaya yung kalaban sigaw ng sigaw. Umatras yung nilalang at lumuhod sa isang tuhod sabay nagbigkas ng isang dasal. Nag full eagle spread si Gustavo at lumutang sa ere.

Nagliyab ng puti at itim yung nilalang at mula sa hanging humugot siya ng napakalaking wind blade. Kinasa na niya yung wind blade, handa na niyang hatiin yung katawan ni Gustavo pero yung kalaban biglang tumawa. Narinig nila yung pagcrack ng barrier, mga guro at pinuno nakapasok na, yung wind blade tumigil kaya nagulat ang lahat.

Paglingon nila sa bleachers may orange na usok ang sumasakal sa lahat ng estudyante. “Ganda ng timing mo Gaspar” bulong ni Gustavo at pagtingin ng lahat sa stage wala na doon si Gaspar. Yung usok inuubos ang lakas ng mga estudyante, lalo sila sinasakal kaya umatras yung nilalang at binitawan si Gustavo.

Hinaplos ng kalaban ang kanyang leeg, tumawa siya ng sobrang lakas at naglakad lakad. “Now I got your attention…Gaspar tumigil ka muna at makikipagnegosasyon tayo” sigaw niya. Nakahinga ng maluwag konti ang mga estudyante, sina Raffy at Abbey hindi makalapit pagkat sinesenyasan sila nung nakaitim na umatras lang.

“You see I am interested in a few students…of course you all know two of them are here…Gaspar…ilayo yung mga napili natin” sigaw niya at lumutang sa ere sina Venus, Charlie, Vera, at Wendy. Yung apat na dalaga nalayo sa grupo at nakulong sila sa kakaibang barrier.

“Gustavo!” sigaw ni Franco. “O tanda relax, gagawa tayo ng kasunduan, first…in good faith I shall release half of the students in exchange for…” bigkas niya at tumawa siya ng malakas. “In exchange for what?” tanong ni Franco at tinitigan ni Gustavo yung naka itim na nilalang.

“His death!” sigaw niya sabay tinuro yung nilalang kaya nagulat ang lahat. Lumapit yung nilalang at lumuhod sa harapan ni Gustavo. Mga guro nagtitigan, napatingin sa kanila yung nilalang at agad nito niyuko ang kanyang ulo. “Wag!” sigaw ni Raffy pero tumawa si Gustavo. “Stupid boy, his life for the life of half of them” sabi ni Gustavo.

“I don’t trust you!” sigaw ni Raffy. “Fine then” landi ni Gustavo at nasakal ang lahat ng estudyante. Susugod si Raffy pero napahangin siya paatras nung nilalang. Ang bilis nung nakaitim na sumulpot sa harapan ni Raffy at niyakap ito. “Ah yes the final dramatic moment” landi ni Gustavo at nakatanga lang si Raphael habang nagbubulong yung nilalang sa kanyang tenga.

Bumitaw yung nilalang at naglakad pabalik sa harapan ni Gustavo. Lumingon siya at nakita ng lahat na nag nod si Raffy at dahan dahan bumalik sa kanyang partner. “Sino siya?” bulong ni Abbey. “I don’t know” sagot ng binata. “What did he tell you?” hirit ng dalaga at nagtitigan yung dalawa. “So it seems we have an agreement…” bulong niya at naglabas siya ng kakaibang blade at naglakad lakad siya paikot sa nilalang.

“Ikaw…bakit buhay ka pa? Tandang tanda ko pa yung sugat na dinala ko kay tagal! If only you finished me back then…” bulong ni Gustavo sa tenga nung nilalang at pinuwesto na niya yung dulo ng espada sa likod ng nilalang at nagdasal siya. “Blame yourself” bulong ng nilalang at nanlaki ang mga mata ni Gustavo. Lalo siya nagalit at niyuko na ng nilalang ang kanyang ulo. Nag apoy ang espada at nagsisigaw na yung nilalang. Kitang kita ng lahat na bumaon yung espada, lumayo si Gustavo at ang bilis ng paglabas niya ng wand sabay tinira pa yung nilalang ng isang killing curse.

Sumabog yung katawan ng nilalang at nagkalat ang kanyang abo sa paligid. Tumawa ng sobrang lakas si Gustavo at tinignan niya yung mga estudyante sa bleachers. “Let half of them go” utos niya at naging abala ang mga guro sa pagtakas ng mga estudyante sa malayo.

“You see tumutupad ako sa usapan” sabi niya at susugod na sana sina Raffy at Abbey pero tinuro lang ni Gustavo yung natitirang mga estudyante kaya napatigil sila. “So you want to win that easy? Yun ba?” sigaw ni Raffy.

“You started it, kayo nagsimula makipaglaban ng madaya. No wonder you easily defeated Teodoro and Henry, may kasama pala kaya kanina pa” sigaw ni Gustavo. “So what do you want? Kill me? Here!” sigaw ni Raffy at lumuhod siya sa harapan ng kalaban pero hinila siya ni Abbey palayo.

“Oh a hero? Handang isakripisyo din buhay niya? Tulad ng ginawa ng iyong ama? Pathetic! Alam niyo walang lugar sa mundo ang mga martyr na tulad niyo kaya lahat ng martyr namamatay…malas ikaw lang ata naunang nabuhay pero eto parusa mo Felipe…sana namatay ka nalang noon kesa mapanood mo anak mo sumama sa akin. Wala kang kwenta” sabi ni Gustavo sabay tumawa.

Nanggagaiti sa galit si Felipe pero nilandi sila ni Gustavo at tinuturo yung natitirang mga estudyante. “Pakawalan mo na sila!” sigaw ni Raffy. “Sige na at sasama ako sa iyo!” sigaw ng binata. “Really?” tanong ni Gustavo. “Oo basta pakawalan mo sila!” sigaw ni Raffy.

“Me too” sabi ni Abbey at umalma na ang mga magulang nila pero tinuro ni Gustavo yung mga estudyante kaya napatigil sila muli. “I see you two are honest…huh…Gaspar halika dito” sigaw ni Gustavo at gumapang ang usok na orange sa paanan niya at lumabas si Gasrap na sunog sunog parin ang mukha.

“How can we be sure that sasama kayo sa amin?” tanong ni Gustavo. “Sasama kami, pero pakawalan mo muna sila! Pati yung apat don” sabi ni Abbey at napatingin si Gustavo sa apat na dalaga at muling nag isip. “These two are not lying, I can tell…hmmm tempting offer…sige!” sigaw niya at nakawala yung apat na dalaga. “Before I let the others go…kailangan makasiguro ako at kailangan maposasan kayo” sabi niya.

“Tanga, at sa tingin mo may magagawa yang magic posas mo? I have something better” sabi ni Raffy at hinarap niya isang braso niya at naglabas siya ng light blade. “Raphael! Do not do that!” sigaw ni Franco pero nanlaki ang

mga mata ni Gustavo at natuwa sa gagawin ng binata. “You know what this means” sabi ni Raffy.

“You are too young to know that” sabi ni Gustavo. “Too young but I know enough, ano duwag ka? Phoenix daw…you are much more of a non erectible penis” hamon ng binata at tumawa ang kalaban at tinignan si Victor. “I wont fall for the same trick twice. Nung una kong ginawa yan, peke, sinundan niyo lang kung nasan ako pero nung nakaalis ako sa spell hindi niyo na ako mahanap”

“Alam ko uulit lang kayo at may binabalak kayong pag atake sa akin ngayon. Oh you stupid boy…” sabi ni Gustavo pero inabot ni Raffy sa kanya yung wind blade. “Ikaw maglaslas sa akin, ako maglaslas sa iyo. I don’t know the ritual so let my grandfather do it. Lolo Victor please come here” sabi ni Raffy. “Patibong ito! Alam ko!” sigaw ni Gustavo. “Ikaw ang tanga! Hawak mo pa yung iba, do you think we are going to sacrifice their lives? We are not like you!” sigaw ni Raffy at nagtitigan sila ni Gustavo.

“Alam mo kaya kita patayin sa isang iglap” sabi ni Gustavo. “Gago kung kaya mo kanina mo pa ginawa…natatakot ka lang kasi di ka makakatakas ng buhay dito…ano duwag? Let my lolo in and do the ritual, you cut me, I cut you, our blood mix and you know what happens next” sabi ng binata.

Napaisip si Gustavo at tinignan niya ang kanyang kasama. “Sige papasukin siya” sabi niya at bumukas yung barrier at humakbang na si Victor. Pinigilan siya ng ibang propesor pero nagalit si Raffy. “Let him come in!” sigaw niya kaya natuwa si Gustavo at tumawa ng malakas.

“The more nagugustuhan kita, oh I can see we are going to conquer so many” bulong niya. Nakalapit na si Victor pero inumpog ni Raffy ulo niya sa ulo ni Gustavo. “If you hurt my lolo, the deal is off at bahala ka na kalabanin kaming lahat” banta ng binata at napalingon si Gustavo. Kitang kita niya gano kadami ang mga propesor, alagad at nga elder na handa na siya kalabanin.

Tinignan niya si Gaspar at umatras ito kaya tuluyan nang nakalapit si Victor. Nilaslas ni Gustavo mga braso ni Raffy at Abbey. Si Raffy naman ang naglaslas sa mga braso nina Gustavo at Gaspar. Mga dugo nila umabot sa lupa at may kakaibang napansin si Victor kaya pasimple siya tinitigan ng apo niya.

Sinimulan niya yung ritual, si Gustavo sobrang excited. Nung malapit na matapos yung ritual, “Raphael you make me so happy, as a sign of good faith once natapos yung ritual I promise to set them free. You know what I will start releasing them” sabi ni Gustavo.

Totoo sinabi niya at paunti unti nakakatakas ang mga estudyante kaya naging abala ang mga guro sa paglalayo sa kanila. Napatigil ang lahat ng guro, nakarinig sila ng bulong mula sa mga anino nila. Lahat sila napatingin kay Victor at tinago nila ang kanilang mga ngiti.

“Dadalhin nalang namin sila sa campus” sigaw ni Diosdado. “Good! As a sign of good faith din, you all remain there until makaalis kami” sabi ni Raffy at tuwang tuwa na talaga sina Gustavo at Gaspar nang makita umalis ang lahat ng guro dala yung mga estudyante.

Huling bigkas ni Victor, nagliwanag yung dugo sa lupa kaya pinakawalan na ni Gustavo ang lahat ng kanyang bihag. “So shall we go?” tanong ni Gustavo at tumayo sa harapan niya sina Raffy at Abbey. “A deal is a deal” sabi ng dalaga.

“Farewell Victor” landi ni Gustavo at magteteleport na sana silang apat pero napakamot si Gaspar. “May problema” bulong niya. “Anong problema?” tanong ni Gustavo. “Hindi tayo makaalis” sabi ni Gaspar. “Bobo ka, ako na nga!” sigaw ni Gustavo at siya ang sumubok pero walang nangyayari sa kanilang apat.

Dahan dahan umaatras si Victor habang sina Raffy at Abbey naka steady lang. “Try again!” sigaw ni Gustavo at ilang beses sila sumubok pero hindi

talaga sila makateleport paalis. “Kahit anong gawin mo hindi na kayo makakatakas sa islang ito” sabi ni Raffy kaya tumalikod agad si Gustavo at nakipagtitigan sa binata.

“We had a deal! If you break it you die! You should know that” bulyaw niya pero di natinag si Raffy at binangga dibdib niya sa kalaban. “Ganito ba?” landi niya at pinakita nila mga braso nila, walang laslas doon. Napaatras si Gustavo, naglabas ng wind blade si Raffy at lalaslasin ulit braso niya.

Napanood ni Gustavo yung pagbalot ng ice skin sa braso, nilaslas ng wind blade yung yelo at natunaw ito. Tumig ang dumaloy pero napangisi si Raffy at ginawa niya itong pula. “Punyeta ka!” sigaw ni Gustavo.

“Bobo ka, if you were watching me I already did that move before…and you think I am that obedient good boy…tanga ka…sometimes it takes necessary evil to fight off evil…” bigkas ni Raffy at napalunok si Gustavo pagkat ramdam niya ang aura ng lahat ng guro at elders nakatayo palibot ng duel island.

“You took our blood and binded me to this island…you will regret this!” sigaw ni Gustavo. Nagliyab ang mga mata ni Raffy at Abbey. “And because its you we have no reason to hold back” bulong ng binata at sumugod na sila.

Chapter 50: Wrath of the Cursed Dragon

Nabigla sina Gustavo at Gaspar, mala kidlat yung pagsugod nina Raffy at Abbey. Ilang beses pinikit ni Gustavo ang mga mata niya pero totoo ang kanyang nakikita, yung pag aapoy ng itim ng mga mata ni Raphael, katulad nung pagbabaga nung mata nung nilalang na lumalaslas sa kanya noon.

Hindi sila makakilos pagkat anino ni Victor humawak sa kanila. Nakatikim sila ng malakas na suntok sa mukha, matindi yung kirot ng kargadong mga kamao nung mag partner. Tumapis sina Gustavo at Gaspar pero habang nasa ere sila nakita nila yung magpartner lumalapit muli.

Si Victor may kakaibang itim na sphere ang hinuhulma, sa paligid pasugod narin yung mga guro at elders kaya winasawas ni Gustavo wand niya at nagpalabas siya ng Phoenix flame sa buong paligid na nagpatigil sa pagsugod ng mga guro at elders.

Si Gaspar bumira ng tira papunta kay Victor at sumapol ito. Sina Raffy at Abbey muling nakakonekta at talagang pinuntirya nila si Gustavo. “Bastusan na to!” hiyaw ni Abbey at ang lakas ng upper cut niya sa bayag ni Gaspar. Sina Gustavo, Raffy at Victor napatigil talaga at ramdam nila yung sakit na naramdaman ni Gaspar.

Naudlot tuloy atake ni Victor, parang nagpause pero si Abbey, “Tatanga tanga ka pa!” sigaw niya at sinipa niya ng super solid bayag ni Gustavo, napatalon ito kaya pinasundan ni Raffy ng upper cut kaya lumipad siya sa ere, ang bilis ni Abbey tumalon sa likod ng partner niya at flying upper cut kick gamit dalawang paa. Sapol si Gustavo sa baba, nayanig utak niya at tibok ng kanyang puso bumilis.

Parang naalarma ang buong katawan niya, automatic nagsabog ng orange na liwanag ang katawan niya kaya nabulag ang lahat ng nilalang sa duel island. Lumapag si Gustavo pero nagulat siya nang atakehin siya ni Raffy at

Abbey. Naka ready na pala yung dalawa sa kanyang pagsabog ng liwanag. Habang yung iba nag gagamot sa mga mata nila yung mag partner kinargahan ang lahat ng tira nila.

Nagsisigaw si Gustavo, nakahawak si Raffy sa mukha niya, “Illumina!” hiyaw niya at nabulag ang kalaban. Si Abbey flame blade sinaksak sa shoulder blade ni Gustavo para maparilasa ang mga kamay niya. Ganon din ginawa ni Raffy sa kabilang shoulder blade.

Nung makakita na ang lahat nakita nila ang groggy na Gustavo, bagsak ang mga kamay. Sabay sumipa sina Raffy at Abbey sa mga tuhod niya, dinig ng lahat nagcrack mga ito kaya napailing sila. Sabay pa sila tumira ng uppercut, babagsak na siya pero tumulong si Victor at pinakawala ang anino niya para panataliin nakatayo si Gustavo.

Umatras sina Raffy at Abbey, nagbwelo sila at tumakbo ng sobrang bilis para sa flying kick. “Shit something is wrong!!!” sigaw ni Raffy. Sumapol mga paa nila sa mukha ni Gustavo. Sumigaw si Victor pagkat may humawak sa kanyang katawan at hinampas siya sa isang puno sabay nahagis sa hilera ng mga guro.

Tumawa ng malakas si Gaspar, nakaluhod siya sa lupa at may liwanag na lumabas sa kanyang mga kamay at gumapang sa buong duel area. Napatayo niya yung sobrang tibay na barrier at nakulong silang apat nina Raffy, Abbey at Gustavo sa loob. Tinuloy ni Gaspar ang tawa niya, dahan dahan siya tumayo at sumigaw.

“Phoenix exchange” hiyaw niya at nalusaw yung anyo niya at ganon din kay Gustavo. Yung pinilay pala nung mag partner ay yung tunay na Gaspar habang yung nag aacting na mahina kanina pa ay si Gustavo. “Sabi ko na e” sabi ni Raffy at nung sinugod nila si Gustavo napatapon sila palayo sa isang wasiwas ng kalaban.

“God demet!” hiyaw ni Pedro pagkat hindi nanaman sila makapasok sa barrier. “Why did you all just stand there kanina? Shit!” hiyaw ni Felipe. “Wag na kayo magalit! Tibagin nalang natin to. Mas madami tayo kaya natin to!” sigaw ni Franco. Sinimulan nila tibagin yung barrier, hindi kinabahan si Gustavo kaya sumugod narin siya kina Raffy at Abbey.

“Kill dart” bigkas niya at ang daming mga orange light killing darts maglabasan sa wand at kamay niya. “Earth wall!” sigaw ni Raffy at tumayo agad ang isang mataas na harang na gawa sa lupa. “Bobo lupa lang yan lulusot parin tira ko” sabi ni Gustavo kaya nagpakawala siya ng mas madaming kill darts.

Gumuho yung earth wall, tumawa si Gustavo pero napanganga siya nang nakatayo lang sina Raffy at Abbey, nakita niya yung buntot ng dragon pinagpapalo yung mga kill darts. “Bullshit!” sigaw niya kaya mas madami pa siyang nilabs na kill darts.

Hinarap lang ni Raffy yung kamay niya at tumigil ang mga darts sa ere. Tinulak niya kamay niya at bumalik yung mga darts kay Gustavo. Tumawa lang yung matanda, “The beauty of my techniques is that I learned from our past duel…this time lahat ng itira ko para sa inyo lang at hindi ako maapektuhan” sabi niya.

“You see I came ready for you two…I know kaya mo magbalik ng tira” sigaw niya pero paglapit nung mga kill darts bigla sila sumabog ng malakas na liwanag ang isang dart. “I am ready for that too” bulong niya at ang bilis niya mag soothing spell pero napalibutan siya ng kanyang kill darts at isa isa silang sumabog ng illumina.

“Tanga lang ang hindi naglelevel up…the moment I learned you were alive…I have been preparing for you” sigaw ni Raffy at habang busy ang mga kamay ni Gustavo sa kanyang mga mata, sumugod si Raffy at sinaksak ang kalaban ng

isang wind blade sa tiyan. Napayuko si Gustavo pero nasaksak siya ng flame blade sa likuran ni Abbey.

May orange na usok yumakap sa katawan nina Raffy at Abbey at nilayo sila kay Gustavo. Mga guro walang tigil sa atake sa barrier pero sumigaw na pagalit si Franco. “Stop it! Its no use!” sabi niya. “The more we attack it the more it gets stronger” sabi ni Prospero. Tumawa si Gustavo at tinignan sila sabay pinasikat yung nasakal na Raffy at Abbey.

“I told you I came prepared. Sige tibagin niyo yan at lalo lang niyo kami kinukulong dito! The more you try to break it down, the more tougher it gets” landi niya sabay nagtawanan sila ni Gaspar. Nakita ng lahat na umaayos ang mga baling buto ni Gaspar, nagagalaw ulit niya mga kamay at paa niya habang sina Raffy at Abbey halos hindi na makahinga sa pagsakal nung usok sa kanila.

“Boss” sabi ni Gaspar at paglingon ni Gustavo nakita niya yung orange na usok nagiging itim. “Labanan mo!” sigaw ni Gustavo at pilit ni Gaspar nilalaban yung pagpalit ng usok. Naglalaban na yung itim at orange, nagdasal si Gustavo at lumabas ang dalawang bolang apoy sa mga kamay niya, “Subukan mo lang!” sigaw ni Victor at tumawa ang kalaban.

“So you know this” landi niya at naging anyo ng bungo ang dalawang bolang apoy, sumugod si Gustavo para ibaon yung mga bungo sa nahuling katawan nina Raffy at Abbey. “Gustavo animal ka!! Papatayin kita!” hiyaw ni Victor. “Ano ba yon?” tanong ni Franco.

“Mamatay sila agad pag bumaon yon sa katawan nila!” sigaw ni Victor. “No!!!” narinig nila ang malakas na sigaw ni Samantha na biglang sumulpot. Sinuntok ng dalaga yung barrier at napalingon si Gustavo pagkat dinig ng lahat na nagcrack ito. “Sino ka?” bulong niya at isa pang suntok ni Samantha at lalong lumaki yung crack.

Nagsulputuan ang buong team dragon kasama na ang lahat ng inter school duelists. Sabay sabay sila umatake sa barrier at ramdam nina Gustavo at Gaspar na bibigay na ito. Ang lapit na ni Gustavo sa magpartner, “Sorry but you came too late” sigaw niya.

“Cursed Dragon grounds!” sigaw ni Raffy at kumapal yung itim na usok at tuluyang napatapon sa malayo si Gaspar. Ang bilis kumalat nung itim na usok sa buong paligid, nabaon na ni Gustavo yung dalawang bungo pero yung mga katawan ni Raffy at Abbey naglaho sa itim na usok.

Dumilim muli ang kaulapan kaya si Gustavo napalingon sa paligid pagkat yung itim na usok hanggang baywang na. Naghanda ulit siya ng dalawang bungo sa kamay habang si Gaspar parang nang aasar na lumapit sa biyak sa barrier at inayos ito. Inis na inis si Samantha at Adolph at pinagsusuntok yung barrier pero si Gaspar sobrang nang aasar na parang bata at dinidilatan sila.

Umatras ang mga estudyante at sabay sabay sila napangiti. Kinabahan si Gaspar, sa likod niya umaahon si Abbey mula sa usok, “Gaspar tarantado ka kasi naglalaro ka pa!” hiyaw ni Gustavo pero wala na siya magawa pagkat sinubsob ni Abbey mukha ni Gaspar sa barrier at likod ng ulo naman ang kanyang sinunog gamit ang dalawang kamay.

Tumakbo si Gustavo para tumulong, nagbibigkas siya ng dasal at lumutang si Abbey sa ere at hinihila palayo pero ayaw niya bitawan yung ulo ni Gaspar at tuloy itong nasusunog. Bumaon na ang mga daliri niya sa bungo ni Gaspar kaya sigaw ng sigaw yung kalaban. “Gustavo tulungan mo ako!!!” hiyaw niya.

Humiyaw si Gustavo at halos mapunit na katawan ni Abbey, lumutang si Raffy sa harapan ni Gustavo at sinaksak ng binata ang wind blade niya sa bibig ng kalaban. Hinugot niya yung wind blade sabay nagpaikot at nilaslas sa dibdib si Gustavo.

Hindi siya makasigaw sa sakit, nakawala si Abbey at pinaghahapas yung mukha ni Gaspar sa barrier habang mga daliri niya lalong bumabaon sa bungo ng kalaban. Napailing ang lahat ng nanonood, nagliyab ang mga mata ni Abbey at nagsimulang mangisay ni Gaspar.

“Abbey enough” bulong ni Pedro pero ang dalaga galit na nagpasok ng apoy sa bungo ni Gaspar, napanood ng lahat na naglabasan na ang kumukulong dugo niya sa ilong at tenga. Mga mata ni Gaspar pumutok na at ang tindi ng hiyaw ni Abbey sabay bumitaw at hinayaan bumasak ang patay na katawan ni Gaspar.

Samantala sa gitna hahataw si Gustavo gamit wand niya pero mabilis humawak si Raffy sa mukha. Binulag niya ulit yung matanda at ang bilis na sinaksak ng wind blade ang kalaban sa leeg, wala nang mabigkas si Gustavo, wind blades sa balikat para maparalisa ang kanyang mga kamay.

“Cursed Dragon Illumina” sigaw ni Raffy at two hands siya humawak sa mukha ni Gustavo. Nagsisigaw ang kalaban, mga liwanag nakafocus lang sa mukha niya at kita ng lahat tumulo na dugo mula sa mga mata ni Gustavo. “Oh my Lord” bigkas ni Hilda pagkat mga mata ni Raffy mababangis at mala demonyo na ito nagbabaga. Nanginisay si Gustavo, totoong bulag na siya at mga mata niya nilusaw ng matinding liwanag ni Raphael.

Nagtabi sila ni Abbey at habang walang kapangyarihan si Gustavo tinira nila lahat ng saksak ang kanyang vital parts gamit ang flame at wind blades. Umatras yung dalawa at napaluhod si Gustavo sa lupa. Tanging ulo nalang niya nakalitaw sa itim na usok.

Nagliwanag ang mga mata ni Gustavo kaya umatake ulit yung dalawa pero hindi na umaabot mga tira nila at unti unting lumalakas si Gustavo at nahihilom ang lahat ng sugat niya. Mga mata niya muling nabubuo kaya nakikita niya na muli yung magpartner. “Hahahaha and you thought it was

that easy? Phoenix regenerate" sigaw niya at nakatayo na siya muli at tila mas lalong lumakas.

Isang wasiwas lang gamit mga kamay niya tumama yung magpartner sa barrier at dumikit sila don. "Pheonix resurrect!" sigaw ni Gustavo at tinira ang bangkay ni Gaspar. Nagliwanag yung katawan nung bangkay at dahan dahan ito tumayo. "Now we know what to do" bulong ni Raffy. "What did you say?" tanong ni Gustavo.

"Who said what?" tanong ni Raffy at nagulat si Gustavo nang marinig yung boses mula sa likuran niya. Yung katawan ng Raffy at Abbey na nakadikit sa barrier biglang inaagnas, mga earth clones lang mga yon kaya si Gustavo mabilis na humarap sa dalawa para bigyan ng mga bungo sa katawan pero usok lang ang kanyang natamaan.

"Penis regenerate daw ba yon?" tanong ni Abbey at nagtawanan yung dalawa. Lahat ng nasa labas ng barrier grabe ang tawanan kaya nainis si Gustavo. Sinundan niya yung tinig nung magpartner na nakatago sa itim na usok. "So parang Viagra ata yon e" sagot ni Raffy at tumindi ang halakhakan sa labas.

Nagtitira sina Gustavo at Gaspar sa usok, "E yung isa Penis Ressurect…ano naman yon?" tanong ni Abbey pero yung boses galing sa kanan kaya humarap yung dalawa sa kanan at doon umatake. "Aray!! Aaahhh" sigaw ni Raffy pero galing sa kaliwa yon. "Sira drama king" sabi ni Abbey at galit na galit na si Gustavo.

"Anak ng baka!" hiyaw ni Gaspar at bigla siyang nadapa, "Alis alis!" sigaw ni Gustavo at pinagtitira niya yung lugar kung saan dumapa ang kanyang kasama. Tumayo si Gaspar sa tabi ni Gustavo at naalis yung itim na usok at may nakita silang katawan na nasapol.

Napatigil si Gustavo pagkat si Gaspar yung nakahiga, pagtingin niya sa tabi niya nakangisi yung Gaspar at sinaksak siya ng flame blade sa likod. Napailing si Gustavo, yung impostor na Gaspar na si Abbey pumasok ulit sa usok. Pagharap ni Gustavo nasaksak naman siya ng wind blade sa likod kaya palakpakan ang mga manonood sa labas

Nagtakbuhan palayo yung magpartner, tumayo si Gaspar at hinabol nila ni Gustavo yung dalawa. Tumayo sa malayo yung mag partner, naglabasan ang mga ice balls mula sa usok at paiba iba yung sabog nila. Illumina, dragon flames, electric charges ang sumabog kaya litong lito na sina Gustavo at Gaspar kung pano dedepensa

“Barrier!” sigaw ni Gustavo at bago niya mawasiwas wand niya nahakawan kamay niya ni Abbey, isang matinding axe kick ang bumali sa kanyang kamay galing kay Raffy. “Stupid I can regenerate!” hiyaw niya at kumasa siya ng suntok na kargado ng phoenix flame. Si Gaspar ang nasapol.

Sabay humawak si Raffy sa mga mukha nung dalawa, “Dark Cursed Dragon Illumina!!!” sigaw niya ng sobrang lakas. Naka ready si Gustavo sa illumina ni Raffy pero itong natangap niya sobrang kakaiba. Naparalisa ng husto ang kanyang utak, nayanig ang kanyang magic body at tila ayaw sumunod sa kanyang utos.

Si Gaspar nakaramdam ng laslas sa kanyang magic body kaya sobrang tindi ng kanyang pagsisigaw. Binasag nina Raffy at Abbey vocal chords nung dalawa, mala FPJ move sabay pa nila sila biningi. Sina Gustavo at Gaspar nagsusuntukan sa gitna, naka defense reaction nalang mga katawan nila habang sina Raffy at Abbey lumayo at nagdikit.

“Cursed Dragon Rain!” sigaw nila at lahat ng manonood sa labas lumayo sa barrier pagkat nagsimulang umulan. Kumidlat sa buong paligid at sapol na sapol sina Gustavo at Gaspar. Nakakakita na yung dalawa pero hindi parin

nila magamit ang kanilang mahika. Nangingisay sila sa bawat tama ng kidlat sa kanilang mga basang katawan.

Yung ulan biglang naging ulan ng apoy. Sumisigaw sina Gustavo at Gaspar pero walang tinig na lumalabas sa kanilang mga bibig. Pilit ginagamit ni Gustavo ang kanyang mahika ngunit paralisado parin ang kanyang magic body. Yung ulan ng apoy nagtuloy at yung pula biglang naging itim.

Hindi alam nung manonood kung mabibighani sila o matatakot, napapanood na nila yung full version ng dragon rain. Bawat patak nung itim na apoy walang epekto sa katawan nung dalawa, hindi sila nasusunog ngunit kitang kita na nila namimilipit yung dalawa sa tindi ng sakit.

Yung itim na apoy na ulan tumatama pala diretso sa kanilang magic bodies. Nakikita ng lahat na habang dumadaloy yung apoy sa katawan nila hinihila nito paalis ang kanilang magic bodies. Si Gustavo nagsisimulang magliwanag ng orange ang kanyang mga mata, bumabalik na control niya sa kanyang magic body habang kay Gaspar yung punit sa kanyang magic body lumalaki.

Pinalakasan nina Raffy at Abbey yung kakaibang ulan, nakakasigaw na muli si Gustavo, nagsisimula nang mag regerate ang kanyang katawan kaya dinig na dinig ng lahat ang nakakaawang sigaw niya.

Nagsimula siya magdasal kahit tuloy ang sakit na nararanasan niya. Lumakas lalo yung ulan at napanood niya tuluyan napunit punit na ang magic body ng kanyang kasama. Bumagsak ang katawan ni Gaspar sa lupa, tuluyan nang nawala ang magic body niya sa kanyang katawan at doon na nagwala si Gustavo.

Nabuo yung dasal niya at tila wala nang epekto yung dragon rain sa kanya. Hinarap niya yung dalawa pero agad siya lumuhod at tinignan si Gaspar.

“Gumising ka!” hiyaw niya pero patay na talaga ang kanyang alagad. “Kayong dalawa!!! Papatayin ko kayo!!!” hiyaw niya at tumayo siya at muling nagdasal.

Tumira ng long range attacks sina Raffy at Abbey pero pinalubutan ni Gustavo ang sarili niya ng isang barrier habang sinusubukan niya buhayin ang kanyang kasama. “Gumising ka!” sigaw niya pagkat hindi parin niya matanggap may ganon na kapangyarihan ang dalawa.

Inatake nina Raffy at Abbey yung barrier, nababasag na nila ito pero si Gustavo lumuhod at humawak sa bangkay ni Gaspar at muling nagdasal. Tira ng tira sina Raffy at Abbey, nagsisigaw si Gustavo pagkat kahit may barrier pa ramdam niya kumukonekta parin mga tama ni Raphael.

Tinitigan niya si Raphael, sumigaw siya ng sobrang lakas at napaatras yung dalawa pagkat bumangon yung bangkay. Tumawa si Gustavo at tuluyan lumayo sina Raffy at Abbey. Magkatabi sina Gustavo at yung bangkay pero yung patay biglang nagpapalit ng anyo at wala parin itong buhay.

Bangkay ni Gaspar nag ibang anyo na at dalawang Gustavo na ang nakaharap sa magpartner. Yung patay na Gustavo biglang nabuhay kaya gulat na gulat ang lahat. “Oh this one? I read it from a book…”

“Now we duel to the death!” sigaw ni Gustavo.

Chapter 51: Third Generation Being

Hinigop ng kakaibang liwanag ang usok sa lupa. Napalunok sina Raffy at Abbey pagkat dalawang Gustavo na ang kanilang makakaharap. “Now only a third generation being can cast this rare spell. Whatever power I have…my other self has…so now come let us duel to the death!” sigaw na sabay nung dalawang Gustavo.

Nahimatay na si Hilda habang yung team dragon at ibang finalists napagod. “Do not show them you are worrying” bulong ni Pedro. “Cheer them on” bulong ni Felipe. “All we can do from here is cheer them on or distact their opponent” bulong ni Victor. “Why does not he come to help them?” bulong ni Franco at dinabog niya mga kamay niya sa barrier.

Sigawan sina Raffy at Abbey, sinugod nila yung dalawang Gustavo at nagulat sila pagkat hindi man lang umilag yung mga kalaban. Nagpasapol pa sila talaga sa mukha pero ramdam nina Abbey at Raffy na humawak lang yung mga kalaban sa kanilang mga dibdib. “Mimic” bulong nila ng sabay at paglayo ng magpartner ay tumatawa ang mga kalaban nila.

“What did he say? Mimic?” bulong ni Abbey. “You heard me right…now I know all your moves” landi ng mga Gustavo. “Dragon Dance!” sigaw ni Raffy at sumugod ulit sila pero sumugod din yung mga kalaban at gayang gaya talaga nila ang kanilang dragong dance.

Lahat ng ekis, sugod, kuhang kuha ng mga Gustavo, pagsalubong nila nabulaga sina Raffy at Abbey pagkat sila ang nakatikim ng mga suntok na nagpatapis sa kanila palayo. Umulit sila pero ginaya lang sila ng mga kalaban. Napatapis ulit sila ng matitinding sipa kaya tumigil muna yung mag partner.

“Oh did I forget to say…we follow your moves but we get to do it faster and better…” landi ng mga Gustavo at sabay pa sila tumawa. “Dragon Charge!” sigaw ni Raffy at nagdikit sila ni Abbey at sobrang bilis nila sumugod.

Sinalubong sila nung dalawang Gustavo, apat na kamao nagsalpukan pero sina Raffy at Abbey ang umaray kaya tinawanan nanaman sila. “Now come on, do that rain power of yours again” landi ni Gustavo. Sa labas nanghihina na sila, “Cant use their cursed dragon powers anymore” bulong ni Hilda.

“If they do sila din lang mahahagip” sabi ni Franco. “Yan ang problema kasi umiwas kayo sa amin. You don’t know my son that well. He will find a way to their predicament. Don’t count them out yet” sabi ni Felipe.

Suguran ulit ang dalawang grupo, sina Raffy at Abbey ang nakatikim ng kanilang first strike mula sa dalawang Gustavo. Sabay nalusutan ang magpartner ng suntok sa mga panga na karagado. Ang bilis napasundan ng upper cuts na nagpalipad sa kanila sa ere. Luksong baka na talon ng isang Gustavo at habang nasa ere yung magpartner napasundan sila ulit ng isa pang upper cut.

Kumalabog ang katawan nina Raffy at Abbey sa lupa, ngayon alam na nila nararamaman ng mga kalaban nila na nakakatikim ng kanilang first strikes. Sabay parin sila bumangon, nagpalabas sila ng malaking earth wall. Tumalon yung dalawa sa dragon formation pero bago sila makataas sa ere naunahan na sila ng dragon flight ng dalawang Gustavo.

Gayang gaya ang formation nila, walang magawa yung mag partner pagkat nakatalon na sila, nakatira na ng higanteng apoy yung mga Gustavo. Sapol yung magpartner at bagsak ulit sila sa lupa. “But there is something that we can do that you cant” bulong ni Raffy at tumawa lang yung dalawang Gustavo.

“Bullshit! Kaya nga mimic tawag dito kasi gayang gaya ko lahat ng gagawin niyo!” sigaw nung dalawang kalaban. Nagflash ng dirty finger yung magpartner at napilitan gumaya yung dalawang Gustavo. “Oh so may problema pala tong mimic niyo…you cant attack us” landi ni Raffy.

“Oo nga no” banat ni Abbey at sumuntok siya bigla pero siya din lang ang naunahan at nasapol sa mukha. Tumawa si Gustavo habang nagalit si Raffy. “I just wanted to try” lambing ni Abbey kaya niyakap siya ni Raffy at nagtawanan sila pagkat nagyakapan din yung dalawang Gustavo.

“So he cant attack us unless we attack…pagsisisihan mo ginamit mo yang meow meow move mo!” sigaw ni Raffy. “Mimic tanga!” bulyaw ni Gustavo pero nakalusot ng suntok yung magpartner sa lalamunan ng mga kalaban. Gulat yung mga Gustavo pagkat nakita nila yung move na yon at dapat mauunahan nila ng suntok yung mag partner pero sila parin naunahan.

“Pano niyo nagawa yon?” sigaw ni Gustavo at kumasa ng suntok sina Raffy at Abbey, kumasa din ng suntok yung kalaban at sila yung unang bumitaw kaya ang bilis umikot ng team dragon, lose balance yung dalawang Gustavo pagkat pabitaw palang suntok nila napilitan sila gumaya ng spin move.

Pagharap nila natamaan sila ng Dragon Punch sa mukha kaya hiyawanan sa tuwa ang lahat ng manonood. Tumapis yung dalawang Gustavo at paglanding nila sa lupa doon palang sila bumitaw ng dragon punch at sila sila din lang ang natamaan.

Sumugod yung team dragon kaya napilitan bumangon yung dalawang Gustavo at sumugod din. Naglabas si Raffy ng Ice ball, yung isang Gustavo ganon din ginawa, si Abbey nagpauna ng fire ball na sinalubong ng fire ball nung isang Gustavo.

Biglang lumihis yung fireball ni Abbey, nagpasapol si Raffy sa didib sa fireball nung Gustavo. “Illumina!” sigaw ng binata pero naunahan siya nung Gustavo magbaon ng ice ball mukha.

Napatigil yung mga Gutsavo pagkat walang nangyari at wala na yung ice ball sa kamay nung isang Gustavo. Nakay Abbey na pala yon at sinapol niya yung ice ball sa mukha nung isa at siya yung nasabugan ng liwanag.

Lilihis na sana yung isa pero kumurba yung lumihis na fireball at sumabulong sa mukha niya at fake fire ball pala yon pagkat sa loob isang ice ball at nagsabog din ng illumina. “One minute Abbey” sigaw ni Raffy. “Got it” sagot ng dalaga.

Umatake yung magpartner ng mga kargadong physical attacks. Pinupuruhan nanaman yung mga vital organs nung dalawang Gustavo. Naset up nila yung dalawa para sa kanilang tanyag na first strike. Lumipad sa ere yung dalawang kalaban at natikman nila yung kakaibang bangis nung magpartner.

Bago pa matira yung final upper cut bumalik ang control nila sa kanilang magic bodies kaya ang bilis nila nakaiwas. “Punyeta kayong dalawa!” sigaw nung mga kalaban pero di sila binigyan tsansa nina Raffy at Abbey, umatake sila agad gamit ang kanilang dragon dance.

Habang nagkakasuguran pinaapoy ni Abbey yung lupa at ganon din ginawa yung isang Gustavo. Sigawan ang mga kalaban pagkat kakaibang apoy ang sumusunog sa kanilang mga paa habang sina Raffy at Abbey hindi tumatapak sa lupa mga paa nila at tila sa hanging sila tumatakbo.

Parehong ekis moves, sabay nagkasalabungan pero apektado na yung mga paa nung dalawang Gustavo dahil sa apoy, super spin move sina Raffy at Abbey, umekis ang paa nung dalawang kalaban kaya nasubsob sila sa lupa. Face first sila sa mga apoy, pumatong sina Raffy at Abbey sa likod nila at pinaghahammer punches ang kanilang mga batok.

Hilong hilo yung dalawang Gustavo, narinig nina Abbey at Raffy na dinadasal na nung dalawa yung counter spell. Tumayo sila agad, napilitan gumaya yung mga kalaban. Fake punch sa mukha, nakauna yung mga Gustavo pero nakalihis ulo nung magpartner, speed punch sa tiyan ng kalaban.

Napayuko yung mga Gustavo pero speed punch sa leeg, spin move para sa siko sa batok. Spin move at siko sa leeg, ginagamit nung magpartner yung in sync power at bilis nila. One second late yung mga Gustavo kaya panay ang matitinding sapol sa kanilang mga katawan.

Umatras sina Raffy at Abbey, “Cursed Dragon Hole!” sigaw nila at sabay yung two teams nashoot sa butas sa lupa. Narinig ng lahat ang tawa nung mga Gustavo, “Tanga sabi nga magagaya e!” sigaw nila. Nakaabot sila sa ilalim, sabay sila nagsimula lumutang pataas pero yung dalawang Gustavo nagsigawan.

Habang tumataas sila naglalabas yung mga earth spear, ice spear at wind spears sa butas at tinutuhog ang kanilang mga katawan. “How come hindi nila magaya?” tanong ni Hilda. “Because they do not know how to use dark magic” bulong ni Victor at lahat napatingin sa kanya.

“Tinuruan mo?” tanong ni Franco. “No, hirap si Raffy gawin yung estilo ng pagpapalabas ng normal user. Remember inalis magic body niya, that is why dati you taught him without a magic body, he learned to use…the darkness inside him. Kahit na binalik na magic body niya he still produces magic sa paraan na alam niya mula umpisa” paliwanag ni Victor.

Naipit sa gitna ng butas yung dalawang Gustavo, ang daming mga spear na nakasaksak sa kanilang mga katawan. Sina Raffy at Abbey nakalabas na sa butas nila, tumalon sila sa ere para sa dragon flight formation.

Tumira sila ng matinding apoy papasok sa butas ng kalaban pero sumalubong naman yung apoy na niluwa nung dalawang Gustavo. Nagkasagupaan yung dalawang higanteng apoy. “Curse dragon flame!!” sigaw ni Raffy at yung apoy nila ni Abbey nababalot na ng itim na apoy.

Mas malakas na ito kesa sa apoy nung dalawang Gustavo. “How are they going to mimic that if they are not cursed users?” bulong ni Franco. “They cant…Raffy and Abbey know it now. Kanina natatakot sila to use their cursed dragon power kasi akala nila magagaya lang. Itong dragon hole ni Raffy proved that they may mimic their moves but not their real powers” sagot ni Victor.

Naapula yung apoy ng mga Gustavo, tuluyan nang pumasok yung itim na apoy sa loob ng butas at dinig na dinig ng lahat yung nakakaawang iyak at sigaw ng mga kalaban. Lalo pang nilakasan nung team dragon yung pag apoy nila hanggang sa may sumabog na sobrang lakas na liwanag.

Napatapis sina Raffy at Abbey. Naalis na yung mimic spell kaya sabay nakalabas yung sunog sunog na mga Gustavo. Tumayo sina Raffy at Abbey, nagbabaga parin ang mga katawan nila, nagkasuguran pero tumalon sa ere yung magpartner.

“Cursed Dragon Hole!” sigaw nila at sabay tumalon yung dalawang Gustavo sa ere pagkat dalawang butas ang bumuka sa lupa. Sinalubong sila ng landing kicks, yung tunay na Gustavo umatake ng orange flame pero fake move pala si Abbey, yung team dragon inatake yung isang Gustavo at sabay nila nasapol dibdib nito at napasok sa butas.

Yung tunay na Gustavo lumusot at nagtuloy sa ere. Hind niya makontrol yung bilis niya. Naglanding sina Raffy at Abbey sa lupa, humarap yung tunay at bumuga ng hangin para mailabas yung kanyang kasama. Kalahating katawan palang nakalabas, “Exodus!!!” hiyaw ni Raffy at nagulat si Hilda. Nagsara yung butas at inipit yung kalahating katawan nung pekeng Gustavo.

Nagwala yung tunay pero sina Raffy at Abbey mabilis na binalot sarili nila sa kakaibang dark sphere barrier. Atake ng atake yung tunay sa barrier habang yung isa pang Gustavo nagsisigaw pagkat sumisikip yung pagsara ng lupa. Umapoy sa paligid nung butas at dahan dahan nilalasog ang katawan nung kalaban.

Hinihigop pa yung katawan nung butas para pumasok ito. Tinira ng tira na nung original na Gusavo yung lupa kaya tumawa siya nung bumuka ito pero kasama niya nalaglag sa sobrang lalim na butas. Nakalanding si Gustavo at pilit ginamitan ng paglutang para masalba ang kanyang kasama.

“Kahit gano kalalim pa yan malalabas ko siya!” sigaw ni Gustavo. Ilang saglit nagulat siya nang kalansay nalang ang nalabas niya. Napaatras siya at tinignan yung mag partner na nasa loob ng barrier. “What have you done?!” sigaw niya.

“He went straight to hell” sagot ni Raffy. Gulat na gulat si Hilda at napalunok. “Oh my God…diniretso niya yung butas hanggang sa sentro ng mundo” bulong niya. Nagwala si Gustavo pero lumabas agad yung magpartner, hinagis ni Raffy si Abbey sa ere at tinanggap ng binata ang mga atake ni Gustavo.

Humiyaw si Abbey at nagulat si Gustavo nang lumutang yung mga nagbabagang mga bato na balot ng lava. “I can control any flames!” sigaw ng dalaga, nagpaikot si Raffy at gamit hangin niya pinaatake niya yung mga nagbabagang bato sa katawan ni Gustavo.

Nagsisigaw si Gustavo sa dami ng mga bato na tumama sa kanyang katawan. Yung mga apoy sa mga bato ibang klase at lasog lasog siya agad. Nilabas pa ni Abbey yung apoy mula sa ilalim ng lupa at yun ang ginamit pang atake sa kalaban. Kahit saan tumakbo si Gustavo sinasalubong siya ng mga atake. Kontrolado na ni Raffy yung mga apoy at bato, wala nang takas si

Gustavo kaya yung magpartner gumawa ng kakaibang kulungan na gawa sa lava.

Pilit nila tinutulak si Gustavo sa butas habang nilalabanan niya ang mga apoy na kumukulong sa kanya. Si Abbey ang nagpapanatili sa mga apoy para balutin si Gustavo, si Raffy naman gumagamit ng wind force para itulak ang kalaban papasok sa butas.

“Phoenix Flare!” sigaw ni Gustavo at napatigil yung mga apoy ni Abbey pagkat kinailangan niya umilag at tumalikod pero si Raffy mabilis na lumuhod at naglabas ng ice wall. Nagreflect yung tira ni Gustavo sa sarili niya pero nakalihis siya sa butas. Nagsisigaw siya sa pansamantalang pagkabulag, humiyaw si Raffy at tinapis si Gustavo papunta sa isang puno.

Ang bilis na naglabasan ng mga ugat sa lupa at tinali ang mga paa ni Gustavo. Naglabasan ang mga sanga sa puno at niyakap ang bulag na Gustavo. “Now Abbey!” sigaw ni Raffy at kinulong ni Abbey yung puno sa isang fire cage, nagsisigaw si Gustavo sa tindi nung mga apoy. Humiyaw si Raffy, pansin ni Abbey nanghihina partner niya kaya dinaloy niya kapangyarihan niya sa binata.

“Salamat” bulong ni Raffy at muli siyang sumigaw. Nahugot yung buong puno mula sa lupa. Nilutang niya ito sa ere at pinapunta sa butas. Hindi na pumalag si Gustavo, hinayaan niya yung apoy lamunin ang katawan niya. Nashoot siya sa butas at agad pinasundan ni Abbey ng apoy para lalo itulak ang kalaban. Si Raffy naman sinara na yung lupa at pareho sila napaupo sa lupa at hingal na hingal.

“Is it over?” tanong ng dalaga pero yumanig ang lupa at may butas sa lupa na bumuga ng mga abo sa buong paligid. Mula sa butas lumabas ang isang napakalaking Phoenix at pinaghahabol sina Raffy at Abbey. Pinaapoy ng malaking ibon ang buong paligid habang yung mga nagkalat na abo dahan dahan nagtipon sa isang lugar.

“He is coming back! Stop it!” sigaw ni Franco sabay tinuro yung namumuong mga abo. Sumugod sina Raffy at Abbey pero humarang yung malaking ibon. Nagtransform din sila sa higanteng flame dragon at nagkasagapuaan yung dalawang malaking nilalang sa ere.

Sinusubukan nung dragon pigilan yung pagbuo ng mga abo gamit ng kanyang pahangin mula sa mga pakpak. Umatake yung phoenix at nakalmot yung mga pakpak ng dragon. Bumuga yung dragon ng apoy papunta sa namumuong mga abo. Humarang yung phoenix at tinanggap yung matinding buga ng apoy mula sa dragon.

Umiiyak na yung phoenix, unti unti ito nalulusaw pero yung mga abo sa lupa nakahulma na ng tao. Nang nalusaw ng tuluyan yung phoenix narinig na ng lahat yung tawa ni Gustavo. Sumugod yung dragon pero yung isang buga ng hangin nagpabura dito.

Tumapis sina Raffy at Abbey sa ere, lumukso yung bagong buhay na Gustavo at tumawa ng malakas. “I told you! You cannot kill me!” hiyaw nia at pinaapuyan sina Raffy at Abbey, yung magpartner nakaiwas pero si Gustavo galit na galit at nagsimula nanaman magdasal.

Sumugod siya at nakalihis yung magpartner pero nahagip sila ng kakaibang hanging at nagkalaslas sila sa katawan. Paglanding nila sabay napahaplos yung dalawa sa kanilang tagiliran, naglanding narin si Gustavo at tumawa ng sobrang lakas.

“Now come attack me, I dare you” sabi niya sabay ngisi. Sinubukan ni Abbey tumira ng fireball pero nagsigawan sila ng partner niya pagkat sila yung nasunog. Ang lakas ng tawa ni Gustavo, si Raffy sumubok bumira ng wind blades pero sila ni Abbey ang nasaksak ng wind blades na bigla nalang sumulpot.

“Come on hit me!” landi ni Gustavo at sumugod yung magpartner, nakalanding yung dragon punch nila pero sila yung tumapis at putok ang kanilang mga labi. Bagsak sila sa lupa, nagsync sila at muling sumugod. Tumawa lang si Gustavo, yung magpartner sabay tumalon sa ere para bumira ng spinning kicks na mabibilis.

Bago tumama mga paa nila sa mukha ni Gustavo sila yung tila natamaan ng mga sipa at muling napalayo. Lahat ng manood nagtataka na, “What is happening?” tanong ni Diosdado. “They are attacking pero sila yung natatamaan” bigkas ni Victor.

Tumawa ng malakas si Gustavo at naglakad palapit sa barrier. Sumugod sina Raffy at Abbey, sabay na nauna yung wind ball at flame ball pero tulad ng nauna sila parin yung mga natamaan at napatapis.

“Now watch them kill themselves” landi ni Gustavo sabay nginisian niya ang lahat ng nanonood.

Chapter 52: Kiss of the Cursed Dragon

Nag dragon dance muli sina Raffy at Abbey pero paglapit nila kay Gustavo para umatake sila yung nasasaktan at napapatapis. Dinaan nila sa bilis, mga fake moves pero ganon parin nangyari kaya tinawanan lang sila ni Gustavo na nanatiling nakatayo at unti unti nagbabaga ang kanyang katawan.

Nakalapit sila, tira ni Abbey sa mukha ni Gustavo lumusot pero si Raffy nakaramdam ng suntok. Yumuko ang binata para magleg sweep pero si Abbey yung natumba. “Faster” bulong ng binata kaya nag sync sila at ginamit ang mabilis na atake pero ganon parin ang nangyari at sila sila din lang ang nagkakasakitan.

Hingal na hingal na sina Raffy at Abbey pero nagholding hands sila at naglabasan ang kanilang mga tattoo sa buong katawan. Nanunumbalik na muli ang kanilang enerhiya habang si Gustavo nakangiti lang at inaantay sila umatake.

“Ngayon nasan na ang tapang niyo?” tanong ni Gustavo sabay tumawa. “Alam ko ano ginagawa mo! Hindi pa bumalik ang kapangyarihan mo, ginamit mo tulad kanina gumamit ka ng mimic spell para gayahin galaw namin habang binabalik mo kapangyarihan mo sa katawan mo!” sigaw ni Raffy at napalunok si Gustavo sa gulat.

“Nonsense! As if you know me” sagot ng kalaban. “Everytime you resurrect manghihina ka! Kailangan mo ng sapat na oras para bumalik ang kapangyarihan mo! Stupid ka, you used resurrection to raise your partner, you used mimic to conserve energy…decoy para di mahalata na nanghihina ka at inaantay mo pa bumalik kapangyarihan mo”

“Yes I know everytime you resurrect you become stronger but it takes time before that can happen!” sigaw ni Raffy. “Kalokohan yang sinasabi mo! You are not a phoenix user and you don’t know what you are saying” sumbat ni

Gustavo. “He told me…and I feel it all around…ramdam ko yung pagpapalakas mo! Hindi ka ba nagtataka bakit ang bagal ng pagpalakas mo?!” hiyaw ni Raffy.

“I have been trying to stop it! You are taking power from nature but sad to say I know how to control nature magic….i will stop you as long as I can…hanggang mabasag nila yung barrier pipigilan kita!” sigaw ni Raffy at nainis si Gustavo.

“Stupid boy uttering nonsense” sabi ni Gustavo at naririnig na niya yung mga pagcrack sa barrier. Naging hudyat yung sinabi ni Raffy para magsama sama muli ang mga guro sa pagtibag sa barrier. “Kahit anong gawin niyo hindi matitibag yan!” sigaw niya. “Tanga! Lahat ng nabubuo maaring masira….you are using some of your powers to keep the barrier up….lalong babagal ang paglakas mo!” sigaw ni Raffy.

“Mali yang sinasabi mo! Bobo ka! Ang bata bata mo pa akala mo alam mo na ang lahat!” sigaw ni Gustavo. “Then come and fight! Duwag ka!” sigaw ni Raffy. “Eggless!” dagdag ni Abbey kaya nainis si Gustavo at inalis yung spell. Nagkasuguran sila, nagpasiklab si Gustavo ng Phoenix Flare pero ang bilis umikot nung magpartner, nakatalikod sila nung nagliwanag, pagharap nila nakahawak sila sa mga kamay ng kalaban.

Sabay sila sumipa sa batok ni Gustavo, nakayuko yung kalaban pero hawak parin nung magpartner mga kamay niya kaya nabigyan siya ng double knee sa mukha. Flaming elbow sa batok ni Abbey habang si Raffy isa pang tuhod sa panga. Binilisan nila atake nila pagkat ramdam nila mahina pa talaga ang kanilang kalaban.

Naghulma ng mga bungo sa kamay si Gustavo pero ang bilis nung mag partner na tumalon sa ere. Nakasakay agad si Abbey sa likod ni Raffy, lumutang pa sila sa ere at di na maabot ni Gustavo. Ang kalaban nainis at winasiwas ang wand niya. “Dragon Roar!” hiyaw ni Raffy at naglabas siya ng kakaibang hangin mula sa bibig niya.

Natulak palayo si Gustavo at hindi niya natira yung atake mula sa wand niya. “Cursed Dragon Flames!” sigaw ni Abbey at mula sa mga kamay niya naglabasan ang mga apoy na may halong itim at sinapol si Gustavo sa dibdib.

Pinanood nila kumulo ang balat ni Gustavo pero ilang saglit nagsisigaw si Raffy pagkat inulit nung kalaban yung spell. Bagsak ang binata sa lupa at nag alala si Abbey pagkat nasunog sunog ang uniform ng kanyang partner. “Sorry” sabi ni Abbey. “Its okay…pinatunayan lang ng duwag na yan na tama tayo” sabi ni Raffy.

“O ano magagawa niyo ngayon kung totoo? Come on stop me if you can” hamon ni Gustavo at umatras sina Abbey at Raffy. “Pero he cant hurt us naman if we don’t attack” sabi ng dalaga. “Oh that is right dumb girl, but once I get my full power hindi ko kayo papatawarin” sabi ni Gustavo at sumugod si Raffy at kumasa ng suntok.

Napatigil siya pagkat nakangiti si Gustavo, “Sige isuntok mo yan at alam mo naman sino ang masasaktan” landi niya. Inis na inis si Raffy, alam niya si Abbey ang masasaktan pag kinonekta niya yung suntok niya. Umatras siya at nagbulong si Abbey.

Ang dalaga sumuntok sa partner niya pero tumawa si Gustavo. “Bobo! Do you think if you hurt yourselves you hurt me? Oh sorry my dear this spell does not work that way…oo aminado ako the mimic at itong spell ay ginagamit para makatakas pero wala ako balak tumakas kasi pag bumalik ang buong kapangyarihan ko papatayin ko kayong dalawa!” sigaw ni Gustavo.

Lumuhod sina Raffy at Abbey, dumikit ang dalaga at sabay sila pumikit. “Do you see it?” tanong ng binata at kahit nakapikit ramdam ni Abbey yung mga kapangyarihan sa kapaligiran na pumapasok sa katawan ni Gustavo. Nakikita niya na may pwersang lumalaban, “Youre fighting it?” tanong niya. “Yeah pero masyado siya malakas…I can only stop some…” bulong ng binata.

“Oh look at them, suko na ba kayo?” landi ni Gustavo. Tumayo si Raffy at siya yung tumawa. “Everyone listen to me!” sigaw niya. “He can only use resurrect three times! Each time it takes a long time for him to recover his energy. Kaya siya nagkakaganito kasi alam niya if we kill him again then tapos na siya! Kahit bumalik siya one last time mas matagal na yung pagbalik niya” sigaw ni Raffy.

Nagulat si Gustavo at muling napalunok. “Nonsense! Hindi totoo yan! I can resurrect as many times as I want” sagot ni Gustavo. “Liar! He told me! You already used it twice kaya ka nagpapalakas ng husto kasi alam mo may isa ka nalang natitira…at alam mo na mas mahihirapan kang lumakas after using that last one” sabi ni Raffy.

“Punyeta ka! Kahit na wala na kayo magagawa” sabi ni Gustavo. “Oh yeah? Tibagin niyo yang barrier! I will focus my powers in stopping you regaining your powers. Abbey you know what to do” sabi ni Raffy at lumapit ang binata sa kalaban at nakipagtitigan.

Pumikit si Raffy at ramdam ni Gustavo na bumabagal ang pagpasok ng lakas sa kanyang katawan. “Hati yung kapangyarihan mo! Yung iba pinapalakas mo yung barrier! You have to choose one! If you choose to focus on yourself they will kill you”

“If you focus on the barrier…we will kill you!” hiyaw ni Raffy at nagtitigan yung dalawa. “Tangina kang bata ka!” sigaw ni Gustavo at ang bilis niya inalis yung spell, yumuko agad si Raffy at naka ready na pala si Abbey kanina pa. sinapol niya si Gustavo sa mukha gamit ang kargadong kamao.

Ramdam ni Gustavo yung sakit, putok agad mukha niya, tumayo si Raffy at sabay winasiwas mga kamay niya para sa double wind blade slash sa dibdib ng kalaban. “Abbey stop!” sigaw ni Raffy at nagulat si Gustavo pagkat alam ng binata na binalik niya yung spell.

“Punyeta ka talaga!!!” sigaw ni Gustavo. “Huh…I had a good lesson about this place so I know how to control the nature here. Di mo inasahan yon ano? You think everyone will never notice kasi walang nagbibigay nang pansin sa mga simpleng kapangyarihan mula sa paligid”

“Bobo ka…meron parin ganon..isa na ako doon kasi gusto ko ibalik lahat sa dati at yung nakaraan ang magpapatumba sa iyo hayop ka! Abbey now!” hiyaw ni Raffy at nagulat ulit si Gustavo pagkat alam ng binata na pinatigil niya yung spell para umatake sana.

Ang bilis nagpaapoy ni Abbey, umatras si Gustavo pero mula sa apoy nakalipad yung magpartner at sabay nila binira ng dragon punch ang kalaban sa dibdib. Narinig ang pagcrack ng kanyang ribs, hahataw ulit si Abbey sana pero hinila siya ni Raffy at pinigilan. Inis na inis si Gustavo pagkat binalik niya yung spell.

“So anong gagawin mo ngayon?” tanong ni Raffy pero tumawa si Gustavo. “Pigilan mo ako kung kaya mo…once nabalik buong lakas ko…I am going to kill her…your parents…your friends…then I will kill you last” banta ng kalaban. “Not if our companion kills you first” landi ni Raffy.

“Kilala na kita bata, magaling ka sa arte at diskarte. Do you think maloloko mo isipan ko? Gusto mo lang guluhin isipan ko thinking may iba pa kayong kasama dito” sagot ng kalaban. “Oh you want to meet him?” tanong ni Raffy. “Him? Lalake siya? Babae yon” sabi ni Abbey at tumawa si Gustavo.

“Buking! Kayong mga bata talaga, panay pakulo. So nasan yung imaginary friend niyo?” tanong niya. “Eto tanga!” sigaw ni Raffy at umatake sila ni Abbey, pinagsusuntok nila si Gustavo pero sila din lang nasasaktan. Tawa ng tawa si Gustavo at pinanood yung dalawa saktan ang sarili nila.

“What are they doing?!” sigaw ni Diosdado. “Sinasaktan lang nila sarili nila! They know that diba?” tanong ni Janina. “Tumigil nga kayo…my son wont do anything stupid…like I said may plano sila” sagot ni Felipe.

“Abbey tiis..” bulong ni Raffy. “I know…please help” bulong ng dalaga at tinuloy nila atake nila, lalo sila nasasaktan pero nilalakasan nila atake nila. Tawa ng tawa si Gustavo pero biglang may humampas sa kanya. Gulat na gulat siya pagkat nakakonekta yung dalawa.

Tinuloy nung magpartner pag atake sa kanya, nakita ng kalaban na nagbabaga na katawan nila. Natuwa si Ernie at yung ibang guro pagkat naka total defense yung dalawa habang umaatake. “Its their dragon helping them” bulong ni Pedro. “Oo nga I can see it” bulong ni Felipe.

Nabuhayan ang lahat ng nanonood, panay ang atras ni Gustavo pagkat kahit naka on parin yung spell niya ay panay ang tanggap niya ng malalakas na tira. Sumigaw si Gustavo nang makaramdam siya ng laslas sa kanyang dibdib.

Napatingin siya sa dibdib niya at parang nalaslas siya ng mga kuko na malalaki. Walang tigil yung atake nina Raffy at Abbey, hindi na sila nasasaktan pagkat napapagsasabay na nila yung depensa sa kanilang atake, ang di nakikita ni Gustavo tumutulong na yung dragon nung dalawa.

Naglabas si Eric ng magic screen at namangha ang lahat. Nasa gitna si Gustavo, si Raffy nasa kanan, si Abbey sa kaliwa habang yung dragon nila nasa harapan ng kalaban. Sabay sumipa yung magpartner, yung dragon hinampas ng buntot niya si Gustavo kaya napatapis ito.

Ang kalaban nagpapanic na, hindi na niya alam anong nangyayari. Nagdadalawang isip siya kung bibitaw sa spell para lumaban pero alam niya pag ginawa niya yon hindi matutuloy ang pagpasok ng kapangyarihan sa

katawan niya at maaring mabasag na yung barrier at makakapasok na yung iba.

Sabay umatras yung tatlo, yung dragon umatake gamit mga pakpak niya kaya grabe yung laslas ni Gustavo sa kanyang mga balikat, nagsisigaw siya sa sakit, napilitan siyang alisin yung spell para magregenerate. Gamit lakas niya tumalon siya sa ere, hinabol siya nung dragon at hinampas sa isang puno.

Naghilom ang mga sugat ni Gustavo, bago niya ibalik yung spell nasaksak siya ng wind at flame blades sa dalawang tagiliran habang sa harapan sinasaksak siya ng dragon sa dibdib gamit ang mga kuko. Sabay yung tatlo bumuga ng atake, si Abbey nagpaapoy, si Raffy gumamit ng wind breath habang yung dragon nagpaapoy din.

Tostado si Gustavo at yung puno, lumuhod siya at pinagdadabog kamay niya sa lupa at nagbaga ng malakas ang mga mata niya. Lumabas yung Phoenix mula sa katawan niya at inatake yung dragon. Nagbangayan yung dalawang nilalang sa ere, nanghina sina Raffy at Abbey pero ganon din nangyari kay Gustavo.

Sina Raffy at Abbey lumuhod at pinagsusuntok si Gustavo. Wala magawa ang kalaban at umaasa nalang na sana manalo ang kanyang phoenix. Mabangis yung dragon nina Raffy at Abbey. Lahat namangha sa kakaibang laban sa ere nung dalawa.

Binalot ni Gustavo sarili niya sa total body magic defense, sina Raffy at Abbey walang tigil sa pasiklab ng kapangyarihan at kahit nakadepensa ang kalaban nasaaktan ito. Inatake nung Phoenix yung mga mata nung dragon pero winasiwas nung dragon yung pakpak niya at nalaslas ang kalaban.

Binaon ng dragon mga kuko niya sa dibdib ng phoenix, mga pakpak niya naglaslas sa pakpak ng ibon. Buntot niya bumalot sa leeg ng Phoenix sabay

binugaan ito ng itim na apoy. Napanganga nalang ang lahat nang mapanood ang unti unting pag agnas ng phoenix. Nakakabingi yung iyak nung ibon pero bigla ito naging orange na usok at sumugod sa katawan ni Gustavo.

"Phoenix flare!" sigaw ni Gustavo at naisahan niya yung magpartner, nabulag sina Raffy at Abbey, habang lumayo sila pumasok yung usok sa katawan ni Gustavo, naglabas siya ng dalawang blades at sinaksak ang katawan nung magpartner habang bulag sila.

Agad niya ginamit yung spell sabay lumayo para magpalakas. Nakaluhod sina Raffy at Abbey, medyo malubha yung tama nila sa katawan kaya mga ama nila nagwawala sa labas. Nawala yung dragon nila, kinailangan nito bumalik sa katawan nung dalawa para magamot ang kanilang sugat.

Nakatayo na si Gustavo at tinitigan yung dalawa at namangha din siya sa paghilom ng mga sugat nila. "So its true…dragon users…the more I want to kill you" bulong ng kalaban. Tumayo yung magpartner, tumawa yung kalaban pagkat alam niya masyado na mahina yung dragon nila para maulit yung sabayang atake.

"Unahan nalang tayo sa pagpalakas" sigaw ni Gustavo sabay tumawa. Mabagal yung paghilom ng sugat nina Raffy at Abbey, hinarap nila si Gustavo at nakipagtitigan dito. "We wont let you reach that point" sabi ni Raffy. "Taratando ka talaga, tignan mo sino sa atin ang mauunang lumakas" sabi ni Gustavo.

"May alas pa kami hayop ka" sabi ni Raffy. "But you cant hurt me now" landi ng kalaban. "Wanna bet?" tanong ni Raffy. "Stupid boy, you need to regain your energy, attacking me now will be useless since you will be just hurting each other" sabi ni Gustavo.

Lumayo konti sina Raffy at Abbey, nagulat ang dalaga nang hawakan ng binata ang kamay niya. Nagharap silang dalawa at naintriga ang mga manonood. “What are they planning?” tanong ni Hilda. “Di ko alam, nagpapalusot nalang sila, shit we have to help them” sabi ni Franco.

Sa gitna ng duel island magkaharap sina Raffy at Abbey. “Raffy please say that may binabalak ka” bulong ng dalaga at napangiti ang binata at hinaplos ang pisngi ng kanyang partner. “Are they saying goodbye? Hoy don’t give up!” sigaw ni Adolph.

“No look!” sigaw ni Pedro at kitang kita nila kinikilig si Abbey, may ihip ng hangin sa paligid at yung mga sanga ng natitirang puno biglang namamatay. “I love you Abbey” sabi ni Raffy at biglang kumulo ang tubig sa batis, si Gustavo napalingon sa paligid at nagpanic.

“What are you two doing?!” sigaw niya. “I love you two Raffy” sagot ni Abbey at biglang napaatras si Gustavo sa lakas ng kakaibang mainit na hangin. “Why are you two not getting hurt?! What kind of magic is this?!” sigaw ng kalaban.

Nagdikit ang mga noo nung magpartner, ngitian sila at nagkiskisan ang kanilang mga ilong. “Its called love” bulong ni Hilda. “Shit…oo nga…go ahead iho I give permission” bulong ni Pedro at siniko siya ni Felipe. “For a good cause” landi niya. “Kahit hindi…pare he is good for her, he has proven that” sabi ni Pedro.

Di na alam ni Gustavo kung anong nangyayari. Nalalaslas na katawan niya ng matinding hangin at suot niya nasusunog lalo. Ramdam niya yung init at apoy sa lupa kaya nagsisigaw na siya. “What kind of magic is this?” sigaw niya..

“Kiss of the cursed dragon” bulong ni Raffy at napangiti sila ni Abbey. Nagkiskisan na ang mga labi nila. Napatalon sa takot si Gustavo pagkat katawan niya umaapoy na.

Tuluyan nang nagdikit ang mga labi ng magpartner, sabay sila pumikit at kahit na umiiyak na sa sakit ang kanilang kalaban tinuloy na nila ang kanilang first kiss.

Lumuhod si Gustavo sa lupa, pinapanood niya masunog ang kanyang mga galamay. Walang tigil na yung paglaslas ng kakaibang hangin at halos malasog lasog na talaga ang kanyang sunog na katawan.

“Babalikan ko kayo” bulong niya at tuluyan na siyang inagnas. Walang tigil yung paglaslas ng hangin, tumindi din yung pag aapoy ng katawan niya habang magkadikit ang labi nina Raffy at Abbey.

Chapter 53: Resbak

Nagpigil ng tuwa ang mga manonood pagkat dalawang beses na napatay nina Raffy at Abbey si Gutsavo. “Pagbalik niya keep kissing!” sigaw ni Felipe. “Oo don’t stop! Raphael wag mo tigilan paghalik sa anak ko! Ngayon lang ako papayag ng ganito!” sigaw ni Pedro at halos sumabog sa tawa yung mga guro.

“Tumulong na lang kayo! Malapit na magiba itong barrier!” sermon ni Franco. Nagtulong tulong na yung mga guro at palaki ng palaki na yung crack. Sa duel area nagtitigan sina Raffy at Abbey, nagpause sila at pareho sila nauutal.

“Sorry it had to be this way” bulong ng binata. “It does not matter…pareho parin naman siya sa naimagine kong first kiss natin” bulong ni Abbey. Napalingon sila sa paligid at nakita nila yung mga abo ni Gustavo muling naiipon. Naghalikan ulit sila pero di nila mapigilan yung pag titipon nung mga abo.

Inantay nila mabuo yung katawan, hindi makalapit yung dalawa pagkat may kakaibang barrier namumuo habang bumabalik ang buong katauhan ni Gustavo. Medyo nasindak yung dalawa pagkat mas matipuno na Gustavo ang nabuo.

Nagbabaga ang kanyang buong katawan at mga mata nanlilisik sa galit. “At first I doubted you two…apprentice of the dragon lord sabi niyo last time. Yes you killed me that time but I came back…I wanted you two so badly…but now I just want to get rid of you!” sigaw niya at sumugod sina Raffy at Abbey, isang wasiwas lang ng kamay ni Gustavo at sabay nalaslas yung magpartner sa dibdib.

Tinulak niya yung ere at tumapis yung mag partner sa malayo. Nagyakapan ulit yung dalawa at naghalikan pero tinawanan lang sila ni Gustavo. “Oh he didn’t tell you? Kung ano yung kapangyarihan na pumatay sa iyo…pagbalik

mo immune ka na sa kapangyarihan na yon!" sigaw ni Gustavo at lahat ng manonood napatigil na.

Sina Raffy at Abbey hindi maniwala pero kahit anong lakas ng hangin at apoy sa paligid hindi naapektuhan ang kalaban. Nakalapit si Gustavo at pinag umpog ang ulo ng mag partner. Nagkaphyisical na laban, nanghihina pa si Gustavo pero tumatawa siya pagkat kahit kargado ang mga tira nung magpartner hindi talaga siya naapektuhan.

Nakauna si Gustavo at siya ang nagpasiklab ng kanyang mahika. Walang tigil na orange flames humili kina Raffy at Abbey. Nagtakbuhan yung dalawa pagkat panay killing curses ang binira ni Gustavo. Narinig niya yung pag crack sa barrier, umatras siya at inulit niya yung spell.

Lumalakas ulit siya at yung mga crack sa barrier nagsasara. Si Raffy napasigaw pagkat hindi na niya kaya pigilan yung pagpapalakas. "Stupid boy…I told you immune na ako pag bumalik ako. How will you stop me now?" tanong niya.

Sinubukan parin ni Raffy yung pagpigil sa pagpapalakas ng kalaban. Si Abbey sinubukan ipasa ang kapangyarihan niya sa partner niya. Ramdam ni Gustavo yung nangyayari kaya inalis niya yung spell, ang bilis niya sumugod at sinaksak yung dalawa gamit ang kakaibang blades.

Binalik niya agad yung spell, sina Raffy at Abbey abala na sa paghilom ng kanilang sugat. Hindi na nila malabanan yung pagpapalakas ni Gustavo, yung barrier nabuo na muli kaya ang tindi ng tawa ng kanilang kalaban.

"How will stop me now?" tanong ni Gustavo pero sina Raffy at Abbey sabay lumuhod. Nanghihina na sila pagat lalong bumagal ang paghilom. "Abbey…we need help" bulong ni Raffy. "I can hear you…sino naman tutulong sa inyo

ngayon? You are trapped inside here with me and once I get my full power back I shall show you what true power is" sigaw ni Gustavo.

Pumikit si Raffy, hinawakan ni Abbey ang kanyang kamay. Inalis ni Gustavo yung spell, sobrang bilis niya sumaksak ulit ng mga blades sa dibdib ng magpartner. "Veneno de carga!" hiyaw niya at nanlambot na ang lahat ng manonood.

Umatras si Gustavo sabay binalik yung spell at muling tumawa. Bulagta sa lupa yung magpatner, hindi na sila pwede humilom pagkat tuwing gagawin nila yon agad sila mamatay. "Wait for me…I can feel it all coming back now" bulong ni Gustavo.

Nakayanan pa ni Raffy lumuhod, tumabi si Abbey sa kanya at yung dalawa nagsusuka na ng dugo. "We need help" bulong ng binata. "Nanghihina na ako Raffy" sagot ng dalaga. "Please Abbey…lend me your power…last chance natin to" bulong ng binata at sabay sila pumikit.

Mga manonood nanghina na, tanging yung mga elders nalang ang walang tigil na sumusubok sa pag giba sa barrier. Napahawak sa ulo si Felicia, sunod sunod na ang mga team dragon members napahawak sa ulo.

Ilang saglit tumayo sila ng tuwid, "We understand" sabay nila binigkas kaya lahat napatingin sa kanila. Hinila ni Felicia si Samantha, "Whats going on?" tanong ni Sam. "They need us" sabi ni Adolph at sabay sabay sila nagbaga sa mata, mga kamao nila lahat kargado na.

Nagliyab ang katawan nina Raffy at Abbey, nagsigawan sila pero tinawanan lang sila ni Gustavo. "It is enough! Let me let you have a taste of the true Phoenix Flame" pasikat niya at inalis niya yung spell, nag ipon siya ng sobrang lakas na apoy sa kanyang mga kamao.

Tinira niya papunta sa magpartner, sobrang lakas na pagsabog ang naganap. Lalo pang lumakas yung Phoenix flame kaya si Gustavo tuwang tuwa pagkat hindi na nakaiwas yung magpartner.

Lahat ng guro napailing sobra, si Hilda naluluha na pero paghupa nung apoy may malaking shield barrier sa duel area. Nagulat si Gustavo pagkat nakatayo si Samantha at hawak niya yung matinding shield barrier at sa likuran niya nakatayo ang lahat ng members ng team dragon.

“Go! Ako bahala sa kanila” sigaw ni Samantha. “Nandito na ang resbak!” sigaw ni Adolph at bumira agad ng matinding kuryente. Nabigla si Gustavo, sapol siya sa dibdib, hindi niya inasahan ito.

Habang nangingisay siya nagpaalon si Homer mula sa magkabilang dulo at kinulong si Gustavo sa loob ng isang malakaing water sphere. Lumapit si Adolph at sinaksak niya ang kanyang mga kamao sa water sphere at binuhos niya ang pagkukuryente.

Si Charlie nagsaksak ng mga wind blades sa sphere habang si Samantha lumuhod at kinulong sina Raffy at Abbey sa kakaibang special shield barrier. “I will keep you two safe” sabi ng dalaga.

Napasigaw si Adolph at Homer at napatapis sila. Napilitan si Gustavo alisin yung spell at bago siya makaatake may napakalaking earth fist tumama sa buong katawan niya walang tigil. Pag hinto nung earth fist nabulaga siya pagkat sina Dom and Jeff ang sumugod at binira siya ng bersyon nila ng Dragon Punch.

Nabali agad ang mga ribs ni Gustavo sa tindi nung suntok nung dalawang binata. Nakatayo siya pero walang tigil umatake yung mga brute dragons kasabay nang paglaslas ng wind dragon sa kanyang buong katawan.

Higanteng earth fist bumagok sa ulo ni Gustavo, magkabilang tira sa kanyang kidneys galing kina Dom at Jeff. Nag sama sama ang lahat ng team dragon at pinalubutan si Gustavo sa gitna.

"Para kay Raffy at Abbey!" sigaw ni Adolph, lahat sila naluluha pero puno ng galit ang kanilang mga mata. Sabay sabay nila inatake ang kalaban gamit ang kanilang natutunan sa sync training. Sina Armina at Elena ang nag initiate ng sync magic habang yung iba ang umatake.

Kargado ng matatalim na wind blades mga kamao ni Charlie, brutal ang pagsaksak niya at paglaslas. Sina Dom, Jeff at Venus ang namahala sa paglalamog sa buong katawan ni Gustavo habang si Adolph at Homer nagcombine magic para sa napakatinding pagkukuryente.

"Phoenix flare!" sigaw ni Gustavo at binulag niya yung mga umaakte maliban kay Felicia na kanina pa pala nakatago. Galing siya sa puno, lumabas siya at sinaksak ang isang ice spear sa dibdib ni Gustavo mula sa likuran. Napaluhod ang kalaban, humiyaw si Felicia at humawak sa ulo ng kalaban sabay pinagyelo ang ulo nito.

Nagsisigaw si Gustavo pagkat ramdam niya yung kakaibang yelo na nagpapatigas sa mga ugat niya sa ulo. "Bruha ka!" sigaw ni Gustavo at nagpakawala siya ng matitinding apoy. Napilitan si Felicia umatras at nagpalabas ng madaming ice barriers sa paligid.

Parang labyrinth ng ice walls ang nabuo. Nabigyan ng dalaga oras ang mga team mates niya para makakita muli. Nagwala si Gustavo at isa isang tinibag ang mga ice walls. Titirahin na niya yung isang wall pero lumabas ang mga kamay ni Felicia at nahulo ang isang kamay ng kalaban.

Narinig ng lahat ang sigaw ni Felica sa galit, napanood ni Gustavo magsimulang magyelo ang ugat niya sa kamay at dahan dahan dumadaloy ito

papunta sa kanyang balikat. Lumitaw si Charlie at humataw ng isang wind blade at tuluyan na pinutol yung kaliwang kamay ng kalaban. “Punyeta kayo!” hiyaw ni Gustavo at namilipit siya sa kakaibang sakit.

Wala na siyang isang kamay, bago pa niya masuntok si Charlie lumitaw si Homer at tinira siya ng water bomb sa mukha. “Ano naman magagawa non? Ha?!” hiyaw ni Gutsavo pero sumulpot si Adolph at nasaksak niya apat na daliri niya sa bibig ng kalaban.

Napakatinding kuryente natanggap ni Gutsavo sa kanyang ulo. “Aray ko animal ka!!!” sigaw ni Adolph pagkat paralisado nga ang kalaban pero normal reaction ng tao kakagat kaya halos maputol na ang mga daliri niya. “Tanga tanga ka kasi!” sigaw ni Dom at kinailangan nila birain sa dibdib ng malakas si Gustavo para mapanganga ito.

“Bullshit kayong mga bata!” hiyaw ni Gustavo at nagdasal siya ng mabilis at nagsabog ng kakaibang apoy ang buong katawan niya. Nagtayuan ang mga wind, earth, ice at water barriers. Umatras ang buong team dragon pagkat nagwawala na muli ang kanilang kalaban.

“Shit this is easier if Raffy and Abbey was here, they will tell us what to do” sabi ni Felicia. “Hoy babae do something!” sigaw ni Adolph kaya napalunok si Samantha, napalingon siya sa paligid at nakita niya yung matandang adviser niya sa malayo. Nag nod yung matanda kaya hinarap na ng dalaga ang katawan nina Raffy at Abbey.

“Protektahan niyo kami! I need my powers so aalisin ko tong barrier!” sigaw ni Samantha. Nanigas sina Armina at Elena, “Help her…no one should see what she is going to do…please” bulong ni Raffy sa kanilang mga isipan. Nagulat si Sam nang tumabi ang dalawang dalaga. “Utos ni Raffy” bulong ni Armina at nakatago sila sa matinding mist. “Salamat” bulong ni Samantha at ngayon hindi na makikita ng iba ang kanyang gagawin.

Nagliyab ang mga kamay niya na nakapatong sa dibdib nina Raffy at Abbey. Nagsimula siya magdasal at may berdeng liwanag ang pumapasok mga sugat nina Raffy at Abbey. Di rin maintindihan nina Armina at Elena ang ginagawa ni Sam pero nakita nila nilalabas nung berdeng liwanag ang orange na liwanag mula sa sugat nung dalawa.

"Bilisan niyo diyan!!" sigaw ni Adolph pagkat nauubos na ni Gustavo yung mga barriers. Nagpalabas ang team dragon ng mas maraming mga barrier. Wind barrier, ice barrier, water barrier, land barrier, at pati na si Adolph naglabas ng electric barrier. Lumaki ng todo yung labyrinth na nabuo nila ng puno ng barriers.

Si Gustavo sumugod lang at isa isa tinibag yung mga barrier. "Shit bilisan niyo!" sigaw ni Charlie at kinailangan na nila sumugod. Napatingala si Gustavo pagkat halo halong mga ice, water, earth at electric balls ang pabagsak na sa kanya. Tinira yung mga paparating na bola pero nabulaga siya sa double power tackle mula kina Dom at Jeff.

Pagbagsak niya nakita niya yung mga halo halong power ball nakalutang sa ere pero ang bilis nila umatake sa kanya. "I learned that from Raffy" pasikat ni Charlie at pinaulanan nila si Gustavo ng mga power balls. Sapol sapol si Gustavo kaya lalo siya nagalit.

Tumayo siya at sinalo lang ang mga tira, gumaganti siya ng ibat ibat killing spells kaya nagtakbuhan ang lahat ng team dragon at umiwas sa kanyang mga tira. Walang tigil si Gustavo sa paglabas ng killing curses at spells. Dahan dahan narin nabubuo ang nawala niyang kamay.

Pagbuo ng isang kamay niya dalawang wands niya ginamit niya at umulan ng mga killing curses sa buong paligid kaya napilitan magtago ang team dragon. Hingal na hingal si Samantha nang maalis na niya yung veneno de carga spell sa katawan nung dalawa. Sinimulan na niya hilimun ang sugat nung dalawa at tumulong narin ang dragon abilities nina Raffy at Abbey.

“Everyone…fall back…Armina..Elena…one last favor” sabi ni Raffy sa isipan niya. Binalot ng dalawang dalaga ang buong duel island ng matinding white mist. “Ayun salamat” sabi ni Adolph at lahat sila nakapagtago. Si Gustavo nagpasiklab ng phoenix flare pero di umubra ito sa kapal ng mist sa buong paligid.

“At akala niyo makakapagtago kayo” sigaw niya at may dumaan sa harapan niya na sobrang bilis. Laslas sa dibdib natanggap niya mula kay Charlie. Sinundan niya yung galaw nung dumaan at tinira niya ito ng killing curses pero wala siya natamaan. Nabagok siya ng matindi sa ulo sa tira nina Dom at Jeff na sumulpot. Haharap palang siya pero natamaan naman siya ng earth fist sa batok.

“Bullshit kayo!” sigaw niya pero kahit saan siya humarap sa makapal na mist panay sapol natatanggap niya. “Kayo ang duwag!” sigaw ni Gustavo at nagpaikot ikot siya ng sobrang bilis, panay ang bitaw niya ng killing curses kaya walang makalapit tuloy sa kanya.

“O ayan sige lapit kayo!” sigaw niya. Nakita niya yung mga pulang mga mata ng dragon kaya lalo siya nagpanic at nagtitira sa buong paligid. “Wait there’s more!” sigaw ni Raffy at narinig ni Gustavo ang mga ungol ng mga tigre sa paligid.

Lalo siya nagwala pero dalawang white tigers umatake sa kanya mula sa likuran. Ang babangis nung dalawa kaya napadapa si Gustavo. Nagsabog siya ng apoy at umalis yung mga tigre pero pagtayo niya inatake naman siya ng dragon mula sa harapan.

Humupa yung white mist konti at nagulat si Gustavo pagkat napalibutan na siya ng sobrang daming mga estudyante. Si Raffy at Abbey magktabi at kasama nila si Sam na nahulamang barrier sa harapan nila.

Mixed forces na ang lahat ng schools, kasama narin sina Anne at Shiela na mula sa phoenix. Mga nakatayo sa harapan ang mga taga norte at sila yung nagbibigay depensa.

“So you all think kaya niyo ako?” tanong ni Gustavo. “We can try but if we fail then malaki parin problema mo” sabi ni Raffy sabay tinuro yung outer barrier kung saan ang laki ng crack doon. “Sorry sila lang kaya ko isummon dito kasi yung mga nasa labas malalakas masyado kaya hirap ko sila tawagin sa loob” hirit ni Raffy.

Napalunok si Gustavo at kita niya yung mga galit na elder at guro. “So be it…isasama ko kayo!” sigaw niya at nagpasabog siya ng malakas na apoy na kargado ng killing curse. Ang bibilis nung mga taga norte harangin yung mga apoy pero sa galit ni Gutsavo sobrang lakas ng kanyang mga apoy kaya medyo napapaatras ang lahat.

“Ibubuhos ko na ang lahat, one last spell…a flame that not only burns but instantly kills all on its path..” sigaw niya at muling napalibutan ng white mist and buong duel island. “Walang magagawa yan, kahit saan kayo magtago” sabi ni Gustavo.

Kumapal ng kumapal yung white mist pero unti unti ito naging itim. Dumilim narin muli yung kalangitan. Yumanig ang lupa at walang nang makita si Gustavo sa kapal ng itim na mist sa buong paligid.

Walang humpay niya pinanatili yung gumapang niyang apoy. Natatakot narin siya pagkat muli niyang naririnig yung ungol ng dragon at mga tigre. Napasigaw si Gustavo pagkat malakas na sigaw ng mga phoenix narinig niya kasabay ng hiyaw ng mga tigre at dragon.

Napahawak siya sa kanyang mga tenga, napatigil yung pagpapaapoy niya. Ramdam niya may susugod kaya binalik niya yung pagpaapoy pero ngayon mas matindi pa para masigurado na mahagip ang lahat ng nilalang sa buong duel island.

Nabalot na ng takot si Gustavo, di na niya alam kung meron pa siyang kalaban pagkat sobrang tahimik. Kinakapa niya paligid niya pero wala na siyang maramdaman. Pinahinto niya ang apoy niya. Nakinig siya sa paligid at biglang nanigas

“Tomorrow will never come for you” bulong ni Raffy sa kanyang tenga.

Chapter 54: Grand Alliance

Mabilis umikot si Gustavo armado ng dalawang bungo sa mga kamay. Sasaksakin niya sana si Raphael ngunit pagtira niya wala na yung binata. Nakaramdam siya ng malalamig na ihip ng hangin sa kanyang batok kaya muli siyang lumingon. Wala siyang makita sa kapal ng itim na usok pero ang bilis siya nasipa sa panga ni Raphael.

Sinubukan niya magpakalawa ng phoenix flare ngunit masyado makapal yung itim na usok kaya walang epekto ang pagpaliwanag niya. “Psst” narinig niya kaya ang bilis niya tumalikod. Nakakita siya ng isang nilalang kaya sinugod niya agad ito. Sumisigaw siya, todo bwelo ang kanyang mga kamay at binaon agad yung dalawang bungo sa katawan nung nilalang.

“Punyeta!” hiyaw niya sa galit pagkat isang earth clone lang yon. Mula sa kaliwa at kanan sumugod sina Dominick at Jeffrey at binigyan siya ng kargadong dragon punches sa bawat tagiliran. Humiyaw sa sakit si Gustavo at namilipit talaga siya sa tindi ng tama sa kanyang mga ribs.

Nagpaikot siya para magwasiwas ng mga orange killer blades pero mas mabilis naman yung mga taga norte na nagpalabas ng shields para protektahan ang papatakas na Dom at Jeff. Nagregenerate si Gustavo at kumukulo na talaga ang dugo niya sa tindi ng galit.

Mula sa labas ng barrier tulala lang ang mga guro, kinakabahan sila lahat pagkat mga estudyante nila ang nakikipaglaban sa third generation magic user. “It should be us inside there fighting him” sabi ni Ernesto. “Magtiwala ka lang sa kanila” sabi ni Janina. “They know less but it might be to their advantage, the less they know the faster they can attack” sabi ni Ricardo.

“The stronger the spell the more magic power used and the more time to produce it. Tiwala lang tayo” sabi ni Victor. Sa gitna ng dilim nakikita nila sa Gustavo kinakapa ang daan niya. Mga mata ng tigre nakita nila sa paligid at

bigla ito sumugod. Nagulat si Gustavo nang atakehin siya ng dalawang higanteng mga tigre. Sobrang bangis nila, agad nagpalabas ng full body defense shield si Gustavo ngunit nalaslas siya agad sa likod at nalapa ng tigre sa braso.

Free hand niya naglabas ng malaking killer blade, sasaksakin niya na sana yung isang tigre ngunit may phoenix na lumipad at inagaw yung blade niya. Nagsulputan ang mga team dragon members at sabay sabay umatake sa kanyang mga vital organs.

Sobrang bilis nila, basag na shield ni Gustavo kaya ramdam niya ang lahat ng sakit. Binibilisan niya paghilom at pag regenerate ngunit sobrang bilis ng team dragon members. Kinabahan ang mga estudyante pagkat nagbibigkas na yung kalaban ng kakaibang dasal.

Yung usok sa buong paligid unti unti nalulusaw at katawan ni Gustavo tila nagkakaroon ng pagbabago. Walang tigil siya binubugbog ngunit hinahayaan niya lang yung mga estudyante pagkat malapit na niya mabuo ang kanyang dasal.

“Ilama paja rojo” bigkas niya panghuli at naglayuan ang mga estudyante pagkat nabalot ng apoy ang buong katawan ni Gustavo. “Do not touch him!” sigaw ni Raffy. Tumawa si Gustavo at lalong lumakas ang apoy na bumabalot sa kanyang buong katawan.

“Tell them Raphael what these flames do…natikman mo na ito noon…I don’t know how you survived Froilan was weak…come I dare you touch me!” sigaw niya at tumayo lang siya sa gitna at hinahamon ang mga estudyante lumapit at umatake.

Naglabas si Venus ng clone at ginamit niya yon pang atake. Nakalapit palang ito at agad na ito naagnas. Ice clone naman ni Felicia sumubok,

tumawa lang si Gustavo pagkat ang bilis na nalusaw nung nagawa ng dalaga. “Yan lang ba kaya niyo? Nasan na yung mga tigre? Nasan na yung dragon? Sige lapit!” hamon ng kalaban.

“Dragon Hole!” sigaw ni Raffy mula sa dilim pero tumawa si Gustavo. “Never again boy” sabi niya. Nakahanda si Gustavo sa atake na yon ni Raffy kaya kanina pa siya nakalutang sa ere. “Ilama paja rojo!!!” sigaw niya at napakatinding sabog ng apoy mula sa kanyang buong katawan. Natulak yung itim na usok papalayo nalinisan ng itim na usok ang buong paligid pero gulat siya pagkat hindi na niya makita ang kanyang mga kalaban.

Bumalik yung mga itim na usok at binalot muli ang buong paligid. “Dragon Hole!” narinig niya muling sigaw ni Raffy. “Ilama paja rojo!” hiyaw niya at muling natulak palayo ang mga itim na usok. Parang naglalaro sila, itutulak niya yung usok palayo pero binabalik lang ng mga estudyante ito.

Sa muling subok ni Gustavo natulak yung usok at nakita na niya si Raphael nakatayo at naglalakad palapit sa kanya. “Matapang ka ha” sabi niya at matinding ilama paja rojo ang tinira niya papunta kay Raffy. “What the hell are you doing?!” sigaw ni Felipe pagkat ang binata tuloy ang lakad kahit na malapit na siya matamaan.

Nanginig si Gustavo pagkat hinarap lang ni Raffy ang kanyang mga kamay at sinalo yung tira. Hinulma niya ito sa isang bolang apoy sabay binalik it okay Gustavo. Grabe yung tawa ni Gustavo pagkat inabsorb lang ng katawan niya yung pabalik na tira. Muli niya tinira si Raffy ng ilama paja rojo pero, ang binata tumigil sa palakad, sinalo niya ulit yung tira kaya nainis nanaman si Gustavo.

“Why do you look surprised?” tanong ni Raffy at nilalaro laro yung hinulma niyang bolang apoy. “How are you doing this?” tanong ni Gustavo. “Simple lang, yung mga unang tira mo I got hit, I was just invisible pero alam mo naman I can absorb. Mas malakas nga talaga kapangyarihan mo kesa kay

Froilan…and you know what…kinailangan ko matamaan ilang beses para masanay ako sa tira mong ito and now look I can hold it" landi ni Raffy.

Binalik ni Raffy yung tira pero tumawa si Gustavo at sinalo ito gamit katawan niya. "Stupid boy I am not affected by this" sigaw niya at tinira niya ng mas malakas na ilama paja rojo si Raffy. Nilaro lang ng binata yung tinanggap niyang tira. "Imposible, nagkukunwari ka lang, alam ko naapektuhan ka" landi niya.

Binalik ni Raffy yung tira, tumawa lang si Gustavo. "Nagkukunwari ka, nasasaktan ka pero dinadaan mo sa tawa" landi ng binata. "Tanga! I am not affected by ilama paja rojo…I am immune to it stupid boy!" sigaw ni Gustavo at mas malakas na ilama paja rojo ang muli niyang tinira papunta kay Raffy.

"Aaaahhh" hiyaw ni Raffy at natuwa si Gustavo pero tumawa bigla ang binata at muling hinulma sa bola yung natanggap niyang tira. "Got ya! Pero alam ko nagkukunwari ka. Nasasaktan ka din" hirit niya. "We can do this the whole day if you want" sabi ni Gustavo. "Pustahan tayo masasaktan ka!" sigaw ni Raffy at sinoli niya yung tira.

Tumayo ng tuwid si Gustavo at tumawa, bumalik yung tira niya sa kanya pero bigla siya napalunok at napasigaw. Naabsorb nga ng katawan niya yung dulo nung ilama paja rojo pero doon niya lang nakita kargado pala ito ng ice, wind, electric, fire, at earth magic sa gitna.

"Ikaw ang may hindi may kilala sa akin!" sigaw ni Raffy at nilabas niya yung mga inipon niyang ilama paja rojo sabay sunod sunod tinira si Gustavo. Panay ang sapol sa kalaban, nangingisay si Gustavo sa tindi ng sakit. Doon niya nakita na nakalutang din pala si Raffy sa ere at sa ilalim may butas kung saan nakatago yung iba at pinapasa sa kanya ang kanilang mga kapangyarihan.

“Tarantado ka talagang bata ka!” hiyaw ni Gustavo at naglabas siya ng dalawang nagaapoy na bungo sa kanyang mga kamay at sinugod ang binata. Nanatiling nakatayo si Raffy, “I bet I can absorb that too” sabi niya. “Sige subukan mo!” hiyaw ni Gustavo.

Steady lang si Raffy, nung makalapit si Gustavo napamura ito ng sobrang lakas nang malaglag siya malalim na butas. Dalawa ang dragon hole na tinira ni Raffy kanina, yung isa pinagtaguan ng kanyang mga alagad habang yung isa tinakpan ni Venus ng alikabok at pinalutang ni Charlie mga alikabod para hindi halata na may butas sa lupa.

Dinig na dinig yung mga sigaw ni Gustavo kasabay ng mga sigaw nung mga tigre na nandon pala sa butas. Naglabasan ang mga tigre lumipas ang ilang segundo, si Homer ang bilis na pinuno yung butas ng tubig, kinuryente ni Adolph yung tubig habang si Felicia naman pinagyelo ito.

Tinulak ni Venus yung nabuong iced cage kung saan kitang kita ng lahat nakakulong si Gustavo sa loob. “Is he dead?” tanong ni Venus pero nakita nila na nagbaga ang mga mata ng kalaban. Lumapit ang mga taga norte kasama si Sam. Pinalibutan nila yung ice cage ng barrier sphere.

Sinaksak ni Abbey yung mga kamay niya at tinunaw yung yelo at pinakulo yung tubig. Nalulunod na si Gustavo sa sobrang kumukulong tubig. Napapailing na ang karamihan pagkat napapanood nila yung balat ni Gustavo natutuklap at naluluto.

Sinaksak ni Adolph mga kamay niya at kinuryente pa yung kalaban. Pati na yung iba sinaksak mga kamay nila sa loob ng barrier. Dual layer ito, yung humahawak kay Gustavo inner barrier kaya malaya yung mga alyansa ipasok kamay nila sa outer barrier para gamitin mga kapangyarihan nila.

Buhay parin si Gustavo pero pahina ng pahina na pagbabaga sa kanyang mga mata. Pumipiglas parin siya pero matibay yung ginawang barrier ng mga taga norte. Natuhod na katawan niya ng mga earth, ice, wind, fire spears.

Sa awa umatras na yung mga miyembro ng alyansa at pinanood nila yung tila patay nang kalaban sa loob ng barrier. Yung malinaw na tubig biglang nagkulay orange. “Oh shit naman o” bulong ni Adolph. “His magic body is keeping him alive” sabi ni Sam.

“Lahat dapa bilis!” sigaw ni Raffy pagkat may kakaiba siyang naramdaman. Sumabog yung barrier at nagtalsikana ang matitinding apoy. Yung halos patay na katawan ni Gustavo para nang zombie pero nakatayo parin ito at nagsisimula nang magregenerate.

“Its going to take more than that to kill me” sigaw niya at habang bumabalik ang anyo ng katawan niya, nagkalat yung liwanag sa paligid at hinihigop yung lahat ng kapangyarihan na mahahawakan nito.

“Pheonix Supernova!” sigaw ni Gustavo at muling nagtago ang mga estudyante sa mga butas sa lupa. Nahihigop ang mga kapangyarihan nila kaya todo kapit sila sa isat isa. Maski yung mga nasa labas napadikit na sa barrier at sigawan sila pagkat mga kapangyarihan din nila tila nahihigop papunta kay Gustavo.

“They have to stop him!” sigaw ni Victor. “Iipunin niya lahat ng kapangyarihan natin tapos isasabog niya ito” dagdag niya. “Is he commiting suicide and taking us all with him?” tanong ni Diosdado. “Hindi…siya lang yung matitira…ito yung isang alas ng Phoenix lord noon…he wiped out an entire rebel community according to the book…but this is going to leave him powerless for a few days” sigaw ni Prudencio. “Kahit na…kung matira niya ito wala na tayo lahat” sigaw ni Hilda.

Sigawan ang lahat habang si Gustavo nabubuhayan, kanina pa niya inumpisahan ang spell na ito at ngayon lang niya nabuo. “Kung ang ibang alagad niyo na wala dito mahanap ako so be it…basta papatayin ko kayo lahat dito..” sigaw niya.

“We need all your help one last time” sabi ni Abbey at lumabas siya sa butas at tinanggal ni Raffy ang kanyang kwintas. “Lets get it on!” hiyaw ng dalaga at nagulat ang kanyang mga kasama nang nag apoy ng kakaibang lakas ang kanyang buong katawan.

Maski si Raffy namangha sa kakabaing kulay ng mga apoy ni Abbey, sobrang pula nila pero may kulay ginto din. Tinira niya katawan ni Gustavo, hindi nakatawa yung kalaban pagkat nagsisigaw siya sa kakaibang sakit na dulot ng mga apoy ng dalaga.

“Imposible!! Why do you have his…punyeta kaaaaa!” sigaw niya. Pansamantalang napatigil yung kapangyarihan ni Gustavo, si Abbey lalong nagwala at tinodo buhos na niya ang kanyang mga apoy sa kalaban. “I cant breathe” sabi ni Venus at lahat sila hirap huminga sa tindi ng init mula kay Abbey.

“Please we have to attack now” sabi ni Raffy kaya lahat sila naglabasan sa butas at sinundan ang plano ni Raffy. Umiiyak si Gustavo sa tindi ng sakit pagkat yung apoy ng dalaga hindi sa katawan niya umeepekto. Magic body niya yung nasusunog at medyo napaparalisa siya.

Tumigil na si Abbey pero bago pa mapakag regerenate si Gustavo umtake na yung dalawang mga tigre at nilasog lasog ang kanyang katawan. Nakawasiwas parin si Gustavo at napatapon yung mga tigre. May kakaiba siyang lagim na nararamdaman, sa malayo nakita niya si Raffy nagsisimulang magbaga ng itim ang kanyang mga mata.

“No!” sigaw niya pero bago siya maka react sumulpot si Charlie sa harapan niya at ang tindi ng laslas na natanggap niya mula sa double wind blades ng dalaga. Tumalon yung dalaga at tumira si Gustavo ng apoy sa papasugod na Dominick at Jeff, nagtataka siya bakit ang tapang nung dalawa sumugod parin at tila hindi sila naapektuhan ng kanyang mga apoy.

Sa malayo mga taga norte nagcast ng barrier spell para protektahan yung pagsugod ng brute force dragons. Napuruhan nila si Gustavo sa dibdib. Lumipad ito paatras pero tumayo agad ang eath wall ni Venus kaya doon siya sumalpok.

Humawak si Sam sa lupa at naglabasan ang mga ugat at niyakap ang katawan ni Gustavo sa wall. Bumuga ng apoy si Gustavo pero nabalot yung paligid ng white mist. Di niya nakita sumulpot si Felica sa gilid at dinaloy ng dalaga ang yelo niya papasok sa katawan ng kalaban mula sa mga sugat niya.

Kakaibang paninigas naramdaman ni Gustavo pagkat lahat ng laman loob niya ginawang yelo ng dalaga. “I am still alive you fools” sigaw niya pero humupa yung white mist, nakita niya sa malayo si Raphael may nilabas na wind blade na nabalot sa itim na apoy.

“Hoy” narinig niya at pagtingala niya nandon si Abbey looking cute, ang dalaga binasag yung dalawang illumina ice balls sa mukha ng kalaban. Nagsisigaw si Gustavo pero narinig na niya sigaw ni Raphael.

Dinig na dinig niya yung mga yakap ng pagsugod ng binata, paralisado siya at hindi makagamit ng mahika. Buong katawan niya hindi niya magalaw, nabalot na siya ng takot, huling subok sa pag galaw pero niyuko na niya ang kanyang ulo.

Pinanood ng lahat si Raffy tumalon sa ere hawak sa dalawang kamay yung kakaibang wind blade. “Santiago…matakot ka sa mga ito…” bulong ni Gustavo na sobrang hina. Nakakita na siya at napanood niya pa si Raffy gigil sa galit.

Lumusot na yung wind blade mula sa ulo niya, pumikit na si Gustavo habang yung iba napatingin sa malayo. Kitang kita ng mga guro ang paghati ni Raffy sa magic body ni Gustavo gamit ang kanyang kakaibang wind blade. Binitawan niya armas niya at nagsanib sila ni Abbey para maging dragon at tuluyan na nila hinila paalis ng katawan ni Gustavo ang hati nitong magic body.

Lumipad sa ere yung dragon at bumuga ng matinding apoy kung saan tinunaw nito ang magic body ni Gustavo. Nakarinig ang lahat ng pagcrack mula sa katawan ni Gustavo. Pagtingin nila nabasag na buong katawan niya sa pira pirasong mga yelo.

Natanggal narin yung barrier at sumugod ang mga guro para alalayan ang mga estudyanteng nakipaglaban pagkat lahat sila tulala at nakatitig sa mga pirasong yelo sa lupa. “We didn’t mean to” bulong ni Felicia pero niyakap siya ni Hilda. “Hush my dear, what you all did today was justified. You took down one of the strongest threats to our dream of peace” sabi ng matanda.

Naglanding sina Raffy at Abbey, ang dalaga tinunaw ang mga yelo, at pinanood nila yung tubig na pumasok sa lupa. Nabalot ng tahimik yung duel island, “Hindi maganda sa pakiramdam no?” tanong ni Raffy.

“Kaya nga e” sagot ni Adolph. “These are the necessary evil we have to swallow in order to attain peace” sabi ni Diosdado. “But still it does not feel good” hirit ni Raffy. “We are sorry it had to be you” sab ni Franco at tinignan ang mga magigiting na mga estudyante.

“So who won?” tanong bigla ni Ernie sabay nag beautiful eyes. “No one” sagot ni Abbey pero humarap sina Wendy at Vera. “No, you two did. You deserve it” sabi ni Wendy. “No its unfair, we can call it a draw kasi di naman namin talaga nakaharap yung Don and Denver” sabi ni Raffy.

“But you two fought someone stronger, in behalf of the North we accept you as the true winners” sabi ni Samantha. “I agree, kami taga Sur we accept you two as champions” sabi ni Vera. “We too acecept you” sabi ni Anne kaya sina Raffy at Abbey biglang napaluha.

“Pero dapat banned na kayo next year” banat ni Wendy. “Anong banned? Hello! Gusto namin magback to back” sagot ni Abbey. “Weh! Matapos ng pinakita niyo? Excuse me ibang level na kayo” banat ni Vera. “Oo nga, dapat sa inyo katapat niyo na si King Kong at Godzilla” sabi ni Adolph.

“Hoy schoolmate tayo dapat kakampi mo kami” sabi ni Raffy. “Ah basta dapat banned kayo next year” sabi ni Homer. “Pati ikaw? Ah ganon ha” sabi ni Abbey at nagtawanan nalang ang mga guro pagkat kahit gaano pa sila kalakas ay bata parin yung mga magigiting.

“Oooh they are scared of us Raffy” landi ni Abbey. “Kaya nga mga weakling, dirty tactics pa para iban tayo next year” hirit ng binata. “Maglevel up kasi kayo, palakasin niyo yung mga kuting niyo at dapat sa Phoenix palakihin niyo big bird niyo” banat ni Abbey at umariba sila sa tawanan.

“Tapos sila sa norte tatawagin na nila si master mouse” sabi ni Raffy. “Ano?” sigaw ni Sam. “Baliw master Splinter yon” sabi ni Abbey. “Kaya nga yung daga para naman matuto kayo mag ninja moves” landi ni Raffy.

“Hoy bakit mo dinadown pinanggalingan mo?” tanong ni Adolph. “Oo nga dito ka naman galing ha” landi ni Sam at natawa nalang si Abbey. “Sana walang mapikon, pero we all know this is not over yet” sabi ni Raffy.

“We know and if ever may chance, we would like to fight with you again” sabi ni Vera. “Aha! Hinahamon tayo o” biro ni Abbey. “Sira sabi ko magkasama tayo lalaban sa kalaban” nilinaw ni Vera. “Walang bawian, narinig namin lahat yon, hala sige ihanda yung duel island at maglalaban ulit sila” sabi ni Sam at halakhakan ulit sila.

Mga guro nakikitawa nalang sa mga estudyante. “Ahem! Excuse me, as for your punishment” sabi ni Diosdado at lahat ng estudyante nagulat. “Punishment?” tanong ni Raffy. “Yes of course, you all have to clean the duel island para sa presentation natin mamayang gabi” sabi ni Diosdado.

Lumapit ang mga estudyante at nagliliyab ang kanilang mga mata, “Pinatay namin si Gustavo tapos kami pa mapaparusahan?” tanong ni Abbey. “Oo nga e, parang unfair yon, pano ba kung may mangyari sa head ng institute?” tanong ni Adolph. “Ang alam ko magbobotohan sila sino papalit e” sagot ni Vera.

“Ows? Simulan na nila yung botohan” landi ni Raffy at napalunok si Diosdado at tinignan yung mga pinuno ng schools. “Stop them” utos niya pero tumalikod lang ang mga guro, “Okay okay I was just kidding” sabi ni Diosdado kaya sumabog sa tawanan ang lahat.

Kinagabihan non natuloy na yung awarding ceremonies. “Why did they not erase the memories of the students?” bulong ni Lani. “Well we all decided that it is high time to let them know the threat is real. They witnessed it first hand. Now hopefully this will help everyone aim for real peace” sabi ni Prospero.

Nakatayo sa isang podium sina Raffy at Abbey, tinaas nila yung kanilang inter school championship trophy at pinalakpakan sila ng lahat ng manonood. Lahat ng nakalaban nila nandon sa palidig nila at lahat nakatingala at nagbibigay pugay sa mga kampeon.

“We did it Abbey” bulong ni Raffy. “I wish lolo is here to see this” sagot ng dalaga. Nakarinig sila ng ungol ng dragon sa langit, lahat napatingala at nakita nila yung dragon na bumuga ng malakas na apoy.

Palakpakan at hiyawan ang lahat ng tao pagkat akala nila pasiklab nanaman yon nung magpartner. Kumaway sina Raffy at Abbey sa langit at lalo pang bumuga ng apoy si Dragoro.

Nagpalabas din ng Tigre ang mga taga Sur, malakig Turtoise naman sa Norte at malaking Phoenix sa fourth. Nagtitigan sina Raffy at Abbey sabay binaba yung trophy nila at nagsama sila para magbuo ng flaming dragon na lumipad paikot sa buong arena.

Pagbalik nila sa sentro nagtabi tabi ang apat na celestial creatures sa gitna at natayuan ang lahat ng manonood para lalong magpalakpakan. Lalong nabuhayan ang mga guro at mga pinuno, lahat sila nakangiti at titig na titig sa apat na nilalang sa gitna ng duel island.

Epilogue

Pinupunasan ni Hilda at Prudencio yung bagong trophy nila. “Tama na baka masira” sabi ni Ernie. “Shhh this is our first inter school trophy, and this will not be the last” sabi ni Hilda pagkat naka ready na yung ibang pwesto para sa mga susunod na tropeo.

“Confident?” tanong ng isang boses kaya napalingon sila at nagulat nang makita yung dragon lord. “Sir, our very first” sabi ni Prudencio. “Oh yes I know I was there” sabi ni Ysmael.

“You were there and you didn’t help them?” tanong ni Hilda. “They almost died” sabi ni Ernie. “Ginusto ko sila tulungan pero someone was watching” bulong ng dragon lord. “What do you mean someone was watching?” tanong ni Hilda

“There was someone watching from afar. I was waiting for him to make a move. Akala ko nung tagilid na si Gustavo tutulong siya, I was ready to help if he made a move pero he didn’t” sabi ng matanda.

“Alagad ni Gustavo?” tanong ni Ernie. “Kung alagad di sana tumulong siya” sabi ni Hilda. “Hindi siguro kaya kasi may barrier” sabi ni Prudencio. “Kaya niya sirain yon, I felt he was strong...really strong. I could not see him but I could feel him there watching” sabi ni Ysmael.

“If I attacked him and failed to stop him then I fear that the remaining rebels will attack this school to force me out. Tulad ng ginawa nila noon. So I decided to wait and just watch but if ever he attacked I will stop him” sabi ni Ysmael.

“Stronger than Gustavo?” tanong ni Hilda at tumawa yung dragon lord. “Yes” sagot niya. “But you are stronger right?” tanong ni Ernie. “Sana nga, di natin masasabi pero mukhang mas malakas ako pagkat if he was stronger than me

dapat nasense na niya ako. Di natin masasabi din gano siya kalakas. Malay niyo he might be like Raffy, you don't sense his power but when he uses it…well you know what happens" sabi ng matanda.

"Or he might be like Abbey, may suot siyang suppressor" bulong ni Ernie at nagtitigan yung apat. "Do not worry too much, enjoy the victory" sabi ni Ysmael. "Tara na sunod na tayo sa Tagaytay" sabi ni Hilda. "Sir would you like to come with us to the victory party?" alok ni Ernie.

"Of course dadalo ako pero may gagawin lang ako saglit. Sige mauna na kayo" sabi ng matanda. Pagkaalis nung tatlong guro tumayo si Ysmael sa gitna ng campus grounds. Lumuhod siya sa lupa at nagbigkas ng isang dasal.

Mula lupa naglabasan ang mga apoy at ang bilis nila nagtungo sa barrier na tinayo ni Felipe noon. Lumipas ang limang minuto tumayo si Ysmael at napangiti. "Mas matibay na siya ngayon Dragoro, just a precaution lang naman" bulong niya.

Samantala sa isang bayan malapit sa Tagaytay nakikipagsiksikan sina Raffy, Abbey, Adolph, Homer, Giovanni at Cessa. "Para kayong sira, tara na sa bus" sabi ni Felicia. "Shhh kakamayan lang namin siya" sabi ni Abbey. "Oo nga yohoo senator dito dito!" sigaw ni Giovanni.

Lumabas ng kotse si Santiago at kinawayan ang mga tao. "Maraming maraming salamat sa suporta niyo. Hindi ko kayo bibiguin" sabi niya. "Sir sir!" sigaw ni Abbey at lumapit ang senador sa crowd para makipagkamayan.

Sina Giovanni at Cessa naunang nakaharap, "Adolph ano ba?" sigaw ni Raffy pagkat nasubsob mukha niya sa kili kili ni Adolph. Napaatras si Abbey pagkat sumabog siya sa tawa, natulak si Raffy mula sa likuran, lalo nasubsob mukha niya sa kilikili ni Adolph. "Hind ako makagalaw" sigaw ni Adolph.

“Mamatay na ako” sabi ni Raffy at umariba sa tawa ang partner niya at tuluyan napaatras sa crowd. Nakalapit na si Santiago at nakamayan na niya si Cessa. Biglang sumakit ang ulo ni Raffy, napayuko siya at humaplos sa kanyang ulo.

May kirot na naramdaman si Santiago sa ulo, bumitaw siya sa kamay ni Cessa, inabot agad ni Giovanni kamay niya at napilitan makipagkamayan ang senador sa kanya. “Aray” bulong ni Raffy at tumindi ang sakit ng kanyang ulo. Ganon din naramdaman ni Santiago, habang kinakamayan niya si Giovanni tumundi yung sakit at may kakaibang aura siyang naramdaman.

“Aray ko!” sigaw ni Adolph at biglang nagkagulo sa crowd kaya napilitan yung mga guards ilayo ang senador at ipasok sa kanyang kotse. Lumabas sa crowd si Raffy na hingal na hingal kaya inalalayan siya agad ng kanyang partner. “What happened?” tanong ni Abbey.

“Di ko alam…shit sumakit ulo at hindi ako makahinga…I felt so angry” bulong ng binata at bigla siya binatukan sa ulo ni Adolph. “Hoy masyado ka nang maarte wala naman ako putok” sabi niya. Grabe yung tawa ni Abbey, si Raffy hindi mapaliwanag yung kanyang naramdaman kanina pero tinodo niya yung acting sabay tinignan si Adolph.

“Anong wala? Halos mamatay na ako sa lakas ng putok mo men! Shit pare sumakit ulo ko at parang nawala yung lahat ng senses ko” sabi niya at halos mamatay na sa tawa si Abbey.

“Bespren napano yang damit mo?” tanong ni Raffy nang makita may tatlong laslas sa shirt ni Giovanni. “Ha? Ewan ko, baka nung nagkagulo na kasi niyakap ko si Cessa at naipit e” sabi ng binata. “I have some too” sabi ng dalaga at may laslas siya din sa kanyang shirt.

“Ako nga hinipuan yung pwet ko e” banat ni Adolph at naghalakhakan sila. “Yan ang mafeeling” sabi ni Raffy. “Excuse me maganda daw pwet ko, kasalanan ko ba kung may di nakatiis” landi ni Adolph.

“Ayan o si lola yung katabi mo kanina e” hirit ni Raffy at lalo sila nagtawanan. “Tara na nga sa bus baka maiwan pa tayo” sabi ni Abbey. “Hindi nagbibiro lang ako na nahipuan ako” sabi ni Adolph. “Wala nang bawian” sagot ni Raffy at tuloy ang tawanan nina Abbey at Cessa.

Samantala sa loob ng kotse ng senador hingal na hingal si Santiago. Hinaplos niya yung dibdib niya, may malaki siyang laslas doon at dugo kumalakat na sa kanyang polo. Neck tie niya hati din kaya napilitan siyang isuot ang kanyang coat para takpan ang kanyang sugat. “Driver, paki diretso nalang sa hotel ko, masama ang pakiramdam ko” sabi niya.

Pagpasok ni Santiago sa hotel room niya nagpalabas siya agad ng barrier at pinatawag yung apat na magic bodies. “O naputol ata yung lakad mo” sabi ni Oraya. “He is alive!” sigaw ni Santiago.

“Who is alive?” tanong ni Icario. “The Dragon lord!” sabi ni Santiago at nagulat yung apat. “How are you sure buhay siya?” tanong ni Oraya at pinakita ni Santiago ang kanyang laslas sa dibdib.

“Nakita mo ba? Saan siya?” tanong ni Grego. “Kanina lang nung bumaba ako para magpasalamat sa mga tao. Nakipagkamayan ako sa isang binata at naramdaman ko na yung aura niya. Sumakit ulo ko at ramdam na ramdam ko siya! Yung dragon lord buhay!” sigaw ni Santiago at pinagmasdan nung apat yung sugat niya sa dibdib.

“Did your Phoenix react?” tanong ni Oraya. “Yes! Pero I couldn’t risk it masyado madaming tao pero tinamaan niya ako. Nakikipagkamayan lang ako sa binatang yon pero nagawa niya ito! He knows me already! If he did not

dapat di siya umatake" sabi ni Santiago na kinakabahan na. "Huminahon ka nga! Malay mo nagreact lang din yung dragon niya" sabi ni Grego.

"Shit! Delikado na ito! Kailangan mapabilis na ang lahat ng plano! I don't know if he knows but I am sure he felt me. It was him at sigurado ako siya yon kasi pareho yung aura niya" sabi ni Santiago.

"Hoy Santiago kumilos ka na! Mahirap na maunahan ka pa" sabi ni Fermin. "Kaya nga e, punyeta kailangan mapabilis ang pag upo ko bilang presidente" sabi niya. "At ano balak mo? Time space warp para maging 2016 agad?" tanong ni Oraya.

"Hindi! Basta alis kayo! May lakad ako!" sigaw ng senador at agad siya nagteleport paalis. Naiwan yung apat na magic bodies, "Saan ba nagpupunta yon?" tanong ni Oraya. "Hindi ko alam, hindi tayo pwede magreklamo pagkat siya yung susi sa pagbabalik natin" sabi ni Grego.

"Pero everytime nawawala siya, pag balik niya lagi siyang may sugat" sabi ni Fermin. "Alam niyo malihin din yang Santiago na yan, kailangan natin mag ingat baka may ibang binabalak yan" sabi ni Oraya. "Don't say such things, alam natin he needs us" sabi ni Fermin. "And what if he doesn't?" tanong ni Oraya.

"Nonsense, sino pa ba mas malakas sa atin? Tayo nalang natitira na mas malakas sa kanya" sabi ni Icario. "The dragon lord" bulong ni Oraya. "We are stronger that any lords, the only thing is that they are the only ones that can kill us if they get the chance to" sabi ni Grego.

Samantala sa may batis ng safe haven ni Victor may mga abong gumapang at unti unting nabuo. Naghilamos yung nilalang at dahan dahan naglakad papunta sa kweba.

Pagpasok niya nagpasindi siya agad ng mga ilaw, naupo siya saglit at unti unti nabuo ang kanyang tunay na katawan. Pagkabuo niya pumasok siya sa loob looban at nilabas ang isang baul.

Hinaplos niya yung itim na maskara at itim na balabad sabay napabuntong hininga. “Raphael kaibigan ko matutuwa ka sa aking ibabalita” bigkas niya. “Pasensya na at natagalan ako sa pagbalik ko dito. Mahirap na talaga ang walang ensayo…ngayon ko lang nabuo katawan ko”

Inalis nung nilalang yung maskara niya at butas na robe sabay pinasok sa isa pang baul. “Nagamit ko ulit mga ito pala, kailangan e. Alam mo ba yung kinukwento ko sa iyong binata? Yung kaparehas mo ng pangalan? Tinulungan ko sila”

“Kalaban nila si Gustavo. Oo yung Gustavo na nakalaban natin noon. Third generation user din tulad natin. Pasensya na, alam ko nangako ako na hindi na ako muli magsusuot nito nung matapos ka namatay. Alam ko pinangako ko yon sa puntod mo pero kinailangan ko sila tulungan e” sabi ni Jericho.

“Kasalanan ko din naman, gusto ko bumalik sa katawan ko nung makita ko yung tinatawag nilang video. Akala ko talaga ikaw yon kaibigan. Akala ko bumalik ka talaga Raphael. Sakto pa pareho kayong pangalan kaya napilitan ako ibigay sa kanya yung isang libro ko at kapalit eto buhay ulit ako sa lupa” sabi ni Jericho.

“Akala ko talaga ikaw, kaya sabi ko gusto ulit kita makasama kaibigan ko. Kaya guilty narin ako at kinailangan ko tumulong. Muntik ko na siya pinatay pero binihag niya yung mga estudyanteng manonood. Napilitan ako sumuko at palabasin na pinatay ako. Akala ko madali lang mabuo ulit ang katawan, dati kayang kaya natin pero sa tagal pala na walang ensayo nahirapan ako”

“Napilitan nalang ako manood sa paligid pero nagtagumpay sila! Oo mga bata sila pero pinatay nila si Gustavo. Nagtulong tulong sila pero yung dalawa talaga yung malakas”

“Natatandaan mo pa ba yung ginawa natin na tirada, yung tirads para alisin yung magic body ng kalaban. Yung sinasabi kong Raphael…napanood niya ako gawin yon minsan..akalain mo yun ang ginamit niyang pang tapos kay Gustavo”

“Oo maniwala ka, sana nandito ka para napanood mo. Namangha ako pagkat pinanood niya lang ako at gayang gaya niya talaga…pero Raphael that boy is like me. I thought he was like you but no…he is like me…a dragon wing like me…”

“Pero si Abbey ikaw na ikaw. She has the royal dragon flames just like you did. Oo kaibigan ko, kaya habang pinapanood ko sila tuwang tuwa ako pagkat naalala ko yung nakaraan natin. She is the dragon body and he is her wing. Just like us, you were the dragon body and I was your wing”

“Kapareho natin sila…cursed dragon users. Kaibigan ko sana nandito ka. Sana mapanood mo sila. Bata pa sila pero lalakas pa sila tulad natin. I really thought that boy was like you…akala ko talaga yon na siya yung next dragon lord pero I believe that the girl will be the first dragon queen”

“She has the cursed royal flames like you. She does not know how powerful she will get. Kaya kaibigan mananatili ako dito at gagabayan ko sila. O siya nga pala meron dragon lord daw, Ysmael yung pangalan. Sila ata yung apprentice nung dragon lord”

“Tama lang yon kasi those two really deserve it. Ang problema lang di pa nila alam gano sila kalakas. Kaibigan I understand now what you did before. Nung mapaptigil na natin noon yung gera pero kumuha sila mga bihag and you had

to let go. Galit na galit ako sa iyo noon, nagtalo tayo kasi sabi ko matatapos na sana yung gera if only you sacrificed those people na binihag nila"

"Noong araw na yon ganon nangyari sa akin, I had the chance to kill Gustavo pero binihag niya yung mga estudyante. If you sacrificed those people before di sana natin nalaman na meron pang mas malakas sa kalaban"

"Pero kaibigan, kung sinakripisyo mo yung mga tao na yon hindi sana buhay yung dalawang batang yon ngayon. Di natin alam kung isa doon sa mga tao na isasakripisyo noon ay ninuno nila. You were right, that is why I stopped myself at inisip ko na…"

"If we fail today…one of those kids saved might be tomorrow's savior. I get it now and I am sorry. Do not worry kaibigan ko, gagabayan ko tong dalawa. Maybe your sacrifice long ago was worth it. Maybe all the events that happened long time ago had meaning"

"Look at me now nakabalik ako sa katawan ko years later only to find two kids that will be like us. Siguro coincidence lang pero sa tingin ko tumatakbo ang tadhana sa tama at sadyang binalik ako dito sa panahon na ito para magabayan ko yung dalawang yon"

"Para maitama ang mga mali natin. I really thought that the boy was the next dragon lord for he had the key to the dragon chest. Yung susi na binigay ko sa iyo natatandaan mo? Oo hawak niya yung susi na yon. Akala ko talaga siya yung susunod pero nagkalami ako"

"Yung Abbey ang susunod…and there is nothing to fear for that strong kid Raphael will protect her no matter what. Nagmamahalan sila, nakakatuwa nga e. Alam mo ba pinatay nila si Gustavo gamit yung halik nila. Oo kakaiba, pero of course he resurrected. Kaibigan sana nandito ka, tiyak ko matutuwa ka sobra pag nakita mo yung dalawang yon"

Huminga ng malalim si Jericho at sinara na yung baul. “Kaibigan mamamahinga muna ako. Mag uusap ulit tayo pag gising ko pagkat madami pa ako ikwenwento sa iyo tungkol sa kanila” bulong niya.

Sa isang beach sa Tagaytag naganap ang party ng sentro. Naimbitahan din ang ibang mga estudyante na galing ibang schools. Sina Raffy at Abbey inaalagaan yung sanggol na kapatid ng dalaga kaya medyo kinakabahan si Abigail. “You hold him in the proper manner” paalala niya.

“Hala si mama, relax lang” sabi ni Abbey at nilayo nila yung baby at naglakad lakad sila. Naupo sila sa ilalim ng isang puno, “Wag niyo papaarawan masyado!” sigaw ni Abigail. “Ma! Relax ka nga, kasama ko si Raffy! Walang mangyayari kay baby Andrew” sigaw ng dalaga.

Dinumog sila ng team dragon at ibang mga bisita kasama si Samantha. “Ang cute naman ng brother mo” sabi ni Sam. “Oo antayin mo siya lumaki at siya nalang ligawan mo” banat ni Abbey. “Pedophile” banat ni Felicia at nagtawanan sila. Umalis yung mga bisita at natira ang team dragon, pinag aagawan nila yung baby pero biglang sumulpot si Ysmael at inagaw yung bata.

Naaliw ang team dragon pagkat naluluha luha pa si Ysmael habang karga si baby Andrew. “Lolo is he a magic user?” bulong ni Abbey. “Of course iha” sagot ng matanda at naexcite yung iba. Tumayo si Raffy at kinurot kurot ang mga pinsgi nung baby. “E lolo is he a dragon user?” tanong niya at tumawa yung matanda.

“Sad to say he is not, di siya nagmana kay Pedro. Nagmana siya kay Abigail” sabi ng matanda. “Ay sayang” sabi ni Raffy at natawa si Abbey. “Pag kay mommy nagmana yan patay si daddy. Pero lolo akin na kapatid ko” pacute ni Abbey. Ayaw ibigay ng matanda yung baby at naglakad lakad ito palayo.

Napalingon sina Abigail at Pedro, nakita nila si Ysmael naaliw sa kanilang anak na baby. “Relax, he is in good hands” bulong ni Pedro at kahit malayo napatingin sa kanila si Ysmael at nginitian sila.

Sinundan nina Raffy at Abbey yung dragon lord, “Supahgramps, favor naman o” bulong ni Raffy. “I know, of course aalagaan ko si Andrew” sagot ng matanda. “Salamat po, kasi di pa tapos tong mga away away, baka busy kami ni Abbey sa pagtulong” bulong ng binata.

“Do not put the burden of peace in your hands. Do not feel bad about me not helping you. I believed in you and there was someone watching from afar” bulong ng matanda. “So malayo pa talaga” sabi ni Abbey. “Maybe, but what you did was a big step. You two make me proud. Very proud” bulong ni Ysmael.

“So Andrew ano kulay ng kwarto mo? Come baby let us go shopping now” sabi ni Ysmael at nagulat yung dalawa pagkat nawala sila bigla. Nagpanic sina Raffy at Abbey, agad sila nagsumbong pero biglang bumalik si Ysmael at mukha niya di mapinta. “Ah Abigail…mainit at basa” sabi ng matanda at naghalakhakan ang lahat.

“Hala lolo aralin mo magpalit ng lampin” sabi ni Abbey. “Ipapasyal ko sana siya para kumuha kami ng gamit para sa kwarto niya” sabi ng matanda at lalo nagtawanan ang iba. “Supahgramps saka na yon baby palang siya, kay tita pa siya kasi nagpapadede pa siya. Alangan na si Dragoro magpadede diyan, baka mamaya magkaroon ng mutant dragon powers yan” banat ni Raffy kaya sinoli ni Ysmael si Andrew kay Abigail.

“Hoooy!” hiyaw ni Raffy at nagbiro ang dragon lord pagkat si Raffy ang kanyang binuhat. Napapikit si Raffy pagkat bumalik sa alaala niya itong pakiramdam. Sa tingin ng iba nagbibiro yung dragon lord pero para kay Raffy ramdam niya muli nung baby siya, noong natatakot siya itong mga kamay din lang ang nagpakalma sa kanya at nawala konti ang kanyang takot. “I

remember" bulong niya. "Of course my boy, I was there for you since the beginning and I will always be there up to the end" sagot ng dragon ng lord.

Kinagabihan non sa may beach front sa Tagaytag nakaupo sina Raffy at Abbey kaharap yung dagat. "So you invited Samantha your ex" banat ni Abbey. "Alam mo ba Abbey this is the farthest place she has been too away from their school" bulong ni Raffy.

"Totoo ka? Bakit naman ganon?" tanong ng dalaga. "Ewan ko, pero nakita mo ba tuwa niya nung bumaba siya ng bus kanina. She looked scared pero nung naglakad na tayo you could see that she was so happy" sabi ni Raffy.

"Yeah I saw that too, akala ko lang happy siya kasi kasama niya yung ex niya na ikaw" banat ni Abbey at nagtawanan yung dalawa. "Hay Abbey, friendly lang ako" sabi ni Raffy. "Oo nga e friendly sa magaganda" sabi ng dalaga. "E ano ngayon isa lang naman yung…" landi ni Raffy at nagngitian sila.

"Alam mo ba ikaw yung babae na may madaming pangalan na Chinese" sabi ni Raffy. "Bakit naman?" tanong ni Abbey. "Kasi nung una kitang nakita pangalan mo non ay Yu Ai Tap" sabi ng binata at tawang tawa ang dalaga at pinagkukurot siya.

"Baliw hindi mo naman alam Chines name ko e, imbento ka talaga" sabi ni Abbey. "Totoo, name mo noon ay Yu Ai Tap. Tapos nung magkakilala na tayo ng matagal naging Yu Ai Lak. Tapos ahem siyempre naging Yu Ai Lab" banat ni Raffy at napaisip ang dalaga at biglang uminit ang paligid.

"Sira ka talaga, You I Type, You I like, You I love" bulong ng dalaga at napangiti si Raffy. "Korny mo" lambing ng dalaga. "Natawa ka naman" sagot ni Raffy at nagtawanan sila. "At Raffy di naman siguro pwede magkapareho name natin no" pacute ng dalaga. "Yu Ay Lab din ba?" tanong ni Raffy at biglang lumakas ang mga apoy ng bonfires sa buong paligid.

“Raphael! What are you doing to my daughter?” narinig nilang sigaw ni Pedro kaya nagtawanan muli yung dalawa. Nagkatitigan sila at biglang hinalikan ni Abbey si Raffy sa labi sabay niyakap ng mahigpit. “I love you” bulong nya at nagsigawan ang mga tao, humampas ng malakas ang mga alon at sigaw ng sigaw ni Pedro.

“Raphael!!!” hiyaw niya. “Bakit ba laging ako?” sagot ni Raffy at humalakhak si Abbey inuga uga panrter niya. “I love you Raffy” pacute ni Abbey at tawang tawa yung dalawa nang humangin ng malakas at namatay ang lahat ng bonfire.

“I love you Abbey” bulong ni Raffy at sumundi ulit ang mga bonfire. Patay sindi ang mga bonfire kaya sigaw ng sigaw si Pedro. “Raphael! Isa!” sigaw niya. “Pare patay sindi that means…may iba na silang ginagawa” landi ni Felipe at umariba sa tawa yung magpartner sa beach front.

Sumandal si Abbey kay Raffy, ang binata umakbay. Sabay sila napahinga sa buhangin at napatitig sa mga bitwin. “I love you” sabi ni Abbey. “I love you too” sabot ni Raffy at tawang tawa sila pagkat nagpatay sindi muli ang mga bonfire kaya sinisigaw na ng lahat ang kanilang mga pangalan.

“Hey Abbey” bulong ni Raffy at nagholding hands sila. “Ano yon?” tanong ng dalaga at nagulat siya nang biglang lumulutang ang kanilang mga katawan. “Down payment sa isang pangako ko” bulong ng binata at napangiti si Abbey nang nakalutang na talaga sila sa ere.

Lahat napatingala at pinanood yung dalawa na lumilipad sa paligid. “Oh my God are we really flying?” tanong ni Abbey. “Not really…kaya nga downpayment e…hanggang dito lang kaya ko for now Abbey pero I promise one day lilipad talaga tayo” sabi ni Raffy at tuloy sila lumipad palibot ng beach. Inggit na inggit yung iba pagat ang sweet nila panoorin na lumilipad.

“Hey Raffy” bulong ni Abbey. “Yes?” tanong ng binata. “Wag kang magbabago” bulong ng dalaga. “I never will” sagot ng binata at lalo pa sila tumaas at ilang saglit kasabay na nila si Dragoro na lumilipad. Natuwa pa sila nang makita si Ysmael nakasakay at buhat si baby Andrew.

Wala nang magawa yung iba sa beach kundi mapangiti, nung napagod si Raffy lahat na sila nakasakay sa likod ni Dragoro at lumipas pataas sa mga ulap.

-THE END FOR NOW-

RESBAK: THE GRAND ALLIANCE

BY JONATHAN PAUL DIAZ

All Rights Reserved © 2012

IF YOU ARE NOT THE PERSON WHOSE NAME APPREARS AT THE FIRST PAGE OF THIS EBOOK YOU HAVE OBTAINED THIS ILLEGALLY

PLEASE CONTACT THE AUTHOR

JONATHAN PAUL DIAZ

engrdiaz@yahoo.com

http://www.facebook.com/AJourneyTowardsNowhere

+639176404799

+639278657994

PLEASE INDICATE FROM WHO YOU BOUGHT THIS COPY OR WHO SHARED IT TO YOU.

PLEASE RESPECT INTELLECTUAL PROPERTY RIGHTS

OR YOU CAN CALL

Intellectual Property Office of the Philippines

Telephone Nos. : (632) 238-6300 to 65 Loc. 201 to 205,
Loc. 121 - 122 (Customer Service),

Telefax No. : (632) 752-4869

Email : dittb@ipophil.gov.ph or mail@ipophil.gov.ph